**Alterar.** a. Ibahín; bumago. || Gumuló; lumigalig. || r. Mabaklá; máligalig; manggilalás.

**Altercado.** m. Pagtatalo; pakikipagtalo; pagtataltalan.

**Altercar.** n. Makipagtalo; makipagtaltalan.

**Alternación.** f. Pagbabagobago; paghahalihalili.

**Alternar.** a. Pagbagubaguhin; pagibaibahín. || n. Maghalíhalilí. || Makisalamuhà.

**Alteza.** f. Kataasán; kadakilàan.

**Altísimo.** m. *Rel.* Ang Dios.

**Altivez.** f. Kapusung̃án. || Kapalalùan.

**Altivo, va.** adj. Pusóng. || Palalò.

**Alto, ta.** adj. Mataás; matayog. || Mahaguwáy; matangkád. || Malakí; dakilà. || interj. Tigil; hintô. || adv. Malakás, ó ilakás ang boses.

**Altura.** f. Taás, ó kataasán; tayog. || Taluktók ng̃ bundók. || pl. Kaitasán; kalang̃itán.

**Alucinarse.** r. Málitó; pagulapan; madimlán ng̃ isip.

**Aludir.** n. Tukuyin; banggitín sa isáng pagsasaysáy.

**Alumbrado.** m. Katipunan ng̃ mg̃a ilaw sa isáng lugál ó bayan.

**Alumbramiento.** m. Pagiilaw; pagtatangláw. || Pang̃ang̃anák.

**Alumbrar.** a. Magilaw; magtangláw; umilaw.

**Alumbre.** m. Tawas.

**Alumno, na.** m. y f. Nagaaral.

**Alusión.** f. Pagtukoy; pagbanggít sa kanino man.

**Alustrar.** a. Magpakintáb.

**Aluvión.** m. Bahâng malakí.

**Alveario.** m. Butas ng̃ tainga.

**Alvéolo.** m. Butas na kinatatamnán ng̃ ng̃ipin.

**Alzamiento.** m. Pagbuhat. || Pagaalsá; paghihimagsík.

**Alzar.** a. Bumuhat; itaás; itayô; itindíg; ibangon. || r. Tumindíg. || Magalsá; manghimagsík.

**Allá.** adv. l. Doón. || adv. t. Noón; ó nang ibáng panahón.

**Allanar.** a. Patagin; pantayín. || fig. Pumasok sa ibáng bahay ng walâng pahintulot ang may arì. || r. Sumukò. || Makipantáy. || Magibâ ang isáng bahay.

**Allegado, da.** adj. Malapit; kalapít; karatig; katabí. || m. Kamaganak.

**Allegar.** a. Mangilak. || Tipunin; ilapit; isiping. || n. Dumatíng. || r. Lumapit; dumaiti.

**Allí.** adv. l. Doón; diyán. || adv. t. Noón, ó nang panahóng yaón.

**Ama.** f. Panginoóng babae. || *de leche.* Sisiwa; yaya.

**Amabilidad.** f. Kagandahang loób; kalubayáng loób.

**Amable.** adj. Kaibigibig. || Mairugín; malubáy na loób.

**Amado, da.** adj. Iniibig. || Kasi; kasintahan.

**Amaestrar.** a. Turùan; sanayin.

**Amagar.** a. Ambâan; yumambâ; yaangán.

**Amago.** m. Pagambâ. || Yambâ. || Simulâng pangyayari ng anomán na hindî natulóy.

**Amamantamiento.** m. Pagpapasuso.

**Amamantar.** a. Magpasuso; pasusuhin.

**Amanecer.** n. Umumaga; magbukangliwaywáy.

**Amansar.** a. Paamùin. || Magpatahimik. || r. Umamò.

**Amante.** m. y f. Nangingibig; naninintá.

**Amar.** a. Umibig; sumintá; gumiliw; umirog. || r. Magliyagan; magsintahan; magíbigan.

**Amargar.** n. Pumaít; sumakláp. || a. fig. Magpasakláp.

**Amargo, ga.** adj. Mapaít; masakláp. || fig. Nakasasamâ ng loób.

**Amargura.** f. Kapaitan. || Pighatî; samâ ng loób.

**Amarillear.** n. Dumiláw; maniláw.

**Amarillento, ta.** adj. Naniniláw.

**Amarillez.** Kadilawán; kaputlâan.

**Amarillo, lla.** adj. Diláw; madiláw.

**Amarrar.** a. Italì; igapos; talìan; gapusin.

**Ambición.** f. Malabis na pagnanasà ng karangalan. || Kasakimán.

**Ambicionar.** a. Magnasà ng malabis sa anomang karangalan.

**Ambicioso, sa.** adj. Masakim; maimbót.

**Ambigüedad.** f. Alinlangan; alangán; walâng kasiguruhán.

**Ámbito.** m. Paligid; palibot.

**Ambos, bas.** adj. pl. Kapuwà; ang dalawá.

**Amedrentar.** a. Takutin; gulatin. || r. Matakot; magulat.

**Amén.** m. Siyá nawâ; gayón nawâ.

**Amenaza.** f. Balà; pagbabalà.

**Amenazar.** a. Magbalà; ó balàin.

**Amenidad.** f. Karikitan; kagandahan. || Kaayahan.

**Amenizar.** a. Parikitín; pasayahín ang isáng poók.

**Ameno, na.** adj. Masayá; kaayaaya; kalugódlugód.

**Amigo, ga.** m. y f. Kaibigan; katoto. || fig. Mahilig sa anomán.

**Amistad.** f. Pagiibigan. || Pagsusuyùan.

**Amistar.** a. Pagkaibiganin; pagkasundùin; pagbatìin. || r. Magíbigan; magkasundô; magbatî.

**Amistoso, sa.** adj. Ang náuukol sa pagiibigan. || Magiliw; mairog.

**Amo.** m. Panginoón. || Ang may arì ng anománg bagay.

**Amoladora.** f. Hasaán.

**Amolar.** a. Ihasà; patalimín. || fig. Yamutín; muhiin.

**Amontonar.** a. Magtipon; magbuntón; magtumpók.

**Amor.** m. Pagibig; pagsintá; paggiliw; pagirog; pagliyág.

**Amorío.** m. Pagliligáw; paninintá.

**Amoroso, sa.** adj. Masintahin; maibigín; mairugín.

**Amortecerse.** r. Maghimatáy.

**Amortecimiento.** m. Paghihimatáy.

**Amotinar.** a. y r. Manghimagsík; magalsá. || fig. Magkaligamgam.

**Amparar.** a. Ampunín; kupkupín; kandilihin. || Ipagtanggól; ipagsanggaláng. || Saklolohan. || r. Sumalilong; paampón.

**Amparo.** m. Pagkakandilì; pagaampón; pagkukupkóp.

**Ampliación.** f. Pagpapalakí; pagpapahabà; pagpapalapad.

**Ampliar.** a. Palakhín; habàan; laparan; dagdagán.

**Amputación.** f. Pagputol ng alinmang sangkáp ng katawán.

**Amputar.** a. Putlín ang alinmang bahagi ng katawán.

**Amueblar.** a. Sangkapán; ó pamutihan ng mga kasangkapan ang isáng pamamahay.

**Amuleto.** m. Antínganting; dúpil.

**Análisis.** m. y f. fig. Pagsiyasat; pagsurì; paglitis.

**Analogía.** f. Pagkakáwangis;

pagkakáhawig; pagkakáakmâ.

**Análogo, ga.** adj. Katulad; kaparis; kahawíg; kawangís.

**Anarquía.** f. Kawalán ng pámahalàan.

**Ancianidad.** f. Katandâán.

**Anciano, na.** adj. Matandâ.

**Ancho, cha.** m. y f. Lapad; luwáng; lawak; kalaparan. || adj. Maluwáng; malapad.

**Anchura.** f. Kaluwangán; kalaparan. || Luwág; kaluwagán.

**Andamio.** m. Palapala; andamio.

**Andar.** n. Lumakad; humakbáng. || Tumakbó; gumaláw; kumilos ang mákina, daóng, at ibá pa.

**Andas.** pl. Andás; kalandás; langkayan.

**Andrajo.** m. Gulanít; ulapót.

**Andrajoso, sa.** adj. Punítpunít ó gulágulanít.

**Anegación.** f. Pagapaw; paglubóg.

**Anegar.** a. Palubugín; paapawan. || r. Lumubóg; umapaw.

**Anfibio, ia.** adj. Ang hayop na nábubuhay sa tubig at sa katihan.

**Ángel.** m. Anghél.

**Angostar.** a. Kiputan; sikpán. || r. Sumikíp; kumipot.

**Angosto, ta.** adj. Masikíp; makitid; makipot.

**Anguila.** f. Palós.

**Ángulo.** m. Pánulukan.

**Angustia.** f. Hapis; hinagpís; pighatî.

**Angustiar.** a. Hapisin; papagdalamhatìin. || r. Maghinagpís; magdalamhatì.

**Anhelar.** n. Maghirap ng paghingá. || n. y a. Magnasà; pumita ng mahigpít.

**Anhelo.** m. Pita, ó nasàng mahigpít.

**Anillo.** m. Singsing. || Bitlíng. || Buklód. || Tagikáw.

**Ánima.** f. Káluluwá.

**Animación.** f. Kasiglahán; kasayahan.

**Animado, da.** adj. Matapang. || fig. Masiglá; masayá.

**Animal.** m. Hayop. || fig. Mangmáng.

**Animar.** a. Bigyán ng buhay at lakás; papanghinapangin. || fig. Pasiglahín; pasayahín. || r. Manghinapang; sumiglá.

**Ánimo.** m. Káluluwá. || Tapang; siglá. || Akalà; pagiisip. || *¡Animo!* interj. Sulong; lakasán ang loób.

**Animosidad.** f. Katapangan; kapangahasan. || fig. Galit.

**Animoso, sa.** adj. Bayani; matapang.

**Aniquilar.** a. Lipulin; siràin. || Lansagín; gibâíng lubós. || r. Masirà; malipol.

**Aniversario, ria.** adj. Tau-

nán; taóntaón; sangtaón. || m. Kaganapan ng̃ taón.

**Ano.** m. Tumbóng, ó butas ng̃ puwít.

**Anoche.** adv. t. Kagabí.

**Anochecer.** n. Gumabí. || Gabihín; abutan ng̃ gabí sa isáng poók. || r. *Poét.* Magdilím.

**Anomalía.** f. Kaguluhán; kawalán ng̃ husay.

**Anonadar.** a. Lipulin; siràin. || fig. Liitán; untìan. || r. Mang̃ayupapâ.

**Anónimo, ma.** adj. Walâng ng̃alan. || Sinulat na walâng pang̃alan ng̃ kumathâ. || Liham na walâng lagdâ ó pirmá.

**Anotación.** f. Pagtatandâ; ó paglalagáy ng̃ tandâ.

**Anotar.** a. Itandâ; tandâán; ó maglagáy ng̃ tandâ.

**Ansia.** f. Balisa; pagod. || Nasà; hang̃ád. || Hapis; dalamhatì.

**Ansiar.** a. Magnasà ng̃ malabis.

**Antagonista.** m. Kalaban; kaagáw; katalo.

**Antaño.** adv. t. Sa taóng natalikdán.

**Antártico, ca.** adj. Tímugan ng̃ Lupà.

**Ante.** prep. Sa haráp. || Una.

**Anteayer.** adv. t. Kamakalawá.

**Antebrazo.** m. *Anat.* Ang bahagi ng̃ kamáy na mulâ sa siko hanggáng pulsó.

**Antecedente.** m. *Gram.* Nang̃ung̃una; ó náuuná.

**Anteceder.** a. Iuna, ó máuna. || fig. Magpauná.

**Antecesor, ra.** s. y adj. Ang náuna, ó hinalinhán. || pl. Mga magulang.

**Antelación.** f. Kaunahan. || Pagkauná.

**Antemano. (De)** m. adv. Pagkaraka.

**Antenoche.** adv. t. Kahapon sa gabí.

**Anteojo.** m. Pang̃ita; salamín sa matá.

**Antepasado, da.** adj. Nakaraán; natalikdán. || m. Pinanggalingan; kanunùan.

**Antepenúltimo, ma.** adj. Pang̃atló sa hulí.

**Anteponer.** a. Iuná. || Magaling̃ín. || r. Máuna. || Makalalò; makalamáng.

**Antepuesto, ta.** adj. Náuuna; sinusundán.

**Anterioridad.** f. Pagkauná; ó pagkakauná sa panahón.

**Antes.** adv. l. y t. Una; bago. || *Antes bien.* conj. adv. Bagkús.

**Anticipación.** f. Pagkauna; ó pagpapauná.

**Anticipar.** a. Iuna; ipagpauna. || r. Umuna; mauna. || Umagap.

**Anticipo.** m. Pautang; pati-

nga; ó paunáng bayad.

**Anticuado, da.** adj. Lipás; lumà.

**Anticuar.** a. Lumipas; lumumà.

**Antiguamente.** adv. t. Sa una; nang unang panahón.

**Antigüedad.** f. Kaunahan; katandâán; kalaunang panahón.

**Antiguo, gua.** adj. Matandâ; lumà; laón. || m. pl. Manga tao sa una.

**Antipatía.** f. Pagkakáalít; pagkakálaban; pagkakásalungát.

**Antojarse.** r. Nasàin; pitahin ang anománg bagay sa sariling kaibigán.

**Antojo.** m. Nasàng mahigpít at gawâgawâ lamang. || Kaibigáng sarili.

**Antorcha.** f. Sulô; tangláw.

**Antropófago.** m. Taong kumakain ng kapuwà tao.

**Anual.** adj. Taunán; taóntaón.

**Anualidad.** f. Ang ukol sa isáng taón.

**Anualmente.** adv. Taóntaón.

**Anublar.** a. Pagkulimlimín. || fig. Ilingíd; itagò. || r. Magkulimlím ang Araw.

**Anudar.** a. Magbuhól. || Pagbuhulín; pagdugtungín. || Pagsamahin. || r. Mabansót.

**Anulación.** f. Pagpapawalâng halagá; pagpapawalâng saysáy.

**Anular.** a. Pawalâng halagá; pawalâng saysáy ang anoman. || Ang náuukol sa singsing; ó ang ayos singsing. || Daliring palásingsingan.

**Anunciación.** f. Pagbati; pagbabalâ; pagbabalità; paghulà sa mangyayari.

**Anuncio.** m. Babalâ; balità. || Hulà.

**Anzuelo.** m. Tagâ; kawíl; binuwít.

**Añadidura.** f. Dagdág; karagdagan.

**Añadir.** a. Dagdagán; punán. || Dugtungán; ugpungán.

**Añagaza.** f. Pangatî. || fig. Hibò.

**Añejar.** a. Launin ang anoman. || Lumàin. || r. Lumaon; malumà.

**Añejo, ja.** adj. Laón; lumà; lipás; kupás.

**Añil.** m. *Bot.* Tinà; tayom.

**Año.** m. Taón. || *Año Nuevo.* Bagong Taón.

**Aovar.** n. Mangitlóg.

**Apacibilidad.** f. Kaamùan; kalubayán; kabanayaran ng loób.

**Apacible.** adj. Maamò; malubáy; banayad na loób. || Masayá; kaayaaya.

**Apaciguar.** a. Papayapàin; patahimikin. || Papagkasundùin. || r. Pumayapà; tumahimik; humimpíl.

**Apagar.** a. Patayín ang apóy

ó ilaw. || fig. Siràin; lansagín. || r. Mamatáy ang apóy ó ilaw.

**Apalabrar.** a. Tumipán; tumiyáp. || fig. Makipagkayarî ng salitâan. || r. Magtípanan; magkayarî.

**Apalancar.** a. Suwalín; sungkalín.

**Apalear.** a. Pumalò; humampás.

**Aparador.** m. Tagùan ng damít, ó aparador; tagùan ng ulam, ó páminggalan.

**Aparar.** a. Sumaló; sumambót; sumahod ng anoman.

**Aparecer.** n. y r. Sumipót; lumitáw; sumulpót. || Mákita ang hinahanap.

**Aparejar.** a. Ihandâ; igayák; ilaán; isadyâ.

**Aparentar.** a. Magpakunuwarî; magbalintunà.

**Aparente.** adj. Balintunà; kunuwarî. || Dapat; akmâ. || Nákikita.

**Aparición.** f. Paglitáw; pagsipót.

**Apariencia.** f. Lagáy; ayos; anyô; hitsura.

**Apartado, da.** adj. Malayò; nakabukód; tiwalág; layô.

**Apartar.** a. Magbukód; ihiwaláy; ilayô; itiwalág. || r. Bumukód; humiwaláy; tumiwalág; lumayô.

**Apasionar.** a. Igiliw; iwili ang loób. || r. Gumiliw; máwili; máhilig na lubhâ ang kalooban.

**Apatía.** f. Kapabayàan; katámaran; kawalán ng pakiramdám.

**Apático, ca.** adj. Pabayâ; tamád; walâng pakiramdám.

**Apear.** a. Ibabâ; ilunsád; ipanaog. || r. Lumunsád; bumabâ; manaog; umibís.

**Apedreamiento.** m. Pangbabató; pamumukól ng bató.

**Apedrear.** a. Batuhín; puklín ng bató. || r. Magbatuhan; magpukulan.

**Apelación.** f. Paghabol; pagtutol; ó pagapelá.

**Apelar.** n. Humabol; tumutol; ó umapelá sa mataás na húkuman upáng pawalâng saysáy ang isáng kahatulán.

**Apellidar.** a. Tawagin ang sinoman sa kanyáng apelyidó. || Bansagán; palayawan; pamagatán.

**Apellido.** m. Pangalawáng pangalan; banság; pamagát; apelyido.

**Apenas.** adv. m. Bahagyâ. || Kagyát; pagkuwán. || Halos walâ.

**Apéndice.** m. Dagdág; karagdagan sa isáng aklát.

**Apercibir.** a. Maglaán; igayák; ihandâ ang anomang ka-

ilangan. || Magpayo; magbalà; ipatalastás. || r. Mapansín. || Gumayák; maghandâ.

**Apesadumbrar.** a. Magpasukal ng loób; magpadalamhatì; humapis. || r. Mahapis; malumbáy; magdalamhatì.

**Apestar.** a. Magkasalot. || Bumahò. || fam. Makayamót.

**Apetecer.** a. Magnasà; magpita; pumithayà; maghangád.

**Apetecible.** adj. Kapitapita; kanasànasà; kapithápithayà.

**Apetencia.** f. Ganang kumain. || Nasà; hangád.

**Apetito.** m. Pagpipita. || Kaibigáng kumain. || fig. Nasà.

**Apiadarse.** r. Maawà; mahabág.

**Aplacar.** a. Paamùin; pahupâín; palubagín; pahinayin; papayapàin. || r. Lumubág; tumahimik; pumayapà.

**Aplanador, ra.** s. y adj. Pamatag; pamantáy.

**Aplanamiento.** m. Pagpapatag; pagpapantáy.

**Aplanar.** a. Patagin; pantayín.

**Aplanchar.** a. Magprinsa; ó mamirinsá.

**Aplastar.** a. Pisâín; pipisín; pilpilín.

**Aplaudir.** a. Purihin. || Ipagdiwang. || Palakpakán.

**Aplauso.** m. Papuri; pagpuri. || Palakpák; pagakpák.

**Aplazamiento.** m. Pagtataning. || Pagpapaliban.

**Aplazar.** a. Taningan; tipanán. || Ipagpaliban. || Palugitan. r. Máliban; magpalugit.

**Aplicado, da.** adj. Masikap; masipag; matiyagâ.

**Aplicar.** a. Ilapat; iakmâ. || Ikapit ang anomán. || Ibintáng. || Ihinggíl ang isá sa anománg paghahanapbuhay. || r. Magsikap; magsipag; magsumakit sa pagaaral.

**Apocar.** a. Untían; liitán; iklián. || r. Magpakababà.

**Apodar.** a. Ngalanan; bansagán; pamagatán; palayawan ang kapuwà.

**Apoderar.** a. Magbigáy ng kapangyarihan sa ibá. || r. Magkapangyarihan; kamkamín; kanyahín ang anomán.

**Apodo.** m. Tawag; banság; pamagát; palayaw.

**Apolillar.** a. Siràin ng tangà. || r. Tangàin.

**Aportar.** a. Dumoóng; pumundó. || Dumatíng; sumapit; dumatál.

**Aposentar.** a. Magpatuloy; ó patuluyin ang mga naglalakbáy. || r. Mánuluyan.

**Aposento.** m. Silíd. || Túluyan; pánuluyanán.

**Apostar.** a. Pumustá; tuma-

yâ. || r. Umabáng; bumantáy. || Magpustahan.

**Apostema.** f. Pigsá; bagâ; bukol na may nanà.

**Apostemarse.** r. Pigsahín; bagâín; magnanà.

**Apóstol.** f. Sugò; ó sinugò. || Alagád ni Hesukristo.

**Apoyar.** a. Tumulong; tumangkilik. || Pagtibayin; patunayan ang anománg hakà. || Panibayin; paglabanan ang isáng bagay sa ibá. || r. Manibay; manghawak. || Sumandál. || Magtulungán.

**Apoyo.** m. Suhay; tukod. || fig. Ampón; tulong.

**Apreciar.** a. Maghalagá; ó halagahán. || fig. Mahalín; giliwin.

**Aprecio.** m. Halagá; ó kahalagahán. || fig. Pagmamahál; pagkagiliw.

**Aprehender.** a. Hulihin; dakipín. || Guníguníhín.

**Aprehensión.** f. Paghuli; pagdakíp. || Pagguguníguní. || fig. Pagkatakot.

**Aprehensivo, va.** adj. Matatakutín; mahinagapin; maguníguníhín.

**Apremiar.** a. Higpitán; impitín. || Pilitin.

**Aprender.** a. Magaral. || Isaulo.

**Aprendiz, za.** m. y f. Aralán; ó ang nagaaral ng isáng hanapbuhay.

**Aprendizaje.** m. Pagaaral. || Pagsasanay.

**Aprensar.** a. Ipitin; hapitin; impitín; tindihán. || fig. Gipitín; hapisin.

**Aprensión.** f. Paghuli; pagkatakot; pagguguníguní.

**Apresar.** a. Dagitin; sagpangín; sunggabán; hulihin.

**Aprestar.** a. Ihandâ; igayák; ilaán ang kailangan. || r. Maghandâ; gumayák.

**Apresto.** m. Baon; handâ; gayák.

**Apresurado, da.** adj. Gahasâ; dalîdalî; biglâbiglâ; dalosdalos.

**Apresurar.** a. Dalîdalîin; biglâín; tulinan. || r. Magdalîdalî.

**Apretadera.** f. Panghigpít; ó higpitan.

**Apretado, da.** adj. fig. fam. Maramot. || Masikíp; mahigpít. || Masinsín.

**Apretar.** a. Higpitín; impitín; pislín; idiín. || fig. Gipitín; inisín. || Hapisin. || r. Humigpít; suminsín.

**Apretón.** m. Pagpisíl; pagpindót na malakás. || fig. Kagipitan.

**Aprieto.** m. Kasikipán. || Kagipitan; panganib; pangambá.

**Aprisa.** adv. m. Madalî; biglâ.

**Aprisionar.** a. Ibilanggô; piitín. || Mábilanggô.

**Aprobación.** f. Pagpapatibay. || Pagsubok; ó pagaakmâ

**Aprobado, da.** adj. Tinatanggáp. || Minamabuti. || Pinagtibay.

**Aprobar.** a. Mabutihin; magalingín. || Pagtibayin.

**Apropiado, da.** adj. Akmâ; bagay.

**Apropiar.** a. Ipakanyá; ó ipagkaloób sa isá ang anomang bagay. || Iakmâ; ibagay; iayos sa anomán ang dapat mákapit. || r. Ariin; kamkamín; sarilinin ang anománg hindî kanyá.

**Aprovechable.** adj. Mapakikinabangan.

**Aprovechamiento.** m. Pakinabang; ó kapakinabangán. || || Pagkakásulong sa pagaaral.

**Aprovechar.** n. Makinabang. || Másulong sa pagaaral. || Pakinabangang gamitin ang anomán. || r. Magsamantalá; ó samantalahín.

**Aproximación.** f. Paglapit; pagkakálapit.

**Aproximar.** a. Ilapit; isiping. || r. Lumapit; sumiping; dumulóg.

**Aptitud.** f. Kakayahán; kasanayán; karúnungan; kasapatáng kaya.

**Apto, ta.** adj. May kaya; sanáy; maalam; marunong.

**Apuesta.** f. Pustá; pustahan. || Pagpustá.

**Apuntado, da.** adj. Matulis.

**Apuntalar.** a. Tukuran; suhayan; sukian.

**Apuntar.** a. Tudlâín; sipatin. || Iturò. || Itandâ; isulat; italâ. || Tambisán.

**Apunte.** m. Pagtudlâ. || Tandâan; talâan; listahan. || Pagtambís.

**Apuro.** m. Kagipitan; kasalatán. || Dalamhatì; hapis.

**Aquejar.** a. Magpahapis; magpasakit; magpahirap. || r. Magpighatî; magdalamhati.

**Aquel, lla, llo.** adj. y pron. dem. Yaón; iyón.

**Aquí.** adv. l. Dini; dito. || adv. t. Ngayóng oras na itó.

**Aquietar.** a. Patahimikin; papayapàin; patahanín; pahinahunin. || r. Tumahimik; humupâ; huminahon.

**Aquilatar.** a. Uriin ang gintô. || fig. Siyasatin ang katotohanan ng anomang bagay.

**Ara.** f. Dambanà; ó altar.

**Arado.** m. Araro; ó sudsód.

**Arador.** m. Magáararó; magsasakâ. || Kagaw; tungáw.

**Araña.** f. Gagambá. || Ilawán.

**Arañar** a. Kumamot; ó kamutin. || r. Mákamot. || Magkamután.

**Araño.** m. Kamot; ò kulamos. || fig. Galos.

**Arar.** a. A'raruhin; ó mag-araro; magsakà; magbukid.

**Arbitrar.** n. Magisip; magmu-nakalà.

**Árbitro.** m. *For.* Hukóm ó inampaláng inihalál upáng mag-pasiyá ó humatol sa isáng usa-pín sangayon sa pahayag ng sa-riling kalooban.

**Árbol.** m. *Bot.* Kahoy; ó punò ng kahoy.

**Arbolado.** m. Kakahuyán. || adj. Makahoy.

**Arbolar.** a. Magladlád ó mag-bangon ng bandilà.

**Arboleda.** f. Kakahuyán.

**Arca.** f. Kabán. || *de Noé. Rel.* Daóng ni Noé.

**Arcada.** f. Suka; duwál; ali-badbád.

**Arcaduz.** m. Alulód.

**Arcano.** m. Lihim na maha-lagá at lubhâng nálilingíd. || adj. Lihim; tagô.

**Arco.** m. Isáng bahagi ng ka-bilugan. || *de flecha.* Busog. || *de caña.* Balantók. || *Arco-iris.* Bahaghari.

**Archipiélago.** m. Kapulùan; sangkapulùan.

**Archivar.** a. Ingatan; itagò ang mga kasulatang mahalagá.

**Archivo.** m. Tagùan ng ma-hahalagáng kasulatan.

**Arder.** n. Magningas; mag-alab; magliyáb.

**Ardid.** m. Laláng; silò; dayà.

**Ardiente.** adj. Maalab; ma-ningas; mainit; maapóy.

**Ardor.** m. Init; ningas; alab na malakí. || fig. Katapangan; kasiglahan. || Nasà; hangád; pita.

**Ardoroso, sa.** adj. Mainit; maalab; maningas. || fig. Masiglá; mabisà.

**Arduo, dua.** adj. Mahirap; ó lubhâng mahirap gawín.

**Arena.** f. Buhangin.

**Arenal.** m. Buhanginan; ó ka-buhanginan.

**Arenar.** a. Lagyán ng bu-hangin || Linisin ng buhangin.

**Arenoso, sa.** adj. Mabu-hangin.

**Arete.** m. Hikaw.

**Arfar.** n. Gumiwanggiwang ang sasakyán sa dagat.

**Argamasa.** f. Ang nagkaka-halòng buhangin, apog at tubig, na pamalitada sa bató.

**Argüir.** n. Makipagmatuwiran; makipagtalo.

**Argumentación.** f. Pakiki-pagmatuwíd; pakikipagtalo.

**Argumentar.** n. Makipagma-tuwiran; makipagtalo.

**Argumento.** m. Pagmama-tuwíd.

**Aridez.** f. Katuyùang malakí ng lupà.

**Árido, da.** adj. Tuyô; tuyót.

**Arillo.** m. Hikaw.

**Aristocracia.** f. Kahadlikâan.

**Aristócrata.** m. Mahadlikâ.

**Aritmética.** f. *Mat.* Bilangán; ó sining na nagtuturò ng pagbilang.

**Arma.** f. Sandata. || *de fuego.* Sandatang apóy. || pl. Hukbó.

**Armada.** f. *Mar.* Hukbóng dagat.

**Armadijo.** m. Silò; bitag; panyapák.

**Armar.** a. Sandatáhan; paalmasán. || n. Máakmâ; máayos. || r. Magsandata. || Maghandâ; maggayák.

**Armonía.** f. *Mús.* Pagkakasaliw, ó pagkakaayonayong mahusay ng tingig ng isáng tugtugin. || fig. Pagkakaayos at pagkakaakmâ ng mga bagay. || Pagkakasundô; pagkakaibigan.

**Armonioso, sa.** adj. Matunóg; matinis; malambíng.

**Aroma.** f. Bangó; kabanguhan.

**Aromático, ca.** adj. Mabangó.

**Arpa.** f. Alpá.

**Arpón.** m. Salapáng.

**Arquear.** a. Hubugin; hutukin; balantukín.

**Arqueo.** m. Paghubog; paghutok.

**Arrabal.** m. Nayon; ó bayan.

**Arraigar.** n. Magugát. || r. Manahán sa isáng poók, at magkaroón doón ng mga pagaari.

**Arralar.** n. Dumalang.

**Arrancar.** a. Bunutin; hugutin; labnutín; alisíng biglâ. || r. Mabunot; mabuwál.

**Arrastrado, da.** adj. Kinakaladkád. || Hampáslupà; hiráp na hiráp ang pamumuhay,

**Arrastrar.** a. Kaladkarín; hilahin sa lupà. || n. y r. Umusad; gumapang.

**Arrastre.** m. Paghila.

**Arrear.** a. Itabóy; iabóy ang mga hayop upáng lumakad.

**Arrebatado, da.** adj. Biglâ; gahasâ; mabilís; matulin.

**Arrebatar.** a. Agawin; dagitin; kuning biglâ ang anomán; nakawin. || r. Magalab sa galit.

**Arrebatiña.** f. Pangangagaw; pakikipangagáw; ó pagaagawán.

**Arreciar.** n. Lumakás; ó lumubhâng untîuntî ang anomán, gaya ng ulán, hangin, lagnát. || r. Lumakás ang katawán.

**Arredrar.** a. Paurungin; pabalikín. || Takutin. || r. Magbalík; matakot.

**Arreglar.** a. Husayin; ayusin. || Ituntón; itumpak. || r. Umayon; makipagkasundô.

**Arreglo.** m. Husay; ayos; kahusayan. || fam. Pinagkasundùan.

**Arremangar.** a. Lilisín ang barò ó salawál.

**Arremeter.** a. Dumaluhong; humandulong. || Lumusob; sumalakay na biglâ.

**Arrendar.** a. Magpabuwís; ipaarindá; ó ipaupa ang anománg pagaari. || Mamuwisan; umarendá; ó umupa ng lupà ó bahay.

**Arrepentimiento.** m. Pagsisisi.

**Arrepentirse.** r. Magsisi. || Magbago ng akalà.

**Arrestar.** a. Ibilanggô; piitín ang sinomán. || r. Magpatuloy; ó mangahás sa anománg gawâng lubhâng mahirap.

**Arresto.** m. Pagkabilanggô; pagpiít; paghuli; pagdakíp.

**Arriba.** adv. l. Itaás; sa itaás.

**Arribar.** n. Dumoóng; sumadsád. || Dumating; sumapit sa isang poók

**Arribo.** m. Pagdatíng. || Pagdaóng; pagsadsád.

**Arriesgar.** a. Isapanganib; ipangahás; ipagsápalaran. || r. Sumapanganib; mangahás; magsápalarán.

**Arrimar.** a. Ilapit; isiping; idaiti. || r Lumapit; makisama; makipisan.

**Arrimo.** m. Paglalapit; paglalagom. || Pagampón; pagsaklolo.

**Arrinconar.** a. Isasulok; isatabí ang anomán.

**Arrodillarse.** r. Lumuhód; manikluhód.

**Arrogancia.** f. Kataasán; kapalalùan; kapangahasan.

**Arrogante.** adj. Mapagmataás; palalò; hambóg. || Matapang; malakás; makisig.

**Arrogar.** a. Angkinín; aritin ang sa ibáng katungkulan ó kapangyarihan. || r. Umangkín; ó gumagá ng sa ibá.

**Arrojar.** a. Ihagis; itapon; ipukól. || Ibagsák; ilagpák; ihulog. || r. Dumaluhong; bumulusok.

**Arrollar.** a. Lulunín; balumbunín. || r. Málulon; mabalumbón.

**Arroyo.** m. Batis; saluysóy.

**Arroz.** m. *Bot.* Palay; bigás.

**Arrozal.** m. Palayán.

**Arruga.** f. Kunót; kubót ng damít. || Kuluntóy.

**Arrugar.** a. Kunutín; kubutín; kutunín. || r. Kumunót; mangubót; mangutón.

**Arruinar.** a. Siràin; gibâín; iguhô. || r. Gumuhô; mágibâ; masirà. || Maghirap.

**Arrullar.** a. Ipaghele; alùin ang sanggól.

**Arte.** m. y f. Sining; ó katipunan ng mga pátakarán upáng gawíng mabuti ang anománg bagay. || Lalang; katalasan.

**Artejo.** m. Bukó ng mga daliri. || Kasúkasùan.

**Artería.** f. Katalasan; laláng.

**Ártico, ca.** adj. Hilagàan ng Lupà.

**Articulación.** f. Kasúkasùan. ‖ Pagbigkás; pagbabadyáng maliwanag.

**Articular.** a. Magbadyá; bigkasín ang mga pangungusap ng buông linaw.

**Artículo.** m. Pangkát; banghây. ‖ Lathalà sa páhayagán. ‖ *Gram*. Pangakbáy, ó isá sa mga bahagi ng kaisipán. ‖ *Anat*. kasúkasùan.

**Artista.** m. Masining.

**Artístico, ca.** adj. Ang náuukol sa sining ó arte.

**As.** m. Ang alás sa baraha

**Asa.** f. Bitbitan; tainga ng anománg kasangkapan.

**Asado.** m. Inihaw na karné ó lamangkati.

**Asador.** m. Ihawán; durùan.

**Asaetear.** a. Pumanà; ó panàin. ‖ r. Magpanaán.

**Asalariar.** a. Bigyán ng sahod; upahan; suwelduhán.

**Asaltar.** a. Salakayin; loobán. ‖ Mangharang; manulisán. ‖ Datnáng biglâ ng anomán.

**Asalto.** m. Pagsalakay; paglusob. ‖ Pangloloób; panghaharang.

**Asamblea.** f. Kapulungan. ‖ *Popular*. Kapulungang Bayan.

**Asar.** a. Magihaw; salabín. ‖ r. fig. Makaramdám ng malabis na init.

**Ascendencia.** f. Ang mga ninunò; ó kanunùan.

**Ascender.** n. Umakyát; pumanhík; pailangláng. ‖ Paituktók. ‖ fig. Mátaás; maakyát ng katungkulan.

**Ascendiente.** m. Magulang; ninunò.

**Ascensión.** f. Pagakyát; pagpailangláng.

**Ascenso.** m. Pagkataás; pagkaakyát ng katungkulan.

**Asco.** m. Diri; suklám; dimarim.

**Ascua.** f. Baga.

**Aseado, da.** adj. Malinis; maayos.

**Asear.** a. Linisin; ayusin; pagandahín. ‖ r. Maglinis; magayos.

**Asechanza.** f. Dayà; laláng; umang; hibò.

**Asechar.** a. Magumang ng dayà ó laláng sa kapuwà.

**Asegurar.** a. Tibayan. ‖ *Com*. Ipanagót ó isiguro ang anománg pagaarì. ‖ fig. Patotohanan ó patunayan ang anomán.

**Asemejar.** a. Iparis; itulad; iwangís; imukhâ. ‖ r. Mámukhâ; mákawangís.

**Asentaderas.** f. pl. fam. Manga pigî.

**Asentadillas (A)** m. adv. Sakáy babae.

**Asentar.** a. Iupô; ilikmô; iluklók. || Balakin; ipagpalagay. || Patunayan; patotohanan. || Itandâ; isulat. || r. Máupô; lumuklók. || Mánirahan.

**Asentir.** n. Umayon, ó makiayon. || Pumayag; ipahintulot.

**Aseo.** m. Linis; kalinisan; kaayusan.

**Asequible.** adj. Matatamó; makakamtán.

**Aserción.** f. Patotoó; patunay. || Pagpapatotoó.

**Aserraduras.** f. pl. Kusot; pinaglagarìan.

**Aserrar.** a. Lagarìin; ó maglagarì.

**Aserrín.** m. Kusot; pinaglagarìan.

**Aserto.** m. Pagpapatunay; pagpapatotoó.

**Asesinar.** a. Pumatáy; ó patayín ang kapuwà sa masamâng paraán.

**Asesinato.** m. Pagpatáy sa kapuwà.

**Asesino.** m. Mamamátay.

**Asestar.** a. Tudlâín; tung̃uhin ng̃ tudlâ ó putók.

**Aseveración.** f. Pagpapatotoó; ó pagpapatibay ng̃ sinabi.

**Aseverar.** a. Pagtibayin; ó patotohanan ang sinabi.

**Así.** adv. m. Ganirí; ganitó; ganiyán; gayón.

**Asidero.** m. Bitbitan; tatangnán; hawakán. || Puluhán; pakaw.

**Asiento.** m. Luklukan; uupán; likmùan. || Tining; latak. || Talâán; listahan.

**Asignar.** a. Tadhanàan; talagahán.

**Asilo.** m. Tagùan; kanlung̃an; táhanan; ampunan.

**Asimilar.** n. y r. Mámukhâ; máwang̃ís; mákatulad. || a. Iparis; itulad; ihuwád; iwang̃ís.

**Asir.** a. Tangnán; tabanan; hawakan. || r. Tumang̃an; humawak; kumapit. || Magaway. || Magsunggaban.

**Asistencia.** f. Pagharáp; pagdaló; pagasistí.

**Asistir.** n. Humaráp; dumaló; umasistí. || Maglingkód. || Magalagà. || a. Tumulong.

**Asma.** f. *Med.* Hikà.

**Asmático, ca.** adj. Híkàin.

**Asociación.** f. Samahán; kapisanan.

**Asociar.** a. Isama; ilakip; ianib; isapì; ipisan. || r. Makisamá; makipisan. || Sumama; umanib; sumapì.

**Asolar.** a. Siràin; gibâín. || r. Tumining ang alak.

**Asolear.** a. Ibilád. || r. Magpaaráw; umitím sa Araw.

**Asomar.** n. y r. Sumung̃aw; dumung̃aw. || Sumipót; gumitî. || a. Isung̃aw.

**Asombradizo, za.** adj. Mágitlahin; magugulatín.

**Asombrar.** a. Liliman. ‖ Gitlahín; gulatin. ‖ fig. Makapagtaká; makapanggilalás. ‖ r. Magulumihanan; mátilihan.

**Asombro.** m. Pagkagulat; pagkagitlá. ‖ Pagtataká; pagkamanghâ.

**Asombroso, sa.** adj. Katakataká; kagilágilalás; kahangàhangà.

**Aspecto.** m. Lagáy; anyô; hitsura; pagmumukhâ.

**Aspereza.** f. Kagalasán; kagatulán. ‖ Bakô ng̃ daán.

**Áspero, ra.** adj. Masakláp. ‖ Magalás; magatól.

**Aspirar.** a. Humingá. ‖ n. Maghangád; magnasà.

**Asquear.** a. y n. Makapangdiri; makasuklám; makarimarim.

**Asqueroso, sa.** adj. Nakasusuklam; nakadidimarim. ‖ Masuklamin; madirihín.

**Asta.** f. Tagdán ng̃ sibát, ó ng̃ anomang sandatang matulis at matalím. ‖ Sibát. ‖ Sungay ng̃ hayop.

**Astilla.** f. Tatal ng̃ kahoy.

**Astro.** m. Tangláw ng̃ langit. ‖ Talà.

**Astucia.** f. Talas; ó katalasan; laláng; hibò.

**Astuto, ta.** adj. Matalas; bihasa.

**Asunto.** m. Ang bagay na pinaguusapan. ‖ fig. Hanapbuhay.

**Asustar.** a. Gulatin; gitlahín; takutin. ‖ r. Magulat; magitlá, matakot.

**Atacar.** a. Iakmâ; ó ilapat ang damit sa katawán. ‖ Lusubin; salakayin. ‖ Kalampagín, ó atakihin sa háyagan ang sinoman. ‖ r. Maglaban; magtunggali.

**Atadero.** m. Panalì; pangbigkís. ‖ Tatalìan.

**Atado, da.** adj. Nakatalì. ‖ m. Balutan; ó biskís ng̃ anomán.

**Atadura.** f. Talì; panalì. ‖ Pagtatalì. ‖ fig. Pagkakasama; pagkakatalì.

**Atajar.** n. Magbagtás. ‖ a. Abatan; sabatín; harang̃in.

**Atajo.** m. Bagtasan; tápatan. ‖ Hadláng.

**Atalaya.** f. Tánawan; bantayan. ‖ m. Bantáy; talibà.

**Atalayar.** a. Bumantáy; tumalibà.

**Atañer.** n. Máukol; mahinggíl; mátungkól.

**Ataque.** m. Paglusob; pagsalakay. ‖ Pagtatalo.

**Atar.** a. Talìan; bigkisín. ‖ Gapusin; ipugal. ‖ r. Magapos.

**Atarearse.** r. Magsipag; magsikap; magsakit sa paggawâ.

**Ataúd.** m. Kabaong; ataúl.

**Ataviar.** a. Gayakán; pamutihan. ‖ r. Gumayák.

**Atavio.** m. Gayák; hiyas. || Paggagayák.

**Atediar.** a. Yumamót, ó yamutín. || r. Mayamót; mamuhì.

**Atemorizar.** a. Tumakot, ó takutin. || r. Matakot.

**Atención.** f. Pakikimatyág. || Galang. || Pagdidilìdilì. || *En atención.* loc. adv. Sa pagtingín; sa paglingap. || pl. Mga gawàin.

**Atender.** a. Limìin; pakimatyagán; pagmasdán. || Himanmanín; tantùin. || Ampunín; kupkupín. || Lingapin; saklolohan.

**Atento, ta.** adj. Mapagmatyág; masigasig. || Magalang.

**Atenuar.** a. Liitán; bawasan; gaanán.

**Ateo.** m. Ang hindi naninìwalà sa Dios.

**Aterrar.** a. Gulatin; takutin. || Igibâ; ilagpák sa lupà. || r. Matakot ng malakí.

**Atestar.** a. Siksikín; punín ang anomán.

**Atestiguar.** a. Sumaksí; o saksihán.

**Atezar.** a. Paitimín ang balát. || r. Umitím.

**Atinar.** a. Tumamà; mátumpák. || Masundùan; mátutuhan. || fig. Máturingan; máhulàan.

**Atisbar.** a. Pakiramdamán; masdáng mahusay ang anomán.

**Atizar.** a. Magpaalab; ó magpaningas ng baga.

**Atmósfera.** f. Alapaáp; panganorin.

**Átomo.** m. fig. Lubhâng maliít; ó kauntîuntîan.

**Atontar.** a. Tuligín; tarantahín. || r. Matulíg.

**Atormentar.** a. Magpahirap; magpasakit.

**Atracar.** a. Ilapit ang isáng sasakyán sa ibá; isadsád.

**Atracción.** f. Paghalina; paghikayat; paglamuyot.

**Atractivo, va.** adj. Nakahahalina; nakahihikayat; nakaáanyayà.

**Atraer.** a. Halinahin; hikayatin. || Makalamuyot; makahalina.

**Atragantarse.** r. Máhirinan; mabikíg; másamíd.

**Atrancar.** a. Ipiníd; isará; ikalíng ang pintô at lagyán ng trangká.

**Atrás.** adv. l. Sa hulí; sa likurán; hulihán. || adv. t Nakaraáng bagay. || interj. Urong; balík.

**Atrasar.** a. Ihulí; liwagan; luwatán. || r. Mahulí. || Magluwát.

**Atravesaño.** m. Balakilan.

**Atravesar.** a. Ipahalang; ihambalang ang anomán. || Palampasín; patagusín sa magkábikabilâ ang tabák, punglô, at ibá pa. || Magdaán; tumawíd. || Pu-

mustá. || r. Pumahalang. || Sumabád.

**Atreverse.** r. Mangahás. || Lapastanganin ang sinoman.

**Atrevido, da.** adj. Pangahás; mapangahás. || Pasláng; lapastangan.

**Atrevimiento.** m. Kapangahasan. || Kalapastanganan; kapaslangán.

**Atribuir.** a. Ibintáng; ihinalà; iparatang; ipagbuhat. || r. Ariin, angkinín ang anomán.

**Atril.** m. Sandalan ng aklat sa pagbasa; lalagyán ng papel ng mga músiko ó mánunugtóg.

**Atrocidad.** f. Kabangisán ó kaliluhán. || fig. Kalabisán. || fam. Sabi ó gawâng lubhâng mangmáng ó nakatatakot.

**Atronado, da.** adj. Dulingás.

**Atronar.** a. Makatulíg ang malabis na ingay ng anomán. || Tuligín; bingawín; lingawín. || r. Matulíg dahil sa ugong ng kulóg.

**Atropellar.** a. Sumagasà; sumagìng biglâ sa kanino man. || Pawalâng kabuluhán ang mga kautusán ó kagalangán. || Paslangín; dahasín. || Upasalàin. || r. Magmadalî sa paggawâ ó sa pananalitâ.

**Atropello.** m. Pagsagasà. || Pagpasláng. || Pagupasalà.

**Aturdido, da.** adj. Tulíg; lingáw.

**Aturdimiento.** m. Pagkahilo. || Katuligán. || Pagkagulat.

**Aturdir.** a. Tuligín, lingawín. || Gulatin; gitlahín. || r. Matulíg; mabingáw.

**Audacia.** f. Kapangahasan. || Kalapastanganan.

**Audaz.** adj. Pangahás, ó mapangahás.

**Audiencia.** f. Pakikipanayám. || Lugál na pinagpapanayamán. || Húkuman.

**Auditivo, va.** adj. Ang sukat makaringíg. || Pangdiníg.

**Auditorio.** m. Katipunan ng nakikiníg.

**Augusto, ta.** adj. Kagalanggalang; kadangáldangalan; dakilà.

**Aula.** f. Aralán; ó páaralán.

**Aullar.** Umungol; umuwáng; umungal ang áso ó lobo.

**Aullido.** m. Ungal; uwáng; ungol; hulhól.

**Aumentar.** a. Dagdagán; damihan; palakhín; palalùin. || r. Dumami, kumapál.

**Aumento.** m. Dagdág; dami. || Pagdami; pagdaragdág.

**Aún.** adv. m. Pa. Ejemplo; AUN *no ha llegado. Hindî* PA *dumarating*. || Naman.

**Aunar.** a. Pagsahín; pagsamahin; pagpisanin. || Paghalùin. || Pagkásundùín. || r. Magkaisáisá; magsamasama; magpisanpisan. || Magkasundô.

**Aunque.** conj. advers. Bagamán; sukdán; kahimán. || Kahì't.

**Aurora.** f. Liwaywáy; ó bukángliwaywáy.

**Ausencia.** f. Pagkawalâ; pagalís; pagpanaw; paglisan.

**Ausentarse.** r. Umalís; pumanaw.

**Ausente.** adj. Walâ; nalís; nanaw.

**Austro.** m. Habagat; ó hangin sa Tímugan.

**Auto.** m. *For.* Utos ó pasiyá ng húkuman.

**Autor, ra.** s. y adj. Ang lumaláng ng anomán. || Ang sumulat; kumathâ; ó may akdâ ng isáng lathalà, aklát ó dulâ.

**Autoridad.** f. Kapangyarihan; punò. || Kamáhalan; karangalan; pagkaginoó.

**Autorización.** f. Kapahintulután; kapangyarihan. || Pagbibigáy ng kapangyarihan ó pahintulot. || Pagpapatotoó.

**Autorizar.** a. Bigyán ng kapangyarihan; pahintulutan. || Papagtibayin ang anománg kasulatan. || Patotohanan ang sinabi sa pamamagitan ng sinulat ng sinománg kumathâ.

**Auxiliar.** a. Tumulong; sumaklolo; umampón. || Umabuloy sa naghihingalô. || adj. y m. Tagatulong; pangtulong. || r. Magtulungán; magabuluyán.

**Auxilio.** m. Tulong; saklolo; abuloy. || Pagtulong; pagsaklolo.

**Avaluación.** f. Paghahalagá; pagtasa.

**Avaluar.** a. Humalagá, ó halagahán; tasahan.

**Avalúo.** m. Paghahalagá; pagtasa.

**Avance.** m. Paguna; pagkásulong. || Paglusob; pagsulong sa labanán.

**Avanzar.** a. Iuna; isulong. || Manguna; sumulong. || n. *Mil.* Lumusob; sumalakay; dumalusong.

**Avaricia.** f. Kasakimán; karamutan.

**Avariento, ta.** adj. Masakím; maramot.

**Avaro, ra.** adj. Maramot; masakím. || Mapagimbót.

**Ave.** f. Ibon. || *de paso.* Ibong palipatlipat. || *de rapiña.* Ibong mangdaragit. || *nocturna.* Ibong panggabí. || *silvestre* ó *brava.* Ibong mailáp.

**Avecindar.** a. Ipakipamayan. || Ilapit ang anomán. || r. Makipamayan. || Málapit ang isáng bagay sa ibá.

**Avenencia.** f. Pagkakáisá; pagkakásundô; pagkakáyarî.

**Avenida.** f. Bahâ. || Ang daán; landás; ó lansangan.

**Avenir.** a. Pagkasundùín. || r. Magkasundô; magkaisá ang mga kalooban.

**Aventajar.** a. Palalùin; pahigitín; palamangín; iuna. || r. Lumalò; humigít; lumamáng; umuna.

**Aventura.** f. Pangyayaring kaibá, ó dî karaniwan. || Pagkakataón.

**Aventurar.** a. Ipagsápalarán; ipagbakasakali. || r. Magsápalarán; magbakasakali.

**Avergonzar.** a. Hiyâín; kutyâín; halayin. || r. Mahiyâ; makutyâ.

**Avería.** f. *Com.* Kasiràang tinatanggáp ng mga kalakal sa dagat. || Kasiràang nangyayari sa daong. || fig. y fam. Kasakunàan; kapahamakán.

**Averiarse.** r. Masirà ang anomán, lalònglalò na ang daong at ang mga kalakal.

**Averiguación.** f. Puguusig, ó pagsisiyasat ng katotohanan.

**Averiguar.** a. Usigin; usisàin; siyasatin ang katotohanan. || Magtanóng.

**Aviar.** a. Igayák; ó ihandâ ang baon. || Dalídalîín ang anománg gawâ. || r. Gumayák; humandâ.

**Avío.** m. Baon; handâ; gayák.

**Avisar.** a. Ipagbigáy alám; ipahiwatig; sabihin; isaád. || Magbalità; magbabalâ; magsumbóng. || Umaral; humatol.

**Aviso.** m. Balità; babalâ. || Paunawà; pahiwatig; patalastás.

**Avispa.** f. Putaktí.

**Avispero.** m Bahay putaktí. || Katipunan ng putaktí.

**Avistar.** a. Mátanáw. || r. Makipagkita.

**Avivar.** a. Buhayin ang loób; pasiglahín. || Papagningasin; papagalabin. || n. Magsaulìng lakás ang isáng may sakít. || r. Sumiglá.

**Axioma.** m. Punòng aral; hatol; simulâín.

**Ay.** interj. Ay: pangdamdám ng sákit ó hirap. || m. Buntónghiningá; daíng; ó hinaíng.

**Ayer.** adv. t. Kahapon. || *Ayer tarde.* Kahapon ng hapon.

**Ayo, aya.** m. y f. Tagapagturò sa batà sa sariling pamamahay; ó ang tagahatíd ng batà sa páaralan.

**Ayuda.** m. Tulong; saklolo. || Abuloy. || Labatiba.

**Ayudante.** adj. Katulong; tagatulong. || m. Katungkulan sa hukbó na may ibá't ibáng taás at pangalan.

**Ayudar.** a. Tumulong; ó tulungan. || Sumaklolo; umabuloy; umampón. || r. Magtulungán; magabuluyán.

**Ayunar.** n. Mangilin sa pagkain; magkolasión.

**Azada.** f. Panghukay; asaról.

**Azadón.** m. Asaról; ó panghukay ng lupà.

**Azadonar.** a. Asarulín; magasaról.

**Azafrán.** m. *Bot.* Kasubhâ; diláw.

**Azahar.** m. *Bot.* Bulaklák ng̃ lukbán ó dayap.

**Azogar.** a. Asugihan; ó lagyán ng̃ asoge ang anomán.

**Azogue.** m. Metál na putî, tunáw at mabigát. Asoge.

**Azoguejo.** m. Asogeng maliít.

**Azoguero.** m. Magáasogé.

**Azolar.** a. Darasín; ó tabtabín ng̃ darás ang kahoy.

**Azotacalles.** m. Hampáslupà.

**Azotar.** a. Hampasín; palùin; ó humampás; pumalò. || r. Magpalò; magpalùan.

**Azotazo.** m. Latay na malakí sa puwít. || Palò ó hampás na malakás.

**Azote.** m. Panghampás; pamalò.

**Azotea.** f. Suteá; batalán.

**Azucar.** amb. *Com.* Asukal.

**Azucarado, da.** adj. Matamís; may lahók na asukal. || fig. Maamò; malubáy.

**Azucarar.** a. Asukalan; ó halùan ng̃ asukal. || fig. Palambutín at patamisín ang anomán.

**Azucarero, ra.** adj. Magáasukál; ó ang náuukol sa asukal.

**Azucarillo.** m. Karamelo.

**Azuela.** f. Darás; ó pangdarás.

**Azufre.** m. Sangyawà; ó asupré.

**Azul.** adj. Bugháw. || *Azul turquí.* Bugháw na lubhâng matingkád. || *Azul celeste.* Bugháw na maliwanag.

**Azuzar.** a. Magpahuyá; ó sulsulán ang áso sa paglaban ó paghandulong. || fig. Pagalitin; pasiglahín; sulsulán.

# B



**Baba.** f. Laway na umáagos sa bibíg.

**Babada.** f. Butó sa balakáng ng hayop.

**Babear.** n. Maglawáy.

**Babeo.** m. Paglalawáy.

**Babero.** m. Damít na inilálagáy sa dibdíb ng batà, na panahod ng laway.

**Baboso, sa.** adj. Mapaglawáy; naglalawáy. || fig. Marumí; salaulà.

**Bacalao.** m. Bakaláw. || fig. Ang taong payát.

**Bacía.** f. Panastán; ó panghinawan ng balbás.

**Bacín.** m. Dúmihan; tataián.

**Baco.** m. *Mit.* Dios ng alak. || fam. Ang alak.

**Báculo.** m. Tungkód na ginágamit ng mahinà ó matandâ. || fig. Alalay; alíw.

**Badajo.** m. Dilà ng batingáw ó kampanà na siyáng nagpapatunóg dito.

**Badulaque.** m. fig. Ang taong mangmáng; ó maiklî ang isip.

**Bagaje.** m. Hayop na ginágamit sa pagpasán ó pagkalgá. || Ang pasán ó kalgáng anomán.

**Bagazo.** m. Sapal; yamas.

**Baguio.** m. Bagyó; unós.

**¡Bah!** interj. fam. Ginágamit sa pagpapahayag ng dî paniniwalâ, galit ó pagkainíp.

**Bahía.** f. Loók.

**Bailar.** n. Sumayáw, ó magsayáw; umindák. || Umikit; ó bumirá ang anomán.

**Bailarín, na.** s. y adj. Mánanayaw; mapagsayáw.

**Baile.** m. Sayáw. || Sáyawan.

**Baja.** f. Pagbabâ, ó pagbabawas ng halagá. || Pagkaalís sa isáng katungkulan.

**Bajada.** f. Pagbabâ; ó pagpanaog. || Daán sa pagbabâ.

**Bajamar.** f. Kakatihan ng dagat.

**Bajar.** n. Bumabâ; pumanaog; lumapág; lumusong; umibís; lumibís. || Umuntî; lumiít. || a. Ibabâ; ilapág; ipanaog. || Babàan, ó bawasan ang halagá. || Yumukô; tumungó.

**Bajel.** m. *Mar.* Daóng; sasakyán.

**Bajeza.** f. Kabulisikan; kababàan ng kilos; kagagawáng hamak ó timawà.

**Bajo, ja.** adj. Mababà. || Mababaw. || fig. Hamak; timawà. || Yukô; tungó. || adv. l. Sa ibabâ; sa dakong ibabâ. || prep. Sa ilalim. || adv. m. Marahan; pakumbabâ. || Lugál na malalim.

**Bala.** f. Punglô; ó bala.

**Balance.** m. Giwang ng anománg bagay, lalò na ng daóng. || *Com.* Tuusan; pagtutuús.

**Balancear.** a. Pagtimbangín sa talarô ang dalawáng bagay. || n. *Com.* Magtuús. || Gumiwang-giwang ang sasakyán. || fig. Magalangán ang loób.

**Balanceo.** m. Pagtimbáng. || Pagtutuús. || Paggiwanggiwang.

**Balanza.** f. Timbangan; talarô.

**Balazo.** m. Tamà ng punglô ó bala.

**Balbucear.** n. Umutálutál.

**Balbucencia.** f. Kautalán.

**Balbuciente.** adj. Utál; ngawíl.

**Balbuceo.** m. Paguutálutál.

**Balbucir.** n. Umutálutál. || Uutálutál.

**Balcón.** m. Palababahán. || Dúngawan.

**Baldar.** a. Salantâín ng anománg sakít ó sakunâ ang alín mang sangkáp ng katawán. || r. Masalantâ; magkasalâ; ó mabaldá.

**Balde.** m. Tuóng; timbâ; ó baldé. || *de balde.* m. adv. Walâng bayad. || *En balde.* m. adv. Walâng pakinabang; walâng kabuluhán.

**Baldear.** a. *Mar.* Maghugas ó maglinis ng isáng sasakyán. || Magbaldé.

**Baldosa.** f. Baldosang makinis

**Balota.** f. Papel na gamit. sa paghahalál ó pagbobotohán.

**Balsa.** f. Labák, lamô. || Bangkilás; balsá.

**Balsamina.** f. Ampalayá.

**Balsear.** a. Magbangkilás; magbalsá.

**Baluarte.** m. Kutà; moóg. || fig. Tanggulan at saklolo.

**Ballena.** f. Dambuhalà.

**Bambolear.** n. y. r. Pumaling-paling; umugóyugóy; gumibang-gibang. || Sumuraysuray; sumulingsuling.

**Bamboleo.** m. Panguugóy-ugóy; pagpalingpaling.

**Banca.** f. Bangkô. || Sugál na monte. || *Com.* Bangko.

**Bancarrota.** f. *Com.* Pangungulugi; ó pagkáhapay ng mángangalakál.

**Banco.** m. Bangkô. || *Com.* Bangko; ó bahay na tagùan, lagakán at pálitan ng sálapì.

kayin; lusubin; bakahin. || r. Makipaglamas; makipaghamók.

**Baúl.** m. Kabán; baúl. || fam. Ang tiyán.

**Bautismo.** m. Pagbibinyág.

**Bautizante.** adj. y s. Ang bumibinyág, ó nagbibinyág.

**Bautizar.** a. Buminyág, ó magbinyág. || fig. Magngalan sa isáng tao ó bagay ng ibá sa tunay na pangalan. || Busan ó mábusan ng tubig ang sinomán.

**Bautizo.** m. Binyág. || Pagbibinyág.

**Bayoneta.** f. Sandatang matulis na isinusulót sa dulo ng baríl.

**Bayonetazo.** m. Saksák ng bayoneta.

**Bazo.** m. Lapáy.

**Bebedero, ra.** adj. Maiinóm; ó mabuting inumín. || m. Ínuman ng mga ibon.

**Bebedizo, za.** adj. Tubig na ínumin. || Inumíng gamót. || Inumíng may kahalòng lason.

**Bebedor, ra.** s y adj. Palainóm; mánginginóm.

**Beber.** a. Uminóm; tumunggâ; lumagók. || fam. Bumarik; lumaklák; uminóm ng alak. || fig. Higupin; hititín.

**Bebida.** f. Ínumin; painóm.

**Becerro, ra.** m. y f. Guyà; bulô.

**Befa.** f. Uyám; uróy; libák.

**Befar.** a. Umuróy; umuyám; manglibák.

**Bejucal.** m. Yantukan; ó lugál na mayantók.

**Bejuco.** m. Yantók; uwáy.

**Beldad.** f. Gandá; dikít; dilág. || *Poét.* Babaing natatangì sa kagandahan.

**Belfo, fa.** adj. Makapál ang labì; labìán.

**Belicoso, sa.** adj. Bayani; mangdirigmâ; mangbabaka.

**Bellaco, ca.** adj. Tampalasan; pusóng. || Matalas.

**Bellaquería.** f. Katampalasanan; kapusungán.

**Belleza.** f. Dikít; gandá; dilág. || Karikitan; kagandahan; karilagán. || Dingál, ó karingalan.

**Bello, lla.** adj. Magandá; marikít; marilág.

**Bendecir.** a. Pagpalàin. || Basbasán, ó bendisionán. || Magbendisión. || fig. Purihin; ibunyî.

**Bendición.** f. Basbás, ó bendisión. || Pagbabasbás, ó pagbebendición. || Pagpapalà; pagpapatawad. || Kapalaran.

**Bendito, ta.** adj. Banál, ó santó. || Mapalad. || m. Panalanging nagsisimulâ sa pangungusap na itó.

**Beneficencia.** f. Kabánalang náuukol sa paggawâ ng magalíng sa kapuwà tao. || Ampunan; kupkupan.

**Beneficiar.** a. Pagbiyayàan; pagkalooban. || Pagpalàin ang anomán upáng pakinabangan.

**Beneficio.** m. Kagálingan. || Pagpapalà. || Pakinabang. || Kapakinabangán.

**Beneficioso, sa.** adj. Matubò; ó mapakinabang. || Mapagpalà.

**Benevolencia.** f. Pagibig sa kapuwà; ó kabutihan ng loób.

**Benévolo, la.** adj. Mabuting kalooban; ó may pagibig sa kapuwà.

**Benignidad.** f. Kalubayán, ó kalambután ng loób. || Kabutihan; ó kagandahan ng loób. || fig. Kabutihan ng panahón.

**Benigno, na.** adj. Maamò, ó malambót na loób. || Mahabagin; maawàín. || Mairog; magiliw. || fig. Mabuting panahón.

**Beodez.** f. Kalasingán; kalanguhán.

**Beodo, da.** adj. Lasíng; langó.

**Berenjena.** f. *Bot.* Talóng.

**Berenjenal.** m. Tálungan; ó lugal na maraming taním na talóng.

**Bergantín.** m. Sasakyáng maliít na dalawá ang palo at ang layag ay parisukát.

**Berrear.** n. Umungal; umungâ. || fig. Sumigáw; dumaíng.

**Besar.** a. Humalík; hagkán. || r. Maghálikan. || fam. Magkabunggô; magkasagupà.

**Beso.** m. Halík. || Paghalík. || *de Judas*. Halík na may pagsusukáb. || *de amistad*. Halík na tandâ ng pagíibigan.

**Bestia.** f. Hayop na apat ang paá, lalò na ang mga pangbahay at pangsaka. || Ang taong mapuról ang isip at mangmáng.

**Bestialidad.** f. Kahayupan; ó gawâng hayop.

**Besucar.** a. fam. Pupugin ng halík.

**Betel.** m. *Bot.* Ikmó. || Hitsó.

**Bibliófilo, la.** adj. Mawilihín, ó mahiligín sa mga aklát.

**Biblioteca.** f. Aklatan; ó ang katipunan ng maraming aklát na násasalansáng maayos sa mga lalagyán.

**Bibliotecario.** m. Tagapagingat sa alinmáng aklatan.

**Bicenal** adj. Ang mayroón, ó tumatagál ng dalawangpuông taón.

**Bicoca.** f. Bagay na kauntî ang halagá.

**Bicolor.** adj. Ang may dalawáng kulay.

**Bicho.** m. Hayop na muntî. || fig. Ang taong may tikas na katawátawá. || *Mal bicho*. Taong masamâ ang hilig.

**Bien.** m. Kabutihan; kagálingan. || Buti; galíng; igi; pagpa.

palâ. || Kapág isinasama sa adjetivo ó pangturing, ang kahulugán ay *lubhâ;* gaya ng BIEN *sabio*, LUBHANG *marunong*. || Kapág isinasama sa verbo ó pangwatas, ang kahulugán sa atin ay *mabuti* ó *marami*; gaya ng *comer* BIEN, *kumaing* MABUTI ó MARAMI. || pl. Mga pagaari; kayamanan.

**Bienal.** adj. Ang nagluluwát ng dalawáng taón.

**Bienandante.** adj. Mapalad; mapapalarín.

**Bienandanza.** f. Palad; ó kapalaran.

**Bienaventurado, da.** adj. Maluwalhatî. || Mapalad.

**Bienaventuranza.** f. Kaluwalhatian; kalangitán. || Kapalaran; kaligayahan.

**Bienestar.** m. Kaginhawahan; kabutihan; kaluwagán.

**Bienhechor, ra.** s. y adj. Mapagpalà; mapagkupkóp; mapagbiyayà.

**Bienio.** m. Dalawáng taón.

**Bienquerer.** a. Mahalín; ibigin; giliwin. || m. Kalooban; pagmamahál.

**Bienquisto, ta.** adj. Minámahál, ó ginigiliw ng lahát.

**Bienvenida.** f. Maligayang pagdatíng; ó masayáng pagdatál.

**Bigamia.** f. Pagaasawa sa dalawá. || Ikalawáng pagaasawa.

**Bígamo, ma.** adj. y s. Ang may dalawáng asawa.

**Bigote.** m. Misáy, ó bigote.

**Bilingüe.** adj. Dalawáng wikà.

**Billar.** m. Larông bilyar. || Bilyaran.

**Billete.** m. Muntîng sulat. || Ang bilyeteng ukol sa pagpasok sa dulàan at ibá pang palabás || *de Banco.* Ang salapîng papel.

**Billón.** m. Duwangaw; ó dalawáng angawangaw.

**Bimano, na.** adj. Ang may dalawáng kamáy. Sinásabi lamang sa tao.

**Bimestre.** adj. Dalawáng buwán. || m. Luwát ng dalawáng buwán.

**Biombo.** m. Bayubo; ó panabing na tiklupin.

**Bípedo, da.** adj. Ang may dalawáng paá.

**Bisabuelo, la.** adj. Nunò sa tuhod.

**Bisiesto.** adj. Taóng animán, ó bisiesto; ó ang taóng may 366 na araw.

**Bisojo, ja.** adj. Dulíng; sulipát ang matá.

**Bisturí.** m. Pangadlít.

**Bizarría.** f. Kakisigan; ó kagandahan ng tikas. || Katapangan. || Kagandahan ng loób.

**Bizarro, rra.** adj. Makisig; matikas. || Matapang. || Magandáng loób.

**Bizco, ca.** adj. Dulíng.

**Biscocho.** m. Biskotso.

**Biznieto, ta.** m. y f. Apó sa tuhod.

**Blanco, ca.** adj. Maputî. || Ang puwáng na walâng sulat. || Tudlâan; tigpùan.

**Blancura.** f. Putî; ó kaputìan.

**Blandear.** n. Lumambót. || Pahinuhod. || a. Palambutín. || Pahinuhurin. || r. Umugóyugóy; umikitikit.

**Blandir.** a. Paikitin; painugin ang sandata. || r. Uminoginog; umikitikit.

**Blando, da.** adj. Malambót; malatâ. || fig. Malubáy; banayad na loób. || Panahóng katamtaman.

**Blandura.** f. Lambót; latâ; kalambután; kalatâan. || fig. Kalubayán ng loób; katámisan sa pagsasalitâ.

**Blanquear.** a. Paputîín; magpaputî. || Pahiran ng putî ó yeso ang isáng pader ó bahay. || n. y r. Pumutî; mamutî.

**Blanquecer.** a. Paputîín. || Pakinangín ang gintô, pilak at ibá pang metal.

**Blanquecino, na.** adj. Maputîputî; namumutîmutî.

**Blanqueo.** m. Pagpapaputî.

**Blasfemar.** n. Lumait. || Tumungayáw; umupasalà.

**Blasfemia.** f. Paglait sa Dios. || fig. Tungayáw; upasalà sa kanino man.

**Blasonar.** a. Magparangyá; magyabáng; maghambóg.

**Bloquear.** a. Kubkubín; ó bakuran ng mga pangdigmâ at hukbó ang kutà ng kaaway upáng huwág may makapasok na tao at mga kakanin.

**Bloqueo.** m. Pagkubkób sa kutà ng isáng kaaway.

**Boa.** m. *Zool.* Sawá.

**Bobear.** n. Magpakahunghang. || fig. Sayangin ang panahón sa mga gawâng walâng kapararakan.

**Bobería.** f. Kahunghangán; kahangalán.

**Bobo, ba.** adj. Mangmáng; hangál.

**Boca.** f. Bibíg; bungangà. || Bungad. || Pasukán; ó lábasan. || Butas ó puwáng.

**Bocado.** m. Subò. || Kagát.

**Bocamanga.** f. Laylayan, ó dulo ng manggás.

**Bocanada.** f. Lagók; higop. || Bugá ng asóng pinalalabás sa bibíg kung humihitít ang sinomán.

**Bocina.** f. Tambulì.

**Bochorno.** m. Alinsangan; alisuwás. || Pagiinit sa galit ó kahihiyán.

**Boda.** f. Pagiisáng dibdíb; pagiisáng pusò; kasál.

**Bodega.** f. Pintungan; tinggalan.

**Bofe.** m. *Anat.* Bagà.

**Bofetada.** f. Tampál; sampál; sampilóng. || fig. Kahihiyáng malakí.

**Bofetón.** m. Tampál na malakás.

**Boga.** f. Paggaod; pagsaguwán. || *Estar en boga.* fam. Gamiting karaniwan; mápalasák; máuso.

**Bogador.** m. Manggagaod; mánanaguwán.

**Bogar.** m. Gumaod; sumaguwán.

**Bola.** f. Anománg bagay na mabilog; bola. || fam. Kasinungalingan.

**Bolsa.** f. Supot na lalagyán ng anomán. || Lukbutan; alapót; bulsá.

**Bolsillo.** m. Bulsá; alapót; lukbutan. || Kuwalta ó salapî.

**Bomba.** f. Mákinang pangkuha at pangpataás ng tubig. || Pamatáy-sunog.

**Bonancible.** adj. Panahóng maliwanag at mapayapà sa dagat.

**Bonanza.** f. Kalinawan at katahimikan ng panahón sa dagat. || fig. Kasaganàan.

**Bondad.** f. Kabutihan; kagálingan; kaigihan.

**Bonito, ta.** adj. Magandá; marikít.

**Boñiga.** f. Tae ng baka.

**Boquerón.** m. Butas na malakí.

**Boquete.** m. Pasukáng makipot.

**Boquiabierto, ta.** adj. Nakangangá. || Tangá; tungangâ.

**Boquituerto, ta.** adj. Ngiwî; ngibít.

**Borbollar.** n. Bumulubók; sumilakbó ang tubig.

**Borbollón.** m. Bulubók; silakbó ng tubig.

**Bordar.** a. Magbuldá. || Buldahán; ó sulaman ng sinulid, sutlâ, pilak at. ibá pa ang alinmáng damít.

**Borde.** m Tabí; labì; ó gilid ng anomán.

**Bordo.** m. Labì; gasâ. || Ang labás ng tagiliran ng alinmáng sasakyán. || *A bordo.* m. adv. Sa sasakyán.

**Boreal.** adj. Hilagà; ó hilagàan.

**Borla.** f. Lambó; balungot; borlas. || Sagisag ng pagkapahám ó doktor.

**Borrachear.** n. Maglasíng; ó maglangó ng madalás.

**Borrachera.** f. Paglalasíng. || Kalasingán; kalanguhán.

**Borracho, cha.** adj. Lasíng; langó.

**Borrador.** m. Sulat na pangsamantalà, ó borrador. || *Com.*

Aklát na tandâan sa pangangalakal, bago isalin sa ibáng aklát na malinis.

**Borrar.** a. Pawìin; burahín ang isáng násulat. || Labùan. || r. Mapawì; maburá.

**Borrasca.** f. Bagyó; unós; siguwá. || fig. Panganib; ó sakunâng nangyayari sa anománg hanapbuhay ó pángangalakál.

**Borrascoso, sa.** adj. Mabagyó; masiguwá; maunós. || fig. Mapanganib.

**Borrón.** m. Paták ó dungis ng tintá sa papel. || Búrahan, ó borador.

**Bosque.** m. Gubat.

**Bosquejar.** a. Bumangháy na pumintá ng isáng anyô ó larawan. || Gumawâ ng anománg gawàin, na hindî tinatapos. || fig. Sabihin ng may kalabùan ang anománg ísipan.

**Bosquejo.** m. Bangháy ng anó mang gáwàin sa kamáy. || Larawan; guhit. || fig. Kasaysayang maiklî at dî buô ng anomán.

**Bostezar.** n. Maghikab.

**Bostezo.** m. Hikáb. || Paghihikáb.

**Botar.** a. Itapon; ihagis. || Tumalón; tumalbók. || *Mar*. Ipaling ang ugit ng sasakyán sa dakong náiibigan. || Magbunsód ng daóng sa dagat.

**Botella.** f. Sisidláng bubog; purungó; bote.

**Botica.** f. Tindahan ng gamót. || fig. Gamót na ipinaiinóm sa may sakít.

**Boticario.** m. Ang naghahandâ ó nagbibilí ng gamót.

**Boto, ta.** adj. Mapuról. || *de ingenio*. Mapuról ang isip.

**Botón.** m. *Bot*. Usbóng. || Buko ng bulaklák. || Bitonis.

**Boya.** f. *Mar*. Pataw; palutáng; palangóy.

**Boyar.** n. *Mar*. Lumutang na mulî ang sasakyáng natuyùan ng tubig.

**Bracear.** n. Umimbáy; kumampáy; gumalawad.

**Braceo.** m. Pagimbáy; pagkampáy; paggalawad.

**Bragas.** f. pl. Salawál na maluwáng.

**Braguero.** m. Bahág. || Pangbahág sa inúususán.

**Bragueta.** f. Ang biyák ng salawál sa harapán. Barageta.

**Bramar.** n. Umungal; umuwáng; umungâ; sumingasing ang mga hayop na mabangís.

**Bramido.** m. Ungal; singasing ng ganid na hayop. || fig. Sigáw na malakás at malabó ng taong lubhâng galít. || Malakíng ingay ó malakás na ugong na nililikhâ ng lakás ng hangin ó ng maalong dagat.

**Brasa.** f. Baga.

**Braveza.** f. Kabangisán; kailapán. || Katapangan. || Kalákasan ng bagyó; karahasán ng dagat.

**Bravo, va.** adj. Matapang; marahás. || Mabangís; mailáp. || Magalíng; marikít. || Marahás na dagat. || fam. Mapagmatapáng. || fig. Magaspáng ang ugalì.

**Braza.** f. Dipá.

**Brazada.** f. Imbáy; kampáy; galawad.

**Brazalete.** m. Galáng; ó hiyás ng mga babae na inilálagáy sa bisig.

**Brazo.** m. Kamáy; bisig; baraso. || Ang sangá ng kahoy. || fig. Tapang; kapangyarihan. || pl. Ang mga tagatanggól ó tagapagampón.

**Brea.** f. Sahing.

**Brega.** f. Babág; away. || fig. Uyám; birò.

**Bregar.** n. Makibunô. || fig. Lumaban sa panganib ó kahirapan.

**Breña.** f. Lupàng sirâsirâ, batuhán at masukal.

**Brete.** m. Pangáw na bakal na inilálagáy sa paá ng salarín nang huwág makatakas. || fig. Kahirapan; kagipitan.

**Breve.** adj. Maiklî; madalî. || *En breve.* m. adv. Sa madalîng panahón; ó sa maiklîng panahón.

**Brevedad.** f. Kaiklîan; kadalìan.

**Bribón, na.** adj. Alisagà; tamád; tampalasan.

**Brillante.** m. Diamanteng maningníng. || adj. Maningníng; makisáp; makináng; makisláp.

**Brillantez.** f. Kaningningán; kakinangán; kakislapán.

**Brillar.** n. Magningníng; kumináng; kumisláp. || fig. Mátangì sa talas ng isip, gandá, at ibá pa ang sinomán.

**Brillo.** m. Kináng; kisláp; ningníng.

**Brincar.** n. Lumuksó; lumundág; tumalón. || fig. y fam. Lisanin; laktawán; ilihim ó ikanlóng ang anomán.

**Brinco.** m. Luksó; lundág. || Lisan; laktáw. || Pagluksó; paglundág.

**Brindar.** n. Tumagay; maghain ó magalay ng anomán sa kapurihán ó kagálingan ng sinománg tao. || a. Maganyayà. || r. Magtagayán; maganyayahán.

**Brindis.** m. Pagtagay; ó paginóm na ukol sa kagálingan ó kapurihán ng ibá.

**Brío.** m. Tigás; lakás. || fig. Tapang; tigás ng loób.

**Brioso, sa.** adj. Matigás na loób; malakás; matapang. || Magilas.

**Brisa.** f. Amihan.

**Broche.** m. Kawit; ó pangsará ng damít.

**Broma.** f. Birò; aglahì. || fig. Ingay; sígawan; pagaalíw.

**Bromear.** a. Magbirô. || r. Magbirùan; magtuksuhan.

**Bronce.** m. Ang nagkákalahók na tansô at tinggâ. || Tansô. || *Poét.* Trompeta ó pakakak.

**Bronco, ca.** adj. Magaspáng; bastós ang pagkagawâ. || fig. Ang taong magaspáng ang ugalì at mahalay makipagusap.

**Broquel.** m. Pananggá; kalasag. || fig. Tanggulan.

**Brotar.** n. Lumitáw; sumipót sa mga kahoy ó halaman ang kaniláng mga usbóng, dahon, bulaklák, at ibá pa. || Sipután ng damó ang lupà. || Bumalong ang tubig sa batis ó bukál.

**Bruces (De).** m. adv. Isinasama sa mga verbong *estar*, *caer*, *beber*, *echarse*, at ibá pa. Pataób; padapâ.

**Brujear.** m. Mangasuwáng; mangulam.

**Brujo, ja.** m. y f. Asuwáng; mangkukulam.

**Brújula.** f. Paraluman; ó aguhón sa paglalayág. || Puntería ó silipán.

**Brujulear.** a. Pumintá ng baraha. || fig. Humulà; turingan ang anomán sa pamamagitan ng mga pangyayari.

**Bruñido.** m. Pagbuli. || Pagpapakináng.

**Bruñidor.** adj. Pangbuli; pangpakináng. || s. y adj. Ang mangbubuli; ó nagbubuli.

**Bruñir.** a. Pakinangín; pakintabín. || Bulihin; pakinisin.

**Brutal.** adj. Ang nahahawíg sa hayop. || m. Hayop.

**Brutalidad.** f. Kahayupan. || fig. Ang kawalán ng baít ó isip ng tao.

**Bruto.** m. Hayop. || adj. Bastós; magaspáng.

**Bubas.** f. pl. Bubas; katí; tabukáw.

**Bubón.** m. Pigsáng malakí.

**Buboso, sa.** adj. Búbasin; kátihin.

**Bucear.** a. Busuhin; sisirin.

**Buche.** m. Butsí; bahay kanin. || Ang kubót ng damit. || fig. Ang dibdíb, na ináaring taguan ng mga lihim. || fam. Ang sikmurà.

**Buenaventura.** f. Kapalaran; ó mabuting palad.

**Bueno, na.** adj. Mabuti; maigi. || Ang karaniwan ó madalî. || Ang masaráp; mahalagá. || Ang nakalulugód. || Ang malakí. || Ang magalíng ó walâng sakít. || Ang magagamit ó mapakikinabangan. || adv. Sapát; labis.

**Buey.** m. Bakang kapón.

**Búfalo.** m. Kalabáw; damulag.

**Bufete.** m. Mesang sulatán, aralán, at iba pa. ‖ Tanggapan ng isáng hanapbuhay.

**Bufo, fa.** m. y f. Mapagsisté, ó mapagpatawá sa dulàan.

**Bufón.** m. Bubo sa komedia. ‖ Taong mapagpatawá sa dulàan. ‖ Lakayo.

**Bufonada.** f. Gawâ ó kilos na katatawanán.

**Buho.** m. Kuwago. ‖ fam. Ang malayò ó mailáp sa kapuwà tao.

**Bulto.** m. Buntón ó lakí ng anomán. ‖ Larawang kahoy ó tansô. ‖ Bukol ó pamamagâ. ‖ Bastâ ó paldó.

**Bulla.** f. Kaingayan; sígawan. ‖ Alingawngáw; alingasngás.

**Bullicio.** m. Alingasngás. ‖ Kaingayan; kaguluhan.

**Bullicioso, sa.** adj. Magasláw; magasó. ‖ Mapagingáy; mapanggulό.

**Bullir.** n. Kumulô. ‖ Huwág mápakalí, ó huwág mápahintô.

**Buque.** m. Daóng; sasakyán. ‖ Lulan ng anománg bagay.

**Buril.** m. Pangdukit ng bakal, tansô ó kahoy.

**Burla.** f. Libák; uyám; duhagi; aglahì. ‖ pl. Mauga birò.

**Burlador, ra.** s. y adj. Palabirô, ó mapagbirô; mapagaglahì.

**Burlar.** a. Birùin; aglahìin. ‖ Libakin; uyamín. ‖ Siràin ang akalà ng sinomán. ‖ r. Lumibák; bumirò. ‖ Magbirùán.

**Burlón, na.** m. y f. Mapagbirô; mapagaglahì.

**Busca.** f. Paghanap.

**Buscar.** a. Humanap; sumiyasat. ‖ Hanapin; siyasatin. ‖ Adhikâín. ‖ r. Maghanapán.

**Buscavidas.** m. Ang mapagusisà ng sa ibáng buhay. ‖ Ang masipag na lubhâ sa pagkita ng kanyáng ikabubuhay.

**Buscón, na.** adj. Mapaghanáp. ‖ f. Dalahirà.

**Busto.** m. Larawan ng taong yarì sa eskultura na kákalahatìng katawán at walâng mga kamáy.

**Butaca.** f. Luklukan; butaka.

**Buyo.** m. Hitsó.

**Buz.** m. Halík na paggalang.

**Buzo.** m. Máninisid; buso.

**Buzón.** m. Páagusan ng tubig sa mga tangké. ‖ Hulugán ng sulat; ó butas na pinaghuhulugan ng mga sulat sa koreo.

# C



**Cabal.** adj. Hustó. || fig. Ganáp; lubós; buô; walâng kulang.

**Cabalgar.** n. Mangabayo. || Magpasiyál sa kabayo.

**Cabalgata.** f. Kabayuhán; ó katipunan ng mga nangakasakáy sa kabayo upáng maglibáng.

**Caballa.** f. Hasàhasà.

**Caballería.** f. Hukbóng kabayuhán.

**Caballero, ra.** adj. Ang nangangabayo. || m. Máginoó.

**Caballete.** m. Palupo ng bahay.

**Caballito.** m. Kabayong muntî.

**Caballo.** m. Kabayo. || Kabayong isdâ. || Kabayong baraha.

**Cabaña.** f. Dampâ; kubo; dalundóng.

**Cabecear.** n. Tumangô; umilíng. || Magantók; magtukâ; yumukayok. || Umugóyugóy ang mga karuwahe at sasakyán.

**Cabeceo.** m. Pagtangô; pagilíng. || Pagáantók. || Galáw ng ulo.

**Cabecera.** f. Pánguluhán; ó lugál na kináluluklukán ng lalòng hirang na mga tao sa isáng pigíng ó pagtitipon.

**Cabecilla.** m. Punò ng tulisán. || fig. Ang taong masamâ ang kaugalìan.

**Cabellera.** f. Buhók ng ulo, mahabà at layláy sa likód.

**Cabello.** m. Buhók.

**Cabelludo, da.** adj. Buhukán; ó mahabà ang buhók.

**Caber.** n. Magkásiya; málulan; magkahustó. || Magkalugál; ó makapasok. || Máukol; máhinggíl.

**Cabeza.** f. Ulo. || Punò; ó pangulo ng alín mang katipunan ó kapisanan. || Ang simulâ ng anomán. || fig. Talino; talas ng isip.

**Cabezudo, da.** adj. Uluhán; ó malakí ang ulo. || fig. fam. Matigás ang ulo.

**Cabida.** f. Lulan; lamán; takal; ó lakí ng isáng bagay.

**Cabizbajo, ja.** adj. fam. Tungó; subasób; balilíng; yukayók. || Malungkót at nagiisíp.

**Cabo.** m. Dulo; wakás; katapusán. || Puluhán. || *Al cabo.* m. adv. Sa wakás; sa katapusán.

**Cabra.** f. Kambíng na babae.

**Cabrito.** m. Anák na maliít ng̃ kambíng.

**Cabrón.** m. Kambíng na lalaki. || fig. y fam. Ang lalaking nagpapabayàng kalunyâín ang kanyáng asawa.

**Cacao.** m. Kakáw.

**Cacaotal.** m. Kakawan; ó lugál na maraming punò ng̃ kakáw.

**Cacarear.** n. Pumuták; kumokok. || a. fig. Pakápurihin ang sariling kilos ó gawâ.

**Cacareo.** m. Puták; kokok; kakak. || Pagputák; pagkokok.

**Cacería.** f. Pang̃ang̃asó.

**Cacique.** m. Harìharìan; ó mapagharìharì.

**Caco.** m. Magnanakaw na bihasá. || fam. Duwág, ó matatakutín.

**Cachete.** m. Pisng̃í. || Suntók; dagok.

**Cacho.** adj. Kapiraso; kapiyang̃ót; katitíng ng̃ anomán.

**Cada.** adj. Bawà't; balang.

**Cadalso.** m. Bibitayán.

**Cadáver.** m. Bangkáy.

**Cadena.** f. Tanikalâ. || Katipunan ng̃ mg̃a bilanggô. || fig. Pagkakasunódsunód na mg̃a pangyayari. || Pagkadaíg.

**Cadera.** f. Balakáng.

**Caducar.** n. Magulìan. || Lumipas; ó mawalán ng̃ bisà ang isáng kasulatan. || fig. Masirà sa kalumàan ang̃ anománg bagay. || Matapos.

**Caduco, ca.** adj. Ulìan; hukluban. || Gupô; mahinà.

**Caer.** n. Mahulog; mabulíd. || Lumagpák; mabagsák; malaglág. || fig. Mábabâ; ó máalís sa katungkulan. || Magkamalî. || Tumamà sa kanino man ang hinuhugot na sápalaran.

**Café.** m. Kapé. || Tubig na pinaglagàan ng̃ kapé. || Bahay na ínuman ng̃ kapé at ibá pang ínumin.

**Cafetal.** m. Kapihán; ó lugál na maraming punò ng̃ kapé.

**Cafetera.** f. Lutùan, ó sisidlán ng̃ kapé.

**Cafetero.** adj. Magkakapé; ó ang nagbibilí ng̃ kapé.

**Cafeto.** m. Punò ng̃ kapé.

**Cagalera.** f. Pagiilagín; pagbubululós.

**Cagar.** a. Tumae; dumumí; manabí. || fig. y fam. Siràin ang anomán.

**Cagón, na.** m. y f. Tàiin; mapagtaé. || fig. Matatakutín.

**Caida.** f. Pagkáhulog; pagkabulíd. || Sibi; dalisdís. || Pagkalawít.

**Caido, da.** adj. Lupaypáy; hulóg; lagpák.

**Caimán.** m. Buwaya. || fig. Ang taong matalas at malihim.

**Caja.** f. Kabán. || Ataúl. || Kabáng tagùan ng̃ salapî. || Tamból. || Kahang ginágamit sa Limbagan.

**Cajero, ra.** m. y f. Ang tagatanggáp at tagabayad ng̃ salapî sa ing̃atangyaman ó tesorería at sa mg̃a bahay-kalakal.

**Cajista.** m. Manglilimbág; kahista.

**Cajón.** m. Kahón.

**Cajuela.** f. Kahóng muntî.

**Cal.** f. *Min.* Apog.

**Calabacera.** f. Punò ng̃ kalabasa.

**Calabaza.** f. *Bot.* Punò ng̃ kalabasa. || Bung̃a ng̃ kalabasa. || *blanca.* Upo

**Calabobos.** m. Uláng tikatík.

**Calabozo.** m. Bilanggùan; piítan.

**Calafatear.** a. Magsiksík ng̃ bunót at sahing sa mg̃a butas ng̃ sasakyán.

**Calambre.** m. Pulikat; manhíd; ng̃imì.

**Calamidad.** f. Sakunâ, ó kasakunàan; kasawîang palad.

**Calavera.** f. Bung̃ô. || fig. Taong maiklî ang pagiisip.

**Calcañar.** m. Sakong.

**Calcetín.** m. Medias na isinusuót sa paá.

**Calcular.** a. Balakin; akalàin; bilang̃in; kuwentahín.

**Cálculo.** m. Balak; akalà; pagbilang; pagkuwenta.

**Caldear.** a. Pakainitin; pagbagahin. || r. Uminit na totoó ang anomán.

**Caldera.** f. Kaldera; kawa; kating̃áng bakal ó tansô.

**Caldo.** m. Sabáw.

**Caldoso, sa.** adj. Masabáw.

**Calefacción.** f. Pagpapainit; ó pagiinit ng̃ anomán.

**Calendario.** m. Kalendario; almanake. || Panahunan.

**Calendarista.** m. Ang gumagawâ ng̃ kalendario.

**Calentar.** a. Painitin ang anomán. || r. Maginit; uminit. || Magdaráng sa apóy || r. Maglandî ang mg̃a hayop. || fig. Maginit, sa pakikipagtalo.

**Calentura.** f. Lagnát.

**Calenturiento, ta.** adj. Sinisinat; linalagnátlagnát.

**Calero, ra.** adj. Náuukol sa apog. || m. Magaapóg. || Apugán.

**Calesa.** f. Kalesa; karomata.

**Calidad.** f. Urì; ó kalágayang sarili ng̃ isá't isáng bagay. || Kabagayán. || fig. Kaginoohan; kamáhalan. || Kahalagahán.

**Cálido, da.** adj. Nakapagbibigáy init. || Mainit.

**Caliente.** adj. Mainit. || fig. Maalab; masiglá; mapusók. || *En*

*caliente*. m. adv. Agádagád; pagkaraka.

**Calificar.** a. Magalingín ó masamâín ang anománg bagay, ayon sa kanyáng mga kabagayán.

**Caligrafía.** f. Sining ó arte ng pagsulat ng magandáng titik ó letra.

**Calígrafo.** m. Ang maalam sumulat ng magaràng ayos ng sarìsarìng titik ó letra.

**Calma.** f. Alisuwás; kawalán ng hangin. || fig. Pagkátigil; pagkahintô. || Katahimikan; kapayapàan.

**Calmante.** m. Gamót na pangpatahimik ó pangpahimpil.

**Calmar.** n. Pumayapà; tumahimik. || a. Patahimíkin; pahimpilín.

**Calofriarse.** f. Ngikihin; ó magkaramdám ng ngiki.

**Calofrío.** m. Ngiki; ó pangiki.

**Calor.** m. Init. || Kalágayan ng init. || fig. Ningas; siglá; liksí; dalî.

**Calumnia.** f. Bintáng; paratang; ó sumbóng na hindî totoó.

**Calumniar.** f. Bintangán; paratangan; ó isumbóng ang sinomán sa mga gawâng makapapangit ng hindî totoó.

**Caluroso, sa.** adj. Mainit. || fig. Maningas; maalab.

**Calva.** f. Upaw; ó bahagi ng ulong walâng buhók.

**Calvo, va.** adj. Úpawin; kalbó. || Lupàng walâng damó.

**Calzada.** f. Daán; lansangan.

**Calzado.** m. Alinmáng pangbalot ó panapín sa paá, gaya ng sapatos, tsinelas, bakyâ at ibá pa.

**Calzador.** m. Pangsuút ng sapín ó sapatos.

**Calzar.** a. Suután, ó balutin ang paá ng anománg pangbalot ó panapín. || Kalangan; ó kalsuhán ang anománg bagay upáng huwág kumilos.

**Calzo.** m. Kalang; kalsó.

**Calzón.** m. Salawal na putód, ó salawál na hanggáng tuhod.

**Calzoncillos.** m. pl. Salawál.

**Callado, da.** adj. Matimpî; malihim; walâng imík.

**Callandico, to.** adv. m. fam. Marahan; anás; bulóng.

**Callar.** n. y r. Tumahimik; huwág magsalitâ; huwág umimík. || Ilihim; ó huwág magpahalatâ sa anománg náririníg ó nálalaman.

**Calle.** f. Daán; lansangan.

**Callejear.** n Maglansangán; maglibót; maggalâ.

**Callejón.** m. Daáng gipít; ó daáng makipot.

**Callo.** m. Lipák.

**Calloso, sa.** adj. Malipák; lipakán.

**Cama.** f. Hihigán. || Poók na hinihigán at tinutulugan ng mga hayop.

**Camaleón.** m. Huniyangò.

**Cámara.** f. Kabahayán. || Kapulungan. || Dumí ng tao. || pl. Pagiilagín; pagbubululós; pagkukursó.

**Camarada.** m. Kasama; kalaguyò.

**Camarín.** m. Kamalig.

**Camarón.** m. Hipon.

**Camarote.** m. Ang silíd na tulugan sa mga sasakyán.

**Cambiar.** a. Ipalít; ipagpalít. || Ilipat; baguhin. || n. Magbago ang hihip ng hangin. || r. Magpálitan; lumipat; magbago.

**Cambio.** m. Palít; pagpapalít; kapalít. || *Libre cambio.* Malayàng pángangalakál.

**Caminante.** adj. Ang naglalakád. || Nagdaraán; ó naglalakbáy.

**Caminar.** n. Maglakbáy. || Lumakad. || fig. Kumilos ang anomán ayon sa atas ng kalikasán, gaya ng ilog, planeta, atbp.

**Caminata.** f. Pasiyál, ó paglalakád na mahabà. || Paglalakbáy na maikli ó madali.

**Camino.** m. Daán; lansangan; landás. || Paglalakbáy. || fig. Ang paraán sa paggawâ ng anománg bagay.

**Camisa.** f. Barò. || Balok ng iláng bunga ng kahoy. || Pinaghunusan.

**Camote.** m. Kamote.

**Campamento.** m. Pagpapahingá ng hukbó. || Hukbóng nagpapahingá. || Páhingahan ng hukbó.

**Campana.** f. Batingáw; kampanà.

**Campanada.** f. Tugtóg, ó tunóg ng kampanà. || fig. Kaingayan; kaguluhan; balità ó pangyayaring maugong.

**Campanario.** m. Bátingawan; ó toreng kinálalagyán ng kampanà.

**Campanero.** m. Manggagawà ng batingáw. || Tagátugtóg ng kampanà.

**Campanilla.** f. Kililíng; kampanàng muntî || Gutil ng lálamunan.

**Campanudo, da.** adj. Makambáng.

**Campaña.** f. Parang. || *Mil.* Paglaban; pagbabaka.

**Campar.** n. Magpahingá ang hukbó. || Mangibabaw; ó lumalò sa ibá sa anománg bagay.

**Campear.** n. Mamarang. || Makilamas. || Mátangì; mamukód sa lahát ang anománg bagay.

**Campeón.** m. Bayani; ban-

tóg na mangdirigmâ. || Mánanaló; ó mapagpanaló sa alinmang larô. || fig. Punò; pangulo; pamunùan.

**Campesino, na.** adj. Náuukol sa parang. || s. Tagá parang; magbubukíd.

**Campiña.** f. Bukid; kabukirán; parang; kaparangan.

**Campo.** m. Parang. || Mga pananím, kahoy, gubat, at ibá pa. || fig. Larangan; puwáng. || Lugál na kinálalagyán ng isáng hukbó.

**Cana.** f. Uban. Karaniwang gamitin sa plural ó pangmarami.

**Canal.** m. Pádaluyan ng tubig. || Alulód. || Pádaluyang malakí ng tubig na ukol sa paglalayág; pagpapatubig at ibá pang layon. || Ang lugál na kipót sa dagat na nasa pagitan ng dalawáng pampáng na nagkakatapát, na dinadaanán ng tubig.

**Canalla.** f. Timawà; bulisik; taong masamâ ang kaugalìan.

**Cancelar.** a. Pawalâng halagá ang isáng kasulatan. || fig. Pawìin; pawalâng saysáy.

**Canción.** f. Awit; kantá.

**Candela.** f. Kandilà. || fig. Baga. || Apóy.

**Candelabro.** m. Kandelerong malakí na may maraming ilaw.

**Candelero.** m. Tirikán ng kandilà; ó kandelero.

**Candidato.** m. Ang naghahangád magkamít ng anománg karangalan ó katungkulan. || Ang nápapalagáy sa isáng katungkulan.

**Candidez.** f. Kaputìan. || fig. Katapatán ng loób.

**Cándido, da.** adj. Maputî. || fig. Tapát na loób.

**Candil.** m. Tinghóy. || Sumbuhan.

**Candor.** m. Kaputìang malabis. || fig. Katapatán; kalinisan ng loób.

**Cangrejo.** m. Alimango; alimasag.

**Canilla.** f. Biyás ng bintî at ng kamáy.

**Cano, na.** adj. May uban. || fig. Matandâ; dati; ó lumà.

**Canoa.** f. Bangkâ.

**Canon.** m. *For.* Buwís ng lupà.

**Canoso, sa.** adj. Úbanin; mauban.

**Cansado, da.** adj. Pagód; pagál. || Hapô; ngaláy.

**Cansancio.** m. Pagál; pagod.

**Cansar.** a. Makapagod. || Yamutín; ligaligin. || r. Mapagod; mapagál. || Mayamót; maligalig.

**Cantar.** a. Umawit; kumantá. || Humuni ang ibon. || m. fam. Awit; kantá.

**Cantarín, na.** adj. Paláawít. || Mangaawit.

**Cántaro.** m. Bangâ.

**Cantatriz.** f. Mangaawit na babae.

**Cantera.** f. Tíbagin, ó tipakan ng bató. || fig Dunong; talino.

**Cantidad.** f. Kaganuhan. || Bahaging malakí ng anománg bagay. || Halagá.

**Canto.** m. Bató. || Awit; pagkakantá. || Dulo ó kanto ng anománg bagay. || Kapál ng anomán.

**Cantor, ra.** s. y adj. Mangáawit; mánganganta.

**Caña.** f. *Bot.* Kawayan. || Biyás ng kamáy ó bintî. || *dulce* Tubó.

**Cáñamo.** m. *Bot.* Anabô; kányamo.

**Cañaveral.** m. Kawayanán.

**Caño.** m. Alulód; pádaluyan.

**Cañón.** m. Kanyón.

**Cañonazo.** m. Putók ng kanyón; at kasiràang ginágawâ niyá.

**Cañonear.** a. Kumanyón; ó kanyunín ang kaaway. || r. Magkanyunan.

**Cañoneo.** m. Pagkanyón. || Pagkakanyunan.

**Cañuto.** m. Biyás ng kawayan.

**Caos.** m. fig. Kayuwisan; kaguluhán ng anománg bagay.

**Capa.** f. Balabal. || Balot ó takíp ng anomán. || fig. Balatkayô ó dahilán.

**Capacidad.** f. Luwáng ó lakí ng anomán upáng málulanan ó masidlán, gaya ng baso, tapayan, at ibá pa. || Kalaparan ó kalakhán ng isáng lugál. || fig. Kaya; kakayahán. || Talino; talas ng isip.

**Capar.** a. Kumapón; ó kapunín. || fig. y fam Bawasan; liitán; umitán.

**Capataz.** m. Punò sa iláng taong nagsisigawâ ng anomán.

**Capaz.** adj. Ang may sapát na lakí ó luwáng upáng málulan ang anománg bagay. || Malakí; malawak, maluwág. || fig. Sapát; may kaya; matalino. || Akmâ; bagay; sapát; kahustuhan.

**Capitación.** f. Pagkakábahaging pantáypantáy ng mga buwís sa mga tao sa bayan.

**Capital.** m. Puhunan. || Pagaari ó kayamanan. || Pangulong bayan ng isang bansâ ó lalawigan. || adj. Náuukol sa ulo. || Punò; pangulo.

**Capitalista.** m. Mámumuhunán. || fig. Mayaman; masalapî.

**Capitán.** m. Punòng nagúutos sa isáng hukbó; ó kapitán. || Punò, ó pamunùan.

**Capitanear.** a. Mamunò; mangulo; manguna.

**Capitolio.** m. Isáng simbahan sa matandâng Roma, na ini-

áalay kay Húpiter. || fig. Gusalìng matáas at dakilà

**Capítulo.** m. *Liter*. Kabanatà.

**Caporal.** m. Punò; pangulo. || Kabo sa hukbó.

**Capote.** m. Balabal na pangulán; ó kapote.

**Capricho.** m. Hakàhakà; akalà; ó kaisipáng walâng batayán at matuwíd. || Sumpóng.

**Captar.** a. Hikayatin; halinahin ang loób ng sinomán. || r. Mahalina.

**Captura.** f. *For*. Pagdakíp; ó paghuli sa may kasalanan.

**Capturar.** a. *For*. Dakpín; hulihin.

**Capullo.** m. *Bot*. Buko ng bulaklák.

**Cara.** f. Mukhâ. || Ang harapán ng anománg bagay. || *Cara. á cara*. m. adv. Harapan; háyagan. || fig. Sa haráp ng sinomán.

**Caracol.** m. Susô. || Kaligay; sigay. || Hagdanang pasusô.

**Carácter.** m. Ayos ng titik ó letra. || Paguugali; ó kaugalian ng isáng tao. || Tigás ng kalooban; katibayan. || Katangian ng anománg bagay.

**Caramelo.** m. Karamelo.

**Carbón.** m. Uling. || *de piedra*. Uling na bató.

**Carbunco.** m. Sulà, ó batóng mahalagá.

**Carcajada.** f. Halaklák.

**Carcañal.** f. Sakong ng paá.

**Cárcel.** f. Bilanggùan; píitan.

**Carcoma.** f. Bukbók; anay; lutos. || fig. Ang tao ó bagay na untîuntîng sumisirà ó umuubos ng kayamanan.

**Carcomer.** a. Bukbukín; anayin. || fig. Maubos na untî-untî ang anomán.

**Cardenal.** m. Isáng punò ng Simbahang Romano, na kasangguni ng Papa. || Latay; pasâ.

**Cardinal.** adj. Pangulo; punò; batayán.

**Carear.** a. Pagharapín ang mga taong may sala ó mga saksí upáng siyasatin ang katotohanan. || r. Magpulong ang dalawá ó maraming tao upáng pagusapan ang anománg hanapbuhay ó pángangalakál.

**Carecer.** n. Mawalán; magsalát; magdahóp; magkulang.

**Carencia.** f. Kawalán; kasalatán; kadahupán ng anomán.

**Carestía.** f. Kasalatán. || Kamáhalan ng anomán.

**Careta.** f. Panakíp sa mukhâ; ó máskara.

**Carey.** m. Kala, ó karey.

**Carga.** f. Pagpapasán, ó pagkakalgá. || Kalgá; pasán. || Dalá; lulan. || fig. Buwís; pásanin.

**Cargado, da.** adj. Punô; tigíb. || *de fruta*. Hitík ng bunga.

**Cargamento.** m. Lulan ó dalá ng̃ isáng sasakyán.

**Cargar.** a. Ipasán; ikalgá; ilulan. || Pasanín; kalgahín; dalhín. || fig. Dagdagán ang bigát ng̃ anomán.

**Cargo.** m. Pagpapasán; ó pagáatang. || Utang. || fig. Karang̃alan; katungkulan. || Tungkól; ó katungkulan sa paggawâ ó pagtupád ng̃ anomán.

**Caricia.** f. Layaw; giliw; pakitang loób.

**Caridad.** f. Kaawanggawâ; ó pagkakawanggawâ. || Limós; ó paglilimós.

**Carifruncido, da.** adj. fam. Kunót na mukhâ.

**Carijusto, ta.** adj. Mapagbanalbanalan.

**Carilargo, ga.** adj. fam. Mukhâng habâ.

**Carinegro, gra.** adj. Mukhâng maitím.

**Cariño.** m. Sintá; giliw. || Pagmamahál; pakitang loób.

**Cariñoso, sa.** adj. Magiliw; masintahin; mapagpakitang loób.

**Caritativo, va.** adj. Maawàín; mapagkawanggawâ; mapaglimós.

**Carnal.** adj. Ang náuukol sa katawáng lupà. || Malibog. || fig. Ang mahilig sa kalupàan.

**Carne.** f. Lamán; ó ang katawán ng̃ tao. || Lamangkati, ó karné. || Lamán ng̃ mg̃a bung̃a ng̃ kahoy.

**Carnerada.** f. Kawan ng̃ tupa.

**Carnero.** m. Tupa.

**Carnicería.** f. Tindahan ng̃ karné ó lamangkati. || fig. Pagkakamatayan ng̃ mg̃a tao sa digmâan.

**Carnicero, ra.** s. y adj. Magkakarné. || fig. Ang taong mabang̃ís. || fam. Ang nagkakaín ng̃ maraming karné.

**Carnosidad.** f. Kuntíl, ó ulós ng̃ lamán sa isáng sugat. || Tabâ, ó katabâan.

**Carnoso, sa.** adj. Ang náuukol sa lamán. || Malamán.

**Caro, ra.** adj. Mahál; mataás ang halagá. || Giliw; irog; minamahál.

**Carpeta.** f. Karpeta, ó panapín sa pagsulat. || Karpetang tagùan ng mga papel.

**Carpintear.** n. Maganluwagi; ó magkalpintero.

**Carpintero.** m. Anluwagi; ó kalpintero.

**Carrera.** f. Takbó. || Takbuhan, ó pátakbuhan. || Lansang̃an; daáng hayág. || fig. Ayos ó hanáy. || Ang túng̃uhin ó hanapbuhay na ninanasà ng̃ sinomán.

**Carreta.** f. Karitón; kangá.

**Carretela.** f. Karitela.

**Carretera.** f. Daáng hayág; lansang̃an.

**Carrillo.** m. Pisngí. || Karong muntî.

**Carrilludo, da.** adj. Ang may matatabâng pisngí; ó pisngihan.

**Carrizal.** m. Katalahibán.

**Carrizo.** m. Talahib.

**Carro.** m. Karo; karitón.

**Carroza.** f. Karosa; ó kotseng malakí at gayák na gayák.

**Carruaje.** m. Karuwahe.

**Carta.** f. Sulat; liham; kalatas. || Dahon ó kartá ng baraha. || Mapa.

**Cartearse.** r. Makipagsulatán. || Magsulatán.

**Cartel.** m. Babalâ. || Papel ó sulat na idinidikít sa isáng lugál na hayág upáng mabasa ng madlâ; kartel.

**Cartera.** f. Kalupì; ó kartera.

**Cartero.** m. Tagahatíd-sulat.

**Casa.** f. Bahay. || Pamamahay. || Ang katipunan ng mga tao ng isáng ának.

**Casado, da.** adj. May asawa; kasál.

**Casamiento.** m. Pagáasawa; pagkakasál.

**Casar.** n. Magasawa. || a. Ikasál. || fig. Isama; ilakip; ipisan.

**Cáscara.** f. Balát ng anománg bunga. || Balát ng kahoy.

**Cascarón.** m. Balát ng alinmáng itlóg, lalò na ng pinagpisâan ng sisiw.

**Casco.** m. Bungô; bao ng ulo. || Bibinga. || Ang kopa ó ulo ng sombrero.

**Caserío.** m. Katipunan ng bahay; bahayán.

**Casero, ra.** s. y adj. Ang may bahay; ó ang may arì ng bahay. || fam. Ang mapagalagà sa pamamahay.

**Casi.** adv. m. Halos; humigit kumulang sa. || *Casi casi.* Malapítlapít.

**Caso.** m. Nangyari; pangyayari. || Pagkakataón. || Bagay.

**Caspa.** f. Balakubak. || Langíp ng sugat.

**Casta.** f. Lahì; lipì; angkán; pinanggalingan. || fig. Hugis ó kabagayan ng anománg bagay.

**Castellano.** m. Wikàng kastilà.

**Castidad.** f. Kalinisang laban sa mahahalay na gawâ.

**Castigar.** a. Magparusa; ó parusahan. || Magpasakit. || fig. Humusay ó magtuwíd ng alínmáng gawâ.

**Castigo.** m. Dusa; parusa; kaparusahán.

**Castillo.** m. Lugál ó bahay na nábabakod ng kutà.

**Castizo, za.** adj. Mabuting angkán; mabuting lahì. || Hawíg na dalisay sa pagsasalitâ.

**Casto, ta.** adj. Malinis sa gawâng kahalayan.

**Castrar.** a. Kapunín. || Patuyùín ang sugat.

**Casual.** ad. Kataón; nagkataón.

**Casualidad.** f. Pagkakataón.

**Catacumbas.** f. pl. Guwáng sa ilalim ng lupà na pinaglilibingán ng mga patáy.

**Catálogo.** m. Talâan ó listahang maayos at sunódsunód ng anomán. Katálogo.

**Cataplasma.** m. Tapal; ó emplasto.

**Catarata.** f. Bilíg ng matá. || Talóng mataás ng tubig.

**Catarro.** m. Sipón. || Ubó.

**Catástrofe.** f. Kasakunàang malakí.

**Cataviento.** m. *Mar.* Pabilíng; girímpulá; patubilíng.

**Cátedra.** f. Upùan, ó luklukan ng gurò. || Ang katungkulan ng gurò, at ang karunungang itinuturò niyá.

**Catedral.** f. Pangulong simbahan.

**Catedrático.** m. Gurò; ó ang nagtuturò ng isáng karunungan.

**Catorce.** adj. Labingapat.

**Catorceno, na.** adj. Ikalabingapat.

**Catre.** m. Hihigán; katre.

**Cauce.** m. Sangkâ, ó bambáng na inàagusan ng tubig.

**Caución.** f. Lagak || Pagiingat.

**Caudal.** m. Kayamanan; pananalapî. || fig. Kasaganàan.

**Caudillo.** m. Punò ó pinunò sa hukbó. || Pangulong namamahalà sa alinmáng kapisanan.

**Causa.** f. Dahilán. || Usapín.

**Causar.** a. Magíng dahilán ó sanhî. || Maka. Ejemplos: *Causar placer*, makatuwâ; *causar enfado*, makayamót.

**Cautela.** f. Pagiingat. || Talas at laláng sa pangdadayà.

**Cautivar.** a. Bumihag; ó bihagin. || fig. Supilin ang mga kapangyarihan ng káluluwá.

**Cautiverio.** m. Pagkábihag.

**Cautivo, va.** s. y adj. Bihag.

**Cauto, ta.** adj. Maingat.

**Cavar.** a. Humukay. || Kumalkál; kumutkót ng lupà. || n. Lumalim. || fig. Isiping mahusay ang anomán.

**Caverna.** f. Yungíb; kuweba.

**Cavidad.** f. Lunggâ; guwáng ng anománg bagay.

**Caza.** f. Pangangasó. || Mga hayop na huhulihin ó náhuli na sa pangangasó.

**Cazador, ra.** s. y adj. Mángangasó.

**Cazar.** a. Mangasó. || Mamaríl. || Mangatî. || fig. fam. Tamuhín sa magalíng na paraán ang anománg bagay na mahirap.

**Cea.** f. Butó ng balakáng.

**Cebar.** a. Magpakain at magpatabâ ng mga hayop.

**Cebo.** m. Pagkaing pangpatabâ sa mga hayop. || Pain.

**Cebolla.** f. Sibuyas.

**Cecial.** m. Daing, ó isdâng tuyô.

**Cecina.** f. Tapa; pindáng.

**Ceder.** a. Ilipat; isalin sa ibá ang anománg bagay, karapatán ó kapangyarihan. || n. Sumukò; pahinuhod; pumayag.

**Cédula.** f. Katibayan ng katawán.

**Cegar.** n. Mabulag. || a. Bulagin. || fig. Palabùin, ó padilimín ang isip.

**Ceguera.** f. Kabulagán. || Sakít na mabigát sa matá.

**Ceja.** f. Kilay. || *Quemar las cejas.* || fig. y fam. Magsunog ng kilay sa pagáaral.

**Celaje.** m. Bahadhád; silahis.

**Celar.** a. Sikapin ang pagtupád ng mga katungkulan at pabilin. || Matyagáng mabuti ang mga gawâ at tungo ng sinomán. || Maglingíd; magkanlóng.

**Celda.** f. Silíd na táhanan.

**Celebrar.** a. Purihin; ipagdiwang. || Igalang; pintuhùin. || Idaos; ganapín. || Magmisa.

**Célebre.** adj. Bantóg; bunyî; banság; dakilà.

**Celebridad.** f. Kabantugan; kabunyîan; kadakilàan.

**Celeridad.** f. Kadalìan; kaliksihán; kabilisán; katulinan.

**Celeste.** adj. Ang náuukol sa langit. || Kakulay ng langit.

**Celestial.** adj. Maluwalhatî. || fig. Lubós, masayá at kawiliwili.

**Celibato.** m. Kabagungtauhan; ó pagkabagongtao.

**Célibe.** m. Bagongtao; binatà.

**Celo.** m. Ingat at alagàng malabis sa pagtupád ng mga katungkulang naáatang sa sinomán. || pl. Panibughô; ó selos.

**Celoso, sa.** adj. Maingat ó mapagalagà sa pagtupád ng katungkulan. || Naninibughô; pánibughùin.

**Celsitud.** f. Kataasán; kalakhán; kadakilàan.

**Cementerio.** m. Líbingan.

**Cena.** f. Hapunan. || Paghapon.

**Cenagal.** m. Putikán; pusalìan; kaburakan.

**Cenar.** a. Humapon.

**Cenceño, ña.** adj. Payát; patpatin. || Balingkinitan.

**Ceniciento, ta.** adj. Abuhín, ó kulay abo.

**Cenit.** m. Kataluktukán ng langit na natatapát sa ating ulo.

**Ceniza.** f. Abó. || pl. fig. Ang mga nalabí sa alinmáng bangkáy.

**Cenizal.** m. Abuhán. || adj. Ang náuukol sa abó.

**Censor.** m. Ang tagasurì ng mga aklát at ibá pang kathâ. || Ang nàúmumuná; ó pumapansín.

**Censura.** f. Pasiyá ng tagasurì ng mga aklát. || Puná ó pagsalá sa anománg bagay. || Pintás; pulà.

**Censurar.** a. Suriin; litisin ang anománg gawâ ó bagay. || Pintasán; pulàan. || Tuwirín, ó punahín ang anomán.

**Centavo.** m. Ang ikasangdaáng bahagi. || Séntimos.

**Centella.** f. Lintík na hindî totoóng matalím. || Alipato ó pisík ng apóy. || Kisláp.

**Centellear.** n. Kumisláp.

**Centelleo.** m. Pagkisláp.

**Centena.** f. Sangdaanán, ó katipunan ng sangdaáng kaisahán (unidades).

**Centenario, ria.** adj. Ikasangdaáng taón. || Pistáng idinaraos sa tuwîng sangdaáng taón. || Ang náuukol sa bilang na sangdaán.

**Centésimo, ma.** adj. Ikasangdaán.

**Centinela.** f. *Mil.* Bantáy; tanod.

**Centro.** Gitnâ; kalagitnâan; kaibuturan. || Kálalimlaliman.

**Ceñidor.** m. Pamigkís.

**Ceñir.** a. Higpitín ang baywáng ó katawán; pitisín ang damít ó ang ibáng bagay. || Puluputan. || fig. Liitán, ó bawasan ang anomán. || r. Magbigkís. || fig. Magpakatipíd sa paggugugol.

**Ceño.** m. Simangot; mungot.

**Cepilladuras.** f. pl. Kusot; pinagkatamán.

**Cepillamiento.** m. Pagkakatám.

**Cepillar.** a. Magkatám. || Magsepilyo.

**Cepillo.** m. Katám. || Sepilyo.

**Cepo.** m. Pangáw. || Úmang na panghuli ng mga lobo at ibá pang hayop.

**Cera.** f. Pagkít. || Katipunan ng mga kandilàng pagkít. || *de los oidos.* Tutulí.

**Cerbatana.** f. Sumpít. || Trompeta ó pakakak na muntî, na inilálagay sa tainga ng bingí.

**Cerca.** f. Bakód. || adv. l. y t. Malapit. || *Acerca.* adv. m. Tungkól; hinggíl; ukol; bagay.

**Cercano, na.** adj. Malapit.

**Cercar.** a. Bakuran. || Pangalumpután ng mga tao ang sinomán ó anomán. || Kubkubín ng hukbó ang isáng poók, bayan ó kutà.

**Cercenar.** a. Palasin; ó putlín ang mga dulo ng anomán. || Bawasan; iklîan.

**Cerciorar.** a. Patotohanan; patunayan; ó pagtibayin sa ibá

ang katotohanan ng̃ isáng bagay. || r. Siyasatin, ó talastasín ang katotohanan ng̃ anomán.

**Cerco.** m. Bakod. || Pagkubkób ng̃ isáng hukbó sa isáng poók ó bayan.

**Cerda.** f. Buhók ng̃ kabayo sa batok at buntót. || Baboy na babae.

**Cerdo.** m. Baboy; ó baboy na lalaki.

**Cerebro.** m. Bao ng̃ ulo. || Utak sa ulo.

**Cerrar.** a. Ipiníd; ilapat; isará. || Susìan; tarangkahán.

**Certamen.** m. Páligsahan; timpalák.

**Certeza.** f. Katotohanan; katunayan; pagkaalám na totoó.

**Certificación.** f. Pagkatotoó; katibayan. || Pagpapatotoó.

**Certificado.** m. Katibayan.

**Certificar.** a. Patotohanan; patibayan; patunayan.

**Cerviz.** f. Batok.

**Cesar.** n. Magtahán; humumpáy; tumigil. || Umalís sa hawak na katungkulan.

**Cesto.** m. Batuláng; bakid; bakol. || Buslô; pangnán.

**Cicatriz.** f. Pílat; piklat.

**Cicatrizar.** a. Bahawín ang sugat. || r. Mabaháw; maghilom ang sugat.

**Ciego, ga.** adj. y s. Bulág. || fig. Nalalabùan ng̃ isip.

**Cielo.** m. Langit. || Langitlangitan. || Pang̃anorin. || Kaluwalhatìan. || fig. Ang Dios. || Singáw ng̃ isáng lupà || Ang dakong itaás ng̃ anomán.

**Ciempiés.** m. Alupihan.

**Cien.** adj. Sangdaán. Ginágamit sa unahán ng̃ substantivo.

**Ciencia.** f. Dunong. || Karunungan.

**Cieno.** m. Balahô. || Pusalì.

**Científico, ca.** adj. Marunong, ó may dunong. || Ang náuukol sa karunungan.

**Ciento.** m. y adj. Sangdaán. || *Tanto por ciento.* Ilán sa sangdaán; ó ang patubò ng̃ salapî.

**Cierre.** m. Pagsasará; pagpipiníd; paglalapat; pagtitikom.

**Cierto, ta.** adj. Totoó; tunay; tapát. || Karaniwang gamitin sa kahulugáng hindî tiyák, para ng̃ *cierto lugar*, sa gayóng poók ó lugál; *cierto día*, sa gayóng araw, ó nang gayóng araw.

**Cierva.** f. Libay; ó usáng babae.

**Ciervo.** m. Sung̃ayán; ó usáng lalaki.

**Cigarra.** f. Kuliglíg; kagaykáy.

**Cigarrero, ra.** s. y adj. Ang mang̃gagawà, ó tagapagbilí ng̃ tabako.

**Cigarrillo.** m. Sigarilyo.

**Cigarro.** m. Tabakong yarì, ó hítitin.

**Cima.** f. Tuktók; taluktók; tugatog; kaitasán.

**Cimentar.** a. Simientuhán ang isáng bahay ó gusalì. || Magtatág; magtayô. || fig. Isalig; ibatay.

**Cimiento.** m. Ang kinatatakaran ó kinababaunán ng̃ isáng bahay. || fig. Saligán; ó batayán ng̃ anomán.

**Cinco.** adj. Limá. || m. Ang bilang ó númerong ganitó ang hugis 5.

**Cincuenta.** adj. Limangpuô.

**Cinematógrafo.** m. Sinematógrafo

**Cinta.** f. Talì, ó panalì sa mg̃a damít; sintás.

**Cinto.** m. Pamigkís na balát.

**Cintura.** f. Baywáng.

**Cinturón.** m. Pamigkís sa baywáng.

**Circuir.** a. Ligiran; liklikín; kubkubín.

**Circuito.** m. Paligid; palibot. || Ligirán; liklikan.

**Circulación.** f. Paglaganap; pagkalat; pagsabog. || Pagpapakalat; pagpapalaganap.

**Circular.** adj. Ang náuukol sa kabilugan. || f. Palibot na sulat. || n. Magpaikit; magpalipatlipat. || Magdaándaán; magtawídtawíd ang mg̃a sasakyán. || Magpalaganap; magpasabog ng̃ isáng balità.

**Círculo.** m. Bilog, ó kabilugan.

**Circuncidar.** a. Tuliin. || fig. Bawasan ó alisán ang anománg bagay. || r. Magtulì.

**Circuncisión.** f. Pagtutulì.

**Circunstancia.** f. Pangyayari; pagkakataón; kalagayan; dahilán. || Bagay, ó kabagayán.

**Circunstante.** adj. Ang nasa paligid ng̃ isáng bagay. || pl. Ang mg̃a kaharáp.

**Circunvecino, na.** adj. Kalapít; katabí; kanayon; kapitbahay.

**Cisne.** m. Tagák. || fig. Ang mabuting makatà, ó mahusay na mánunugtóg.

**Cita.** f. Tipán, ó típanan; hudyatan. || Banggít ó tukoy sa isáng kautusán, aral, kapangyarihan, at ibá pa.

**Citación.** f. Pagtipán, ó pagtitipán. || Pagtawag. || Pagbanggít ó pagtukoy sa isáng akdâ ó kumathâ.

**Citar.** a. Tumipán; ó tipanán ang sinomán upáng dumaló sa isáng poók sa ukol na panahón. || Banggitín ó salaysayín ang isáng akdâ ó may kathâ upáng magpatibay sa anománg sinasabi. || Tawagin ang sinomán upáng humaráp sa húkuman.

**Citerior.** adj. Dakò rito; dapit dito.

**Ciudad.** f. Bayan; kabayanan; lungsód; ó siudad.

**Ciudadanía.** f. Kapamayanán; ó pagkamámamayán.

**Ciudadano, na.** adj. Taong mabuti. || Mámamayán.

**Civil.** adj. Ang náuukol sa pamamayan at sa mga namamayan. || Magalangín; marunong makipamayan ó makipagkapuwà tao. || *For.* Lahát ng náuukol sa mga usap ng pagaarì.

**Civilización.** f. Kabihasnán.

**Civilizado, da.** adj. Bihasá.

**Civilizar.** a. Pabihasnín ang mga bayan ó ang mga tao. || r. Mábihasa.

**Clamar.** a. Dumaíng; tumaghóy; umiyák. || Sumigáw.

**Clamor.** m. Sigáw. || Daíng; iyák; hagulgól. || Tugtóg ng batingáw na ipinatutungkól sa mga patáy.

**Clandestino, na.** adj. Lihim; tagô; lingíd.

**Clara.** f. Putî ng itlóg. || f. Pagtilàng sandalî ng ulán at magkaroón ng kauntîng liwanag.

**Clarear.** n. Magbukangliwaywáy. || a. Paliwanagin. || r. Manganinag. || Mábanaagan.

**Clarecer.** n. Umumaga; magbukángliwaywáy.

**Claridad.** f. Liwanag; ó kaliwanagan. || Pagkaaliwalas. || Linaw, ó kalinawan.

**Clarificar.** a. Magilaw; magtangláw. || Paliwanagan ang anomán.

**Claro, ra.** adj. Maliwanag. || Malinaw. || Malinis; dalisay. || Máaninag; maaliwalas; makináng. || Walâng álinlangan.

**Clase.** f. Husay ó bilang ng mga taong may iisáng urì ó kalagayan. || Ang tinátawag na klase sa mga páaralán. || Hugis ó klase ng mga bagay.

**Clasificación.** f. Pagpapangkátpangkát; pagbubukódbukód.

**Clasificar.** a. Pagpangkátpangkatín; pagbukódbukurín ang alinmáng mga tao ó mga bagay.

**Claudicar.** a. Mapilay; humingkód. || fig. Gumawâ ng walâng husay ó ayos.

**Clavar.** a. Ipakò; itarak. || Pakùan. || fig. y fam. Dumayà; bumirò. || r. Mapakò; matiník.

**Clavícula.** f. Balagat.

**Clavo.** m. Pakò. || Lipák na matigas na tumutubò sa paá ng tao.

**Clemencia.** f. Awà; habág.

**Clemente.** adj. Maawàín; mahabagin.

**Clérigo.** m. Parì.

**Cliente.** m. Ang inaampón ó tinatangkilik. || *For.* Ang may usap, ukol sa kanyáng abogado.

**Clientela.** f. Pagtatangkilik; pagkakandilì. || Ampón; tangkilik || Katipunan ng mga may usap.

**Clima.** m. Singáw ng panahón ng isá't isáng lupà.

**Cloquear.** n. Humalimhím. || a. Kumokok, ó kumulukutók ang humahalimhím na manók ó ibon.

**Clueca.** adj. Humahalimhím.

**Coacción.** f. Gahasà; dahás; pilit; gahís. || Paggahasà; pagpilit; pagdahas.

**Coadyuvar.** a. Tumulong; umabuloy.

**Coartar.** a. Hangganán; ikjîán; bawasan.

**Cobarde.** adj. Duwág; takót. || fig. Kalaitlait; hamak; bulisik.

**Cobardear.** n. Maduwág; matakot.

**Cobardía.** f. Kaduwagán. || Katakutan; kadungùan.

**Cobertera.** f. Tungtóng; takíp, ó panakíp.

**Cobijar.** a. Balutin; takpán. || Papanuluyunín sa bahay. || r. Matakpán; sumilong; manuluyan.

**Cobrador.** m. Máníningil; tagapaningíl.

**Cobranza.** f. Paniningíl. || Síngilin.

**Cobrar.** a Maningil. || Mabawì ang pinangulugihan; ó ma sumpungán ang nawalâ. || Magkaroón, ó magtamó. || r Makabawì. || Pagsaulang loób.

**Cobre.** m. Tansô, ó tangsô.

**Cocción.** f. Paglulutò. || Pagkálutò. || Pagkátunaw ng kinain. || Pagkulô.

**Cocear.** a. Manikad; tumadyák. || r. Magsikarán; magtadyakan.

**Cocer.** a. Maglutò. || Lutùin. Matunaw ang kinain. || n. Kumulô; sumulák. || r. Malutò.

**Cocina.** f. Lutùan, ó kusinà. || Ayos ó paraán ng paglulutò sa bawà't bayan.

**Cocinar.** a. Mangusinà; maglutò ng ulam ó pagkain. || fam. Manghimasok sa mga bagay na dî nauukol sa kanyá.

**Cocinero, ra.** s. y adj. Tagapaglutò; tagapangusinà.

**Coco.** m. Niyóg; buko.

**Cocodrilo.** m. Buwaya.

**Cocotal.** m. Niyugan.

**Cochero.** m. Kotsero.

**Cochina.** f. Baboy na babae.

**Cochinería.** f. Kababuyan; karumihán; kasalaulàan.

**Cochino, na.** adj. Marumí; salaulà. || m. Baboy.

**Codazo.** m. Sikó; sikíl. || Pagsikó; pagsikíl.

**Codear.** n. Sumikó, ó manikó; sumikíl, ó manikíl.

**Códice.** m. Aklát na sulatkamáy na kinatatalâán ng mga gawâ at kasundùang matatandâ.

**Codicia.** f. Imbót, ó kaim-

bután; kasakimán sa kayamanan. || fig. Pagnanasàng mahigpít ng anománg bagay na mabuti.

**Codiciar.** a. Magimbót; magnasà ng kayamanan at ibá pang bagay.

**Codicioso, sa.** adj. Maimbót, ó maimbutin. || fig. y fam. Masipag.

**Código.** m. Batasán; ó katipunan ng mga batás ó kautusán.

**Codo.** m. Siko. || Panukat na mulâ sa siko hanggáng dulo ng kamáy ang habà.

**Coetáneo, nea.** adj. Kapanahón; kasabáy; kaisáng gulang.

**Coger.** a. Hulihin; dakipín; sunggabán. || Pumulot; dumampót; umabót. || Pumuti; pumitás; kumitíl. || Maglulan, ó magkalamán. || Matagpùan. || Abutan sa isáng poók ng anomán.

**Cogollo.** m Usbóng; talbós.

**Cogón.** m. *Bot.* Kugon.

**Cogonal.** m Kugunán.

**Cogote.** m. Kokote.

**Cohechar.** a. Sumuhol.

**Cohecho.** m. Pagsuhol. || Suhol.

**Cohete.** m. Kuwitis.

**Coincidencia.** f. Pagkakáayon. || Pagkakataón; pagkakásabáy.

**Coincidir.** n. Máayon; mákaisá. || Magkataón; magkasabáy.

**Cojear.** a. Mapilay; humingkód; tumikâ. || fig. Magkulang sa katuwiran ó katapatán.

**Cojera.** f. Pílay; kapilayán; pagkapilay. || Paghingkód; pagtikâ.

**Cojín.** m. Unang inuupán; ó ang pinagpapatungan ng siyá ng kabayo.

**Cojo, ja.** adj. Piláy; hingkód.

**Cola.** f. Buntót. || Ang layláy sa hulihán ng mga damít, para ng saya, at ibá pa. || Kolang pangdikít.

**Colaboración.** f. Pagtulong sa ibá.

**Colaborador, ra.** s. y adj. Katulong.

**Colaborar.** a. Tumulong sa ibá sa pagyari ng isáng gawâ, lalònglalò na ang náuukol sa panunulat.

**Coladera.** f. Salàán; panalà.

**Colar.** a. Salàin. || Paputîín ang damít, ó kulahín. || fam. Uminóm ng alak.

**Colateral.** adj. Tagiliran ng bahay.

**Colcha.** f. Panakíp ng hihigán.

**Colchón.** m. Kutsón; ó ang parang unang malapad at mahabà na panglatag sa hihigán.

**Colear.** n. Magpagaláwgaláw ng buntót.

**Colección.** f. Tipon; pagtitipon; katipunan ng anomán.

**Coleccionar.** a. Magtipon; magsamasama ng maraming bagay na magkakaparis.

**Coleccionista.** m. y f. Mangtitipon; tagapagtipon.

**Colecta.** f. Pagbabahagi ng anománg buwís sa mga tao. || Pagliligpít ng mga kusàng abuloy.

**Colector.** m. Ang nagtitipon ng anomán. || *Adm.* Tagapaningíl.

**Colega.** m. Kasama, sa isáng katungkulan ó hanapbuhay.

**Colegio.** m. Páaralán.

**Cólera.** f. fig. Galit; poót; muhî. || Pagkagalit; pangangalit. || *morbo*. Sakít na mabigát na ikinararamdám ng pagsusuká, pagiilagín at pagkagináw.

**Colérico, ca.** adj. Ang náuukol sa kólera. || fig. Magagalitín. || Ang may sakít na kolera.

**Coleta.** f. Buhók na mahabà, lawít sa likurán at may talì. || Buntót. || fam. Dagdág, ó karagdagan.

**Colgadero.** m. Sabitán; sampayan.

**Colgar.** a. Ibitin; ilawít; isabit; ilayláy; isampáy. || fig. Bitayin; bigtihín. || n. Nakabitin. || r. Mábitin. || Magbigtí.

**Colligarse.** r. Magsamasama; magpisanpisan; magliponlipon.

**Colina.** f. Buról, ó mataás na lupà.

**Colindante.** adj. Kalapít; kasiping; karatig na lupà ó bahay.

**Coliseo.** m. Dulàang pinagpapalabasán ng mga pangpalibáng sa madlâ.

**Colmar.** a. Pauluhin. || fig. Pasaganàin || Puspusín.

**Colmena.** f. Bahay pukyutan.

**Colmenar.** m. Poók na kinaroroonan ng mga bahay pukyutan.

**Colmillo.** m. Pangil.

**Colocación.** f. Paglalagáy. || Kalagayan; pagkalagay. || Katungkulan, ó hanapbuhay.

**Colocar.** a. Ilagáy ang anoman sa lugál na kináuukulan. || fig. Ilagáy sa katungkulan, ó ipasok sa hanapbuhay ang sinomán.

**Colonia.** f. Kapisanan ng mga dayuhang nagsisipamayan sa isáng lupàín. || Bayan ó lupàng sakop ng ibá.

**Colonizar.** a. Mamayan; ó sakupin ng ibá ang alinmáng lupàín.

**Coloquio.** m. Sálitâan; úsapan; pagpupulong; pagpapanayám.

**Color.** m. Kulay. || fig. Dahilán; ó pakunawarîng matuwíd upáng gawín ang anomán.

**Colorado, da.** adj. May kulay. || Kulay pulá. || fam. Sálitâang malasuwâ ó mahalay.

**Colorar.** a. Kulayan. || n. Mamulá. || Mahiyâ.

**Coloso.** m. Likhâng larawang totoóng malakí kay sa karaniwan. || fig. Ang tao ó bagay na nápapatangì sa ibá.

**Columbrar.** a. Maaninaw; mábanaagan sa malayò ang anomán. || fig. Mahalatâ; ó mapaghulò ang anomán.

**Columna.** f. Haligi. || Tudlíng, kung náuukol sa mg̃a aklát at páhayagán.

**Columpiar.** a. Magugóy; iugóy. || r. Umugóy. || fig. y fam. Gumibanggibang sa paglakad.

**Columpio.** m. Lubid na pinagduduyanan.

**Collado.** m. Buról, ó bundókbundukan.

**Collar.** m. Hiyás na pangliíg ng̃ mg̃a babae. || Bakal ó balát na pabilóg na inilalagáy sa liíg ng̃ áso at ibá pang hayop.

**Comadre.** f. Hilot. || Iníiná; kumari. || Kapitbahay at kaibigan.

**Comadrón.** m. Salag; ó manggagamot na nagpapapang̃ang̃anák.

**Comarca.** f Bayan. || Nayon.

**Combate.** m. Pagaaway; pagbabaka; digmâ, ó digmâan; labanán. || Pagbabanggâ; pagkakasirâ; dî pagkakaayon. || fig. Ang pakikipaglaban sa sariling loób.

**Combatiente.** m. Ang nakikipagbaka. || Alinmán sa mg̃a kawal ng̃ isáng hukbó.

**Combatir.** n. Makipagbaka; makipaghamók. || a. Lumusob; sumalakay; lumaban. || fig. Salung̃atín; salangsang̃ín.

**Combinar.** a. Magbagaybagay; ó magayosayos ng̃ sarìsarìng bagay upang makabuô ng̃ isáng hálùin (compuesto). || Pagparisin ang dalawáng bagay upáng suriin ang kaniláng pagkakawangki.

**Combustible.** s. y adj. m. Sunugín, ó ang madaling masunog.

**Combustión.** f. Pagkásunog.

**Comedero.** m. Kakanán. || Labang̃án. || Tutukán. || adj. Ang sukat mákain.

**Comedido, da.** adj. Magalang; mapagpítagan; mahinhín.

**Comedimiento.** m. Galang; pítagan; hinhín.

**Comedio.** m. Gitnâ; kalagitnâan. || Luwát ng̃ panahóng nápapagitan sa dalawang gulang ng̃ panahón.

**Comedor, ra.** s. y adj. Palakaín; matakaw. || m. Kakanán.

**Comensal.** m. Kasalo sa dulang, ó sa pagkain.

**Comenzar.** a. Mulán; pamulán; simulán; pasimulán. || n. Magmulâ; magsimulâ; magbuhat.

**Comer.** n. y a. Kumain. || Mananghalì. || fig. Ubusin; siràin ang kayamanan ó pagaarì. || m. Pagkain.

**Comerciante.** m. y f. Mángangalakál.

**Comerciar.** n. Mangalakal.

**Comercio.** m. Pángangalakál. || Kalakal. || Bahay kalakal.

**Comestible.** adj. Makákain. || m. pl. Mga pagkain.

**Cometer.** a. Pakatawán; ó ipagkatiwalà sa ibá ang isáng pabilin ó katungkulan. || *culpas.* Magkasala. || *yerros ó faltas.* Magkamalî.

**Comezón.** f. Pagkatí ng balát.

**Comida.** f Pagkain. || Tanghalìan; pananangha1ì.

**Comienzo.** m. Mulâ; simulâ. || Pagmumulâ; pagsisimulâ.

**Comilón, na.** m. y f. Matakaw; palakaín.

**Comité.** m. Lupon.

**Comitiva.** f. Abay; kasamahán.

**Cómo.** adv. mod. Para; kapara; parang. || *¿Cómo?* ¿Anó? ¿Paano? || Ayon. || Anó? bakit?

**Cómoda.** f. Tataguan ng damít.

**Comodidad.** f. Kaangkupán; kahustuhan. || Kaluwagán.

**Cómodo, da.** adj. Akmâ; angkóp; agpáng. || Maluwág.

**Compadecer.** a. Kaawàan; kahabagán; kahambalán. || r. Maawà; mahabág; mahambál.

**Compadrazco.** m. Pagkukumpari.

**Compadre.** m. Kumpari.

**Compañero, ra.** m. y f. Kasama; kalaguyò.

**Compañía.** f. Samahán. || Kasama.

**Comparación.** f. Pagpaparis; pagtutulad; pagwawangis; paghahalimbawà.

**Comparar.** a. Ipara; iwangkî; itulad; imukhâ; ihalimbawà.

**Comparecer.** n. Humaráp; dumulóg.

**Compartimiento.** m. Pagbabahagi; paghahatìhatì.

**Compartir.** a. Hatìin; bahaginin. || Ipamahagi; paghatìhatìin. || r. Maghatìhatì; pagbahábahaginin.

**Compasión.** f. Awà; habág. || Pagkaawà; pagkahabág.

**Compasivo, va.** adj. Maawàín; mahabagin.

**Compatriota.** com. Kababayan.

**Compeler.** a. Pilitin; pigipitin ang sinomán na gawín ang anománg bagay.

**Compensar.** a. Gantihín; bayaran ang kasiràang ginawâ sa ibá.

**Competencia.** f. Pagtatalo; pagtutunggalì. || Ukol; kaukulán; katungkulan.

**Competer.** n. Máukol; mátungkól.

**Competidor, ra.** s. y adj.

Kaagáw; katunggalì; kapangagáw.

**Competir.** n. Magpangagáw; magagawán; makiagáw.

**Compilación.** f. Tipon ó pagtitipon ng ibá't ibáng balità ó kasulatan.

**Compilar.** a. Tipunin sa iisá ang ibá't ibáng kasulatan ó balità.

**Compinche.** com. fam. Kaibigan; kasama.

**Complacer.** a. Paunlakán; pagbigyáng loób. || r. Matuwâ; malugód; masiyahán sa anomán. || Magbígayang loób.

**Completar.** a. Ganapín; lubusín; buùin; tapusin; lutasín.

**Completo, ta.** adj. Ganáp; buô; lubós.

**Complexión.** f. Pagkakabuô; ó pagkakasangkáp ng katawán ng tao.

**Complicación.** f. Pagkakahalò ó pagkakasamasama ng ibá't ibáng bagay. || Pagkádamay. || Guló; kagusutan.

**Complicar.** a. Maghalò, ó magsama ng ibá't ibáng bagay.

**Cómplice.** com. Kasabuwát; kasapakát; kaalám; karamay sa sala.

**Componer.** a. Husayin; ianyô; pagayusin. || Pagyamanin; kumpunihín. || Magtahîtahî ng anománg nálalaban sa katotohanan. || fam. P·mutihan ang anomán. || Papagkasundùín. || Sùmulat; kumathâ; lumaláng ng anománg gawâng nagbubuhat sa pagiisip. || Magtipon ó maghanáy ng mga titik ó letra sa Limbagan.

**Comportamiento.** m. Kaugalian; paguugalì.

**Composición.** f. Paghuhusay; pagaayos || Pagkakásundô. || Pagbubuô; pagyarì ó paggawâ ng anomán.

**Compostura.** f. Kayarian; pagkagawâ. || Kalinisan; kaayusán.

**Compra.** f. Pagbilí; pamimilí. || Pinamilí.

**Comprador, ra** s. y adj. Mámimilí. || Tagapamilí.

**Comprar.** a. Bumilí; mamilí. || *al contado.* Bumilí ng káliwàan. || *al fiado.* Bumilí ng utang.

**Discernir.** a. Kilanlíng mahusay ang ipinagkakaiba ng isáng bagay sa ibá. || Itangì; ibukód. || r. Mákilala ang kaibhán.

**Disciplina.** f. Aral; turò. || Sining ó dunong. || Kaparaanán ó kaayusán sa pamumuhay. || Pamalakad; palátuntunan; kautusán. || Paghampás.

**Disciplinar.** a. Aralan; turùan. || Hampasín. || *Mil.* Ayusin ang hukbó, na gumalang at sumunód sa Palátuntunan.

**Discípulo, la.** m. y f. Nagaaral; tinuturùan. || pl. *Rel.* Alagád.

**Discordancia.** f. Pagkakaibá; dî pagkakaparis ng mga bagay.

**Discordar.** n. Magkaibá; huwág magkatulad ang mga bagay. || Magkaalít; huwág magkaayon ang mga kalooban. || *Mús.* Huwág magkaisá ang tunóg ng mga tingig ó ng mga panugtóg ó instrumento.

**Discorde.** adj. Kaibá; ó hindî nagkakaayon ng kalooban, pasiyá at paghahakà. || *Mús.* Hindî nagkakáisá ng tunóg.

**Discordia.** f. Pagkakaalít; dî pagkakásundô; dî pagkakáayon ng kalooban.

**Discreto, ta.** adj. Maalam; matalino; marunong; pantás.

**Disculpa.** f. Matuwíd at dahiláng sinasabi upáng makailag sa anománg sala.

**Discurrir.** n. Lumakad; ó tumakbó sa ibá't ibáng panig at lugál. || fig. Isipin; kurùin; wariin; bulaybulayin; pagusapan ang anománg bagay. || a. Likhâín ó akalàin ang anomán.

**Discurso.** m. Pagiisip; pag-

kukurò; paghahakà. || Panglimì; panghulò. || Pagmamatuwíd. || Talumpatì; pananalumpatì.

**Discusión.** f. Pagtatalo; paglilimì; ó paguusap ng anománg bagay.

**Discutir.** a. Pagtalunan; paglimìin; ó pagusapan ang isáng bagay upáng matamó ang tunay na katotohanan.

**Diseminar.** a. Itaním; ihasík; isabog ang anomán. || fig. Ihayág; ilathalà ang isáng balità. || r. Kumalat; lumaganap.

**Disensión.** f. Pagkakáalít; dî pagkakásundô ng mga paghahakà ó pasiyá. || fig. Away; babág; pagtatalo.

**Disentir.** n. Magkaibá; ó huwág magkaisá ng pasiyá ó damdamin. || Huwág umayon.

**Diseñar.** a. Ibangháy; iguhit; ilarawan ang anyô ng isáng bagay.

**Diseño.** m. Bangháy; guhit; ó larawan ng isáng gusalì ó anyô.

**Disertación.** f. Pagmamatuwíd; pagtatalo; pagtutunggalì ng ísipan.

**Disertar.** n. Magmatuwíd; magtalo; magtunggalì ng ísipan.

**Disfavor.** m. Paghalay; pagpapawalâng halagá; kawalán ng tulong.

**Disforme.** adj. Kulang sa karaniwang ayos ó anyô. || Pangit. || Ang lubhâng malakí at alangán sa karaniwan.

**Disfraz.** m. Balatkayô. || Máskara. || fig. Pagkukunuwarî.

**Disfrazar.** a. Baguhin, ó ibahín ang ayos ó hitsura ng isáng bagay. || fig. Ipagkunuwarî ang anomán. || r. Magbalatkayô. || fig. Magpakunuwarî; magbalôbalô.

**Disfrutar.** a. Tamuhín; kamtán || Makinabang; ó tumanggáp ng kapakinabangán. Magtamasà ng anomán.

**Disfrute.** m. Pakikinabang; pagtatamasà; pagkakamít; pagtatamó ng anomán.

**Disgusto.** m. Sakláp; samâ ng lasa. || Galit; samâ ng loób. || Pighatî; dalamhatì. || Pagkakáalít; samâan ng loób. || fig. Yamót; muhî sa anomán.

**Disidencia.** f. Paghiwaláy; dî pagkakáisá ng mga pasiyá ó ísipan.

**Disidente.** adj. Ang humihiwaláy.

**Disidir.** n. Tumiwalág; humiwaláy sa dating paniniwalà. || Magisip ó magakalà ng ibá sa karamihan. || Huwág umayon.

**Disimular.** a. Ilingíd; itagò; pagtakpán. || Magmaangmaangan; ó magkunuwarî. || Ibahín ang hitsura ó ayos ng anomán. || Magbalatkayô. || Patawarin, ó magpatawad.

**Disimulo.** m. Paglilingíd; pagkukunuwarì; pagmamaángmaangan. ‖ Pagalintanà; pagpapatawad.

**Disipar.** a. Isabog; pawìin ang nakabubuntón sa anomán. ‖ Siràin ó aksayahín ang yaman ó pagaarì. ‖ fig. Itabóy; ilayô.

**Dislocar.** a. Ilinsád; ialís sa lugál ang anomán. ‖ r. Málinsád ang mga butó. ‖ Maalís ang pagkakálapad ng isáng mákinà.

**Disminución.** f. Paguntì; pagkukulang; pagbabawas.

**Disminuir.** a. Bawasan; kulangan; untìan; liitán. ‖ Lumiít; magkulang; mábawasan.

**Disolución.** f. Pagkakalág. ‖ fig. Paghihiwaláy; ó pagkakáhiwaláy. ‖ Pagkabuwág. ‖ Pagtunaw ng anomán sa tubig ó alak.

**Disolver.** a. Kalagín. ‖ fig. Paghiwalayín ang mga bagay na nagkakásama. ‖ Buwagín; itigil; ihintô ang lakad ng anomán. Tunawin; kanawín sa tubig, alak, at ibá pa. ‖ r. Makalág. ‖ Magkahiwaláy. ‖ Matunaw.

**Disparar.** a. Paputukín ang kanyón, baríl, at ibá pa. ‖ Itudlâ; ihagis na biglâ. ‖ r. Magtatakbó. ‖ fig. Patungong biglâ sa anománg bagay.

**Disparatar.** n. Mangusap, ó gumawâ ng nálalabás sa katuwiran.

**Disparate.** m. Salitâ, ó gawâng labás sa katuwiran.

**Disparo.** m. Putók; ó pagputók ng baríl, kanyón, at ibá pa. ‖ Pagtudlâ.

**Dispendio.** m. Gugol na totoóng malakí. ‖ fig. Kusàng pagpapakasirà ng buhay, puri, dangál, at ibá pa.

**Dispensar.** a. Magbigáy; magkaloób. ‖ Itangì; ibukód; iligtás sa anománg katungkulan. ‖ Patawarin; ó magpatawad.

**Dispersar.** a. Ikalat; isabog; isambulat. ‖ r. Sumabog; kumalat; magkahiwáhiwaláy; magkatiwátiwalág.

**Dispersión.** f. Pagsabog; pagkalat. ‖ Pagkakáhiwaláy; pagkakátiwalág.

**Disperso, sa.** adj. Sabóg; kalát; hiwáhiwaláy; tiwátiwalág.

**Disponer.** a. Ilagáy; ihanáy; italatag. ‖ Pagpasiyahán; ó magpasiyá. ‖ Ihandâ; igayák; maglaán. ‖ n. Mangasiwà ang sinomán ng kanyáng mga pagaarì. ‖ r. Humandâ; gumayák.

**Disputa.** f. Pagtatalo; pagaaway. ‖ Pagtataltalan.

**Disputar.** a. Makipagtalo. ‖ Ipakipagtalo; ipaglaban; ó ipagtanggól ang anomán. ‖ Makipagtaltalan; makipagtákapan. ‖ r. Magtalo; maglaban; magtunggalian; magagawán.

**Distancia.** f. Pagitan; layò; aguwát. ‖ fig. Kaibhán; ó pagkakaibá ng isáng bagay sa ibá.

**Distante.** adj. Malayò; nálalayô. ‖ Tiwalág.

**Distar.** n. Málayô. ‖ fig. Mátangì; máibá ng malakí ang isáng bagay sa ibá.

**Distinción.** f. Kaibhán; pagkakáibá; pagkakátangì. ‖ Katangìan ng sinomán.

**Distinguido, da.** adj. Marangál; marilág; dakilà.

**Distinguir.** a. Kilanlín ang kaibhán ng isáng bagay sa ibá. ‖ Itangì; ibukód. ‖ r. Mátangì; mamukód; mangibabaw sa ibá

**Distintivo.** m. Sagisag; tandâng ikinatatangì sa ibá

**Distinto, ta.** adj. Ibá; tangì; kaibá. ‖ Malinaw; maliwanag.

**Distracción.** f. Pagkalibáng. ‖ Pagaalíw.

**Distraer.** a. Ilihís; iliwás; ilinsád. ‖ Libangín; aliwín. ‖ Ilayô sa malinis at mabuting pamumuhay ang sinomán sa pamagitan ng mga hibò at masasamâng halimbawà. ‖ r. Magalíw; málibang.

**Distribución.** f. Pamamahagi; pamumudmód. ‖ fig. Pagkakáhanáy; ó pagtatalatag na maayos ng mga bagay. ‖ *Impr.* Pagsasabog ng mga titik ó letra sa mga butas ng kaha.

**Distribuir.** a. Ipamahagi; ipamudmód; ipamigáy sa marami ang anomán. ‖ Ihanáy; italatag; ilagáy ng maayos ang anománg bagay. ‖ *Impr.* Isabog ang mga titik ó letra.

**Distrito.** m. Purók. ‖ *Distrito Norte.* Purók Hilagà.

**Disturbio.** m. Guló; ligalig. ‖ Pagkakáguló; pagkakáligalig.

**Disuadir.** a. Akitin ang sinomán sa pamagitan ng mabubuting salitâ na magbago ó iwaksí ang kanyáng akalà. ‖ Pagpayuhan.

**Disuasión.** f. Pagpapayo; pagakit; paglamuyot; paghikayat.

**Diurno, na.** adj Sa araw; ó ang náuukol sa araw

**Divagar.** n. Maglagalág; maggalâ; magligalíg. ‖ Magpakalayô sa talagáng tungo ng talumpatì, at mápawili sa ibáng bagay.

**Diversidad.** f. Pagkakáibá; dî pagkakátulad. ‖ Kasaganàan, katipunanan ng ibá't ibáng bagay.

**Diversión.** f. Alíw; pagaalíw; paglilibáng. ‖ Líbangan; áliwan.

**Diverso, sa.** adj. Ibá; dî kaparis; dî kamukhâ. ‖ Kaibá. ‖ pl. Sarisarì; bagaybagay; madlâ; marami.

**Divertido, da.** adj. Masayá; maalíw. ‖ Mapagpatawá; mapagsisté.

**Divertir.** a. Ilihís; ilayô; ilin-

sád. || Aliwín; libangín. || r. Magalíw; malibáng; magsayá. || r. Maglíbangan; magáliwan.

**Dividendo.** m. *Aritm.* Bahaginán. || *Com.* Tubò ó pakinabang ng isáng lapì ó aksión sa bawà't pamamahaging ginagawâ ng mga samahán sa pángangalakál.

**Dividir.** a. Hatiin; bahaginin. || Biyakín; putlín; pagpangkátpangkatín. || Ipamahagi; ipamudmód. || fig. Pagkaalitín; paglayùin ang mga kalooban. || *Aritm.* Magbahagi. || r. Humiwaláy; tumiwalág. || Magkáhiwaláy.

**Divieso.** m. Pigsá; bukol; ó bagâ.

**Divinidad.** f. Pagkadiós. || Kadiusan.

**Divino, na.** adj. Ang náuukol sa Dios. || fig. Lubhâng dakilà; totoóng magalíng; labis ng inam. || m. y f. Manghuhulà.

**Divisa.** f. Sagisag; tandâng ikinákikilala ng katangìan ng isáng tao ó ng anomán.

**Divisar.** a. Mábanaagan; máaninaw; máanag-ág.

**División.** f. Paghatì; pagbabahagi. || Pamamahagi; pamumudmód. || fig. Pagkakáalít; pagkakalayô ng mga kalooban at akalà. || *Aritm.*, Pagbahagi. || Pangkát; bahagi; pitak.

**Divisor.** m. *Aritm.* Bahaginín; ó ang bilang na pagbabahaginan.

**Divorciar.** a. Paghiwalayín ng hukóm ang magasawa. || fig. Ihiwaláy; ilayô ang anománg bagay sa kanyáng kinásasamahan.

**Divorcio.** m. Paghihiwaláy ng magasawa. || fig. Paghihiwaláy; pagbubukód ng mga bagay na dating nagkakápisan.

**Divulgar.** a. Ihayág; ilathalà; isiwalat; ilaganap; ipahayag sa madlâ. || r. Málathalà; máhayág; másiwalat.

**Do.** m. *Mús.* Unang tinig ó boses ng pásimulâng tugtugin. || adv. l. Saán.

**Doblar.** a. Pagibayuhin; dagdagán ang isáng bagay ng ibayo sa dami. || Tiklupín; itupî; ilupî. || Ibalikukô; baluktutín. || n. Lumikô ng daán. || r. fig. Sumunód; pahinuhod.

**Doble.** adj. Ibayo; ó ang may dalawáng bilang, bigát ó sukat ng anomán, kay sa pinagtutularan. || Ang makapál ó ang may katawán kung káyo ang pinaguusapan. || m. Dublé; ó dalawáng susón.

**Doblegar.** a. Hutukin; baluktutín ang anománg bagay. || r Mahutok.

**Doblez.** m. Tiklóp; lupî; balì. || Susón.

**Doce.** adj. Labingdalawá.

**Docena.** f. Katipunan ng labingdalawáng bagay na iisáng hugis; dusena.

**Dócil.** adj. Masúnurin; malubáy; malumanay; madaling turùan ó mátuto.

**Docilidad.** f. Kadaliang mátuto ng anomán. || Pagkamalumanay; ó kalambután ng ugalì.

**Docto, ta.** adj. Pahám; pantás; marunong; matalino; bihasa.

**Doctor, ra.** m. y f. Ang nagtuturò ng anománg dunong ó sining. || Pahám; pantás sa isáng karunungan. || Manggagamot.

**Doctora.** f. Pahám na babae. || Ang asawa ng médiko ó manggagamot. || fam. Babaing nagpapanggáp na matalino.

**Doctrina.** f. Aral. || Dunong ó karunungan. || Pasiyá; hakà; ó palagáy ng isáng mángangathâ sa anomán. || *Rel.* Símulâing aral ng pananampalataya ó relihión.

**Documento.** m. Aral; turò; payo. || *For.* Kasulatan; katibayan.

**Dolencia.** f. Sakít; damdám; karamdaman.

**Doler.** n. Sumakít; kumirót; magdamdám ng sakít. || Maawà; mahabág. || Magdamdám; magpighati. || r. Magsisi.

**Doliente.** adj. May sakít. || Ang nasaktán.

**Dolor.** m. Sakít; kirót; anták. || Hapis; hirap; sákit; dusa; pighatì. || Pagsisisi.

**Dolorido, da.** adj. Nahahapis; naghihirap; namamangláw. || Nasasaktán.

**Doloroso, sa.** adj. Kasákitsákit; kahapishapis; kahabághabág. || Nakaháhapis; nakasásakit.

**Domadura.** f. Pagpapaamò. || Pagsupil.

**Domar.** a. Paamùin; mansuhín ang hayop. || fig. Pasukùin; supilin.

**Domesticar.** a. Paamùin; sanayin ang mabangís na hayop sa pakikisama sa tao.

**Domesticidad.** f. Kaamùan ng loób; kalubayán ng ugalì.

**Doméstico, ca.** adj. Ang náaakmâ ó náuukol sa bahay. || Hayop na pangbahay. || m. y f. Alilà sa bahay.

**Domiciliado, da.** adj. Naninirá; nananahán sa alinmáng poók ó lugál.

**Domiciliarse.** r. Manahán; mamayan.

**Domicilio.** m. Bahay ó lugál na tinátahanán. || Pananahan; paninirahan.

**Dominación.** f. Paghahari; pagpupunò sa isáng bayan ó kaharian.

**Dominar.** a. Makapangyari sa anománg bagay. || Makapag-

harì; makapagpunò; makasupil sa isáng bayan ó sa kapuwà. || n Mátangì; mamukód sa taás ang anomán. || r. Makapangyari sa sariling loób.

**Dominio.** m. Kapangyarihan ng bawà't isá na makapagpasiyá ó makapangasiwà sa sariling arì. || Paghaharì ó pagpupunò sa kapuwà. || Bayan ó lupàng násasakóp ng ibáng bayan ó kaharìan.

**Don.** m. Biyayà; alay; handóg. || Ginoó; gat; ó lakán.

**Donación.** f. Pagkakaloób. || Kaloób; alay.

**Donaire.** m. Kaayahang magsalitâ. || Karikitan; kagandahan ng tikas.

**Donante.** s. Ang nagkakáloób.

**Donar.** a. Magkaloób; ó ipagkaloób sa ibá ang anománg bagay.

**Donatario.** m. Ang pinagkákalooban. || adj. Ang náuukol sa kaloób.

**Doncella.** f. Dalaga. || Alilang kalapítlapít ng kanyáng panginoóng babae.

**Doncelleja.** f. Dalagindíng.

**Donde.** adv. l. Saán. || *Donde quiera.* adv. l. Saán man.

**Donosura.** f. Karikitan; ka gandahan ng pangangatawán. || Kainamang mangusap.

**Doña.** f. Ginang; gining. || Ginoó.

**Doquier ó doquiera.** adv. l. Saán man; saáng máng lugál.

**Dorado.** adj. Ang kulay gintô; ginintùan.

**Dorar.** a. Ilubóg sa gintô ang anomán; ó duraduhin.

**Dormidero, ra.** adj. Pangpatulog || m. Tulugán ng hayop.

**Dormilón, na.** adj. Matutulugín; maidlipin.

**Dormir.** n. Matulog; umidlíp; humimláy; mágupiling; makalimot. || a. Patulugin; ó magpatulog ng batà. || r. Mákatulog; maidlíp. || fig. Magpabayâ.

**Dormitar.** n. Magagaw tulog.

**Dormitivo.** m. Ínuming pang patulog.

**Dormitorio.** m. Silíd na tulugán.

**Dorsal.** adj. Ang náuukol sa likód.

**Dorso.** m. Kabalikán, ó likód ng anománg bagay. || *Anat.* Likód ng katawán.

**Dos.** adj. Dalawá. || Ikalawá. || m. Ang número 2.

**Doscientos, tas.** adj. pl. Dalawáng daán.

**Dosis.** m. Dami ng gamót na iniinóm ng may sakít sa bawà't paginóm.

**Dote.** m. y f. Bigáykaya. || Kadakilàan; hiyás; kagálingan.

**Drama.** m. Dulà.

**Dramática.** f. Sining ó arte ng pagyari ng dulà.

**Dramaturgo, ga.** m. y f. Mangdudulâ.

**Duda.** f. Álinlangan; pagaalangán.

**Dudar.** n. Magálinglangan; magálangán. || a. Pagalinlanganan; huwág paniwalàan.

**Dudoso, sa.** adj. Ang may álinlangan; ó ang nagáalangán. || Maalinlangan.

**Duelo.** m. Pagaaway ó pagbababág ng dalawá, na nanggaling sa paghahamunán. || Sákit; awà; dalamhati. || Pakikidamdám sa isang namatáy. || pl. Hirap; sakunâ; ó kasiliwàang palad.

**Dueño, ña.** m. y f. May ari. || Panginoón.

**Dúeto.** m. *Mús.* Saliw ng dalawáng boses ó tugtugin.

**Dulce.** adj. Matamís. || fig. Masaráp. || fig. Malubáy; maamò; malumanay; masunurin.

**Dulcería.** f. Gawàan ng matamís.

**Dulcera.** f. Sisidlán ng matamís.

**Dulcero, ra.** m. y f. Magmamatamís. || adj. Maibigín sa matamís.

**Dulcificar.** a. Patamisín ang anomán. || fig. Palubayín; palambutín ang loób ó ugali.

**Dulcinea.** f. fig. y fam. Kasintahan; nililigawan.

**Dulzura.** f. Tamís, ó katámisan. || fig. Kasarapán. || Kabutihan; kalambután ng ugali.

**Dúo.** m. Tugtuging ináawit ó tinutugtóg ng dalawá. || Saliw.

**Duodécimo, ma.** adj. num. ord. Ikalabingdalawá.

**Duplicar.** a. Dalawahín. || Ulitin; sabihing makalawá áng anomán. || Pagibayuhin.

**Duración.** f. Laon; tagàl; kalaunan; katagalan; pananatilì.

**Duradero, ra.** adj. Matagál; malaon. || Magtatagál; maglalaón.

**Durar.** n. Tumagál; mámalagì; manatilì; lumaon; magpatuloy.

**Dureza.** f. Katigasán. || Kabagsikan; kabangisán; katigasán ng ugali. || Kapurulán; ó katigasán ng ulo.

**Duro, ra.** adj. Matigás. || fig. Malupít; balakiyót. || Mabagsík; mabangís. || Matigás ang ulo. || Maramot; maimot. || Bastós; magaspáng ang ugali. || Mapuról ang ulo.

# E



**Ebriedad.** f. Kalasingán; kalanguhán.

**Ebrio, bria.** adj. Lasíng; langó. || *de placer.* fig. Náuulól sa katuwâan.

**Ebrioso, sa.** adj. Mapaglasíng. || Malalanguhin, ó madalîng malangó.

**Eclesiástico, ca.** adj. Ang náuukol sa simbahan. || m. Parì.

**Eclipsar.** a. *Astr.* Paglahùin; hadlangán ang liwanag ng isáng tangláw ó talà sa langit ng ibáng nakakákanlóng sa kanyá at sa ating paningín. || r. Maglahò; magkulimlím. || fig. Magdilím; lumabò. || Magtagò; mawalâ.

**Eclipse.** m. *Astr.* Paglalahò; pagkukulimlím ng isáng tangláw ó talà, dahil sa pagkakapagitan ng ibá.

**Eclíptica.** f. *Astr.* Guhit ó landás na nilalakaran ng Lupà sa palibid ng Araw, na tumatagál ng isáng taón.

**Eco.** m. Alingawngáw; alituwát.

**Economía.** f. Pagtitipíd. || Kasalatán; ó kahirapan.

**Económico, ca.** adj. Matipíd. || Maarimuhanán. || Ang náuukol sa pagtitipíd.

**Economizar.** a. Tipirín; impukín. || Magtipíd; magimpók; magtipon.

**Ecuador.** m. *Astr.* Malakíng guhit na pabilóg na nálalagáy sa kabilugan ng lupà at nálalayô ng pantáy sa dalawáng polo ng Sangsinukob.

**Echar.** a. Itapon; ihagis; ibató; ipukól. || Iwaksí. || Ihulog. || Itabóy. || Ibunsód. || Isaboy. || *Agr.* Tubùan; sipután; magkaroón; gaya ng *echar flores*, magbulaklák; *echar retoños*, magusbóng. || fam. Kumain; uminóm. || r. Humigâ; umunat. || Dumaluhong. || Magbihis.

**Edad.** f. Gulang; panahóng nilakaran ng isáng tao ó hayop, mulâ ng ipanganák.

**Edición.** f. Paghahayág, ó pagpapalímbág ng isáng aklát. || Pagkálimbág.

**Edicto.** m. Utos; kautusán; pamahayag ng may kapangyarihan.

**Edificar.** a. Magtayô; magbangon ng bahay. || fig. Magpakita ng mabuting halimbawà sa ibá.

**Edificio.** m. Gusalì; ó bahay.

**Editor.** m. Nagpalimbág; tagapagpalimbág.

**Editorial.** adj. Pangulong tudlíng ng isáng pámahayagán. || Ang náuukol sa mga pagpapalimbág. || *Casa Editorial.* Bahay Pálimbagan.

**Educación.** f. Pagtuturò; paghubog sa magandáng paguugali.

**Educar.** a. Turùan; aralan. || Patnugutan; patnubayan. || Palakasín ang katawán sa pamagitan ng pagsasanay. || r. Magaral.

**Efectivo, va.** adj. Tunay; totoó.

**Efecto.** m. Nangyari; pinangyarihan; kinálabasán. || *For.* Bisà ng kautusán.

**Efectuar.** a. Gawín; yarìin; ganapín ang anomán. || r. Mangyari; mátuloy.

**Efemérides.** f. pl. Aklát ó talàang kinásasaysayán ng nangyayari sa arawaraw.

**Efervescencia.** f. Silakbóng malabis ng dugô. || fig. Kaligaligan; pagiinit ng kalooban.

**Eficacia.** f. Bisà; bagsík; lakás; kapangyarihang gumawâ.

**Eficaz.** adj. Mabisà; malakás; maalab; masidhî; mabagsík.

**Efigie.** f. Larawan.

**Efímero, ra.** adj. Ang nagtatagál ng isáng araw lamang. || Saglít; sandalî; dî nagtagál.

**Egoismo.** m. Malabis, ó masaguwâng pagibig sa kagálingang sarili.

**Egoista.** f. Ang walâng sinisikap ó tinitingnán kundî ang kagálingang sarili.

**Egregio, gia.** adj. Marangál; marilág; bunyî; dakilà.

**Eje.** m. Bakal ó kahoy na pahaláng, na inilalagáy sa gitnâ upáng inugan ó ikitan.

**Ejecución.** f. Paggawâ; pagganáp. || Pagbitay. || *For.* Pagsamsám ng mga pagaarì ng isáng may utang upáng makabayad.

**Ejecutar.** a. Gawín; ganapín; tupdín; yarìin. || Bitayin ang isáng salarín. || *For.* Samsamín ang pagaarì ng may utang upáng makabayad.

**Ejecutivo, va.** adj. Biglâan; mádalìan sa paggawâ ó pagganáp ng anomán. || *Pol.* PODER EJECUTIVO Kapangyarihang Taganáp, ó Tagapagpaganáp.

**Ejecutor, ra.** m. y f. Ang gumagawâ; ó gumaganáp ng anomán.

**Ejemplar.** adj. Huwarán; parisán; ulirán sa mabuting paguugali. || Sipì; salin.

**Ejemplo.** m. Halimbawà; halintulad. || Gawâ ó ugalìng dapat huwarán ó parisan.

**Ejercer.** a. Manupád; gumanáp ng isáng katungkulan. || Tupdín; ganapín ang anomán.

**Ejercicio.** m. Pagtupád; pagganáp. || Hanapbuhay; katungkulan; panunungkól. || Pagsasanay. || Pagpapalakás. || *Mil.* Pagsasanay ng hukbó.

**Ejercitar.** a. Magsanay sa isáng hanapbuhay ó katungkulan. || Sanayin ang sinomán sa pagaaral ng anománg bagay.

**Ejército.** m. Hukbó.

**El.** art. m. Ang. Ejemplos: *El libro*, ang aklát; *el perro*, ang áso.

**Él.** pron. pers. m. Siyá. Ejemplo: *El y Pedro son amigos*, siyá at si Pedro ay magkaibigan.

**Elaboración.** f. Paggawâ; pagyarì.

**Elaborar.** a. Gawín; yarìin ng buông linis ang anomán, lalò na ang mga metal. || Ihandâ ang mga unang sangkáp na gagamitin sa alinmáng gawâ.

**Elección.** f. Paghahalál; pagpilì. || Hálalan.

**Electivo, va.** adj. Ang ginagawâ ó dinaraán sa paghahalál. || Halál.

**Electo.** m. Ang halál; ná halál; ó nápahalál.

**Elector.** m. Manghahalál; naghahalál.

**Electricidad.** f. Elektrisidad; ó dagitáb.

**Electricista.** adj. Ang maalam ng elektrisidad.

**Elegancia.** f. Kainamang magsalitâ. || Karikitan; kagandahan; kakisigan.

**Elegante.** adj. Marikít; magandá. || Makisig. || Mainam magsalitâ.

**Elegir.** a. Ihalál; pilìin. || Maghalál; pumilì. || r. Máhalál; mapilì.

**Elemental.** adj. Pangunа; pángunahín; pamulâ; pasimulâ ng mga dunong at sining.

**Elemento.** m. pl. Ang mga pángunahín; pásimulâ; ó saligán ng mga karunungan.

**Elevación.** f. Pagtataás. || Tayog; kataasán. || fig. Pagkataás sa tungkól. || Kapalalùan. || Kadakilàan.

**Elevado, da.** adj. Mataás; matayog. || fig. Dakilà.

**Elevar.** a. Itaás. || fig. Itanyág; ó itaás sa tungkól ang sinomán. || r. Mawalán ng ulirat. || Magpalalô. || r. Pailangláng.

**Elocuencia.** f. Katatasán; kaayahang magsalitâ.

**Elocuente.** adj. Matatás; maayang magsalitâ.

**Elogiar.** a. Purihin; ó papurihan.

**Elogio.** m. Pagpuri; ó pagpupuri sa kanino man.

**Ella.** pron. pers. f. Siyá. Ejemplo: *Ella es buena y hermosa*, siyá ay mabuti at magandá.

**Ello.** pron. pers. neut. Siyá; yaón.

**Ellos, ellas.** pron. pers. pl. Silá.

**Emanar.** n. Magbuhat; manggaling; magmulâ ang isáng bagay sa ibá.

**Embajador.** m. Sugò; kinatawán.

**Embalaje.** m. Pagbabastâ; pagpapaldó. || Balot ng mga kalakal.

**Embalar.** a. Balutin; ó ibastâ ang kalakal.

**Embarazada.** adj. y s. f. Buntís.

**Embarazo.** m. Abala; balakíd, kapinsalàan. || fig. Kabuntisán.

**Embarbecer.** n. Magkabalbás, ó tubùan ng balbás.

**Embarcación.** f. Sasakyán; daóng. || Paglulan, ó pagsakáy. || Panahóng itinagál ng isáng paglalayág.

**Embarcadero.** m. Doongán.

**Embarcar.** a. Ilulan; isakáy ang anomán sa daóng. || r. Sumakáy; lumulan.

**Embarco.** m. Pagsakáy; paglulan sa daóng ng mga tao.

**Embargar.** a. Ilitín; embarguhín; samsamín ang anomán. || Abalahin. || Hadlangán; sansalàin.

**Embargo.** m. Pagilít; pagsamsám ng ari. || Dî pagkátunaw ng kinain. || *Sin embargo.* m. adv. Gayón man.

**Embarnizar.** a. Barnisán.

**Embarque.** m. Paglulan, ó pagsasakáy sa daóng ng mga kalakal.

**Embarrar.** a. Putikan; ó kapulan ng putik.

**Embarrilar.** a. Ipasok ó isilíd sa bariles ang anomán.

**Embate.** m. Simpók na 'malakás ng alon. || Paghandulong.

**Embaucar.** a. Dayàin; linlangín; upatán; lamuyutin.

**Embaular.** a. Isilíd sa baúl ang damít. || fig. y fam. Kumain ng totoóng marami.

**Embeber.** a. Hititín; sipsipín; higupin ang anománg bagay na lusáw, gaya ng paghitít ng espongha sa tubig.

**Embelesar.** a. Pamanghâín; patigilin ang loób. || r. Mamaáng; mátigilan ang loób.

**Embeleso.** m. Pagkamanghâ; pagkamaáng; pagtatataká.

**Embellecer.** a. Pagandahín; parikitín. || r. Gumandá; uminam.

**Embellecimiento.** m. Pagpapagandá; pagpaparikít.

**Embestida.** f. Paghandulong; paglaban; pagdaluhong.

**Embestir.** a. Handulungin; banggâín; lusubin; daluhungin; labanan.

**Embetunar.** a. Bitunán.

**Emblandecer.** a. Palambutín. || r. Lumambót.

**Emblanquecer.** a. Paputîín. || r. Mamutî.

**Emblema.** f. Tandâ, ó sagisag na naglalarawan ng anomán.

**Embocar.** a. Isubò sa bibíg ang anomán.

**Embolsar.** a. Ipamulsá; ó isilíd sa bulsá ang salapî ó anomán.

**Embolso.** m. Pamumulsá; ó pagsisilíd sa bulsá.

**Embornal.** m. Butas na pálabasan ng tubig; páagusan.

**Emborrachar.** a. Lasingín; languhín. || r. Maglasíng; maglangó. || Malangó.

**Emboscada.** f. Pagabáng sa kapuwà sa poók na kanlóng. || *Mil.* Hukbóng nagaabáng sa kaaway.

**Emboscar.** a. *Mil.* Iabáng ó ibakay ang isáng hukbó sa kanlóng na lugál. || r. Masok sa kagubatan.

**Embotellar.** a. Isidíd sa bote ang alak ó anománg bagay.

**Embravecer.** a. Pabangisín; pagalitin. || n. fig. Lumagô ang halaman. || r. Bumangís; magalit; mapoót.

**Embriagar.** a. Lasingín. || r. Maglasíng; malasíng. || fig. Mawalán ng diwà.

**Embriaguez.** f. Kalasingán; kalanguhán. || fig. Pagkasirà ng isip.

**Embrollar.** a. Guluhín; siràin ang kaayusán ng mga bagay.

**Embrollo.** m. Guló; kaguluhán ng mga bagay.

**Embromar.** a. Birùin; aglahìin.

**Embrutecer.** a. y. r. Magpakahayop; magugalì, kumilos ó gumawâ ng parang hayop.

**Embrutecimiento.** m. Pagpapakahayop; gawâ ó kilos na tulad sa hayop.

**Embudo.** m. Balisungsóng; ó imbudo. || fig. Dayà; laláng.

**Embuste.** m. Kasinungalingan.

**Embustero, ra.** m. y f. Sinungaling; bulaán; solopikà.

**Embutir.** a. Siksikán; saksakán; palpalán. || Ilapat; ilagáy sa loób ang isáng bagay sa ibá.

**Emigración.** f. Pangingibáng bayan; ó pagalís sa sariling bayan upáng tumahán sa

ibá. || Katipunan ng mga nangingibáng bayan.

**Emigrar.** n. Mangibáng bayan; umalís sa kanyáng bayan upáng tumahán sa ibáng lupà.

**Eminencia.** f. Kataasán ng lupà. || fig. Kadakilàan; karangalan. || Taás ng pagiisip.

**Eminente.** adj. Mataás; matayog. || fig. Dakilà; litáw.

**Emisario.** m. Pasugò; tagapamalità.

**Emitir.** a. *Com.* Ikalat ó ilaganap ang mga salapîng papel ó *papel de banco.* || fig. Ipahayag; ó isaysáy ang sariling boto ó pasiyá.

**Emoción.** f. Kabalisahán; kaligalîgan. || Pagkabalisa; pagkaligalig.

**Emolumento.** m. Pakinabang; bayad ó upang tinátanggáp sa isáng tungkól, bukód sa talagáng sahod. Lalòng ginagamit sa plural.

**Empacho.** m. Hiyâ; pagkaumíd; pagkalitó. || Abala; sagabal. || *de estómago.* Dî pagkatunaw ng kinain.

**Empalagar.** a. Makasuyà; ó makasunók ang alinmáng pagkain. || fig. Makapagod; makagalit; makamuhî. || r. Masunók; masuyà. || fig. Magalit; mayamót.

**Empalago.** m. Suyà; sunók.

**Empalar.** a. Durùin; tuhugin; ó ilagáy sa isáng tuhugán.

**Empañar.** a. Balutin sa lampín ang sanggól; ó lampinán. || Padilimín; labùan. || fig. Dungisan ang sariling puri ó ang sa ibá.

**Empapar.** a. Pigtâín; tigmakín ang anomán sa tubig ó sa anománg bagay na lusáw. || r. Mapigtâ; matigmák. || Maempatsá.

**Empapelar.** a. Balutin ng papel ang anomán. || Papilán; ó diktán ng papel ang alinmáng bagay.

**Empaquetar.** a. Balutin; ibastâ; ó pakitihin ang anomán.

**Emparejar.** a. Ipantáy; ó pantayín. || Iagapay ang isáng bagay sa ibá. || n. Máagapay; másiping na mápantáy sa isáng náuuná. || Magkaparis ang dalawáng bagay.

**Empatar.** a. Pagpatasin; ó pagpantayín ang bilang ng mga boto. || r. Magkapatas; ó magkapantáy ang bilang ng mga boto.

**Empate.** m. Pagkakápatas; ó pagkakapantáy ang dami ng boto.

**Empedernir.** a. Patigasíng parang bató. || r. Tumigás na parang bató.

**Empedrado.** m. Latag na bató sa lupà na sadyâng inilagáy at iniayos.

**Empedramiento.** m. Paglalatag ng bató sa lupà.

**Empedrar.** a. Latagan ang lupà ng mga batóng hanáyhanáy at ugpóngugpóng.

**Empeine.** m. Pusón. || Buni. || *del pié*. Bubóng ng paá

**Empelar.** n. Magkabalahibo; ó tubùan ng balahibo.

**Empellar.** a. Itulak; ipagtúlakan.

**Empellón.** m. Tulak. || Sulong.

**Empeñar.** a. Isanglâ. || Pilitin; pigipitin. || Ipamagitan; ipakiusap ang sinomán. || r. Magkáutang. || Magpumilit; magsumakit. || Makiusap; mamagitan.

**Empeño.** m. Pagsasanglâ. || Pagsusumakit; pagpupumilit. || Tiyagâ; pagtatamán. || Pamamagitan; pakikiusap. || Tagapamagitan.

**Empeorar.** a. Pasamâíng lubhâ. || n. y r. Lumubhâ; sumamâng lalò.

**Empero.** conj. advers. Ngunì; datapuwâ.

**Empezar.** a. Mulán; simulán; pasimulán. || n. y. r. Magmulâ; magsimulâ.

**Empinar.** a. Itayô; itindíg; ibangon ng patuwíd ang anomán. || r. Tumiyad. || fig. Mamukód sa taás ang punò ng kahoy, bundok, at ibá pa.

**Emplastar.** a. Tapalan; ó implastuhán. || r. Magtapal; ó magimplasto.

**Emplasto.** m. Tapal; ó emplasto.

**Emplástrico, ca.** adj. Malagkít; naninikít.

**Empleado, da.** s. y adj. Kawaní.

**Emplear.** a. Ipasok ang sinomán. || Bigyán ng hanapbuhay ó katungkulan. || Iukol; ilagáy. || r. Mápasok; gumawâ.

**Empleo.** m. Pagpapasok; ó pagbibigáy ng hanapbuhay ó katungkulan. || Paguukol; paglalagáy. || Katungkulan; tungkulin; hanapbuhay.

**Empobrecer.** a. Papaghirapin ang buhay ng sinomán. || n. y r. Maghirap.

**Empobrecimiento.** m. Pagpapadukhâ. || Paghihirap.

**Empollar.** a. Humalimhím. || Magpapisâ; ó magpasisiw. || r. Magíng sisiw ang itlóg.

**Emprender.** a. Mulán; ó simulán ang anománg bagay.

**Empresa.** f. Munakalà; ó panukalàng lubhâng mahirap gawín. || Layon; balak; akalà. || Samahán sa pángangalakál.

**Empréstito.** m. Pagpapahirám; pagpapautang. || Utang.

**Empujar.** a. Itulak; isulong. || fig. Ialís ang sinomán sa lu-

gál na kinálalagyán. || r. Magtulakán.

**Empuje.** m. Tulak; pagtulak.

**Empujón.** m. Tulak na malakás.

**Empuñadura.** f. Puluhán; ó tatangnán ng alinmáng sandata. || fig. Ang punò ó pasimulâ ng isáng talumpatì ó salitâ.

**Empuñar.** a. Hawakan, ó tangnán sa puluhán ang sandata ó anománg bagay.

**Emulación.** f. Ganyák ó panaghilì ng loob tungkól sa nasàng tumulad at lumalò pa sa ibá.

**Emular.** a. Gagarín ó parisan ang mga gawâ ng ibá sa nasàng pantayán at higitán pa siyá. Karaniwang gamitin sa mabuting kahulugán.

**Émulo.** m. Kaagáw; katalo; kalaban; kaaway. Sa pagtulâ ay ginágamit itó sa mabuting kahulugán.

**En.** prep. Sa. Ejemplos: *Vivo* EN *Tondo, tumitirá akó* SA *Tundó;* EN *Mayo iré á París,* SA *Mayo ay pasasa París akó.*

**Enaguas.** f. Damít na pangloób ng mga babae; ó naguwás.

**Enajenar.** a. Ibigáy; ó ilipat sa ibá ang pagaarì. || fig. Tulaláin. || r. Mawalán ng diwà.

**Enaltecer.** a. Purihin; itaás; ibunyî. || r. Mábunyî; mátaás; mádakilà.

**Enamoradizo, za.** adj. Masintahin; mairugín; magiliwín.

**Enamorado, da.** adj. Naninintá; nangingibig; umiirog.

**Enamoramiento.** m. Panintá; pangingibig. || Pagliligáw.

**Enamorar.** a. Sintahín; ibigin; irugin; giliwin. || Ligawan, || r. Sumintá; umirog. || Magsintahan; magíbigan.

**Enano, na.** adj. Ang muntî ó mababà sa kanyáng hugis na karaniwan. || m. y f. Ang taong lubhâng pandák; ó enano.

**Enarbolar.** a. Iwagaywáy; ó iladlád ang bandilà ó estandarte.

**Enardecer.** a. Paginitin; pasiglahín; pagalabin; papagningasin. || r. Sumiglá; maginit; magalab; magningas.

**Enardecimiento.** m. Pagiinit; pagaalab; pagniningas.

**Enastar.** a. Lagyán ng puluhán ó tagdán ang alinmáng sandata, at ibá pa.

**Encabellecerse.** r. Tubùan ng buhók; ó magkabuhók ang ulo.

**Encabezamiento.** m. *Adm.* Talâán o listahan ng mga namamayan. || Ulo ó pamagát ng alinmáng sinulat.

**Encabezar.** a. Isulat ó italâ ang isáng tao ó namamayan. || Lagyán ng pamulâ ó pama-

gát ang isáng kasulatan ó sinulat.

**Encadenamiento.** m. Pagtatanikalâ. || Pagkakákawíng ng mga bagay.

**Encadenar.** a. Itanikalâ; ó kadenahan. || fig. Ikawíng; iugnáy; idugtóng ang isáng bagay sa ibá. || Supilin; sakupin; inisín; bihagin ang kalooban ng isá.

**Encajar.** a. Iagpáng; ilapat; isuksók ang isáng bagay sa ibá. || Kulungín; ó ipaloób sa alinmáng lugál. || r. Sumuót sa masikíp ang sinomán.

**Encaje.** m. Pagkakapaloób ng isáng bagay sa ibá. || Pagkakaagpáng; pagkakálapat ng dalawáng bagay. || Engkahe; ó damít na may lilok.

**Encajonar.** a. Isilíd ó itagò sa kahón ang anomán. || r. Mápasok ó málagáy sa isáng masikíp na lugál.

**Encalvecer.** n. Manglugas ang buhók. || Mapanot; makalbó.

**Encallar.** n. Masadsád; ó mabará ang sasakyán.

**Encallecer.** n. Magkalipák, ó tubùan ng lipák.

**Encaminar.** a. Ipatnugot; ipatnubay; iturò ng daán. || fig. Itungo; itumpá; ilagáy ang buông pagsusumikap sa ikatatamó ng linalayon. || r. Tumumpá; patungo.

**Encandilar.** a. Makasilaw ang pagkakálapít sa matá ng kandilà. || r. Masilaw.

**Encanecer.** n. Magkauban. || Magkaamag. || Tumandâ.

**Encantar.** a. Gumawâ ng mga kababalagháng kahangàhangà. || fig. Makahalina ng loób dahil sa kainaman ó kagandahan.

**Encarar.** a. Iharáp ang sandatang apóy sa kanino man. || Balàan. || Tingnán ng masamâng tingín. || r. Magkahárapan. || Mangahás.

**Encarcelación.** f. Pagpiít; pagbibilanggô.

**Encarcelar.** a. Piitín; ibilanggô; kulungín.

**Encarecer.** a. Taasán ang halagá; mahalán ang isáng kalakal. || fig. Pakápurihin; ó palakhín ang isáng bagay. || Itagubilin, ó ipakiusap na totoó ang anomán. || n. y r. Mamahál; mátaas ang halagá.

**Encargado.** m. Kátiwalà.

**Encargar.** a. Ipagbilin; itagubilin. || Ihabilin; ipagkátiwalà. || r. Mamahalà; ó magbahalà sa paggawâ ng anomán. || Manungkulan; ó tumanggáp ng katungkulan.

**Encargo.** m. Bilin; habilin; tagubilin. || Pagbibilin. || Katungkulan.

**Encarnación.** f. Paglilihí; ó pagkakatawáng tao.

**Encarnado, da.** adj. Pulá; ó mapulá.

**Encarnar.** n. Magkalamán ang sugat kung nababaháw na. || Magkatawáng tao.

**Encarnecer.** n. Magkalamán; ó tumabâ.

**Encenagarse.** r. Mabalahô; málublób sa putik. || fig. Magpakagumon sa bisio.

**Encender.** a. Pagningasin; papagalabin. || Susuhan; sindihán. || fig. Papaginitin; ó papagalabin ang loób ng sinomán. || r. Magningas; magalab; maginit.

**Encendimiento.** m. Pagaalab; pagniningas. || fig. Init ó siglá ng pagnanasà.

**Encerar.** a. Pagkitán ang isáng bagay. || Mansahán ng pagkít.

**Encerrar.** a. Kulungín; itagò. || fig. Ipalamán; ipaloób. || r. Magkulóng. || Mákulóng. || fig. Lumigpít sa mundó.

**Encía.** f. Gilagid.

**Enciclopedia.** f. Katipunan ng lahát ng karunungan; ó karunungang pangsangdaigdíg.

**Encierro.** m. Pagkukulóng. || Pagkákulóng. || Pagkáligpít. || Ligpitan; ó kúlungan. || Bilanggùang masikíp.

**Encima.** adv. l. Sa ibabaw; sa itaás. || adv. m. Bukód; patong.

**Encinta.** adj. Buntís.

**Enclavar.** a. Ipakò; itirik; itulos. || fig. Tuhugin.

**Enclocar.** n. y r. Humalimhím; lumimlím.

**Encoger.** a. Papangurungin; pakuyumpisín. || fig. Pahinàin ang loób. || r. Mangurong; manguyumpís. || fig. Mákimì; maduwág.

**Encogimiento.** m. Pangungurong; pangunguyumpís. || fig. Kakimìan; kamangmangán.

**Encojar.** a. Pilayin ang sinomán. || r. Mapilay. || fig. Magkásakít; ó magsakitsakitan.

**Encolar.** a. Idíkít ng kola ang isáng bagay sa ibá.

**Encolerizar.** a. Galitin; pootín; magpagalit. || r. Magalit; mapoót.

**Encomendar.** a. Itagubilin; ihabilin; ipagbilin; ipagkátiwalà. || r. Magkatiwalà sa ibá ng anomán.

**Encomiar.** a. Purihin; ibunyî; papurihan.

**Encomienda.** f. Bilin; tagubilin.

**Encomio.** a. Pagpuring taós sa pusò.

**Enconar.** a. Papagnaknakín; papamagâín ang sugat. || fig. Pagalitin; pasamâín ang loób. || r. Magnaknák; mamagâ.

**Encono.** m. Poót; galit; bigát ng loób.

**Encontrar.** a. Salubungin. || Mátagpùan. || n. Másalubong. || r. Magkásalubong; magkabunggô. || Magkasumpóng; magkita; magkatagpô. || Magkalaban; magkaalít.

**Encontrón.** m. Sagupà; bunggô; umpóg; banggâ; salpók.

**Encorajar.** a. Patapangin; palakasín ang loób. || r. Mapoót; magalit.

**Encordar.** a. Bagtingán; ó kuwerdasán ang panugtóg ó instrumento.

**Encordelar.** a. Lubiran; ó talìan ng lubid ang anomán.

**Encorecer.** a. Bahawín; ó papagbalatín ang sugat. || r. Mabaháw ang sugat.

**Encortinar.** a. Pamutihan ng mga panabing ó kortina.

**Encorvar.** a. Baluktutín; hubugin; ibalikukô. || r. Bumaluktót; bumalikukô. || Yumukô; mahukót.

**Encovar.** a. Ipasok sa yungíb. || Isilíd sa lunggâ ó guwáng ang anománg bagay. || r. Paloób sa yungíb. || Magtagò.

**Encrasar.** a. Palaputin ang anománg lusáw ó malabnáw. || r. Lumapot.

**Encrespadura.** f. Pagkukulót ng buhók.

**Encrespamiento.** m. Panindíg ng buhók dahil sa takot ó gulat.

**Encrespar.** a. Kulutín ang buhók.

**Encrudecer.** a. Hilawín; patigasín. || fig. Pagalitin; pasaklapín ang loób. || r. Tumigás; mahilaw. || fig. Sumakláp ang loób.

**Encruelecer.** a. Pabagsikín; pabangisín sa udyók ang sinomán. || r. Bumagsík; bumangís; maglupít.

**Encuadernación.** f. Pagbabalát ng aklát ó libró. || Ang sapín ó takíp na balát. || Bálatan ng aklát.

**Encuadernador.** m. Mangbabalát ng aklát.

**Encuadernar.** a. Balatán ang aklát ó libró. || fig. Pagisahín ang mga kalooban.

**Encubrimiento.** m. Paglilingíd; pagkakanlóng ng anomán.

**Encubrir.** a. Ilingíd; ikanlóng; itagò; ikailâ; ilihim; pagtakpán.

**Encuentro.** m. Pagsalubong. || Pagkátagpô; ó pagkátuklás. || Banggâan; umpugan; bunggô. || Pagkakásalubong; pagkakátagpô. || Paglaban; pagsalangsáng.

**Encuitarse.** a. Magpighatî; mahapis; magdalamhati.

**Encumbrado, da.** adj. Matayog; mataás. || fig. Bunyi; dakilà.

**Encumbrar.** a. Itaás; itayog; italuktók. || Purihin; ibunyî; padakilàin. || n. Pumaituktók, ó manhík sa taluktók. || r. Magpalalô; magmataás; maghambóg.

**Encunar.** a. Iduyan ang sanggól.

**Encharcar.** a. Apawan ng tubig ang isáng lugál. || r. Mapunô ng tubig ang isáng poók. || Málublób sa putik.

**Endeble.** adj. Mahinà. || Marupók.

**Endeblez.** f. Kahinàan. || Karupukán.

**Endecha.** f. *Poét.* Panambitan; ó isáng awit na malungkót at mapanaíng.

**Endentecer.** n. Tubùan ng ngipin ang batà.

**Enderezamiento.** m. Pagtutuwíd ng anománg baluktót.

**Enderezar.** a. Tuwirín; ó ituwid ang baluktót. || fig. Pamahalàang mabuti ang anomán. || n. Tumungong tápatan sa isáng lugál. || r. Tumuwíd.

**Endosar.** a. *Com.* Ilipat sa ibá ang isáng bale ó pagaré. || Isalin; ó ilipat sa ibá ang isáng gawâ ó anomán.

**Endoso.** m. *Com.* Ang isinusulat sa isáng bale ó pagaré upáng ilipat sa ibá. || Paglilipat sa ibá ng tinurang bale ó pagaré. || Pagsasalin sa ibá ng isáng gawàin ó anománg bagay.

**Endulzar.** a. Tamisán; ó patamisín ang anomán. || fig. Luwagán; ó pagaanín ang isáng gawâ. || r. Tumamís.

**Endurecer.** a. Patigasín. || fig. Palakasín ang katawán upáng iukol sa paggawâ. || r. Tumigás. || fig. Tumibay ang katawán. || Bumagsík.

**Enemigo, ga.** adj. Kaaway; kaalít; kalaban; katalo.

**Enemistad.** f. Pagkakaalít; pagkakasirâ; pagkakasamâan ng loób.

**Enemistar.** a. Pagkaalitín; pagawayin. || r. Magkaalít; magkasirâ; magtániman.

**Energía.** f. Lakás; bisà; ó bagsík na magutos ó gumawâ. || Tigás ng loób; tapang.

**Enérgico, ca.** adj. Mabisà; mabagsík; ó may lakás. || Matapang; matigás ang loób.

**Enervar.** a. Pahinàin; ó alisín ang lakás ng katawán. || fig. Pahinàin ang mga pagmamatuwíd ng kalaban. || r. Manghinà; mawalán ng lakás.

**Enfadadizo, za.** adj. Mayamutin; magagalitín. || Masungit.

**Enfadar.** a. Yumamót; magpagalit. || r. Mayamót; mabagót; mamuhî; magalit.

**Enfado.** m. Yamót; bagót; muhî; galit.

**Enfadoso, sa.** adj. Nakayayamót; nakamumuhî; nakagagalit.

**Enfardar.** a. Magbastâ; ó magpaldó.

**Enfermar.** n. Magkasakít; magkaramdám. || a. Papagkasaktín. || fig. Pahinàin ang katawán.

**Enfermedad.** f. Sakít; damdám; karamdaman. || fig. Alinmáng bisio ó masamâng hilig.

**Enfermería.** f. Silíd ó bahay na kinálalagyán ng mga may sakít

**Enfermero, ra.** m. y f. Tagapagalagà ng may sakít.

**Enfermizo, za.** adj. Masasaktín.

**Enfermo, ma.** adj. May sakít; may damdám. Ginágamit ding substantivo.

**Enfilar.** a. Ihanáy; ihalayháy ang anomán.

**Enflaquecer.** a. Papayatín; payayatin ang sinomán. || fig. Pahinàin ang katawán. || n. y r. Mangayayat. || Manghinà. || fig. Mahilo; mawalán ng loób.

**Enflaquecimiento.** m. Pangangayayat.

**Enfocar.** a. Tudlâin ang larawan ng isáng tao ó bagay ng isáng lente ó panglarawan.

**Enfranquecer.** a. Palayàin.

**Enfrascar.** a. Isilíd sa praskó ang anomán.

**Enfrente.** adv. l. Sa tapát; sa haráp.

**Enfriamiento.** m. Paglamíg; ó pagpapalamíg ng anomán.

**Enfriar.** a. Palamigín. || fig. Bawahan; ó patamlayín ang init ó pusók ng mga nasà ng pusò. || r. Lumamíg.

**Enfurecer.** a. Pagalitin. || r. Magalit; mapoót.

**Engalanar.** a. Pamutihan; gayakán; hiyasán. || r. Magpamuti; maghiyás.

**Engañador, ra.** s. y adj. Magdarayà.

**Engañar.** a. Dayàin; limangín. || Dumayà; lumimáng. || r. Mádayà; malimáng; maniwalà sa hindî totoó. || Magkamalî.

**Engaño.** m Dayà; limáng. || Pagdayà; pagkálimáng.

**Engañoso, sa.** adj. Nakadadayà; nakalilimáng. || Sinungaling; bulaán.

**Engastar.** a. Kalupkupán; ó engastehán. || Magkalupkóp; magengaste.

**Engaste.** m. Pagkakálupkóp; pageengaste.

**Engendrar.** a. Paramihin; pakapalín ang anomán. || Likhâín; papaganakín; papamungahin. || fig. Magíng dahilán; pagbuhatan; panggalingan. || r. Málikhâ.

**Engolfar.** n. y r. *Mar.* Mápalaot sa dagat ang isáng sasakyán.

**Engordar.** a. Patabâín; magpatabâ. || n. y r. Tumabâ. || fig. y fam. Yumaman.

**Engrandecer.** a. Lakhán; ó palakhín ang anomán. || Purihin; pasagwâín. || fig. Padakilàin; ibunyî; itaás ang sinomán. || r. Lumakí. || fig. Mabunyî; madakilà.

**Engrandecimiento.** m. Pagpapalakí; pagdaragdág. || Pagpapalabis; pagpapasaguwâ ng anomán. || fig. Pagkadakilà; pagkataás sa katungkulan ng sinomán.

**Engreimiento.** m. Kahambugán; kapalalùan. || Pagpapalalô; paghahambóg.

**Engreir.** a. Pahambugín; pagpalalùin. || r. Maghambóg; magpalalô; magmataás.

**Engrosar.** a. Kapalán; lakhán ang anománg bagay. || fig. Damihan; dagdagán ang isáng hukbó, pulutóng, at ibá pa. || n. y r. Kumapál.

**Engrudo.** m. Atole; pangdikít.

**Engullir.** a. Luluning dalîdalî at huwág nang nguyâín ang pagkain.

**Enhastiar.** a. Makasuyà; makayamót; makamuhî. || r. Masuyà.

**Enhebrar.** a. Hiblahán; sulután ng sinulid ang karayom. || Tuhugin; ó magtuhog ng kuwintás.

**Enherbolar.** a. Lasunan; ó lagyán ng lason ang sibát, at ibá paug patalím.

**Enhilar.** a. Sulután ng sinulid ang karayom. || Tuhugin ng sinulid ang kuwintás at ibá pa.

**Enhorabuena.** f. Batì; pakikilugód.

**Enigma.** f. Talinghagà.

**Enigmático, ca.** adj. Matalinghagà; mahiwagà.

**Enigmatizar.** a. Talinghagàin. || n. Tumalinghagà.

**Enjabonar.** a. Sabunín.

**Enjambre.** m. *Agr.* Kawan ng pukyutan. || fig. Karamihan ng tao ó bagay.

**Enjaular.** a. Ilagáy sa haula ang anomán. || fig. y fam. Kulungín; ibilanggô ang sinomán.

**Enjoyar.** a. Hiyasán. || fig. Pamutihan; painamin; parikitín. Lagyán ng mahahalagáng bató ang isáng hiyás.

**Enjuagar.** a. Hugasan ang bibíg, ó linisin ang ngipin. || Banlawán. || r. Magmumog,

**Enjuagatorio.** m. Pagmumumog; ó paghuhugas ng bibíg.

**Enjuague.** m. Pangmumog.

**Enjugar.** a. Patuyùin ang anomán, lalò na ang basâng damít. || Pahirin ang pawis ó luhà. || r. Matuyô; magpahid ng pawis.

**Enjuto, ta.** adj. Tuyô; tigáng. || Payát; patpatin.

**Enlace.** m. Pagsasama; paglalakip. || Pagkakákabít; pagkakákawit. || fig. Pagkakámaganak. || Pagaasawa, ó pagkakasál.

**Enlazar.** a. Silùin; talìan ang anománg bagay. || Ikabít; ikawíng; idugtóng ang isáng bagay sa ibá. || r. Magasawa.

**Enlodar.** a. Dumhán ng putik; putikan. || r. Mapunô, ó marumhán ng putik.

**Enloquecer.** a. Ululín; baliwín; siràin ang isip. || n. y r. Maulól; mabaliw; masirà ang isip.

**Enloquecimiento.** m. Paguról. || Pagkáulól; pagkabaliw.

**Enlucir.** a. Paputìin, ó pintahán ng putì ang pader. || Pakintabín; pakinangín ang pilak, sandata, at ibá pa.

**Enlustrecer.** a. Pakinisin; pakinangín; pakintabín; bulihin. || r. Kumináng; kumintáb.

**Enlutar.** a. Balutan ng luksâ; luksâán. || fig. Padilimín. || r. Magluksâ. || fig. Magdilím.

**Enmagrecer.** a. Papayatín; payayatin. || n. y r. Mamayát; ó mangayayat.

**Enmantar.** a. Kumutan; balutan ng kumot ang anomán. || r. Mamangláw: sinásabing karaniwan sa ibon.

**Enmarañar.** a. Guluhín; gusutín. || r. Magusót; maguló. || fig. Mangulimlím ang langit.

**Enmaridar.** n. y r. Magasawa, ó ikasál ang babae.

**Enmarillecerse.** r. Maniláw.

**Enmascarar.** a. Maskarahan; ó takpán ng máskara ang mukhâ. || fig. Ilingíd; itagò; ikanlóng; pagtakpán. || r. Magmáskara.

**Enmendar.** a. Ituwíd; itumpák; husayin; ayusin ang anomán. || Bayaran; tumbasán ang mga kasiràan. || Baguhin; susugan. || r. Magpakaayos; magpakahusay.

**Enmienda.** f. Susog; pagbabago ng anománg malî ó kasiràan. || Bayad, ó gantingpalà.

**Enmohecer.** a. Punín ng amag ang anomán. || r. Amagin; mapunô ng amag.

**Enmudecer.** a. Pipihin; huwág paimikín; huwág papagsalitâín ang sínomán. || n. Mapipi. || fig. Huwág umimík; huwág kumibô kung kailán dapat magsalitâ.

**Ennegrecer.** a. Paitimín ang anomán. || r. Umitím; mangitím.

**Ennegrecimiento.** m. Pagpapaitím; pangingitím ng anomán.

**Ennoblecer.** a. Padakilàin; ibunyî; itanyág ang sinomán. || fig. Pamutihan; parikitín ang isáng bayan, simbahan, at ibá pa. || Padilagín; paningningín.

**Enojadizo, za.** adj. Bugnót; magagalitín.

**Enojar.** a. Magpagalit. || r. Ma-

galit; mapoót; mamuhî; mayamót.

**Enojo.** m. Galit; poót; muhî; yamót.

**Enorgullecer.** a. Pagpalalùan. || r. Magpalalô; magkaroón ng kapalalùan.

**Enorme.** adj. Malakí; dakilà.

**Enormidad.** f. Kalakhán; kadakilàan.

**Enramada.** f. Balag. || Pamuting mga sangá ng kahoy na ginágamit sa pistá.

**Enranciar.** a. Paantahín. || r. Umantá.

**Enredadera.** f. *Bot.* Baging.

**Enredador, ra.** s. y adj. Mapanggulό. || fig. y fam. Mapagsalísalitâ.

**Enredar.** a. Silùin. || Mangdála; mamantî. || Pagugnayín; pagkawitin; guluhín. || Maglilikót; maggagaláw. || r. Magulό; magkagusótgusót. || fam. Mangalunyâ.

**Enredo.** m. Guló; gusót; kaguluhan; kagusutan. || Likót; kalikután; kagaslawán. || fig. Dayà; kasinungalingan.

**Enriquecer.** a. Payamanin. || fig. Hiyasán; pamutihan. || Padilagín; padakilàin. || n. y r. Yumaman. || Guminhawa.

**Enrojecer.** a. Papulahín; pag bagahin. || r. Pumulá; mamulá.

**Enronquecer.** a. Papamalatín; papamausin. || r. Mamalát; mamaos.

**Enronquecimiento.** m. Pamamaos; pamamalát.

**Enroscar.** a. Puluputan; likawin; kidkirín; ikirin. || r. Lumikaw; kumidkíd; pumulupot; lumingkís.

**Ensalmar.** a. Hilutin; ó iulî ang nálinsád na butó.

**Ensalzar.** a. Ibunyî; itaás. || Purihin. || r. Mábunyî; mátaás.

**Ensanchar.** a. Luwangán; laparan; lawakan; habàan. || r. Magpalalô magyabáng.

**Ensanche.** m. Pagpapaluwáng; pagpapalapad.

**Ensangrentar.** a. Dumhán, ó tigmakín ng dugô. || r. Mapunô ng dugô. || fig. Magalit ng labis sa isáng pakikipagtalo.

**Ensartar.** a. Tuhugin sa sinulid, pisì, kawad at ibá pa ang anomán, gaya ng singsíng, kuwintás, at ibá pa.

**Ensayar.** a. Subukin; tayahin; tikmán. || Sanayin; bihasahin. || Surìin; litisin; urìin. || r. Magsanay; sumubok.

**Ensaye.** m. Pagurì ng gintô, pilak at ibá pang batóng mahalagá.

**Ensayo.** m. Pagsasanay; pagsubok.

**Ensenada.** f. Lungos; ó loók ng dagat.

**Enseña.** f. Watawat; bandilà; sagisag.

**Enseñanza.** f. Aral; ó pag-aaral. || Turò; ó pagtuturò.

**Enseñar.** a. Aralan; turùan. || Iturò; ipakita; ipahayag; ipakilala. || r. Magawî; mahirati; mamihasa; maugalìan.

**Enseres.** m. pl. Mañga kasangkapan sa isáng bahay ó kawanihán.

**Ensillar.** a. Siyahán; ó lagyán nğ siyá ang kabayo.

**Ensoberbecer.** a. Pagpalalùan; ó hikayatin sa kapalalùan. || r. Magpalalô; magyabáng; maghambóg. || fig. Sumiguwá ang dagat.

**Ensordecer.** a. Binğihín. || n. Mabinğí. || fig. Huwág umimík; magbinğíbinğihan.

**Ensortijar.** a. Puluputin; kulutín ang buhók, sinulid, at ibá pa.

**Ensuciar.** a. Dumhán; dunğisan; ó mañsahán ang anománg bagay. || fig. Dunğisan ang káluluwá, kapurihán ó karanğalan nğ gawâng masamâ. || r. Madumí; ó mátaé sa damít, sa hihigán, at ibá pa.

**Ensueño.** m. Panğarap; panaginip.

**Entablar.** a. Bakuran; ó tukuran nğ tablá ang anomán. || Maghandâ; maggayák nğ anománg akalà ó hanğád. || Mulán; simulán.

**Entallecer.** n. y r. Magusbóng; magsuplíng ang halaman.

**Enteco, ca.** adj. Masasaktín; mahinà; payát. || fig. Umíd; dunğô; mangmáng.

**Entender.** a. Malalastás; matantô; mabatíd; máwatasan. || Málaman; mátutuhan; matarók; mákilala. || Akalàin; kurùin; hinagapin. || r. Magkawatasan; magkaintindihan. || Mákilala ang sarili. || Magkaalám; magkasangayon sa paggawâ nğ anomán.

**Entendido, da.** adj. Maalam; marunong; matalino.

**Entendimiento.** m. Isip; baít. || Pagiisip. || Talino; talas nğ isip.

**Entenebrecer.** a. Padilimín. || r. Dumilím.

**Enteramente.** adv. m. Buô; lubós; ganáp; tibubos.

**Enterar.** a. Isaysáy; iturò ang anománg bagay. || r. Matantô; matalastás; matatáp; maunawà.

**Enternecer.** a. Palambutín; pasariwàin. || fig. Papanglumuhín. || r. Lumambót. || fig. Maawà; mahabág; manglumó.

**Enternecimiento.** m. Panglalambót. || Panglulumó; pagkahabág.

**Entero, ra.** adj. Buô; ganáp; lubós. || Hayop na babayagín. || fig. Malakás; walâng sakít. || Banál. || Matining na loób.

**Enterramiento.** m. Paglilibíng. || Pagbabaón.

**Enterrar.** a. Ibaón. || Ilibíng. || Makipaglibíng.

**Entibiar.** a. Pagmalahiningahín ang anomán. || fig. Pahinahunin; bawahan ang pusók ng̃ kalooban. || r. Magmalahiningá; magmalakukô. || fig. Magbawa ng̃ silakbó ng̃ pusò. || Manglamíg ang pagiibigan ó pagmamahalan.

**Entierro.** m. Paglilibíng; libíng. || Líbing̃an; báunan. || Pakikipaglibíng.

**Entonces.** adv. t. Noón; niyón; nang panahóng yaón; nang pagkakataóng yaón. || adv. m. Kung gayón.

**Entontecer.** a. Ung̃asín; hang̃alín; ululín; baliwin. || n. y r. Mahang̃ál; maulól; maung̃ás.

**Entortar.** a. Baluktutín; pilipitin. || Pisakin ang matá. || r. Mabaluktót; mapilipit. || Mapisak ang matá.

**Entrada.** f. Pasukán; bung̃ad. || Pagpasok. || Katipunan ng̃ mg̃a nagsipasok sa dulàan. || Pasimulâ ng̃ isáng aklát, kasulatan, at ibá pa.

**Entrambos, bas.** adj. pl. Kapuwà; ang dalawá.

**Entrampar.** a. Patibung̃án; ó umang̃an ng̃ patibóng. || Dayàin; lalang̃ín. || Mangutang ng marami. || r. Mápatibóng. || Madayà. || Magkautang; magkautang-utang.

**Entrante.** adj. y s. Ang pumápasok; ó papasok.

**Entraña.** f. Sangkáp sa loób ng̃ katawán, gaya ng̃ pusò, bagà, atáy, at ibá pa. || pl. fig. Ang lalòng lihim at tagô. || Ubod; gitnâ. || Loób; kalooban. || Kaugalìan ng̃ isáng tao.

**Entrañable.** adj. Taós sa pusò; ó taimtím sa loób.

**Entrañar.** a. Patausín; pataimtimín. || n. Manaós hanggáng kaibuturan ng̃ pusò. || r. Umibig; ó makipagibigan ng̃ buông pusò.

**Entrar.** a. Ipasok; isilíd; ipaloób. || Ilapat; iakmâ ang isáng bagay sa ibá. || n. Pumasok. || Mulán; simulán. || Lusubin; salakayin. || r. Masok; paloób sa isáng lugál.

**Entre.** prep. Sa; sa pagitan. || *Entre tanto.* loc. adv. Samantalà.

**Entreabrir.** a. Ipuwáng; ó buksán ng̃ kalahatì ang pintô, bintanà, at ibá pa.

**Entreacto.** m. Pagitan ng̃ dalawáng yugtô ó akto ng̃ isáng dulà.

**Entrecejo.** m. Pagitan ng̃ kilay.

**Entreclaro, ra.** adj. Maliwáliwanág.

**Entrega.** f. Pagbibigáy. || Bigáy.

**Entregar.** a. Ibigáy. || *con traición.* Ipagkánulô. || r. Mábigáy. || Sumakamáy ng ibá ang anomán. || Padalá; pálulong sa anománg bagay.

**Entremedias.** adv. t y l. Sa pagitan ng dalawáng panahón ó lugál.

**Entremeter.** a. Isingit; isalít; isaglít; ipagitan ng lagáy. || r. Manghimasok, makialám. || Makisalamuhà; makilaguyò.

**Entremetido, da.** adj. Mapakialám; mapanghimasok.

**Entremorir.** n. Mamatáy mabuhay; ó mamatáy ng untîuntî, gaya ng nangyayari sa ilaw kung kinukulang ng lamán.

**Entreoir.** a. Máulinigan. || r. Makáulinig.

**Entreparecerse.** r. Manganinag; mamanaag. || Mákamukhâ; makáhawig.

**Hablar.** a. Mangusap; magsalitâ; magbadyá. || Makiusap; mamagitan sa ibá. || Kumausap; ó makipagusap. || Sabihin; salitín. || Magtalumpatì. || Pagusapan; pagsalitâan ang anománg bagay.

**Hablilla.** f. Bulungbulungan; salísalitâ; sabísabí.

**Hablista.** com. Ang mahusay at mainam magsalitâ.

**Hacedero, ra.** adj. Magagawâ; ó madalîng gawín.

**Hacedor, ra.** s. y adj. Ang gumawâ; ó may gawâ. || Ang namamahalà, ó nangàngasiwà ng isáng pagaarì. || m. *Rel.* Ang Dios.

**Hacendado, da.** s. y adj. Malupà; ó mapagaaring lupà.

**Hacendar.** a. Bigyán ó pagkalooban ng pagaaring lupà ang sinomán. || r. Bumilí ng lupà sa isáng lugál upáng panirahán.

**Hacendero, ra.** adj. Ang masikap sa ikabubuti ng kanyáng bahay at pagaarì.

**Hacendista.** m. Ang taong nagukol ng maraming pagaaral sa pangangasiwà sa kayamanang bayan.

**Hacendoso, sa.** adj. Masikap; maalagà sa pamamahay. || Masipag. || Matipíd.

**Hacenduela.** f. Muntîng pagaarì; ó ariarìan.

**Hacer.** a. Gumawâ; gawín. || Yumarì; yariin. || fig. Umisip; kumathâ. || Maglamán; maglulan. || Maká; ó makapagbigáy; gaya ng *hacer sombra, makalilim* ó *makapagbigáy lilim.* || n. Maakmâ; mábagay. || r. Lumakí; tumubò; lumagô; lumusóg ang anomán. || impers. Makaramdám; ó mangyari ang anománg náuukol sa mabuti ó masamâng panahón: gaya ng *hace calor, mainit; hace frío, malamíg.* || May; ó mag: gaya ng *hace cinco dias, may limáng araw; hará dos años, magdadalawáng taón.*

**Hacia.** prep. Dako; dapit; sa dako; sa may. || *donde.* m. adv. Saáng dako; ó dako saán.

**Hacienda.** f. Lupàng sinásakà. || Arì; ó pagaarì ng sinomán. || pl. Gawàing bahay. || *pública.* Kayamanan, ó pananalapî ng bayan.

**Hacina.** f. Mandalâ; ó salansán ng maraming bigkís na anomán.

**Hacinar.** a. Salansanín ang bigkísbigkís na anománg bagay. || fig. Ibuntón; tipunin; pisanin; itumpók.

**Hacha.** f. Kandilàng malakí na apat ang mitsá. || Palakól.

**Hachear.** a. Tapyasín ng palakól ang kahoy. || n. Magpalakol; ó palakulín.

**Halagar.** a. Amùin; amukîín. || Hibùin; himanmanín.

**Halago.** m. Amò; amukî. || Hibò; himanhiman.

**Halagüeño, ña.** adj. Nakahíhibò; nakaháhalina.

**Hálito.** m. Hiningá ng hayop. || Singáw ng anománg bagay. || *Poét.* Ang simoy ng hanging banayad at kawiliwili.

**Hallar.** a. Mátagpùan; masumpungán; mákita; mapulot. || Masdán; matyagán. || Siyasatin; usisàin. || Lumaláng; lumikhâ. || Matagpùan ang isáng bayan ó lupàín. || Mákilala; malirip. || r. Mákaharáp. || Dumoón.

**Hallazgo.** m. Pagkátagpô; pagkápulot; pagkátuklás; pagkákita. || Ang bagay na napulot ó natagpùan.

**Hamaca.** f. Duyan; hamaka.

**Hamaquero.** m. Mámamasán ng duyan; maghahamaka.

**Hambre.** f. Gutom. || Kasalatán ng pamumunga ng anománg punò ó halaman. || fig. Nasàng maalab sa anománg bagay.

**Hambrear.** a. Gutumin ang sinomán. || n. Magutom.

**Hambriento, ta.** adj. Gutóm; may gutom; ó nagugutom. || fig. Ang may nasàng maalab.

**Hambrón, na.** adj. Alisagà; pagayóngayón. Lalòng ginágamit sa substantivo.

**Haraganear.** n. Magalisagà; magpagayóngayón.

**Haraganería.** f. Kaalisagàan; pagpapagayóngayón.

**Harapiento, ta.** adj. Gulágulanít.

**Harapo.** m. Gulanít; ulapót; lawíng.

**Haraposo, sa.** adj. Gulágulanít; punítpunít; sirâsirâ.

**Harina.** f. Arina; ó gabók ng linigís na trigo.

**Harinado.** m. Ang arinang tinunaw sa tubig.

**Harinero, ra.** adj. Ang náuukol sa arina. || m. Magaariná. || Ang tagùan; ó tinggalan ng arina.

**Harinoso, sa.** adj. May arina; ó maarina.

**Harnero.** m. Bitháy.

**Hartar.** a. Busugín; sandatín; buyâín. || fig. Masiyahán; ó masunód ang nasà sa anomán. ||

r. Mabusóg; masandát; mabuyâ. || fig. Masuyà; mayamót; mamuhî.

**Hartazgo.** m. Kasandatán sa pagkain at paginóm.

**Harto, ta.** adj. Busóg; buyâ; sawâ. || Sapát; labis; saganà.

**Hartura.** f. Kabusugan; kabuyâan. || Kasaganàan; kasawâan. || fig. Pagkakamít na lubós ng anománg nasà. || Muhî; yamót.

**Hasta.** prep. Hanggán. Ejemplos: *Hasta mañana, hanggáng bukas; hasta Iloilo, hanggáng Iloilo.* || conj. cop. Patí; sampû.

**Hastío.** m. Suyà; sunók; sulukasok. || fig. Muhî; yamót.

**Haz.** m. Bigkís ng anomán. || Mukhâ. || fig. Karayagán; ó mukhâ ng damít. || *de la tierra.* Ang ibabaw ng lupà.

**Hazaña.** f. Gawâng marilág, tangì at dakilà.

**Hazmerreir.** m. Ang taong dahil sa kanyáng anyô at mukhâng kakaibá ay siyáng áliwan ó katatawanán ng marami.

**Hebilla.** f. Pang-akmâ ó panghigpít ng mga talì ng anomán; hebilya.

**Hebillero, ra.** m. y. f. Ang gumágawâ at nagbibilí ng hebilya; maghehebilya.

**Hebra.** f. Hiblá. || pl. *Poét.* Ang buhók.

**Hectárea.** f. Sukat sa kalaparan na may sangdaáng área ó kayâ'y sangpûng libong metrong parisukát; hektárea.

**Hectogramo.** m. Sukat sa panimbáng na ang bigát ay sangdaáng gramo.

**Hectolitro.** m. Sukat sa takalán na ang lulan ay sangdaáng litro.

**Hectómetro.** m. Sukat sa habà na may sangdaáng metro.

**Hechicería.** f. Pangungulam; panggagaway.

**Hechicero, ra.** m. y f. Mangkukulam; manggagaway. || fig. Ang taong dahil sa gandá, talino at mga buting tagláy niyá ay nakaáakit ó nakahháhalina ng loób ng kapuwà.

**Hechizar.** a. Mangulam; ó kulamin. || fig. Makaakit; makahalina ng loób ang gandá, inam ó mga buting tagláy ng isáng tao ó anománg bagay.

**Hechizo.** m. Kulam. || Alinmáng bagay na pangulam. || fig. Ang tao ó bagay na nakahahalina ng loób at nakaguguló ng pagiisip.

**Hecho, cha.** adj. Sanáy; bihasa; datihan. || Ganáp; lubós; magulang. || m. Gawâ; kagagawán. || Nangyari; pangyayari. || Ang bagay na pinagúusapan.

**Hechura.** f. Pagkagawâ; kayarìan. || Alinmáng bagay na gawâ ó yarì. || Ang pagkakabuô

ng̃ katawán. || Anyô; ó hitsura ng̃ anomang bagay.

**Hedentina.** f. Ang bahòng lubhâng masidhî. || Ang lugál na totoóng mabahò.

**Heder.** n. Bumahò; umang̃ís; bumantót. || fig. Makamuhî; makayamót.

**Hediondez.** f. Bahò; kabahùan. || Bagay na mabahò.

**Hediondo, da.** adj. Mabahò; mabantót. || fig. Nakamumuhî; nakayayamót. || Marumí; salaulà.

**Hedor.** m. Bahò; bantót; ang̃ís; lansá; lantót; anghít.

**Helable.** adj. Ang maáaring mamuô sa lamíg.

**Helada.** f. Pamumuô sa lamíg ng̃ anománg bagay na lusáw.

**Heladizo, za.** adj. Ang madalîng mamuô sa lamíg.

**Helado, da.** adj. Lubhâng malamíg. || fig. Tigíl; nakamanghâ; natilihan. || m. Ang alinmáng ínuming malamíg. || Sorbetes.

**Helar.** a. Papamuùin ng̃ lamíg ang anománg bagay na lusáw. || fig. Pamanghâín ang loób ng̃ sínomán. || Takutin; gulatin. || n. y r. Mamuô sa lamíg ang tubig at ibá pang bagay na lusáw. || Manglamíg.

**Hembra.** f. Hayop na babae. || Ang babae, kung tao ang pinagúusapan.

**Hemorragia.** f. *Med.* Baling̃uyng̃óy. || Pagtulò ng̃ dugô na nanggagaling sa alinmáng panig ng̃ katawán.

**Henchimiento.** m. Pamumunô; ó pagkapunô. || Pamamantóg; pamamagâ.

**Henchir.** a. Punùin; pauluhin; siksikín. || Pamantugín; pamagâín. || r. Mamunô; masiksík; mamaulo. || Mamantóg; mamagâ.

**Hendedura.** f. Biták; liták; lahang; lamat.

**Hender.** a. Baakín; sipakín; biyakín. || Pabitakín; palitakín; palahang̃in. || fig. Hawìin; daanáng sagasàin ang maraming tao. || r. Mabaák; mabiyák; lumiták; lumahang.

**Hendible.** adj. Mababaák; mabibiyák; ó maáaring lumahang.

**Hendidura.** f. Liták; biták; lamat; lahang.

**Hendimiento.** m. Pagbaák; paglahang. || Pagkabiyák.

**Heñir.** a. Masahin; ó lamasin ng̃ kamáy ang masa, gaya ng̃ ginágawâng tinapay.

**Herbáceo, cea.** adj. Ang may urì ó pagkakátulad sa damó.

**Herbazal.** m. Damuhán.

**Herbecer.** n. Gumitî ang damó sa lupà.

**Herbívoro, ra.** adj. Ang hayop, na damó ang kinákain ó ikinabúbuhay.

**Herbolario.** m. Ang taong dî nagaral ay nan̄gun̄guha at nagbibilí ng̃ mg̃a damóng panggamót. || Ang taong nanggagamót kahì't dî nagaral ó dî tunay na médiko.

**Heredad.** f. Bukid; ó lupàng sinásaka. || Mg̃a pagaaring lupà.

**Heredar.** a. Magmana; manahin. || Pamanahan; ó bigyán ng̃ mana ang sinomán. || fig. Magmana; kumuha ang mg̃a anák ng̃ mg̃a ugalì, hilig ó kilos ng̃ kanyáng magulang.

**Heredero, ra.** m. y f. Magmamana; nagmana. || fig. Ang nagmana ó nakákuha ng̃ ugalì sa kanyáng magulang.

**Hereditario, ria.** adj. Minana; manamana; ó manamanahan.

**Herencia.** f. Mana. || Pagmamana.

**Herida.** f. Sugat; iwà. || fig. Pagdustâ; pagduhagi. || Ang hirap at hapis ng̃ kalooban.

**Herido, da.** adj. May sugat; ó nasugatan. || *Mal herido.* fr. Mabigát ang sugat.

**Heridor, ra.** s. y adj. Ang sumugat, ó nanugat.

**Herimiento.** m. Pagsugat; pagiwà.

**Herir.** a. Sumugat; umiwà. || Sugatan; iwàan. || Bumugbóg; humampás; pumalò. || Matamàan ng̃ Araw ang anomán. || Tugtugín ang instrumentong may bagtíng ó kuwerdas. || fig. Akitin; bagbagín ang pusò ó káluluwá. || Dumustâ; dumuhagi sa pamagitan ng̃ salitâ. || r. Masugatan. || Magsugatán; magiwàán.

**Hermafrodita.** com. Binabaé.

**Hermanar.** a. Pagsamahin; paglakipin; pagisahín. || Pagkapatirín. || r. Magsamasama; maglakiplakip. || Magkapatiran.

**Hermandad.** f. Pagkakapatíd; ó pagkakapatiran. || fig. Pagíibigang mataós; pagkakaisá ng̃ mg̃a kalooban. || Pagkakáakmâ ó pagkakáayon ng̃ mg̃a bagay.

**Hermano, na.** m. y f. Kapatíd; kaputol. || *mayor.* Pang̃anay; ó kapatíd na matandâ. || *menor.* Bunsô; ó kapatíd na batà. || *carnal.* Kapatíd sa amá at iná. || *de leche.* Kapatíd sa gatas; ó kaagáw suso. || *de madre.* Kapatíd sa iná. || *de padre.* Kapatíd sa amá. || *político.* Bayáw.

**Hermosear.** a. Pagandahín; parikitín; painamin; padilagín. || r. Magpagandá; magpainam; magparikít; magpadilág.

**Hermoso, sa.** adj. Magandá; marikít; mainam.

**Hermosura.** f. Dikít; inam; gandá. || Karikitan; kagandahan.

**Hernia.** f. *Med.* Luslós; usós.

**Hernioso, sa.** adj. Ang may luslós; ó inúususán.

**Héroe.** m. Magitíng; bayani. || Ang taong marilág at bantóg dahil sa kanyáng mg̃a gawâng dakilà. || Ang taong nagpamalas ng̃ kanyáng kaigtingáng loób sa isáng dakilàng gawàin.

**Heroicidad.** f. Kabayanihan. || Kagitingáng gawâ.

**Heróico, ca.** adj. Bayani; magitíng; dakilà.

**Heroína.** f. Ang babaing magitíng at bunyî dahil sa mg̃a gawâ niyáng dakilà. || Ang babaing gumanáp ng̃ isáng magitíng na gawâ. || Ang babaing pang̃ulong personahe sa isáng dulà ó kathâ.

**Heroísmo.** m. Kabayanihan; kagitingán. || Gawâng magitíng at dakilà.

**Herpe.** m. Buni.

**Herpético, ca.** adj. Ang náuukol sa buni. || Búnihin.

**Herrador.** m. Mangbabakal ng̃ paá ng̃ kabayo.

**Herradura.** f. Patos na bakal ng̃ paá ng̃ kabayo. || Pagbabakal ng̃ paá ng̃ kabayo.

**Herramienta.** f. Ang kasangkapang bakal ó patalím na ginágamit ng̃ mg̃a anluwagi, pandáy, at ibá pa. || fig. y fam. Ang mg̃a ng̃ipin.

**Herrar.** a. Bakalan ang paá ng̃ kabayo. || Herohan; ó kintalán ng̃ bakal na nagbabaga ang mg̃a hayop ó kasangkapan. || Kalupkupán ng̃ bakal ang anománg bagay.

**Herrería.** f. Ang hanapbuhay ng̃ pandáy; ó pagpapandáy. || Pandayan.

**Herrero.** m. *Art. y Of.* Pandáy; magpapandáy.

**Herrín.** m. Kalawang.

**Herrumbrar.** a. Papaglasahing bakal ang anomán. || r. Maglasang bakal. || Kalawangin; ó mapunô ng̃ kalawang.

**Herrumbre.** f. Kalawang. || Lasang bakal ng̃ anomán, gaya ng̃ tubig, at ibá pa.

**Herrumbroso, sa.** adj. Kálawangín; ó kinákalawang.

**Hervir.** a. Pakulùin. || n. Kumulô; sumulák; sumubó. || fig. Magng̃alit ang dagat. || Sumilakbó; sumiglá; pumusók ang anománg nasà ng̃ loób.

**Hervor.** m. Pagkulô; pagsulák. || Kulô; sulák. || fig. Kapusukán; kasiglahán ng̃ kabatàan. || *de la sangre. Med.* Tagulabáy.

**Hervoroso, sa.** adj. Masilakbó; mapusók; mainit na loób.

**Heterogeneidad.** f. Pagkakáibáibá; ó pagkakásama ng̃ ibá't ibáng bagay ó sangkáp sa íisáng kabuùan.

**Heterogéneo, nea.** adj. Ibá-ibá; ó ang binubuô ng ibá't ibáng bagay ó sangkáp.

**Hez.** f. Latak; tining. || fig. Ang lalòng hamak at kaabâabâ ng anomán. || pl. Tae; dumí.

**Hidalgo, ga.** m. y f. Máginoó; lipìng mahál. || adj. Ang náuukol sa isáng máginoó ó lipìng mahál. || fig. Magandáng loób; marangál na ugalì.

**Hidalguía.** f. Pagkamáginoó; pagkamahál na ugalì. || fig. Kagandahan ng loób; kamáhalan ng ugalì.

**Hidráulica.** f. Karúnungang nagtuturò ng pagpapadaloy at pagpapaakyát ng tubig.

**Hidrografía.** f. Karúnungang tumutukoy sa pagsásalaysáy ng mga dagat at ng mga agos ng tubig.

**Hidropatía.** f. Paraán ng panggagamót ng tubig sa mga sakít.

**Hiel.** f. *Anat.* Apdó. || fig. Kapáitan; kasaklapán; kasamaán ng lasa. || pl. fig. Mga hirap; karuhaginan; samâ ng loób.

**Hielo.** m. Yelo; ó tubig na namuô dahil sa lamíg. || Pamumuô ng tubig dahil sa malabis na kalamigán. || fig. Panglalamíg ng loób sa anomán.

**Hienda.** f. Dumí, ó tae ng hayop.

**Hierro.** m. Bakal. || fig. Sandata; ó alinmáng kasangkapang bakal ó patalím. || Hero ng alipin, salarín ó hayop. || pl. Tanikalâ; pangáw na bakal na inilalagáy sa mga bilanggô.

**Higadillo.** m. Atáy ng ibon, isdâ, at ibá pang hayop na mumuntî.

**Hígado.** m. *Anat.* Atáy. || fig. Tapang; lakás ng loób. Lalòng ginágamit sa plural.

**Higiene.** f. Ang bahagi ng panggagamót na nagtuturò ng pagilag sa sakít ó ng pagpapabuti ng katawán.

**Higiénico, ca.** adj. Ang náuukol sa ihiene ó pagilag sa pagkakásakít.

**Higienista.** adj. Ang taong nagsusugíd ng pagaaral ng ihiene.

**Higo.** m. Bungang pangalawá ó pinakahulí ng iguera.

**Higrómetro.** m. Kasangkapang nagtatakdâ ó nagpapakilala ng kahalumigmigán ng hangin ó kayâ'y ng kasukatán ng singáw ng tubig sa alapaáp.

**Higuera.** f. *Bot.* Punò ng iguera.

**Hijastro, tra.** m. y f. Pamangkín sa pakinabang.

**Hijo, ja.** m. y f. Anák. || fig. Ang taong tubò sa isáng bansâ, lalawigan ó bayan. || Alinmáng kathâ ó bunga ng pagiisip. ||

m. Usbóng; suplíng. ‖ *adoptivo.* Ináanák; ó anák na kinupkóp lamang. ‖ *de familia.* Ang anák na nasasakupan ng magulang. ‖ *ilegítimo.* Anák sa ligaw. ‖ *legítimo.* Anák na tunay. ‖ *primogénito.* Anák na panganay. ‖ *unigénito.* Anák na bugtóng.

**Hilacha.** f. Himulmól; lamuymóy.

**Hilachoso, sa.** adj. Mahimulmól; malamuymóy.

**Hilada.** f. Hanáy; hilera.

**Hilador,* ra.** m. y f. Mánunulid.

**Hilandería.** f. Sinulirán.

**Hilandero, ra.** m. y f. Mánunulid. ‖ m. Poók na pinagsúsuliran.

**Hilar.** a. Sumulid; ó sulirin. ‖ fig. Isipin; kurùin; ó hinuhâín ang isáng bagay sa ibá.

**Hilaza.** f. Hilatsá; nutnót; hiblá.

**Hilera.** f. Hanáy; talatag; taludtód.

**Hilo.** m. Sinulid. ‖ Kawad na lubhâng manipís. ‖ fig. Pagkakáugnáy ó pagkakásunódsunód ng isáng talumpatì, ó anomán.

**Hilván.** m. Tuhog; tutos; hilbana.

**Hilvanar.** a. Tutusin; ituhog; ihilbana. ‖ fig. Gawín ó akalàin ang anomán ng biglâbiglâ at dalîdalî.

**Himeneo.** m. Kasál; pagkakasál; ó pagiisáng dibdíb.

**Himno.** m. Awit na papuri sa Dios ó sa mga banál. ‖ Tulà ó awit na parangál sa isáng taong dakilà ó sa anománg bagay na karapatdapat alalahanin.

**Hincadura** f. Pagpapakò; pagtitirik; pagtutulos ng anomán.

**Hincapié.** m. Pagsikad ng paá upáng tumatág ó magkaroón ng laban.

**Hincar.** a. Ipakò; itirik; itulos; isaksák.

**Hinchado, da.** adj. fig. Hambóg; palalò; mayabang.

**Hinchar.** a. Pamagâín; pamantugín. ‖ fig. Palakhín ang anomán. ‖ r. Mamagâ; mamantóg. ‖ fig. Magpalalô; maghambóg; magyabáng.

**Hinchazón.** f. Pamamagâ; pamamantóg. ‖ fig. Kahambugán; kapalalùan.

**Hipar.** n. Magsinók; ó sinukín. ‖ Humingal; humagak dahil sa malabis na kapaguran. ‖ fig. Magnasà ng buông higpít ng anománg bagay.

**Hípico, ca.** adj. Ang náuukol sa kabayo.*

**Hipo.** m. Sinók. ‖ fig. Hangád; pita; nasàng mahigpít. ‖ Poót; galit; muhî.

**Hipocresía.** f. Pagbabanálbanalan; pagbabalintunà.

**Hipócrita.** adj. Mapagbanál-banalan; mapagbalintunà; mapagkunuwarî. Ginágamit ding parang substantivo.

**Hipódromo.** m. Pátakbuhan ng kabayo.

**Hiposo, sa.** adj. Sinisinók; sínukin.

**Hipoteca.** f. Sanglâng lupà, bahay, ó anománg arì na ipinanánagót sa pagbabayad ng anománg utang ó ságutin.

**Hipotecable.** adj. Ang maisasanglâ; ó maáaring isanglâ.

**Hipotecar.** a. Isanglâ ang pagaaring lupà ó bahay, upáng ipanagót sa anománg utang.

**Hipotecario, ria.** adj. Ang náuukol sa sanglâ ó pagsasanglâ ng lupà ó bahay.

**Hisopo.** m. Pangwisík ng tubig sa simbahan.

**Hispánico, ca.** adj. Ang náuukol sa España.

**Hispano, na.** adj. Kastilà; ó ang náhihinggíl sa España.

**Histérico, ca.** adj. Ang náuukol sa bahaybatà. || m. *Med.* Sakít sa bahaybatà.

**Historia.** f. Kasaysayan; ó istoria. || fig. Salitâ; balità; katàkatà. || pl. Salísalitâ; sabisabi; balíbalità.

**Historiador, ra.** m. y f. Mánanalaysáy; ó ang sumusulat ng kasaysayan ó istoria.

**Historial.** adj. Ang náhihinggíl sa istoria ó kasaysayan.

**Historiar.** a. Manalaysáy; ó gumawâ, magsalitâ ó sumulat ng istoria.

**Histórico, ca.** adj. Ang náuukol sa kasaysayan ó istoria. || Makasaysayan. || fig. Tumpák; tunay; totoó.

**Historieta.** f. Kasaysayang muntî at walâng gaanong kabuluhán. || Salitâ; balità; buhaybuhay.

**Hito, ta.** adj. Kasama; kasiping; kalapít; karatig. || fig. Tudlâan; tigpùan. || *Mirar de hito en hito.* fr. Titigan.

**Hocicada.** f. Sungkál ng ngusò ng baboy, at ibá pang hayop.

**Hocicar.** a. Sungkalín; sumbangín ng ngusò ng baboy ang lupà. || n. Mángudngód; mababag ang ngusò ng sinomán.

**Hocico.** m. Ang ngusò ng baboy at ng ibá pang hayop. || Ang ngusò ng tao kapág lubhâng makapál. || fig. y fam. Mukhâ; ó pagmumukhâ. || Pagngusò; pagingos.

**Hocicudo, da.** adj. Ngusùan; ó makapál ang ngusò.

**Hogaño.** adv. t. fam. Ang taóng itó; ó sa taóng itó. || Sa panahóng kasalukuyan.

**Hogar.** m. Ápuyan; pinag-

áapuyan; ó pinaggágatungan. || fig. Tahanan; bahay; ó pamamahay.

**Hoguera.** f. Sigâ.

**Hoja.** f. *Bot.* Dahon. || Talulót ng bulaklák. || Dahon ng aklát. || Bawà't isá sa mga panig ng pintùan ó dúngawan na ibinúbukás at inilálapat. || *volante.* Dahong limbág na ipinalilibot ó ikinakalat sa madlâ.

**Hojarasca.** f. Ang mga dahong nalaglág sa mga punò ng kahoy at nákakalat sa lupà. || Malabis na kayabungan ng mga punò ng kahoy ó pananím.

**Hojear.** a. Pagbubuklatín ang mga dahon ng isáng aklát ó kuaderno. || Basahin ng madalìan ó patakbó ang anománg pangyayari sa isáng kathâ ó aklát.

**Hojoso, sa.** adj. Madahon.

**Hojudo, da.** adj. Madahon; ó maraming dahon.

**¡Hola!** interj. ¡Hoy!.

**Holgado, da.** adj. Walâng gawâ; pahingá. || Maluwág; maluwáng sa ilalagáy. || fig. Ang nakaririwasâ sa pamumuhay.

**Holganza.** f. Pagpapahingá; pagpapahingaláy. || Katuwâan; pagáalíw; paglilibáng.

**Holgar.** n. Magpahingá; magpahingaláy pagkatapos ng gawâ. || Magpagayóngayón; huwág gumawâ. || r. Magalíw; maglibáng.

**Holgazán, na.** s. y adj. Tamád; alisagà; hampaslupà; mapagpagayóngayón.

**Holgazanear.** n. Magalisagà; magpagayóngayón; maghampáslupà.

**Holgazanería.** f. Pagpapagayóngayón; kaalisagàan; kaayawáng gumawà.

**Holgorio.** m. Katuwàan; pagpipistá; pagaalíw na maingay.

**Holgura.** f. Katuwâan; kagalakan; pagáalíw; paglilibáng. || Kaluwagán; kaluwangán.

**Holocausto.** m. Paghahain; pagaalay sa Dios. || fig. Pagpapakahirap.

**Holladura.** f. Pagyasak; pagyapak; pagyurak. || fig. Pagalipustâ; pagduhagi.

**Hollar.** a. Yasakín; yapakan; yurakan; tuntungán. || fig. Hamakin; duhaginin; pagpahamakan.

**Hollejo.** m. Balok; ó balát ng anománg bungang kahoy, gulay, at ibá pa.

**Hollín.** m. Agiw ng kusinà.

**Holliniento, ta.** adj. May agiw; maagiw.

**Hombracho.** m. Ang lalaking bálisaksakan at malakás.

**Hombre.** m. Tao. || Lalaki. || Ang tao nang ganáp; ó ang tumungtóng na sa ikadalawangpuô at limáng taón. || Ang lalaking asawa ng isáng babae.

**Hombro.** m Balikat. || *A hombro.* m. adv. Sa balikat; ó sa ibabaw ng balikat.

**Hombrón.** m. Malaking lalaki. || fig. Lalaking marangál, matapang at matalino.

**Hombruno, na.** adj. Ang babaing námumukhâ ó náwawangkî sa lalaki, at ang mga bagay na ipinagkákawangkî.

**Homenaje.** m. fig. Galang, ó paggalang; pítagan. || Handóg; alay; hain. || Alaala; parangál.

**Homicida.** com. Ang pumatáy sa kapuwà. || Ang bagay na nakamatáy.

**Homicidio.** m. Pagpatáy sa kapuwà.

**Homilía.** f. Aral; ó pangaral na ukol sa pananambá, ó relihión.

**Homogeneidad.** f. Pagkakámukhâmukhâ; ó pagkakáisá ng urì ó kabagayán ng anománg bagay.

**Homogéneo, nea.** adj. Kamukhâ; kaisá ng urì ó kabagayán.

**Hondo, da.** adj. Malalim. || Malukóng. || Lupàng mababà. || fig. Lingíd; tagô.

**Hondonada.** f. Lubák na lupà.

**Hondura.** f. Lalim; ó kalaliman ng anománg bagay.

**Honestidad.** f. Kalinisan; kaayusan sa pangangatawán. || Kahinhinán; kabiniang kumilos at manalitâ. || Kalinisan sa gawâng mahalay. || Kagalangán; karunungang makipagkapuwà tao.

**Honesto, ta.** adj. Malinis; maayos sa pangangatawán. || Mahinhín; mabining mangusap at kumilos. || Malinis; maingat sa kahalayan. || Marangál.

**Hongo.** m. *Bot.* Kabutí.

**Honor.** m. Puri; dangál. || Kapurihán; karangalan. || Kamáhalan. || Kapurihán; kalinisan ng babae. || Pagpupuri; pagdiriwang ng anománg bagay. || pl. Dangál; tungkulin; katungkulan.

**Honorable.** adj. May dangál; ó karapatdapat ipagdangál. || Kagalanggalang.

**Honorario, ria.** adj. Pangdangál. || m. Bayad ó sahod na ibinibigáy sa isá dahil sa kanyáng paggawâ. Lalòng ginágamit sa 'plural.

**Honorífico, ca.** adj. Ang nakapagpapadangál; ó pangpadangál.

**Honra.** f. Puri; dangál. || Galang; pítagan; alangalang. || Kapurihán ng babae. || pl. Misang maringál na patungkól sa patáy.

**Honradez.** f. Kapurihán; karangalan. || Pagkamarangál.

**Honrado, da.** adj. Mapuri; marangál; mabaít.

**Honrar.** a. Papurihan; ipagdangál. || Igalang; pagpitaganan ang isáng tao. || r. Magkapuri; ipagkapuri.

**Honroso, sa.** adj. Ang nakapagpapapuri, ó nakapagbibigáy puri. || Mapuri; kapuripuri.

**Hora.** f. Oras. || Ang panahóng ukol at tiyák sa anománg bagay.

**Horadar.** a. Butasin ng tágusan ang anománg bagay.

**Horado.** m. Butas na tagós. || Lunggâ, ó yungíb na nasa ilalim ng lupà.

**Horario, ria.** adj. Ang náuukol sa oras. || m. Ang palápalasùan ng relós, na nagtuturò ng oras. || Orasán.

**Horca.** f. Bibitayán.

**Horcajadas (A).** m. adv. Pasakláng na pagsakáy sa kabayo.

**Horizontal.** adj. Pahigâ; pahapáy.

**Horizonte.** m. Poók na mabilog sa ibabaw ng Lupà na ináabót ng paningín ng sínománg nagmamalas.

**Horma.** f. *Art. y Of.* Hulmahan.

**Hormero.** m. Ang gumágawâ, ó nagbibilí ng hulmahan.

**Hormiga.** f. *Zool.* Langgám; kuwitib.

**Hormigoso, sa.** adj. Ang náuukol sa langgám. || May langgám; ó nilálanggám.

**Hormiguear.** n. Kumatí ang balát na parang ginágapangan ng langgám. || fig. Kumutô ang tao ó hayop sa dami.

**Hormigueo.** m. Pagkatí ng balát na tila ginágapangan ng langgám.

**Hormiguero.** m. Langgaman, ó táhanan ng langgám. || fig. Poók na maraming tao, na walâng tigil ng gálawan.

**Hornear.** n. Maghanapbuhay ng paghuhurnó.

**Hornero, ra.** m. y f. Maghuhurnó; ó tagapaglutò ng tinapay.

**Horno.** m. Hurnó; ó lutùan ng tinapay, at ibá pang bagay.

**Horquilla.** f. Sungkít; panungkít; sabitán. || Pangipit; ó sipit ng buhók ng mga babae.

**Horrendo, da.** adj. Kagitlágitlá; katakottakot; kakilakilabot.

**Horreo.** m. Bangán.

**Horrible.** adj. Katakottakot; kagulatgulat; kakilakilabot.

**Horripilar.** a. Papanindigín ang buhók; papangilabutin. || Makatakot; makagitlá. || r. Mangilabot; matakot; magulat.

**Horripilativo, va.** adj. Nakatatakot; nakagugulat; nakapangíngilabot.

**Horrísono, na.** adj. Siná-

sabi sa tunóg na nakapangíngilabot ó nakagugulat.

**Horror.** m. Takot, ó gulat na malakí; pangingilabot; hilakbót.

**Horrorizar.** a. Makapangilabot; makatakot; makagulat. || r. Mangilabot; matakot; manghilakbót.

**Horroroso, sa.** adj. Kakilakilabot; ó nakapangíngilabot. || fam. Lubhâng pangit.

**Hortaliza.** f. Gulay; ó gulayíng halaman.

**Hortelano, na.** adj. Ang náuukol sa halamanan. || m. Maghahalamán.

**Horticultura.** f. Pagsakà ó paglináng ng mga hálamanan.

**Hospedaje.** m. Pagpapatulòy at pagkakalingà sa sinománg tao. || Panunuluyan.

**Hospedar.** a. Patuluyín; pasunùin ang kapuwà. || r. Manuluyan; makisunò.

**Hospedería.** f. Túluyan; pánuluyanan.

**Hospedero.** m, Ang tagapagalagà sa nanunuluyan.

**Hospicio.** m. Bahay ampunan ng mga dukhâ at nangingibáng bayang mahirap.

**Hospital.** m. Gámutan; ó págamutan.

**Hospitalario, ria.** adj. Ang mapagpatulòy at mapagkalingà sa nangingibáng bayan.

**Hospitalidad.** f. Pagpapatuloy at pagkakalingà sa mga nangingibáng bayan at sa mga marálitâ. || Ang pagkamapagpatuloy, ó mabuting pagtanggáp sa mga tagá ibáng bayan. || Ang pagkatirá ng may sakít sa págamutan.

**Hostería.** f. Bahay na túluyan at may pagkaing ibiníbigáy sa sinománg nagbabayad.

**Hostigar.** a. Uyamín; balisahín; birúbirùin ang kapuwà.

**Hostil.** adj. Kalaban; ó kaaway.

**Hostilidad.** f. Panganganyayà ó pamumuksâ sa kaaway sa panahón ng digmâan. || Gawâng sarili ng isáng kaaway. || *Romper las hostilidades.* fr. *Mil.* Pasimulán ang pagdidigmâan, na salakayin ang kaaway.

**Hostilizar.** a. Ipanganyayà; tampalasanin; puksâín ang kaaway.

**Hoy.** adv. t. Ngayón; ó ngayóng araw na itó. || Ngayóng panahóng itó; ó sa panahóng kasalukuyan. || *De hoy en adelante.* m. adv. Buhat sa araw na itó.

**Hoya.** f. Malaking hukay na ginawâ sa lupà. || Báunan; líbingan.

**Hoyo.** m. Yungíb; lunggâ. || Hukay; lubák. || Báunan; líbingan.

**Hoyoso, sa.** adj. Mahukay;

malubák. || Mayungíb; malunggâ.

**Hoyuelo.** m. Hukay na maliít.

**Hoz.** f. Lilik; lingkáw; panggapas.

**Hozadero.** m. Lugál na sinusungkalán ng baboy.

**Hozadura.** f. Hukay ó bakás na pinagsumbangán ng hayop.

**Hozar.** a. Sungkalín; sumbangín; sulasurin ng baboy ang lupà.

**Hueco, ca.** adj. Guwáng; hunkág. Ginágamit ding parang *substantivo*. || fig. Hambóg; palalò; mayabang. || m. Pagitan ng panahón ó poók. || fig. Hanapbuhay ó katungkulang walâng humáhawak ó bakante.

**Huelga.** f. Panahóng walâng gawâ ang sinomán. || Pagaklás; aklasan. || Paglilibáng; pagliliwalíw. || Pagpapahingá.

**Huelgo.** m. Hiningá; paghingá.

**Huella.** f. Bakás; yapak ng paá. || Pagyasak; pagyurak. || Ang lapad ó ibabaw ng baitang na tinútuntungán ng paá. || Bakás ng anománg bagay. || *Seguir las huellas de uno.* fr. fig. Sundín ó parisan ang ginawâ ng sinomán.

**Huello.** m. Lugál ó lupàng tinútuntungán. || Pagyapak ng kabayo. || Talampakan ng hayop.

**Huérfano, na.** adj. Ulila. Ginágamit ding parang *substantivo*.

**Huero, ra.** adj. Bugók na itlóg. || fig. Walâng lamán at walâng lasa.

**Huerta.** f. Hálamanan.

**Huertezuelo.** m. Muntîng hálamanan.

**Huerto.** m. Hálamanan.

**Huesa.** f. Líbingan; báunan.

**Hueso.** m. *Anat.* Butó. || *Bot.* Butó ng iláng bungang kahoy.

**Huesoso, sa.** adj. Ang náuukol sa butó. || May butó.

**Huésped, da.** m. y f. Panauhin; nanúnuluyan; nakikisunò. || Ang may arì ng bahay na pánuluyanan. || *Huésped de honor.* Ang pinararangalán; ó ipinagdadangál.

**Hueste.** f. Ang hukbóng nakikipagbaka. Lalòng ginágamit sa plural.

**Huesudo, da.** adj. Mabutó; ó butuhán.

**Hueva.** f. Itlóg ng isdâ.

**Huevar.** n. Magpamulâng magkaitlóg ang ibon.

**Huevero, ra.** m. y f. Magiitlóg; ó mángangalakál ng itlóg.

**Huevo.** m. Itlóg.

**Huída.** f. Pagtakas; pagtanan; pagtakbó; paglayas. || Pagilag; paglayô.

**Huir.** n. y r. Tumakas; tumanan, ó magtanan. || Umilag; lumayô. || Lumipas; magdaán ang panahón ó gulang. || fig. Luma-

yông matulin ang anomán. || Lumayô; umilag sa anománg bagay na masamâ.

**Humanidad.** f. Ang pagkatao; ó kalikasán ng̃ tao. || Katauhan; sangkatauhan. || Karupukán ó kahinàang sarili ng̃ tao. || Kalubayán; kabanayaran ng̃ loób. || fam. Katabâan; kalakhán ng̃ katawán.

**Humanitario, ria.** adj. Masintahin sa kapuwà ó sa sangkatauhan. || Makatao; ó ang náuukol sa ikagagalíng ng̃ mg̃a tao.

**Humano, na.** adj. Ang ukol sa taò ó sarili niyá. || fig. Malubáy na loób; maawàín sa kapuwà. || m. Ang tao.

**Humareda.** f. Karamihan ng̃ asó. || Guló; kaguluhan.

**Humazo.** m. Asóng masinsín at makapál.

**Humeante.** adj. Umáasó; umúusok.

**Humear.** n. Umasó; umusok. || Suming̃áw na parang asó ang anománg bagay. || fig. Malabí; matirá ang anománg bakás ó bahid ng̃ isáng pagkakaalít ó sámâan ng̃ loób.

**Humedad.** f. Kahalumigmigán; kabasâan; ó pagkabasâbasâ.

**Humedal.** m. Lupàng basâbasâ.

**Humedecer.** a. Basâbasâín. || r. Magbasâbasâ.

**Húmedo, da.** adj. Halumigmíg, ó mahalumigmíg; basâbasâ.

**Humero.** m. Ásuhan; ó palabasan ng̃ asó.

**Humildad.** f. Kababàang loób; kapakumbabâan. || Pagpapakababà; pagpapakumbabâ. || Kaabâan; kababàan ng̃ pagkatao. || Pagsukò; pang̃ang̃ayupapà.

**Humilde.** adj. Mababàng loób; mapakumbabâ. || fig. Mababà; pandák. || Abâ; hamak; mababàng pagkatao.

**Humillación.** f. Pagpapakababà; pang̃ang̃ayupapà; pagpapakumbabâ.

**Humillar.** a. Iyukód; ó itung̃ó ang alinmáng bahagi ng̃ katawán, bilang paggalang ó pagpípitagan. || fig. Pababàin; papakumbabàin ang loób ng̃ sinomán. || r. Mang̃ayupapà; magpakumbabâ; magpakababà ng̃ loób.

**Humo.** m. Asó; usok. || Sing̃áw. || pl. Mg̃a táhanan ó bahay. || fig. Kapalalùan; kahambugán.

**Humor.** m. Katás ng̃ katawán ng̃ hayop. || fig. Ugali; hilig; gawî. || Mabuting kalagayan ng̃ katawán sa paggawâ ng̃ anománg bagay.

**Humoso, sa.** adj. Umáasó; umúusok. || Maasó; mausok.

**Hundimiento.** m. Paglubóg. || Pagkálubóg.

**Hundir.** a. Ilubóg; ipailalim. || fig. Pasakitan; pahirapan; ayupin. || Siràin; lansagín; iguhô; igibâ. || r. Lumubóg. || Máguhô; mágibâ. || fig. y fam. Itagò; ilingíd ang anomán.

**Huracán.** m. Bagyóng masasál at may ipoipo.

**Hurañía.** f. Kaayawáng makisama sa kapuwà tao.

**Huraño, ña.** adj. Ang lumálayô at nagtatagò sa kapuwà.

**Hurgar.** a. Ulugín; galawín; ugaugin. || Kalikawin; kalikutin; dutdutín. || fig. Ibuyó; udyukán.

**Hurtadillas (A).** Patagô; palingíd; palihím; panakáw; paumít.

**Hurtar.** a. Magnakaw; umumít; ó mangumít. || Umitán; ó dayàin sa pagbibilí. || r. Magtagò; umilag; lumihís.

**Hurto.** m. Pagnanakaw; pangúumít. || Ang nakaw; ó ninakaw. || *A hurto.* Panakáw; patagô; paumít.

**Husma (Andar á la).** fr. fam. Mangamóy; ó magsiyasat ng mga bagay na nálilihim.

**Husmear.** a. Amuyán. || fig. y fam. Siyasatin ang anomán ng palihím at katalasan ng isip. || n. Magpamulâng bumahò ang anomán; lalò na ang lamangkati.

**Husmo.** m. Amóy ng lamangkati ó baboy kung nagpapasimulâ na sa pagkabulók.

**Huso.** m. Sudlán; ulakán; pilihán.

# I



**Íbice.** m. Kambíng na baqaing naninirá sa bundók at may malalakíng sungay.

**Ictiofagia.** f. Kaugalìang kumain ng isdâ.

**Ictiófago, ga.** adj. Ang kumákain ó nábubuhay sa isdâ.

**Ida.** f. Pagalís; pagyao; pagtungo; pagparoón.

**Idea.** f. Isip; pagiisip. || Hakà; kurò; pagkukurò; paghahakà. || Parán; kaparaanán. || Akalà; tungo; bantâ. || Taliño; talas ng isip sa paggawâ ng anomán.

**Ideal.** adj. Ang sarili ng isip; ó ang nauukol sa pagiisip. || Ang anománg bagay na likhâ ó laláng lamang. || Mithî; layon; adhikâ. || m. Huwaran; parisán; tularán ng anománg bagay na sakdál buti.

**Idear.** a. Isipin; kurùin; akalàin. || Kathâín; lalangín; likhâín.

**Ídem.** m. Gayón din; yaón din.

**Idéntico, ca.** adj. Katulad; kaparis; kapara; kawangís; kaisá.

**Identidad.** f. Pagkakátulad; pagkakápara; pagkakáwangís; pagkakáisá.

**Idilio.** m. Suyùan; pagsusuyùan; pagsisintahan; pagliligawán.

**Idioma.** f. Wikà; ó salitâ ng isáng bayan ó bansâ.

**Idiomático, ca.** adj. Ang sarili ng isáng wikàng tiyák.

**Idiosincracia.** f. Ugalì, ó kaugalìang sarili ng bawà't tao, na siyáng ikinatatangì sa ibá.

**Idiota.** adj. Mangmáng; tulalâ; tangá.

**Idiotez.** f. Kamangmangán; katulalâán; katangahán.

**Idólatra.** adj. Paláanito; mapaganito. || fig. Ang umíibig ng labis sa isáng tao ó sa anománg bagay.

**Idolatrar.** a. Maganito; ó sambahín ang anito. || fig. Ibiging malabis ang isáng tao ó bagay.

**Idolatría.** f. Pagáanito; ó pagsambá sa anito. || fig. Pagibig na malabis at mahigpít sa anomán.

**Ídolo.** m. Anito. || fig. Ang

pinakamúmutyâ ó pinakaíibig ng malabis.

**Idoneidad.** f. Kakayahán; kasapatán; kasanayáng gumawâ ng anomán.

**Idóneo, nea.** adj. Sanáy; may kaya; bihasá sa paggawâ.

**Iglesia.** f. Katipunan ng madlàng binyagang pinagpupunùan ng Papa. || Simbahan; ó sambahan.

**Ígneo, nea.** adj. Ang ukol sa apóy; ó kahugis ng apóy. || Ang kulay apóy.

**Ignición.** f. Pagáapóy; ó pagbabaga ng anomán.

**Ignominia.** f. Kadustâán; kapalibhasàan; kamuraháng hayág sa madlâ.

**Ignominioso, sa.** adj. Nakaáayop; nakadúdustâ. || Kadustâdustâ; kakutyâkutyâ.

**Ignorancia.** f. Kamangmangán; kawalán ng dunong ó kaalamán.

**Ignorante.** adj. Mangmáng; hindî marunong; hindî maalam.

**Ignorar.** a. Huwág málaman; huwág matantô; huwág mabatíd ang anomán.

**Ignoto, ta.** adj. Ang hindî nákikilala; ó hindî nátutuklás.

**Igorote.** m. Igurót. || Wikàng igurót.

**Igual.** adj. Kaparis; katulad; kapara; kaisá. || Kapantáy. || Patag; pantáy. || Kamuknâ; kawangís.

**Igualar.** a. Pagpantayín; pagparisin; pagtularin. || fig. Hatulan ng tapát ó walâng kiling. || Patagin; pantayín; padparín. || n. Máparis; mátulad; mapantáy. || r. Pumaris; tumulad; pumantáy.

**Igualdad.** f. Pagkakátulad; pagkakáparis. || Pagkakáakmâ; pagkakáayos. || Pagkakápantáy; pagkakáisá ng halagá.

**Igualmente.** adv. m. Gayón din. || Parapara.

**Iguana.** f. *Zool.* Bayawak.

**Ilación.** f. Paghinuhâ; ó paghulò ng isáng bagay sa ibá.

**Ilegal.** adj. Likô; lihís; lisiyâ; sinsáy sa matuwíd. || Labás sa katuwiran; ó laban sa kautusán.

**Ilegalidad.** f. Kalikùan; kalisiyâan; kasinsayán sa matuwíd ó sa kautusán.

**Ilegible.** adj. Dî mabasa.

**Ilegitimidad.** f. Kasinsayán sa batás ó sa katuwiran.

**Ilegítimo, ma.** adj. Sinsáy; laban sa matuwíd. || Hindî tunay.

**Ileso, sa.** adj. Ang hindî tumanggáp ó nagkaroón ng anománg sugat ó kapanganyayàan.

**Ilícito, ta.** adj. Sinsáy; likô; lisiyâ; lihís sa matuwíd. || Walâ sa katuwiran.

**Ilimitado, da.** adj. Walâng hangganan.

**Ilimitar.** a. Huwág hangganán; huwág taningan.

**Iluminación.** f. Pagiilaw; pagtatangláw. || Gayák ng maraming ilaw.

**Iluminar.** a. Magilaw; magtangláw. || Maggayák ng maraming ilaw. || fig. Liwanagan ang pagiisip. || r. fig. Mátuto; dumunong; lumiwanag ang isip.

**Ilusión.** f. Hirayà; malîng akalà.

**Ilusivo, va.** adj. Kunuwâ; balintunà; nakadádayà.

**Iluso, sa.** adj. Dinayà; hinibò. || Malî; ligáw sa akalà.

**Ilusorio, ria.** adj. Ang sukat makadayà. || *For.* Walâng halagá; walâng kasaysayan.

**Ilustración.** f. Pagpapabihasa; pagpapakárunong. || Kaliwanagan ng isip. || Karunungan; kabihasnán. || Katipunan ng mga larawang nálalagáy sa isáng limbág.

**Ilustrado, da.** adj. Marunong; matalino; maalam; bihasá.

**Ilustrar.** a. Liwanagan ang isip. || Liwanagan ang anománg bagay. || Gayakán, ó lagyán ng mga larawan ang isáng limbág, gaya ng aklát ó páhayagán. || fig. Padilagín; padakilàin. || Turùan; bihasahin. || r. Mátuto; dumunong; mábihasa. || Mábunyî; mádakilà.

**Ilustre.** adj. Mariláǵ. || Dakilà; bantóg; bunyî.

**Ilustrísimo, ma.** adj. Kariláǵdilagan.

**Imagen.** f. Larawan. || *Liter.* Paglalarawan; ó pagsasalaysáy ng anománg bagay sa pamamagitan ng salitâ.

**Imaginación.** f. Isip; akalà; kurò; hakà; dilìdilì; gunamgunam.

**Imaginar.** a. Isipin; akalàin; kurùin; hakàin; dilidilihin. || Maghinalà; magsapantahà. || n. Magakalà; magkurò; magdilìdilì. || r. Maniwalà.

**Imaginativo, va.** adj. Mapagisip; mapagkurò; mapaghakà; mapagdilì.

**Imán.** m. Batobalanì. || fig. Panghalina.

**Imanar.** a. Batobalanìin; ó hititín ng batobalanì ang anomán. || r. Mábatobalanì.

**Imantar.** a. Higupin ng batobalanì. || r. Mábatobalanì; máhigop ng batobalanì.

**Imbécil.** adj. Tulalâ; tangá; mangmáng; mahinà ang isip. || Duwág; mahinà ang loób.

**Imbecilidad.** f. Katulalâán; katangahán; kamangmangán; kahinàan ng isip.

**Imberbe.** adj. Ang walâ pang balbás; ó hindî pa tinutubùan ng balbás.

**Imbornal.** m. Pabuluwáng; pádaluyan ng tubig.

**Imborrable.** adj. Hindî mapapawì; dî makakatkát.

**Imbuir.** a. Uralìan; ibuyó; ihilig ang loób; papaniwalàin.

**Imitable.** adj. Magagagád; matutularan; ó sukat máparisan.

**Imitación.** f. Paggagád; pagtulad; paghuwád; paggaya. || Huwád; kahuwád.

**Imitar.** Gagarín; huwarán; tularan; gayahan; parisan. || r. Maggágaran; magtularán; magparisán.

**Impaciencia.** f. Inip; yamót; kainipán; kayamután.

**Impacientar.** a. Yamutín; galitin; muhiín ang sinomán. || r. Mainíp; mayamót; mamuhî.

**Impaciente.** adj. Máinipin; naiiníp; walâng pagtitiís.

**Impagable.** adj. Hindî mababayaran.

**Impalpable.** adj. Hindî mahipò; ó dî masalát.

**Impar.** adj. Gansál; walâng kaparis.

**Imparcial.** adj. Tapát; walâng kinikilingan.

**Imparcialidad.** f. Pagkamatapát; kawalán ng kinikilingan.

**Impartible.** adj. Hindî mahatì; dî mababahagi.

**Impasibilidad.** f. Pagkawalâng damdám; pagkawalâng dálitâ.

**Impasible.** adj. Walâng damdám; walâng dálitâ.

**Impavidez.** f. Tapang; katapangan; kabuùan ng loób.

**Impávido, da.** adj. Walâng takot; walâng gulat; buô ang loób.

**Impecable.** adj. Hindî magkakásala. || Walâng dungis; ó dî madudungisan.

**Impedido, da.** adj. Lumpó; ó ang hindî makagawâ at hindî makalakad dahil sa lampá ó salantâ ang alinmáng bahagi ng katawán.

**Impedimento.** m. Kapinsalàan; balakíd; dahilán; kadahilanan. || Hadláng; sagabal.

**Impedir.** a. Sansalàin; pigilin; pinsalàin; sawatâín; hadlangán.

**Impeler.** a. Itulak, ó isulong ang anomán upáng gumaláw. || fig. Ibuyó; udyukán.

**Impenetrable.** adj. Dî matagós; dî masuót; dî mapasok. || fig. Dî matarók; dî mákilala.

**Impenitencia.** f. Dî pagsisising tikís; kaayawáng magsisi; ó katigasan ng loób sa pagsisisi ng kasalanan.

**Impenitente.** adj. Ang ayaw magsisi; ó ang dî nagsisisi ng kasalanan.

**Impensado, da.** adj. Nagkátaón; dî hinihintáy; ó dî iná-

akalàng mangyari. || Ang hindî iniisip.

**Imperante.** adj. Ang naghaharì; namamahalà; ó nagúutos.

**Imperar.** n. Magharì; mamahalà; magutos.

**Imperativo, va.** adj. Ang naghaharì, ó nagúutos. || m. *Gram.* Ayos pang-utos, ó *modo imperativo.*

**Imperceptible.** adj. Dî máramdamán; dî mariníg; dî matahô.

**Imperdible.** adj. Ang dî mawawalâ. || m. Panuhog; ó pangtusok.

**Imperdonable.** adj. Dî mapapatawad.

**Imperecedero, ra.** adj. Dî matatapos. || fig. Dî mamamatáy; walâng kamátayan.

**Imperfección.** f. Kawalán ng ganáp na kahusayan, ó lubós na kayarìan. || Kasiràan.

**Imperfecto, ta.** adj. Hindî ganáp; hindî lubós. || Hindî yarì. || Sirâ.

**Imperial.** adj. Ang náuukol sa emperador ó sa kaharìan.

**Imperialismo.** m. Tuntuning sinúsunód ng mga makaharì.

**Imperialista.** adj. s. Makaharì; ó kapangkát ng pámahalàang makaharì.

**Impericia.** f. Dî karunungan; dî kasanayán; dî kabihasnán sa alinmáng dunong ó sining.

**Imperio.** m. Paghaharì; ó pagúutos na may ganáp na kapangyarihan. || Katungkulan ó karangalan ng emperador. || Panahóng ipinagharì ng isáng emperador. || Ang mga bayang nasasakop ng emperador. || Kaharìan. || fig. Kapalalùan; pagmamataás. || *Celeste Imperio.* Ang Tsina ó Kaintsikán.

**Imperito, ta.** adj. Dî marunong; dî sanáy; dî bíhasá sa alinmáng sining ó arte.

**Impermeable.** adj. Ang dî matatagós ng tubig ó ng anománg bagay na lusáw. || m. Kapote; ó balabal na pang-ulán.

**Impermutable.** adj. Ang dî maipagpapalít; ó dî mapapalitán.

**Impertérrito, ta.** adj. Walâng takot; walâng kabá; walâng sindák.

**Impertinencia.** f. Gawâ ó salitâng walâ sa ayos at labás sa kapanáhunan. || Kadiwaràan; kabutingtingán.

**Impertinente.** adj. Madiwarà; mabutingtíng. || Ang gumágawâ ó nagsasalitâ ng labás sa pinagúusapan ó luwál sa panahón.

**Imperturbable.** adj. Dî maguguló; dî maliligalig.

**Ímpetu.** m. Galáw na gahasâ at marahás. || Dahás; daganás; bugsô.

**Impetuoso, sa.** adj. Biglâ; gahasà; dalosdalos. || Marahás.

**Impiedad.** f. Kawalán ng pagibig sa Dios; ó kawalán ng awà sa kapuwà tao.

**Impío, pía.** adj. Ang walâng awà ó habág. || fig. Ang dî sumúsunód sa utos ng pananampalataya ó religión; bandáy.

**Implacable.** adj. Dî mapalubáy; dî mapahinahon; dî mapagpayuhan.

**Implicación.** f. Pagkakálaban, ó pagkakalabág ng dalawáng pangungusap.

**Implícito, ta.** adj. Ang natatantông nápapalamán ó násasakláw ng ibáng bagay kahì't na itó'y dî isinásaysáy.

**Imploración.** f. Pagdaíng; pagluhog; paghingî ng awà; pagdalangin.

**Implorar.** a. Dumaíng; lumuhog; humingî ng awà; dumalangin.

**Implume.** adj. Iniúukol sa ibong walâng pakpák.

**Impoluto, ta.** adj. Malinis; walâng dungis.

**Imponderable.** adj. Dî matitimbáng.

**Imponer.** a. Lagyán, ó atangan ng buwís, katungkulan ó anománg bagay. || Bintangán; paratangan; buhatan. || Makaalangalang; makatakot.

**Importación.** f. *Com.* Pagpapasok ng mga kalakal na galing sa ibáng lupà.

**Importancia.** f. Kahalagahán; ó halagá ng anománg bagay.

**Importante.** adj. Mahalagá; makabuluhán.

**Importar.** n. Kailanganin; magíng kailangan ang anománg bagay. || a. Magkahalagá. || *Com.* Magpasok ng kalakal na galing sa ibáng bayan.

**Importe.** m. Kabuùang halagá; ó buông kahalagahán ng anománg bagay.

**Importunar.** a. Yamutín; muhiín; galitin sa paghingî ng anománg bagay.

**Importunidad.** f. Kadiwaràan; kauriràan. || Kayamután; kamuhìan sa malabis na pagúurirà ó pagsasalitâ.

**Importuno, na.** adj. Ang luwál sa panahón, ó labás sa pinagúusapan. || Madiwarà; maurirà; nakayayamót; nakamumuhî.

**Imposibildad.** f. Dî pangyayari; ó dî kaarìang magkaroón ó magawâ ang isáng bagay.

**Imposibilitar.** a. Sansalàin; pigilin ang kaarìang magawâ ó matamó ang anomán.

**Imposible.** adj. Dî mangyayari; dî maáarì. || Dî magagawâ; ó lubhâng mahirap magawâ ang anomán.

**Imposición.** f. Paglalagáy, ó pagáatang ng buwís, tungkól ó anomán. || Ang buwís na iniáatang.

**Impostor, ra.** s. y adj. Ang nagbibintáng; ó nagpaparatang. || Ang mapagkunuwarî; ó mapanghibò.

**Impostura.** f. Paratang; bintáng na masamâ. || Pagkukunuwarî; panghihibò; pangdadayàng kunuwâ'y totoó.

**Impotencia.** f. Kahinàan; kawalán ng lakás upáng makagawâ ng anomán. || *Med.* Kawalán ng lakás na magkaanák.

**Impotente.** adj. Walâng lakás; walâng kaya; walâng bisà; walâng kapangyarihan.

**Impracticable.** adj. Hindî magawâ; mahirap sanayin. || Hindî maraanan; ó mahirap lakaran.

**Imprecación.** f. Pagsumpâ; ó pananalanging mápasamâ ang sínoman.

**Imprecar.** a. Isumpâ; ipanalanging mangyari sa kapuwà ang anománg kasamâan ó kapanganyayàan.

**Imprecaución.** f. Kawalán ng pagiingat.

**Impregnar.** a. Tigmakín; patagusín ang isáng bagay sa ibá. || r. Matigmák.

**Impremeditación.** f. Kawalán ng pagbubulay ó pagdidilìdilì.

**Imprenta.** f. Sining ó arte ng paglilimbág. || Limbagan; pálimbagan.

**Impresión.** f. Paglilimbág. || Bakás; tandâ; pagkákintál. || Pagkálimbág; ó pagkakálimbág. || fig. Ang alaala ó tibók na inilálagak ng anománg bagay sa ating loób ó alaala.

**Impresionar.** a. Itaním; ikintál sa loób ng sinomán ang pagiisip ó pagkukurò sa pamagitan ng pagakit ó paguralì. || r. Mataním; makintál sa loób ang anomán. || Maakit; mauralìan.

**Impreso, sa.** p. p. ng *imprimir*. Nilimbág. || m. Limbág.

**Impresor.** m. Manglilimbág. || Ang may arì ng limbagan.

**Imprestable.** adj. Ang dî mahihirám.

**Imprimir.** a. Limbagín; ilimbág. || Ikintál; italâ. || fig. Ipalamán; itaním sa loób ang anománg kurò ó alaala.

**Improbar.** a. Pintasán; salahín; masamâín; huwág tanggapín.

**Ímprobo, ba.** adj. Tao ó bagay na masamâ. || Mahirap, ó mabigát na gawâ.

**Improcedencia.** f. Kawalán ng tiyák na pinanggalingan, ng batayán, ó ng matuwíd.

**Improcedente.** adj. Ang dî naáayon sa katuwiran.

**Improductivo, va.** adj. Ang dî namumunga. || Ang dî pinakikinabangan.

**Improperiar.** a. Murahin; laitin; palibhasàin ang sinomán. || Suwatán; sumbatán.

**Improperio.** m. Paglait; pagmura; pagtungayáw. || Pagsuwát; pagsumbát.

**Impropiedad.** f. Dî pagkakábagay; dî pagkakáakmá sa pinagúukulan.

**Impropio, pia.** adj. Hindî bagay; hindî angkóp; alangán.

**Improrrogable.** adj. Dî mapapalugitan.

**Improvisar.** a. Gawíng biglâ ang anomán, na dî na inisip at dî inihandâ. || Kumathâ ó yumarì sa biglâan ng tulâ, talumpatì ó tugtugin ng walâng paghahandâ sa gayón.

**Improviso, sa.** adj. Biglâ; karákaraka. || *De improviso.* m. adv. Sa biglâan; kaginságinsá; karingatdingat.

**Imprudencia.** f. Kawalán ng baít.

**Imprudente.** adj. Walâng baít.

**Impudencia.** f. Kawalán ng hiyâ; kahalayan.

**Impudente.** adj. Walâng hiyâ; mahalay.

**Impudicia.** f. Kalibugan; kahalayan.

**Impúdico, ca.** adj. Malibog; mahalay.

**Impuesto.** m. Buwís.

**Impugnable.** adj. Masusumáng; masasalangsáng.

**Impugnación.** f. Pagsumáng; pagsalangsáng; pagpuwíng.

**Impugnar.** a. Sumangín; salangsangín; puwingín; labagín ang ibá.

**Impulsar.** a. Itulak; isulong; ibuyó sa paggawâ ng anomán.

**Impulso.** m. Pagtulak; pagsulong; pagkabuyó sa paggawâ ng anomán.

**Impune.** adj. Ang dî binigyáng dusa; ó ang dî pinarusahan.

**Impunidad.** f. Kawalán, ó kakulangán ng parusa.

**Impureza.** f. Karumihán. || fig. Kahalayan; kalibugan.

**Impurificar.** a. Dungisan; dumhán ang anománg bagay. || Dungisan ang puri ng sínomán.

**Impuro, ra.** adj. Marumí. || fig. Mahalay.

**Imputación.** f. Pagbibintáng; pagpaparatang.

**Imputador, ra.** s. y adj. Ang nagbibintáng; ó nagpaparatang.

**Imputar.** a. Magparatang; magbintáng; ó bintangán; paratangan.

**Inabordable.** adj. Poók ó lugál na dî maáahunan.

**Inacabable.** adj. Dî matatapos; dî malulutás; dî maúubos.

**Inaccesible.** adj. Dî malapitan; dî maratíng; dî mapasok.

**Inacción.** f. Pagkátigil; dî pagkilos; dî paggaláw. || Katamaran; pagpapagayóngayón.

**Inaceptable.** adj. Hindî matanggáp; ó dî matatanggáp.

**Inactividad.** f. Pagkátigil; kawalán ng̃ kilos ó galáw. || Katámaran; kawalán ng̃ gawâ.

**Inactivo, va.** adj. Tigíl; hintô; walâng galáw. || Tamád; walâng gawâ.

**Inadaptable.** adj. Hindî akmâ; hindî kapit; hindî lapat.

**Inadecuado, da.** adj. Hindì ukol; dî bagay; dî angkóp; dî akmâ.

**Inadmisible.** adj. Hindî matanggáp; ó dî maáaring tanggapín.

**Inadvertencia.** f. Kawaláng malay; dî pagkapansín; dî pagkahalatâ.

**Inadvertido, da.** adj. Walâng kamalayan; dî halatâ; dî pansín.

**Inagotable.** adj. Dî masaíd; dî maubos.

**Inaguantable.** adj. Hindî matiís; dî mabatá; dî maatím.

**Inalienable.** adj. Dî maáaring ibigáy ó ilipat sa ibá ang anománg pagaarì.

**Inalterable.** adj. Dî mabago; dî maibá. || Walâng pagiibá; walâng pagbabago.

**Inamovible.** adj. Dî makikilos; dî magagaláw; ó dî maáalís sa kinálalagyáng katungkulan.

**Inanición.** f. *Med.* Panghihinà; panglalatâ ng̃ katawán dahil sa dî pagkain.

**Inanimado, da.** adj Walâng káluluwá, ó búhay.

**Inapagable.** adj. Dî mamamatáy; ó dî mapapatáy ang apóy ó ilaw.

**Inapelable.** adj. *For.* Sinásabi sa hatol na dî mapaghahabol ó dî matututulan.

**Inapetencia.** f. Pananabáng; ó kawalán ng̃ nasàng kumain.

**Inapetente.** adj. Ang pinanánabang̃án sa pagkain; ó ang walâng nasàng kumain.

**Inaplicable.** adj. Ang dî maiáakmâ; ó dî maikakapit sa ibá.

**Inaplicación.** f. Kawalán ng̃ sikap sa paggawâ ó pagaaral.

**Inaplicado, da.** adj. Tamád; pabayà; walâng sikap sa paggawâ ó pagaaral.

**Inapreciable.** adj. Dî mahahalagahán; walâng kahalagá.

**Inarticulado, da.** adj. Walâng kasùkasùan. || Sigáw ó pananalitâng malabò at dî máwatasan.

**Inaudito, ta.** adj. Ang dî marinig kailán man.

**Inauguración.** f. Pagbubukás na maringál ng anomán. || Pagdiriwang ng anománg bagay sa háyagan. || Pagkataás ng isáng harì sa luklukan ó trono.

**Inaugural.** adj. Pangbukás; pangbungad; gaya ng *discurso inaugural*, *talumpating pangbukás ó pangbungad.*

**Inaugurar.** a. Humulà sa pamamagitan ng lipád, awit ó galáw ng ibon. || Pasimulán ang anomán ng maringál. || Ipagdiwang; ipagsayá ang unang pagbubukás ng anomán sa háyagan.

**Inaveriguable.** adj. Hindî masiyasat; dî mausisà.

**Incalculable.** adj. Hindî ma balak; dî maakalà.

**Incansable.** adj. Walâng pagod; walâng pagál; ó dî marunong mapagod. || May tagál sa paggawâ.

**Incantable.** adj. Hindî maawit; dî makantá.

**Incapacidad.** f. Kawalán ng kaya. || fig. Kamangmangán; kawalán ng talino; kakapusán ng isip.

**Incapaz.** adj. Walâng kakayahán; ó walâng sapát na kaya. || fig. Mangmáng.

**Incasable.** adj. Ang hindî makapagáasawa, ó dî maikákasál.

**Incauto, ta.** adj. Walâng pagiingat.

**Incendiar.** a. Sunugin; susuhan; sulsulán ng apóy. || r. Masunog.

**Incendiario, ria.** m. y f. Manunuog.

**Incendio.** m. Sunog.

**Incensación.** f. Pagsuób ng kamanyáng. || fig. Paghibò. || Pagpuri ng labis.

**Incensar.** a. Suubín ng kamanyáng. || fig. Hibùin. || Purihin ng labis.

**Incensario.** m. Pangsuób ng kamanyáng.

**Incertidumbre.** adj. Kawalán ng katotohanan. || Pagáalangán; pagáalinlangan.

**Incesante.** adj. Walâng tigil; walâng tahán; walâng humpáy; walâng pahingá.

**Incienso.** m. Kamanyáng. || fig. Hibò; tuyâ.

**Incierto, ta.** adj. Hindî totoó; hindî tunay. || Hindî siguro; hindî tiyák. || Kabulaanan.

**Incinerar.** a. Abuhín; ó gawíng abó ang isáng bagay.

**Incitar.** a. Udyukán; uralìan; sulsulán; ibuyó. || Antigín; mungkahìin.

**Incivil.** adj. Kulang ng pagaaral; ó walâng kabihasnán.

**Incivilidad.** f. Kawalán ng̃ pagaaral ó kabihasnán.

**Inclemencia.** f. Kawalán ng̃ awà ó habág. || fig. Malabis na kalamigán ó kainitan ng̃ panahón.

**Inclemente.** adj. Walâng awà; walâng habág.

**Inclinación.** f. Pagyukô; pagtung̃ó. || Pagyukód. || fig. Hilig; gawî; ugalì.

**Inclinado, da.** adj. Tung̃ó; yukô; yukód. || Mahilig; mawilihín. || Hilig; gawî; hinggíl ng̃ loób.

**Inclinar.** a. Itung̃ó; iyukô; iyukód. || Ikiling; ipaling. || Ihilig; igawî. || fig. Pagpayuhan. || n. Mátulad; máwang̃ís. || r. Máhilig; mágawî ang loób sa anomán. || Yumukód; tumung̃ó.

**Ínclito, ta.** adj. Marilág; bunyî; bantóg.

**Incluir.** a. Isama; ilahók; ilakip; ilangkáp; sakupin; saklawín. || Ipalamán. || r. Másama; málahók; málangkáp; masakop.

**Inclusa.** f. Bahay na ampunan at álagàán ng̃ mg̃a sang gól na tapon.

**Inclusión.** f. Pagsasama; paglalahók; paglalakip; paglalangkáp.

**Inclusive.** adv. m. Kasama; kalakip; kalangkáp; sakop; sakláw.

**Incluso, sa.** adj. Kalakip; kasama; sakláw.

**Incoar.** a. Mulán; pamulán; ó pasimulán ang anománg bagay.

**Incobrable.** adj. Dî masing̃íl; ó mahirap sing̃ilín.

**Incógnito, ta.** adj. Hindî kilalá; dî nákikilala. || *De incógnito.* m. adv. Aayaw pakilala.

**Incognoscible.** adj. Ang dî mákikilala; ó mahirap kilalanin.

**Incoloro, ra.** adj. Walâng kulay.

**Incólume.** adj. Mahusay; walâng sakít; mabuti ang katawán.

**Incolumidad.** f. Kabutihan ng̃ katawán; pagiing̃at ng̃ anomán.

**Incombustible.** adj. Dî masusunog.

**Incomerciable.** adj. Dî makákalakal.

**Incomodar.** a. Umabala; lumigalig. || Yumamót; magpagalit. || r. Maabala; maligalig. || Magalit; mamuhî.

**Incomodidad.** f. Kaabalahán; ligalig; kabalisahán. || Galit; muhî; yamót.

**Incomparable.** adj. Walâng kaparis; walâng katulad; walâng kapara.

**Incompasivo, va.** adj. Walâng awà; walâng habág.

**Incompleto, ta.** adj. Kulang; dî ganáp; dî buô; dî lubós.

**Incomprensible.** adj. Dî

malirip; dî matingkalâ; dî maabót ng̃ isip.

**Incomunicable.** adj. Hindî mabalitàan; dî mákausap.

**Incomunicación.** f. Dî kaaniang mákausap ng̃ sínoman.

**Incomunicado, da.** adj. Ang dî mákausap. Sinásabi itó sa mg̃a bilanggông pinagbabawalan ng̃ pakikipagusap.

**Incomunicar.** a. Pagbawalang makiusap sa kanino man.

**Inconcebible.** adj. Hindî mawarì; dî malirip; dî manuynóy; dî maakalà.

**Inconciliable.** adj. Hindî magkasundô; ó dî mapagkákasundô.

**Inconcuso, sa.** adj. Tunay; totoó; walâng álinlang̃an; dî magkakabulà.

**Inconsolable.** adj. Hindî maalíw; ó mahirap libang̃ín.

**Inconstancia.** f. Kabalinuhan; dî pagkápalagáy. || Pagkasalawahang loób; kaalisagàan.

**Inconstante.** adj. Sálawahang loób; mapagbagobago; alisagà.

**Inconsútil.** adj. Walâng tahî.

**Incontable.** adj. Hindî ma bilang; ó mahirap bilang̃in.

**Incontestable.** adj. Hindî masumáng; dî mapuwíng; dî masalangsáng; dî masagót.

**Incontinencia.** f. Kawalán ng̃ pagpipigil ng̃ loób sa anománg gawâ, lalò na sa kahalayan. || *de orina. Med.* Balisawsáw.

**Incontinente.** adj. Walâng pagpipigil sa gawâng mahalay. || Ang dî nápipigil. || adv. t. Agádagád; karákaraka.

**Incontinenti.** adv. t. Kagyát; pagdaka; agádagád; karakaraka.

**Incontrastable.** adj. Dî madaíg; dî masupil. || Dî masumáng; dî matalo ng̃ pang̃ang̃atuwiran. || fig. Ang hindî mahikayat ó malamuyot.

**Inconveniente.** adj. Hindî akmâ; dî ayos; dî bagay; dî dapat. || m. Dahilán; balakíd; kapinsalàan.

**Incorporación.** f. Paglalahók; paghahalò. || Pagsama; paglakip; paglangkáp. || Pagupô ó pagsandíg ng̃ nakahigâ.

**Incorporar.** a. Ilahók; ihalò; ibahóg. || Ilakip; ilangkáp; isama. || Iupô; ó isandíg ang nakahigâ. || r. Lumahók; lumakip; pumisan sa ibá. || Maupô; ó sumandíg ang nakahigâ.

**Incorpóreo, rea.** adj. Walâng katawán.

**Incorrección.** f. Kapabayàan, ó kawalán ng̃ pagtutumpák ó pagtutuwíd.

**Incorrecto, ta.** adj. Dî tum-

pák; dî tuwíd. || Kulang; sirâ; malî.

**Incorregible.** adj. Dî mabatì; dî mapangusapan; suwaíl; ayaw pasawáy.

**Incorrupción.** f. Dî pagkabulók ng anomán. || fig. Kalinisan ng pamumuhay at paguugalì.

**Incorruptible.** adj. Ang dî nabubulók. || fig. Ang dî mahikayat sa masamâ, ó mahirap hikayatin sa masamâ.

**Incredulidad.** f. Kawalán ng paniniwalà; ó dî pananampalataya.

**Incrédulo, la.** adj. Walâng paniniwalà; walâng pananampalataya. || Ang dî agád naniniwalà.

**Increíble.** adj. Hindî mapaniwalàan; ó mahirap paniwalàan.

**Incremento.** m. Dagdág; karagdagan; paglakí; paglalâ.

**Increpación.** f. Paggasà; pangusap na matigás at mabagsík.

**Increpar.** a. Gasàan; kagalitan; pangusapan ng mabigát at matindí.

**Incruento, ta.** adj. Ang hindî madugô; ó dî dumudugô.

**Incubación.** f. Paghalimhím ng manók.

**Incubar.** n. Humalimhím ang manók, at ibá pang ibon.

**Inculcar.** a. Higpitán; sinsinán. || Ulituliting lubhâ ang isáng bagay sa kanino man. || r. Mamalagì; magpakatigás sa sariling akalà.

**Inculpabilidad.** f. Kawalán ng kasalanan; ó pagkawalâng sala.

**Inculpable.** adj. Walâng sala; ó dî mabibigyáng kasalanan.

**Inculpar.** a. Bigyáng sala; paratangan; pagbintangán.

**Incultivable.** adj. Hindî masasaka; ó mahirap sakahin.

**Inculto, ta.** adj. Hindî sinásaka; ó masukal na lupà. || fig. Hindî bihasá.

**Incultura.** f. Kawalán ng pagsaka; ó dî paglináng ng lupà.

**Incumbencia.** f. Katungkulan; tungkuling gumawâ ng anomán.

**Incumbir.** n. Mátungkól; magíng katungkulan ng isá ang anomán.

**Incurable.** adj. Malubhâ; malalâ; hindî magamót; ó mahirap nang mapagalíng. || fig. Ang walâng lunas ó gamót.

**Incuria.** f. Kapabayàan; kapaubayàan; katámaran.

**Incurioso, sa.** adj. Pabayà; walâng kalingà; walâng alagà.

**Incurrir.** n. Magká; ó makagawâ; gaya ng INCURRIR *en falta*, MAGKA*sala*, ó MAKAGAWA *ng sala;* INCURRIR *en error*, MAGKA*malî*, ó MAKAGAWA *ng malî.*

**Indagar.** a. Siyasatin; usisàin; tuntunín; sugirín; sigasigin.

**Indebido, da.** adj. Hindî dapat; ó dî dapat gawín. || Hindî matuwíd; hindî tapát.

**Indecencia.** f. Kahalayan; kabastusán. || Karumihán; kasalaulàan.

**Indecente.** adj. Mahalay; bastós. || Marumí; salaulà.

**Indecible.** adj. Hindî masabi; dî masaysáy; dî mapaliwanagan.

**Indecisión.** f. Pagáalangán; pagsasalawahan; paguuróng-sulóng.

**Indeciso, sa.** adj. Alangán; sálawahan. || Urongsulong.

**Indefenso, sa.** adj. Ang walâng máisanggaláng; ó walâng máilaban.

**Indefinible.** adj. Hindî masaysáy; dî mapaliwanagan.

**Indefinido, da.** adj. Hindî nasasaysáy. || Ang walâng hangganang tiyák ó kilalá.

**Indeleble.** adj. Hindî mapawì; dî maburá.

**Indeliberación.** f. Kawalán ng̃ pagwawarì ó pagbubulay.

**Indemne.** adj. Ligtás, ó labás sa pang̃anib.

**Indemnización.** f. Pagbabayad ng̃ kasiràang nangyari. || Kabayarán.

**Indemnizar.** a. Bayaran ang kasiràang nangyari ó nagawâ. || r. Bumawì ng̃ nangyaring kasiràan.

**Independencia.** f. Kasarinlán; pagsasarilí. || Kalayàan; pagkamalayà.

**Independiente.** adj. Ang nagsasarilí; ó may kasarinlán. || Malayà.

**Indestructible.** adj. Hindî masisirà; dî malalanság.

**Indeterminación.** f. Hindî pagkatiyák; pagáalang̃án; pagsasalawahan.

**Indeterminado, da.** adj. Hindî tiyák; dî tukóy. || Hindî yarì; dî lutás. || Salawahan; urong-sulong.

**Indicar.** a. Saysayín; ipatantô; ipahiwatig; ipakahulugán. || Iturò.

**Índice.** m. Tandâ, ó bakás ng̃ anomán. || Tuntunan; tuntunin. || Dalirìng hintuturò.

**Indicio.** m. Ang tandâng pinagkakákilanlán ng̃ anománg nálilihim

**Indiferencia.** f. Kawalán ng̃ pagtatang̃ì; ó dî pagkakáibá ng̃ dalawáng bagay.

**Indiferente.** adj. Walâng pagtatang̃ì; ó walâng pagiibá ang anomán.

**Indígena.** m. y f. Ang tubò sa isáng lupà ó bayan.

**Indigencia.** f. Karukhâán; kahirapan ng̃ buhay.

**Indigente.** adj. Dukhâ; mahirap; salát sa kabuhayan.

**Indigestar.** a. Huwág matunawan; makaempatsá. || r. Huwág matunaw ang kinain; maempatsá.

**Indigestión.** f. Dî pagkatunaw sa sikmurà ng̃ kinain; empatso.

**Indigesto, ta.** adj. Ang hindî natutunaw sa sikmurà; nakaéempatsá.

**Indignación.** f. Galit; poót. || Pagkagalit; pagkapoót; pagkamuhî.

**Indignar.** a. Pagalitin; makapoót. || r. Magalit; mapoót.

**Indigno, na.** adj. Marawal; hindî dapat. || Hamak; dî marapat; ó dî karapatdapat.

**Indiligencia.** f. Kawalán ng̃ kasipagan at pagiing̃at.

**Indirecta.** f. Pasaríng; pariníg.

**Indirecto, ta.** adj. Hindî matuwíd; dî tápatan; dî patuloy.

**Indiscutible.** adj. Ang dî na dapat pagtalunan; ó dî mangyayaring pagtalunan.

**Indisoluble.** adj. Ang dî makákalág; ó dî mapaghihiwaláy. || Hindî matunaw.

**Indispensable.** adj. Sápilitán. || Kailang̃ang totoó.

**Indisponer.** a. Bawalan, ó alisín ang pagkágayák ó pagkahandâ sa anomán. || Siràan; pagalitin; papagkasirâín; pagkagalitín. || Makapagkasakít. || r. Magalit. || Magkasakít; magkaramdám.

**Indisposición.** f. Kawalán ng̃ pagkáangkóp ó pagkahandâ sa anomán. || Bahagyâng pagkakasakít; damdám; karamdaman.

**Indispuesto, ta.** adj. Hindî náhahandâ ó nágagayák. || May damdám; may sakít.

**Indistintamente.** adv. m. Walâng pagkakaibá; walâng pagkakátang̃ì.

**Indistinto, ta.** adj. Walâng pagiibá; ó walâng pagkakaibá.

**Individual.** adj. Ang sarili ng̃ tao; ó náuukol sa pagkatao.

**Individuo, dua.** adj. Hindî mabahagi; dî mapaghiwaláy. || m. Ang sarili ng̃ bawà't hugis ó klase, magíng hayop ó halaman. || Ang sariling pagkatao ng̃ sinomán.

**Indivisible.** adj. Ang dî mabahagi; ó dî mahahatì.

**Indiviso, sa.** adj. Hindî nababahagi; hindî nahahatì.

**Indócil.** adj. Matigás ang ulo; suwaíl.

**Indocilidad.** f. Katigasán ng̃ ulo sa pagaaral ó sa paggawâ ng̃ anomán.

**Indocto, ta.** adj. Ang dî marunong; ó dî nagaral; mangmáng.

**Indocumentado, da.** adj. Ang walâ ó dî nagtataglây ng katibayan ng kanyáng pagkatao.

**Indole.** f. Ugalì; hilig; ó gawî ng isá't isá.

**Indolente.** adj. Ang dî marunong magdamdám; ó ang hindî mahikayat. || Pabayâ; tamád.

**Indomable.** adj. Ang dî mapaamò; dî masupil.

**Indomado, da.** adj. Ang hindî napaáamò; ó ang hindî pa nasusupil.

**Indomesticable.** adj. Ang dî sukat mapaamò.

**Indómito, ta.** adj. Ang hayop na dî pa napaáamò. || Ang dî mapaamò; ó dî masupil. || fig. Mahirap supilin.

**Indubitable.** adj. Ang dî mapagáalinlanganan.

**Indubitablemente.** adv. m. Totoó; tunay; dî sukat pagalinlanganan.

**Indubitadamente.** adv. m. Tunay; totoó; tapát; walâng álinlangan.

**Inducción.** f. Pagudyók; pagakit; paguralì. || Buyó; rahuyò.

**Inducir** a. Udyukán; sulsulán; akitin; uralìan. || Ibuyó.

**Indudable.** adj. Ang dî mapagáalinlanganan; walâng álinlangan.

**Indulgencia.** f. Kadalìang magpatawad sa sala ó kamalìan ng ibá. || Pagpapatawad; kawás na ipinagkakaloób ng Simbahang Katóliko sa mga kasalanan.

**Indulgente.** adj. Mapagpatawad; maawàín; malambót na loób.

**Indultar.** a. Magpatawad; ó patawarin ang isáng náparusahan. || Itangì; iligtás ang isá sa anománg buwís ó katungkulan.

**Indulto.** m. Biyayàng ipinagkakaloób sa isá upáng makagawâ ng anomán, na kung walâ nitó'y dî maáaring gawín. || Kapatawarán; ó patawad na ipinagkakaloób ng punò sa sala ng sinomán.

**Indumentaria.** f. Pagaaral at pagsasalaysáy ng mga kasuutan ó pananamít niyóng unang panahón.

**Industria.** f. Laláng; talino at hilig sa paggawâ ng anomán. || Gamláng; kagamlangán; gawàing kamáy; ó ang pagbabagong ginágawâ sa mga katutubòng ani ng lupà upáng magíng sangkáp ó kagamitán sa pamumuhay ng tao. || *De industria.* m. adv. Talagá; sadyâ; kusà.

**Industrial.** adj. Ang náuukol sa gamláng ó industria. || m. Manggagamláng; ó ang nabubuhay sa paggawâ ó pagganáp ng isáng industria.

**Industriar.** a. Turùan; aralan; sanayin ang sinomán.

**Inédito, ta.** adj. Ang sinulat na dî pa nálilimbág ó dî pa náhahayág.

**Inefabilidad.** f. Ang dî kaarìan ó ang kahirapang isaysáy ng̃ anomán.

**Inefable.** adj. Dî masaysáy; dî masayod; dî masabi ng̃ dilà.

**Ineficacia.** f. Kawalán ng̃ bisà, bagsík, ó kapangyarihan.

**Ineficaz.** adj. Walâng bisà, bagsík, ó kapangyarihan.

**Inenarrable.** adj. Dî masaysáy; dî masalaysáy.

**Ineptitud.** f. Kawalán ng̃ kaya; kawalán ng̃ dunong. || Kamangmang̃án.

**Inepto, ta.** adj. Walâng kaya; ó walâng dunong sa paggawâ ng̃ anomán. || Mangmáng.

**Inequívoco, ca.** adj. Walâng pagkakámalî; ó walâng kamalìan.

**Inercia.** f. Katámaran; kapabayàan. || Pagkátigil; dî paggaláw; dî pagkilos.

**Inerme.** adj. Ang walâng sandata ó almás.

**Inerrable.** adj. Ang dî mamámalî

**Inerrante.** adj. *Astr.* Lagî; dî kumikilos.

**Inerte.** adj. Tigíl; dî gumágaláw; walâng bisà; walâng halagá. || Tamád; pabayâ.

**Inescrustable.** adj. Dî malirip; dî matarók; dî matantô; dî matalastás.

**Inesperado, da.** adj. Dî ináantáy; ó dî ináasahang mangyari.

**Inestimable.** adj. Lubhâng mahalagá; dî mahalag̃ahán; ó walâng kahalagá.

**Inestimado, da.** adj. *For.* Ang hindî pa nahahalagahán.

**Inevitable.** adj. Dî mailagan; dî maligtasán.

**Inexactitud.** f. Dî kahustuhan; pagkawalâng ganáp. || Kasinung̃aling̃an; dî katotohanan; kamalìan.

**Inexacto, ta.** adj. Dî ganáp; dî hustó. || Dî totoó; dî tunay; malî.

**Inexhausto, ta.** adj. Dî masaíd; dî maubos dahil sa kasaganàan.

**Inexorable.** adj. Dî mapamanhikán; dî mapakiusapan; dî madaing̃án.

**Inexperiencia.** f. Dî kasanayán; dî karunung̃an. || Kawalán ng̃ mabuting pamamaraán sa paggawâ ng̃ anománg bagay.

**Inexperto, ta.** adj. Dî sanáy; dî bihasá; dî marunong. || Mangmáng; pahát.

**Inexplicable.** adj. Dî masaysáy; dî maipaliwanag.

**Inextinguible.** adj. Dî mau-

tás; dî mapawì; dî malipol. || fig. Magluluwát; magpakailán man.

**Infalible.** adj. Ang dî makapagdadayà't dî mapagdadayàan. || Totoó; tunay; dî magkakabulà.

**Infamación.** f. Pagsiràng puri; paglibák; paglait; pagdustâ; pagmura.

**Infamador, ra.** s. y adj. Ang naniniràng puri; ó nangdudustâ.

**Infamar.** a. Siràan ng puri; ó maniràng puri; dumustâ; lumibák; lumait. || r. Masiràan ng puri; madustâ.

**Infamativo, va.** adj. Ang nakasisiràng puri; ó nakadudustâ.

**Infamatorio, ria.** adj. Panirà ng puri; ó makasisiràng puri.

**Infame.** adj. Walâng puri; walâng dangál. || Masamâ; hamak; kalaitlait.

**Infamia.** f. Kasiràan ng puri; kawalán ng dangál. || Kasamâan; pagkahamak; kabulisikan.

**Infancia.** f. Kasanggulán; pagkasanggól. || fig. Ang unang kalágayan ng isáng bagay sa kanyáng pagsipót ó pagkatatág.

**Infante, ta.** m. y f. Sanggól; ó batàng walâ pang pitóng taóng gulang. || Ang anák na tunay ng harì ó príncipe. || *Mil.* Kawal ó sundalong lakád.

**Infantería.** f. Hukbóng lakad.

**Infanticida.** m. y f. Ang pumatáy sa sanggól ó batà.

**Infanticidio.** m. Pagpatáy sa batà ó sanggól.

**Infantil.** adj. Ang náuukol sa sanggól ó sa batàng walâ pang pitóng taóng gulang.

**Infatigable.** adj. Walâng pagál; walâng kapaguran.

**Infatuar.** a. Hangalín; ungasín; ululín. || Paghambugán; pagpalalùan. || r. Maulól; mahangál. || Maghambóg; magpalalô.

**Infausto, ta.** adj. Saliwâng palad; sawîng kapalaran.

**Infección.** f. Pagkáhawa. || Pagkabulók; pagkasirà.

**Infectar.** a. Makáhawa. || fig. Hikayatin sa masamâng aral ó halimbawà. || r. Mahawa.

**Infecundidad.** f. Kabaugán; dî katabâan ng lupà. || Dî pagkápalabunga.

**Infecundo, da.** adj. Baóg; dî malagô; dî namumunga.

**Infelicidad.** f. Kasaliwàang palad; ó kakulangáng palad.

**Infeliz.** adj. Kulang palad; sawîng kapalaran.

**Inferior.** adj. Mababâ. || Ang na sa ilalim ó na sa ibabâ ng ibá. || Ang mababàng hugis ó halagá ng isáng bagay kay sa ibá. || Ang nasásakupan ng kapuwà.

**Inferioridad.** f. Kababàan; pagkamababà.

**Inferir.** a. Hinuhâín; hulùin; kurùin; hangùin ang isáng bagay sa ibá.

**Infernal.** adj. Ang tagá impierno; ó ang náuukol sa impierno. || fig. Lubhâng masamâ; nakakapanganyayà.

**Inficionar.** a. Makáhawa. || Bulukín; siràin. || fig. Lamuyutin; hilahin sa masamâng aral ó halimbawà. || r. Mahawa. || Mabulók; masirà. || fig. Mahikayat sa masamâng halimbawà ó aral.

**Infidelidad.** f. Dî katapatáng loób; kaliluhán; kasukabán. || *Rel.* Kawalán ng pananalig ó pananampalataya.

**Infiel.** adj. Hindî tapát na loób; sukáb; lilo. || Dî binyagan.

**Infiltración.** f. Pagtalamák; pagtagós ng anománg bagay na lusáw.

**Infiltrarse.** r. Tumalamák; tumagós ang isáng bagay na lusáw sa mga butas ng isáng bagay na matigás.

**Infimo, ma.** adj. Lubhâng mababà; ó kábababâbabâan. || Ang lalòng hamak at kalaitlait.

**Infinidad.** f. Ang pagkawalâng hanggá; kawalán ng katapusán. || Karamihan.

**Infinitivo.** m. *Gram.* Pangbadyá.

**Infinito, ta.** adj. Walâng hanggán; walâng katapusán. || Lubhâng marami; ó káramiramihan.

**Inflamable.** adj. Ang madalîng magalab ó magningas.

**Inflamación.** f. Pagaalab; pagniningas. || Alab; ningas. || fig. Pagaalab ng loób at ng mga nasà ng pusò. || *Med.* Pamamagâ.

**Inflamar.** a. Papagalabin; pa pagningasin. || fig. Papaginitin; papagalabin ang mga nasà at hilig ng pusò. || r. Magalab; magningas. || Mamulá ang balát at magimit. || Mamagâ.

**Inflar.** a. Pamantugín; pamagâín sa hangin ang anomán. || r. Mamantóg; mamagâ sa hangin. || fig. Maghambóg; magpalalô.

**Inflexible.** adj. Ang hindî mahutok; ó dî mabaluktót. || fig. Ang matigás ang loób na dî mahikayat ng anomán at dî magbago sa kanyáng akalà.

**Inflexión.** f. Pagbaluktót; ó paghubog ng anománg bagay na tuwíd.

**Influencia.** f. Pagtulong; pagaampón. || fig. Ang kapangyarihan at dangál ng isáng tao na siyáng ikinaáalangalang ng kapuwà; ó ang pamamagitan niyá sa anománg hanapbuhay. || *Rel.*

Ang biyayàng hulog ng̃ Dios sa káluluwá ng̃ tao.

**Influir.** a. Makatulong. || fig. Mamagitan.

**Influjo.** m. Tulong; lakás. || fig. Ang halagá, dang̃ál at kapangyarihan ng̃ isáng tao na ipinagkakaroón niyá ng̃ alang-alang sa ibá. || Pamamagitan sa alinmáng hanapbuhay.

**Información.** f. Pagbabalità; pagsasabi; pagbibigáy alám. || Pagsisiyasat; paguusisà. || Pagsangguni.

**Informar.** a. Magbalità; magsabi; magbigáy alám. || Magsalaysáy. || r. Magusisà; sumiyasat; sumangguni.

**Informe.** m. Balità; ó salaysáy ng̃ anománg bagay. || Pagsasalaysáy.

**Infortunado, da.** adj. Walâng palad; kulang palad.

**Infortunio.** m. Kasaliwàang palad; pagkápahamak. || Dalitâ; hirap.

**Infracción.** f. Paglabág; pagsirà sa isáng kautusán ó kasundùan.

**Infractor, ra.** s. y adj. Ang lumabág sa kautusán; ó sumirà ng̃ kasundùan.

**Infrascrito, ta.** adj. Ang nakalagdâ sa ibabâ ó sa katapusán ng̃ isáng sulat. Ginágamit ding parang *substantivo.*

**Infringir.** a. Labagín; suwayín; siràin ang isáng batás ó kautusán.

**Infructífero, ra.** adj. Ang hindî namúmung̃a. || fig. Ang hindî pakikinabang̃an.

**Infructuoso, sa.** adj. Walâng pakinabang; walâng bung̃a.

**Infundado, da.** adj. Walâng pinagbabatayán; ó walâng pinagpápatakarán.

**Infundir.** a. fig. Kasihan; ó biyayàan ng̃ Dios ang káluluwá ng̃ tao. || Pasukan ang loób ng̃ anománg damdamin.

**Infusión.** f. Pagkasi ng̃ Dios sa káluluwá. || Pagpasok sa kalooban ng̃ anománg damdamin. || *Rel.* Pagbubuhos ng̃ tubig sa pagbibinyág. || *Farm.* Pagbababad ng̃ anománg sangkáp ó gamót sa alak, tubig, at ibá pa.

**Ingeniar.** a. Akalàin; isipin; likhâín; lalang̃ín. || r. Magakalà; magisip; lumaláng; lumikhâ.

**Ingeniería.** f. Karunung̃an at sining ng̃ ingeniero.

**Ingeniero.** m. Ang maalam ng̃ dunong at sining ng̃ paggawâ at pagaayos ng̃ mg̃a mákina, ó, ng̃ pagbalak at pamamahalà ng̃ mg̃a gawàing ukol sa kapakinabang̃án ng̃ lahát sang-ayon sa mg̃a simulâín ng̃ karunung̃an.

**Ingenio.** m. Talino; baít; isip. || Ang taong matalino at matalas ang isip. || *Mecán.* Ang mákina. || *de azúcar.* Kabiyawan.

**Ingeniosidad.** f. Katalinuhan; katalasan ng isip.

**Ingenioso, sa.** adj Matalinó; matalas ang isip. || Likhâ; laláng.

**Ingenuidad.** f. Katapatáng loób; pagtatapát; katunayan sa ginágawâ ó sa sinásabi.

**Ingenuo, nua.** adj. Tapát na loób; tapát; tunay; totoó.

**Ingerir.** a. Ipasok ó isaksák ang isáng bagay sa ibá, na paglakipin kapuwà. || fig. Isama; ó ilakip ang isáng bagay sa ibá, na banggitín yaón. || r. Makialám; manghimasok.

**Ingina.** f. Sihang; pangá.

**Ingle.** f. Singit.

**Inglés, sa.** adj. Ang tagá Inglaterra. Ginágamit ding parang *substantivo.* || Ang náuukol sa tinurang bansâ ó kaharìan. || m. Ang wikàng inglés.

**Ingobernable.** adj. Ang hindî mapamahalàan; ó dî mapangasiwàan.

**Ingratitud.** f. Dî pagkilala ng utang na loób; kapalamarahán.

**Ingrato, ta.** adj. Palamara; walâng turing; dî marunong kumilala ng utang na loób. || Masakláp; masamâ ang amóy; magalás.

**Ingresar.** n. Pumasok; 'pumaloób. || Pumasok ang salapî. || r. Masok. || Magpasok ng salapî.

**Ingreso.** m. Pagpasok. || Pasukán. || Pagpasok ng salapî. || Ang salapîng nanasok.

**Inguinario, ria.** adj. *Anat.* y *Med.* Ang náuukol sa singit.

**Inhábil.** adj. Ang walâng kaya; ó walâng dunong sa paggawâ ng anomán. || Ang dî makapaghawak ng katungkulan dahil sa anománg kapintasan ó ná gawâng sala.

**Inhabilidad.** f. Kawalán ng kaya; kawalán ng dunong. || Kapintasan ó kadahilanan sa paghahawak ó pagkakamít ng anománg katungkulan ó hanapbuhay.

**Inhabitable.** adj. Hindî matahanán; ó walâng tumátahán.

**Inhonestidad.** f. Kahalayan; kalibugan. || Karumihán; kasalaulàan.

**Inhonesto, ta.** adj. Mahalay; malibog. || Marumí; salaulà.

**Inhospitalario, ria.** adj. Walâng magpatuloy; ó hindî mapagkalingà sa mga nangingibáng bayan.

**Inhospitalidad.** f. Hindî pagpapatuloy; ó dî pagkakalingà sa mga dayuhan.

**Inhumación.** f. Paglilibíng; ó pagbabaón ng̃ bangkáy.

**Inhumanidad.** f. Kabang̃isán; kabagsikan; kawalán ng̃ awà.

**Inhumano, na.** adj. Mabang̃ís; mabagsík; walâng awà.

**Inhumar.** a. Ilibíng; ibaón ang isáng bangkáy.

**Inicial.** adj. Mulâ; ó simulâ ng̃ anomán. || Ang unang titik ó letra ng̃ isáng salitâ, tulâ ó kabanatà.

**Iniciar.** a. Tanggapín ang pagpasok ó ang pakikisama ng̃ sinomán sa isáng bagay ó kapisanang lihim. || Mulán; ó simulán ang anománg bagay.

**Iniciativa.** f. Akalà; palagáy; munakalà. || Pagpapauná sa pagsasalitâ ó sa paggawâ ng̃ anomán.

**Inicuo, cua.** adj. Tampalasan; walâng gawâng matuwíd.

**Inimitable.** adj. Dî maparisan; dî mahuwarán. || Walâng katulad.

**Iniquidad.** f. Katampalasanan; gawâng labás sa katuwiran.

**Injuria.** f. Paglait; pagalipustâ. || Pagapí; paglapastang̃an; pagsakít.

**Injuriar.** a. Lumait; humimawà; umalipustâ. || Umapí; lumapastang̃an. || r. Maglaitán; magalipustâan.

**Injurioso, sa.** adj. Nakalalait; nakaáalipustâ.

**Injusticia.** f. Gawâng labág sa katuwiran. || Kawalán ng̃ matuwíd.

**Injusto, ta.** adj. Dî tapát; walâ sa katuwiran; likô; linsíl.

**Inmaculado, da.** adj. Walâng dung̃is; walâng mansá.

**Inmarcesible.** adj. Dî nálalantá; dî kumukupas.

**Inmaturo, ra.** adj. Hindî hinóg; walâ sa kapanáhunan.

**Inmediación.** f. Pagkakálapít; pagkakásiping. || Kalapitan. || pl. Karatig; kalapit.

**Inmediatamente.** adv. m. Sa siping; sa piling; sa karatig. || adv. t. Agád; tambíng; kagyát; pagdaka.

**Inmediato, ta.** adj. Kalapít; kasiping; karatig. || Malapit.

**Inmedicable.** adj. Ang walâ nang lunas; ó dî na magagamót.

**Inmensidad.** f. Kalawakan; kawalán ng̃ hanggá. || fig. Karamihan; kakapalán.

**Inmenso, sa.** adj. Malawak; walâng hanggá; dî masukat. || fig. Marami; makapál; dî mabilang.

**Inmensurable.** adj. Ang dî masukat ang lakí. || fig. Ang lubhâng mahirap sukatin.

**Inmerecido, da.** adj. Hindî dapat; dî karampatan.

**Inmersión.** f. Paglulubóg sa tubig ng̃ anománg bagay.

**Inmigración.** f. Paninirahan sa isáng lupà ng̃ mg̃a tagá ibáng bayan.

**Inmigrar.** n. Yumao sa isáng lupà upáng manirahan na rito yaóng mg̃a tagá ibáng bayan.

**Inminencia.** f. Ang pagkakábalà; ó kalapitang mangyari ng̃ anomán.

**Inminente.** adj. Nagbabalà; nayayambá; ó malapit mangyari.

**Inmiscuir.** a. Pagsamahin ang isáng bagay ó sangkáp sa ibá upáng magkahalò. || r. fig. Manghimasok; makialám sa isáng bagay na dî dapat pakialamán.

**Inmoble.** adj. Dî matinag; dî magaláw. || Ang dî kumikilos. || fig. Matibay na loób na dî nagbabago ng̃ anománg pasiyá ó nasà.

**Inmoderación.** f. Kawalâng tuto; pagkalampás sa katamtaman.

**Inmoderado, da.** adj. Walâng kasiyahán; walâng tuto; lampás sa katamtaman.

**Inmodestia.** f. Kagaslawán; kawalán ng̃ hinhín.

**Inmodesto, ta.** adj. Magasláw; dî mabinì; dî mahinhín.

**Inmolación.** f. Paghahain; ó pagaalay ng̃ buhay.

**Inmolar.** a. Magalay ng̃ isáng buhay, na pugutan ang iniáalay. || r. fig. Ialay ang sariling buhay sa kagálingan ng̃ isáng tao ó ng̃ isáng bagay.

**Inmoral.** adj. Ang nálalaban sa mabubuting kaugalian.

**Inmoralidad.** f. Kawalán ng̃ mabubuting kaugalian; dî kawastùan ng̃ mg̃a paguugalì.

**Inmortal.** adj. Hindî mamámatáy; walâng kamátayan. || fig. Ang nagtatagál ng̃ mahabàng panahón.

**Inmortalidad.** f. Kawalán ng̃ kamátayan; ó kawalán ng̃ pagkamatáy. || fig. Kaluwatáng totoó ng̃ anomán sa alaala ng̃ tao.

**Inmortalizar.** a. Papagluwatín; ó buhayin sa habàng panahón ang anomán sa alaala ng̃ tao.

**Inmovible.** adj. Dî magaláw; dî matinag. || Ang dî kumíkilos.

**Inmóvil,** adj. Dî matinag; dî makilos. || Ang dî gumágaláw.

**Inmovilidad.** f. Dî pagkatinag; dî pagkilos. || fig. Katibayan ng̃ loób sa mg̃a akalà at pasiyá.

**Inmudable.** adj. Ang dî mangyayaring mabago ó maibá.

**Inmueble.** adj. Ang hindî kumíkilos. Sinásabi sa mg̃a pagaaring dî matitinag, gaya ng̃ lupà, bahay, at ibá pa.

**Inmundicia.** f. Dumí; yagít. || Karumihán; kasalaulàan. || fig. Kahalayan.

**Inmundo, da.** adj. Marumí; nakasúsuklám. || fig. Mahalay.

**Inmune.** adj. Layâ; ligtás sa anománg buwís ó katungkulan.

**Inmutable.** adj. Hindî magbabago; hindî magiibá. || Ang hindî mabago ó maibá.

**Inmutación.** f. Pagbabago; ó pagiibá ng̃ anomán.

**Inmutar.** a. Baguhin; ibahín ang anománg bagay. || fig. Makabago ng̃ katawán, pagmumukhâ ó kalooban. || r. Mahiyâ; masindák.

**Innavegable.** adj. Dî malayagan; dî mapamangkâán.

**Innecesario, ria.** adj. Hindî kailangan.

**Innegable.** adj. Dî maikákailâ; dî maitatanggí.

**Innoble.** adj. Timawà; hamak.

**Innovar.** a. Baguhin; ibahín ang alinmáng bagay.

**Innumerable.** adj. Dî mabilang; ó mahirap bilang̃in.

**Inobediencia.** f. Pagsuwáy; dî pagsunód.

**Inobediente.** adj. Masuwayin; suwaíl.

**Inocencia.** f. Pagkawalâng sala; ó kawalán ng̃ kasalanan. || Pagkawalâng malay; ó kawalán ng̃ malay. || Kamusmusán; kawalán ng̃ ganáp na isip.

**Inocente.** adj. Walâng sala. || Walâng malay. Ginágamit ding parang *substantivo*. || Musmós; walâng isip. || Ang hindî masamâ; ó dî makasasamâ.

**Inodoro, ra.** adj. Walâng amóy.

**Inolvidable.** adj. Dî malimot; dî malimutan. || Dî makalílimot.

**Inopia.** f. Karukhâán; kahirapan; kasalatán.

**Inopinado, da.** adj. Ang dî ináakalàng mangyari; ó ang nangyaring hindî ináasahan.

**Inoportunidad.** f. Kawalán sa kapanáhunan, ó sa mabuting panahón.

**Inoportuno, na.** adj. Ang sinásabi ó ginágawâ sa dî ukol na panahón.

**Inordenado, da.** adj. Walâng ayos; walâng husay; walâng tuto; guló.

**Inquietar.** a. Ligaligin; bagabagin; tigatigin. || r. Mabagabag; maligalig; mabalisa.

**Inquieto, ta.** adj. Balisá; ligalíg; bagabág. || Magasláw; magasó.

**Inquietud.** f. Kabalisahán; pagkabalisa; dî pagkápalagáy. || Ligalig; bagabag; kaguluhan; kaligaligan.

**Inquilino, na.** m. y f. Ang nangungupahan ng isáng bahay upáng tirahán.

**Inquirir.** a. Siyasatin; usisàin; sigasigin ang anomán.

**Insaciable.** adj. Walâng sawà; dî mabusóg. || Walâng kabúsugan; masibà.

**Insacular.** a. Ilagáy sa supot, bangâ ó urna ang mga ngalan ng tao ó bagay upáng daanín sa sápalarán ang pagpilì.

**Insalubre.** adj. Nakasisirà ng katawán; ó makapagkakasakít.

**Insanable.** adj. Malubhâ; dî gumalíng; ó dî mapagalíng.

**Insania.** f. Kaululán; kabaliwan; kasiràan ng isip.

**Insano.** m. Ulól; balíw; sirâ ang isip.

**Inscribir.** a. Idukit sa metál ó bató ang anománg sulat bilang alaala sa isáng tao, bagay ó anománg pangyayaring dakilà. || Italâ; ititik; ó ipasulat ang pangalan ng isáng tao. || r. Magpatalâ; magpasulat ng pangalan.

**Inscripción.** f. Pagtatalâ; pagtititik ng pangalan. || Pagpapasulat; ó pagpapatalâ ng ngalan. || Maiklîng sulat na dinukit sa metál ó bató upáng magíng alaala ng isáng tao ó ng isáng dakilàng pangyayari.

**Insecto.** m. *Zool.* Hayop na may pakpák, na ang katawán ay walâng butó sa gulugód, gaya ng langaw, putaktí, at ibá pa.

**Inseguro, ra.** adj. May panganib. || Hindî tiyák; hindî tunay.

**Insensatez.** f. Kamangmangán; kahangalán; kahunghangán.

**Insensato, ta.** adj. Mangmáng; hangál; hungháng; walâng pagiisip.

**Insensibilidad.** f. Kawalán ng pangdamdám. || fig. Katigasán ng pusò; ó kawalán ng awà.

**Insensible.** adj. Ang dî nakákaramdám; ó walâng pangdamdám. || Dî maramdamán. || fig. Ang dî marunong maawà; ó walâng habág.

**Inseparable.** adj. Dî mapaghiwaláy. || Dî makahiwaláy; lagìng kasama.

**Insepulto, ta.** adj. Hindî nábabaón. Sinásabi itó sa bangkáy.

**Inserción.** f. Paglalakip; pag papalamán; pagsasama ng isáng bagay sa ibá.

**Insertar.** a. Ilakip; ipalamán; ipaloób; isama ang isáng bagay sa ibá. || *en el periódico.* Ipalamán; isapitak sa pámahayagán.

**Inservible.** adj. Hindî ma-

gamit. || Walâng kabuluhán; walâng kaparárakan.

**Insigne.** adj. Bantóg; bunyî. || Dakilà; marilág.

**Insignia.** f. Sagisag; tandâ ng karangalan. || Bandilà; watawat.

**Insignificante.** adj. Walâng kahulugán. || fig. Walâng halagá; walâng kabuluhán; hamak.

**Insinuar.** a. Ipahiwatig; banggitín ng bahagyâ ang anomán. || *For.* Iharáp, ó ipakita sa hukóm ang isáng kasulatan upáng pamagitanan ng kanyáng kapangyarihan. || r. Hulihing untî-untî ang kalooban ng sinomán. || fig. Masok ng hinayhinay sa pusò ang anománg nasà, bisio, kabáitan, at ibá pa.

**Insipidez.** f. Kawalán ng lasa; katabangán.

**Insípido, da.** adj. Walâng lasa; matabáng.

**Insipiencia.** f. Kamangmangán. || Kawalán ng isip.

**Insipiente.** adj. Mangmáng; mulalâ. || Walâng isip.

**Insistencia.** f. Pagpilit; pagmamatigás sa anománg bagay.

**Insistir.** n. Magmatigás; magpumilit. || a. Ipilit; ipagmatigás; ang anomán

**Insociable.** adj. Ang dî marunong makipamayan; ó dî maalam makipagkapuwà tao.

**Insolación.** f. *Med.* Sakít ng ulo na galing sa malabis na init ng araw.

**Insolar.** a. Ibilád; ilagáy sa araw ang anomán. || r. Magpaaráw; magkasakít dahil sa matindíng init ng araw.

**Insoldable.** adj. Hindî mahíhinang. || fig. Gawâ ó kamalîang hindî mababago.

**Insolencia.** f. Katampalasanan; kapaslangán. || Kapangahasan. || Kawalânghiyâán.

**Insolente.** adj. Tampalasan; pasláng; pangahás. || Palalò; walâng hiyâ.

**Insoluble.** adj. Hindî matunaw. || Dî makalág.

**Insolvencia.** f. Kawalán ng maibayad sa utang.

**Insolvente.** adj. Ang walâng maibayad; ó walâng ikabayad sa utang.

**Insomne.** adj. Puyát; dî nákakatulog.

**Insomnio.** m. Puyat; pagpupuyat; dî pagkakátulog.

**Insondable.** adj. Dî matarók. || fig. Dî malirip; dî maabot ng isip.

**Insonoro, ra.** adj. Walâng tunóg.

**Insoportable.** adj. Dî matiís; dî mabatá. || fig. Ang nakagágalit at nakamúmuhî.

**Inspección.** f. Pagsisiyasat;

pagsuring mabuti ng anomán. || Ang katungkulang magtanod at magingat ng anománg bagay.

**Inspeccionar.** a. Siyasatin; suriing maigi ang anomán.

**Inspector, ra.** m. y f. Tagasiyasat; tagasuri; tagakalingà ng anomán.

**Inspiración.** f. Paghingá; ó pagsinghót ng hangin at pagpasok nitó hanggáng bagà. || fig. Pagpukaw ng Dios sa kalooban ng tao. || Pagiisip na totoóng mahusay at mayaman na biglâng dumapò sa isip ng tao, lalòng lalò na sa isáng mángangathâ ó manglilikhâ.

**Inspirar.** a. Humingá; ó singhutín ang hangin na pumasok hanggáng bagà. || Gisingin ang loób sa anománg bagay. || fig. Liwanagan ng Dios ang pagiisip ng sinomán, ó pukawin ang kanyáng kalooban.

**Instantáneo, nea.** adj. Sásandalî; súsumandalî; isáng kisápmatá.

**Instante.** m. Sandalî; sumandalî; kisápmatá. || *Al instante.* m. adv. Pagdaka; agádagád; pagkuwán.

**Instar.** a. Pakaulitulitin, ó ipagpílitan ang anománg daíng ó kahilingan. || n. Kailanganing lubhâ ang madalîng paggawâ ng anomán.

**Instigación.** f. Pagulók; pagupat; pagsulsól; paguralì.

**Instigar.** a. Ulukán; uralìan; upatán; sulsulán.

**Instilar.** a. *Farm.* Ilagáy ng untîuntî ó patákpaták ang anomán sa ibáng bagay.

**Instinto.** m. Ang talagáng gawî ng hayop, na humanap ng ikabubuhay at mangilag sa ikasasamâ. || *Rel.* Ang pagkasi ng Banál na Diwà, kung ang sinásabi'y sa pagiisip.

**Institución.** f. Pagtatatág; pagtatayô ng anomán. || Pagtuturò; pagaaral. || pl. Katipunan ng mga simulâín ó ng mga punòng aral.

**Instituir.** a. Lumaláng; lumikhâ; maglagáy. || Itatág; itayô ang isáng bagay. || Magtayô; magtatág; magbangon ng anomán. || Magturò; umaral. || r. Mátatág; mátayô ang anomán.

**Instrucción.** f. Pagtuturò; pagaaral. || Ang pinagaralan; ó ang karunungang kinátutuhan. || Utos; kautusán.

**Instructivo, va.** adj. Ang nakapagtuturò; ó ang nakapagpapatalino. || *Sociedad instructiva.* Samahán sa pagpapatalino.

**Instructor, ra.** s. y adj. Ang gurò; ó nagtuturò.

**Instruído, da.** adj. Marunong; matalino.

**Instruir.** a. Turùan; aralan. ‖ Magturò. ‖ r. Mátuto; magaral; magpakatalino.

**Instrumental.** adj. Ang náu ukol sa instrumento ó panugtóg.

**Instrumento.** m. Kasangkapan ‖ Mákina. ‖ Pang; ó ang sangkáp na ginágamit natin upáng makagawâ ng anomán; gaya ng INSTRUMENTO *para espantar;* PANG*gulat,* PANG*takot.* ‖ *For.* Kasulatan; katibayan. ‖ *músico.* Panugtóg, ó kasangkapan sa pagtugtóg.

**Insuficiencia.** f. Kawalán ng kaya; dî karunungan. ‖ Kakulangan; dî kasapatán.

**Insuficiente.** adj. Walâng kaya; walâng dunong. ‖ Dî sapát; kapós; kulang.

**Insufrible.** adj. Dî madálitâ; dî matiís; dì mabatá.

**Ínsula.** f. Pulô.

**Insular.** adj. Kapulùan.

**Insulso, sa.** adj. Walâng lasa; matabáng. ‖ fig. Walâng dikít at saráp na salitâ.

**Insultar.** a. Lumait; umalimura; umalipustâ; dumuhagi. ‖ r. Maglaitán; magmurahán. ‖ Mawalán ng diwà; himatayín.

**Insulto.** m. Paglait; pagalimura; pagduhagi; pagalipustâ. ‖ Pagdaluhong; paglusob na biglâ sa kapuwà. ‖ *Med.* Paghihimatáy; pagkawalâ ng diwà.

**Insuperable.** adj. Hindî malalùan; dî mahigtán; dî madaíg.

**Insurgente.** s. y adj. Ang nanghihimagsík; ó nagalsá. ‖ Manghihimagsík.

**Insurrección.** f. Panghihimagsík; pagaalsá ng bayan.

**Insurreccional.** adj. Ang náuukol sa panghihimagsík.

**Insurreccionar.** a. Papanghimagsikín ang mga tao ó ang bayan. ‖ r. Maghimagsík; magalsá.

**Insurrecto, ta.** s. y adj. Manghihimagsík.

**Intacto, ta.** adj. Hindî nahihipò; dî nasasaláng. ‖ Hindî napagúusapan. ‖ fig. Hindî naáanó; dî nasisiràan. ‖ Dalisay; wagás.

**Intachable.** adj. Hindî mapintasán; walâng kapintasan.

**Integridad.** f. Kaganapán; kabuùan; pagkalubós ng anománg bagay. ‖ fig. Ang urì ng taong lubós ang buti, walâng imbót at mabaít. ‖ Ang kalinisan ng pagkabirhen.

**Íntegro, gra.** adj. Ganáp; buô; lubós; walâng kulang. ‖ fig. Ang walâng imbót, tapát at mabaít.

**Intelección.** f. Pagkabatíd; pagkatantô; pagkatalastás; pagkaunawà.

**Intelectiva.** f. Pangbatíd; pangtalastás; pang-unawà.

**Intelectual.** adj. Ang náuukol sa pagiisip. || Diwà; ó walâng katawán.

**Inteligencia.** f. Isip; baít; pagiisip. || Pagkákilala; pagkaalám; pagkatalastás. || Kahulugán; katuturán. || Karunungan; katalinuhan sa anománg bagay. || Pagkakaunawàang lihim ng dalawá ó maraming tao.

**Inteligente.** adj. Marunong; matalino. || Ang may pang-unawà ó pang-intindí.

**Inteligible.** adj. Ang madalîng maunawà ó matalastás. || Ang malinaw dinggín.

**Intemperie.** f. Pagkakaibá, ó dî pagkakaparis ng kalagayan ng panahón. || *A la intemperie.* m. adv. Sa hayág na lugál, na walâng bubóng ó takíp na anomán.

**Intempestivo, va.** adj. Walâ sa panahón; ó labás sa kapanáhunan.

**Intención.** f. Tika; akalà; nasà; hangád.

**Intencional.** adj. Sinadyâ; kinusà; tinalagá; inakalà.

**Intensidad.** f. Karahasán; kalákasan. || fig. Silakbó ng mga nasà ng pusò.

**Intensión.** f. Pagkamarahás; ó kalakasan ng paggaláw ng anomán.

**Intenso, sa.** adj. Marahás; malakás. || fig. Masilakbó; masasál; ó matindíng nasà ng loób.

**Intentar.** a. Magbantâ; magtika; magakalà. || Pagpilitan; pagsikapan; pagnasàan; pagakalàan.

**Intento.** m. Tika; bantâ; akalà. || Tungo; pakay; sadyâ; layon.

**Intercalación.** f. Pagsasalít; pagsisingit; pagpapagitan.

**Intercalar.** a. Isalít; isingit; ipagitan; isaglít; ipagitnâ.

**Interceder.** n. Mamagitan; mamagitnâ; idalangin; idaíng; ipakiusap. || Pakalará; ó kalarahín ang sínoman upáng magtamó ng anománg biyayà, ó máligtás sa anománg kasamâan.

**Interceptación.** f. Pagkuha ng anománg bagay, bago dumatíng sa talagáng pagdadalhán ó pinagúukulan. || Pagpigil; pagharang.

**Interceptar.** a. Kunin ó pigilin ang isáng bagay, bago dumatíng sa poók ó tao na talagáng pagdadalhán.

**Intercesión.** f. Pamamagitan; pagkalará.

**Intercesor, ra.** s. y adj. Pintakasi; tagapamagitan. || Ang namámagitan.

**Intercutáneo, nea.** adj. Ang na sa pagitan ng balát at lamán.

**Interdecir.** a. Ibawal; ó ipagbawal.

**Interdicción.** f. Pagbabawal.

**Interés.** m. Pakinabang; tubò; kapakinabangán. || Imbót; hangád. || Halagáng sarili ng isáng bagay. || *Com.* Tubò, ó pakinabang ng puhunan. || pl. Mga pagaarì; ó kayamanan.

**Interesado, da.** adj. Ang nagmámasakit, ó mapagmasakit ng anomán. || Maimbutin; mapagimbót; mapagnasà ng dî kanyá.

**Interesante.** adj. Mahalagá; makabuluhán; pakikinabangan.

**Interesar.** n. Magkahalagá; ó makinabang sa anomán. || a. Isamá ang sínoman sa isáng hanapbuhay ó pangangalakal. || Lamuyutin; hikayatin. || r. Makisamá sa anománg hanapbuhay. || Magmasakit.

**Ínterin.** m. Pagkasamantalà. || adv. t. Samantalà; hanggáng dî.

**Interinidad.** f. Pagkasamantalà; ó paghaliling samantalà sa isáng katungkulan.

**Interino, na.** adj. Samantalà; ó pangsamantalà sa paghawak ng isáng katungkulan.

**Interior.** adj. Loób. || Kálooblooban; kaibuturan. || Looban. || fig. Ang tanging náraramdamán sa káluluwá. || m. Ang loób, ó kalooban ng tao.

**Interjección.** f. *Gram.* Pangdamdám; ó ang bahagi ng kaisipán na nagsasaysáy ng mga dináramdám ng kalooban.

**Interlineal.** adj. Ang sulat, ó isinulat sa pagitan ng dalawáng talatà.

**Interlocución.** f. Salitâan; úsapan ng dalawá ó maraming tao.

**Interlocutor, ra.** m. y f. Kausap; kapanayám; kasalitâan.

**Interlunio.** m. *Astr.* Ang pagkamatáy ng buwán; ó ang panahóng walâ siyáng liwanag.

**Intermediar.** n. Mápagitan; mápagitnâ. || Mamagitan; mamagitnâ.

**Intermediario, ria.** s. y adj. *For.* Ang namámagitan, ó tagapamagitan sa dalawáng nagúusapín.

**Intermedio, dia.** adj. Pagitan; ó na sa pagitan. || m. Ang pagitan ng dalawáng panahón ó ng dalawáng gawâ. || Tugtóg, awit, sayáw, at ibá pa na ipinapagitan sa mga yugtô ng isáng dulà; panaglít.

**Interminable.** adj. Walâng katapusán; walâng hanggán.

**Intermisión.** f. Pagkahintô; pagkatigil ng gawâ ó ng anomán; humpáy; likat; tahán.

**Intermitencia.** f. *Med.* Pagtigil ng lagnát, ó ng ibáng sakít na tatahán at babalík ulî.

**Intermitente.** adj. Ang tumatahán at nagpapatuloy na mulî.

**Intermitir.** a. Itahán, itigil sa iláng panahón ang anomán. || Humpayán; ihintô muna at sakâ ipatuloy na mulî.

**Internación.** f. Pagpapasok; ó pagpapaloób ng̃ anomán. || Pagpasok.

**Internacional.** adj. Ang náhihinggíl sa dalawá ó maraming bansâ; ó ang náuukol sa magkakabansâ.

**Internar.** a. Ipasok; ipaloób. || n. y r. Masok; pumasok; paloób. || r. fig. Hulihin, ó tarukín ang kalooban ó mg̃a lihim ng̃ ibá. || Magpakalalim sa pagaaral ng̃ anomán.

**Interno, na.** adj. Sa loób; ó na sa loób. || s. y adj. Ang nagaaral nà tumitirá sa loób ng̃ páaralán.

**Interpelar.** a. Dumaíng; lumuhog; humingî ng̃ tulong; paampón. || Tumanóng; ó tanung̃ín upáng magbigáy ng̃ mg̃a paliwanag na kailang̃an.

**Interpolar.** a. Isalít; isingit; ipagitan. || Itigil; ó itaháng sandalî ang paggawâ ng̃ anomán at mulîng ipatuloy.

**Interponer.** a. Isalít; ipagitan ang isáng bagay sa ibá. || Lagyán ng̃ anomán ang pagitan ng̃ iláng bagay. || fig. Ipamagitan; paampón. || *For.* Tumutol sa usap. || r. Másingit; málagáy ang isáng bagay sa ibá. || fig. Mamagitan; mamagitnâ.

**Interpretar.** a. Saysayín; ó ipaliwanag ang kahulugán ng̃ isáng bagay. || Isalin; ó ihulog ang isáng wikà sa ibá. || Tantùin, ó arìin ng̃ mabuti ó masamâ ang anománg kilos ó pang̃ung̃usap.

**Intérprete.** com. Dalubasâ; tagapagpaliwanag; ó tagapagsaysáy ng̃ kahulugán ng̃ isáng wikà sa ibá. || fig. Alinmáng bagay na nagpapakilala ng̃ mg̃a nasà at tibók ng̃ damdamin.

**Interregno.** m. Pagitan ng̃ panahóng walâng harì ang isáng kaharìan.

**Interrogación.** f. Tanóng; pagtatanóng. || *Gram.* Pangtanóng; ó ang tandâng ginágamit sa pagtatanóng na ganitó ang ayos (¿ ?).

**Interrogar.** a. Tumanóng; magtanóng.

**Interrogatorio.** m. Katánung̃an; ó mg̃a tanóng na ginágawâ sa salarín, ó sa mg̃a saksí, ó sa kanino man.

**Interrumpir.** a. Abalahin; pigilin; sansalàin; hadlang̃án ang paggawâ ng̃ isáng bagay. || Itigil; ihintô; itahán ang anomán. || r. Mátigil; máhintô; maabala.

**Intervalo.** m. Pagitan ó layò ng isáng lugál sa ibá. || Pagitan ó aguwát ng panahón.

**Intervención.** f. Pamamagitan; pakikialám; pamamagitnâ.

**Intervenir.** n. Makialám. || Mamagitan; mamagitnâ.

**Intestado, da.** adj. Ang namatáy na walâng testamento.

**Intestinal.** adj. Ang náuukol sa bituka.

**Intestino, na.** adj. Na sa loób. || m. *Anat.* Bituka. Lalòng ginágamit sa plural.

**Intimación.** f. Pagpapahayag; pagbabalâ.

**Intimar.** a. Ipahayag; ibabalâ ang anomán. || r. Tumaós; masok; sumilíd sa loób. || fig. Makipagíbigan; magkagiliwán.

**Intimidación.** f. Pagtakot; ó pananakot.

**Intimidad.** f. Pagiibigang mahigpít. || fig. Pagsisintahan; pagsusuyùan. || Sárilinan; ó pamumuhay na sarili.

**Intimidar.** a. Takutin; manakot. || fig. Matakot.

**Íntimo, ma.** adj. Na sa loób; na sa kaibuturan. || Mahigpít; mataós na pagiibigan. || Matalik; pinakagigiliw na kaibigan.

**Intitular.** a. Pamagatán ang isáng aklát ó sinulat na anomán. || Palayawan; bansagán; ngalanan ang isáng tao ó bagay. || r. Magkapamagát; magkangalan.

**Intolerable.** adj. Hindî matiís; dî mabatá; dî madalitâ.

**Intraducible.** adj. Ang hindî maisalin ó maihulog sa ibáng wikà.

**Intramuros.** adv. m. Loób ng isáng siudad, bayan ó lugál.

**Intransitable.** adj. Lugál ó poók. na dî maraanan.

**Intransitivo, va.** adj. *Gram.* Pangtatág; ó ang verbo ó pangwatas na ang kanyáng gawâ ó katuturán ay hindî dumaraán sa ibáng tao ó bagay, gaya ng *nacer* (ipanganák).

**Intransmutable,** adj. Hindî nagbabago; dî nagiibá.

**Intratable.** adj. Hindî maraanan. || fig. Hindî mákasundô; dî makaugalì.

**Intrepidez.** f Katapangan; kalákasan ng loób sa panganib. || fig. Kapangahasan; kawalâng lingóng likód.

**Intrépido, da.** adj. Matapang; buô ang loób; walâng gulat. || fig. Pangahás; walâng lingóng likód.

**Intriga.** f. Laláng; pakanâ; gawâng pailalím.

**Intrigante.** m. y f. Ang may pakanâ; mapaglaláng; mapagpailalím.

**Intrigar.** n. Maglaláng; magpakanâ; magpailalím.

**Intrincación.** f. Pagkaguló; pagkagusót; pagkakásuótsuót.

**Intrincar.** a. Gusutín; guluhín ang anomán. || fig. Guluhín; ó palabùin ang mga paghahakà. || r. Maguló; magusót.

**Intrínseco, ca.** adj. Loób; na sa loób; ó kálooblooban. || fig. Ang sariling halagá ó kabagayán.

**Introducción.** f. Pagpasok; pagpaloób; ó pagpapasok ng anomán. || *Liter.* Simulâ; pasimulâ; ó paunáng salitâ ng isáng aklát.

**Introducir.** a. Ipasok; ipaloób ang anomán. || Magpasok; ó papasukin ang sínomán sa isáng lugál. || fig. Palagyán ng simulâ ó paunáng salitâ ang isáng aklát. || Ugalìin; tanggapín ang anománg nábabago. || r. Masok; pumasok. || Manghimasok. || Makisalamuhà. || Tumaós; tumaimtím.

**Introito.** m. Pasimulâ ng isáng bagay. || Mulâ ó simulâ ng misa.

**Intruso, sa.** adj. Manglulupig; mangangagaw ng karangalan, katungkulan, pagaarì at ibá pa.

**Intuición.** f. Pagkákilalang malinaw sa isáng isipan ó katotohanan, na parang nákikita. || Pagkawarì.

**Intuitivo, va.** adj. Ang náuukol sa pagkákilalang malinaw sa isáng pagkukurò ó katotohanan, ó sa anománg bagay.

**Intumescencia.** f. Pamamagâ.

**Intumescente.** adj. Namamagâ.

**Inundación.** f. Bahâ; pagapaw ó paglakí ng tubig sa lupà ó sa bayan. || fig. Kasaganàang malabis ng anòmán.

**Inundar.** a. Apawan ng tubig ang lupà ó bayan. || fig. Punùín ng mga taong dayuhan ó ng ibáng bagay ang isáng bayan ó lupàín. || r. Bumahâ; umapaw ang tubig. || fig. Mapunô; dumagsâ sa isáng bayan ang mga tagá ibáng lupà ó anománg bagay.

**Inurbanidad.** f. Kawalán ng galang.

**Inurbano, na.** adj. Walâng galang.

**Inusitado, da.** adj. Hindî ugalì; dî kaugalìan. || Lipás; dî kagamitán.

**Inútil.** adj. Walâng kabuluhán; walâng kasaysayan. || Walâng kapakanán. || Walâng kaya.

**Inutilizar.** a. Walíng kabuluhán ó kasaysayan ang isáng bagay. || Siràin. || Pawalâng kaya. || r. Mawalán ng kabuluhán ang

anomán. || Masirà; mapangan-yayà. || Mawalán ng kaya.

**Invadeable.** adj. Hindî matawíd; ó dî matawirán.

**Invadir.** a. Salakayin; loobán; pasuking pilit ang alinmáng poók ó lugál. || Mangloób; sumalakay.

**Invalidar.** a. Pawalâng halagá ó bisà ang anománg bagay.

**Inválido, da.** adj. Mahinà; salantâ. || fig. Walâng halagá; walâng bisà.

**Invariable.** adj. Hindî magbabago; ó dî mababago.

**Invasión.** f. Pagloób, ó pangloloób; pagsalakay; paglusob.

**Invasor, ra.** s. y adj. Ang nangloób; ó sumalakay. || Mangloloób; mananalakay.

**Invencible.** adj. Hindî madaíg; dî matalo; dî masupil.

**Invención.** f. Paglaláng; paglikhâ. || Ang bagay na linikhâ ó linaláng. || Pagkatagpô; pagkatuklás. || Dayà. || Kathâ.

**Invencionero, ra.** m. y f. Mapaglaláng; mapaglikhâ. || Magdarayà. || Mapagkathâ ng kasinungalingan.

**Invendible.** adj. Hindî maipagbilí; dî mabilí

**Inventar.** a. Lumaláng; lumikhâ. || Kathâín; ó isipin ng mánunulat ó masining ang anománg gawâ. || Magdayà; magkathâkathâ ng kasinungalingan.

**Inventario.** m. Talâang maayos at bukódbukód ng mga pagaari at ibá pang mga bagay, na náuukol sa isáng tao ó sa isáng kapisanan.

**Invento.** m. Paglikhâ; paglaláng ng anomán. || Laláng; likhâ. || Dayà.

**Inventor, ra.** m. y f. Manglilikhâ; manglalaláng. || Magdarayà; mapagkathâkathâ.

**Inverecundo, da.** adj. Walâng hiyâ; ó walâng kahihiyán.

**Inverosímil.** adj. Malayòng magkatotoó; ó walâng bakás katotohanan.

**Inverosimilitud.** f. Kalayùan sa katotohanan; ó kawalán ng bakás katotohanan.

**Invertir.** a. Guluhín; gusutín ang mga bagay ó ang hanáy ng anomán. || Ipatiwarík; baligtarín. || Gugulin; gamitin ang yaman ó salapî sa anomán. || Iukol ang panahón sa gayó't ganitóng paraán.

**Investidura.** f. Pagbibigáy ó pagkakaloób ng isáng mataás na karangalan ó katungkulan.

**Investigación.** f. Pagsisiyasat; pagsusugíd; pagsigasig na mapalitáw ang anomán.

**Investigar.** a. Siyasatin; usi-

sàin; sigasigin; pagsikapang palitawín ang anomán.

**Investir.** a. Bigyán, pagkalooban ng anománg karangalan ó katungkulang mahalagá.

**Inveterarse.** r. Tumandâ. || Malumà. || Magluwát; ó manatilì sa dating lagáy ang anomán sa mahabàng panahón.

**Invicto, ta.** adj. Hindî matalo; ó tuwî na'y mánanalo.

**Invierno.** m. Tagulán; taglamíg; taggináw.

**Invigilar.** a. y n. Pakaalagàan; ó kalingàing mabuti ang anomán.

**Inviolable.** adj Hindî dapat paslangín; ó dî mapapasláng ang anomán. || Ang dapat igalang.

**Inviolado, da.** adj. Buô; ganáp; malinis; hindî nagagaláw.

**Invisible.** adj. Ang hindî mákita; ó dî makikita ang anomán.

**Invitación.** f. Anyayà; ó pagáanyayà. || Paanyayà. || fig. Pagyayà; pagakit; pagudyók na gawín ang anomán.

**Invitar.** a. Maganyayà; ó anyayahan. || Pigingín. || fig. Akitin; yayàin; udyukán.

**Invocación.** f. Pagtawag; pagdalangin; paghingî ng tulong.

**Invocar.** a. Tumawag na humingî ng tulong; dumalangin; paampón.

**Involuntariamente.** adv. m. Napilitan; hindî ibig; dî kalooban. || Dî kinusà; dî tinalagá.

**Involuntario, ria.** adj. Hindî kusà; hindî ibig ng loób. || Nálalaban sa kalooban.

**Ir.** n. Yumao; humayo; lumakad. || Paroón, ó pumaroón; tumungo; tumumpá sa ibáng poók ó lugál. || Pumustá; tumayâ. || Patungo; patumpá; gaya ng *este camino* VA *al cementerio, ang daáng itó'y* PATUNGO *sa líbingan.* || r. Umalís; yumao; humayo; pumanaw. || Maghingalô; ó mamatáy. || Tumulò; tumagas. || Mádulas; mádupilas. || Maubos; masaíd ang anomán. || Mapunit; ó malumà ang damít. || Mautót; ó mátaé ng walâng malay ó dî kinukusà.

**Ira.** f. Galit; poót. || Nasàng manghigantí. || fig. Ang dahás ó bagsík ng mga elemento.

**Iracundo, da.** adj. Magagalitín; mapopootín.

**Irascible.** adj. Ang náuukol sa galit ó poót. || Magagalitín.

**Iris.** m. Bahaghari; balangáw. || fig. Ang nagpapayo at pumápayapà sa mga nagkákaalít.

**Ironía.** f. Tuyâ; palibhasà; kapalibhasàan.

**Irónico, ca.** adj. May lamáng tuyâ ó kapalibhasàan. || Patuyâ; mapanuyâ.

**Irracional.** adj. Walâng isip; ó salát sa katuwiran, gaya ng hayop. Ginágamit ding parang substantivo. || Ang nálalaban sa matuwíd, ó labás sa katuwiran.

**Irradiar.** a. Magsabog ng liwanag sa lahát ng dako ang isáng tangláw sa langit, gaya ng Araw na nagsasabog ng liwanag sa lupà. || Magliwanag; magningníng.

**Irrazonable.** adj. Walâ sa matuwíd; ó dî akmâ sa katuwiran.

**Irrealizable.** adj. Hindî magawâ; ó dî máiṣagawâ.

**Irreconciliable.** adj. Ayaw makipagkasundô. || Hindî magkasundô.

**Irredimible.** adj. Ang hindî mangyaring matubós. || Walâng katúbusan.

**Irreflexión.** f. Dî pagbubulaybulay; ó kawalán ng pagwawariwari.

**Irreflexivo, va.** adj. Ang dî nagwawarì. || Ang nagsasabi ó gumágawâ ng walâng wariwarì.

**Irregular.** adj. Ang walâ sa tuntunin; ó ang nálalaban sa pátakarán. || Ang dî nangyayaring karaniwan.

**Irregularidad.** f. Kawalán sa tuntunin ó pátakarang sinusunód. || Kagusutan; kaguluhan; kawalán ng husay.

**Irreligioso, sa.** adj. Dî pagtupád sa katungkulang binyagan. || Ang nálalaban sa relihión ó pananampalataya.

**Irremediable.** adj. Hindî malunasan; dî mapaghusay. || Walâng lunas.

**Irremisible.** adj. Hindî maipatawad; walâng kapatawarán.

**Irreparable.** adj. Hindî mapaghuhusay; ó dî mapagpapalàng kasiràan.

**Irresistible.** adj. Hindî mapaglabanan. || Hindî madaíg. || Hindî matiís.

**Irresoluble.** adj. Hindî mapagpasiyahán.

**Irresolución.** f. Kawalán ng pasiyá; ó dî pagpapasiyá. || Paguurongsulong.

**Irresoluto, ta.** adj. Walâng pasiyá; urongsulong; alangán.

**Irrespetuoso, sa.** adj. Walâng galang.

**Irresponsable.** adj. Hindî nanánagót; ó labás sa pananagutan.

**Irresuelto, ta.** adj. Walâng pasiyá.

**Irreverencia.** f. Kawalán ng galang; ó hindî paggalang.

**Irreverente.** adj. Walâng galang; walâng pítagan.

**Irrevocable.** adj. Hindî mababago; dî mapapawalâng halagá.

**Irrisible.** adj. Katawátawá; nakátatawá; ó dapat ikátawa.

**Irrisión.** f. Birò; uyám; libák; aglahì. || Paghamak; pagsiphayò.

**Irrisorio, ria.** adj. Nakatatawá at nakahíhikayat birùin.

**Irritar.** a. Pagalitin; pootín. || Papaginitin; papagalabin ang mg̃a nasà at hilig ng̃ loób. || *For.* Pawalâng halagá; pawalâng bisà ang anomán. || r. Magalit; mapoót. || Magalab; maginit ang mg̃a pita at hilig ng̃ kalooban.

**Irrupción.** f. Paglusob na biglâ at walâng anóanó ng̃ mg̃a kaaway. || Pangyayaring biglâ at dî ináasahan ng̃ anománg bagay, gaya ng̃ pagputók ng̃ bulkán.

**Isla.** f. Pulô; ó tumpók ng̃ lupàng nálilibid ng̃ tubig sa lahát ng̃ dako. || fig. Tumpók ng̃ mg̃a bahay na náliligid ng̃ mg̃a daán.

**Isleño, ña.** adj. Taga pulô; tagá kapulùan. || Ang náuukol sa pulô.

**Islote.** m. Pulông muntî at walâng tumátahán. || Batóng malakí at mataáş, na náliligid ng̃ dagat.

**Istmo.** m. *Geogr.* Daanán; ó ulós na makipot ng̃ lupà na nagkákabít sa dalawáng kontinente, ó sa isáng península at isáng kontinente.

**Itinerario, ria.** adj. Ang náuukol sa daán ó landás. || m. Ang túng̃uhin ng̃ isáng paglalakbáy.

**Izar.** a. *Mar.* Itaás ó iakyát ang anomán, na batakin sa lubid na kinábibitinan. || *la bandera.* Iladlád ang bandilà ó watawat.

**Izquierda.** f. Kaliwâ; ó kamáy na kaliwâ.

**Izquierdear.** n. fig. Lumihís sa itinátadhanà ng̃ katuwiran at ng̃ kabáitan.

**Izquierdo, da.** adj. Kaliwâ; ó dakong kaliwâ. || Kaliwete. || fig. Likô; dî matuwíd.

# J



**Jabalí.** m. *Zool.* Baboy damóng lalaki.

**Jabalina.** f. Baboy damóng babae.

**Jabato.** m. *Zool.* Bulaw; ó ang anák na muntî ng̃ baboy damó.

**Jabón.** m. Sabón.

**Jabonado.** m. Pagsasabón. || Buntón ng̃ damít na putî na sinásabón ó nasabón na.

**Jabonadura.** f. Pagsasabón. || pl. Pinagsabunán. || Ang bulâ ng̃ sabón.

**Jabonar.** a. Magsabón. || Sabunín ang damít ó anománg bagay.

**Jaboncillo.** m. Sabóng mabang̃ó.

**Jabonera.** f. Magsasabóng babae. || Sisidlán, ó lalagyán ng̃ sabón.

**Jabonería.** f. Gawàan ng̃ sabón. || Tindahan ng̃ sabón.

**Jabonero.** m. Ang gumágawâ, ó nagtitindá ng̃ sabón; magsasabón.

**Jaca.** f. Kabayong muntî.

**Jactancia.** f. Pamansá; pamamanság; pagpaparang̃alan.

**Jactancioso, sa.** adj. Mapamanság; mapamansá; mapagparang̃alan.

**Jactarse.** r. Mamanság; mamansá; magparang̃alan.

**Jadear.** n. Huming̃al.

**Jadeo.** m. Hing̃al. || Paghing̃al.

**Jaez.** m. Alinmáng pamuti ó gayák na inilálagáy sa kabayo pag araw ng̃ pistá. || fig. Urì ng̃ anománg bagay.

**Jalea.** f. Tininggál at pinamuông matamís, na ginawâ sa katás ng̃ anománg bung̃ang kahoy, gaya ng̃ bayabas.

**Jalear.** a. Magpahuyá; ó ihabóy ang áso sa panghuhuli ng̃ hayop. || Pasiglahín sa pagakpák ng̃ kamáy ang nagsasayáw ó umáawit.

**Jamás.** adv. t. Kailán man. || *Nunca jamás.* m. adv. Kailán ma'y hindî. || *Por siempre* ó *para siempre jamás.* m. adv. Magpakailán ma'y hindî.

**Jamón.** m. Hamón; ó paá ng baboy na inasnáng mabuti.

**Jaque.** m. Hambóg; palalò; mapagmatapáng. || Lansé sa larông *ajedrez.* || *¡Jaque!* interj. ¡Ilag! ¡Layô!

**Jaqueca.** f. Matinding sakít ng ulo, na karaniwang kalahatì lamang ang sumásakít.

**Jara.** f. Tunód; palasô; ó kaputol na kahoy na lubhâng matulis at ginágamit na panudlâ sa ibon ó sa mga kaaway.

**Jarabe.** m. *Farm.* Alinmáng gamót na matamís, na ang sangkáp ay tubig, asukal at ibá pang bagay na panggamót. || fig. Ang alinmáng ínuming malabis ang tamís.

**Jarana.** f. Katuwâang maingay; harana. || fam. Kaingayan; kaguluhan.

**Jaranear.** n. Magkatuwâan ng lubhâng maingay. || Magharana.

**Jaranero, ra.** adj. Manghaharana; ó mapangharana.

**Jarcia.** f. Tipon ng samot-samot na bagay na itinátalagá ó iniúukol sa anomán. || *Mar.* Ang mga lubid ng isáng daóng. Lalòng ginagamit sa plural ó pangmarami. || Ang mga kasangkapan sa pangingisdâ.

**Jardín.** m. Hálamanan. || Ang dungis ó mansá ng esmeralda at ibáng batóng mahalagá. || Sa mga sasakyán, ay ang kumún ó pánabihan.

**Jardinería.** f. Sining ng paghahalaman.

**Jardinero, ra.** m. y f. Maghahalamán.

**Jareta.** f. Hugután; ó sulután ng panalì ng salawál at ibá pang damít.

**Jarrear.** m. fam. Sumalok ng madalás sa saro ng tubig ó alak.

**Jarrero.** m. Magsasaró. || Ang tagabantáy sa mga sarong may lamáng tubig ó alak.

**Jarrete.** m. *Anat.* Ang alakalakán ng paá.

**Jarro.** m. Saro.

**Jarrón.** m. Sarong malakí. || Pamuting kahawig ng saro na karaniwang ilagáy sa bungad ng baháy.

**Jaula.** f. Kúlungan ng mga ibon. || Kúlungang malakí at matibay ng mga ulól at mababangís na hayop. || Haula.

**Jayán, na.** m. y f. Taong matangkád, malakí at totoóng malakás.

**Jazmín.** m. *Bot.* Punò ng hasmín. || Ang bulaklák ng hasmín, na maputì at kaayaaya ang bangó.

**Jefatura.** f. Pagkapunò. || Tanggapan ng punò.

**Jefe, fa.** m. y f. Punò; ó pinunò sa alinmáng pangkát ó hanapbuhay.

**Jehová.** m. Ang Dios, sa wikàng hebreó.

**Jemal.** adj. Ang singhabà ng sangtumurò.

**Jeme.** m. Tumurò; ó habà ng dalirì, na mulâ sa dulo ng hinlalakí hanggáng sa dulo ng hintuturò. || fam. Ang mukhâ ng babae.

**Jengibre.** m. *Bot.* Punò ng luya. || Luya.

**Jeroglífico, ca.** m. y f. Guhit, tandâ, sagisag ó larawan na nagsasaysáy ng kahulugáng mahiwagà. || adj. Ang náuukol sa ganitóng ayos ng sulat.

**Jeta.** f. Labì at ngusòng makapál. || Ang ngusò ng baboy.

**Jetudo, da.** adj. Labìan; ngusùan; ó ang makapál ang labì at ngusò.

**Jícara.** f. Tasang ínuman ng sikulate.

**Jicarazo.** m. Kasukabang pagpapainóm ng lason.

**Jigote.** m. Pagkaing tinadtád, gaya ng dinugùan, at ibá pa.

**Jineta.** f. Sining, ó aralán ng pangangabayo. || Ang buwís ng hayop.

**Jinete.** m. Ang nangangabayo. || Ang sanáy sa pangangabayo.

**Jinetear.** n. Mangabayo sa mga poók na hayág na ipagmagarà ang dikít na tagláy.

**Jira.** f. Pigíng ng magkakaibigan na idinaraos sa parang ng buông tuwâ at sayá. || Pirasong malakílakí at mahabà ng damít, na pinutol ó pinunit sa anománg kayo.

**Jirón.** m. Ang punit ng damít ó ng anománg bagay. || fig. Ang bahaging muntî ng isáng buô.

**Jironado, da.** adj. Sirâ; punít; gulanít. || Punítpunít; gulagulanít; sirâsirâ.

**Jocosidad.** f. Pagkamapagpatawá. || Kasayahan; kasistihán.

**Jocoso, sa.** adj. Mapagpatawá; masayá; mapagsisté. || Katawátawá; nakatatawá.

**Jornada.** f. Ang nálalakaran sa maghapon ng isáng naglalakbáy. || Ang buông paglalakád ó paglalakbáy, kahì't na humigít sa isáng araw. || Ang paglalakád ng hukbó, na patungo sa pakikilaban. || fig. Ang panahón ng buhay ng tao.

**Jornal.** m. Upa sa maghapon ng manggagawà ó nagaaráw. || *A jornal.* m. adv. Aráw; ó upang aráw.

**Jornalero.** m. Magaaráw; upahán ng aráw.

**Joroba.** f. Kakubàan. || fig.

y fam. Kadiwaràan at kaabalaháng nakamumuhî.

**Jorobado, da.** s. y adj. Kubà; hukót.

**Joven.** s. y adj. Binatà; bagongtao; dalaga.

**Jovial.** adj. Masayá; maamòng loób.

**Jovialidad.** f. Kasayahan ng ugalì; kalubayáng loób.

**Joya.** f. Hiyás; pahiyás. || Alay ó gantingpalà na ibiníbigáy sa kaliksihán ó paglilingkód na mabuti. || pl. Ang madlâng hiyás at pananamít ng isáng babae kung magiisáng dibdíb ó ikákasál.

**Joyante.** adj. Sutlâng lubhâng manipís at makintáb.

**Joyel.** m. Hiyás na muntî, na kung minsa'y walâng bató.

**Joyería.** f. Híyasan; ó tindahan ng hiyás. || Páhiyasan; ó gawàan ng mga hiyás.

**Joyero, ra.** m. y f. Manghihiyás; magáalahás. || m. Ang tataguan ng hiyás.

**Jubilación.** f. Paghahalili sa hawak na katungkulan ng sínomán, na tagláy rin ang dating karangalan at sahod. || Katuwâan; kasáyahan.

**Jubilar.** a. Halinhán sa katungkulang hawak ang sínomán, dahil sa katandâan ó kahinàan na, na bigyán ng sahod habàng nábubuhay. || n. Magsayá; matuwâ. || r. Magtamó ng halili sa katungkulan.

**Júbilo.** m. Tuwâ; sayá; galák; kasayahan; katuwâan.

**Jubiloso, sa.** adj. Masayá; magalák; nakatutuwâ; nakakalugód.

**Judaísmo.** m. Ang pananampalataya ó relihión ng mga hudió.

**Judicatura.** f. Paghatol. || Húkuman. || Katungkulan ng hukóm; ó pagkahukóm. || Panahóng ipinagluluwát sa pagkahukóm.

**Judicial.** adj. Ang náuukol sa húkuman. || *Poder Judicial.* Kapangyarihang Tagahatol.

**Juego.** m. Larô. || Sugál. || Paglalarô; paglilibáng; pagaalíw. || Pagsusugál.

**Juez.** Hukóm. || Tagahatol.

**Jugador, ra.** m. y f. Ang naglalarô; ó nagsusugál. || Manglalarô. || Mánunugal; palasugál. || Ang sanáy at marunong sa pagsusugál.

**Jugar.** a. Maglarô; maglibáng; magalíw. || Magsugál. || n. Maglikót. || Magbirô.

**Jugo.** m. Katás. || fig. Ang mahalagá, ó ang may kabuluhán ng alinmáng bagay.

**Jugosidad.** f. Pagkamakatás ng anomán.

**Jugoso, sa.** adj. May katás; ó makatás. || fig. Mahalagá; makabuluhán.

**Juguete.** m. Laruan; líbangan. || Aglahì; birò. || Awit na masayá at magalák.

**Juguetear.** n. Maglarô; maglibáng; maggagaláw; maglilikót.

**Juguetería.** f. Pangangalakal ng laruan. || Tindahan ng laruan.

**Juguetón, na.** adj. Mapaglarô; malikót; magaláw.

**Juicio.** m. Baít; isip. || Kabáitan; kalinawan ng baít. || Hakà; palagáy; akalà; pasiyá. || *For.* Paglilitis.

**Juicioso, sa.** adj. Mabaít. || Gawâng mabaít.

**Junta.** f. Pulong; kapulungan; pagpupulong. || Katipunan; kapisanan ng anomán. || Pagkakásama ng dalawá ó maraming bagay.

**Juntamente.** adv. m. Kasama; patí; sampúng. || adv. t. Kasabáy.

**Juntar.** a. Pagpisanin; paglakipin ang anomán sa ibá. || Tipunin; pisanin; ipunin ang anomán. || Magpulong. || r. Magsamasama; magpisanpisan; magtipontipon. || Magagapay; magkatníg. || Makisama; pumisan; lumahók. || Magdatig; maglangkáp. || Makiapíd.

**Junto, ta.** adj. Nagkákapisan; nagkákasama; kalapít. || adv. l. Malapit. || adv. m. Kasama; kasabáy; paminsan.

**Juntura.** f. Sugpóng; sanib; kutab; u g p ó n g. || Pinagsugpungán.

**Jurado.** m. Inangpalán; tagahatol.

**Jurador, ra.** adj. Mapanumpâ.

**Juramentar.** a. Papanumpâín. || r. Manumpâ; mapilitang manumpâ.

**Juramento.** m. Sumpâ. || Panunumpâ.

**Jurar.** a. Panumpâan. || Manumpâ. || Sumumpâ; ó kumilala sa kapangyarihan ng isáng harì ó ng sínomán.

**Jurisdicción.** f. Kapangyarihang makapamahalà at magpaganáp ng mga kautusán. || Ang nasásakupang lugál ó lalawigan.

**Jurisprudencia.** f. Karunungan ng pagmamatuwíd.

**Jurista.** m. Ang nagaaral ó marunong ng karunungan ng pagmamatuwíd.

**Justicia.** f. Kabánalang naguudyók na ibigáy sa bawà't isá ang talagáng kaniyá. || Karunungán; katuwiran. || Parusa; kaparusahán.

**Justiciero, ra.** m. y f. Ang gumágawâ ó nagpapagawâ ng tungtóng sa matuwíd. || Ang tapát humatol ó magparusa.

**Justificar.** a. Patotohanan; patunayan ang isáng bagay. || Patibayan ang anomán. || Hu-

sayin; itumpák; ó iayos sa matuwíd ang alinmáng bagay.

**Justificativo, va.** adj. Ang nagpapatotoó ó nagpapatibay sa anomán.

**Justipreciar.** a. Halagahán; tasahan ang alinmáng bagay.

**Justiprecio.** m. Halagá; ó paghahalagá ng anomán.

**Justo, ta.** adj. Ang gumágawâ ng ayon sa katarungán at sa katuwiran. ||. Tapát; ó naáayon sa matuwíd. || Banál; ó ang sumúsunód sa utos ng Dios. || Ganáp; hustó; walâng kulang. || Akmâ; bagay.

**Juvenil.** adj. Ang náuukol sa kabatàan ó kabinatàan.

**Juventud.** f. Kabatàan. || Kabinatàan. || Kadalagahan.

**Juzgado.** m. Katipunan ng mga hukóm na nagsisihatol. || Húkuman. || Lugál na pinaghá-hatulan.

**Juzgar.** a. Hatulan; hukumán. || Humatol. || Magpasiyá. || Kurùin; isipin; akalàin ang anomán.

# K

**Kaiser.** m. Harì ó emperador sa Alemania.

**Kaolín.** m. Lupàng ginágawâng porselana.

**Karabao.** m. *Zool.* Kalabáw.

**Kiliárea.** f. Sukat ng lupà na mayroóng isáng libong área.

**Kilo.** m. Salitâng ang kahulugán ay *isáng libo* kung ikinákabít sa isáng kaisahán ng alinmáng panukat ó panimbáng. || *Com.* Kilogramo.

**Kilogramo.** m. Panimbáng na ang bigát ay isáng libong gramo, na katimbáng ng dalawáng libra at dalawáng onsa.

**Kilolitro.** m. Panukat sa takal na may isáng libong litro.

**Kilométrico, ca.** adj. Ang náuukol sa kilómetro.

**Kilómetro.** m. Panukat sa habà na may isáng libong metro. || *cuadrado.* Kilómetrong parisukát.

**Kiosco.** m. Bahay ó habong na bukás sá magkábikabilâ at ang pagkagawâ ay karaniwan lamang. Kiosko.

**Korán.** m. *Rel.* Banál na aklát ng mga musulmán.

# L



**La.** art. f. Ang. Ejemplos: *La mujer*, ang babae; *la casa*, ang bahay. || m. *Mús*. Ikaanim na tingig ó boses ng pásimulâng tugtugin.

**Labia.** f. fam. Kaayahan, karikitan at katámisang mangusap.

**Labial.** adj. Ang náuukol sa ngusò at labì. || Ang titik ó letra na kung bigkasín ay tinítikom muna ang labì, gaya ng *b, p, m*.

**Labio.** m. Labì; ngusò. || pl. Ngusò't labì. || *Labio superior*. Ngusò. || *Labio inferior*. Labì. || fig. Gilid; ó labì ng anomán, gaya ng sugat, baso, at ibá pa.

**Labor.** f. Gawâ; paggawâ. || Sulam; ó burdá sa damít. || Pananahî, pagbuburdá, at ibá pa, na pawàng gawâng babae. || Pagsasaka; paglináng ng lupà.

**Laborable.** adj. Magagawâ; ó ang sukat magawâ. || Masásaka.

**Laboriosidad.** f. Sipag; kasipagan; sikap sa paggawâ.

**Laborioso, sa.** adj. Masipag; masikap sa paggawâ. || Mahirap; ó mabigát gawín.

**Labrada.** f. Lupàng lináng na, na maáarì nang tamnán.

**Labradero, ra.** adj. Ang magagawâ; ó nababagay gawín. || Ang masásaka; ó bagay sakahin.

**Labradío, día.** adj. Lupàng sakahín.

**Labrado, da.** adj. Káyo na may sulam ó burdá. || m. Ang lupà ó bukid na lináng na.

**Labrador.** m. Magsasaká; magbubukíd. || m. y f. Ang may lupà at sumásaka sa kanyáng sarili. || Taga bukid; taga parang. || adj. Ang gumágawâ; ó nábabagay sa paggawâ.

**Labradoresco, ca.** adj. Ang náuukol sa magsasakâ, ó sarili niyá.

**Labrantín.** m. Magsasakâng kákauntî ang pagaarì.

**Labrantío, tía.** adj. *Agr*. Bukid ó lupàng sakahín.

**Labranza.** f. Pagsasaka; pagbubukíd. || Lupàng sakahín. || Gawâ; ó paggawâ ng anomán.

**Labrar.** a. Gumawâ sa alinmáng hanapbuhay. || Magsaka;

magbukid. || Magararo. || Manahî; magsulam ó magburdá.

**Labriego, ga.** m. y f. Taong bukid; tagá parang.

**Lacayo.** m. Alilà, na ang katungkulan ay sumunódsunód sa kanyáng panginoón, magíng lumálakad, nangangabayo ó sa karuwahe man.

**Lacerar.** a. Pagpirápirasuhin; siràin; durugin; lansagín ang anomán. || fig. Siràan ng puri; alisán 'ng dangál.

**Laceria.** f. Karukhâan; kahirapan. || Pagod; hirap; sákit.

**Lacerioso, sa.** adj. Dukhâ; mahirap.

**Lacio, cia.** adj. Lantá; laíng. || Mahinà; walâng lakás.

**Lacónico, ca.** adj. Maiklî; madalî; dî maligoy na pagsasaysáy ng anomán.

**Laconismo.** m. Kaiklîan; kadalìang pagsasaysáy.

**Lacrar.** a. Ihawa ng sakít ang sínomán. || fig. Siràin ang pagaarì ng kapuwà. || Idikít ng lakre ang sulat ó anomán. || fig. Mahawa ng sakít.

**Lacre.** m. Pangdikít, ó pangsará ng sulat, selyo, at ibá pang bagay. Lakre.

**Lacrimal.** adj. Ang náuukol sa luhà.

**Lacrimoso, sa.** adj. May luhà; luhàán. || Nakaluluhà.

**Lacris.** m. *Bot.* Romero.

**Lactancia.** f. Ang pagsuso ng batà. || Ang panahóng isinúsuso niyá. || Pagpapasuso.

**Lactar.** a. Magpasuso; ó pasusuhin. || n. Sumuso.

**Lácteo, tea.** adj. Ang náuukol sa gatas; ó kawangkî ng gatas.

**Lacticinio.** m. Gatas, ó alinmáng pagkaing may kahalòng gatas.

**Lactífago, ga.** adj. Ang nabubuhay sa pagkain ng gatas.

**Lactífero, ra.** adj. *Zool.* Ang dinádaluyan ó pinagdáraanan ng gatas, hanggáng sa dumatíng sa utóng ng suso.

**Lacustre.** adj. Ang náuukol sa lawà ó dagatdagatan.

**Ladeado, da.** adj. Kilíng; tagilíd.

**Ladear.** a. Ikiling; ihilig; itagilid. || n. y r. Kumiling; tumagilid. || Maglakád sa piling ó libís ng bundók. || fig. Lumihís sa daáng matuwíd. || r. fig. Kilingan; pumaling; padalá sa ano máng bagay.

**Ladeo.** m. Kiling; pagkiling; pagkátagilid.

**Ladera.** f. Dahilig; ó libís ng bundók.

**Ladero, ra.** adj. Piling; tagiliran.

**Lado.** m. Ang tagiliran ng

katawán nḡ tao. || Tabí; gilid; siping nḡ anomán. || Ang kabiyák ó kalahatì nḡ katawán. || Dako; gawî; bandá; lugál nḡ anomán.

**Ladra.** f. Pagtahól; pagkawkáw nḡ áso.

**Ladrar.** n. Tumahól; kumahól; kumawkáw ang áso. || fig. y fam. Bumalà; magsabí lamang na dî namán gawín ó itulóy.

**Ladrido.** m. Tahól; ó kahól nḡ áso. || fig. Pulà; mura; libák; uyám na ipinanglalait sa ibá.

**Ladrillado.** m. Latag na lariyó.

**Ladrillal.** m. Poók ó lugál na pinaggagawán nḡ lariyó.

**Ladrillero.** m. Maglalariyó.

**Ladrillo.** m. Lariyó. || fig. Burdá, na hitsurang lariyó na nakalagáy sa kayo.

**Ladrón, na.** m. y f. Magnanakaw; manguumít; tekas.

**Ladronera.** f. Tagùan, ó kanlunḡan nḡ magnanakaw. || Pagnanakaw.

**Ladronería.** f. Pagnanakaw; panguumít.

**Ladronesca.** f. Katipunan, ó pulong nḡ mḡa magnanakaw.

**Ladronesco, ca.** adj. fam. Ang náuukol sa magnanakaw.

**Ladronicio.** m. Pagnanakaw.

**Lagaña.** f. Mutà; dirà.

**Lagañoso, sa.** adj. Mútàin; diràin.

**Lagartija.** f. Butikî.

**Lagartijero, ra.** adj. Hayop na nanghuhuli at nanḡanḡain nḡ butikî.

**Lagarto.** m. Bubuli; tukô; bayawak. || *Anat.* Kalamnán nḡ bisig, na nasa pagitan nḡ ba likat at siko.

**Lago.** m. Lawà; dagatdagatan.

**Lagotear.** n. Maghimanhiman; magamòamò; maglanḡís upáng matamó ang anomán.

**Lagotería.** f. Paghihimanhiman; paglalanḡís; pagáamòamò.

**Lagotero, ra.** adj. Mapaglanḡís; mapanghibò; mapaghimanhiman.

**Lágrima.** f. Luhà. || fig. Tulò nḡ dagtâ nḡ mḡa punòng kahoy.

**Lagrimal.** m. Daluyán nḡ luhà.

**Lagrimar.** n. Lumuhà; umiyák; tumanḡis.

**Lagrimear.** a. Magluhâ ang matá.

**Lagrimeo.** m. Pagluluhâ nḡ matá.

**Lagrimoso, sa.** adj. Luhâluhàán. || Maluluhâín. || Nakaluluhâ; nakáiiyák. || Punòng kahoy na tumutulò ang dagtâ.

**Laguna.** f. Lawàng muntî; dagatdagatan.

**Lagunajo.** m. Labák; danaw.

**Lagunero, ra.** adj. Ang náuukol sa lawà ó sa dagatdagatan.

**Lagunoso, sa.** adj. Malawà; malubák; ó poók na maraming lawà ó danaw.

**Lama.** f. Putik; banlík. || Lumot, na nakalutang sa tubig. || Kayo ó habing sinalitán ng gintô ó pilak.

**Lamedal.** m. Kaputikan; kabanlikán.

**Lamedura.** f. Paghimod; pagdilà.

**Lamentable.** adj. Katangistangis; kahambálhambál; kahapishapis.

**Lamentación.** f. Daíng; panaghóy; panambitan.

**Lamentar.** a. Tangisan; taghuyán. || n. y r. Managhóy; manangis; manambitan.

**Lamento.** m. Taghóy; daíng; panambitan.

**Lamentoso, sa.** adj. Mapanaíng; mapanaghóy; mapanambitan.

**Lameplatos.** m. Ngalang ikinákapit sa matakaw. || Ang kumákain ng labí ng ibá.

**Lamer.** a. Himurin; dilàan ang anomán. || r. Humimod; dumilà.

**Lamido, da.** adj. Ang gasgás na sa pagkágamit.

**Lamoso, sa.** adj. Mabanlík; malumot; ó linúlumot.

**Lampacear.** a. *Mar.* Punasan ang basâ ng isáng sasakyán; ó lampasuhin.

**Lámpara.** f. Ilawán; ó lámpara.

**Lamparero, ra.** m. y f. Ang gumágawâ ó nagtitindá ng lámpara. || Ang nagáalagà ng ilawán ó lámpara.

**Lampazo.** m. *Mar.* Basahang pamunas; ó lampaso.

**Lampiño.** adj. Ang lalaking walâng balbás. || Ang madalang ang balbás.

**Lana.** f. Balahibo ng tupa. || Ang damít na lana.

**Lanar.** Ang hayop na may balahibong lana.

**Lance.** m. Pagtatapon; pagwawaksí; pagpupukól. || Paghahagis ng dala, at ibá pa, na ipinanghuhuli ng isdâ. || Ang nápangisdâ. || Lansí; abáng. || Away; babág; pagkakagalít. || Panganib; pagkakataón.

**Lancear.** a. Sibatín; ulusín ng sibát.

**Lancera.** f. Salangán ng sibát.

**Lancero.** m. Ang sundalong sibát ang sandata. || Ang may daláng sibát. || Ang manggagawà ng sibát.

**Lanceta.** f. *Cir.* Pangadlít; panghilas; pananggrá; lanseta.

**Lancetada.** f. Pagsugat, ó

pagsaksák ng lanseta. || Sugat na gawâ ng lanseta.

**Lancetero.** m. Suksukan ó lalagyán ng lanseta.

**Lancha.** f. *Mar.* Isáng hugis ng sasakyán na ginágauran, na gamit sa pagdadálá ng tao, kalakal, ó anomán sa mga daóng na malakí.

**Lanchada.** f. Lulang nadádalá ng paminsan ng isáng lantsa.

**Lanchero.** m. Ang namamahalà ó namumunò sa isáng lantsa.

**Lanería.** f. Tindahan ng lana.

**Lanero, ra.** adj. Ang náuukol sa lana. || m. Ang mángangalakál ng lana. || Pintungan ó tagùan ng lana.

**Langosta.** f. *Zool.* Balang; luktón. || fig. y fam. Ang sumísirà ó umúubos ng anománg bagay.

**Languidecer.** n. Mangayayat; manghinà; manglatâ.

**Languidez.** f. Kapayatán; kahinàan. || fig. Kawalán ng siglá ó lakás ng loób.

**Lánguido, da.** adj. Payát; yayát; mahinà; malatâ. || fig. Walâng siglá; mahinà ang loób.

**Lanífero, ra.** adj. *Poét.* Ang may lana.

**Lanificio.** m. Sining ó arte ng paggawâ ó paghabi ng lana.

**Lanilla.** f. Káyo ó damít na lana, na manipís at dî lubhâng matibay.

**Lanosidad.** f. Bulo ng mga dahon ó bunga ng iláng mga halaman.

**Lanoso, sa.** adj. Balahibuhín; mabulo.

**Lanudo, da.** adj. Mabalahibo; maraming bulo.

**Lanza.** f. Sibát; tandós. || Sundalong sibát ang gamit na sandata.

**Lanzada.** f. Tasak ó saksák ng sibát. || Sugat na gawâ ng sibát.

**Lanzadera.** f. Sikuán; ó kasangkapan sa paghabi na kináiikiran ng sinulid.

**Lanzamiento.** m. Pagtatapon; paghahagis; pagpupukól; pagbubulusok ng anomán.

**Lanzar.** a. Itapon; ibulusok; ipukól; itudlâ; ibulíd. || Itabóy; paalisín; palayasin. || Bitiwan; pawalán; palayàin. || r. Dumaluhong; bumulusok; sumalakay.

**Lanzón.** m. Sibát na maiklî at malakí.

**Lapicero.** m. Lalagyán ng lapis.

**Lápida.** f. Batóng makinis ó pantáy na karaniwang lagyán ng sulat ó letra.

**Lápiz.** m. Lapis, na ginágamit sa pagsulat ó sa pagdi-

dibuho. || *de color*. Lapis na may kulay.

**Lapizar.** m. Ang mina ng lapis. || a. Magdibuho; ó gumuhit ng lapis.

**Lapso.** m. Takbó ó lakad ng isáng takdâng panahón. || Pagkahulog sa isáng kasalanan ó kamalian.

**Lardear.** a. Pahiran, ó lahiran ng tabâ ó mantikà ang anománg iniihaw.

**Lardo.** m. Tabâ ng baboy. || Mantikà ng hayop.

**Lardoso, sa.** adj. Mamantikà; malináb.

**Lares.** m. pl. *Mit*. Mga dios ng bahay ó táhanan. || fig. Ang sariling bahay ó táhanan.

**Largar.** a. Bitiwan; pawalán; palayàin. || Tustusán; ibugnós ng untiuntî. || *Mar*. Iladlád ang bandilà, layag, ó anomán. || r. *Mar*. Tumulak; palaot; ó lumayô sa pangpáng ang isáng sasakyán. || fig. Umalís ng madalian at palihím ang sinomán.

**Largo, ga.** adj. Mahabà. || fig. Magandáng loób; mapagbiyayà. || Saganà; sawâ; malabis. || Malapad; malawak. || *Mar*. Kalág; hindî nakatali. || m. Habà.

**Largor.** m. Habà; kahabàan.

**Largueza.** f. Habà; ó kahabàan ng anomán. || Kagandahan ng loób; ó awà sa kapuwà tao.

**Largura.** f. Kahabàan; habà ng anomán.

**Laringe.** f. *Anat*. Gulunggulungán.

**Laringeo, gea.** adj. Ang náuukol sa gulunggulungán.

**Laringitis.** f. *Med*. Pamamagâ ng gulunggulungán.

**Lascivia.** f. Kalibugan; kalupâan; ó pagkahilig sa kahalayan. || fig. Nasàng mahigpít sa anomán.

**Lascivo, va.** adj. Ang náuukol sa kalibugan ó kalupàan. || Malibog; ó ang mahilig sa kahalayan.

**Lástima.** f. Awà; habág; hinayang. || interj. Sayang!

**Lastimar.** a. Manakít; pumasláng; lumapastangan. || Duhaginin; siràan ng puri ó dangál ang sinomán. || Kaawàan; kahabagán. || r. Masaktán. || Magdamdám. || Maawà; mahabág; manghinayang.

**Lastimero, ra.** adj. Nakahíhinayang; nakáhahabág.

**Lastimoso, sa.** adj. Kahabághabág; kahináhinayang.

**Latente.** adj. Tagô; lingid; lihim.

**Lateral.** adj. Ang náuukol sa tagiliran ng anomán. || Ang

na sa tagiliran ng isáng bagay. || fig. Pahiwás; patagilíd.

**Latido.** m. Tibók; kibót; kitíg; kimpót. || Ang kahól na patigiltigil ng áso kung nákikita ó násusundán ang kanyáng hináhabol sa pangangaso. || Ang iyák ng áso kung násasaktáng biglâ.

**Latigazo.** m. Hampás ng látiko. || Sagiyók ng látiko.

**Látigo.** m. Panghampás sa kabayo; ó látiko. || Ang lubid na ipinangtataás ng bagay na ibig timbangín.

**Latiguear.** n. Magpasagiyók ng látiko.

**Latiguero.** m. Ang gumágawâ, ó nagbibilí ng látiko.

**Latín.** m. Ang wikàng latín.

**Latinear.** n. Magsalitâ, ó sumulat ng latín.

**Latinidad.** f. Ang wikàng latín.

**Latinismo.** m. Kaugaliang sarili ng pagsasalitâ ng latín.

**Latinista.** com. Ang marunong ng wikàng latín.

**Latir.** n. Tumibók; kumitíg; kumibót. || Kumahólkahól ang áso kung nákikita ang hayop na hinuhuli.

**Latitud.** f. Lapad; ó kalaparan ng anomán. || Ang buông kalaparan ng isáng lupà, bayan ó kaharian.

**Lato, ta.** adj. Malapad; malawak; mahabà. || fig. Sinásabi sa mga pangungusap na ibá ó dî tunay ang taglay na kahulugán.

**Latón.** m. Tansông diláw.

**Latonero.** m. Ang gumágawâ ó nagbibilí ng mga kasangkapang tansông diláw.

**Latría.** f. Pagsambá; ó paggalang na iniáalay sa Dios.

**Latrocinio.** m. Pagnanakaw; panguumít; ó kaugaliang kumamkám ng ari ng ibá.

**Laúd.** m. Isáng kasangkapan sa pagtugtóg na may bagtíng. || Isáng sasakyáng muntî, na ang anyô ay mahabà at makitid.

**Laudable.** adj. Kapuripuri; ó dapat purihin.

**Laudatorio, ria.** adj. Ang pumupuri; ó ang may tagláy na papuri.

**Laudo.** m. Hatol, ó pasiyá ng inangpalán ó ng nagsisihatol.

**Láurea.** f. Putong na laurel.

**Laureado, da.** adj. Ang may putong na laurel.

**Laureando.** m. Ang malapit nang tumanggáp ng katibayan sa isáng unibersidad.

**Laurear.** a. Putungan ng laurel. || fig. Papurihan; bigyáng dangál; pagkaloobán ng gantingpalà.

**Laurel.** m. *Bot.* Kahoy na

laurel. || fig. Kapurihán; tagumpáy; gantingpalà.

**Lauréola.** f. Putong na laurel na ipinaggagantingpalà sa mga gawâng kabayanihan.

**Laurino, na.** adj. Ang náuukol sa laurel.

**Lauro.** m. Laurel. || fig. Kaluwalhatìan; kapurihán; tagumpáy.

**Lava.** f. Bagay na tunáw at maningas, na ibinubuga ng bulkán sa panahón ng pagputók.

**Lavabo.** m. Ang mesang pinaghuhugasan ó pinaglilinisan ng katawán ng tao.

**Lavacaras.** m. fam. Ang mapaglangíslangís; ó mapaghibòhibò.

**Lavadero.** m. Lábahan; ó poók na pinaglalabhán.

**Lavado.** m. Paglalabá. || Lábahin; ó linálabhán.

**Lavador, ra.** m. y f. Ang naglalabá. || Kasangkapang bakal na panglinis ng mga sandatang apóy.

**Lavadura.** f. Paglalabá. || Tubig na pinaghugasan ó pinaglabhán.

**Lavamanos.** m. Hínawan; ó hugasán ng kamáy.

**Lavandería.** f. Lábahan; ó palábahan.

**Lavandero, ra.** m. y f. Manglalabá; tagapaglabá.

**Lavaplatos.** m. Tagapaghugas ng pinggán.

**Lavar.** a. Maglabá; ó labhán. || Maghugas; ó hugasan ang anomán. || fig. Linisin; alisín ang anománg kasiràan, dungis ó kawalâng puri. || r. Maglinis. || *la cara.* Maghilamos. || *las manos* ó *los piés.* Maghinaw, ó maghugas ng kamáy ó paá. || *la boca.* Magmumog.

**Lavativa.** f. Labatiba; ó ang panumpít sa puwít ng tubig ó anománg lusáw.

**Lavatorio.** m. Paghuhugas. || *Med.* Panghugas; ó panglanggás. || Hugasán ng kamáy.

**Lavazas.** f. pl. Tubig na pinaghugasan ó pinaglabhán.

**Laxante.** adj. Pangpaluwág; nagpápaluwág.

**Laxar.** a. Paluwagín; palambutín; pagaanín ang anoman.

**Lazada.** f. Talì ó buhól na talihabsô ng sinulid, sintás, ó ibáng gangganitó. || Talibugsô.

**Lazareto.** m. Págamutang na sa labás ng bayan na pinaglalagyán sa mga nagsisipanggaling sa poók na pinaghihinalàang may sakít na nakáhahawa. || Págamutan ng mga may sakít na lepra.

**Lazarillo.** m. Tagapagakay ng bulág.

**Lazo.** m. Silò, ó buhól na

talibugsô ng sintás, ó ibáng ganggantó, na ginágawâng pamuti. || Bitag; silò; at ibáng panghuli ng hayop ó ibon. || fig. Laláng; umang; p a r a y à. || Pagkakátalì; pagkakásama.

**Leal.** adj. Tapát; ó tapát na loób.

**Lealtad.** f. Katapatán; ó pagkatapát na loób. || Ang pagibig ó kaamùang loób na ipinamámalas sa tao ng iláng hayop, gaya ng áso at kabàyo.

**Lección.** f. Pagbasa. || Ang bawà't pagtuturò ng gurò ó maestro sa mga nangagáaral. || Ang takdâng pagáaralan na ibiníbigáy ng gurò sa kanyáng tinuturùan; ó lisyón. || fig. Aral; halimbawà; pangyayari; ó gáwâ ng ibá na nagtuturò ng mabuting paraáng dapat nating gawín ó ugalìin.

**Leccionista.** m. Gurò ó maestro na nagtutùrò sa baháybaháy.

**Lector, ra.** s. y adj. Ang bumábasa; ó mangbabasa.

**Lectura.** f. Pagbasa. || Ang binábasa; ó babasahín. || Pagtuturò ó pagsasaysáy ng gurò sa mga nagaaral.

**Leche.** f. Gatas. || Dagtâ; gatâ ng iláng bunga ng halaman, ó butó ng bunga ng kahoy na dinikdík ó dinurog.

**Lechera.** f. Sisidlán ng gatas. || adj. Hayop na gatasán.

**Lechería.** f. Tindahan ng gatas.

**Lechero, ra.** m. y f. Maggagatás. || adj. Ang may gatas; ó tila gatas.

**Lechigada.** f. Katipunan ng mga hayop na maliliít na inianák na paminsan ó magkakasamangináalagàan sa isáng poók, gaya ng mga anák ng inahíng baboy.

**Lecho.** m. Hihigán. || fig. Sa mga karro at karretón ay ang sahíg na pinaglalágyán ng lulan ó kalgá. || Lunas ng ilog, ó lupàng tinátakbuhán ng tubig.

**Lechón.** m. Biík; ó kulíg na lalaki, na sumúsuso pa. || Baboy na lalàki. || fig. Ang lalaking marumí, salaulà at walâng ayos.

**Lechona.** f. Biík, ó kulíg na babae. || fig. Ang babaing marumí, salaulà at walâng ayos.

**Lechuga.** f. *Bot.* Halaman, ó dahon ng litsugas.

**Lechugado, da.** adj. Ang nahahawíg ó naáanyô sa dahon ng litsugas.

**Lechuguero, ra.** m. y f. Maglilitsugas.

**Lechuza.** f. *Zool.* Kuwago.

**Leer.** a. Bumasa. || Basahin. || Magturò ó magsaysáy ang isáng gurò ó maestro ng alinmáng bahagi ng isáng karunungan.

**Legación.** f. Pagkasugò; pagkakinatawán. || Ang lupà ó purók

na pinamamahalàan ng isáng sugò. || Panahóng itinátagál ng pagkasugò.

**Legado.** m. Pamana; kaloób. || *Pol.* Sugò; kinatawán.

**Legajo.** m. Buntón, ó talì ng mga papel na hiwáhiwaláy.

**Legal.** adj. Matuwíd; ó naáayon sa katuwiran. || Tapát na pagganáp sa katungkulan.

**Legalidad.** f. Pagkamatuwíd; ó pagkáayon sa katuwiran. || Katuwiran; ó katapatán sa pagtupád ng isáng katungkulan.

**Legalización.** f. Pagpapatotoó; ó pagpapatibay ng isáng kasulatan.

**Legalizar.** a. Patotohanan; ó pagtibayin ang katunayan ng isáng kasulatan.

**Legalmente.** adv. m. Ayon sa matuwíd, ó sa katuwiran.

**Legaña.** f. Mutà; utitap.

**Legañoso, sa.** adj. Mútain; mamutà.

**Legar.** a. Magpamana; magkaloób sa isáng tao ng anománg násasabi sa testamento. || Magpasugò; magpakatawán.

**Legatario, ria.** m. y f. Ang nagmana; ó pinámanahan sa isáng testamento.

**Legendario, ria.** adj. Ang náuukol sa mga alamát. || m. Ang aklát na kinásasaysayán ng mga buhay ng santó.

**Legible.** adj. Mababasa; ó maáaring basahin.

**Legión.** f. Kawan; langkáy; tumpók; pangkát ng anomán. || fig. Bilang na dî matiyák ng mga tao ó diwà.

**Legislación.** f. Kabatasán; ó katipunan ng mga batás na umíiral sa isáng bansâ. || Karunungan ng pagbabatás.

**Legislador, ra.** s. y adj. Ang naglalagdâ ng batás; ó nagtatatág ng mga kautusán.

**Legislar.** n. Magbatás; maglagdâ ó magtatág ng mga kautusán.

**Legislativo, va.** adj. Sinásabi sa karapatán ó kapangyarihang makapagbatás. || Tagapagbatás. || *Poder Legislativo.* Kapangyarihang Tagapagbatás.

**Legislatura.** f. Kapulungang tagapagbatás na kasalukuyang nagpupulong. || Ang panahóng itinátagál ng kaniláng pagpupulong.

**Legista.** f. Paham ó gurò sa karunungan ng pagmamatuwíd. || Ang nagaaral ng matuwíd ó *derecho.*

**Legítima.** f. *For.* Ang mana na karampatang tamuhín ng bawà't isá sa mga anák na tunay sa pagkamatáy ng kaniláng magulang.

**Legitimación.** f. Pagpapa-

tunay; pagpapatotoó ng anomán, ayon sa mga utos.

**Legitimar.** a. Patotohanan; ó patunayan ang anomán, ayon sa mga batás na sinúsunód. || Kilanlíng anák na tunay, ayon sa kautusán, ang dî talagáng anák.

**Legitimidad.** f. Pagkatotoó; ó pagkatunay ng anomán ayon sa matuwíd.

**Legítimo, ma.** adj. Ang naáayon sa kautusán ó sa katuwiran. || Matuwíd; tumpák. || Tunay; totoó.

**Lego, ga.** adj. Ang hindî parì; ó dî nagparì. || Mangmáng. || m. Ang uldóg.

**Legua.** f. Sukat 'ng lupà na ang habà ay 20,000 talampakan, na kapantáy ng 5,572 metro at 7 desímetro.

**Legumbre.** f. *Bot.* Gulay; gulayín; ó mga bunga ng halaman, na gaya ng bataw, sitaw, patanì, at ibá pa.

**Leíble.** adj. Mababasa.

**Leído, da.** adj. Ang mapagbasá, marunong at maraming nálalaman. || Palabasá.

**Lejanía.** f. Layò; kalayùan.

**Lejano, na.** adj. Malayò; nálalayô. || *del pueblo.* Malayò sa bayan.

**Lejía.** f. Lihiyá; ó ang tubig na linutò ó sinalà sa abó.

**Lejitos.** adv. l. y t. Malayôlayô.

**Lejos.** adv. l. y t. Malayò; lubhâng malayò; layòng dî palák.

**Lelo, la.** adj. Hangál; tulalâ.

**Lema.** m. Sagisag; pamagát. || Salaysayin.

**Lendrera.** f. Suyod, na panglinis ng ulo ó pangkuha ng kuto.

**Lendroso, sa.** adj. Kútuhin; makuto.

**Lengua.** f. Dilà. || Wikà; salitâ. || Dilà ng batingáw ó kampanà.

**Lenguado.** m. *Zool.* Isdâng dapâ.

**Lenguaje.** m. Salitâ; pangungusap. || Wikà; ó pananalitâ ng isáng bayan ó bansâ. || Ang hawíg ó gawî ng bawâ't isá sa pagsasalitâ at pagsulat.

**Lenguaraz.** adj. Ang marunong ó sanáy sa dalawá ó maraming wikà. || Uslák; pangahás magsalitâ.

**Lenguaz.** adj. Matabíl; masalitâ ng walâng kaparárakan at nakamumuhî

**Lengüeta.** f. Tilaw. || Ang dilà ng timbangan. || Ang pinakadilà ng anomán. || Simà.

**Lengüetada.** f. Ang pagkuha ng anomán sa pamamagitan ng dilà; paghimod.

**Lenidad.** f. Kalambután; kabanayaran; kalubayán; kayumìan.

**Lenificar.** a. Palubayín; palambutín. || *Med.* Pahimpilín ang sakít.

**Lenitivo, va.** adj. Pangpalambót; pangpalubáy. || m. Gamót na pangpahimpíl ng sakít. || fig. Pangpalubáy ng loób.

**Lente.** amb. Bubog na kukób, na ginágamit sa iláng kasangkapang pangita ó pangmasíd; ó lente. || pl. Salamín sa matá.

**Lentitud.** f. Kabanayaran; kahinayan; kaluwatán ng pagyari ó paggawâ ng anomán.

**Lento, ta.** adj. Banayad; mahinay. || Mabagal.

**Leña.** f. Kahoy, na panggatong.

**Leñador, ra.** m. y f. Mángangahoy. || Magkakahóy.

**Leñera.** f. Tagùan, ó tálaksanan ng kahoy.

**Leñero.** m. Magkakahóy. || Ang tagapamilí ng kahoy na ginágamit sa isáng bahay. || Tagùan, ó buntunan ng kahoy.

**Leño.** m. Kálap, ó katawán ng kahoy, na buwál at walâ nang sangá.

**León.** m. *Zool.* Halimaw; león. || fig. Ang taong mapangahás at matapang. || Ang taong magagalitín at mabangís.

**Leona.** f. *Zool.* Halimaw na babae. || fig. Ang babaing mapangahás at matapang.

**Leonera.** f. Kúlungan ng halimaw. || fig. Bahay súgalan.

**Leonero.** m. Ang tagaalagà sa halimaw na nasa kulungán. || fig. Ang may bahay súgalan.

**Leónica.** adj. *Zool.* Itinátawag sa ugát na nasa ilalim ng dilà.

**Leonino, na.** adj. Ang náuukol sa halimaw ó sarili niyá.

**Leopardo.** m. *Zool.* Hayop na apat ang paá, mabangís at máninilà.

**Lepra.** f. *Med.* Sakít sa balát, na nakahahawa; lepra.

**Leproseria.** f. Págamutan ng mga leproso.

**Leproso, sa.** adj. Ang may sakít na lepra.

**Lerdo, da.** adj. Mabagal. Karaniwang sinásabi sa hayop. || Ang taong makupad at maluwát tumalastás ó gumawâ ng anomán.

**Lesión.** f. Sugat; bugbóg. || fig. Anománg kasiràan ó kapanganyayàan.

**Lesivo, va.** adj. Makasísirà; makakápanganyayà.

**Letra.** f. Titik; ó letrá. || Ayos ng titik ó sulat na sarili ng bawà't tao. || *de cambio.* Titik pamalít. || pl. Ang mga karúnungan.

**Letrado, da.** adj. Pahám; pantás; marunong. || fam. Ang mapagdunongdunungan at masa-

litâ ng walâng pinagbabatayán. || m. Mánananggól; ó abogado.

**Letrero.** m. Babalâ ó sulat na nagpapahayag ng anomán.

**Letrilla.** f. Letra ó titik na muntî. || *Liter.* Tulâng maiklî, na karaniwang ilagáy sa tugtugin.

**Letrina.** f. Dúmihan; pánabihan; kumón. || fig. Ang bagay na tila marumí at nakasusuklám.

**Leva.** f. *Mar.* Pagtulak sa dáungan ng mga sasakyán.

**Levadizo, za.** adj. Buhatín; buhatbuhat. Lalòng karaniwang sabihin sa mga tuláy.

**Levantado, da.** adj. Mataás; dakilà.

**Levantamiento.** m. Pagbabangon; pagtataás; pagtatayô ng anomán. || Panghihimagsík; pagáalsá ng bayan. || Kataasán; kadakilàan.

**Levantar.** a. Ibangon; itayô; itindíg; itaás; buhatin. || Ituwíd. || Gumawâ; yumarì. || fig. Magtayô; magtatág; magbangon ng anomán. || r. Tumindíg; bumangon; bumalikuwás. || fig. Magalsá; manghimagsík.

**Levante.** m. Sílanganan. || Hanging sílanganan.

**Levar.** a. *Mar.* Itaás ang sinipete. || r. *Mar.* Tumulak ang daong ó sasakyán.

**Leve.** adj. Magaán. || fig. Ang muntî ang halagá; ó hamak na bagay.

**Levedad.** f. Gaán; ó kagaanán. || fig. Pagkasalawahang loób.

**Léxico.** m. Talatinigán; ó sariling gawî at hawíg ng pagsasalitâ ng isáng mánunulat.

**Ley.** f. Utos; kautusán; batás.

**Leyenda.** f. Pagbasa. || Ang binábasa; ó babàsahín. || Ang búhay ó kasaysayan ng isá ó maraming santó. || Alamát; ó salaysáy ng mga pangyayaring kahangàhangà at pasalinsalin ng anomán.

**Lezna.** f. Pangbutas na ginágamit ng mga manggagawà ng sapatos, at ibá pa.

**Lía.** f. Bigkís; talì; bangkát.

**Liar.** a. Bigkisín. || n. Bumigkís; magtalì; magbangkát.

**Libar.** a. Sipsipín; hititín ó higupin ng marahan ang katás ng anománg bagay.

**Libelo.** m. Paniniràng puri; ó sulat na mapaniràng puri.

**Liberación.** f. Pagpapalayà; pagpapawalâ.

**Liberal.** adj. Magandáng loób; mapagbiyayà. || Madalîng gumawâ ng anomán. || Malayà; ó maibigín sa kalayàan. || Sining na náuukol sa pagiisip.

**Liberalidad.** f. Kagandahan ng loób; pagkamagandáng pusò sa kapuwà.

**Libertad.** f. Layà; ó kalayàan ng tao na gumawâ ó dî gumawâ ng balang ibigin. || Pagkamalayà; ó lagáy ng dî alipin ó bilanggô. || Kalayàan; ó kawalán ng nakasúsupil at sumásakop. || Kalayàang makagawâ ó makapangúsap ng anománg dî nálalaban sa mga kautusán. || Kapangasahan.

**Libertado, da.** adj. Pangahás. || Talipandás. || Layâ; ó malayà.

**Libertar.** a. Palayàin; timawàin; kunin sa pagkaalipin ang sínomán. || Iligtás; tubusín ang sínomán sa isáng katungkulan, pagkabilanggô ó pagkakáutang. || r. Lumayà. || Matimawà; máligtás.

**Libertinaje.** m. Kalanyàan; ó kawalán ng tuto ó pítagan sa gawâ ó sa pagsasalitâ. || Kawalán ng galang sa relihión ó pananampalataya.

**Libertino, na.** adj. Ang walâng tuto sa gawâ ó sa salitâ. || m. y f. Ang anák ng nagíng alipin.

**Liberto, ta.** m. y f. Ang aliping nagíng malayà.

**Libra.** f. Panimbáng na may 16 na onsa ang bigát at katimbáng ng 460 gramo. || *esterlina.* Salapîng inglés na kahalagá ng kulángkuláng na sangpuông pisong konant.

**Librar.** a. Iligtás; kunin; ó hangùin ang sínomán sa kahirapan, panganib, ó kapahamakán. || Magbigáy; maggawad; magpadalá ng anomán sa ibá. || r. Máligtás; matimawà.

**Libre.** adj. Malayà. || Layâ; hindî alipin; ó dî bilanggô. || Pangahás; talipandás; walâng pigil mangusap. || B hay ó lugál na nagiisá. || Ang walâng asawa. || Nagsasarilí. || Ligtás; ó labás sa anománg kapanganyayàan ó panganib. || Walâng malay; walâng sala.

**Librea.** f. Ang pananamít na parisparis, na ipinasusuót sa mga kotsero at alilà.

**Librería.** f. Aklatan; ó tindahan ng mga aklát. || Aklatan; ó katipunan ng mga aklát na iniingatan at ginágamit ng isáng tao ó kapisanan.

**Librero.** m. Mangaaklát; ó ang nagbibilí ng aklát.

**Libreta.** f. Aklát na muntî na walâng sulat, na pinagtatalâan ng anománg bagay.

**Libreto.** m. Dulâng sinulat upáng lapatan ng tugtugin ang lahát ó ang isáng bahagi lamang. || Ang aklát na kinásusulatan ng isáng dulà.

**Libro.** m. Aklát; ó libró. || Ang bawà't isá sa mga pangulong bahagi na karaniwang hatìin ang isáng kathâ.

**Librote.** m. Aklát na malakí. || Aklát na masamâ.

**Licencia.** f. Tulot; pahintulot; ó kapahintulután. || Kapangahasan; ó malabis na kalayàan sa pagsasalitâ ó sa gawâ.

**Licenciado, da.** adj. Ang nagpapanggáp na marunong. || m. Ang sundalong may pahintulot. || Ang nagkamít ng katibayan sa isáng mataás na karúnungang pinagaralan niyá. || Ang tawag ó galang na ibinibigáy sa abogado.

**Licenciar.** a. Tulutan; pahintulutan. || Magpahintulot. || Paalisín; palayasin. || Pagkaloóban ng katibayang *licenciado*. || Bigyán ang mga sundalo ng ganáp na pahintulot.

**Licencioso, sa.** adj. Pangahás; talipandás; masamâ ang kinahihiligan.

**Lícito, ta.** adj. Matuwíd; tapát. || Ang naáayon sa katuwiran ó sa kautusán.

**Licor.** m. Ang bagay na tunáw, na gaya ng tubâ, alak, at ibá pa.

**Licuación.** f. Pagtunaw; ó paglusaw ng anomán, gaya ng gintô, pilak, at ibá pa.

**Licuar.** a. Tunawin; ó lusawin ang anománg bagay. || r. Matunaw; malusaw.

**Lid.** f. Pagbabaka; pagaaway. || fig. Pagtatalo; pagmámatuwiran.

**Lidiar.** n. Makipagbaka; makipaghamók; makipagaway. || fig. Lumaban; makitunggalî. || a. Lumarô; ó makipaglaban sa toro, ó sa ibáng hayop.

**Liebre.** f. *Zool.* Isáng hayop na totoóng kamukhâ ng koneho, ngunì't malakí rito. || fig. Ang lalaking kimî at duwág.

**Liendre.** f. Lisâ.

**Lienso.** m. Linsó; ó kayong hinabi sa lino ó kányamo. || Ang panyông pamahid ng uhog ó pawis.

**Liga.** f. Bitik; ligas na ipinagtatalì ng medias sa paá. || Talì; panalì. || Patdá. || Pagkakáisá; paglalakip; ó katipunan ng mga bansâ ó ng mga tao.

**Ligadura.** f. Pagtatalì ng anomán. || fig. Pagkásupil.

**Ligamento.** m. Pagkakátalì; pagkakálakip.

**Ligamiento.** m. Pagtatalì; pagbibigkís. || Pagkakáisá; pagkakáayon ng mga kalooban.

**Ligar.** a. Talìan; bigkisán. || Ilahók ang muntîng bahagi ng ibáng metál sa gintô ó pilak, kung ginágawâng salapî ó hiyás. || fig. Pagisahín; paglakipin ang mga kalooban. || r. Magsamasama; maglakiplakip; magpisanpisan.

**Ligazón.** f. Pagkakáanib; pag-

kakáugpóng; pagkakáugnáy ng isáng bagay sa ibá.

**Ligereza.** f. Liksí; tulin; kaliksihan; katulinan; kadalìan. || Gaán; ó kagaanán. || fig. Pagkasalawahan; kabuwayán ng loób.

**Ligero, ra.** adj. Magaán. || Maliksí; matulin; madalî. || fig. Kauntî ang halagá. || Tulog na mababaw. || Pagkaing madalîng matunaw. || Salawahan; mabuwáy na loób.

**Lija.** f. Isdâng pagi. || Balát ng pagi ó liha na pangiskís ng kahoy, metal, at ibá pa.

**Lijar.** a. Pagihin; ó kiskisín ng liha ang anomán.

**Liliputiense.** adj. fig. Sinásabi sa mga taong napakaliliít.

**Lima.** f. *Art. y Of.* Kikil. || fig Ayos ó linis ng anománg gawâ ng pagiisip.

**Limadura.** f. Pagkikil. || pl. Pinagkikilan.

**Limar.** a. Kikilin; alalín. || fig. Pakinisin ang anománg gawâ ng isip.

**Limitación.** f. Paghahanggá; ó paglalagáy ng hanggahan sa isáng lupà.

**Limitado, da.** adj. Maiklî; kákauntî. || Maiklî ang isip; kapós ang baít.

**Limitáneo, nea.** adj. Ang náuukol sa hanggahan; ó malapit sa mga hanggá ng isáng kaharìan ó lalawigan. || Kanugnóg.

**Limitar.** a. Hangganán; ó lagyán ng hanggahan ang isáng lupà. || fig. Iklîan; untîan; bawasan. || Takdâan, ó tadhanàan ang kapangyarihang sakláw ng sínomán.

**Límite.** m. Hanggá; hangganan; ó hanggahan. || fig. Katapusán; wakás.

**Limítrofe.** adj. Kahanggá; kanugnóg; karatig; kalapít.

**Limo.** m. Banlík; putik; lusak.

**Limón.** m Dayap. || Punò ng dayap.

**Limonada.** f. Ínuming kinásasangkapán ng tubig, asukal at katás ng dayap.

**Limonado, da.** adj. Ang kulay dayap.

**Limonar.** m. Dayapan; ó poók na maraming tanim na dayap.

**Limonero, ra.** m. y f. Magdadayáp. || m. *Bot.* Punò ng dayap.

**Limosna.** f. Limós.

**Limosnero, ra.** adj. Ang nagbibigáy ng limós; ó mapaglımós. || m. Ang tagapagbigáy ó tagapamahagi ng limós.

**Limoso, sa.** adj. Mabanlík; maputik; malusak. || Banlíkbanlík; punô ng putik.

**Limpia.** f. Paglilinis.

**Limpiabarros.** m. Punasán ó linisán ng sapatos na nasa bungad ng bahay.

**Limpiabotas.** m. Ang taga-linis ng sapatos.

**Limpiadera.** f. Sepilyong panglinis ng damít. || Panglinis ng araro.

**Limpiadientes.** m. pl. Panghiningá.

**Limpiadura.** f. Paglilinis. || pl. Pinaglinisan.

**Limpiaoídos.** m. pl. Panghinulí.

**Limpiar.** a. Linisin; alisín ang dumí ng anomán. || fig. Dalisayin. || Hawanin; bunutin; alisín ang nakasasamâ sa anománg bagay. || fam. Nakawin; umitín. || Sa sugál ay *talunin* ó *matalo.* || r. Maglinis; magalís ng dumí. || Magpahid; magpunas.

**Limpiauñas.** m. pl. Panglinis ng kukó.

**Limpidez.** f. Kalinisan; kalinawan.

**Límpido, da.** adj. Malinis; malinaw; dalisay.

**Limpieza.** f. Kalinisan. || Paglilinis. || fig. Kalinisan ng loób; kalinisan sa gawâng kahalayan. || *de bolsa.* fig. y fam. Kawalán ng salapî. || *de corazón.* fig. Kalinisan ng pusò; katapatáng loób. || *de sangre.* Kalinisan ng dugô.

**Limpio, pia.** adj. Malinis. || Hawán. || Walâng halòng ibáng bagay. || Dalisay; malinis ang dugô.

**Linaje.** m. Lahì; angkán; kamaganakan. || fig. Hugis; ó kabagayán ng anomán || *humano.* Katipunan ng lahát ng tao.

**Lindar.** n. Humanggá; mahanggá; makanugnóg; mákaratig.

**Linde.** amb. Hanggá; ó hanggaṅan. || Hanggahan ng bukid ó lupà.

**Lindero, ra.** adj. Náhahanggá; kahanggá. || m. Hanggahan.

**Lindeza.** f. Karikitan; kainaman; kagandahan. || Kabutihan; kahusayan ng anománg gawâ.

**Lindo, da.** adj. Marikít; magandá; mainam. || Mabuti; mahusay; ganáp na kayarìan.

**Línea.** f. Habà; ó kahabàan. || Guhit; taludtód. || Hugis; saríng; kabagayán. || Ang pagkakásunódsunód ng pagaanák, mulâ sa kanunùan hanggáng kaapuhán ó tumbalík. || fig. Hanggahan. || *Mil.* Kutà; kanlungan.

**Lineal.** adj. Ang náuukol sa guhit. || Dibuho ó lilok na guhítguhít lamang.

**Lineamiento.** m. Pagguhit; paglilok; pagbangháy ng anomán.

**Linear.** a. Gumuhit; magguhit. || Bumangháy.

**Lingual.** adj. Ang náuukol sa dilà.

**Lingüista.** f. Ang bihasá, sumusulat ó nagaaral ng̃ mg̃a wikà.

**Lisgüística.** f. Pagaaral ng̃ mg̃a wikà; ó karunung̃an sa mg̃a salitâ.

**Lingüístico, ca.** adj. Ang náuukol sa pagaaral ng̃ mg̃a wikà.

**Linterna.** f. Ang paról na íisáng mukhâ lamang at may tatangnán sa likód.

**Liño.** m. Taludtód ó hanáy ng̃ mg̃a punòng kahoy ó halaman.

**Lío.** m. Balutan; balot ó bigkís ng̃ anomán || fig. y fam. Guló; gusót; ó kagusutan.

**Liquen.** m. *Bot.* Halamang tumútubò sa mg̃a bató at sa mg̃a punò ng̃ kahoy, na ang iba'y kinákain at ang ibá'y ipinanggagamót.

**Liquidable.** adj. Matútunaw; ó mangyayaring matunaw.

**Liquidación.** f. Pagtunaw; ó pagtutunaw ng̃ anomán. || *Com.* Pagtutuús ng̃ utang at pautang ng̃ isáng bahay kalakal.

**Liquidar.** a. Tunawin; lusawin. || fig. Paliwânagan; husayin ang anománg talâan. || *Com.* Tusín; bilang̃ing ganáp ang madlâng utang at pautang ng̃ isáng bahay kalakal upáng itigil na ang pang̃ang̃alakal na tinuran. || r. Matunaw; malusaw.

**Liquidez.** f. Katunawán; kalusawán.

**Líquido, da.** adj. Tunáw; lusáw. || *Com.* Ang kabuùang lumálabás sa pagpaparis ng̃ utang at pautang.

**Lira.** f. *Mús.* Kudyapî; lira.

**Lírico, ca.** adj. Ang náukol sa kudyapî; ó sa tulâng áawitin.

**Lirondo, da.** adj. Malinis; dalisay.

**Lisiar.** a. Saktán; salantâín; bugbugín; baliin ang alinmáng bahagi ng̃ katawán. || r. Masaktán; masalantâ; mabugbóg ang alinmáng sangkáp ng̃ katawán.

**Liso, sa.** adj. Makinis; malinis; pantáy; patag. || Káyo ó damít na walâng buldá ó pamuti.

**Lisonja.** f. Hibò; paglalang̃ís. || Tuyâ.

**Lisonjear.** a. Humibò; maglang̃íslang̃ís; magdilàdilà upáng máhuli ang loób ng̃ sínomán. || Manuyâ. || fig. Makatuwâ; makalugód; makáwili ang anomán, gaya ng̃ tugtugin, awit, at ibá pa. || r. Umasa.

**Lisonjero, ra.** adj. Mapaglang̃ís; mapanghibò. || Mapanuyâ. || fig. Nakaáalíw; nakalúlugód.

**Lista.** f. Listóng káyo, papel,

ó anománg bagay. || Guhit ng̃ damít na ibá't ibáng kulay. || Talâan; listahan. || Pagtawag ng̃ mg̃a ng̃alan ng̃ tao, na dapat dumaló sa isáng pagtitipon.

**Listado, da.** adj. Káyo ó damít na may guhit.

**Listar.** a. Guhitan; ó pamutihan ng̃ guhit ang káyo ó damít. || Italâ; isulat; ó ilistá ang sínomán ó anomán.

**Listo, ta.** adj. Maliksí; maagap; masipag. || Matalas; matalino. || *¡Listo!* interj. ¡Madalî!

**Listón.** m. Sintás; listón. || Sa pagaanluwagi, ay ang piraso ng̃ tabláng mahabà at makitid.

**Listonería.** f. Katipunan, ó karamihan ng̃ sintás ó listón.

**Listonero, ra.** m. y. f. Manggagawà ng̃ sintás.

**Lisura.** f. Kakinisan; kapatagan at kakinang̃án ng̃ ibabaw ng̃ isáng bagay. || fig. Kalinisan at katapatáng loób.

**Lite.** f. *For.* Usap; usapín.

**Literal.** adj. Ang ayon sa násusulat.

**Literario, ria.** adj. Ang náuukol sa panitikan ó literatura.

**Literato, ta.** adj. y s. Mapanitik; ó ang marunong ng̃ literatura.

**Literatura.** f. Panitikan; ó ang mg̃a kathâ ng̃ isip ng̃ tao, na ang talagáng layon ay saysayín ang ding̃ál ó gandá sa pamamagitan ng̃ pang̃ung̃usap. Násasakláw nitó ang balarilà, ang retórika, ang pagtulâ, ang nobela, ang katatasán at ang kasaysayan.

**Litigante.** m. Ang may usap; ó nakikipagusapín.

**Litigar.** a. Usápin; ó makipagusap. || fig. Makipagtalo; makipagaway. || r. Magusap; magusapín.

**Litigio.** m. Usap; ó usapín. || fig. Pagtatalo; pagáaway.

**Litis.** f. *For.* Usapín; usap.

**Litiscontestación.** f. *For.* Ang sagót sa sakdál ó demanda.

**Litisexpensas.** f. pl. *For.* Ang mg̃a gugol sa isáng usapín.

**Litografía.** f. Sining ó arte ng̃ pagdidibuho ó pagsulat sa bató, na pagkukunan ng̃ maraming sipì ng̃ isáng larawan ó sulat. || Gawàan, ó tanggapan ng̃ sining na itó.

**Litografiar.** a. Magdibuho ó sumulat sa bató.

**Litógrafo.** m. Ang nagdidibuho ó sumúsulat sa bató.

**Litoral.** adj. Ang náuukol sa pangpáng ó baybáy dagat. || m. Ang baybayin; pasigan; ó dalampasigan.

**Litro.** m. Takaláng ginágamit sa mg̃a bagay na tuyô at

lusáw, na ang lamán ay tatlóng gatang.

**Liviandad.** f. Gaán; ó kagaanán. || fig. Pagkasalawahan; kabuwayán ng̃ loób. || Kalibugan.

**Liviano, na.** adj. Magaán. || fig. Salawahang loób. || Kákaunti ang halagá. || Malibog.

**Liza.** f. Banak; aligasín; talilong; kapak || Poók na sadyâng paglalabanan ó pagbubunùan ng̃ mg̃a tao. || Pagaaway; pagbabaka.

**Lo.** art. n. Ang. Ejemplos: *Lo bueno*, ang mabuti; *lo malo*, ang masamâ; *lo barato*, ang mura.

**Loa.** f. Puri; pagpuri. || Tulâng papuri na iniúukol sa pagdiriwang ng̃ isáng santó ó ng̃ isáng taong marilág.

**Loable.** adj. Kapuripuri; ó dapat purihin.

**Loado, da.** adj. Pinupuri; pinapúpurihan.

**Loar.** a. Purihin; papurihan.

**Lobanillo.** m. Buklíng; bikì; ó bukol na untîuntîng tumútubò sa iláng bahagi ng̃ katawán.

**Lobato.** m. Anák na muntî ng̃ lobo.

**Lobezno.** m. Lobong maliít.

**Lobo, ba.** m. y f. *Zool.* Hayop na apat ang paá, na nákakamukhâ ng̃ ásong malakí.

**Lóbrego, ga.** adj. Madilím. || fig. Malungkót; mapangláw.

**Lobreguecer.** a. Padilimín; papanglawín ang isáng poók. || n. Gumabí.

**Lobreguez.** f. Kadilimán; kapanglawán.

**Local.** adj. Ang náuukol sa lugál ó bayan. || m. Poók ó lugál ng̃ isáng táhanan, bahay, at ibá pa.

**Loco, ca.** adj. Ulól; baliw; hibáng; halíng; sirâ ang isip. || Hungháng; walâng baít; walâng tuto.

**Locuacidad.** f. Katabilán; pagkamatabíl.

**Locuaz.** adj. Matabíl; masalitâ; masabí; mabung̃angà.

**Locura.** f. Kaululán; kabaliwan; kahibang̃án; kasiràan ng̃ isip. || Gawâng walâng tuto. || Salitâng nakatatawá.

**Lodazal.** f. Kaputikan; kalusakan. || Putikán; pusalìan.

**Lodo.** m. Putik; lusak; labláb.

**Lodoso, sa.** adj. Maputik; ó punô ng̃ putik.

**Lograr.** a. Tamuhín; kamtán ang anománg ináakalà ó hináhang̃ád. || Samantalahín; ó magtamasà sa anomán.

**Logro.** m. Pagkakamít; pagtatamó ng̃ anománg nasà. || Tubò; pakinabang. || Patubò.

**Loma.** f. Buról; gulód.

**Lombriguera.** f. Lunggâ ng bulati sa lupà.

**Lombriz.** f. Bulati. ‖ *intestinal.* Bulati sa bituka; uliyabid. ‖ *solitaria.* Apad.

**Lomo.** m. Balakáng. ‖ Ang balugbóg; gulugód; ó likód ng hayop. ‖ Ang likód ng aklát, gulok, itak, at ibá pa. ‖ pl. Ang mga tadyáng.

**Lona.** f. Káyong matibay ng sinulid ó kányamo, na ginágamit sa mga layag ng sasakyán, panabing, at ibá pa. Lona.

**Longanimidad.** f. Katiningan, ó katibayan ng loób sa mga sakunâ. ‖ Katiisán.

**Longánimo, ma.** adj. Matining na loób; matibay na pusò; matiisin.

**Longaniza.** f. Longanisa; ó kapirasong bituka, na may lamán ng tinadtád na baboy na nirekáduhan.

**Longevidad.** f. Kahabàan ng buhay; katandâan.

**Longevo, va.** f. Mahabà ang buhay; ó lubhâng matandâ.

**Longitud.** f. Habà; ó kahabàan ng anomán. ‖ *Geogr.* Ang layò ng isáng lugál sa meridianong pinagháhalintularan, na binîbilang sa grado ng Ecuador.

**Longitudinal.** adj. Ang náuukol sa habà; ó ginawâ ng ayon sa kahabàan.

**Lonja.** f. Lapáng; ó alinmáng bagay na mahabà, makitid at manipís, gaya ng *lonja de carne*, lapáng na karné; *lonja de cuero*, lapáng na katad. ‖ *Com.* Tiyanggi; pámilihan.

**Loor.** m. Puri; kapurihán; ó pagpupuri.

**Lorcha.** f. Lotsa; ó isáng sasakyán, na magaán at matuling lumakad.

**Lord.** m. Ngalan ó dangál na itinátawag sa mga dakilà at sa mga mahál na tao sa Inglaterra.

**Loro.** m. *Zool.* Loro.

**Los, las.** art. m. y f. pl. Ang mga. Ejemplos: *Los libros*, ang mga aklát; *las casas*, ang mga bahay.

**Losa.** f. Batóng patag at manipís, na may dibuho ang karaniwan at ipinanglalatag sa lupà.

**Losado, da.** adj. Ang may latag na losa.

**Losar.** a. Latagan ng losa. ‖ Maglatag ng losa.

**Lote.** m. Bawà't isá sa mga bahagi ng isáng buô na ipamimigáy sa maraming tao. ‖ Pitak.

**Lotería.** f. Ripa ng mga kalakal, salapî, hiyás, ó anománg bagay. ‖ Larông lotería.

**Loza.** f. Ang lupàng pino at makináng, na ginágawâng pinggán, tasa, at ibá pa.

**Lozanía.** f. Ang kasariwàan at kalagùan ng mga pananím. || Sa tao at sa hayop, ay ang kagandahan at kaliksihan ng katawán.

**Lozano, na.** adj. Malagô; mayabong; mabulas; malusóg. || fig. Masayá; makisig; magandá.

**Lucerna.** f. Alitaptáp. || Malakíng ilawán ó lámpara na gayón ang tawag.

**Lucero.** m. Talà. || Ang talà sa hapon; ó talà ni Venus. || fig. Kináng; ningníng; dilág.

**Lucidez.** f. Kaliwanagan; kaningningán.

**Lúcido, da.** adj. Maningníng; mariläg. || fig. Malinaw; maliwanag.

**Luciérnaga.** f. Alitaptáp.

**Lucio, cia.** adj. Makinis; makináng; mariläg.

**Lucir.** n. Magningníng; kumiláp; magliwanag. || n. y r. fig. Lumalò; mátangì sa ibá. || r. Magpakarikít; magpakainam; magpakaayos sa pananamít.

**Lucrarse.** r. Pakinabangan; pagtubùan; ó kunan ng pakinabang ang anománg bagay.

**Lucrativo, va.** adj. Matubò; mapakinabang; ó nagbibigáy pakinabang.

**Lucro.** m. Pakinabang; ó tubòng nákukuha sa anománg bagay.

**Lucroso, sa.** adj. Lubhâng matubò; totoóng mapakinabang.

**Luctuoso, sa.** adj. Ang malumbáy at nakátatangis.

**Lucha.** f. Bunô; pagbubunô. || Paglalaban; pagbabaka. || fig. Pagtatalo.

**Luchar.** n. Magbunô. || Magbabág; maglaban; magbaka; maghamók; maglamas. || fig. Magtalo; magtunggalì.

**Ludir.** a. Ikiskís; isagì; ibunggô ang isáng bagay sa ibá. || r. Mákiskís; mábunggô.

**Luego.** adv. t. Agád; pagdaka; tambíng; kagyát; pagkuwán. || Sakâ; bago; mamayâ. || conj. il. Kung gayón; ó kung magkagayón.

**Lugar.** m. Lugál; ó poók. || Lungsód; bayan; ó nayon. || fig. Katungkulan; tungkulin; kináuupán.

**Lugareño, ña.** adj. Ang tubò sa isáng poók ó bayang muntî; ó ang náuukol dito. || m. y f. Ang nanánahán sa isáng poók ó sa isáng muntîng bayan.

**Lúgubre.** adj. Malungkót; malumbáy; mapangláw. || Kalumbáylumbáy.

**Lujo.** m. Pagmamarikít; ó kasaguwâan sa pananamít, pahiyás, at ibá pang bagay. || Kainaman; karikitan ng isáng bagay.

**Lujoso, sa.** adj. Mapagma-

rikít; ó malabis na pagtatamasà sa inam ng pananamít, hiyás, at ibá pa. || Marikít; mainam.

**Lujuria.** f. Kalibugan. || fig. Kasaguwâan, ó kalabisán sa anománg bagay.

**Lujurioso, sa.** adj. Malibog. || fig. Masaguwâ, ó malabis sa anomán.

**Lumbre.** f. Apóy; baga. || Ilaw; tangláw. || fig. Dilág; ningníng; kaliwanagan.

**Lumbrera.** f. Ang tangláw na nakalíliwanag, gaya ng Araw, Buwán, at ibá pa. || fig. Ang taong marangál at dakilà, na sa kanyáng kabutihan, at magáling na aral ay nakatuturò at nakalíliwanag ng isip ng ibá.

**Luminar.** m. Alinmán sa mga tangláw ó talà na nagniningníng sa itaás ng langit.

**Luminaria.** f. Ang pag-iilaw; ó ilaw na inilálagáy sa durungawan, daán, at ibá pang lugál, bilang tandâ ng pagsasayá.

**Luminoso, sa.** adj. Mailiwanag; maningníng.

**Luna.** f. *Astr.* Buwán. || Ang bubog ng salamín sa matá, sa mukhâ, ó ng pangita sa malayò.

**Lunación.** f. *Astr.* Ang panahóng isinísikat ng Buwán, mulâ sa unang pagliliwanag hanggáng sa pagpapatáy.

**Lunar.** m. Nunál. || fig. Dungis sa kapurihán, na galing sa anománg masamâng nágawâ. || Ang náuukol sa Buwán.

**Lunático, ca.** adj. Bubuwanin; náuulól ng pasumpóngsumpóng.

**Lupanar.** m. Bahay ng mga babaing masasamâ ó nangangalakal ng puri.

**Lustre.** m. Kináng; ningníng; kiláp; kintáb. || fig. Karilagán; kaligayahan. || Ang pangpakintáb sa sapatos.

**Lustro.** m. Luwát ng limáng taón; ó balang limáng taóng ganáp. || Ang ilawán ó lámpara.

**Lustroso, sa.** adj. Makináng; makiláp; maningníng; makintáb.

**Luto.** m. Luksâ. || Pagluluksâ. || fig. Sákit; pighatî; dalamhatì. || pl. Ang mga káyong itím na isinásabit sa bahay ng namatáy, at sa simbahan kung may patáy na idinádalangin.

**Luxación.** f. *Cir.* Pagkalinsád; ó pagkaalís sa lugál ng isáng butó ng katawán.

**Luz.** f. Liwanag. || Ilaw; tangláw. || fig. Kaliwanagan ng isip; karunungan. || Ang tao ó bagay, na nakapagtuturò at nakalíliwanag ng isip ng ibá. || Ang Araw. || *eléctrica.* Ilaw dagitáb; ó ilaw eléktrika.

# LL



**Llaga.** f. Sugat. || fig. Sákit ó hirap ng káluluwá.

**Llagar.** a. Sugatan; ó sumugat. || r. Magkasugat; másugatan.

**Llama.** f. Alab; ningas; lagabláb. || fig. Pagaalab ng loób. || Bagsík at lakás ng anománg nasà ng pusò.

**Llamada.** f. Tawag; ó pagtawag. || Tandâ ó tawag na inilálagáy sa isáng sinulat upáng pansinín ang anománg ibinábabalâ. || *Mil.* Pagtawag sa hukbó, sa pamamagitan ng tugtóg ng tamból ó trompeta, upáng magsihawak ng sandata at magsigayák sa paglaban.

**Llamador, ra.** m. y f. Ang tagatawag. || m. Panugtóg na bakal na ipinangtatawag sa pintô.

**Llamamiento.** m. Pagtawag. || *Rel.* Tugtóg ng Dios sa ating pusò.

**Llamar.** a. Tawagin; kawayán; ó tumawag; kumawáy. || Kaunin; dapitin; sundùin. || Manalangin; humingî ng tulong; paampón. || Tawagan; tipanán. || Magpangalan; magpalayaw. || Tumugtóg; tumawag; kumatóg sa pintô. || r. Magkaroón ng ganitó at gayóng pangalan, apelyido ó palayaw.

**Llamarada.** f. Liyáb; alab; lagabláb; dagabdáb. || fig. Pamumuláng biglâ ng mukhâ. || Pagaalab na biglâ at súsumandalî ng loób.

**Llamear.** n. Magalab; magliyáb; maglagabláb.

**Llana.** f. Ang kasangkapan ng kantero, na pamalitada ng bató. || Lupàng patag.

**Llanada.** f. Lupàng kapatagan.

**Llaneza.** f. Kapalagayan ng loób; pagpapalagayan sa pakikipagusap; kawalán ng paggagalangán.

**Llano, na.** adj. Patag; pantáy. || fig. Palagáy na loób; palagáy na makipagusap. || Yanong damít ó walâng pamuti.

**Llanta.** f. Balot na bakal

ng gulóng ng kalesa, karitón, at ibá pa. Yantás.

**Llanto.** m. Iyák; tangis; hagulhól; nguyngóy. || Panangis; pagiyák.

**Llanura.** f. Kapatagan; kapantayán ng anománg bagay. || Kapatagan; ó lupàng patag.

**Llave.** f. Susì. || fig. Ang paraáng ikatutuklás ng anománg nátatagò ó nálilihim. || Ang pasimulâ, na ikinádadalî ng pagkaalám ng anománg bagay.

**Llavero, ra.** m. y f. Ang tagapagingat ng susì. || m. Ang tuhugán ng mga susì.

**Llegada.** f. Pagdatíng; pagdatál; pagsapit.

**Llegar.** n. Dumatíng; sumapit; dumatál. || Magluwát; ó tumagál ng gayóng panahón. || Abutín; ó kamtán ang layon ó hináhangád. || Umábot; pumantáy. || a. Ilakip; isama. || Ilapit; isiping ang isáng bagay sa ibá. || r. Lumapit; sumiping; dumulóg. || Lumakip; sumama; pumisan.

**Llena.** f. Paglakí ó pagapaw ng tubig sa pangpáng.

**Llenamente.** adv. m. Saganà; punô.

**Llenar.** a. Punín; ó punùin. || fig. Lagyán; ó sakupin ang isáng lugál ó paghahanap. || Matakpán. || Magalingín; maibigan ang anomán. || Papaganakín. || fig. Lipusín; punín ng anomán. || n. Magbilóg ang Buwán. || r. Mapunô. || Mabusóg; masandát. || Malipós. || fig. Mapoót; magalit, pagkatapos na makapagpigil ng iláng panahón.

**Lleno, na.** adj. Punô. || Lipós. || m. Ang kabilugan ng Buwán. || Kasaganàan. || Kayariang lubós ng anomán.

**Llevada.** f. Pagdadalá; paghahatíd.

**Llevadero, ra.** adj. Matitiís; mababatá; maáatím.

**Llevador, ra.** m. y f. Ang nagdadalá; ó tagapagdalá.

**Llevar.** a. Dalhín; taglayín; ihatíd. || Magdalá. || Tiisín; bathín; atimín. || Ibuyó; hikayatin ang sínomán. || Isuót ang damít. || Tamuhín; kamtán. || r. Padalá; patangáy sa anomán.

**Llorador, ra.** s. y adj. Ang umíiyák; ó tumátangis.

**Llorar.** n. Umiyák; tumangis; lumuhà. || fig. Pumatákpaták ang anománg bagay na lusáw. || a. Itangis; iluhà; damdamíng malabis ang anomán.

**Lloriquear.** n. Maghihimutók na lagì.

**Lloriqueo.** m. Paghihimutók na lagì.

**Lloro.** m. Pagiyák; pagtangis; pagluhà.

**Llorón, na.** adj. Íyakin; matangisín.

**Lloroso, sa.** adj. Ang mukhâng bagong galing sa pagiyák; luhâluhâán. || Nakáiiyák.

**Llovediza.** f. Tubig na ulán.

**Llovedizo, za.** adj. Sinásabi sa bubóng na sirâ, na madalîng pasukan ng tubig na ulán.

**Llover.** n. Umulán. || *á cántaros, á chorros.* Umulán ng malakás na parang ibinúbuhos. || fig. Dumagsâ; ó umulán ng hirap, gawâ, at ibá pa sa kanino man. || r. Mabasâ; ó mamigâ sa tubig na ulán ang bubóng ng bahay.

**Llovido.** m. Ang sumásakáy ng lihim sa alinmáng daóng, at hindî napakíkita kundî na sa laot na.

**Llovizna.** f. Ambón. || Anggí.

**Lloviznar.** n. Umambón.

**Lluvia.** f. Ulán. || Pagulán. || fig. Kasaganàan; ó karamihan ng anománg bagay; gaya sa halimbawà ng *lluvia de trabajos*, kasaganàan ó karamihan ng gawâ.

**Lluvioso, sa.** adj. Maulán.

# M



**Maceador.** m. Ang tagapagmaso; ó tagapagpukpók ng maso.

**Macear.** a. Masuhin; ó pukpukín ng maso. || Bayuhín; bugbugín.

**Maceo.** m. Pagmamaso; pagpukpók ng maso.

**Macerar.** a. Palambutín sa pukpók ó sa pagkábabad ang anomán. || fig. Pasakitan ang katawán ng mga pahirap.

**Macero.** m. Ang naghahawak ng maso sa haráp ng kapulungan ó ng mga taong makapangyarihan, na gumágamit ng ganitóng tandâ ng karangalan.

**Maceta.** f. Másetasán; ó pasóng tániman ng mga punò ó halamang námumulaklák. || Ang puluhán ó tagdán ng iláng kasangkapan.

**Macicez.** f. Katipîan; kasinsinán; katigasan; katibayan.

**Macilento, ta.** adj. Yayát; putlâin; malungkót.

**Macizar.** a. Tipîin; siksikín ang anománg guwáng, upáng tumigás at tumibay.

**Macizo.** m. Tipî; siksík; masinsín; matigás; matibay. || Pisigán; batibot. || fig. Matibay; matatág.

**Mácula.** f. Dungis; mansá. || fig. Ang bagay na nakasísirà ng puri.

**Machacadera.** f. Pangbayó; pangdurog; pamitpít. || Báyuhan.

**Machacador, ra.** m. y f. Mangbabayó; tagapagdurog.

**Machacar.** a. Durugin; bayuhín; bugbugín; pitpitín; dikdikín. || n. fig. Makipagtalo na ulituliting sabihin ang isáng bagay.

**Machacón, na.** adj. Maurirà; maulit; madiwarà.

**Machado.** m. Palakól na pamutol ng kahoy ó kalap.

**Machear.** n. Maganák ang hayop ng maraming lalaki kay sa babae.

**Machetazo.** m. Tagâ ng hapak.

**Machete.** m. Hapak. || Gulok; iták.

**Macho.** m. Hayop na lalaki.

**Machorra.** f. Babaing hayop na hindî nagaanák.

**Machote. (A)** m. adv. Sa palò ng maso.

**Machucadura.** f. Pagdurog; pagbayó.

**Machucar.** a. Bugbugín; bayuhín; durugin sa hampás ang anomán.

**Madeja.** f. Labay. || fig. Ang lalaking tamád at pabayà.

**Madera.** f. Kahoy; kalap.

**Maderada.** f. Katipunan ng mga kalap.

**Maderaje.** m. Katipunan ng mga kahoy, na gagamitin sa isáng bahay, gusalì, ó sa ibá pang bagay.

**Maderería.** f. Tindahan ng kahoy; ó lugál na pinagtitinggalán ng kahoy.

**Maderero.** m. Magkakahóy. || Anluwagi.

**Madero.** m. Kalap na malakí at mahabà, na ang karaniwan ay parisukát. || Pirasong malakí ng kahoy na tabás sa apat na mukhâ at isinásangkáp sa pagpapatayô ng bahay.

**Madrastra.** f. Ali sa pakinabang; ó asawang kaulî ng amá, ukol sa mga anák nitó.

**Madre.** f. Iná; nanay. || Ang babaing nanganák na. || Ngalang itinátawag sa mga *religiosa*. || Ang bahaybatà. || fig. Ang dahilán, punò ó ugát na pinanggalingan ng isáng bagay.

**Madriguera.** f. Ang lunggâ ó yungíb na tinátahanán ng mga koneho, at ibá pang hayop. || fig. Ang tagùan ó kanlungan ng mga taong masamâ ang pamumuhay.

**Madrina.** f. Iniiná; ó ninang sa pagbibinyág, sa pagkukumpíl ó sa pagkakasál. || Ang babaing nagaampón sa isáng tao sa anománg hináhangád.

**Madrugada.** f. Ang madalîng araw; ang bukángliwaywáy. || Ang paggising sa madalîng araw; ó pagbabangon ng lubhâng maaga. || *De madrugada.* m. adv. Sa madalîng araw; ó maagangmaaga.

**Madrugador, ra.** m. y f. Ang gumígising ng maagangmaaga; ó ang may ugalìng gumising ng madalîng araw.

**Madrugar.** n. Gumising ng madalîng araw; ó bumangon ng maagangmaaga. || fig. Umagap.

**Maduración.** f. Pagpapahinóg; ó pagkahinóg.

**Maduradero.** m. Ang lugál na páhinugan ng mga bungang kahoy.

**Madurar.** a. Pahinugín ang bunga ng kahoy. || n. y r. Mahinóg. || fig. Tumandâ; magkaisip; magkabaít.

**Madurativo, va.** adj. Nakahíhinóg. || m. Pangpahinóg.

**Madurez.** f. Kahinugan; pagkahinóg. || fig. Ang katalinuhan ó kabáitan sa pamumuhay. || Katandâan; kagulangan ng tao.

**Maduro, ra.** adj. Hinóg. || fig. Mabaít; marunong; matalino. || Matandâ; magulang na tao.

**Maestra.** f. Ang babaing nagtuturò ng anománg sining, hanapbuhay ó buldá sa mga batàng babae. || Ang babaing gurò sa isáng páaralán. || Ang asawa ng maestro.

**Maestría.** f. Kabihasnán at kahusayang gumawâ ó magturò ng anomán. || Ang pagkagurò; ó pagkamaestro.

**Maestro.** m. Ang gurò; ó nagtuturò ng isáng dunong ó sining. || Ang sanáy ó bihasá sa isáng hanapbuhay ó gawàin. || adj. Sinásabi sa mga gawâng dakilà ó lubhâng mahusay ang pagkayarì, na magagawâng huwaran ng kaparis niyá.

**Magia.** f. Sining na nagtuturò ng paggawâ ng mga kababalaghán ó ng mga katakátakáng bagay. || Salamangká.

**Mágico, ca.** m. y f. Magsasalamangká. || adj. Ang náuukol sa mahiya ó salamangká. || fig. Kahangàhangà; kagilágilalás.

**Magisterial.** adj. Ang náuukol sa kagurùan.

**Magisterio.** m. Kagurùan; ó ang pagtuturò at pamamahalà ng gurò sa mga tinuturùan. || Katibayan ó taás ng pagkagurò na ibiníbigáy sa isáng páaralán. || Ang pagguguró; ó ang katungkulan ng gurò. || Ang katipunan ng mga gurò sa isáng bayan, lalawigan, at ibá pa.

**Magistrado.** m. Ang punòng mataás sa isáng kaharìan ó bayan. || Ang hukóm na mataás. || Ang karangalan ó katungkulan ng pagkahukóm.

**Magistral.** adj. Ang náuukol sa gurò ó kagurùan. || Ang anománg ginágawâ ng buông husay.

**Magistratura.** f. Katungkulan at karangalan ng magistrado. || Panahóng itinátagál ng katungkulang itó. || Katipunan ng mga magistrado

**Magnanimidad.** f. Kalakhán, ó kadakilàan ng pusò; kagandahan ng kalooban.

**Magnánimo, ma.** adj. Ang may malakí at marangál na pusò; ang may magandáng kalooban.

**Magnate.** m. Ang taong lubhâng dakilà at makapangyarihan. || Máginoó.

**Magnético, ca.** adj. Ang náuukol sa batobalanì. || Ang na-

kahíhitít ó nakaháhalina ng̃ ìbáng bagay.

**Magnetismo.** m. Ang bagsík na tagláy ng̃ batobalanì, na humitít ó makahila sa bakal ó sa patalím.

**Magnetización.** f. Ang pagbatobalanì; ó paghitít ng̃ batobalanì sa bakal.

**Magnetizar.** a. Batobalanìin; ó hititín ng̃ batobalanì ang bakal.

**Magnificar.** a. Padakilàin; purihin; itanyág; ibunyî. || Painamin; parikitín.

**Magnificencia.** f. Kagandahan ng̃ loób sa malakíng pagkakagugol. || Kadakilàan.

**Magnífico, ca.** adj. Magandáng loób; marang̃ál; dakilà. || Lubhâng marikít. || Marang̃ál na ng̃alang ibiníbigáy sa mg̃a taong dakilà.

**Magnitud.** f. Ang lakí ó dilág ng̃ isáng bagay. || fig. Ang kalakhán ó kadakilàan ng̃ anománn.

**Magno, na.** adj. Malakí; dakilà; marilág.

**Magro, gra.** adj. Payát, ó yayát; kákauntî ó walâng anománg tabâ.

**Magulladura.** f. Bugbóg; pasâ ng̃ lamán.

**Magullamiento,** m. Pagbugbóg. || Pagkabugbóg; pagkapasâ.

**Magullar.** a. Bugbugín; papagpasâín. || r. Mabugbóg; mapasâ.

**Maido.** m. Ng̃iyáw ng̃ pusà.

**Maitines.** m. pl. Dasál sa madalîng araw na ginágawâ sa iláng simbahan.

**Maíz.** m. *Bot:* Maís.

**Maizal.** m. Maisán.

**Majada.** f. Ang silung̃án ng̃ hayop kung gabí, at tuluyán ng̃ pastol. || Ang dumí ng̃ mg̃a hayop.

**Majadería.** f. Salitâ ó gawâng mangmáng, labás sa kabáitan at nakamúmuhî.

**Majadero, ra.** adj. fig. Ang mangmáng at matigás ang ulo.

**Majar.** a. Durugin; dikdikín; pitpitín. || fig. Yamutín; galitin; muhîín.

**Majestad.** f. Kadakilàan; kalakhán. || Ang kamáhalan at kabáitan ng̃ kilos ó pagmumukhâ ng̃ sínomán.

**Majestuoso, sa.** adj. Dakilà; mahál; marang̃ál. || Mabaít; walâng kibô.

**Mal.** m. Samâ; ó kasamâan. || Kasiràan; kapang̃ang̃yayàan. || Sakít; damdám. || adj. Masamâ, gaya ng̃ *mal dia*, masamâng araw; *mal hombre*, masamâng tao.

**Mala.** f. Supot na katad, na pinagdadalhán ng̃ sulat sa korreo. || Ang Korreo.

**Malaconsejado, da.** adj.

Masamâng pinagaralan; masamâng kinátutuhan.

**Malacostumbrado, da.** adj. Masamâng pinagkaugalìan; masamâng pinagkaratihan.

**Malavenido, da.** adj. Mabigát ang ugalì, ó hindî nakikiugalì sa kapuwà.

**Malaventura.** f. Kasamâang palad; ó kasawîang palad.

**Malaventurado, da.** adj. Kulang palad; sawîng kapalaran.

**Malaventuranza.** f. Kasaliwàan, ó kakulangáng palad.

**Malbaratador, ra.** m. y f. Ang mapagaksayá, ó mapagsirâ ng pagaarì.

**Malbaratar.** a. Ipagbilí ng mura ang pagaarì. || Siràin, ó aksayahín ang pagaarì.

**Malcasar.** a. Papagasawahin, ó ipakasál ang sinomán ng dî wastô. || r. Magasawa, ó pakasál ng walâng tuto.

**Malcaso.** m. Kataksilán; kasukabán; kaliluhán.

**Malcomer.** a. Kumain ng salát ó hindî busóg.

**Malcomido, da.** adj. Salát sa pagkain; hindî busóg.

**Malcontento, ta.** adj. Masukal ang loób. || Mapangguló; mapangligalig.

**Malcriado, da.** adj. Walâng pinagaralan; masamâng pinagkaugalìan.

**Maldad.** f. Kasamâan, ó kasamán. || Ang gawâng masamâ at walâ sa matuwíd.

**Maldecidor, ra.** s. y adj. Mapagmurá; mapagtungayáw; mapanumpâ; mapaniràng puri.

**Maldecir.** a. Sumpâín; murahin; tungayawín; dustâín; laitin. || Siràan ng puri. || n. Mamulà; maniràng puri. || r. Magtungayawán; magsumpâan; magsirâán ng puri.

**Maldiciente.** adj. Mapagtungayáw; mapagmurá; mapanumpâ. || Mapamulà; mapaniràng puri.

**Maldición.** f. Sumpâ; tungayáw; mura; dustâ; lait; pulà.

**Maldispuesto, ta.** adj. May damdám; may sakít.

**Maldito, ta.** adj. Ang taong lubhâng masamâ; tampalasan. || *Rel.* Ang pinarusahan ng Dios.

**Malear.** a. Sumirà; manganyayà ng anomán. || fig. Pasamâín ang ugalì. || r. Masirà; mapanganyayà ang anomán. || fig. Sumamâ ang ugalì.

**Malecón.** m. Kutà ó tambák na mataàs ng lupà ó bató, na panghanggá sa tubig.

**Maledicencia.** f. Pagmura; paglait; pagdustâ; paniniràng puri.

**Maleficencia.** f. Ang kaugalìang gumawâ ng masamâ.

**Maleficiar.** a. Manirà; ó magpanganyayà sa isáng tao ó bagay. || Mangulam; ó kulamin.

**Maleficio.** m. Kasiràan, ó kapanganyayàang gawâ ng kulam. || Pangkukulam.

**Maléfico, ca.** adj. Ang naníniràó nagpapanganyayà sa kapuwà. || Mangkukulam.

**Malestar.** m. Kabalisahán, ó katamlayán ng katawán. || Karukhâán; kasalatán sa pamumuhay.

**Maleta.** f. Takbáng balát, na pinagsisidlán ng damít at ibá pang bagay kung lumálakad ó naglalakbáy.

**Maletero.** m. Ang manggagawà ng maleta. || Ang nagbibilí ng maleta.

**Maletín.** m. Maletang muntî.

**Maletón.** m. Maletang malakí.

**Malevolencia.** f. Galit, ó pagtataním sa loób na tinátagláy sa kapuwà.

**Malévolo, la.** adj. Ang mahilig sa paggawâ ng masamâ sa kapuwà tao.

**Maleza.** f. Kasukalan; ó kasaganàan ng mga damóng masamâ na nakasísirà sa mga pananím. || Kasinsinán ng dahon at sangá ng iláng mga kahoy na maliliít.

**Malgastador, ra.** m. y f. Ang mapagtapón, ó mapagaksayá ng arì.

**Malgastar.** a. Aksayahín; siràin; itapon ang yaman ó pagaarì.

**Malhablado, da.** adj. Pangahás, ó dî náhihiyâng magsalitâ ng dî dapat.

**Malhadado, da.** adj. Kulangpalad; sawîng kapalaran

**Malhecho.** m. Gawâng masamâ ó mahalay. || adj. Sinásabi sa taong masamâ ang tabas ng katawán.

**Malhechor, ra.** m. y f. Ang gumágawâ ng masamâ ó sinsáy sa katuwiran. || Tulisán; magnanakaw; masamâng loób.

**Malherir.** a. Sumugat, ó sugatan ng malubhâ. || r. Másugatan ng malubhâ.

**Malicia.** f Kasamán ng isáng bagay. || Pagkamasamâ; ó pagkáhilig ng loób sa masamâ. || fam. Hinalà; hinagap. || Sapantahà; ó palagáy na masamâ.

**Maliciar.** a. Pagsalooban; paghinalàan; pagbintangán ng masamâ ang ibá. || r. Maghinalà; magsaloób; magsapantahà.

**Malicioso, sa.** adj. Mapaghinalà; mapagbintáng; mapagsapantahà. || May dayà; may tagláy na kasamán.

**Malignidad.** f. Hilig ng loób

na umisip ó gumawâ ng̃ masamâ. || Kasamâán.

**Maligno, na.** adj. Masamâ; ó mahilig sa paggawâ ó pagisip ng̃ masamâ. || fig. Ang nakasasamâ; ó nakasísirà.

**Malintencionado, da.** adj. Ang may masamâng nasà ó iniisip.

**Malmandado, da.** adj. Ang hindî marunong sumunód; ó masuwayin. || Ang mabigát ang loób sa pagsunód.

**Malmirado, da.** adj. Walâng galang; walâng pagtingin. || Hindî tinitingnán; ó hindî iginágalang.

**Malo, la.** adj. Masamâ. || Nakasasamâ; ó nakasísirà ng̃ katawán. || Pang̃it; masamâng gawâ. || Masamâ ang paguugalì at pamumuhay. || May sakít; may damdám. || Mahirap.

**Malogrado, da.** adj. Nasirà; nasayang; ó namatáy ng̃ hindî panahón.

**Malograr.** a. Sayang̃in; aksayahín ang anomán, gaya ng̃ pagkakátaón, ng̃ panahón, at ibá pa. || r. Masayang; maaksayá ang anománg hinàhang̃ád. || Mamatáy ng̃ hindî panahón ang sinomán; ó huwág umabot sa talagáng paglakí ó husay ang anomán.

**Malogro.** m. Pagkásayang; pagkáaksayá ng̃ anománg bagay.

**Malparado, da.** adj. Ang nasa masamâng kalagayan; ó ang nagdamdám ng̃ malakíng kasiràan sa anománg bagay.

**Malparida.** f. Ang babaing nakunan, ó inagasan.

**Malparir.** a. Makunan; maagasan.

**Malparto.** m. Pagkaagas; pagkakuha ng̃ kabuntisán.

**Malquistar.** a. Siràan ang kapuwà tao. || r. Masiràan sa kapuwà.

**Malquisto, ta.** adj. Ang nasiràan sa ibá; ó kinágagalitan ng̃ kapuwà.

**Malsano, na.** adj. Nakasasamâ, ó nakasísirà ng̃ katawán. || Masasaktín.

**Malsonante.** adj. Masamâng dinggín.

**Malsufrido, da.** adj. Hindî marunong magbatá; walâng pagtitiís.

**Maltratar.** a. Tampalasanin; alipustâín; paslang̃ín; salantâín. || Siràin; ipang̃anyayà; gamitin ng̃ masamâng paggamit.

**Maltrato.** m. Pagtampalasan; pagpasláng; pagalipustâ; pagduhagi. || Pagpapang̃anyayà; masamâng paggamit ng̃ anomán.

**Malva.** f. *Bot.* Malbas; kulotkulutan.

**Malvado, da.** adj. Lubhâng masamâ.

**Malvar.** m. Lugál na maraming malbas; ó kamalbasán.

**Malversación.** f. Pagsirà ng salapî; ó paggugugol ng salapî sa bagay na dî talagáng pinagúukulan.

**Malversador, ra.** m. y f. Ang sumirà ng salapî; ó mapanirà ng salapî.

**Malversar.** a. Siràin ang salapî; ó gugulin ang salapî sa di pinagúukulang bagay.

**Malla.** f. Ang butas ó matá ng dala, lambát, at ibá pang gangganitó; ó ang bawà't pagitan ng dalawâng buhól ng pagkagawâ ng dala, at ibá pa. || Balutì; kutamaya.

**Mallero.** m. Manggagawà ng dala, lambát, at ibá pa. || Manggagawà ng balutì ó kutamaya.

**Mama.** f. *Anat.* Suso. || Iná; ináng.

**Mamá.** f. Nanay; ináng.

**Mamada.** f. Pagsuso. || Panahón ng pagsuso ng batà.

**Mamadera.** f. Kasangkapang bubog na pangkuha ng gatas sa suso ng babae.

**Mamador, ra.** m. y f. Ang humíhitít sa mamadera, kung nagbabawas ng gatas ang mga babae.

**Mamar.** a. Sumuso; ó susuhin; ututín. || fam. Kanin; lamunin.

**Mamífero.** s. y adj. *Zool.* Sinásabi sa mga hayop, na ang mga babae ay nagpapasuso sa kanyáng mga anák. || m. pl. *Zool.* Hugis ng mga hayop na itó.

**Mamón, na.** m. y f. Pásusuhín. || Ang malakás, ó matagál sumuso.

**Mamoso, sa.** adj. Batà ó hayop na malakás sumuso.

**Mampara.** f. Bayubo; ó panabing sa pintô, ó sa ibá pang bagay.

**Mamullar.** a. Sumuso sa pagkain; ó kumain ng parang sumúsuso. || Magsalitâ ng hindî malinaw na dî máwatasan.

**Manada.** f. Kawang muntî ng hayop. || Ang dami ng damó, palay, trigo, at ibá pa, na madadakót ng kamáy.

**Manadero, ra.** adj. Ang bumúbukál. || m. Pastól ng isáng kawang hayop.

**Manantial.** adj. Ang tubig na bumúbukál. || m. Bukál; ó balong ng tubig. || fig. Ang mulâ at punò na pinagbubuhatan ng anomán.

**Manar.** n. Bumukál; bumalong. || fig. Magbuhat; manggaling ang isáng bagay sa ibá. || Sumaganà ang anomán.

**Manceba.** f. Kálunyâ; kaagulò; babae.

**Mancebía.** f. Bahay ng mga

babaing masamâ ang pamumuhay.

**Mancebo.** m. Bagongtao; binatà.

**Mancilla.** f. Dungis; ó mansá ng kapurihán.

**Mancillar.** a. Dungisan; mansahán.

**Mancipar.** a. Supilin; alipinin. || r. Masupil; maalipin.

**Manco, ca.** adj. Putól ang bisig ó kamáy. || Kimáw; pingkól; komang; mangkó.

**Mancomún (De).** m. adv. Pinagkákaisahán; pinagtutulungan.

**Mancomunar.** a. Pagtulungan; pagpisanan ng lakás ó salapî ang anománg layon. || r. Magpisanpisan; magtulongtulong.

**Mancomunidad.** f. Pagpipisan; ó pagtutulongtulong sa isáng gawâ ó hangád.

**Mancha.** f. Dungis; ó mansá. || fig. Kasiràan ng puri.

**Manchadizo, za.** adj. Madungisín; ó madalîng dumungis.

**Manchado, da.** adj. Madungis; marumí; ó may mansá.

**Manchar.** a. Dungisan; dumhán; mansahán. || fig. Siràan ng puri ang kapuwà. || r. Madumhán; madungisan. || fig. Masiràan ng puri.

**Manda.** f. Pagaalay; pagkakaloób; pagbibigáy ng anomán. || Pamana, ó kaloób na nábibilin sa testamento.

**Mandadero, ra.** m. y f. Utusán.

**Mandado.** m. Atas; utos; kautusán. || Bilin; ó pabilin.

**Mandamiento.** m. Utos; atas. || Bawà't isá ng sangpûng utos ng Dios. || *For.* Ang utos ng hukóm na nakasulat. || pl. fig. y fam. Ang limáng dalirì ng kamáy.

**Mandar.** a. Magutos; iutos; iatas ang anomán. || n. Magpunò; mamahalà. || a. Magpamana; magkaloób sa isá ng anománg bagay sa testamento. || r. Gumaláw; kumilos na magisá; makalakad: karaniwang sabihin sa may sakít.

**Mandarín.** m. Sa Tsina at sa ibáng kaharìan, ay ang namamahalà ng isáng bayan ó ang nangangasiwà sa húkuman.

**Mandatario.** m. Utusán; pinagúutusan; pinagbibilinan.

**Mandato.** m. Atas; utos. || Bilin.

**Mandíbula.** f. *Anat.* Sihang; pangá.

**Mandibular.** adj. Ang náuukol sa sihang.

**Mandil.** m. Tapî; ó panapîng káyo na isinásabit sa liíg, na buhat sa itaás ng dibdíb hanggáng tuhod.

**Mando.** m. Kapangyarihan ng isáng punò sa kanyáng mg̃a nasásakupan. || Katungkulan.

**Mandoble.** m. Tagâ, ó hampás na malakás ng̃ dalawáng kamáy. || fig. Pang̃usap na masakláp.

**Mandón, na.** s. y adj. Ang nagpaparang̃alang malabis ng̃ kaniyáng kapangyarihan; ó ang naguutos ng̃ labis sa katampatan.

**Manejar.** a. Gamitin, ó pakilusin sa kamáy ang anomán; ó magmaneho. || Patnubayan; ó makapangyari sa kabayo. || fig. Pamahalàan; pang̃asiwàan; patnugutan. || r. Mamahalà; mang̃asiwà. || Gumaláw; kumilos na mag-isá; makalakad.

**Manejo.** m. Ang paggamit ó pagpapakilos sa kamáy ng anomán; ó pagmamaneho. || Sining ng̃ pamamatnubay sa kabayo. || fig. Pang̃ang̃asiwà; ó pamamahalà ng̃ anománg bagay.

**Manera.** f. Ang paraán ó ayos ng̃ paggawâ ng̃ anomán. || Ang paguugalì, gawî at kilos ng̃ sínomán. || Ang barageta ng̃ saya.

**Manfla.** f. fam. Kálunyâ; kagulò.

**Manga.** f. Manggás. || Manggá. || Dála, na panghuli ng̃ isdâ.

**Manglar** m. Latì; ó latìan.

**Mango.** m. Puluhán; tagdán; tangkáy.

**Mangonada.** f. Hampás ng̃ bisig at manggás.

**Mangote.** m. fam. Manggás na maluwáng at mahabà. || pl. fam. Manggás na itím na pang-ibabaw, na ginágamit sa paggawâ.

**Manguera.** f. Balindáng na may alkitrán at tabas manggás, na panglimás ng̃ tubig sa sasakyán.

**Mangueta.** f. Pantóg na panglabatiba. || Pinggá; ó panghikuwát.

**Mania.** f. Kaululán; kahibang̃án. || Kawalán ng̃ husay, ó kaibhán ng̃ pagiisip sa talagáng karaniwan. || Giliw ó nasàng walâng tuto sa anomán.

**Maniaco, ca.** adj. Hibáng; ulól. || Ang may ibáng isip sa karaniwan.

**Maniatar.** a. Gapusin; ó talìan ang mg̃a kamáy.

**Manicomio.** m. Págamutan ó ampunan ng̃ mg̃a hibáng at ulól.

**Manicorto, ta.** adj. Maiklî ang kamáy. || fig. May karamutan.

**Manifestación.** f. Pagpapahayag; pagsasaysáy; pagpapakilala. || Pahayag; pamahayag.

**Manifestante.** com. Ang nagpapahayag.

**Manumisión.** f. Pagtimawà; ó pagpapalayà sa alipin.

**Manumitir.** a. *For.* Timawàin; ó palayàin ang alipin.

**Manuscrito, ta.** adj. Sulatkamáy. || m. Papel ó aklát na sulat-kamáy.

**Manutención.** f. Pagpapakain; pagbibigáy ng ikabúbuhay. || Pagaalagà; pagaampón.

**Manzana.** f. Mansanas. || Ang tumpók ng mga bahay; ó poók na maraming bahay na náhihiwaláy sa ibá.

**Manzanar.** m. Lugál na maraming taním na mansanas.

**Manzanilla.** f. Mansanilya.

**Manzano.** m. *Bot.* Punò ng mansanas.

**Maña.** f. Liksí; laláng. || Talas; katalinuhan. || Hilig; kaugalìan.

**Mañana.** f. Umaga. || adv. t. Bukas. || fig. Ang panahóng dáratíng ó hináharáp.

**Mañanica, ta.** f. Umàgang-umaga.

**Mapa.** f. Mapa; ó larawan ng isáng bayan ó lupàín. || f. fam. Ang bagay na natatangì sa ibá.

**Mapamundi.** m. Ang mapa ng Lupà ó ng sangsinukob.

**Máquina.** f. Mákina. || fig. Katipunan ng maraming bahaging kabuùan ng isáng bagay. || Bukò; akalà; laláng.

**Maquinación.** f. Dayà; laláng; silò.

**Maquinal.** adj. Ang náuukol sa kilos ó galáw ng mákina. || fig. Gawâ ó kilos ng tao na walâng dilìdilì.

**Maquinaria.** f. Ang sining ó arte na nagtuturò ng paggawâ ng mákina. || Katipunan ng mga mákina.

**Maquinista.** com. Ang gumágawâ ng mákina. || Ang namámahalà ó nagpapalakad ng mákina.

**Mar.** amb. Dagat. || fig. Kasaganàang malabis ng anomán. || *Alta mar.* Laot ng dagat.

**Maraña.** f. Dawag; ó kasukalan. || Ang gusót ng sinulid ó sutlâ sa labayán.

**Marañero, ra.** adj. Mapagbasagulo.

**Maravilla.** f. Pangyayaring katakátaká ó kagilágilalás. || Panggigilalás; pagtatakà.

**Maravillar.** a. Pahangàin; papagtakhín. || r. Mamanghâ; magtaká; manggilalás.

**Maravilloso, sa.** adj. Kahangàhangà; katakátaká; kagigilágilalás.

**Marca.** f. Lalawigan; purók. Taták; tandâ; talâ. || Panaták;

panandâ. || Pagtataták; pagtatandâ; pagtatalâ.

**Marcar.** a. Tatakán; tandâan; talâán. || Magtaták; magtandâ; ó magtalâ.

**Marcial.** adj. Ang náuukol sa digmâ ó pagbabaka. || fig. Tapát na loób.

**Marcialidad.** f. Pagkatapát na loób. || Pagkaanyông mangdirigmâ.

**Marco.** m. Markó; tumalì; ó paina ng pintô, dúngawan, at ibá pang gangganitó. || Kalahating libra, na panimbáng sa gintô ó pilak.

**Marcha.** f. Paglakad; pagalís; pagtulak. || *Mil.* Ang tugtóg ng tamból ó pakakak, na ukol sa paglakad ng hukbó.

**Marchante.** adj. Ang náuukol sa pangangalakal. || m. Mangangalakal. || Sukì.

**Marchar.** n. Lumakad; maglakbáy; umalís; tumulak. || r. Umalís; pumanaw; yumao; humayo.

**Marchitable.** adj. Lantáhin; lúuyin; láingin; kupasín.

**Marchitar.** a. Lantahín; luuyín; laingín; pakupasin. || fig. Payayatin; pahinàin; papangitin. || r. Malantá; maluóy; malaíng; kumupas; matuyô. || fig. Mangayayat; manghinà; kumupas ang gandá.

**Marchitez.** f. Kalantahán; pagkaluóy. || fig. Pangangayayat; panghihinà; pagkupas ng gandá.

**Marchito, ta.** adj. Lantá; luóy; laíng; yumî; kupás; tuyô.

**Marea.** f. *Mar.* Ang paglakí at pagkati ng tubig sa dagat. || Ang lugál ng baybayin ng dagat na ináabót ng lakí ng tubig. || Ang paláypalay na hanging nanggagaling sa dagat.

**Mareaje.** m. *Mar.* Sining ng pagdaragát ó paglalayág. || Tumpahin ó túnguhin ng mga sasakyán sa kaniláng paglalayág.

**Mareante.** adj. Manglalayág; mangdaragát.

**Marear.** a. *Mar.* Palayagin ang isáng daong; ó palakarin ang sasakyán at pamahalàan sa paglalayág. || Magtindá ng hayág, ó ipagbilí ang mga kalakal. || fig. y fam. Pagalitin; yamutín. || r. Malulà; mahilo; maliyó. || Magalit; mamuhî.

**Marejada.** f. Daluyong; along malakí.

**Mare mágnum.** m. loc. lat. Kasaganàan; kalakhán; ó kaguluhán ng anománg bagay.

**Mareo.** m. Lulà; hilo; liyó. || Pagkalulà; pagkahilo sa paglalayág. || fig. y fam. Yamót; pagkamuhî.

**Mareta.** f. Ang galáw ng

alon sa dagat, na untîuntîng lumálakí dahil sa hangin.

**Marfil.** m. Garing.

**Marfileño, ña.** adj. Gina-ring.

**Margen.** amb. Gilid; ó tabí ng anomán. || Ang puwáng na malinis sa tabí ng isáng papel na may sulat ó may limbág.

**Margenar.** a. Iwanan ó lag-yán ng kapirasong puwáng na malinis sa tabí ng papel na sinusulatan ó pinaglilimbagán.

**Marginar.** a. Itandâ, ó isu-lat ang anomán sa gilid ng isáng sulat ó aklát.

**Maricón.** m. Lalaking anyông babae at duwág.

**Maridable.** adj. Sinásabi sa pagsasama ó pamumuhay na da-pat ó ukol sa magasawa.

**Maridaje.** m. Ang pagkaká-pisan, pagkakásama at pagkaká-isáng loób ng magasawa.

**Maridar.** n. Magasawa; pa-kasál. || Magsama. || a. fig. Pag-samahin; paglakipin.

**Maridillo.** m. Ang asawang lalaking masamâ at hamak.

**Marido.** m. Ang lalaking asawa ng isáng babae.

**Marimacho.** m. fam. Lalaki-nin; ó babaing ang lakí ng kata-wán at anyô ay tila lalaki.

**Marimanta.** f. fam. Panakot sa mga batà.

**Marimorena.** m. fam. Away; tákapan.

**Marina.** f. Baybayin; baybáy dagat. || Sining na nagtuturò ng paglalayág ó ng pamamahalà sa mga sasakyán. || Katipunan ng mga daóng ng isáng bansâ. || Katipunan ng mga kawal dagat.

**Marinaje.** m. Ang katung-kulan ng kawal dagat. || Ang ka-tipunan ng mga magdaragát.

**Marinería.** f. Katungkulan ng magdaragát. || Katipunan ng mga magdaragát.

**Marinero.** m. Magdaragát. || Susông dagat. || adj. Sinásabi sa daóng na handâ na upáng maglayág.

**Marinesco, ca.** adj. Ang náuukol sa mga magdaragát.

**Marino, na.** adj. Ang náuu-kol sa dagat. || m. Manglalayág; magdaragát.

**Mariposa.** f. Paróparó.

**Mariscar.** a. Manalabá; ma-nusô; mamaros; at ibá pa.

**Marisco.** m. Alinmáng tubò sa dagat na makakain, na ang balát ay para ng kapís, talabá, susô, paros, tikhán, at ibá pa.

**Marisma.** f. Lupàng mababà na lumúlubóg kung lakí ang tu-big sa dagat ó sa ilog.

**Marital.** adj. Ang náuukol sa lalaking asawa, ó sa pamumu-hay ng magasawa.

**Marítimo, ma.** adj. Ang náukol sa dagat.

**Marmita.** f. Palayók na tansô, na may takíp at tatangnáng bakal. || Palayók na lupà.

**Marmitón.** m. Ang batàng utusán sa kusinà.

**Mármol.** m. Batóng mármol.

**Marmolería.** f. Katipunan ng mármol na nálalagáy sa isáng bahay ó gusalì. || Lugál na gawàan ng mga kasangkapang mármol.

**Marmolista.** m. Ang gumágawâ ng kasangkapang marmol. || Ang nagbibilí ng mármol.

**Marmóreo, rea.** adj. Ang may sangkáp na mármol. || Kahawíg ng mármol.

**Maroma.** f. Lubid na malakí.

**Marrano, na.** m. y f. Baboy. || adj. fig. y fam. Salaulà; nakasúsuklám.

**Marrar.** n. Sumála; mámalî. || fig. Málihís sa matuwíd.

**Marras.** adv. t. fam. Ang panahóng iginawâ, sinabi, ó ipinangyari ng anomán. || Sa una; nang una; ó nang unang dako.

**Martillada.** f. Pukpók ng martilyo.

**Martillar.** a. Pukpukín ng martilyo.

**Martillazo.** m. Pukpók na malakás ng martilyo.

**Martillo.** m. *Art. y Of.* Martilyo; ó pamukpók na bakal.

**Mártir.** com. Pinagpalà; ó mártir. || fig. Ang taong nagtitiís ng maraming hirap at sákit.

**Martirio.** m. Ang kamátayan ó mga kahirapang tiniís, dahil sa isáng banál na layon. || Alinmáng hirap na matagál at lubhâng malakí.

**Martirizar.** a. Pahirapan; pasakitan; ó patayín ang sínomán. || fig. Pagpighatîin; pasakitan; pahirapan.

**Martirologio.** m. Aklát ó talâang kinásusulatan ng ngalan ng mga pinagpalà ó mártir. || Ang talâan ng lahát ng kilaláng santó ó banál.

**Más.** adv comp. Lalò; higít; lampás; malakí; marami. || *Mat.* Tandâ ng pagpisan na ganitó ang ayos ( -l- )

**Mas.** conj. advers. Nguni; dátapuwâ; kundî.

**Mascadura.** f. Pagnguyâ.

**Mascar.** a. Nguyâín; ó ngumuyâ. || fig. y fam. Magsalitâ ng malabò, na mahirap máwatasan.

**Máscara.** f. Máskara; ó takíp sa mukhâ. || Pananamít na balatkayô. || fig. Dahilán; balatkayô; takíp. || com. Ang taong nakamáskara ó may takíp ang mukhâ, upáng huwág mákilala.

**Masculinidad.** f. *For.* Ang pagkalalaki.

**Masculino, na.** adj. Lalaki. ‖ Ang náuukol sa lalaki.

**Maslo.** m. Punò ng buntót ng mga hayop na apat ang paá.

**Masticación.** f. Pagnguyâ.

**Masticar.** a. Nguyâín; durugin sa bibíg ang anománg pagkain. ‖ fig. Kurùin; bulaybulayin ang anomán.

**Masturbarse.** r. Magsalsál.

**Matacandelas.** m. Pamatáy ng ilaw.

**Matadero.** m. Pátayan ng hayop na ipinagbíbilí sa bayan.

**Matador, ra.** s. y adj. Ang nakamatáy; natáy; ó pumatáy ng kapuwà.

**Matafuego.** m. Pamatáy-sunog. ‖ pl. Ang bumbero, ó ang taong may katungkulang talagá na pumatáy ng sunog.

**Matalotaje.** m. Baon; ó ang handâng pagkaing dinádalá sa sasakyán. ‖ fig. Ang katipunan ng mga bagay na sarisarì ó samotsamot.

**Matanza.** f. Ang pagpatáy sa kapuwà. ‖ Ang pagkakámatáy ng mga tao, na gawâ ng pagbabaka ó pangloloób. ‖ Ang pagpapatáy ng mga baboy. ‖ Buntón ó katipunan ng mga baboy na pátayin, at ang panahón ng pagpapatáy.

**Matar.** a. Pumatáy; ó patayín ang kapuwâ. ‖ Patayín ang ilaw ó apóy. ‖ Patayín ang hayop ‖ r. Magpakamatáy; magbigtí. ‖ Magpátayan. ‖ fig. Magsumakit; magsumikap.

**Matarife.** m. Ang mámamatay ng hayop na ipinagbibilí sa bayan.

**Matasanos.** m. fig. y fam. Masamâng manggagamot.

**Matasiete.** m. fig. y fam. Mayabang; hambóg; palalò.

**Matemática.** f. Dúmatan; ó karúnungang tumutukoy sa halagá ó bilang. Lalòng ginágamit sa plural ó pangmarami.

**Matemático, ca.** adj. Ang náuukol sa dúmatan ó matemátika. ‖ m. Mangdudumat; ó ang marunong ng matemátika.

**Materia.** f. Ang bagay na sangkáp ng anomán. ‖ *Med.* Nanà. ‖ fig. Alinmáng bagay na pinagúusapan. ‖ fig. Dahilán; sanhî.

**Maternal.** adj. Ang náuukol sa iná.

**Maternidad.** f. Ang pagka-iná.

**Materno, na.** adj. Ang náuukol sa iná.

**Matiz.** m. Ang pagkakásalít at pagkakáakmâ ng sarisaring kulay. ‖ Bátik.

**Matizar.** a. Pagsalitín ang

sarisaring kulay ng mainam na pagkakáayos. || Batikan.

**Matorral.** m. Ang parang na madawag at masukal.

**Matoso, sa.** adj. Madawag; ó masukal sa mga punòng kahoy.

**Matraca.** f. Pagupak; palakpák. || fam. Birò; aglahì; uyám.

**Matraquista.** com. Ang nagpapatunóg ng pagupak. || fig. y fam. Palabirô; mapagaglahì.

**Matricida.** com. Ang taong pumatáy sa sariling iná.

**Matricidio.** m. Ang pagpatáy sa sariling iná.

**Matrícula.** f. Talâán ng ngalan ng mga tao na nangagpapasulat ukol sa isáng tiyák na layon.

**Matricular.** a. Italâ; ó isulat ang ngalan ng isá sa talâan. || r. Magpatalâ; magpasulat ng pangalan.

**Matrimonial.** adj. Ang náuukol ó tumutukoy sa pagaasawa.

**Matrimoniar.** n. Magasawa; pakasál.

**Matrimonio.** m. Ang pagaasawa. || fam. Ang magasawa.

**Matriz.** f. *Anat.* Bahaybatà. || Ang hulmahang pinagggagawâan ng titik na panglimbág. || adj. Ang pinakapangulo, ò pinakapanguna ng isáng bagay.

**Matrona.** f. Babaing marangál, na punò sa isáng pamamahay. || Hilot.

**Matutinal.** adj. Ang náuukol sa umaga. || Ang ginágawâ ó nangyayari sa umaga.

**Matutino, na.** adj. Ang náuukol ó nátutungkól sa mga oras ng umaga.

**Maula.** f. Bagay na hamak at walâng kabuluhán. || Laláng; ó dayàng pailalím. || com. fam. Mánunubà; magdarayà.

**Maulería.** f. Tindahan ng retaso ó pinagtabasan ng sarìsarìng kayo. || fam. Laláng; pagdarayà.

**Maulero.** m. Ang nagbibilí ng pinagtabasan ng sarìsarìng kayo. || fig. Sinungaling at magdarayàng pailalím.

**Maullador, ra.** adj. Mangiyawin; mapagngiyáw na pusà.

**Maullar.** n. Ngumiyáw.

**Maullido.** m. Ngiyáw ng pusà.

**Maullo.** m. Ngiyáw; ó pagngiyáw.

**Mausoleo.** m. Líbingang marikít ó marilág.

**Máxima.** f. Aral, ó símulâíng sinúsunód ng lahát. || Punòng aral.

**Máxime.** adv. m. Lalò, ó lalònglalò; unauna.

**Máximo, ma.** adj. sup. Lubhâng malakí; singkád; ó kálakilakihan sa kahugis niyá. || m. Kátaastaasan.

**Máximum.** m. Ang pinaka-

malakí, ó pinakamataás ng̃ anománg bagay. || Ang kalakhán, ó kataasán ng̃ anomán.

**Mayor.** m. Ang punò ó pang̃ulo ng̃ isáng kapisanan. || Ang punòng mataás ng̃ isáng kalihiman ó tanggapan. || adj. Malakí; ó magalíng kay sa ibá. || pl. Ang mg̃a magulang.

**Mayoral.** m. Ang punò ng̃ mg̃a pastol ó tagaalagà ng̃ hayop. || Ang punò ng̃ mg̃a kotsero. || Ang pang̃ulo ng̃ mg̃a maghuhukáy ó manggagapas.

**Mayordoma.** f. Ang babaing asawa ng̃ mayordomo.

**Mayordomear.** a. Mang̃asiwà ó mamahalà sa pagaarì ó sa bahay.

**Mayordomía.** f. Ang pagkamayordomo; ó katungkulan ng̃ mayordomo.

**Mayordomo.** m. Ang pang̃ulong alilà na pinagkákatiwalàang mamahalà ng̃ pananalapî ó pagaarì sa isáng báhay.

**Mayoría.** f. Kalamang̃án; kahigtán. || Ang karamihan; nakárarami; ó nakálalamáng. || *For.* Kasapatáng gulang.

**Mayúscula.** f. y adj. Titik ó letrang malakí na pangmulâ ng̃ pang̃alang sarili ng̃ tao ó bagay, ó ng̃ anománg sulat.

**Mazmorra.** f. Bilanggùang na sa ilalim ng̃ lupà.

**Mazo.** m. Pang̃asod; ó pamukpók na kahoy. || Talì, ó bigkís na maliít ng̃ kalakal ó anomán.

**Mazorca.** f. *Bot.* Pusò ng̃ maís, at ibá pang kaparis nitó.

**Meada.** f. Ihì. || Lugál na basâ ó bakás ng̃ ihì sa sahíg.

**Meadero.** m. Iihán; ó ihìan.

**Meados.** m. pl. Mang̃a ihì.

**Mear.** n. Umihì. || r. Máihì.

**Mecánica.** f. Ang karúnung̃ang nagsasaysáy ng̃ galáw, at lakás, ng̃ mg̃a tuntunin at gawâ ng̃ mg̃a mákina.

**Mecánico, ca.** adj. Ang náuukol sa mekánika. || m. Ang marunong ng̃ mekánika.

**Mecanografía.** f. Ang sining ng̃ paggamit sa mákina ng̃ pagsulat.

**Mecanografiar.** a. Sumulat sa makinilya.

**Mecanografista.** adj. Ang tagasulat sa makinilya.

**Mecate.** m. Lubid.

**Mecedero.** m. Panghalò; pangugaog.

**Mecedor, ra.** s. y adj. Pangugóy; ó tagapagugugóy. || Panghalò; ó tagapaghalò.

**Mecedura.** f. Paguugóy; pagugóg. || Paghalò; pagugaog.

**Mecenas.** m. Ang taong makapangyarihan na tumátangkilik sa mg̃a mánunulat.

**Mecer.** a. Uguyín; ugugín; ó iugóy. || Halùin; alugín ang anománg bagay na lusáw. || r. Umugóy; umugaog.

**Mecha.** f. Lambál; mitsá; ó timsim.

**Mechero.** m. Ang lalagyán ng mitsá ó timsim; mitsero.

**Mechoso, sa.** adj. Maraming lambál; mamitsá; ó matimsim.

**Medalla.** f. Kapirasong metal na tinatakán ng anománg larawan, tandâ ó sagisag; medalya.

**Media.** f. Medias na lampás tuhod ang habà. || Kagitnâ.

**Mediación.** f. Pangangalahatì; ó pagabot sa kalahatìan. || Pamamagitnâ; ó pagpapayo sa nagkákagalít.

**Mediado, da.** adj. Ang kàlahatì, ó kákalahatì lamang ang lamán ng anománg bagay. || *A mediados.* Sa kalahatìan, gaya ng *á mediados del mes ó del año,* sa kalahatìan ng buwán ó taón.

**Mediador, ra.** s. y adj. Tagapamagitan.

**Medianero, ra.** adj. Ang panggitnâ; ó na sa gitnâ ng dalawáng bagay. || Tagapamagitan; tapapagtangkakal.

**Medianía.** f. Kalahatìan; kalagitnâan; kasiyahán; katamtaman; katatagán.

**Mediano, na.** adj. Na sa kalahatìan; na sa kalagitnâan. || Katatagán; katamtaman.

**Mediante.** p. a. Ang nápapagitan. || adv. m Sa pamamagitan; alangalang; sa dahilán.

**Mediar.** n. Mangalahatì; ó umabot sa kalahatìan. || Mamagitan; mamanhík; makiusap. || Mamagitnâ; ó magpayo sa nagkakaalít. || Mápagitan; mápagitnâ ang anomán sa dalawáng bagay.

**Mediato, ta.** adj. Malapit; kalapít.

**Medicable.** adj. Magagamót; ó malulunasan ng gamót.

**Medicamento.** m. Gamót; kagámutan.

**Medicastro.** m. Manggagamot na mangmáng, ó hindî nagaral.

**Medicina.** f. Panggagamót; ó karunúngang nagtuturò ng pagilag at paggamót sa sakít ng tao. || Gamót.

**Medicinal.** adj. Ang náuukol sa panggagamót. || Kagámutan.

**Medicinar.** a. Gumamót; ó gámutín. || r. Maggamót.

**Medición.** f. Pagsukat.

**Médico, ca.** adj. Ang náuukol ó nátutungkól sa panggagamót. || m. y f. Manggagamot.

**Medida.** f. Panukat; takalán. || Sukat; takal; ó pagsukat; pagtakal. || *Poét.* Sukat ng tugmâ

o tulâ. || fig. Baít, ó kabáitan.

**Medidor, ra.** s. y adj. Mánunukat; ó tagasukat.

**Medio, dia.** adj. Kalahatì; kalahatìan. || m. Gitnâ; kalagitnâan; pagitan. || pl. Kayamanan; ó pananalapî.

**Mediodía.** m. Tanghalì; ó katanghalìan. || *Geogr.* Timog. || *Mar.* Hanging habagat.

**Medir.** a. Sumukat; tumakal; ó sukatin; takalin ang anomán. || *el suelo.* fr. Mahigâ. || r. fig. Maghinahon sa pagsasalitâ ó paggawâ ng anomán.

**Meditabundo, da.** adj. Nagiisíp; nagbubulay; nagwawarì.

**Meditación.** f. Pagbubulay; pagwawarì; pagiisíp; pagkukurò; pagninilay.

**Meditar.** a. Warìin; nilayin; bulaybulayin; dilidilihin ang anomán. || Magisip; magkurò; magwarì; magnilay.

**Mediterráneo, nea.** adj. Ang nágigitnâ ó nápapagitan ng dalawáng lupà. || Ang káloob-looban ng isang bayan ó lupàín.

**Medra.** f. Paglagô; pagsulong; paglakí; pagdami ng anomán.

**Medrar.** n. Lumagô; lumusóg; dumami; lumakí ang mga pananím at hayop. || fig. Yumaman; guminhawa ang buhay.

**Medroso, sa.** adj. Matatakutín; duwág; mahinàng loób. || Nakatátakot.

**Médula.** f. Utak ng butó; ó lamán ng loób ng butó ng tao ó hayop.

**Medular.** adj. Ang náuukol sa utak ng butó.

**Mejilla.** f. Pisngí.

**Mejor.** adj. comp. Lalòng mabuti; ó lalòng magalíng. || Mabuti pa; ó magalíng pa. || adv. m. Lalòng mabuti; lalòng maigi.

**Mejora.** f. Paglagô; pagsulong; karagdagan. || Buti; galíng; ó kabutihan; kagálingan.

**Mejoramiento.** m. Pagpapabuti; pagpapagalíng; pagpapahusay; pagpapalâ ng anomán.

**Mejorar.** a. Pabutihin; pagalingín; pagpalàin; husayin ang anomán. || Magdagdág sa tawad na halagá. || n. y r. Umigi; gumalíng; guminhawa sa sakít. || Bumuti ang kinálalagyán kay sa dati. || Humusay ang panahón.

**Mejoría.** f. Pagbuti; paglagô; pagsulong ng anomán. || Pagigi; paggalíng; pagginhawa sa sakít. || Kagálingan ó kahigtán sa ibá.

**Melancolía.** f. Kalumbayang malakí at palagì; hapis; pighatî.

**Melancólico, ca.** adj. Malumbáy; malungkót; mapangláw.

**Melancolizar.** a. Lumbayín; hapisin; pagpighatiín. || r. Malumbáy; mahapis; magpighatî.

**Melar.** a. Magpulót; ó gawíng pulót ang katás ng̃ tubó, na pakulùan itóng mabuti. || Magpulót ang pukyutan.

**Melaza.** f. Ang latak ng̃ pulót.

**Melcocha.** f. Balikotsa.

**Melcochero.** m. Magbabalikotsa.

**Melena.** f. Ang buhók na nakalayláy sa mukhâ, at lalò na ang sa matá. || Ang buhók na lugáy.

**Melenudo, da.** adj. Mabuhók; ó malagô ang buhók.

**Melero.** m. Magpupulót. || Lugál na pinagtataguàn ng̃ pulót.

**Melindre.** m. Isáng bagay na matamís. || Pagtutumpíktumpík; ó pagmamahinhíng malabis na sadyâng ginágawâ lamang.

**Melindroso, sa.** adj. Mapagtumpík; pihikan; maselang.

**Melodía.** f. Ang tining ng̃ boses sa pagawit ó pagkantá. || Ang lambíng ng̃ tugtóg ó tugtugin.

**Melodioso, sa.** adj. Matining; malambíng.

**Melodrama.** m. Dulâng linapatan ng̃ tugtugin.

**Melografía.** f. Sining ng̃ pagsu'at ng̃ tugtugin ó músika.

**Melógrafo, fa.** m. y f. Ang marunong sumulat ng̃ músika.

**Melomanía.** f. Pagkahilig na malabis ng̃ loób sa músika.

**Melómano, na.** m. y f. Ang náhilig na totoó ang loób sa músika.

**Melón.** m. Milón.

**Melonar.** m. Lupàng may taním na milón; ó mílunan.

**Melonero, ra.** m. y f. Magmimilón.

**Mella.** f. Bing̃aw; bingas; tipò; pingas; lahang; lamat; putók; yupì. || Bung̃ì; ó puwáng.

**Mellado, da.** adj. Bung̃î; tipô ang ng̃ipin. || Bing̃áw; piíng.

**Mellar.** a. Bung̃ìin; bing̃asin; bing̃awín ang anomán. || Palahang̃in; paputukín; yupîín. || fig. Siràin ang anomán, gaya ng̃ puri, dang̃ál, at ibá pa.

**Mellizo, za.** adj. Kambál.

**Membrudo, da.** adj. Pisigán; bálisaksakin.

**Memo, ma.** adj. Mangmáng; hang̃ál; utô.

**Memorable.** adj. Dapat alalahanin.

**Memorándum.** m. Aklát ng̃ mg̃a alaala.

**Memorar.** a. Alalahanin; ó umalaala ng̃ anomán. || r. Máalaala; mágunitâ.

**Memoria.** f. Alaala; gunitâ; gunamgunam. || Kapurihán; karáng̃alan. || Alaala; ó monumento. || Talâán ng̃ mg̃a gugol, ó ng̃ ibá pang bagay. || pl. Alaala; ó pakumustá.

**Memorial.** m. Aklát na tandâan ng̃ anománg bagay na mahalagá. || Ang papel ó kasulatan na kinasasaysayán ng̃ anománg daíng ó hingî. || Karáing̃an.

**Memorialista.** m. Ang may hanapbuhay na sumulat ng̃ mg̃a karáing̃an, ó ng̃ anománg kasulatang ipinagagawâ sa kanyá.

**Memorioso, sa.** adj. Matatandâin; maalalahanín; mágunitâin.

**Menaje.** m. Ang mg̃a kasangkapan sa loób ng̃ isáng bahay na nábubuhat ó napaglilipatlipat.

**Mención.** f. Pagpapaalaala; pagbanggít; pagtukoy; pagsambít. || *Mención honorífica.* Papuring banggít.

**Mencionar.** a. Banggitín; tukuyin; sambitín; ipaalaala ang anomán. || r. Mábanggít; mátukoy; mápagusapan.

**Mendicación.** f. Pagpapalimós.

**Mendicante.** adj. Ang nanghihingî ng̃ limós sa baháybaháy.

**Mendicidad.** f. Panghihing̃î ng̃ limós.

**Mendigante.** adj. Ang nagpapalimós.

**Mendigar.** a. Magpalimós; ó manghing̃î ng̃ limós. || fig. Magmakaawà; ó huming̃î ng̃ tulong sa kapuwà ng̃ buông kapakumbabâán.

**Mendigo, ga.** m. y f. Ang nanghihing̃î ng̃ limós; pulubi.

**Mendiguez.** f. Pagpapalimós.

**Mendoso, sa.** adj. Malî; salâ; ligáw.

**Mendrugo.** m. Kapirasong tinapay na matigás at labí sa pagkain.

**Menear.** a. Galawín; kilusin; ulugín; tinagin; ugâín; kansutín; luglugín; ugaugin. || fig. Pamahalàan; pang̃asiwàan ang anománg tanggapan ó paghahanapbuhay. || r. Gumaláw; kumilos; kumislót; tuminag; umugâ; kumimot. || fig. Magmadalî ng̃ paggawâ ng̃ anomán. || Magtulin ng̃ paglakad.

**Meneo.** m. Galáw; kilos; ó pagkilos; paggaláw. || Gindáy; gibang; kendeng.

**País.** m. Bayan; kaharîan; lalawigan; lupà; ó lupàín. || *Pint.* Ang pintá ng mga nayon, lugál, bayan, at ibá pa.

**Paisaje.** m. Ang pintáng naglalarawan ng isáng lugál, bayan ó parang.

**Paisano, na.** adj. Kababayan; kalalawigan. || m. Ang hindî sundalo.

**Paja.** f. Ginikan; dayami. || fig. Ang bagay na magaán. || Ang walâng halagá at pinagpilìan ng anomán.

**Pajar.** m. Tagùan ng ginikan; ó bahay giniikan.

**Pajarear.** a. Mangibon. || fig.

Gumayóngayón; maghampáslupà.

**Pajarera.** f. Kulungán ng̃ ibon.

**Pajarería.** f. Karamihan, ó kakapalán ng̃ mg̃a ibon.

**Pajarero.** m. Magiibón; ó nanghuhuli, at nagbibilí ng̃ ibon.

**Pajarico, llo, to.** m. Ibong maliít.

**Pajarilla.** f. Ibong papel; ó ibonibunan. ‖ Himpakhimpakan ng̃ hayop, lalò na ang sa baboy.

**Pájaro, ra.** m. y f. *Zool.* Ibon. Lalòng karaniwang itawag sa mumuntîng ibon, gaya ng̃ maya, pugò, tiklíng, at ibá pa. ‖ fig. Ang taong maing̃at at matalas.

**Paje.** m. Alilàng lalaki na kasamasama, kaakbáyakbáy at katulongtulong ng̃ kanyáng pang̃inoón.

**Pajero.** m. Ang nagbíbilí ó naglalakô ng̃ dayami.

**Pajizo, za.** adj. Ang ginawâ sa ginikan; ó balót ng̃ ginikan. ‖ Ang kulay giniikan; ó diláw na murà.

**Palabra.** f. Pang̃ung̃usap; salitâ; wikà; katagâ. ‖ Katibayan ng̃ pang̃ung̃usap. ‖ Pang̃akò. ‖ Pagsasalitâ; ó karapatáng makapang̃usap sa isáng pulong.

**Palabrada.** f. Pagsasabi ng̃ masamâ, mahalay ó masakít. ‖ Paglait; pagmumurá.

**Palabrería.** f. Karamihan ng̃ salitâ na pawàng walâng kabuluhán.

**Palabrero, ra.** adj. Masalitâ. ‖ Ang madalîng mang̃akò ay hindî namán marunong tumupád.

**Palabrimujer.** m. Lalaking ting̃ig babae.

**Palabrista.** adj. y s. Masalitâ.

**Palabrita.** f. Salitâng marahan; ó wikàng nanúnuót sa pusò.

**Palabrota.** f. Salitâng masamâ, mahalay ó bastós.

**Palaciego, ga.** adj. Ang náuukol sa palasio. ‖ Ang naglilingkód sa palasio; at ang nakaáalám ng̃ mg̃a kaugalìan doón.

**Palacio.** m. Bahay ng̃ harì. ‖ Alinmáng bahay na malakí at lubhâng marikít, na tinátahanán ng̃ mararang̃ál na tao.

**Paladar.** m. Ng̃aláng̃alá. ‖ fig. Ang lasa ng̃ pagkain. ‖ Panglasáp; panglasa. ‖ Ang lasa, lasáp ó nasà sa anomán.

**Paladear.** a. Lasapín; lasahin; namnamín. ‖ n. Dumilàdilà ang batàng bagong pang̃anák, na nagpapakilalang ibig nang sumuso. ‖ r. Malasáp; málasa. ‖ Masarapán; maibigan ang lasa ng̃ anomán.

**Paladeo.** m. Paglasáp; paglasa; pagnamnám.

**Paladial.** adj. Ang náuukol sa ngalángalá. || *Gram.* Ang titik ó letrang biníbigkás sa ngalángalá, gaya ng *r* ó *rr*.

**Paladín.** m. Bayani sa digmâ. || fig. Ang masigíng na tagapagtanggól ng alinmáng tao ó bagay.

**Paladino, na.** adj. Hayág; litáw; tanyág; malinaw.

**Palanca.** f. Panghikuwát; panuwál. || Pinggá.

**Palangana.** f. Panastán; ó palanggana.

**Palanquín** m. Mámamasán; magbubuhát.

**Palco.** m. Pánuuran ng anománg palabás ó líbangang hayág. || Isáng luklukang tangì sa dúlàan; ó palko.

**Paliación.** f. Paglilihim; ó paglilingíd ng anoman.

**Paliar.** a. Ilingíd; ilihim; itagò; ikanlóng; pagtakpán. || *Med.* Palubayín; pahimpilín ang sakít.

**Paliativo, va.** adj. y m *Med.* Ang gamót ó lunas na pangpahimpíl ng sakít.

**Palidecer.** n. Mamutlâ; maniláw ang kulay ng balat.

**Palidez.** f. Pamumutlâ; kaputlâan; paniniláw ng balát.

**Pálido, da.** adj. Maputlâ; namumutlâ; naniniláw; namamarák.

**Palillero, ra.** m. y f. Ang manggagawà ó nagbíbilí ng palitong panghiningá; ó magpapalitó. || m. Ang lalagyán ng mga palitong panghiningá.

**Palillo.** m. Kahoy, ó patpát na muntî. || Isáng kasangkapan sa paggawâ ng medias. || Panghiningá. || Ang bolilyo ng bilyar. || Ang baketang panugtóg ng tamból.

**Paliza.** f. Palò; hampás. || Pagpalò.

**Palma.** f. *Bot.* Sasá; kaong; bulí; niyóg; anahaw; at ibá pa. || Ang dahon ng mga halamang itó. || fig. Ang sagisag ng tagumpáy ó pagwawagí. || Ang tandâ ng pagkabirhen. || *Anat.* Palad ng kamáy.

**Palmada.** f. Tampál, ó sampál. || pl. Ang palakpák ó pagpagakpák ng kamáy, na tandâ ng katuwâan ó pagpuri.

**Palmadica, lla, ta.** f. Tapík.

**Palmar.** adj. Ang náuukol sa palad ng kamáy. || Ang náhihinggíl sa dangkál; ó may isáng dangkál. || Maliwanag; litáw; hayág. || m. Lugál na maraming taním na sasá, bulí, niyóg, at ibá pa.

**Palmario, ria.** adj. Maliwanag; hayág.

**Palmatoria.** f. Palmeta; ó pamalò sa palad ng batà. || Isáng hugis ng kandelero na may tatangnán sa gilid.

**Palmear.** n. Pumalakpák; ó pumagakpák sa palad ng̃ kamáy, na tandâ ng̃ tuwâ ó pagpuri.

**Palmeo.** m. Pagdangkál; ó pagsukat sa dangkál ng̃ anomán.

**Palmeta.** f. Ang pamalò sa palad ng̃ batà, na ginágamit ng̃ mg̃a gurò sa páaralán.

**Palmetazo.** m. Ang hampás ng̃ palmeta sa palad ng̃ kamáy.

**Palmitieso, sa.** adj. Kabayong ang kukó ay tayô at matigás.

**Palmo.** m. Dangkál. || Ang larông *palmo* ng̃ mg̃a batà.

**Palmotear.** n. Pumagakpák; pumalakpák sa mg̃a palad ng̃ kamáy.

**Palmoteo.** m. Pagpalakpák; ó pagpagakpák ng̃ palad ng̃ kamáy. || Pagpalmeta; ó paghampás ng̃ palmeta.

**Palo.** m. Ang piraso ng̃ kahoy na malakí at mahabà. || Ang kahoy na alinmán. || Palò; hampás ng̃ kahoy. || pl. Ang mg̃a palo ng̃ sasakyán.

**Paloma.** f. Kalapati. || fig. Ang taong banayad ang ugalì at tahimik. || *silvestre.* Batóbató.

**Palomar.** m. Bahay kalapati; ó kalápatihan.

**Palomear.** n. Mang̃alapati; ó manghuli ng̃ kalapati ó batóbató. || Magalagà ng̃ kalapati.

**Palomera.** f. Bahaybahayan ng̃ kalapatingináalagàan sa bahay.

**Palomería.** f. Panghuli, ó panghuhuli ng̃ kalapati ó batóbatóng nagdaraán.

**Palomero.** m Magkakalapatí; ó magbabatóbató.

**Palomina.** f. Tae ng̃ kalapati ó batóbató, na maiging pangpatabâ sa lupà.

**Palomino.** m. Inakáy ng̃ batóbató ó ng̃ kalapati.

**Palomo.** m. Ang kalapati ó batóbatóng lalaki.

**Palpable.** adj. Ang mahihipò ng̃ kamáy. || fig. Maliwanag; malinaw; dî mapagáalinlang̃anan.

**Palpadura.** f. Pagsalát; ó paghipò ng̃ anomán.

**Palpamiento.** m. Paghipò; pagsalát; pagdamá ng̃ kamáy.

**Palpar.** a. Humipò; dumamá; sumalát; ó hipùin; damahín; salatín. || Kumapâ; umapuhap. || fig. Mákilalang maliwanag ang anomán.

**Pálpebra.** f. *Anat.* Talukap ng̃ matá.

**Palpebral.** adj. *Anat.* Ang náuukol sa talukap ng̃ matá.

**Palpitación.** f. Pagtibók ng̃ pusò; pagkutób. || Tibók ng̃ pusò; kabá ng̃ dibdíb.

**Palpitar.** n. Tumibók ang pusò. || Kumabá ang dibdíb. || Kumutób ang alinmáng bahagi ng̃ katawán.

**Pampa.** f. Kapatagang malawak ng lupà na nálalatagan ng damó.

**Pan.** m. Tinapay. || fig. Alinmáng pagkaing ikinabúbuhay ng tao. || Ang trigo ó palay.

**Panadear.** a. Magtinapay; ó gawíng tinapay ang trigo upáng ipagbilí.

**Panadeo.** m. Pagtitinapay; ó paggawâ ng tinapay.

**Panadería.** f. Gawàan, ó tindahan ng tinapay; tínapayán.

**Panadero, ra.** m. y f. Magtitinapáy.

**Panadizo.** m. Tungâ, na tumutubò sa dulo ng dalirì.

**Panal.** m. Bahay pukyutan.

**Pancho.** m. fam. Tiyán.

**Panecillo.** m. Tinapay na muntî. || Ang may anyông tinapay.

**Panera.** f. Ang tagùan ng trigo, tinapay ó arina. || Bangán.

**Pánico, ca.** adj. y m. Ang takot na malakí; ó labis na karuwagán, na walâ namáng dahilán ó katuwiran na ipinagkákagayón.

**Pantalón.** m. Salawál; ó pantalón. Lalòng ginágamit sa pangmarami ó plural.

**Pantalla.** f. Panakíp-ilaw; ó pantalya. || fig. Ang taong inilálantád sa anomán upáng mákanlóng ang ibá.

**Pantanal.** f. Ang lupàng may maraming labák.

**Pantano.** m. Labák; labláb; ó lugál na mababà at tinítirhán ng tubig. || Patubig; ó pátubigan. || fig. Balakíd; kapinsalàan; sagabal na malakí.

**Pantanoso, sa.** adj. Lugál na mayroón ó maraming labák. || Ang maraming pátubigan. || fig. Punô ng kapinsalàan ó balakíd sa ikapagtatamó ng anomán.

**Panteón.** m. Líbingan ng mga taong dákilà. || Líbingan; ó báunan ng mga patáy.

**Pantomima.** f. Ang pagtatanghál ng pulós na kumpás, kilos, ngibít ó ngiwî, na walâng anománg salitâan.

**Pantorrilla.** f. Bintî.

**Pantorrilludo, da.** adj. Bintîan; ó malakí ang bintî.

**Panza.** f. Tiyán, na karaniwang ipagsaysáy ng malakíng tiyán.

**Panzada.** f. Budlóng ng tiyán. || Kasandatán sa pagkain ó paginóm.

**Panzudo, da.** adj. Buyunín; ó malakí ang tiyán

**Pañal.** m. Lampín. || Ladlaran ó palawít ng likód ng barò. || Ang balot, ó balutan ng anománg bagay. || pl. Ang mga kasuutan ng batàng bagong panganák.

**Paño.** m. Kayong lana, na ginágawâng damít at ibá pang kagámitan, na ang tawag natin ay *de paño.* || Alinmáng kayong sutlâ, sinulid, kányamo, atbp. || *Mar.* Ang layag ng̃ sasakyán.

**Pañoleta.** f. Ang panyông ginágamit sa liíg ng̃ mg̃a babae; ó panyoleta.

**Pañolón.** m. Panyông malakí na pangbalabal; ó panyolón.

**Pañoso, sa.** adj. Ang taong gulágulanít ang suót at kasuklámsuklám.

**Pañuelo.** m. Panyô; birang.

**Papa.** m. Ang kataastaasang punò ng̃ Simbahang Katóliko Romano.

**Papá.** m. fam. Tatay; amá; amáng; tatang.

**Papada.** f. Ang lamán sa ilalim ng̃ babà. || Lambî.

**Papado.** m. Pagkapapa. || Ang panahóng itinátagál ng̃ pagkapapa.

**Papagayo, ya.** m. y f. *Zool.* Loro; kulasisì.

**Papal.** adj. Ang náuukol sa papa.

**Papaya.** f. Bung̃a ng̃ papaya.

**Papayo.** m. *Bot.* Punò ng̃ papaya.

**Papel.** m. Papel. || Ang dahon ó kaputol na papel. || Sulat; kasulatan; katibayan, ó sulat-kamáy na anomán. || Alinmáng papel na sinulatan ó nilimbagán na dî nabubuông aklát. || Ang papel na hawak ó gaganapín ng̃ bawà't manglalabás sa isáng dulà.

**Papelear.** n. Maghalukay, ó maghalungkát ng̃ mg̃a papel sa paghanap ng̃ anománg balità ó ulat na mahalagá.

**Papelera.** f. Sulatáng may pitakpitak na lalagyán ng̃ papel. || Kasaganàan ó karamihan ng̃ papel na may sulat.

**Papelería.** f. Katipunan ng̃ mg̃a papel na sabóg, na ang karaniwa'y gusót at sirâsirâ. || Tindahan, ó bílihan ng̃ papel.

**Papelero.** m. Magpapapel.

**Papeleta.** f. Papel na katibayan ng̃ anomán; ó papeleta.

**Papelucho.** m. Papel na sulatkamáy ó limbág, na hamak ó walâng halagá.

**Papera.** f. *Med.* Bikì; ó baikì.

**Papirote.** m. Pitík sa ulo, sa noó ó sa alinmáng lugál ng̃ mukhâ.

**Papo.** m. Lambî; ó lamán ng̃ ilalim ng̃ babà. || Ang butsí ó bahay kanin ng̃ ibon.

**Papudo, da.** adj. Malamán ang babà; ó ibong malakí ang butsí.

**Paquete.** m. Balutan; ó pakete. || Balutan ng̃ mg̃a sulat ó papel.

**Par.** adj. Kaparis; katulad; kamukhâ; kawangís. || *Arit.* Ang bilang na hindî gansál; ó númerong pares. || m. Tambál; ó magkatambál na anomán. || *A par.* m. adv. Malapit; kalapít; kasiping. || *Sin par.* m. adv. Walâng katulad. || *Al par* ó *á la par.* m. adv. Walâng patong sa pagpapalitan ng anomán.

**Para.** prep. Sa; ukol sa; pará sa; upáng. Ejemplos: *El libro es* PARA *mí, ang aklát ay* SA ó UKOL SA *akin; mañana saldré para Tayabas, bukas ay áalis akó* PARA SA *Tayabas; comer* PARA *vivir, kumain* UPANG *mabuhay.* || *siempre.* Sa magpakailán man.

**Parabién.** m. Batì; pakikilugód.

**Parada.** f. Paghintô; pagtigil; paghantóng. || Hintùan; tigilán. || Salapîng itinátayâng paminsan sa paglalarô. || *Mil.* Pagtitipon ng hukbó at pagdaraán sa isáng lugál.

**Paradero.** m. Hintùan; hantungan. || Kináhantungán; kinásapitan; kinálalagyán. || fig. Katapusán, ó hanggá ng anomán.

**Paradigma.** m. Huwaran; parisán; ulirán; halimbawà.

**Paradisíaco, ca.** adj. Ang náuukol sa paraíso.

**Paradoja.** f. Kaibhán ng paghahakà ó pagiisip sa talagáng karaniwan.

**Paradojo, ja.** adj. Kakaibáng umisip ó magkurò.

**Parafrasear.** a. Magsaysáy; ó saysayín sa ibá't ibáng paraán ang isáng kaisipán ó pananalitâ.

**Paráfrasis.** f. Pagsasaysáy sa ibáng paraán ng isáng kaisipán ó pananalitâ upáng mawatasang madalî.

**Paraguas.** m. Payong.

**Paragüero, ra.** m. y f. Magpapayóng.

**Paraíso.** m. Alinmáng lugál na kaayaaya ó kalugódlugód. || *Rel.* Ang langit; ó kaluwalhatìan. || *terrenal.* Ang lupàng paraíso ó kaayaaya na pinaglagyán ng Dios kay Adán at Eva.

**Paraje.** m. Poók; lugál. || Ang lagáy ó kalagayan ng anomán.

**Parálisis.** f. *Med.* Pagkamatáy ng alinmáng bahagi ng katawán.

**Paralítico, ca.** s. y adj. *Med.* Ang may sakít na parálisis ó pagkamatáy ng katawán.

**Paralizar.** n. Itigil; ihintô; pigilin ang anomán. || r. Mamatáy ang alinmáng bahagì ng katawán. || Mátigil; máhintô.

**Paramentar.** a. Gayakán; pamutihan ang anománg bagay.

**Paramento.** m. Pamuti; gayák. || Alinmáng kayo na ibinábalot ó itinátabing sa anomán.

**Páramo.** m. Parang na palís, hindî sinásaka at walâ isá mang táhanan. || fig. Alinmáng lugál na lubhâng malamíg at iláng.

**Parangón.** m. Pagpaparis; pagtutulad. || Pagkahuwád; pagkawangis.

**Parangonar.** a. Iparis; ipara; pagtularin; pagmukhâín ang dalawáng bagay.

**Paraninfo.** m. Ináamá sa kasál. || Ang nagbabalità ng anománg kaligayahan. || Ang lugál na pili sa mga unibersidad na pinagdarausan ng pagbubukás ng páaralán, at ibá pang kasayahang maringal.

**Parapetar.** a. Lagyán ng kanlungan ó kutà. || r. Mangublí; magkanlóng sa likód ng kutà ó moóg. || fig. Umilag sa anománg panganib.

**Parapeto.** m. Kanlungan; kutà; moóg.

**Parar.** n. Tumigil; humintô; tumahán; humantóng; tumugot; humumpáy. || Mápasakamáy; ó mápatungo sa ibá ang anománg bagay. || Humantóng; manuluyan. || a. Pigilin; pahintùin; patigilin sa anománg gawâ ang sinomán. || r. Humintô; tumigil; humantóng.

**Pararrayos.** m. Pamigil ng lintík; ó kasangkapang bakal na matulis, na inilálagáy sa ibabaw ng bahay upáng máilag sa lintík.

**Parásito.** m. Manghihithít. || adj. Ang hayop ó halamang nábubuhay sa katás ng ibá na kanyáng kinasisipingan.

**Parasol.** m. Payong; ó panakíp-araw.

**Parca.** f. fig. *Poét.* Ang kamátayan.

**Parcela.** f. Bahaging muntî ng lupà. || Ang bawà't pitak ng lupà na ibá't ibá ang may arì at may hangganan.

**Parcial.** adj. Bahagi; kabahagi; ó náuukol sa bahagi ng isáng kabuùan. || Pangkát. || Ang may kiníkilingan. || m. Ang kapangkát; kampón; ó kakampí ng sinomán.

**Parcialidad.** f. Pagpapangkát; ó pagkakápangkát. || Pagtibigan. || Pagkiling; paglingap sa isáng tao ó bagay.

**Parco, ca.** adj. Salát; maramot; ó matipíd sa paggamit ng anomán. || Kasiyahán sa pagkain at sa paginóm.

**Parche.** m. Tapal; patsé. || Ang katad ng tamból. || *Poét.* Ang tamból. || fig. Alinmáng bagay na tapal ng anomán.

**Parear.** a. Pagparisin; pagtularin; pagmukhâín ang dalawáng bagay. || Pagdaládalawahín ang anomán.

**Parecer.** m. Palagáy; akalà; pasiyá. || Pagmumukhâ at pangangatawán ng sinomán. || n. Lumitáw; sumipót; pakita; ó mákita ang anomán. || Magpalagáy; magpasiyá. || Matagpùan ang nawalâ. || r. Mámukhâ; máwangkî; mákawangís; mákatulad.

**Parecido, da.** adj. Kamukhâ; kawangkî; kawangís; kahambíng. || Kung kasama ng mga adverbiong *bien* ó *mal*, ang kahulugán ay mainam ó pangit ang pagmumukhâ ó ang mga kilos ng katawán. || m. Pagkakáwangkî; pagkakámukhâ; pagkakátulad.

**Pared.** f. Pader.

**Pareja.** f. Pagkakásama ng dalawáng tao ó bagay. || Ang kasayáw.

**Parejo, ja.** adj. Kaisá; katulad; kaparis: ó kapara ng ibá.

**Parejura.** f. Pagkakaisá; pagkakáparis; ó pagkakátulad.

**Parentela.** f. Kamagánakan. || Pagkakámaganak.

**Parentesco.** m. Pagkakamaganak. || Kamaganak. || Pagkakáhinlóg ng mga bagay.

**Paréntesis.** m. *Gram.* Pananalitâ ó kaisipáng ipinápasok sa isáng pangungusap ó salaysáy, na nakakáputol at dî nakakábago ng kahulugán. || Kulóng, ó pangkulóng na ganitó ang ayos ( ), na ipinangkúkulóng sa ganitóng pangungusap.

**Pares.** f. pl. *Med.* Inunan.

**Parida.** adj. y s. Ang kapangánganák pa lamang. || Ang nanganák.

**Paridad.** f. Pagtutulad; pagpaparis ng isáng bagay sa ibá, na pinaghahalimbawàan. || Pagkakátulad ng mga bagay.

**Pariente, ta.** m. y f. Kamaganak; hinlóg. || fig. y fam. Kalapít; kawangís; ó kamukhâ. || fam. Ang asawa.

**Parir.** n. y a. Manganák. || Mangitlóg ang ibon ó isdâ. || fig. Málikhâ, ó manggaling ang isáng bagay sa ibá. || Lumabás; lumitáw sa maliwanag ang anománg nátatagò.

**Parlamentar.** n. Makipagusap; makipagsalitâan; makipagpulong; makipagpanayám. || Makipagkasundô; makipagkayarî sa anomán.

**Parlamentario, ria.** adj. Ang náuukol sa parlamento. || m. Ang kinatawán ó kagawad sa isáng parlamento.

**Parlamento.** m. Ang kapulungang bayan, ó tagapagbatás ng isáng bansâ.

**Parlanchín, na.** adj. y s. fam. Ang mapagsalitâ ng walâng kabuluhán; ó mapasabí ng hindî dapat sabihin.

**Parlar.** a. Mangusap ng tulóytulóy; ó magsalitâ ng walâng patíd. || Magtatabíl; magsasalitâ ng walâng kabuluhán. || Ipahayag ó sabihin ang dapat ilihim na anomán.

**Parlero, ra.** adj. Matabíl; masalitâ; masabí. || Mapagsalísalitâ; mapaghatíd-dumapit.

**Parnaso.** m. fig. Katipunan ng mga makatà ó mánunulâ. || Tipon ng mga tulâng pilì ó hirang ng iláng makatà.

**Parpadear.** n. Kumurápkuráp; kumisápkisáp ang matá.

**Párpado.** m. Talukap ng matá; ó bubóng ng matá.

**Parque.** m. Hálamanan; ó parke.

**Párrafo.** m. Talatàan. || *Gram.* Ang tandâ ng pagsulat na nagpapakilala ng pagbabahagi ng mga talatàan.

**Parral.** m. Balag. || Ang punò ng ubas na hindî nákapón at maraming suplíng. || Sarong malakí na sisidlán ng pulót.

**Parricida** com. Ang pumatáy sa kanyáng amá ó iná ó sa kanino mang kamaganak.

**Parricidio.** m. Ang pagpatáy sa sariling magulang, ó sa kamaganak.

**Parrilla.** f. Bote ó sisidláng lupà na maluwáng ang puwít at ang bibíg ay makípot. || Ihawáng bakal na tila rehas, na may tatangnán at may paá.

**Párroco.** m. Ang parì ó kura sa ìsang bayan.

**Parroquia.** f. Ang simbahang pinangangasiwàan ng isáng kura. || Katipunan ng mga binyagang nasasakop ng isáng parì. || Ang mga sukì ng isáng tindahan ó hanapbuhay.

**Parroquiano, na.** adj. y s. Ang náuukol sa isáng tiyák na *parroquia.* || m. y f. Ang sukì ó kasukì ng isáng tindahan ó hanapbuhay.

**Parsimonía.** f. Kasiyahán sa paggugugol. || Kabáitan sa anománg gawâ.

**Parte.** f. Bahagi; ó kapiraso ng isáng buông bagay. || Pangkát. || Hatì. || Poók; ó lugál. || Dako; gawì; tagiliran. || *For.* Ang may usap, ó nakikipagusap. || m. Pasabi; balità; ó babalâ. || Pahatíd-kawad. || *de la oración.* Ang bahagi ng kaisipán. || *del mundo.* Ang bahagi ng sangdaigdíg. || *naturales, pudendas, ó vergonzosas.* Ang punòng katawán, ó ang mga sangkáp na panglikhâ.

**Partear.** a Magpanganák sa buntís ang hilot ó manggagamòt.

**Partera.** f Hilot.

**Partero.** m. Salag.

**Partible.** adj. Mahahatì; mababahagi; ó dapat hatìin.

**Partición.** f. Pagbabahagi; ó paghahatì ng anomán. || *Mat.* Pagbahagi.

**Participación.** f. Pagbibigáy sabi; pagbabalità; ó pagpapahayag ng anomán. || Pakikibahagi; pakikialám. || Babalâ; pasabi; balità.

**Participar.** a. Magbigáy sabi; magbigáy alám; magbalità; magbabalâ. || n. Makibahagi; makialám; makiramay sa anomán. || Mabahaginan; máabuyán ng isáng bahagi.

**Partícipe.** adj. Kahatî; ó kabahagi sa anomán. || Kaalám; karamay; kasapakát.

**Participio.** m. *Gram.* Pangdamay.

**Partícula.** f. Bahaging muntî ng anomán; kapiyangót; dungot. || *Gram.* Tipík; anyô.

**Particular.** adj. Ang sarili ó tanging náuukol sa anománg bagay. || Ang tangì; ó dî karaniwan. || Bukód; ó tangì.

**Particularidad.** f. Pagkatangì; pagkabukód; pagkásarili ng anomán. || Katangìan.

**Particularizar.** a. Saysayíng isáisá ó bukódbukód ang buông kabagayán ng anomán. || Itangì; ibukód ang sínomán. || r. Mátangì; mamukód; mangibá.

**Particulamente.** adv. m. Sarili; tangì; bukód.

**Partida.** f. Ang pagalís; pagtungo; ó paglipat sa ibáng lugál. || Talâan; ó kasulatan ng pagkábinyagan, pagkákumpìl, pagkákasál ó pagkamatáy ng sinomán. || *Mil.* Ang pulutóng ng mga sundalong pasa sa ibáng lugál. || Ang dami ng anománg kalakal, gaya ng palay, asukal, at ibá pa. || fig. Ang kamátayan.

**Partidario, ria.** adj. Kapangkát; kampón ng isáng lapìan, tao, aral ó akalà.

**Partido.** m. Pangkatin; lapìan. || Tangkilik; tulong; pagaampón.

**Partidor.** m. Ang tagapamahagi ng anomán. || Ang tagapagbiyák; ó tagasibák. || Pangbiyák, pamutol; panghati.

**Partir.** a Humatì; ó hatìin ang anomán. || Bumaák; bumiyák; sumibák; ó baakín; biyakín; sibakín. || Lapangín; pisangín; pirasuhin. || Mamahagi; mamudmód. || Magbahagi; ó bahaginin. || Paghiwalayín; pagpangkatín. || n. Umalís; tumulak; yumao. || r. Humiwaláy; magpangkát.

**Partitivo, va.** adj. Ang mahahatì; ó mababahagi. || *Gram.* Ang bilang na pangbahagi ó *número partitivo.*

**Parto.** m. Panganganák. || Ang ipinanganák. || fig. Alinmáng likhâ ng kalikasán, ó ng pag-iisip ng tao na ilinabás sa maliwanag.

**Parvedad.** f. Kaliitán; kauntìan. || Ang kinákain sa umaga ng mga nagkokolasión.

**Parvo, va.** adj. Maliít; muntî.

**Parvulez.** f. Kaliitán. || Kamangmangán; kamusmusán.

**Párvulo, la.** adj. Maliít. || m. y f. Batà; sanggól. || fig. Mangmáng; musmós. || Hamak; mababàng loób.

**Pasacalle.** m. *Mús.* Pasakalye: isáng tugtuging masayá na karaniwang gawín sa gitara ó biguwela.

**Pasadero, ra.** adj. Makararaán; mararaanan. || Katatagán ang buti. || Matitiís; mababatá; mapararáraán.

**Pasadizo.** m. Daáng makipot na tápatan, magíng sa bahay ó sa daán kayâ.

**Pasado.** m. Nakaraán; ó nagdaáng panahón. || Ang sundalong nagtanan sa isáng hukbó at lumipat sa kalaban. || pl. Magulang; ninunò; kanunùan.

**Pasagonzalo.** m. fam. Tapík; hampás na marahan at biglâ.

**Pasaje.** m. Paglipat; pagpasaibáng lugál. || Buwís ó bayad na ibiníbigáy sa pagdaraán sa isáng lugál. || Ang halagáng ibinábayad sa daong ó sasakyán sa paglalakbáy ng isá ó maraming tao. || Kabuùang bilang ng mga naglalakbáy na lulan sa isáng daong. || Poók ó lugál na dinádaanan.

**Pasajero, ra.** adj. Daráanan; ó pinagdaraanang malimit ng maraming tao. || Lumilipas; ó madalîng lumipas. || m. y f. Ang naglalakbáy, ó naglalakád, na patungo sa ibáng lugál.

**Pasamano.** m. Palábabahán; gabáy; baybayan.

**Pasaporte.** m. Ang pahintulot ó sulat na ibiníbigáy upáng makaparoóng malayà at ligtás sa panganib sa ibáng bayan. || fig. Kapahintulután, ó kalayàang makagawâ ng anomán.

**Pasar.** a. Magdalá; maghatíd sa ibáng lugál ng anomán. || Ibago; ilipat. || Magpadalá. || Tawirín; daanán. || Tumaós; tumagós; maglampás. || Lumampás; lumagpós; lumalò; humigít. || Paraanin; disimulahín. || Huwág punahín ó pansinín ang anomán || n. Mabuhay na maginhawa. ||

Makaraán; lumipas. || n. y r. Lumipat; magdaán; tumawíd; pumaroón sa ibáng lugál. || Tumuláy; maglagós; dumaán. || impers. Mangyari; magkataón; magkaroón ng anománg sakunâ. || r. Matapos; makaraán; lumipas. || Malimutan; mawalâ sa alaala. || Magsimulâng masirà ó mabulók ang anomán.

**Pasatiempo.** m. Pagaalíw; paglilibáng. || Áliwan; líbangan.

**Pascua.** f. Paskó. || *de Navidad.* Ang Paskó ng Pangangànák sa ating Poóng Mánanakop. || *de Resurección.* Ang Paskó ng Pagkabuhay na magulî. || pl. Ang panahóng mulâ sa Paskó ng Pangangànák hanggáng Tatlóng Harì.

**Pascual.** adj. Ang náuukol sa paskó.

**Pase.** m. Pahintulot; kapahintulután.

**Paseadero.** m. Pásiyalan.

**Paseador, ra.** adj. Mapagpasiyál. || m. Pásiyalan.

**Pasear.** n. y r. Magpasiyál; gumalà; lumibot; maglakádlakád. || a. Ipasiyál; ó ipagpasiyál.

**Paseo.** m. Pagpapasiyál; paglibót; paglalakádlakád. || Pásiyalan.

**Pasibilidad.** f. Pagkamaramdamin; ó kaariang magdamdám.

**Pasible.** adj. Ang mangyayaring magdamdám; ó maramdamin.

**Pasicorto, ta.** adj. Ang maiiklî ó maliliít ang hakbáng.

**Pasilargo, ga.** adj. Ang maluluwáng ó malalakí ang hakbáng.

**Pasillo.** m. Ang daáng muntî at makipot sa mga bahay.

**Pasión.** f. Pagkakásakit; paghihirap; ó pagdurusa. || *Rel.* Ang mga hirap, sákit at kamátayang tiniís ng ating Poóng Mánanakop. || Alinmáng pagkaguló ng loób, ó malabis na pagkáhilig sa anomán. || Ang lagpós na pagtingín ó paglingap sa kanino man. || Ang mahigpít na hilig ng loób sa anománg bagay.

**Pasito.** m. Hakbáng na maliít. || adv. m. Marahan; dahandahan; maingat. || Anás; bulóng. || *A pasito.* Marahangmarahan at maingat.

**Pasmarse.** r. Mapasmá; ó magkaroón ng sakít na pasmá. || fig. Mamaáng; mamanghà; mapataká ng labis.

**Pasmo.** m. *Med.* Sakít na pasmá. || fig. Pagkamaáng; pagkamanghâ; pagkapataká ng labis sa anomán.

**Pasmoso, sa.** adj. Nakámamaáng; nakátataká; nakakámanghâ.

**Paso.** m. Hakbáng; hakdáw; ó lagdáw. || Paglipat sa ibáng lugál. || Baitang. || Dáanan sa pagpasaibáng lugál. || Tandâ ó bakás ng paá sa paglakad.

**Pasquín.** m. Sulat ó limbág na walâng lagdâ na idinídikít sa hayág at nálalaban sa Pamahalàan ó sa sinománg tao.

**Pasta.** f. Tipî; tinipî; ó minasang ibá't ibáng bagay na dinurog. || Ang binubông gintô ó pilak na hindî pa ginágawâ. || Ang balát ng aklát ó libró. || *Buena pasta.* fig. Kahinahunan, ó kalambután ng ugalì.

**Pastar.** a. Magpastól; ó pastulán ang hayop. || n. Manginain ng damó ang hayop.

**Pastel.** m. Minasang arina na may mantikà at may karnéng tinadtád sa loób, isdâ ó ibá pang bagay, at sakâ ilulutò sa hurnó. || fig. Sálitâang lihim ng ilán na ang layon ay masamâ.

**Pastelería.** f. Gawàan, ó tindahan ng pastel. || Ang sining ó paraán ng paggawâ ng pastel.

**Pastelero, ra.** m. y f. Ang manggagawà ó nagtitindá ng pastel; magpapastel.

**Pastilla.** f. Pastilyas; ó bahaging maliít ng alinmáng masang tuyô, na ibá't ibá ang lakí at anyô.

**Pasto.** m. Pagpapastól ng hayop; ó panginginain ng hayop ng damó. || Ang damóng kinákain ng hayop. || Alinmáng bagay na ikinabubuhay ng hayop.

**Pastor, ra.** m. y f. Ang pastól, ó tagaalagà ng hayop, lalò na ang tupa.

**Pastorear.** a. Magpastól; ó magalagà ng mga hayop.

**Pastoreo.** n. Pagpapastól; ó pagaalagà ng hayop.

**Pastoría.** f. Ang pagkapastól; ó katungkulan ng pastól. || Katipunan ng mga pastól.

**Pastoril.** adj. Ang náuukol sa pastól ng hayop. || Ang náuukol sa tulâng naglalarawan ng buhay ng mga pastól.

**Pastosidad.** f. Kalambután; kalatâan.

**Pastoso, sa.** adj. Malambót; malatâ.

**Pata.** f. Ang paá ng mga hayop. || *Zool.* Ang patong babae.

**Patada.** f. Sikad; tadyák; sipà. || Ang bakás ng paá sa linakaran.

**Patalear.** n. Kumarág; kumaság. || Dumarag; dumabog; tumadyák.

**Pataleo.** m. Pagdarag; pagkaság ng paá. || Tunóg ng sikad ó darag.

**Patata.** f. Papas.

**Patatal.** m. Lupàng maraming taním na papas.

**Patatero, ra.** m. y f. Magpapapás; ó nagtitindá ng̃ papas.

**Patear.** a. Pagsikarán; pagtatadyakán. || n. Magtatadyák; dumarag; dumabog sa galit.

**Patente.** adj. Hayág; tanyág; litáw. || fig. Malinaw; maliwanag. || f. Pahintulot na ibinibigáy sa kanino man upáng makapang̃alakal ó makapaghanapbuhay, kailán ma't nagbayad ng̃ ukol na buwís sa Pámahalàan.

**Patentizar.** a. Itanyág; ihayág ang anomán.

**Paternal.** adj. Ang sarili ng̃ amá, ó náuukol dito.

**Paternidad.** f. Ang pagkaamá.

**Paterno, na.** adj. Ang náuukol sa amá, ó sarili niyá, ó galing sa kanyá.

**Paternóster.** m. Amá namin.

**Patíbulo.** m. Bibitayán.

**Patio.** m. Patio; ó harapán ng̃ bahay ó simbahan, na may bakod at walâng bubóng.

**Patituerto, ta.** adj. Ang tao ó hayop na pilipít ang paá.

**Patizambo, ba.** adj. Pikî; ó pilipít ang paá ng̃ palabás.

**Pato, ta.** m. y f. *Zool.* Itik; bibi; pato.

**Patochada.** f. Salitâng pahunghang at bastós.

**Patón, na.** adj. fam. Ang malakí ang mg̃a paá at masamà ang tabas.

**Patraña.** f. Balitàng kasinung̃aling̃an; ó salitâng kathâkathâ lamang.

**Patrañero, ra.** adj. Ang mapagbalità; ó mapagkathâ ng̃ kasinung̃aling̃an.

**Patria.** f. Ang bayan, ó lupàng tinubùan ng̃ isáng tao.

**Patrimonial.** adj. Ang náuukol sa aring minana sa magulang. || Ang nádarapat sa isá dahil sa kanyáng tinubùang lupà ó amá.

**Patrimonio.** m. Ang pagaarì ó kayamanang minana sa magulang. || Mana.

**Patrio, tria.** adj. Ang náuukol sa bayang tinubùan. || Ang náuukol sa amá; ó galing sa amá.

**Patriota.** m. Ang may pagibig at pagmamasakit sa bayang tinubùan.

**Patriótico, ca.** adj. Ang náuukol sa bayang tinubùan. || Makabayan.

**Patriotismo.** m. Ang pagibig sa bayang tinubùan.

**Patrocinador, ra.** adj. y s. Ang tumátangkilik; ó tagatangkilik.

**Patrocinar.** a. Tangkilikin; ampunín; tulung̃an; ó tumangkilik; umampón; tumulong.

**Patrocinio.** m. Pagtatangkilik; pagaampón. || Tangkilik; ampón; tulong.

**Patrón, na.** m. y f. Tagapagtangkilik; tagapagampón. || Ang punòng namamahalà ng isáng sasakyán. || Ang santóng pintakasi ng isáng simbahan ó bayan. || Ang may arì ng bahay na pinanúnuluyanan. || Huwaran; parisán ng anománg bagay.

**Patrono.** m. Tagapagtangkilik; tagapagampón; tagapagtanggól. || Pintakasi. || Pangi-noón. || Mámumuhunán.

**Patrulla.** f. Mga sundalong nagbabantáy ó naglilibót sa gabí.

**Patrullar.** m. Magbantáy ó maglibót sa gabí ang mga sundalo.

**Patudo, da.** adj. fam. Ang malakí ang mga paá.

**Paulatinamente.** adv. m. Untîuntî; inótinót; hinayhinay.

**Paulatino, na.** adj. Mahiman; mabagal sa pagpapasiyá ó sa paggawâ.

**Pausa.** f. Pagtigil; paghintòng sandalî sa anománg gawâ ó kilos. || Kabagalan; kahinayan.

**Pausado, da.** adj. Mabagal; mahiman; ó mahinay gumawâ.

**Pausar.** n. Tumigil; humintô sa anománg kilos ó gawâ.

**Pauta.** f. Ang papel na may guhit na gamit ng mga batà sa pagaaral ng pagsulat; at ang kasangkapang pangguhit sa papel na itó. || fig. Huwaran; parisán.

**Pautar.** a. Guhitan sa pauta ang papel; ó magpauta ng papel. || fig. Magtakdâ, ó maglagáy ng pátakaráng susundín sa paggawâ ng anomán.

**Pavada.** f. Pabuhán; ó kawan ng pabo.

**Pavero, ra.** m. y f. Ang nagaalagà ng mga pabuhán; ó nagbibilí ng pabo.

**Pabesa.** f. Titis; ó abó ng ilaw, ó ng anománg bagay na nagniningas.

**Pávido, da.** adj. *Poét.* Matatakutín; duwág.

**Pavimento.** m. Alinmáng sahíg na bató ó lariyó ng isáng bahay ó gusalì.

**Pavipollo.** m. Ang inakáy ng pabo.

**Pavo, va.** m. y f. *Zool.* Pabo.

**Povonear.** n. y r. Magparangalan; magmagalíng; magpalalô dahil sa gandá, yaman, at ibá pa.

**Pavor.** m. Takot na malakí; sindák.

**Pavorido, da.** adj. Malakí ang pagkatakot; sindák na sindák.

**Pavoroso, sa.** adj. Nakátatakot; nakasisindák; nakágugulat.

**Payaso.** m. Ang mapagpatawá, ó mapagsisté sa alinmáng kasáyahan; ó payaso.

**Paz.** f. Kapayapàan; katahimikan; katiwasayán ng loób. || Katahimikan; kapayapàan; kapanatagán ng bayan ó kaharian. || Pagkakásundô; pamamáyapà.

**Peaje.** m. Ang buwís na ibinábayad sa pagdaraán sa isáng lugál, ó sa paglalabás at pagpapasok ng kalakal.

**Peajero.** m. Ang naníningíl ng buwís sa nagdaraán, ó sa kalakal na lumálabás at pumápasok.

**Peana ó Peaña.** f. Ang tuntungang kinálalagyán ng alinmáng larawan. || Ang tuntungang nasa haráp ng dambanà ó altar.

**Pe á pa (De).** m. adv. Lubós; buô; buhat sa simulâ hanggáng katapusán.

**Pebre.** m. Isáng bagay na sawsawang may pamintá, bawang at sukà.

**Peca.** f. Pekas ng mukhâ; ó anán.

**Pecable.** adj. Magkakásala; ó magyayaring magkásala.

**Pecado.** m. Sala; kasalanan. || Ang kalabisán sa anomán. || fam. Ang diablo; ó tuksó.

**Pecador, ra.** m. y f. Ang makasalanan; ó nagkásala. || Ang maáaring magkásala.

**Pecaminoso, sa.** adj. Ang náuukol sa kasalanan; ó makasalanan.

**Pecar.** n. Magkásala; ó sumalangsáng sa utos ng Dios. || Magkásala; ó magkulang sa anománg katungkulan, ó kautusáng sinúsunód.

**Pecera.** f. Sisidláng bubog na pábiyayan ng mga isdâng sarisaring kulay.

**Pecina.** f. Tangkéng pabiyayan ng isdâ.

**Pecoso, sa.** adj. Mapekas; maanán.

**Pectoral.** adj. Ang náuukol sa dibdib. || Ang mabuti sa dibdib. || m. Ang kurús na isinásabit sa dibdib ng mga obispo, na tandâ ng gayóng karángalan.

**Peculiar.** adj. Ang sarili ng bawà't bagay.

**Peculiaridad.** f. Kasarilinán; ó uring sarili ng anomán.

**Peculio.** m. Pasarili; ó ang pagaari ó salapîng ipinahíhintulot ng magulang ó panginoón na gamitin ó ipangalakal ng anák ó alilà. || fig. Ang salapîng sarili ng bawà't isá.

**Pecunia.** f. fam. Salapî; ó kuwalta.

**Pecuniario, ria.** adj. Ang náuukol sa salapî.

**Pechera.** f. Kapirasong kayo na ipinanánakíp sa dibdíb. || Petsera ng barò. || fam. Ang labás ng dibdíb, lalò na sa babae.

**Pecho.** m. Dibdíb. || Suso ng babae. || fig. Ang kalooban ng tao. || Tapang; lakás ng loób; katiyagâan.

**Pechuga.** f. Ang pitsó ng ibon ó ng manók. || fig. y fam. Ang dibdíb ng tao.

**Pedagogía.** f. Kagurùan; ó dunong at sining ng pagtuturò sa kabatàan.

**Pedagógico, ca.** adj. Ang náuukol sa *pedagogía* ó sa pagtuturò sa kabatàan.

**Pedagogo.** m. Gurò; ó tagapagturò.

**Pedante.** m. Mapagdunungdunungan. || Ang guròng nagtuturò ng gramátika sa baháybaháy.

**Pedantear.** n. Magdunungdunungan; magpanggáp na marunong.

**Pedantería.** f. Pagdudunungdunungan; ó pagpapanggáp na marunong. || Kamangmangán.

**Pedazo.** m. Kaputol; ó kapiraso ng anomán. || Limpák ng karné ó isdâ. || Pidpíd ng kahoy. || Tipák ng anománg bagay na matigás.

**Pedernal.** m. Batóng pingkîan. || fig. Ang katigasáng malabis ng anomán.

**Pedestal.** m. Tuntungan. || fig. Ang batayáng pinanínibayan sa anománg bagay.

**Pedestre.** adj. Ang lakád; ó naglalakád. || fig. Karaniwan; hamak; ó taong mababà.

**Pedicoj.** m. Kandirít.

**Pedido.** m. Ang ambág ó buwís na ibinábayad ng mga bayan. || Ang bilin, ó pabilin ng sarìsarìng kalakal. || Kahíngìan.

**Pedidor, ra.** adj. y. s. Ang humíhingî; ó mapanghingî.

**Pedidura.** f. Paghingî; ó panghihingî.

**Pedigüeño, ña.** adj. y s. Ang mapanghingîng lubhâ, na nakayáyamót.

**Pediluvios.** m. pl. *Med.* Banyós ng paá.

**Pedimento.** m. Kahíngìan. || *For.* Kahílingan. || *A pedimento.* m. adv. Sa kahíngìan.

**Pedir.** a. Humingî; dumaíng; lumuhog. || Manghingî. || *For.* Magsakdál; maghablá; ó magdemanda. || Maghalagá; ó halagahán ang kinákalakal. || Humilíng; ò hilingín ang anomán. || Magnasà; ibigin; ó nasàin ang anománg bagay.

**Pedo.** m. Utót. || fam. Singáw.

**Pedorrero, ra.** adj. Ututin; palautót.

**Pedrada.** f. Pagpukól ng̃ bató; ó pangbabató. || Pukól; pasâ ó sugat na gawâ ng̃ pukól ng̃ bató. || fig. Pariníg na salitâ.

**Pedrea.** f. Pangbabató. || Pagbabatuhan. || Pagpukól ng̃ bató sa itaás.

**Pedregal.** m. Kabatuhán; ó poók na maraming batóng maliliít.

**Pedregoso, sa.** adj. Mabató; batuhán. || Ang binábalisawsáw.

**Pedrejón.** m. Batóng malakíng nakakalat.

**Pedrera.** f. Tíbagan; ó lugál na pinagkúkunan ng̃ bató.

**Pedrería.** f. Katipunan ng̃ mahahalagáng bató, gaya ng̃ diamante, rubí, at ibá pa.

**Pedrero.** m. Ang mánglalabrá ng̃ bató; ó kantero.

**Peer.** n. Umutót.

**Pegajoso, sa.** adj. Malagkít; pánikitin; ó madalîng manikít. || Nakáhahawa; ó madalîng makahawa.

**Pegar.** a. Idikít; ikatníg; ilapat; ilakip ang isáng bagay sa ibá. || Ilapit; idaiti; ihakab; ikabít; italì; itahî ang anomán. || Makáhawa. || Ihampás; ipalò; ibatí ang anomán sa ibá. || Hampasín; palùin. || Silabán; sunugin; susuhan; ó sulsulán ng̃ apóy ang anomán. || r. Manikít; mádikít. || Máhawa; magkahawa.

**Pegujal.** m. Pasarili. || fig. Muntîng pagaarì, ó arìarìan.

**Pegujalero.** m. Ang may maliít na saka; ó may muntîng paghahayop.

**Peinada.** f. Pagsusukláy.

**Peinado, da.** adj. Ang lalaking butihin ó nagpapagandáng malabis na parang babae. || m. Magandáng ayos at pagkasukláy ng̃ buhók.

**Peinador, ra.** m. y f. Ang mánunukláy ó tagapagsukláy ng̃ buhók. || m. Ang damít na binábalabal kung nagsúsukláy ó nagáahit.

**Peinadura.** f. Pagsukláy; ó pagsusukláy. || Mg̃a buhók na pinagsuklayán.

**Peinar.** a. Sumukláy; ó suklayín. || fig. Husayin; ayusin; ó linisin ang balahibo ng̃ alinmáng hayop. || r. Magsukláy. || Magsuklayan.

**Peine.** m. Sukláy. || Suyod sa paghabi. || Ang bubóng ng̃ paá.

**Peinería.** f. Ang gawàan ó tindahan ng̃ sukláy.

**Peinero.** m. Ang gumágawâ, ó nagtitindá ng̃ sukláy; magsusukláy.

**Peineta.** f. Peineta.

**Peje.** m. Isdâ. || fig. Ang taong matalino at madalîng gumawâ ng̃ anomán.

**Pelada.** f. Ang katad ng tupa na inalisán ng balahibo kung mapatáy na ang tinurang hayop.

**Peladero.** m. Lugál na pinagbabanlìan at pinaghihimulmulan ng ibon ó baboy.

**Pelado, da.** adj. Ang walâng balahibo. || fig. Bundók, parang ó bukid na walâng anomang kahoy at damó.

**Peladura.** f. Ang paganit; ó pagtalop ng anoman.

**Pelafustán, na.** m. y f. Hampáslupà; batugan; pagayóngayón.

**Pelagallos.** m. fam. Ang taong hamak at walâng hanapbuhay; ó hampáslupà.

**Pelambrar.** a. Magkultí ng balát; ó ibabad ang katad sa tubig at apog, upáng malagas ó maanit ang balahibo.

**Pelambre.** m. Ang katipunan ng katad na kinúkultí. || Ang pinaghalòng tubig at apog na pangultí sa balát. || Ang lahát ng balahibo sa buông katawán.

**Pelambrera.** f. Lugál na kúltihan ng balát.

**Pelambrero.** m. Mángungultí.

**Pelandusca.** f. Dalahirà, ó babaing nagbibilí ng puri.

**Pelar.** a. Umanit; ó anitin ang buhók ó balahibo. || Himulmulán; ó alisán ng halahibo ang manók ó ibon. || fig. Talupan; ó alisán ng balát ang mga bungang kahoy, at ibáng bagay na walâng balahibo. || fig. y fam. Talunin sa larô ang lahát ng salapî ng kalaban. || Hubarán ng pagaarì ang kapuwà sa masamâng paraán. || r. Malugon ang buhók; makalbó.

**Pelarruecas.** f. fam. Ang babaing dukhâ na nabubuhay sa paghabi ó sa panunulid.

**Peldaño.** m. Baitang.

**Pelea.** f. Pagbabaka; paghahamók; pagdidigmâ. || Pagbababág; pagaaway; pagtatalo. || fig. Paglalaban ng mga hayop; ó pagsasabong ng manók. || Ang pagsisikap na ginágawâ sa pagsupil sa mga pita at hilig ng loób.

**Pelear.** n. Makipagbaka; makipaghamók; makipagdigmâ. || Bumabag; umaway; makipagtalo. || fig. Maglaban ang mga hayop. || Paglabanan at pagsikapang supilin ang mga nasà at hilig ng katawán. || r. Magbababág; magaway; magpánuntukan ang dalawá ó maraming tao.

**Pelechar.** n. Tumubò ang unang buhók ó balahibo sa mga hayop; ó mulîng tubùan pagkapangulag. || fig. Magmulîng gu-

minhawa ang pamumuhay, ó umigi ang pangangatawán.

**Peleona.** f. Away; babág; pagtatalo; ó pagkakagalít.

**Peliagudo, da.** adj. Ang hayop na mahabà at manipis ang buhók, gaya ng koneho, kambing na maliít, at ibá pa. || fig. y fam. Mahirap; mapanganib. || Ang taong matalas.

**Peliblanco, ca.** adj. Maputî ang buhók.

**Peliblando, da.** adj. Malambót ang buhók.

**Pelicano, na.** adj. May uban; úbanin.

**Pelícano.** m. *Zool.* Isáng hayop na ganyán ang tawag.

**Pelicorto, ta.** adj. Maiklî ang buhók; ó utód ang buhók.

**Película.** f. Ang balát ó katad na maliít at manipís. || Balok; lamad. || Pelíkula.

**Peligrar.** n. Mápanganib; sumapanganib; ó málagáy sa panganib ang anomán.

**Peligro.** m. Panganib; kapangániban.

**Peligroso, sa.** adj. Mapanganib; ó may panganib. || fig. Ang taong mapagbasagulo at mapangahás.

**Pelilargo, ga.** adj. Mahabà ang buhók.

**Pelilloso, sa.** adj. Makíliiin; ó mapansining lubhâ sa pakikipagusap ó pakikipagpanayám sa kapuwà.

**Pelinegro, gra.** adj. Maitím ang buhók.

**Pelirrojo, ja.** adj. Mapulá ang buhók.

**Pelitieso, sa.** adj. Ang buhók na matigás at nangangalisag.

**Pelmacería.** f. fam. Kabagalan; kakuparan sa paggawâ.

**Pelmazo.** m. Anománg bagay na mahigpít, ó masinsín. || Ang pagkaing nátirá sa sikmurà na hindî natunaw. || fig. Ang taong mabagal at makupad gumawâ.

**Pelo.** m. Balahibo. || Ang katipunan ó kálahatlahatan ng balahibo. || Buhók. || Bulo ng bungang kahoy. || fig. Ang balahibo ng sutlâ, lana, damít, atbp.

**Pelón, na.** adj. Walâng balahibo; ó madalang na lubhâ ang buhók.

**Pelonería.** f. fam. Karukhâan; kasalatán; kahirapan.

**Peloso, sa.** adj. May buhók; makapál ang buhók.

**Pelotón.** m. Pelotang malakí. || Buhók na guló, gusógusót ó nábibilot. || *Mil.* Isáng pulutóng na sundalo. || Ang buntón ng tao.

**Peludo, da.** adj. Mabuhók; ó makapál ang buhók.

**Pelleja.** f. Balát; katad na hiniwaláy sa katawán ng hayop.

**Pellejería.** f. Bahay ó lugál na pinagtítindahán at pinagkúkultihán ng mga katad. || Ang hanapbuhay na magtindá ó magkultí ng katad. || Ang buntón ng katad.

**Pellejero, ra.** m. y f. Ang nagbibílí ó nagkúkultí ng balát; magkakatad.

**Pellejo.** m. Katad; balát ng hayop. || Ang balát ng tao.

**Pellizcador, ra.** s. y adj. Ang nangungurót; ó mángungurót.

**Pellizcar.** a. Kumurót; pumiral; ó kurutín; piralin. || r. Magkúrutan.

**Pellizco.** m. Kurót; piral. || Pagkurót; pagpiral. || Ang pirasong muntî na kinuha ó kinurót sa anománg bagay.

**Pena.** f. Dusa; ó parusa. || Pighatî; hapis; ó dalamhatì ng loób. || Hirap; sákit ng katawán. || *capital.* Ang parusang bitay ó kamátayan. || *pecuniaria.* Ang parusang magmultá ng salapî.

**Penacho.** m. Ang balahibong tila palong ng iláng mga ibon, gaya ng katalą, kilakil, at ibá pa. || Ang plumahe ó pamuting balahibo na inilálagáy sa anomán.

**Penado, da.** adj. Ang may hirap; ó nahíhirapan. || Mahirap na gawâ. || m. y f. Ang pinarusahan.

**Penal.** adj. Ang náuukol sa parusa, ó sa hirap.

**Penalidad.** f. Kahirapan; kasakitan; kadalamhatìan.

**Penante.** adj. Ang naghíhirap; ó nagdurusa.

**Penar.** a. Maparusa; ó parusahan. || Pahirapan; pasakitan || n. Maghirap; magkasákit; magtiís ng anománg sákit ó hirap. || Maghingalông maluwát. || r. Mahapis; magdalamhatì.

**Penca.** f. Dahong may tiníktiník at matulis ng iláng halaman; gaya ng ,diliwarìw, at ibá pa. || Balabà; ó palapà.

**Pendejo.** m. Bulból; ó balahibo sa pusón at sa singit. || fam. Ang taong duwág; ó inúulól ng kanyáng asawa.

**Pendencia.** f. Babág; away; pagtatalo; tákapan.

**Pendenciar.** n. Magaway; magbabág; magtalo; magtákapan.

**Pendenciero, ra.** adj. Palaaway; palausap.

**Pender.** n. Mábitin. || Máukol; masakop; masakláw ang isáng bagay ng ibá.

**Pendiente.** p. a. Ang nábibitin; ó nakabitin. || m. Hikaw. || f. Ang dahilig, ó dalisdís ng isáng lupà.

**Pendolista.** m. Ang mahusay at mainam ang sulat. || Magdarayà; sinungaling.

**Pendón.** m. Bandilàng muntî, na sagisag ng hukbó. || Ang bandilà sa mga simbahan, na ipinangunguna sa mga prusisión.

**Péndulo, la.** adj. Nábibitin; ó nakabitin. || m. Anománg bagay na nakabitin at gumágaláw, gaya ng hikaw, palawit ng orasán, at ibá pa.

**Penetrar.** a. Tumalamak; tumagós ang anomán sa kilabot ng isáng bagay. || fig. Malirip; matarók ang kalooban ng kapuwà, ó ang anománg bagay na mahirap talastasín ó gawín. || Pumasok; paloób; sumuót sa isáng lugál. || Manuót; manaliksík ang anomán, gaya ng panunuót ng lamíg hanggáng butó. || fig. Tumaós; manaimtím ang tindí ng sakit, dalamhatì, ó ibá pang gangganitó sa ubod ng pusò ó káluluwá.

**Península.** f. Lupàng ligíd ng tubig, na tangì lamang ang isáng muntîng bahagi na nákakabit sa ibáng lupàng malakí.

**Peninsular.** adj. Ang tubò sa península; ó náuukol dito.

**Penitencia.** f. Ang pangungumpisál, na ikinalilinis sa sala. || Kabánalan, na di ibá't ang pagsisisi sa nágawâng sala at pangangakòng hindî na mulìng magkásala. || Ang pagpapasakit ó pagpapahirap sa sariling katawán. || Dusa; ó parusa.

**Penitenciar.** a. Magparusa; ó parusahan ng karampatan sa sala.

**Penitente.** adj. Ang nauukol sa parusa. || com. Ang nagpepenitensia, ó nagpapasákit sa sariling katawán. || Ang nagkúkumpisál.

**Penoso, sa.** adj. Mahirap; masákit. || Ang may hirap ó nagdaramdám ng sákit.

**Pensado (De).** m. adv. Sadyâ; tinalagá; inisip.

**Pensador, ra.** adj. Ang nagiisíp. || m. Palaisíp; mapagisíp.

**Pensamiento.** m Isip; pagiisip; panimdím; hakà. || Pagisip; pagbubulay; pagakalà. || fig. Hinalà; hinagap; sapantahà.

**Pensar.** a. Isipin; akalàin; || Kurùin; dilidilihin. || Bulaybulayin; warìin ang anomán. || Umisip; magbantâ; magakalà.

**Pensativo, va.** adj. Ang nagiisíp; ó nagbubulay ng malalim sa anomán.

**Pensión.** f. Buwis sa taóntaón ng lupà, bahay, at ibá pa. || Pabiyayà; ó halagáng ibinibigáy sa taóntaón sa kanino man.

**Pensionado, da.** m. y f. Ang taong may tinátanggáp na pabiyayà ó *pensión*.

**Pensionar.** a. Magpabuwís; ó pabuwisan. || Bigyán ng pabiyayà ang isáng tao ó kapisanan.

**Pensionario.** m. Ang bumúbuwís; ó namúmuwisan.

**Pensionista.** com. Ang may karapatáng tumanggáp at maningíl ng anománg *pensión.* || Ang tumítirá sa páaralán ó sa isáng bahay, na nagbabayad sa kanyáng pagaaral ó kinákain.

**Pentecostés.** m. Ang kapistahan ng pagpanaog ng Banál na Diwà ó Espíritu Santo.

**Penúltimo, ma.** adj Ikalawá sa hulí; ó pangalawá sa dulo.

**Penuria.** f. Kasalatán ng alinmáng bagay na lalòng kailangan.

**Peña.** f. Batóng malakí at hindî pa nalilinis. || Talampás.

**Peñasco.** m. Batóng lubhâng malakí at mataás; ó bundók na bató.

**Peñascoso, sa.** adj. Lugál ó bundók na maraming batóng malalakí.

**Peón.** m. Ang lumálakad; ó naglalakád. || Ang magaaráw; ó upahán ng aráw. || Sundalong lakád. || Alinmán sa mga pirasong ginágamit sa larông dama, ahedres, at ibá pang ganitó.

**Peonería.** f. Ang lupàng nagagawâ ng isáng tao sa maghapon.

**Peor.** adj. Lalòng masamâ; masamâ pa.

**Peoría.** f. Pagsamâng lalò; ó paglalâ ng samâ sa anomán.

**Pepinar.** m. Pipinuhán; ó lugál na maraming taním na pipino.

**Pepino.** m. Pipino.

**Pepita.** f. Ang butó ng alinmáng bungang kahoy ó halaman, gaya ng milón, peras, at ibá pa. || Ang sakít na *tigak* ng mga manók.

**Pepitoso, sa.** adj. Mabutó. || Ang manók na may sakít na tigak.

**Pepón.** m. Pakuwán.

**Pequeñez.** f. Kaliitán; kauntîan. || Kasanggulán. || Bagay na walâng gaanong kabuluhán.

**Pequeño, ña.** adj. Maliít; muntî. || Batà. || Mababà; dukhâ; hamak.

**Pera.** f. Bunga ng peras. || Ang balbás na pinatutubò sa ibabâ ng labì.

**Peral.** m. *Bot.* Punò ng peras.

**Peraleda.** f. Lugál na maraming punò ng peras.

**Percance.** m. Pakinabang na nákukuha ó tinátamó bukód sa talagáng sahod. Lalòng ginágamit sa plural. || fig. Sakunâ; kapahamakán; kasaliwàang palad.

**Percatar.** n. Isipin; bulaybulayin; limìin; pagingatan. || Magingat; magbulaybulay.

**Percepción.** f. Pagkámanmán; pagkáulinig; pagkábatyág ng anomán. || Pagkatantô; pagkakilala ng anomán.

**Percibir.** a. Tumanggáp; sumahod ng anomán. || Malasmasín; ulinigin; batyagín ang anomán. || Matantô; mákilala ang anomán.

**Percibo.** m. Pagtanggáp; ó pagsahod ng anomán.

**Percudir.** a. Dalapdapín; ó siràin ang pinakamukhâ ó kináng ng anomán.

**Percutir.** a. Iumpóg; ìbunggô ang isáng bagay sa ibá. || n. Umumpóg; mábunggô.

**Percha.** f. Sampayan. || Silò, na panghuli ng ibon.

**Perder.** a. Iwalâ; iwaglít ang anomán. || Sayangın; aksayahín; siràin; itapon ang anomán. || Huwág kamtán ang anománg pinakananasà. || Siràan ng puri, ó ng pagaarì ang kapuwà. || Mangulugi; matalunan, mawalán; masiràan. || r. Mawalâ; mawaglít ang anomán. || Masirà; masayang; mápahamak. || Máligáw. || Magìpit; masikî na walâng labasán. || Pálulong na lubós sa masasamâng hilig ng katawán. || Mabagbág; málubóg sa tubig. || Isapanganib ang buhay. || Umibig; gumiliw ng labis. || Lumipas; magmaliw. || *el color.* Kumupas; pumusiyáw ang kulay.

**Perdición.** f. Pagkawalâ; pagkawaglit; pagkasirà; kasiràan; pagkalugi; pagkatalo; pagkaligáw. || Pagkapasamâ; pagkápahamak. || Pagibig na malabis.

**Pérdida.** f. Pagkawalâ. || Kasiràan; kapahamakán. || Kalugihán; katalunán.

**Perdiz.** f. *Zool.* Pugò.

**Perdón.** m. Patawad; ó kapatawarán. || Pagpapatawad.

**Perdonable.** adj. Mapapatawad; ó nárarapat patawarin.

**Perdonar.** a. Magpatawad; ó patawarin.

**Perdulario, ria.** adj. Alibughâ, ó lubhâng pabayà sa kanyáng mga pagaarì at sa sariling katawán.

**Perdurable.** adj. Walâng hanggán; ó lagì na. || Ang nagtatagál ng mahabàng panahón.

**Perdurar.** n. Tumagál na totoó; magluwát ng mahabàng panahón.

**Perecear.** a. fam. Papagluwatín ang anomán dahil sa kapabayàan ó sa katámaran.

**Perecedero, ra.** adj. Ang matatapos; ó mamamatáy.

**Perecer.** n. Matapos; mautás; mamatáy. || Maghirap sa anomán. || Madukhâ; maghirap na totoó ang pamumuhay. || r. Magnasàng mahigpit; ó magpakamatáy sa anomán.

**Peregrinación.** f. Pangingibáng bayan. || Paglalakbáy sa isáng simbahan na pinangakùang dayuhin. || fig. Ang panahón ng buhay ng tao sa mundóng ibabaw.

**Peregrinar.** n. Mangibáng bayan. || Maglakbáy sa isáng simbahan na pinangakùang dayuhin. || fig. Mabuhay sa mundóng itó, na patungo sa kalangitán.

**Peregrino, na.** adj. Ang nangingibáng bayan. || Ang naglalakbáy sa isáng simbahan na pinangakùang pagdasalán. || fig. Kaibá; tangì; ó bihirang mákita. || Dakilàng kagandahan. || Ang nabubuhay sa ibabaw ng lupà.

**Perendengue.** m. Hikaw.

**Perenne.** adj. Lagì; parati; walâng likat; walâng humpáy.

**Pereza.** f. Katámaran. || Kapabayàan. || Kabagalan; kakuparan.

**Perezoso, sa.** adj. Tamád; batugan; alisagà; anyayâ; pabayà. || Makupad; mabagal; mahiman.

**Perfección.** f. Kasidhâan; kayarìang lubós ng anomán.

**Perfeccionamiento.** m. Paghuhusay; pagpapaigi; ó pagyarìng ganáp ng anomán.

**Perfeccionar.** a. Pakahusayin; pakaigihin; ó yarìing lubós na lubós ang anomán.

**Perfecto, ta.** adj. Masidhâ; ganáp; lubós; sakdál buti ó gandá.

**Perfidia.** f. Kaliluhán; kataksilán, kasukabán.

**Pérfido, da.** adj. Taksíl; lilo; sukáb.

**Perforar.** a. Butasin; ó lagyán ng butas ang anománg bagay.

**Perfumar.** a. Pabanguhán; ó suubín ng mabangó ang anomán. || r. Magpabangó.

**Perfume.** m. Panuób na mabangó. || Ang amóy na mabangó. || Pabangó.

**Perfumería.** f. Ang gawàan ng pabangó. || Ang tindahan ng pabangó.

**Perfumista.** com. Ang gumágawâ, ó nagtitindá ng pabangó; magpapabangó.

**Pericia.** f. Karunungan; kabihasnán; kasanayán sa anománg dunong ó sining.

**Perigallo.** m. Lambî ng manók. || fam. Ang taong mataás at payát.

**Periódico, ca.** adj. Ang náuukol sa panahón. || m. Páhayagán; pámahayagán.

**Periodismo.** m. Ang pamamahayag.

**Periodista.** m. Mámamahayág; ó mánunulat sa isáng páhayagán.

**Periodístico, ca.** adj. Ang náuukol sa páhayagán ó sa mámamahayág.

**Período.** m. Panahón; ó pagitan ng isáng tiyák na panahón na itinátagál ng anomán.

**Perito, ta.** adj. Marunong; sanay; bihasá sa anománg dunong ó sining.

**Perjudicar.** a. Makasamâ; makasirà; makapanganyayà. || Tampalasanin. || r. Masiràan; mapanganyayà.

**Perjudicial.** adj. Nakasásamâ; nakasísirà; nakakápanganyayà.

**Perjuicio.** m. Kasiràan; kapanganyayàang tinátanggáp ó nangyáyari.

**Perjurar.** n. Manumpâ ng kasinungalingan. || Manumpâ ng madalás. || r. Magkulang; ó huwág tumupád sa pangakòng pinanumpâan.

**Perjurio.** m. Panunumpâ ng hindî totoó; ó hindî pagtupád sa pangakòng pinanumpâan.

**Perjuro, ra.** adj. y s. Ang nanúnumpâ ng hindî totoó. || Ang sumísirà, ó hindî tumutupád sa ipinanumpâ.

**Perla.** f. Perlas; mutyà.

**Perlería.** f. Katipunan, ó karamihan ng perlas.

**Perlino, na.** adj. Ang kulay perlas.

**Permanecer.** n. Lumagì; manatilì, máparati; managál.

**Permanencia.** f. Paglagì; pananatilì; pamamarati.

**Permanente.** adj. Lagì; pálagìan; páratihán.

**Permeable.** adj, Ang matatagós ng tubig, ó ng anomán.

**Permisible.** adj. Maipahihintulot; ó maáarìng ipahintulot.

**Permision.** f. Pagpapahintulot. || Tulot; ó pahintulot.

**Permisivo, va.** adj. May pahintulot; ó ipinahíhintulot.

**Permiso.** m. Tulot; pahintulot; ó kapahintulután na makagawâ ng anomán.

**Permitir.** a. Magpahintulot; ipahintulot; ó pahintulutan. || Pabayàan; huwág pigilin ang anomang mangyayari. || Itulot; ipayag; ipagkaloób.

**Permuta.** f. Palít; ó pagpapalít ng isáng bagay sa ibá.

**Permutable.** adj. Maipagpapalít; ó mapapalitán.

**Permutación.** f. Pagpapalít; pagpapálitan.

**Permutar.** a. Ipagpalít; ó pagpalitín ang anomán. || Magpalít.

**Perniabierto, ta.** adj. Sakáng.

**Pernicioso, sa.** adj. Nakasísirà; nakakápanganyayà ng malakí. || Masamâ.

**Pernituerto, ta.** adj. Pilípit ang paá.

**Pernoctar.** n. Matulog; ó magparaán ng gabí sa isáng lugál.

**Pero.** conj. advers. Dapuwâ, ó dátapuwâ; ngunì.

**Perol.** m. Tatsó.

**Peroración.** f. Pagtatalumpatì. || Ang hulíng bahagi ng talumpatì, na isinásaysáy ang madláng katuwiran na ikatitibay ng anománg pinagúusapan.

**Perorar.** n. Magtalumpatì; ó bumigkás ng talumpatì.

**Perpendicular.** adj. *Geom.* Guhit na patayô, patuwíd, ó patindíg.

**Perpetración.** f. Ang paggawâ ng anománg kasalanang dakilà; ó pagkakásala ng malakí.

**Perpetrar.** a. Magkásala ng malakí; ó makagawâ ng dakilàng kasalanan.

**Perpetuar.** a. Papamalagiin; ipagsawalâng hanggán; papagluwatíng lubhâ ang anomán. || r. Lumagì; magluwát sa habàng panahón.

**Perpetuo, tua** adj. Lagì; parati. || Magluluwát sa habàng panahón ó magpakailán man.

**Perplejidad.** f. Pagaalangán ng loób; paguurongsulong.

**Perplejo, ja.** adj. Alangán, ó alanganin ang loób urongsulong.

**Perrada.** f. Katipunan ng mga aso. || Gawâng hamak.

**Perrengue.** m. fam. Bugnót; magagalitín.

**Perrería.** f. Karamihan ng áso. || Katipunan ng mga taong masasamâ.

**Perrezno.** m. Tuta; ó ásong muntî.

**Perro, rra.** m. y f. *Zool.* Áso.

**Perruno, na.** adj. Ang náuukol sa áso.

**Persecución.** f. Pagusig; paghabol; pagtugis; pagsunód.

**Perseguidor, ra.** adj. y s. Ang umúusig.

**Perseguir.** a. Usigin; habulin; tugisin. || Sundán; ó hanapin saán mang lugál ang sinomán.

**Perseverencia.** f. Katiyagâan; katamanán; pananatilì sa anománg bagay na pinamulán. || Pamamalagì; pagluluwát na mahabàng panahón ng anomán.

**Perseverar.** n. Magtamán; magtiyagâ; manatilì; mamalagì sa anománg sinimulán. || r. Mamarati; ó magluwát ng mahabàng panahón.

**Persignar.** a. Lagdâan; pirmahán. || r. Magantandâ; magkurús.

**Persistencia.** f. Katiyagâan; pananatilì sa anománg gawâ ó akalà.

**Persistir.** n. Magtiyagâ; magtamán; manatili sa anomán. || Mamalagì; magluwát ang anomán ng mahabàng panahón.

**Persona.** f. Tao. || Ang sínománg lalaki ó babae, lalò na kung dî tantô ang pangalan. || Ang taong may mataás na katungkulan ó kapangyarihan. || *Gram.* Lagyô.

**Personaje.** m. Ang taong mahál; ó mataás na tao. || Ang tao ó personahe sa isáng dulà ó kathâ.

**Personal.** adj. Ang náuukol sa isáng tao; ó sarili niyá.

**Personero.** m. Kátiwalà.

**Perspicacia.** f. Katalasan ng matá. || fig. Katalasan ng isip.

**Perspicaz.** adj. Matalas ang matá, na malayò ang naáabót. || Pagiisip na matalas; ó matalas ang isip.

**Perspicuidad.** f. Kaliwanagan; panganganinag; kalinawan. || fig. Kaliwanagang magsalitâ at magsaysáy ng anomán.

**Perspicuo, cua.** adj. Maliwanag; maaninag; malinaw. || fig. Ang maliwanag magsalitâ at magsaysáy ng anomán.

**Persuadir.** a. Uralìan; upatán; papaniwalàin; ó papahinuhuring gumawâ ng anomán. || r. Mauralìan; maupatán; mápaniwalà ang sinomán.

**Persuasión.** f. Pagurali; pagupat. || Hakà; kurò; ó paniniwalà sa anomán.

**Pertenecer.** n. Máukol; mátungkól; máabóy sa isá ang anománg bagay. || Mádapat; ó magíng sarili ng isá ang anomán. || Máukol; máhinggíl; mátungkól ang isáng bagay sa ibá.

**Perteneciente.** p. a. Ukol; hinggíl; tungkól; náuukol; náhihinggíl; ó nátutungkól.

**Pertinaz.** adj. Matigás ang ulo. || fig. Lubhâng matagál; palagì.

**Pertinente.** adj. Ang náuukol sa anomán. || Akmâ; ayos; ukol; ó bagay.

**Perturbación.** f. Guló; ligalig; kaguluhán; kaligaligan.

**Perturbador, ra.** adj. y s. Ang mangguguló; ó nangliligalig.

**Perturbar.** a; Mangguló; lumigalig. || r. Maligalig; maguló.

**Perversidad.** f. Kasamâang malabis; ó pagkasirà ng mabubuting kaugalìan.

**Perversión.** f. Kasamâan ng paguugalì; kamalìan ng isip. || Pagsamâ; pagsirà ng mabubuting kaugalìan.

**Perverso, sa.** adj. Ang lubhâng masamâ ang kaasalán, pamumuhay at ibá pa.

**Pervertir.** a. Guluhín; ligaligin ang anomán. || Pasamâin;

siràin ang mabubuting kaugalìan. || r. Sumamâ ang ugalì; ó masirà ang mabubuting kaugalìan.

**Pesa.** f. Panimbáng. || Timbáng ng anománg bagay. || Pabató ng relós, ó ng anomán.

**Pesadez.** f. Kabigatán; bigát. || Katigasán ng ulo; kabigatán ng ugalì. || fig, Katabâang mala. bis ng katawán. || Pagál; pagod.

**Pesadilla.** f. Bangungot. || Panaginip na mapaghinagpis at mahigpit.

**Pesado, da.** adj. Mabigát; matindí. || Mahimbíng; malalim na tulog. || Mabagal; makupad. || Ma. tabâ; malakí ang katawán. || Na. kayayamót; nakamumuhî. || Mati. gás ang ulo; mabigát ang ugalì.

**Pesadumbre.** f. Pighatî; dalamhatì; hapis; sukal ng loób. || Kabigatán.

**Pésame.** m. Pagdaramdám; pagpipighatî.

**Pesantez.** f. Bigát; kabigatán.

**Pesar.** m. Dalamhatì; pighatî; hapis; hinagpís; ó lumbáy. || Pagsisisi. || a. Timbangín; ó tumimbáng. || Tayahin; balakin. || n. Magkabigát; ó magtimbáng ng malakí. || Magkahalagá ang anomán. || Pagsisihan ang anomán.

**Pesaroso, sa.** adj. Ang nagdaramdám; ó nagsisisi sa kanyáng nágawâ. || Ang nahahapis; ó nagdadalamhatì.

**Pesca.** f. Pangingisdâ. || Ang hanapbuhay na mangisdâ. || Ang pinangisdâ.

**Pescadería.** f. Lugál na pinagtítindahán ng isdâ.

**Pescadero,ra.** m. y f. Ang nagtitindá ng isdâ; ó magiisdâ.

**Pescado.** m. Isdâ, lalònglalò na ang mga nákakain.

**Pescador, ra.** adj. y s. Ang mángingisdâ; ó nanghuhuli ng isdâ.

**Pescar.** a. Mangisdâ; ó manghuli ng isdâ. || Kumuha; dumampót ng anomán.

**Pescozón.** m. Suntók sa liíg ó sa batok; pagbatok.

**Pescozudo, da.** adj. Malakí ang batok ó liíg; batukán.

**Pescuezo.** m. Liíg. || Batok.

**Pesebre.** m. Labangán; sabsaban, ó kakanán ng hayop.

**Pesebrera.** f. Katipunan, ó hanáy ng maraming labangán.

**Peseta.** f. Piseta, ó 20 séntimos.

**Pesimismo.** m. Tuntuning násasalig sa pagnanasà ng malakíng kasamâan upáng tamuhin ang kabutihan. || Ang pagsurì ó pagpapasiyá sa anoman, na pawàng kasamâan ang nákikita

**Pesimista.** m. Makamasamâ.

**Pésimo, ma.** adj. sup. Lubhâng masamâ; kásamâsamâan

**Peso.** m. Bigát; timbáng. || Panimbáng; pabigát. || Ang salapîng *piso*, na may 100 séntimos. || fig. Bigát; halagá ng̃ anomán.

**Pesquera.** f. Páng̃isdâan; ó paláisdâan.

**Pesquería.** f. Pang̃ing̃isdâ. || Páng̃isdâan.

**Pesquisa.** f. Pagsiyasat; paguusisà.

**Pesquisar.** a. Sumiyasat; magusisà; ó siyasatin; usisàin.

**Pestaña.** f. Pilikmatá.

**Pestañear.** n. Kumuráp; kumisáp.

**Pestañeo**. m. Kuráp; kisáp.

**Peste.** m. Salot; ó sakít na nakáhahawa at ipinagkákamatáy ng̃ maraming tao ó hayop.

**Pestífero, ra**. adj. Makasásalot; ó makapepeste. || Ang may amóy na lubhâng masamâ.

**Pestillo.** m. Kaling na pangsara ng̃ pintô sa dapit loób. || Pangsaráng hasôhasô.

**Petaca.** f. Kalupî; petaka.

**Pétalo.** m. *Bot.* Talulót.

**Petate**. m. Baníg.

**Petición.** f. Paghing̃î. || Kahing̃ìan; panalang̃in. || *For.* Kahiling̃an.

**Peticionario, ria.** adj. Ang humíhing̃î; ó humíhilíng ng̃ anomán.

**Petimetre, tra.** m. y f. Ang mapagáyos na lubhâ sa kanyáng katawán, mapagsunód sa bagong iral ng̃ pananamít.

**Petitoria.** f. fam. Kahing̃ìan.

**Petitorio, ria.** adj. Ang náuukol sa kahing̃ìan, ó ang kinálalamnán nitó.

**Peto.** m. Baluti sa dibdíb.

**Petreo, trea.** adj. Mabató; batuhán. || Ang parang bató.

**Petrificar.** a. Gawíng bató; ó patigasíng parang bató ang anomán. || r. Magíng bató; ó tumigás na parang bató ang anomán. || Mápamaáng; matilihan.

**Petróleo.** m. Petrolyo, na gamit sa pagiilaw.

**Petroso, sa.** adj. Mabató.

**Petulancia.** f. Katampalasanan; kapang̃áhasan; kawalán ng̃ hiyâ.

**Petulante.** adj. Tampalasan; pasláng; pang̃ahás; walâng hiyâ.

**Pez.** m. Isdâ.

**Pezón.** Tangkáy ng̃ bung̃a ng̃ kahoy. || Ang utóng ng̃ suso ng̃ babae.

**Pesuña**. f. Kukó baka, baboy, kalabáw, tupa, atbp., na nagkákahatìng tila dalirì.

**Piada.** f. Siyáp; pagsiyáp.

**Piador, ra.** s. y adj. Ang sumísiyáp.

**Piadoso, sa.** adj. Maawàín; mahábagin.

**Pian, piano.** m. adv. fam. Utáyutáy; inótinót; dahandahan

**Pianista.** m. Magpipiano. || com. Ang marunong ó sanáy tumugtóg ng piano.

**Piano.** m. *Mús.* Piano.

**Piar.** n. Sumiyáp; ó sumiyápsiyáp.

**Piara.** f. Kawan ng baboy, kabayo, baka, ó ibáng hayop.

**Pica.** f. Isáng hugis ó anyô ng sibát na mahabà.

**Picada.** f. Tukâ, ó sugat na gawâ ng tukâ.

**Picadura.** f. Pagtukâ. || Durò ng anománg matulis. || Ang tukâ ó sigíd ng anománg hayop.

**Picante.** p. a. Ang naníniníd. || m. Angháng. || fig. Salitâng matulis ó maangháng.

**Picapedrero.** m. Kantero; ó manglalabrá ng bató.

**Picapleitos.** m. fam. Palausap. || Ang abogado ó mánananggól na walâng usapín.

**Picar.** a. Durùin; tusukin; tudlukín. || Tukâín; sigirín. || Tumukâ. || Kibitín ng isdâ ang pain ng binguwít ó panghuli. || Kumatí ang balát. || Maanghangán ng pagkain. || Tadtarín ng maliít ang anomán. || Kumain ng pauntîuntî ng anomán. || Patulinin ang takbó ng kabayo.

**Picardía.** f. Gawâng hamak; katampalasanan; kapusungán. || Kalikután ng batà. || Gawâng mahalay ó bastós.

**Pícaro, ra.** adj. Hamak; magdarayà; walâng dangál at kahihiyán. || Matalas; pusakál; at bihasáng magpalikuwádlikuwád.

**Pico.** m. Tukâ ng ibon. || Ang dulong matulis ng anománg bagay. || Ang piko ng kantero, na panglabrá ng bató. || fam. Ang bibíg ng tao.

**Picotazo.** m. Saksák, ó sundót ng tukâ sa anomán.

**Picotear.** a. Tumukâ; tukâín; ó pagtutukâín. || m. fig. Magtatabíl. || r. fig. Magtákapan.

**Pictórico, ca.** adj. Ang náuukol sa pintura.

**Picudo, da.** adj. May tukâ || Ngusùan; ó malakí ang ngusò. || fig. Matabíl.

**Pichón.** m. Inakáy ng kalapati.

**Pidientero.** m. Pulubi; nagpápalimós.

**Pie.** m. Paá. || fig. Haligi; tuntungan; ó pinaníníbayan ng anomán. || Ang punò ng kahoy || Latak; tining. || Ang hulí, ó kulalat sa larô. || Paá; talampakan, na panukat sa habà.

**Piedad.** f. Kaawàan; ó kabánalang humíhikayat ng pagibig sa Dios, sa mga magulang at sa bayan. || Ang gawâng kabánalan, dahil sa pagibig sa kapuwà. || Awà; habág.

**Piedra.** f. Bató. || fig. Ang katigasán ng anománg bagay. || *alumbre*. Tawas. || *amoladera*. Bugâán. || *asufre*. Sangyawà; asupré. || *de chispa*. Pingkîan. || *imán*. Batobalanì. || *pómez*. Bugà; pangbugà. || *preciosa*. Batóng mahalagá.

**Piel.** f. Balát. || Katad.

**Piélago.** m. Laot ng dagat. || *Poét.* Ang dagat.

**Pierna.** f. Bintî. || Sa mga hayop na apat ang paá at sa ibon ay *hità*.

**Pieza.** f. Piraso; ó bahagi ng anománg bagay. || Alinmáng kasangkapan sa pamamahay, gaya ng kutsara, at ibá pa. || Ang bawà't isáng bahagi ó sangkáp ng anománg kabuùan. || Bulós ng kayo. || Ang silíd, ó alinmáng pangkát ng bahay. || *Mil.* Ang kanyón ng *artillería*. || Ang peón ng damahán.

**Pigmeo, mea.** adj. y s. Ang taong lubhâng mababà, pandák, ó munti. || Ang bagay na lubhâng maliít.

**Pilar.** m. Sahuráng bató sa mga batis, na sadyâng tálunan ng tubig. || Haliging bató. || Hanggahang bató sa mga daán.

**Píldora.** f. *Farm.* Píldoras.

**Pilón.** m. Tálunan ng tubig sa mga batis na sadyâng ginawâ upáng magíng ínuman ng mga hayop, lábahan, at ibá pang kagamitán. || Asukal na buông hinulmá sa pilón.

**Piloto.** m. Ang namamahalà at namamatnubay sa isáng sasakyán sa kanyáng paglalayág.

**Pillada.** f. fam. Kawalán ng pinagaralan; kapilyuhán.

**Pillaje.** m. Pagnanakaw; panghaharang; pangangagaw.

**Pillar.** a. Magnakaw; mangagaw; mangharang. || Hulihin; dakpín.

**Pillería.** f. Katipunan ng mga walâng pinagaralan. || Katampalasanan; kapilyuhán.

**Pillo, lla.** adj. fam. Tampalasan; walâng pinagaralan; pilyo.

**Pimienta.** f. Pamintá.

**Pimiento.** m. Sili.

**Pimpollecer.** n. Magusbóng.

**Pimpollo.** m. Usbóng; talbós. || Ang bulaklák na malapit nang bumuká.

**Pimpolludo, da.** adj. Mausbóng.

**Pináculo.** m. Tuktók; ó taluktók ng isáng bahay ó simbahan. || fig. Ang lalòng dakilà sa anománg bagay.

**Pincel.** m. Pinsel, na ginágamit ng pintor.

**Pinchar.** a. Durùin; tudlukín; sundutín. || r. Madurò; masundót.

**Pinchazo.** m. Durò; tudlók; sundót.

**Pincho.** m. Pangdurò; panudók; panundót.

**Pingüe.** adj. Matabâ; mamantikà. || Malakí; marami; saganà.

**Pinta.** f. Batík; dun̄gis. || Pintá ng̃ baraha.

**Pintado, da.** adj. Batíkbatík; ó talagáng sarìsarì ang kulay.

**Pintar.** a. Pumintá. || Magpintá; ó pintahán. || fig. Saysayín, ó ilarawan ng̃ malinaw ang anomán sa pamagitan ng̃ salitâ ó sulat. || r. Magpupol.

**Pintor, ra.** m. y f. Ang marunong ó sanáy sa sining ng̃ pagpintá.

**Pintura.** f. Pagpintá. || Ang tablá ó kayo na may pintá. || Ang kulay na handâ na upáng ipagpintá. || fig. Paglalarawan; ó pagsasaysáy na maliwanag ng̃ anomán sa pamagitan ng̃ salitâ.

**Piña.** f. *Bot.* Pinyá. || Ang pinyáng kayo, dito sa Pilipinas.

**Pío, pía.** adj. Banál; masintahin sa Dios. || Maawàin; mahábagin. || m. Siyáp ng̃ sisiw, ó ng̃ alinmáng ibon.

**Piojo.** m. Kuto. || *de gallina.* Hanip.

**Piojoso, sa.** adj. Makuto; ó kútuhin.

**Pipa.** f. Ang sisidláng pinaghàhakutan ó pinagtataguàn ng̃ alak, gaya ng̃ bariles, atbp. || Patupat; kuwako; pipa.

**Pipar.** n. Magpipa; magkuwako; magpatupat.

**Pique.** m. Hinanakít; tampó; samâ ng̃ loób; dalamhatì. || *A pique.* m. adv. Nápapangan̄ib; nábibin̄git. || *Echar á pique.* fr. Palubugín ang isáng sasakyán. || *Irse á pique.* fr. Malubóg ang isáng sasakyán.

**Pirata.** m. Tulisán, ó manghaharang sa dagat.

**Piratear.** n. Mangharang; man̄gagaw, ó mangbihag ng̃ mg̃a sasakyán sa dagat.

**Piratería.** f. Panghaharang; ó pan̄gan̄gagaw sa dagat. || fig. Pagnanakaw; ó pagsirà ng̃ arì ng̃ ibá.

**Pisa.** f. Pagtapak; pagtungtóng. || Sikad; tadyák.

**Pisada.** f. Pagyapak; ó pagtapak. || Bakás ng̃ tapak. || Tadyák; sikad.

**Pisar.** a. Yumapak; tumungtóng; tumapak. || Yumurak. || Paikpikín; pisunín ang anomán. || fig. Pawalâng halagá; ó yurakan ang anomán.

**Piscina.** f. Pabiyayan ng̃ isdâ, na karaniwang nakalagáy sa mg̃a hálamanán.

**Piso.** m. Pagtapak; ó pagyapak. || Sahíg.

**Pisón.** m. Kasangkapang kahoy na pamaikpík ng̃ lupà, bató, at ibá pa; ó pisón.

**Pisonear.** a. Pisunín; ó paikpikín ang lupà.

**Pisotear.** a. Pagyapakán; pag. yurakán ang anománg bagay.

**Pisoteo.** m. Pagyurak; pagyasak.

**Pisotón.** m. Pagtapak, ó pagkatapak sa paá ng̃ ibá.

**Pista.** f. Ang bakás ng̃ yapak ng̃ hayop sa lupàng dinaanan.

**Pistadero.** m. Panghapit; pangpigâ.

**Pistar.** a. Hapitin; pigâín; katasín ang anomán.

**Pistola.** f. *Mil.* Pistola.

**Pitada.** f. Tunóg ng̃ pito. || Palò, ó hampás ng̃ pito.

**Pitar.** n. Sumutsót; pumito; ó patunugín ang pito. || a. Magbayad.

**Pito**. m. *Mús.* Panutsót; pito.

**Pizarra.** f. Pisarra.

**Pizcar.** a. fam. Kumurót; pumiral.

**Pizco.** m. fam. Kurót; piral.

**Pizpereta.** adj. Babaing buháy na loób, maliksí at matalino.

**Pláceme.** m. Batì; pakikilugód; pakikituwâ.

**Placenta**. f. *Anat.* Ang inunan.

**Placentero, ra.** adj. Masayá; maligaya; nakalúlugód; nakatutuwâ; kaayaaya.

**Placer.** a. Makalugód; makatuwâ; ó magbigáy lugód ó tuwâ. || m. Lugód; tuwâ; galák; ligaya; alíw; sayá. || Kalooban; kaibigán; pahintulot.

**Placible.** adj. Nakatutuwâ; nakalúlugód. || Masayá; maligaya.

**Plácido, da.** adj. Tahimik; payapà. || Masayá; nakalúlugód.

**Plaga.** f. Kasakunâang malakí na dinaranas ng̃ isáng bayan, gaya ng̃ salot, pagkakágutóm, at ibá pa. || Kasiràang malakí ó pagkakásakít na dumádatál sa kaninó màn. || fig. Alinmáng kasaliwàang palad, sakunâ, hirap ó dalamhatì.

**Plagiar.** a. *Liter.* Magnakaw; angkinín; ó ariin ng̃ sinomán ang aklát, kathâ ó isipan ng̃ ibá.

**Plagio.** m. Pagnanakaw; ó pagarì ng̃ ibáng aklát, akdâ ó isipan.

**Plan.** m. Panukalà; balak; akalà; pakanâ.

**Plana.** f. Alinmán sa dalawáng mukhâ ng̃ isáng dahon ng̃ papel. || *Impr.* Ang tipon ng̃ mg̃a letra ó titik na nakaayos at bumubuô ng̃ isáng mukhâ ó páhina.

**Planada.** f. Kapatagan.

**Planchador, ra.** m. y f. Magpaplantsá; ó mamimirinsá.

**Planchar.** a. Magplantsa; mamirinsá; ó palansahín; pirinsahín.

**Planeta.** m. *Astr.* Buntalà; ó planeta.

**Planetario, ria.** adj. Ang náuukol sa planeta ó buntalà.

**'Planicie.** f. Kapatagan.

**Plano, na.** adj. Patag; pantáy. || m. Larawan, ó bangháy sa papel ng isáng lupà, moóg, siudad, at ibá pang gangganitó.

**Planta.** f. Talampakan. || *Bot.* Alinmáng pananím ó halaman. || Pagtataním. || Ang taním; ó pananím.

**Plantación.** f. Pagtataním. || Tániman; ó pátaniman.

**Plantador, ra.** m. y f. Ang nagtataním; ó mánananim. || m. Ang kasangkapan sa pagtataním ng halaman.

**Plantar.** a. Magtaním; ó itaním ang alinmáng punòng kahoy ó halaman. || fig. Magtirik; magtulos; magtayô ng anomán. || Magtatág.

**Plantario.** m. Punlâan.

**Plantear.** a. Balakin; akalàin; siyasating mahusay ang anomán, bago gawín.

**Plantel.** m. Punlâan.

**Plantío, tía.** adj. Lupàng may taním; ó matatamnán. || m. Pagtataním.

**Plañidero, ra.** adj. Mapanangis; mapanaghóy.

**Plañido.** m. Panaghóy; panambitan, tangis; iyák.

**Plañir.** n. Tumangis; umiyák na manambitan at humagulgól.

**Plasmar.** a. Kumapál; lumikhâ; ó gumawâ ng anomán sa pamamagitan ng lupà, gaya ng palayók, saro, at ibá pa.

**Plástica.** f. Sining ng paggawâ ó pagbuô ng anománg kasangkapang lupà, yeso, atbp.

**Plata.** f. Pilak. || Salapîng pilak.

**Platanal, ó platanar.** m. Sagingán.

**Plátano.** m. Saging.

**Pleteado, da.** adj. Pinilak; pinilakan; ó kulay pilak.

**Platear.** a. Pilakin; ó balutin ng pilak ang anomán.

**Platería.** f. Ang sining at hanapbuhay ng platero. || Ang gawàan, ó tindahan ng mga yàrìng pilak ó gintô.

**Platero.** m. Ang pandáy pilak; ó platero. || Ang nagbibilí ng mga kasangkapang pilak ó gintô.

**Plática.** f. Sálitâan; úsapan; ó paguusap. || Pangangaral.

**Platicar.** a. Makipagsalitâan; makipagusap.

**Platillo.** m. Pinggáng muntî. || Alinmán sa dalawáng pinggán ng timbangan. || *Mús.* Batsingtsing.

**Plato.** m. Pinggán; dinulang. || Ang ulam; ó pagkaing inihâhain sa pinggán. || Ang kaugalìang pagkain sa arawaraw.

**Plausible.** adj. Kapuripuri; ó dapat purihin.

**Playa.** f. Pasigan; ó dalampasigan; baybáy dagat.

**Plaza.** f. Líwasan. || Tianggi; talipapâ. || Alinmáng lugál na tinibayan ng moóg, kutà, at ibá pa. || Hanapbuhay; katungkulan.

**Plazo.** m. Taning na araw; takdâ; tipán; palugit. || Hangganan.

**Pleamar.** f. *Mar.* Kalakihan, ó lakí ng tubig sa dagat.

**Plebeyo, ya.** adj. y s. Timawà.

**Plegar.** a. Pilegesan; kutunán. || Lupîan; tiklupán. || Kidkirín ang sutlâ ó sinulid. || r. Kumubót; mangundót. || fig. Sumukò; pahinuhod; pasupil.

**Pleitear.** a. Makipagusap; ó makipagusapín; makipagtalo.

**Pleitista.** adj. y s. Palausap; takaw usap.

**Pleito.** m. Usap; usapín. || Paglalaban; pagbabaka. || Pagtatalo. || Babág; away.

**Plenilunio.** m. *Astr.* Kabilugan ng buwán; palabà.

**Plenitud.** f. Kabuùan; kapunùan; kasinkarán. || Kasaganàan.

**Pleno, na.** adj. Punô; buô; lubós; ganáp; sinkád.

**Pliegue.** m. Pileges; kutón; lupî; kubót.

**Plomo.** m. Tinggâ. || Pabató. || Punglô; ó bala.

**Pluma.** f. Pakpák; baguwis; balahibo. || Panulat; panitik; pluma. || fig. Ang kahusayan at kainamang sumulat. || Ang mánunulat.

**Plumaje.** m. Ang madlâng pakpák ó balahibo ng ibon. || Plumahe; ó pamuting pakpák na inilalagáy sa sambalilo, at ibá pa.

**Plumero.** m. Plumero; ó pamakpák ng alikabok.

**Plumista.** m. Ang tagasulat. || Ang gumágawâ ó nagbibilí ng plumahe.

**Plural.** adj. *Gram.* Pangmarami.

**Pluralidad.** f. Dami; karamihan; ó kasaganàan ng anománg bagay.

**Pluviómetro.** m. Panukat ng dami ng tubig na iniúulan.

**Población.** f. Kabilangán ng mga tao sa isáng bayan, lalawigan, bansâ, at ibá pa. || Ang siudad, bayan ó lugál na may nanánahán.

**Poblado.** m. Siudad; bayan; ó nayon.

**Poblador, ra.** s. y. adj. Ang namamayan.

**Poblar.** a. Pamayanan; patirahán sa tao ang isáng lugál. || Punín; pagsikipín. || r. Mapunô, ó dumami ang tao sa isáng lugál. || Yumabong ang kahoy ó halaman.

**Pobre.** adj. Dukhâ; marálitâ; mahirap ang buhay. || Pulubi; salantâ. || Salát; dahóp; kulang. || Hamak; mababà ang halagá. || Kulang palad.

**Pobretón, na.** adj. y. s. Lubhâng mahirap ang buhay; dukhâng dukhâ.

**Pobreza.** f. Karukhâán; karalitâan; kahirapan ng̃ buhay. || Kasalatán; kadahupán ng̃ anomán.

**Pocilga.** f. Kulung̃án ng̃ baboy. || fig. Alinmáng lugál na mabahò at nakasusuklám.

**Poco, ca.** adj. Kauntî; íilán; kapaták. || adv. m. Kákauntî; muntî; munsíng. || adv. t. Sumandalî; saglít. || m. Bagay na kákauntî. || *A poco* m. adv. Sasandalî; sa sumandalîng panahón. || *Poco á poco.* m. adv. Dahandahan; hinayhinay; inótinót; untîuntî. || *Poco más ó menos.* m. adv. Humigít kumulang. || *En poco.* m. adv. Kauntî na. || *Por poco.* m. adv. Kamuntî na.

**Poda.** f. Pagputol ng̃ sang̃áng lamálabis sa mg̃a punò ng̃ kahoy at halaman. || Panahón ng̃ pagputol ng̃ sang̃á ng̃ kahoy.

**Podar.** a. Kapunín; ó putlán ng̃ sang̃áng lumálabis ang mg̃a punòng kahoy at pananím, upáng lumagô at mamung̃a.

**Poder.** a. Mangyari; maarì; makaya. || Makapangyari. || Makakaya; ó magkaroón ng̃ lakás na gumawâ, lumaban ó magtiís || Maka; ó makagawâ ng̃ anomán. || impers. Marahil; ó malapit mangyari. || m. Kapangyarihan. || Lakás; bagsík; kaya; kabagsikan; kakayahán.

**Poderdante.** m. *For.* Ang nagbibigáy ng̃ kapangyarihan sa ibá, upáng makaharáp ó makagawâ ng̃ anomán sa pang̃alan niyá.

**Poderhabiente.** m. *For.* Ang kinatawáng binigyán ng̃ kapangyarihan ng̃ ibá, upáng makapang̃asiwà ng̃ anománg arì ó makagawâ ng̃ ibá pang bagay.

**Poderoso, sa.** adj. Makapangyarihan; ó makapangyayari. || Lubhâng mayaman; ó maginhawa ang buhay. || Dakilà; lubhâng marang̃ál. || Mabisà; mabagsík.

**Podre.** amb. Nanà; bulók.

**Podrecer.** a. Bulukín. || n. y r. Mabulók.

**Podredumbre.** f. Ang pagkabulók; ó kabulukán. || Nakabúbulók. || Nanà.

**Podredura.** f. Pagkabulók. || Kabulukán.

**Podrir.** a. Bulukín; lapukín; gatùín; gipùin. || r. Mabulók; malapók; magatô; magipò. || n. Matáy; málibíng.

**Poema.** m. Akdâng sinulat sa tulâ.

**Poesía.** f. Tulâ; tulâin. || Pagtulâ.

**Poeta.** m. Makatà; mánunulâ.

**Poetastro.** m. Masamâng mánunulâ.

**Poética.** f. Ang sining ng̃ pagtulâ. || Ang aklát na nagsasaysáy ng̃ mg̃a tuntunin ng̃ pagtulâ.

**Poético, ca.** adj. Ang náuukol sa tulâ. || Ang sarili, ó nábabagay sa tulâ.

**Poetisa.** f. Babaing makatà ó mánunulâ.

**Poetizar.** n. Tumulâ.

**Polaina.** f. Polainas.

**Polca.** f. Ang sayáw na polka. || Ang tugtóg na polka.

**Polcar.** n. Sumayáw ng̃ polka.

**Polea.** f. Ang gulóng na gumágaláw sa bilog ng̃ isáng che at siyáng nagpapatakbó sa mákina. || Kalô.

**Polémica.** f. *Mil.* Sining na nagtuturò ng̃ mg̃a laláng sa pakikipagdigmâ, magíng sa pagsalakay at magíng sa pagtatanggól. || Pagtatalo sa pamamagitan ng̃ sulat.

**Polemista.** com. Ang mánunulat na nakikipagtalo.

**Pólice.** m. Hinlalakí.

**Poligamia.** f. Ang pagaasawa ng̃ isáng lalaki sa maraming babae ng̃ sabáysabáy; ó ng̃ isáng babae sa maraming lalaki.

**Polígamo, ma.** m. y f. Ang lalaki, ó babaing maraming asawa.

**Polígloto, ta.** adj. Ang aklát na násusulat sa maraming wikà. || Ang taong marunong ng̃ sarisaring wikà.

**Polilla.** f. Tang̃à; ó polilyá.

**Polín.** m. Paralis; pagulóng.

**Polisílabo, ba.** adj. Ang salitâ ó pang̃ung̃usap na maraming pantíg ó sílaba.

**Politécnico, ca.** adj. Ang nakasasakláw ng̃ maraming karunung̃an ó sining.

**Politeísmo.** m. Ang pananampalataya ó religión na naníniwalà sa maraming dios.

**Poleteísta.** com. Ang sumasampalataya sa maraming dios.

**Política.** f. Ang sining ó karunung̃an ng̃ pamamahalà sa bayan. || Súliraníng bayan. || Ang mabuting paguugalì at karunung̃ang makipagkapuwà tao.

**Político, ca.** adj. Ang náuukol sa polítika. || Magalang; marunong makipagkapuwà tao. || Ang marunong at sanáy sa pamamahalà sa isáng bayan.

**Poltrón, na.** adj. Tamád; alisagà.

**Poltronería.** f. Katámaran; kaalisagàan.

**Poltronizarse.** r. Magpagayóngayón; magalisagà; lumayô sa paggawâ.

**Polvareda.** f. Ang alikabók na nápapaitaás na gawâ, ng hihip ng hangin.

**Polvo.** m. Alikabók; alabók. || Gabók; gilik.

**Pólvora.** f. Pulburá.

**Polvorear.** a. Budburán ó sabugan ng alabók ang anomán; gabukán.

**Polvoriento, ta.** adj. Balót, ó punô ng alikabok.

**Polvoroso, sa.** adj. Maalikabók; ó punô ng alikabók.

**Polla.** f. Dumalagang manók.

**Pollada.** f. Ang katipunan ng sisiw na akay ng isáng inahín.

**Pollastro, tra.** m. y f. Ang sisiw na malakílakí na.

**Pollería.** f. Tindahan ng manók.

**Pollero, ra.** m. y f. Ang nagaalagà, ó nagbibilí ng manók; magmamanók.

**Pollo.** m. Sisiw; ó inakáy ng manók ó ibon. || Ang inakáy ng pukyutan.

**Pómez.** f. Batóng bugà.

**Ponderación.** f. Ang pagbubulay at pagiingat ng sinásabi ó ginágawâ. || Pagpapalakí ng anomán sa salitâ. || Pagtimbáng.

**Ponderal.** adj. Ang náuukol sa timbáng ó bigát.

**Ponderar.** a. Tumimbáng; ó timbangín. || Limiin; wariin; bulaybulayin; isiping mabuti ang anomán. || Pakapurihin; ó palakhín sa sabi ang anomán.

**Ponderosidad.** f. Kabigatán. || Kalakhán.

**Ponderoso, sa.** adj. Mabigát. || Malakí.

**Ponedera.** adj. Ang manók ó ibong nangingitlóg na.

**Poner.** a. Ilagáy; maglagáy. || Ihandâ; igayák; iayos ang anománg kailangan. || Itakdâ; itátag. || Ipagpalagáy. || Pumustá; tumayâ. || Ipaubayà ang anomán sa kalooban ng ibá. || Isulat; ititik sa papel ang dinidiktá ng ibá. || Mangitlóg ang manók ó ibon. || Gamitin; iukol ang anomán. || r. Lumagáy. || Málagay. || Gumawâ ng buông tamán at tiyagâ. || Lumaban; makiharáp sa ibá. || *Astr.* Sumibsíb; lumubóg ang araw ó alinmáng talà.

**Poniente.** m. Kalunuran.

**Pontazgo.** m. Upa ó bayad sa pagdaraán sa tuláy.

**Pontear.** a. Gumawâ, ó maglagáy ng tuláy.

**Pontífice.** m. Ang Obispo ó Arsobispo ng isáng bayan. || *Sumo Pontífice.* Ang Papa.

**Ponzoña.** f. Kamandág; lason. || fig. Aral na nakasisirà sa mabuting kaugalìan.

**Ponzoñoso, sa.** adj. Makamandág; ó may lason.

**Popa.** f. *Mar.* Ang hulí ng sasakyán.

**Populacho.** m. Ang mga taong pinakamababà sa bayan.

**Populàr.** adj. Ang náuukol sa bayan. || Ang sa bayan; ó sa namámayan. || Ang taong ginígiliw ó minámahál ng bayan.

**Popularidad.** f. Ang pagkagiliw at pagpuri ng bayan sa sinománg tao.

**Popularizar.** a. Itanyág ang sínomán ó anomán sa bayan. || r. Mátanyág sa bayan.

**Populoso, sa.** adj. Matao; ó siudád, bayan ó lugál na lubhâng marami ang tao.

**Poquedad.** f. Kakauntîan; kaliitáng bahagi ng anomán. || Karuwagán; kaumirán.

**Poquito, ta.** adj. Mahinà ang katawán; ó mahinà ang loób. || adv. m. Kauntî; kamuntî.

**Por.** prep. Nang; sa; upáng; pará; kapalít ng; dahil sa.

**Porcelana.** f. Porselana; ó losang pino, makináng at maliwanag.

**Porción.** f. Ang bahagi ó halagáng muntî na kinuha sa kalakhán.

**Pordiosear.** n. Magpalimós; ó manghingî ng limós sa baháybaháy.

**Pordioseo.** m. Pagpapalimós.

**Pordiosero, ra.** adj. Pulubi; nagpápalimos.

**Porfía.** f. Pagtatalo; pagtutol. || Pagúulitulit; pagpipilit ng anomán.

**Porfíado, da.** adj. Matigás ang ulo; matutol; masuwayin; dî mapasukang hatol.

**Porfiar.** n. Makipagtalo; makipagtutol. || Magpilit; ó ipagpílitan ang anománg nasà. || Magpumilit sa anománg gawâ.

**Poro.** m. Kilabot ng balát; ó mga butas na mumuntî ng katawán.

**Porque.** conj. causal. Pagkâ, ó sapagkâ; dahil sa; palibhasà. || *¿Porque?* interr. ¿Bakit? || m. fam. Dahilán; katuwiran; ó sanhî ng anomán.

**Porquería.** f. Libág; ó dumí. || Kasalaulàan; kababuyan. || Kabastusán; kawalán ng galang.

**Porqueriza.** f. Kulungán ng baboy.

**Porquerizo.** m. Ang nagaalagà ng baboy.

**Porra.** f. Bambó; ó pangbambó.

**Porrazo.** m. Ang palò ó hampás ng bambó. || Ang dagok ó pukpók ng ibáng kasangkapan.

**Portada.** f. Ang pamuting maringál sa harapán ng bahay na malalakí. || fig. Ang pinaka-

mukhâ ng alinmáng bagay. ‖ Ang takíp ng aklát.

**Portador, ra.** m. y f. Ang may dalá; ó may tagláy ng anomán.

**Portal.** m. Ang loób ó pasukán ng pintùang malakí ng bahay. ‖ Ang pintô ng siudad.

**Portalero.** m. Ang bantáy sa pintô ng isáng bayan, na sumísiyasat ng mga nánasok na kalakal na dapat ipagbayad ng buwís.

**Portarse.** r. Magugalì, ó gumawî ng mabuti ó masamâ ‖ *bien.* Magpakagalíng. ‖ *mal.* Magpakasamâ. ‖ Magpakáhusay; magpakaringál sa sariling katawán at pamumuhay.

**Portátil.** adj. Lipatín; ó magaáng ipaglipatlipat.

**Portazgo.** m. Ang upa sa pagdaraán sa alinmáng lugál.

**Porte.** m. Ang kaupahán sa pagdadalá ó paglilipat ng anomán sa ibáng lugál. ‖ Ang pag. uugalì, gawî at kilos ng isáng tao sa kanyáng sarili at sa pakikipagkapuwà.

**Portear.** a. Magdalá; ó maghatíd ng anomán sa ibáng lugál sa pamamagitan ng upa.

**Portento.** m. Himalâ; ó alinmáng bagay ó pangyayaring kákaibá na nakapanggígilalás ó nakasísindák.

**Portentoso, sa.** adj. Kaibá; walâng kaparis na bagay, na nakapagtataká ó kasindaksindak.

**Portería.** f. Ang pintùang malakí ng bahay. ‖ Ang hanapbuhay na portero.

**Portero, ra.** m. y f. Bantay-pintô.

**Porvenir.** m. Ang panahóng dárating; ó mangyayari pa lamang.

**¡Porvida!** interj. ¡Sumpâ ko!

**Pos (En).** m. adv. Sa likód; sa hulí; kasunód.

**Posada.** f. Ang pamamahay ó táhanang sarili ng bawà't isá ‖ Túluyan; ó pánuluyanán, na nagbabayad ang tumútulóy.

**Posaderas.** f. pl. Pigî.

**Posar.** n. Manuluyan; ó tumulóy sa isáng bahay. ‖ Magpahingá; magpahingaláy. ‖ Tumigil. dumapò ang ibon sa isáng lugál ó sa anomán.

**Posdata.** f. Habol; ó ang idináragdág sa hulí ng sulat na yarì na at may lagdâ.

**Poseedor, ra.** s. y adj. Ang nagaarì; ó naghahawak ng anomán.

**Poseer.** a. May; mayroón; magkaroón; ariin; kamtán ang anomán. ‖ Mátutuhang lubós ang anomán, gaya ng wikà ó ng isáng mataás na kárunungan. ‖ r. Makapangyari sa sarili.

**Posesión.** f. Pagkakaroón; pagkakamít; pagarì; ó pagkamkám ng̃ anomán.

**Posesionar.** a. Iposesión ang anomán. || r. Kumamkám ng̃ anomán.

**Posibilidad.** f. Kaarìang magkaroón, mangyari, ó magawâ ang anomán.

**Posible.** adj. Mangyayari; maáarì; magagawâ.

**Posición.** f. Lagáy; tayô; kalagayan; katayùan. || Pagkálagáy.

**Positivo, va.** adj. Tunay; totoó.

**Posponer.** a. Ihulí; ipagpahulí; ó isahulí. || r. Máhulí; ó málagáy sa huli.

**Postal.** adj. Ang náuukol sa sulat, gaya ng tinátawag na *tarjeta postal.*

**Poste.** m. Haligi.

**Postema.** f. Bagâ; pigsá; ó bukol na may nanà sa lóób.

**Postergación.** f. Pagkahulí; pagkaantala.

**Postergar.** a. Ipagpahulí; ó ilagáy sa hulihán ang anomán. || r. Máhulí.

**Posteridad.** f. Inapó; kaapuapuhan.

**Posterior.** adj. Hulí; náhuhulí; kasunód.

**Posterioridad.** f. Kahulihán; pagkáhulí.

**Postilla.** f. Lang̃íb.

**Postilloso, sa.** adj. May lang̃íb; ó malang̃íb.

**Postmeridiano.** adj. Ang náuukol sa hapon, ó pagkaraán ng̃ tanghalì.

**Postrar.** a. Igibâ; ilagpák ang anomán. || Payayatin; pahinàin ang sínomán. || r. Magdapâ; manikluhód; mang̃ayupapà. || Mang̃ayayat; manghinà. || *en cama.* Máratáy sa hihigán; ó magkasakít.

**Postre.** adj. Hulí; náhuhulí. || m. Himagas. || *A la postre.* m. adv. Sa hulí; sa katapusán.

**Postrer.** adj. Hulí; ó katapusán.

**Postrero, ra.** adj. Katapusán; hulí; ó náhuhulí.

**Postrimería.** f. Ang mg̃a hulíng panahón ng̃ buhay ng̃ tao. || pl. Ang apat na bagay na hulíng dáratíng sa tao, at itó: kamátayan; paghuhukóm; impierno at kaluwalhatìan.

**Póstumo, ma.** adj. Ang lumabás sa maliwanag pagkatapos mamatáy ng̃ kanyáng amá ó ng̃ máng̃ang̃athâ.

**Postura.** f. Anyô; lagáy; tayô; ó pagkalagáy ng̃ sínomán ó anomán.

**Potable.** adj. Maíinóm; ó inumín.

**Potencia.** f. Kapangyarihan-kaya; bagsík; bisà ó lakás sa paggawâ ó paglikhâ ng̃ anomán.

|| Ang kapangyarihan at lakás ng isáng bansâ. || Alinmán sa tatlóng kapangyarihan ng káluluwá, na di ibá't ang *isip*, *ala-ala* at *kalooban*. || Kaharìan; bansâ; bayan.

**Potentado.** m. Ang harì ó prínsipeng makapangyarihan. || Ang taong makapangyarihan at mayaman.

**Potente.** adj. Ang may kaya, lakás, bagsík ó bisà sa anomán. || Makápangyarihan.

**Potestad.** f. Kapangyarihang nakasasakláw sa tao ó sa anomán.

**Potro, tra.** m. y f. Kabayong lalaki ó babae, na ang gulang ay apat na taón at kalahatì humigit kumulang. || fam. Luslós; usós.

**Potroso, sa.** adj. fam. Linúluslusán; ó inúususán; úsusin.

**Poza.** f. Labák; púsalian.

**Pozo.** m. Balón. || Ang lugál na malalim, ó panakapusod ng ilog. || fig. Anománg bagay na siksík, malalim ó buô.

**Práctica.** f. Paggawâ; pagganáp; pagkasanay; pagkabihasa sa anomán.

**Practicable.** adj. Magagawâ; masasanay; madalîng gawín.

**Practicar.** a. Gawín; sanayin; ó gawíng lagì ang anomán. || Magsanay; magpráktika.

**Práctico, ca.** adj. Ang náuukol sa paggawâ. || Sanáy; bihasa.

**Praderia.** f. Parang ó lupà na maraming pastulan ng hayop.

**Prado.** m. Pastulan ng hayop.

**Preámbulo.** m. Simulâ; pamulâ; ó pasimulâ.

**Precaución.** f. Pagiingat; pagilag sa anománg panganib.

**Precaucionarse.** r. Magingat; umilag sa panganib.

**Precaver.** a. Ingatan; ilagan; layùan ang anománg panganib. || r. Magingat; umilag; lumayô sa panganib.

**Precavido, da.** adj. Maingat; marunong lumayô sa panganib.

**Precedente.** p. a. Una; náuuna; ó nangunguna.

**Preceder.** a. Iuna; máuna. || Ipagpauna ang anomán.

**Precepto.** m. Utos; kautusán. || Atas ó pátakaráng ilinalagdâ upáng mákilalang mahusay ó magawâng magalíng ang isáng sining ó karunungan. || Ang utos ng Dios.

**Preceptor.** m. Gurò; nagtuturò.

**Preceptuar.** a. Maglagdâ ng utos ó kautusán.

**Preces.** f. pl. Daíng; luhog, dalangin sa Dios.

**Preciado, da.** adj. Maha-

lagá; magalíng. || Palalò; mapagmagalíng; mapagpanggáp.

**Preciar.** a. Halagahán. || fig. Mahalín. || r. Magpalalô; magmagalíng; magpanggáp.

**Precio.** m. Halagá. || fig. Pagmamahál; ó kahalagahan.

**Preciosidad.** f. Kahalagahán; kagálingan. || Ang bagay na mahalagá.

**Precioso, sa.** adj. Mahalagá; magalíng; mainam. || Masayá; mapagpatawá.

**Precipicio.** m. Bangín; kábubulirán. || Pagkáhulog; pagkabulíd na biglâ.

**Precipitación.** f. Pagbubulíd; pagbubúlusok. || Pagdadalosdalos; pagdadalîdalî.

**Precipitado, da.** adj. Dalosdalós; pabiglâbiglâ.

**Precipitar.** a. Ibulíd; ibulusok; itulak buhat sa isáng matáas na lugál ang sinomán. || Biglâín; dalîdalîin ang anomán. || fig. Isapanganib; ibingit sa ikapapahamak ang sinomán. || r. Dumalosdalos; bumiglâbiglâ. || Dumaluhong.

**Precipitoso, sa.** adj. Dahilig; madulás; nábibingit. || fig. Dalosdalos; biglâbiglâ.

**Precisar.** a. Pilitin; pigipiting gumawâ ng anomán, na huwág patutulin.

**Preciso, sa.** adj. Kailangan; sápilitán; hindî maíiwasan. || Akmâ; bagay; dapat. || Malinaw.

**Precitado, da.** adj. Ang násabi na; ó náturan na.

**Preclaro, ra.** adj. Mariläg; bunyî; bantóg.

**Preconizar.** a. Purihin; ibantóg; ibunyî sa madlâ ang isáng tao ó bagay.

**Peconocer.** a. Mákilalang una; máhulàan.

**Pecursor, ra.** adj. Nangunguna. || m Tagapagbalità.

**Pedecesor, ra.** m. y f. Ang náuna; ó hinalinhán.

**Predecir.** a. Hulàan; ibabalâ ó ibalità ang anomán bago mangyari.

**Predestinado.** m. Itinaán ng Dios sa mulâmulâ pa na magkakamít ng kaluwalhatian.

**Predestinar.** a. Itaán sa una't una ang anomán sa isáng tinútungo ó layon.

**Predicación.** f. Pangangaral. || Aral; ó pangaral.

**Predicador, ra.** m. y f. Ang nangangaral; ó mángangaral.

**Predicar.** a. Ipahayag; ó ipatalastás ng malinaw ang anomán. || Mangaral; ipangaral. || fig. Pangaralan.

**Predicción.** f. Hulà; paghulà.

**Predilección.** f. Pagmamahál ng tangì ó malabis sa kanino man.

**Predilecto, ta.** adj. Pinakámámahál; ó minámahál ng̃ labis.

**Predisponer.** a. Ihandâ; igayák na maaga ang anomán. || Igayák ang loób sa anománg layon. || r. Máhandâ; mágayák. || Gumayák; humandâ sa anomán.

**Predominar.** a. Makapangyari; makapaghari; manaíg.

**Predominio.** m. Kapangyarihan; paghahari; pananaíg.

**Preeminente.** adj. Dakilà; mataás; marang̃ál.

**Prefacio.** m. Simulâ; ó páunang salitâ ng̃ isáng aklát.

**Preferencia.** f. Kaunahán; kalamang̃án; kagáling̃an ng̃ isáng tao ó bagay sa ibá.

**Preferible.** adj. Dapat magaling̃ín, ó mahalín.

**Preferir.** a. Magaling̃ín; mahalín ang anomán sa ibá.

**Pregón.** m. Tawag; pagtatawag.

**Pregonar.** a. Magtawag; ó ipaalám na isigáw sa madlâ ang anomán. || Magduro; maglakô na isinísigáw ang kalakal na ipinagbibilí.

**Pregonero, ra.** adj. Ang naghahayág ó nagkakalát ng̃ anománg balità. || m. Magtatawag.

**Pregunta.** f. Tanóng; katánung̃an.

**Preguntador, ra.** s. y adj. Ang nagtatanóng.

**Preguntar.** a. Magtanóng; tumanóng. || Tanung̃ín; sulitin. || Itanóng; ipagtanóng ang anomán.

**Preguntón, na.** adj. Matánung̃in; maurirà; ó lubhâng matanóng.

**Prehistoria.** f. Ang káunaunahang kasaysayan ng̃ sangsinukob.

**Prehistórico, ca.** adj. Ang náuukol sa unang panahón na dî ináabot ng̃ kasaysayan.

**Prejuicio.** m. Paghatol; ó pagpapasiyáng una sa anománg bagay.

**Prejuzgar.** a. Hatulan; ó pagpasiyahán ng̃ una sa ukol na panahón ó ng̃ walâng ganáp na pagkákilala ó pagkaalám sa anomán.

**Preliminar.** adj. Una; simulâ; pauná; ó pasimulâ ng̃ anománg bagay.

**Preludio.** m. Ang simulâ, bung̃ad; ó pamulâ ng̃ anomán. || *Mús.* Ang simulâ ng̃ tugtugin.

**Prematuro, ra.** adj. Maaga; ó walâ pa sa panahóng dapat. || *For.* Ang babaing hindî pa sumásapit sa gulang na makapagasawa.

**Premeditación.** f. Pagwawariwari; ó pagbubulaybulay ng̃ anomán bago gawín.

**Premeditar.** a. Wariwariin; ó isipisipin ang anomán bago

gawín. || *For*. Akalàin; ó bantâín ang anománg gawâng masamâ.

**Premiar.** a. Pagpalàin; gantihín; bihisin; ó bigyáng gantingpalà ang sinomán.

**Premio.** m. Palâ; gantí; bihis; gantingpalà.

**Premura.** f. Kagipitan; kahigpitan. || Pagmamadalî; kadalìan.

**Prenda.** f. Sanglâ. || Ang hiyás, alahas, ó alinmáng kasangkapang ginágamit sa bahay, lalò na kung isinásanglâ ó ipinagbibilí. || fig. Ang katibayan ng anomán. || Ang iniibig ng taós sa pusò, gaya ng mga anák, asawa, atbp. || Alinmáng hiyás ó kabutihan na tagláy ng isáng tao.

**Prendar.** a. Humingî ng anománg sanglâ ó hiyás, na katibayan ng pagkakautang. || r. Máhilig ang loób; ó mágiliw sa isáng tao ó bagay.

**Prender.** a. Tangnán; sunggabán ang anomán. || Hulihin; dakpín; piitín; ó ibilanggô ang sinomán. || n. Magugát; ó magnawnáw ang halaman. || r. Maghiyás ang babae.

**Prendimiento.** m. Paghuli; pagdakíp; pagpiít.

**Prensa.** f. Hapitán; prinsá. || Mákinang panglimbág. || Limbagan; lalò na ang sa páhayagán. || fig. Ang pamamahayag.

**Prensar.** a. Hapitin; impitín; daganán. || Pirinsahín.

**Presión.** f. Pagsunggáb; pagtangan ng anomán.

**Prensista.** m. Ang gumágawâ sa mákina ng panglimbág.

**Preñado, da.** adj. Buntís. || fig. Punô; ó saganà ng anomán. || m. Kabuntisán.

**Preñez.** f. Kabuntisán.

**Preparación.** f. Paghahandâ; paggagayák ng anomán.

**Preparar.** a. Maghandâ; maggayák; ó ihandâ; iagap ang anomán. || Igayák ang isáng tao sa anomán. || r. Humandâ; gumayák.

**Preparativo, va.** adj. Ang iniháhandâ; ó iginágayák. || m. Paghahandâ.

**Preposición.** f. *Gram*. Pangukol.

**Prepotencia.** f. Kapangyarihang mataás sa ibá; ó dakilàng kapangyarihan.

**Prepotente.** adj. Lubhâng makapangyarihan.

**Presa.** f. Paghuli; pagdakíp; pagsamsám; ó pagagaw ng anomán. || Sangkáng pádaluyan ng tubig sa ilog. || Ang kukó ng mga ibong mangdaragit. || Ang pangil na malakí at matalím ng mga hayop na mabangís.

**Presagiar.** a. Humulà; ó ibabalâ ang anománg bagay na bago pa lamang mangyayari.

**Presagio.** m. Ang tandâ ó babalâ na naghihiwatig ng̃ anománg mangyayari; pang̃itain.

**Presbítero.** m. Parìng may kapangyarihang magmisa.

**Prescindir.** a. Ihiwaláy; ilayô ang anomán sa ibá. || Huwág isama sa isáng tao ó bagay. || Pabayàan; lisanin; huwág gawín.

**Presencia.** f. Haráp; ó pagharáp. || Ang tikas; anyô ó tindíg ng̃ katawán. || Ang gayák na marikít.

**Presenciar.** a. Humaráp; harapín; ó mákaharáp sa alinmáng pangyayari.

**Presentación.** f. Pagharáp. || Pagpapakilala. || Paghaharáp ó pagpapalagáy sa isá sa anománg katungkulan.

**Presentar.** a. Iharáp; ipakita; ipakilala. || Maghandóg; magalay; maghain ng̃ anomán. || Ipalagáy ang sinomán sa isáng katungkulan. || r. *For.* Humaráp; dumulóg sa húkuman. || Humandóg; umalay na kusà sa paglilingkód sa kapuwà.

**Presente.** adj. Nakaharáp; ó na sa haráp ng̃ sinomán. || Kasalukuyang panahón. || *Gram.* Ang panahóng kasalukuyan. || m. Handóg; alay; hain.

**Presentimiento.** m. Hinalà; gunígunî; ó kutób sa anománg mangyayari.

**Presentir.** a. Máguníguní; mákiníkinitá; kumutób sa loób ang bago pa lamang mangyayari. || Hulàan, ó máhulàan.

**Preservación.** f. Pagligtás; pagiingat sa pang̃anib.

**Preservar.** a. Iligtás; ipagadyá; ing̃atan; ó ilayô sa pang̃anib. || r. Magingat; ó maligtás sa pang̃anib.

**Presidencia.** f. Páng̃uluhán. || Ang pang̃ung̃ulo; ó pagpupunò.

**Presidenta.** f. Ang pang̃ulong babae. || Ang asawa ng̃ presidente.

**Presidente.** m. Ang pang̃ulo; ó nagpupunò sa isáng bayan, kapisanan ó pulong.

**Presidiario.** m. Bilanggô.

**Presidio.** m. Bílanggùan.

**Presidir.** a. Mang̃ulo; ó magpunò sa alinmáng pulong ó kapisanan.

**Presión.** f. Paghapit; pagimpít; pagpigâ ng̃ anomán.

**Preso, sa.** m. y f. Bilanggô.

**Prestado (De).** m. adv. Hirám; sinandalì.

**Prestamista.** com. Ang nagpapahirám, ó nagpapautang ng̃ salapî.

**Préstamo.** m. Pagpapahirám; ó pagpapautang ng̃ salapî.

**Prestar.** a. Magpahirám; magpasandalì. || Magpautang. || Tumulong; umabuloy.

**Presteza.** f. Kadalìan; kaalinan; kabilisán; kaliksihan.

**Presto, ta.** adj. Madalî; masipag; maliksí. || Nakahandâ; nakagayák. || adv. t. Agadagad; pagdaka; kagyát; daglî.

**Presumido, da.** adj. Palalò; hambóg.

**Presumir.** a. Maghinalà; magsapantahà; magbintáng. || Magpalalô; magmagalíng; magpanggáp.

**Presunción.** f. Hinalà; sapantahà; bintáng. || Kapalalùan; kahambugán.

**Presuntuosidad.** f. Kapalalùan; ó pagmamagalíng.

**Presuntuoso, sa.** adj. Mapagpalalô; mapaghambóg; mapagmagalíng.

**Presuponer.** a. Hakàin; ó ipalagáy muna ang anomán. || Balakin ang gugol ó magúgugol sa anomán.

**Presupuesto.** m. Ang balak na gugulin sa anomán. || Dahilán; sanhî. || Pagpapalagáy.

**Presuroso, sa.** adj. Madalî; matulin; mabilís.

**Pretender.** a. Pagpilitan; pagsikapang tamuhín ang anomán. || Magnasà; maghangád; magakalà.

**Pretensión.** f. Pagpipilit; pagsisikap na makamtán ang anománg nais. || Nasà; hangád.

**Pretérito, ta.** adj. Ang nakaraán na; ó nangyari na. || m. *Gram.* Ang panahóng nakaraán na.

**Pretextar.** n. Magdahilán.

**Pretexto.** m. Dahilán; ó dahídahilán.

**Pretina.** f. Baywáng ng damít; ó piritina.

**Prevalecer.** n. Manaíg; lumalò; mátangì; ó mamukód sa ibá.

**Prevención.** f. Pagagap; paghahandâ. || Pagiingat. || Paglaláán ng pagkain ó ng anomán. || Balà; utos; ó bilin.

**Prevenido, da.** adj. Handâ; gayák; laán. || Punô; saganà. || Maingat.

**Prevenir.** a. Iagap; ihandâ; ilaán; igayák ang mga kailangan. || Mákilalang una; ó málaman agád ang anománg kapanganyayàan. || Umagap; magpauná. || Ingatan; ilagan; layùan ang anomán. || Ibabalâ; ó ibalità sa ibá ang anomán. || r. Humandâ; gumayák.

**Prever.** a. Mákilalang una; ó hulàan ang anománg mangyayari. || Pagingatan.

**Previo, via.** adj. Una; náuuna; ó nangunguna.

**Prez.** m. Puri; dangál; kapurihán; karangalan.

**Priesa.** f. Pagmamadalî.

**Prieto, ta.** adj. Itím; ó maitím.

**Primacía.** f. Kadakilàan; kalamangán; ó kagálingan sa ibá.

**Primario, ria.** adj. Una; panguna; punò.

**Primazgo.** m. Pagpipinsan.

**Primearse.** r. Magtawagán ng pinsan.

**Primer.** adj. Una; káunaunahan, gaya ng *primer año, una ó káunaunahang taón.*

**Primerizo, za.** adj. Ang una; ó nangunguna kay sa ibá. || f. Ang nangánganay.

**Primero, ra.** adj. Una; káunaunahan; nangunguna sa ibá.

**Primicia.** f. Ang unang bunga ng anománg bagay; pamago.

**Primitivo, va.** adj. Una; náuuna; ó hindî nagbuhat sa ibá.

**Primo, ma.** adj. Una; magalíng; marikít. || m. y f. Pinsan. || *hermano ó carnal.* Pinsang buô. || *segundo, tercero,* etc. Pinsang pangalawá, pangatló, atbp.

**Primogénito, ta.** adj. Panganay na anák.

**Primor.** m. Talas; dunong; linis at galíng na gumawâ ó magsalitâ ng anomán. || Ang gawâ ó salitâng lubhâng magalíng at marikít.

**Primoroso, sa.** adj. Magalíng; marikít; mainam na lubós. || Sanáy; bihasa.

**Principal.** adj. Ang una, ó panguna kay sa ibá sa kalagayan ó halagá. || Ginoó; máginoó. || Ang pinakauna; ó pinakaulo sa alinmáng hanapbuhay. || Panguna; ó pangulo sa anomán. || m. Puhunan. || Ang punò ng isáng bahay kalakal.

**Príncipe.** m. Ang panguna, dakilà at lalòng magalíng sa anomán. || Ang prínsipe; ó anák na panganay ng harì na magmamana ng kaharìan. || Ang harì ng isáng bansâ.

**Principiante.** m. Baguhan; ó bagong nagaaral ng anomán.

**Principiar.** a. Mulán; simulán; ó magmulâ ng anomán.

**Principio.** m. Mulâ; simulâ; punò. || Batayán; saligán. || Pinagmulán; pinagbuhatan. || Símulâin.

**Pringoso, sa.** adj. May mantikà; may linab.

**Pringue.** amb. Mantikà; tabâ.

**Prioridad.** f. Kaunahán; ó pagkauná sa panahón ó sa kalágayan.

**Prisa.** f. Pagmamadalî; kadalìan; ó kabilisán sa paggawâ ng anomán.

**Prisión.** f. Paghuli; pagdakíp; pagsúnggáb. || Bílanggùan; piitan. || pl. Tanikalâ; pangáw.

**Prisionero.** m. *Mil.* Ang sundalo ó kawal na bihag sa digmâ ng kaaway.

**Privación.** f. Pagsamsám; pagkuha ng arì ng ibá. || Pagbabawal. || Pagaalís sa tungkól.

**Privadamente.** adv. m. Sálilinan; bukód.

**Privado, da.** adj. Sarili; bukód; tangì.

**Privar.** a. Samsamán; ilitán; ó alisán ng arì ang sinomán. || Itiwalág; alisín sa tungkól ang sinomán. || Pagbawalan. || r. Pabayàan; iwang kusà ang anomán. || Himatayín; mawalán ng malay.

**Pro.** amb. Pakinabang. || *En pro.* m: adv. Ayon; sangayon.

**Proa.** f. *Mar.* Ang doóng ó unahán ng sasakyán.

**Probar.** a. Subukin; tayahin; tikmán. || Siyasatin. || Patotohanan; patunayan; patibayan. || Tikmán; lasahin; ó simsimín. || n. Máakmâ; mábagay; máhiyáng.

**Probidad.** f. Kabáitan; ó kamáhalan at kalinisan ng ugalì, kaasalán at mga gawâ.

**Problema.** m. Súliranín; paláisipán.

**Problemático, ca.** adj. Alinlangan; hindî matiyák.

**Probo, ba.** adj. Mabaít; mabuti; ó mahál ang paguugalì, asal at mga gawâ.

**Procaz.** adj. Walâng hiyâ; pangahás.

**Procedencia.** f. Pinagmulán; dinanggalingan; pinagbuhatan.

**Procedente.** p. a. Nanggaling; nagmulâ; nagbuhat.

**Proceder.** m. Paguugalì; kaasalán. || n. Magbuhat; magmulâ; maggaling ang isáng bagay sa ibá. || Magugalì; magasal ng mabuti ó masamâ. || Gawín; ganapín; pamulán ang anomán.

**Prócer.** adj. Mataás; dakilà. || m. Ang taong marangál, ó mataás ang katungkulan.

**Proceridad.** f. Kataasán; kadakilàan; || Lusóg; lakí.

**Procesión.** f. Prusisiyón.

**Proclama.** f. Tawag; ó pagtatawag, na ginágawâ sa simbahan sa mga ikakasál. || Pamahayag; pahayag sa madlâ.

**Proclamación.** f. Pagpapahayag na maringál sa bayan ng anománg kautusán.

**Proclamar.** a. Ipagtawag; ó ipahayag ang anomán sa haráp ng madlâ. || Ipagdiwang; ipagbunyî ang unang paghaharì ng sinomán. || Ipagsígawan.

**Procrear.** a. Papaganakín; paramihin; ó pakapalín ang anománg bagay.

**Procurador, ra.** m. y f. Ang tagalakad ng anomán; ó pintakasi. || m. Ang gumágawâ ó gumáganáp ng anomán sa pangalan ng ibá, sa bisà ng kapangyarihang bigáy ng tunay na may arì.

**Procurar.** a. Pagpilitan; pagsikapan; pagsakitang tamuhín ang anománg ninánasà.

**Prodigalidad.** f. Kaalibughâan; pagaaksayá; ó pagtatapón ng sariling pagaarì. || Kasaganàan; karamihan.

**Prodigar.** a. Aksayahín; ó ipagtapóng lubhâ ang anomán. || Magaksayá.

**Prodigio.** m. Himalâ; kababalaghán.

**Pródigo, ga.** adj. y s. Alibughâ; mapagaksayá; ó mapagtapón ng pagaarì. || Mapagbiyayà.

**Producción.** f. Pagkathâ; paglaláng; paglikhâ. || Ang bagay na nálikhâ ó nálaláng.

**Producir.** a. Kathâín; lalangín; likhâín ang anomán. || Mamunga. || Tumubò; ó magbigáy pakinabang.

**Producto.** m. Ang bagay na nálikhâ ó ibinunga ng anomán. || Pakinabang; tubò. || *Mat.* Kinálabasán.

**Proemio.** m. Simulâ; páunang salitâ.

**Proeza.** f. Katapangan; pagkabayani.

**Profanar.** a. Lapastanganin; paslangín ang isáng kagalanggalang na bagay. || Dumhán; siràan ng puri.

**Profano, na.** adj. Ang hindî kagalanggalang ó sagrado. || Ang nálalaban sa paggalang sa mga sagradong bagay. || Ang maibigín sa mga layaw sa mundó.

**Profesía.** f. Hulà; ó panghuhulà.

**Proferir.** a. Wikàin; sabihin; bigkasín.

**Profesión.** f. Hanapbuhay; paghahanap; katungkulan.

**Profesor, ra.** m. y f. Gurò; nagtuturò.

**Profeta.** m. Manghuhulà.

**Profetisa.** f. Babaing manghuhulà.

**Profetizar.** a. Humulà; ó hulàan.

**Prófugo, ga.** adj. Layás; lagalág; palakadlakad.

**Profundidad.** f. Kalaliman. || Lalim ng anómáng bagay.

**Profundizar.** a. Palalimin; ó hukayin ang anomán at ng lalòng lumalim.

**Profundo, da.** adj. Malalim. || fig. Tagô; lingíd; mahirap tarukín.

**Profusión.** f. Paggugol na malabis ó lagpós.

**Profuso, sa.** adj. Malabis na gumugol.

**Progenie.** f. Lahì; lipì; angkán; ó ának.

**Progenitor.** m. Magulang ó kanunùang pinagbuhatan ng isáng tao.

**Programa.** m. Pahayag; ó babalâ sa madlâ. ‖ Palátuntunan; pátakarán.

**Progresar.** n. Másulong; bumuti; gumalíng sa anomán.

**Progresivo, va.** adj. Masúlong; sumúsulong; ó pasulóng.

**Progreso.** m. Pagsulong; ó pagkásulong. ‖ Pagbuti; ó paggalíng sa anomán.

**Prohibición.** f. Pagbabawal.

**Prohibir.** a. Ipagbawal. ‖ Sansalàin; sawatâín; sawayín.

**Prohijar.** a. Ariing anák na tunay ang sa ibang anák.

**Prójimo.** m. Kapuwà tao.

**Prole.** f. Ang mg̃a anák; inanák; ó lahì ng̃ sinomán.

**Proletario, ria.** adj. Dukhâ; mahirap; walâng pagaari.

**Prolijidad.** f. Kahabàang malabis ng̃ anomán. ‖ Diwarà; ó kadiwaràan.

**Prolijo, ja.** adj. Mahabàng lubhâ. ‖ Madiwarà; malawig; malurit.

**Prólogo.** m. Páunáng salitâ, na inilálagáy sa unahán ng̃ aklát.

**Prologuista.** m. Ang nagbigáy ng̃ páunáng salitâ sa isáng aklát.

**Prolongación.** f. Pagpapahabà. ‖ Pagluluwát.

**Prolongado, da.** adj. Mahabà; ó malakí ang habà sa luwáng. ‖ Matagál.

**Prolongar.** a. Habàan. ‖ Tagalán; luwatán; launan. ‖ r. Humabà. ‖ Magluwát.

**Promediar.** a. Hatìin ó bahaginin sa gitnâng gitnâ ang isáng bagay. ‖ n. Mamagitan.

**Promedio.** m. Kalagitnâan; kalahatìan.

**Promesa.** f. Pang̃akò; kapang̃akùan. ‖ Panata.

**Prometer.** a. Mang̃akò; ipang̃akò ang anomán. ‖ r. Umasang magkákamít ng̃ anománg ninánasà. ‖ Magpanata. ‖ Magpang̃akùan sa pagaasawa.

**Prominencia.** f. Kataasán; kadakilàan.

**Prominente.** adj. Mataás; dakilà.

**Promisión.** f. Pang̃akò: tang̃ìng ginámit ng̃ayón sa salitâng *tierra de promisión*, *lupàng pang̃akò*.

**Promoción.** f. Ang paglakad; ó pagpipilit na magtamó ng̃ anomán. ‖ Pagkátaás ng̃ katungkulan.

**Promontorio.** m. Tagudtód; ó lupàng totoóng mataás. ‖ *Geogr.* Tang̃os na mataás ng̃ lupà.

**Promover.** a. Lakarin ang anománg bagay at pagpilitang tamuhín ó tapusin. ‖ Itaás ng̃ katungkulan ang sínomán.

**Promulgar.** a. Ipahayag; ipaalám sa madlâ ang anomán.

**Pronombre.** m. *Gram.* Pangtayô.

**Pronosticar.** a. Hulàan; ó ibabalâ ang anománg dáratíng ó mangyayari.

**Pronóstico.** m. Hulà; paghulà.

**Prontitud.** f. Kadalìan; katulinan; kaliksihán. || Katalasan ng isip; katalinuhan.

**Pronto, ta.** adj. Madalî; matulin; maliksí. || Nakahandâ; gayák.

**Pronunciación.** f. Pagbigkás; pagbabadyá; pagsasabi; ó pagsasalitâ ng anománg pangungusap.

**Pronunciar.** a. Magbadyá; bigkasín; ó sabihin ang anománg salitâ. || *For.* Ilagdâ ang kahatulán. || r. Magalsá; manghimagsík.

**Propagación.** f. Pagdami; pagkapál ng anomán. || fig. Pagkalat; paglaganap.

**Propaganda.** f. Pagpapalaganap.

**Propagandista.** m. y f. Ang nagpapalaganap; ó tagapagpalaganap ng anomán.

**Propagar.** a. Paramihin; pakapalín ang anomán. || fig. Palaganapin; ikalat; isabog. || r. Dumami; kumapál. || fig. Kumalat; lumaganap.

**Propalar.** a. Ihayág; ilathalà; isiwalat ang anománg lihim. || r. Máhayág; másiwalat.

**Propasar.** a. Lagpusán ang karampatan. || r. Lumagpós; lumabis sa karampatan; magíng sa gawâ ó sa salitâ man.

**Propender.** n. Máhilig; máhinggíl; mágawî ang loób sa anomán.

**Propensión.** m. Hilig; hinggíl; ó gawî ng loób sa anomán.

**Propenso, sa.** adj. Mahilig; mawilihín.

**Propiciar.** a. Palambutín ang kalooban; pahupâín ang galit ng sínomán.

**Propiciatorio, ria.** adj. Pangpalambót ng loób; pangpahupâ ng galit.

**Propicio, cía.** adj. Maamòng loób at mahilig na gumawâ ng mabuti sa kapuwà; maawàín.

**Propiedad.** f. Arì; pagaarì. || Kayamanan. || Kabagayáng sarili ng anomán. || Katutubòng hilig ng sínomán.

**Propietario, ria.** s. y adj. May arì; mapagáarì.

**Propina.** f. Upa; pabuyà.

**Propio, pia.** adj. Sarili. || Ang sariling gawî ó katangìan ng bawà't isá. || Akmâ; bagay; angkóp. || Katulad; kamukhâ.

**Proponer.** a. Magpalagáy; magmungkahì; ó imungkahì; ipalagáy. || r. Magtika; ó magpasiyáng gumawâ ó dilì ng anomán.

**Proporción.** f. Pagkákalagáy;

pagkakáayos; pagkakábagay ng anomán.

**Proporcionado, da.** adj. Ukol; bagay; akmâ; angkóp sa pinagkákailanganan.

**Proporcionar.** a. Pagbagayin; ibagay; iakmâ. || Iayos; ihandâ ang anomán, upáng tamuhín ang hináhangád.

**Proposición.** f. Palagáy; mungkahì. || Pagpapalagáy.

**Propósito.** m. Tika; nasà; bantâ. || Tungo; layon; hangád. || Pinagúusapan; pinagsasalitâan. || *A propósito* m. adv. Bagay; akmâ; angkóp. || *De propósito.* m. adv. Sinadyâ; kinusà.

**Propuesta**. f. Mungkahì; palagáy.

**Prórroga.** f. Palugit.

**Prorrogable.** adj. Mapapalugitan.

**Prorrogación**. f. Palugít na panahón.

**Prorrogar.** a. Magpalugit; ó palugitan ang takdâng panahón ng anomán. || Itigil; ipagpaliban.

**Prosa.** f. Túluyan; pátuluyan.

**Prosaico, ca.** adj. Ang náuukol, ó násusulat sa pátuluyan ó prosa.

**Prosapia.** f. Lahì; angkán; ó ának na pinagbuhatan.

**Prosecución.** f. Pagpapatuloy.

**Proseguible.** adj. Maipatutuloy.

**Proseguir.** a. Ituloy; ipatuloy ang nápasimulán na. || Magpatuloy.

**Prosélito.** m. Kampón; kakampí; kaayon; kapangkát.

**Prosista.** com. Ang mánunulat ó sumúsulat sa pátuluyan ó prosa.

**Prosodia.** f. *Gram.* Pagbigkás.

**Prospecto.** m. Pahayag ó babalâng maiklî sa madlâ, na ukol sa pagpapákilala ng isáng aklát, kalakal, at ibá pa.

**Prosperar.** a. Paginhawahin; payamanin. || n. Guminhawa ang buhay. || Bumuti; sumulong; lumusóg ang anomán.

**Prosperidad.** f. Kaginhawahan; kapalaran; ó kabutihang palad.

**Próspero, ra.** adj. Maginhawa; mapalad.

**Prostitución.** f. Pagbibilí ng puri; ó pangangalakal ng sariling katawán.

**Prostituir.** a. Ipagbilí ang puri; ó kalakalin ang sariling katawán. || r. Mangalakal ng puri; magbilí ng sariling katawán.

**Prostituta.** f. Babaing nagbibilí ó nagpapaupá ng kanyáng puri.

**Protagonista.** com. Ang

pangulong tao ó personahe sa isáng dulà ó kathâ.

**Protección.** f. Pagaampón; pagtatangkilik; pagtulong. || Tangkilik; ampón; tulong.

**Proteccionismo.** m. Pagtatangkílikan; pagtutulungán sa pangangalakal.

**Protector, ra.** s. y adj. Tagapagtangkilik; tagapagampón.

**Proteger.** a. Umampón; tumangkilik; tumulong. || r. Magampunan; magtangkílikan; magtulungán.

**Protesta.** f. Tutol; ó pagtutol.

**Protestante.** p. a. Ang tumútutol. || adj. y s. Ang taong sumúsunód sa religióng itinatág niná Lutero, Calvino, at ibá pa.

**Protestantismo.** m. Ang pananampalatayang sinúsunód ng mga protestante.

**Protestar.** a. Tumutol. || Patunayang mahigpít ang anomán.

**Protomártir.** m. Ang una, ó pangulo ng mga martir.

**Protomédico.** m. Ang una at pangulo ng mga médiko ó manggagamot.

**Prototipo.** m. Huwaran; ó unang pinaghangùan ng isáng larawan ó ibáng bagay.

**Provecho.** m. Pakinabang. || Kapakinabangán; kapakanán; kagálingang ginágawâ sa ibá. || Palâ; hitâ; tamó.

**Provechoso, sa.** adj. Mapakinabang; ó may pakinabang; pakíkinabangan.

**Proveer.** a. Maglaán; magtinggál; ó maghandâ ng pagkain ó ibáng bagay na kailangan sa anomán. || Magkaloób, ó magbigáy ng isáng katungkulan ó ibáng bagay. || Ipaglaán; ipaghandâ ang sínomán ng kanyáng kailangan.

**Provenir.** n. Magmulâ; magbuhat; manggaling.

**Proverbio.** m. Kawikàan; kasabihán.

**Provincia.** f. Lalawigan.

**Provincial.** adj. Ang náuukol sa lalawigan.

**Provinciano, na.** s. y adj. Tagá lalawigan.

**Provisión.** f. Paglalaán; pagtitinggál ng pagkain ó ibáng bagay. || Tininggál; laán; handâng mga pagkain ó anomán.

**Provisional.** adj. Samantalà; pangsamantalà.

**Provocación.** f. Pagudyók; paghikayat; pagsusulsól; paghamon.

**Provocar.** a. Magudyók; humikayat; magsulsól; humamon. || Pagalitin; aglahìin; pagwikàan; hamunin.

**Provocativo, va.** adj. Nakahíhikayat; nakabubuyó. || Mapaghamón; mapagaglahì.

**Proximidad.** f. Kalapitan. || Pagkakálapít.

**Próximo, ma.** adj. Malapit. || Kalapít.

**Proyectar.** a. Magpanukalà; bumalak; ó balakin; panukalàin ang anomán.

**Proyecto.** m. Panukalà; balak; akalà.

**Prudencia.** f. Kábaitan; hinahon. || Katimtimang loób.

**Prudente.** adj Mabaít; mahinahon. || Matimtimang loób.

**Prueba.** f. Pagpapatotoó; pagpapatibay. || Patibay; patotoó; katibayan. || Pagsubok. || Pagtikím.

**Prurito.** m. *Med.* Katí ng balát. || fig. Nasàng mahigpít.

**Pseudónimo.** m. Pamagát; pangalang hindî tunay.

**Psicología.** f. Ang karunungang tumútukoy sa káluluwá.

**Púa.** f. Subyáng; tulis; tiník. || Tinghás. || Ang ngipin ng sukláy. || Poa, na panugtóg ng banduria ó gitara. || Ang pakò ng trumpó.

**Pubertad.** f. Ang pagbabagongtao; ó pagdadalagá.

**Pubescer.** n. Sumapit sa pagbabagongtao ó sa pagdadalagá.

**Publicación.** f. Paghahayág; paglalathalà.

**Publicar.** a. Ihayág; ilathalà ang anomán sa madlâ. || Ipahayag ang nálilihim.

**Publicidad.** f. Pagkahayág; pagkaalám ng madlâ. || Paghahayág ng mga babalâ, kartel, atbp.

**Publicista.** f. Mámamahayág; manglalathalà.

**Público, ca.** adj. Hayág; alám ng madlâ. || Ang náuukol sa bayan ó sa sangbayanan. || m. Ang sangbayanan; madlâ; kalahatán; ó alinmáng katipunan ng mga tao. || *En público.* m. adv. Sa hayág; ó sa háyagan.

**Puchero.** m. Palayók na muntî.

**Pudendo, da.** adj. Mahalay; pangit; kahiyâhiyâ. || m. Ang punòng katawan.

**Pudicicia.** f. Kahinhinán; kalinisan; ó pagkálayô ng loób sa kahalayan.

**Púdico, ca.** adj. Mahinhín; malinis; ó maingat sa kahalayan.

**Pudiente.** adj. Mayaman; masalapî; makapangyarihan.

**Pudor.** m. Kahinhinán; kalinisan; hiyâ ó kahihiyán.

**Pudoroso, sa.** adj. Mahinhín; mahihiín.

**Pudrición.** f. Pagkabulók. || Kabulukán.

**Pudridero.** m. Búlukan.

**Pudrimiento.** m. Pagkabulók; pagkagipò.

**Pudrir.** a. Bulukín; lapukín; gipùin. || r. Mabulók; masirà; malapók; magipò.

**Pueblo.** m. Bayan. || Ang katipunan ng mga taong nanánahán sa isáng lugál. || Ang taong bayan. || Bansâ.

**Puente.** amb. Tuláy. || *colgante.* Ang tuláy na nakabitin ó nakasabit. || *levadizo.* Ang tuláy na buhatín ó nabubuhat.

**Puerco, ca.** adj. Salaulà; marumí; walâng ayos. || fig. Walâng galang ni pinagaralan. || m. y f. Baboy. || *Puerco montés,* ó *salvaje.* Baboy damó.

**Puericia.** f. Kabatàan; ó gulang ng tao mulâ sa pitó hanggáng labing apat na taón.

**Pueril.** adj. Ang náuukol sa batà. || Gawâ ó salitâng batà.

**Puerilidad.** f. Kilos, gawâ, ó salitâng batà. || Bagay na walâng kabuluhán.

**Puerta.** f. Pintô; ó pintùan.

**Puerto.** m. Doongan; sadsaran; punduhan ng mga sasakyán.

**Pues.** conj. causal. Yamang; yayamang. || conj. continuativa. Ngâ; yamang. || conj. ilativa. Kayâ; kung gayón. || conj. advers. Sapagkâ; palibhasà. || *¿Pues?* interrog. ¿Bakit? ¿Anó? ¿Ay anó?

**Puesta.** f. Paglubóg ng araw ó ng ibáng talà. || Pustá; tayâ.

**Puesto.** m. Kinálalagyán; kinatatayùan; ó lugál. || Katungkulan; tungkulin; hanapbuhay. || fig. Ang lagáy ó kalágayan ng anomán. || *Puesto que.* conj. Bagamán; yaman; yayamang.

**¡Puf!** interj. Salitâng ipinagsasaysáy ng anománg lubhâng mabahò, na naáamóy.

**Pugilato.** m. Suntukan; pánuntukan.

**Pugna.** f. Babág; away; labanán. || Pagkakálaban; pagkakásalungatan.

**Pugnar.** n. Bumabag; umaway; makipaglaban; ó makipagbabág. || Magpumilit. || Tumutol.

**Puja.** f. Pagdaragdág ng tawad sa halagá ng anománg ipinagbibilí sa háyagan. || Ang idinagdág na tawad sa halagá.

**Pujanza.** f. Lakás ó kayang malakí upáng makagawâ ng anomán.

**Pujar.** a. Magdagdág ng tawad sa takdâng halagá ng anománg ipinagbíbilí ó ipinaáarindá. || Gumahís, ó gahisín; dumagís.

**Pujo.** m. Sakít na daragís.

**Pulcritud.** f. Karikitan; kagandahan; kalinisan.

**Pulcro, cra.** adj. Marikít; malinis; magandá; butihin.

**Pulga.** f. Pulgás; kutong áso.

**Pulgada.** f. Dalì; ó panukat na may 25 milímetro ang habà.

**Pulgar.** m. Hinlalakí.

**Pulgarada.** f. Piral; kurót. || Dalì.

**Pulgoso, sa.** adj. Pulgasin; ó mapulgás.

**Pulidez.** f. Kakinisan; kagandahan; karikitan; kainaman.

**Pulido, da.** adj. Makinis; marikít; mainam.

**Pulimentar.** a. Pakinisin; bulihin; pakintabín ang anomán. || r. Kuminis; kumináng.

**Pulimento.** m. Kináng; kintáb; kinis; pagkábuli.

**Pulir.** a. Bulihin; pakinisin; pakinangín ang anomán. || Husayin; pagigihin. || Pumutihan; pagandahín; parikitín.

**Pulmón.** m. *Anat.* Bagà.

**Pulmonar.** adj. Ang náuukol sa bagà.

**Pulmonía.** f. *Med.* Sakít na pamamagâ ng bagà.

**Pulsar.** a. Pulsuhán ang may sakít. || n. Tumibók; kumitíg.

**Pulsera.** f. Pulseras.

**Pulso.** m. Pulsó; tibók; kitíg.

**Pulverizar.** a. Pulbusín; gabukín ang anomán. || r. Mápulbós; magíng pulbós.

**Pundonor.** m. Puri; dangál; kamáhalan.

**Pundonoroso, sa.** adj. Mapuri; marangál.

**Punible.** adj. Dapat parusahan.

**Punta.** f. Tulis; tilos. || Dulo; ungós; dunggít; danggót. || *Geogr.* Tanguwáy; tangos; lungos ng lupà na humáhanggá sa tubig.

**Puntada.** f. Tudlók; ó durò ng karayom sa tinátahîng damít ó sa anomán.

**Puntal.** m. Suhay; tukod; sukì; pasikad. || fig. Batayán; pinanínibayan.

**Puntapié.** m Sikad; sipà; tadyák.

**Puntero.** m. Panurò; ó pangturò; puntero.

**Puntiagudo, da.** adj. Matulis; matilos.

**Puntilla.** f. Puntás na makitid. || *De puntillas.* m. adv. Tiyád; ó patiyád na lakad.

**Puntillazo.** m. fam. Sipà; sikad; tisod.

**Punto.** m. *Gram.* Tuldók.

**Puntual.** adj. Maagap; masipag sa paggawâ ng anomán sa ukol na panahón. || Tunay; totoó. || Bagay; akmâ; dapat.

**Puntualidad.** f. Kaagapan; kasipagan sa paggawâ sa talagáng ukol na panahón. || Pagkáakmâ; pagkábagay; pagkádapat.

**Punzada.** f. Sugat na gawâ ng durò, sundót, saksák, at ibá pa. || fig. Ang dalamhatì ng loób.

**Punzar.** a. Durùin; sundutín; saksakín. || fig. Papagdamdamín ang loób ng anománg kapighatìan.

**Punzón.** m. Pangbutas; panungdót; pandurò; panudlík.

**Puñada.** f. Suntók; dagok.

**Puñado.** m. Dakót; karakót.

**Puñal.** m. Balaráw; ó punyál.

**Puñalada.** f. Sugat, saksák, ó iwà ng balaráw ó ibáng patalím na ganitó.

**Puñetazo.** m. Suntók; dagok.

**Puñete.** m. Dagok; suntók. || Galáng, na inilálagáy sa kamáy.

**Puño.** m. Suntók; ó kamáy na nakasuntók. || Dakót. || Punyós ng barò at ng ibáng kasuutan. || Puluhán; ó tatangnán ng alinmáng sandata ó kasangkapan.

**Pupila.** f. Balintatáw ng matá. || *For.* Ang batàng babaing ulila na walâ pang labingdalawáng taóng gulang at nasa ilalim ng ¡sáng tagapangasiwà.

**Pupilaje.** m. Ang kalágayan ng batàng ulila na pinamámahalàan ng isáng tagapangasiwà. || Ang kalágayan ng isáng nagbabayad sa ibá ng pagkain at alagà sa pagkátirá. || Ang bahay na tírahan ng mga nagaaral at ibá pang nanúnuluyan, na nagbabayad ng pagkain at pagkátirá.

**Pupilero, ra.** m. y f. Ang tumátanggáp sa kanyáng bahay ng mga tumítiráng nagbabayad ng pagkain at alagà.

**Pupilo.** m. Ang batàng lalaking ulila na walâ pang labing apat na taón at nasa ilalim ng isáng tagapangasiwà. || Ang tumítirá sa bahay ng ibá at nagbabayad ng kinákain at alagà.

**Pureza.** f. Kalinisan; kadalisayan; kawagasán. || Kalinisan sa gawâng mahalay.

**Purga.** f. Purgá.

**Purgación.** f. Paglilinis; pagdalisay. || Pagbubululós dahil sa ininóm na purgá. || Ang dugông nanánaog sa mga babae buwánbuwán at pagkápanganák.

**Purgante.** adj. y m. Ang gamót na pangpurgá.

**Purgar.** a. Linisin; dalisayin ang anomán. || Bayaran; tumbasán ng anománg parusa ó pagtitiís ang bahagi ó kabuùan ng parusang katampatan sa nágawâng sala. || fig. Dalisayin; pakalinisin || *Rel.* Maghirap sa purgatorio. || *Med.* Purgahín.

**Purificación.** f. Paglilinis; pagdalisay.

**Purificar.** a. Linisin, ó pakalinisin; dalisayin ang anomán. || r. Maglinis; ó magpakalinis.

**Purísimo, ma.** adj. Kálinislinisan; lubhâng dalisay.

**Puro, ra.** adj. Dalisay; wagás; pulós; taganás. || Malinis; walâng imbót. || Lubós; ganáp; mistulà; tibubos. || Malinis; walâng bahid dungis ó sala.

**Purulento, ta.** adj. *Med.* || May nanà; ó nagnananà.

**Pus.** m. *Med.* Nanà.

**Pusilánime.** adj. Duwág; matatakutín; mahinà ang loób.

**Pusilanimidad.** f. Karuwagán; kahinàan ng loób.

**Pústula.** f. *Med.* Langíp.

**Puta.** f. Patutot; ó babaing nagpápaupá ng kanyáng puri.

**Putaísmo.** m. Pamumuhay, paghahanap, ó katipunan ng mga babaing masamâ.

**Putañear.** n. fam. Magpatutot; ó máhilig sa masasamâng babae.

**Putativo, va.** adj. Ang ináarì ó tinuturang amá, kapatíd, at ibá pa, bagamán hindî tunay na gayón.

**Putrefacción.** f. Pagkabulók; pagkasirà. || Bulók; ó kabulukán.

**Putrefactivo, va.** adj. Nakabúbulók; ó nakasísirà.

**Putrefacto, ta.** adj. Bulók; sirâ.

**Putridez.** f. Pagkabulók; kabulukán.

**Pútrido, da.** adj. Bulók; sirâ.

# Q



**Que.** pron. rel. Na; ang. || *¿Qué?* pron. interrog. ¿Anó? || conj. cop. Na.

**Quebrada.** f. Talabís; ó lupàng bangínbangín sa pagitan ng bundók.

**Quebradizo, za.** adj. Babasagín; sirâín; malutóng; marupók.

**Quebrado, da.** adj. Nangulugi. || *Med.* Linúluslusán. || Mahinà. || Sirâ; bakôbakô: sinásabi sa lupà ó daán. || m. *Aritm.* Hatî. || *decimal.* Hatîng ikasampùan.

**Quebrador, ra.** adj. y s. Ang bumábasag; ó sumísirà ng anomán. || fig. Ang lumálabág; ó sumúsuwáy sa kautusán.

**Quebradura.** f. Basag; sirà; lahang. || Luslós; usós.

**Quebraja.** f. Lahang; ó biták ng kahoy, bakal, at ibá pa.

**Quebrajar.** a. Palahangin; pagbitakín. || r. Lumahang; magbiták; mabiyák.

**Quebrajoso, sa.** adj. Basagín; sirâín; marupók. || Lahangín.

**Quebrantable.** adj. Madudurog; mababasag; masisirà. || Malalabág; masusuwáy.

**Quebrantadura.** f. Ang sirà, balì, ó basag ng anomán. || Pagsirà.

**Quebrantamiento.** m. Pagsirà; pagdurog; pagbasag ng anomán. || Ang sirà; ó basag. || fig. Pagsuwáy; paglabág sa kautusán.

**Quebrantar.** a. Basagin; durugin; baliin. || Palahangin; palitakín. || Ligisín; dikdikín. || Lapastanganin; paslangín. || fig. Labagín; suwayín ang kautusán, salitâ, ó pangakò. || r. Huminà; mahulog ang lakás.

**Quebranto.** m. Pagbasag; pagdurog; pagligís. || Panganga-yayat; panghihinà. || Awà; habág. || Kasiràang malakí. || fig. Hapis; dalamhatì.

**Quebrar.** a. Basagin; baliin; durugin; siràin. || Baluktutín; pilipitin. || Salangsangin; suwayín; labagín. || n. Mangulugi sa panga

ngalakal. || r. Mabasag; madurog; mabali. || Luslusán; ususán.

**Quedar.** n. Mátirá; málagak; máiwan. || Lumabis; magkulang. || Málabí.

**Quedo, da.** adj. Tahimik; walâng kibô. || adv. m. Anás; bulóng.

**Quehacer.** m. y pl. Gawâ; ó gawàin.

**Queja.** f. Daíng; himutók. || Hinanakít. || Sumbóng; sakdál; hablá.

**Quejarse.** r. Dumaíng; maghimutók; humalinghíng. || Maghinanakít. || Magsumbóng; magsakdál; maghablá.

**Quejicoso, sa.** adj. Lubhâng madáingin, na walâ namáng dahilán.

**Quejido.** m. Daíng; himutók; halinghíng.

**Quejoso, sa.** adj. Naghihinanakít, dumádaíng; naghíhimutók.

**Quejumbroso, sa.** adj. Lubhâng madáingin, sa muntîng bagay lamang.

**Quema.** f. Pagsunog; ó pagkasunog. || Sunog. || Ang nasunog.

**Quemadero** n. Sunugán; ó pinagsúsunugan.

**Quemador, ra.** m. y f. Ang tagapagsunog ng anomán. || Mánununog.

**Quemadura.** f. Pasò; lintós; paltós sa apóy.

**Quemar.** a. Sunugin; tupukin; silabán. || Pumasò; ó pasùin. || r. Masunog; matupok; masiláb. || Mapasò.

**Quemazón.** f. Pagsúnog; ó pagkasunog ng anomán. || Init na malabis. || Katí ng balát.

**Querella.** f. Daíng; himutók. || *For.* Sakdál; hablá; pagsusumbóng.

**Querellante.** com. Ang nagsasakdál; ó nagháhablá.

**Querellarse.** r. Dumaíng; maghimutók. || *For.* Magsakdál; maghablá; magdemanda.

**Querelloso, sa.** adj. Ang nagsasakdál; ó nagdedemanda. || Dumádaíng; madáingin.

**Querer.** a. Ibigin; nasàin; pitahin. || Umibig; sumintá; gumiliw; umirog; lumiyág. || Magpasiyá. || Magakalà. || Umayon. || r. Magíbigan; magsintahan; maggiliwán. || m. Ibig; kaibigán; kalooban; nasà; hilig ng loób.

**Querido, da.** adj. Iníibig; ginígiliw; iníirog. || m. y f. Irog; giliw; sintá; kasintahan. || Nangingibig; naníninta. || Kálunyâ; kaagulo.

**Querubín.** m. Ang mga anghél na bumubuô ng unang koro sa langit.

**Quesear.** n. Magkeso, ó gumawâ ng keso.

**Quesería.** f. Panahóng ukol

sa paggawâ ng keso. || Gawàan ng keso. || Tindahan ng keso.

**Quesero, ra.** adj. Ang laknip ng gatas na siyáug ginágawâng kèso. || m. y f. Magkekesó.

**Queso.** m. Keso.

**Quevedos.** m. pl. Ang salamín sa matá, na kamá ó kabít sa ilóng.

**¡Quiá!** interj. fam. Salitâng ipinagsásaysáy ng dî paniniwalà ó pagtakuwíl.

**Quiebra.** f. Basag; lahang; liták; balì. || Biták ng lupà. || Sirà; ó kasiràan ng anomán. || Pangungulugi; ó pagkálugi sa pangangalakal.

**Quíen.** pron. rel. Na; ang. || *¿Quién?* pron. interrog. ¿Sino? ¿Alín?

**Quienquiera.** pron. indet. y adj. Sínomán; alinmán.

**Quietar.** a. Patahimikin; papayapàin; pahinahunin. || r. Tumahimik; pumayapà; huminahon.

**Quieto, ta.** adj. Hindî gumágaláw; walâng kilos. || Payapà; tiwasáy. || Tahimik; walâng kibô.

**Quietud.** f. Kawalán ng kilos ó galáw. || Kapayapàan; katahimikan; katiwasayán.

**Quijada.** f. Sihang; pangá.

**Quijal, ó quijar.** m. Bagáng. || Pangá; sihang.

**Quijarudo, da.** adj. Pangahán; sihangán.

**Quilatar.** a. Uriin.

**Quilate.** m. Urì; ó kadalisayan ng gintô at batóng mahalagá.

**Quilatera.** f. Urìan.

**Quilla.** f. Lunas ng daong ó sasakyán.

**Quimera.** f. Away; babág; pagtatalo. || fig. Ang nánasok sa isip, na pangarap lamang.

**Quimérico, ca.** adj. Hindî tunay; kabulaanan; pangarap.

**Quincalla.** f. Ang katipunan ng mga bagay na mumuntî ang halagá, gaya ng guntíng, didál, labasa, at ibá pa.

**Quincallería.** f. Ang pangangalakal, gawàan, ó tindahan ng mga bagay na mumuntî ang halagá gaya ng labasa, guntíng at ibá pa.

**Quince.** adj. Labinglimá. || Ikalabinglimá. || m. Ang bilang na 15.

**Quincena.** f. Ang panahóng násasakláw ng labínglimáng araw.

**Quincenal.** adj. Ang mangyayari ó ginágánáp sa tuwîng labinglimáng araw.

**Quincuagenario, ria.** adj. Ang may bilang na limangpuô. || Ang taong may limangpuông taóng gulang.

**Quincuagésimo, ma.** adj. Ikalimangpuô. || Ang ikalimangpuông bahagi.

**Quindécimo, ma.** adj. y s. Ang ikalabinglimáng bahagi.

**Quindenio.** m. Labinglimáng taón.

**Quingentésimo, ma.** adj. Ikalimáng daán.

**Quinientos, tas.** adj. pl. Limáng daán.

**Quinqué.** m. Kingke.

**Quinquenio.** m. Limáng taón.

**Quinta.** f. Ang bahay ó lugál sa bukid na sadyâng líwaliwan.

**Quintal.** m. Ang timbáng ó panimbáng na may isáng daáng libra ó may apat na arroba.

**Quinteto.** m. *Mús.* Tugtuging pagsasaliwan ng limáng tinig ó boses.

**Quinto, ta.** adj. Ikalimá. || Ang ikalimáng bahagi ng anomán.

**Quintuplicar.** a. Paramihin ng makalimá ang anománg bagay. || r. Dumami ng makalimá.

**Quíntuplo, pla.** adj. y m. Ang makalimáng lakí ó dami kay sa ibá.

**Quinzavo, va.** adj. *Aritm.* Ang ikalabinglimáng bahagi ng isáng buô.

**Quiromancia.** f. Paghulà ng kapalaran sa pamamagitan ng mga guhit ng kamáy.

**Quisicosa.** f. fam. Bugtóng; talinghagà; ó paláisipán.

**Quitaaguas.** m. Payong sa tagulán.

**Quitapón.** m. Tanggalin. || *De quitapón.* loc. fam. Tanggalin; sáuliin.

**Quitar.** a. Alisín. || Ilayô. || Nakawin; umitín. || Gagahín; kamkamín. || Pagbawalan; sawayín. || Pawìin; paramin; bawìin. || r. Maalís. || Lumayô; umilag sa isáng lugál.

**Quitasol.** m. Payong sa tagaráw.

**Quite.** m. Pagáalís; ó paglalayô ng anomán. || Paghadláng; pagpigil.

**Quizá ó quizás.** adv. de duda. Marahil; hindî malayò; sinong nakaáalám kung.

**Quórum.** m. Salitâng latín na ipinagsasaysáy ng bilang ng mga dumaló sa isáng pulong, na siyáng kailangan upáng magkaroón ng ganáp na karamihan sa pagpapasiyá.

# R



**Rabadilla.** f. Tulatód.

**Rabanal.** m. Lábanusan; ó lugál na maraming taním na labanós.

**Rabanero, ra.** m. y f. Maglalabanós.

**Rabaniza.** f. Ang binhî ng labanós.

**Rábano.** m. *Bot.* Labanós.

**Rabear.** n. Mamaypóy; ó gumaláwgaláw ang buntót ng hayop.

**Rabeo.** m. Pamamaypóy; ó paggalawgaláw ng buntót.

**Rabia.** f. *Med.* Ang sakít na pagkahibáng na galing sa pagkákagát ng asong ulól ó ng ibáng hayop na makamandág. || fig. Galit; pangangalit; poót; ngitngít.

**Rabiar.** n. *Med.* Magdamdám ó magkaroón ng sakít na pagkahibáng ó pagkabaliw dahil sa pagkákagát ng asong ulól ó ng anománg hayop na may kamandág. || fig. Magalit; magngalit; manggigil; magngitngít.

**Rabiatar.** a. Talìan sa buntót.

**Rabicorto, ta.** adj. Hayop na maiklî ang buntót.

**Rabieta.** f. fig. Galit ó poót na malakí, na galing sa munting dahilán.

**Rabilargo, ga.** adj. Hayop na mahabà ang buntót.

**Rabioso, sa.** adj. Hayop na ulól; ó taong baliw dahil sa pagkákagát sa kaniyá ng asong ulól ó ibáng hayop na may kamandág. || fig. Magagalitín; madalîng mapoót. || Marahás; mabilís.

**Rabo.** m. Buntót. || fig. Anománg bagay na nakalawít sa gawîng likód.

**Rabón, na.** adj. Hayop na putól ang buntót; punggók.

**Raboso, sa.** adj. May buntót. || Himulmól ang ladlaran.

**Rabudo, da.** adj. Mahabà ang buntót.

**Racimo.** m. Buwíg ng bunga ng kahoy.

**Racimoso, sa.** adj. Nagbúbuwíg; may buwíg; ó maraming buwíg.

**Raciocinar.** n. Magisip; magwarì; magkurò; magbulaybulay.

**Raciocinio.** m. Ang isip; warì; kurò; hakà. || Pagwawarì; pagkurò; pagisip. || Pagmamatuwíd.

**Ración.** f. Bahagi ng anomán na ibiníbigáy sa tuwîng pagkain sa isáng tao ó hayop; rasión.

**Racional.** adj. Ang náuukol at naáayon sa matuwíd. || Ang binigyán ng matuwíd ó pagiisip, gaya ng tao.

**Racionalidad.** f. Ang pagká may isip ó matuwíd. || Pagkaayon sa katuwiran. || *Fil.* Pangwarì; pangkurò; ó pang-isip.

**Racionalmente.** adv. m. Matuwíd; ó ayon sa katuwiran.

**Racionar.** a. *Mil.* Mamahagi ó mamudmód ng rasión sa hukbó.

**Racionero.** m. Ang tagapamudmód ng rasión sa isáng katipunan.

**Rada.** f. Loók; lungos, na kanlungan ng mga sasakyán.

**Radiante.** adj. Naglíliwanag; nagníningníng. || Maningning; maliwanag.

**Radiar.** n. *Poét.* Magliwanag; magningníng.

**Radicar.** n. Magugát. || Manibay.

**Raedera.** f. Kudkuran; kaskasan.

**Raedizo, za.** adj. Madalíng kudkurín, kakasin, ó kalisín.

**Raedura.** f. Pinagkaskasán; pinagpagihan.

**Raer.** a. Kudkurín; kaskasín; kalisín; kakasin; kalusin; kahigin.

**Ráfaga.** f. Ang biglâng simoy ng hangin, na súsumandalî lamang. || Ang biglâng hampás ng liwanag.

**Raíble.** adj. Makúkudkód; ó makákaskás.

**Raído, da.** adj. Gulanít; nasnás. || fig. y fam. Walâng hiyâ.

**Raigón.** m. Ang punò ng bagáng ó ngipin, na nakabaón sa gilagid.

**Rail.** m. Daáng bakal.

**Raíz.** m. Ugát ng halaman ó ng punòng kahoy. || fig. Ang pinakapunò; ó pinakaugát ng anomán. || Ang pinagmulán; pinagbuhatan; ó pinanggalingan ng anománg bagay. || *Bienes raíces.* pl. Ang mga pagaarìng hindî matitinag sa kanyang kinálalagyán gaya ng lupà, bahay, at ibá pa.

**Raja.** f. Sibák; kasibák ó pidpíd ng kahoy. || Lahang; biyák; ó putók ng anománg bagay. ||

Ang bahagi ó piraso ng anomán.

**Rajá.** m. Hari sa India.

**Rajable.** adj. Masisibák; mabibiyák.

**Rajar.** a. Sibakín; biyakín; pidpirín ang kahoy. || Biyakín ang anomán.

**Ralear.** n. Dumalang; lumabnáw.

**Raleza.** f. Kadalangan; kalabnawán.

**Ralo, la.** adj. Madalang; malabnáw.

**Ralladura.** f. Bakás ng daán ng kudkuran ó pangayod. || Ang nakayod ó nákudkód.

**Rallar.** a. Kumaskás; kumayod; kumudkód.

**Rallo.** m. Kaskasan; kayurán, ó pangayod; kudkuran.

**Rama.** f. Sangá. || fig. Lipì; angkán; kamaganakan. || *Impr.* Ang ramang ginágamit sa limbagan.

**Ramaje.** m. Karamihan, ó katipunan ng sangá.

**Ramera.** f. Patutot; ó babaing nangangalakal ng kanyáng katawán.

**Ramería.** f. Katipunan ng mga babaing masamâ ang pamumuhay. || Pangangalakal; ó pagpapaupá ng sariling katawán.

**Ramificación.** f. Pagkakásangá.

**Ramificarse.** r. Magsangá; magpangkátpangkát; magbukódbukód.

**Ramillete.** m. Kumpól ng mababangóng bulaklák na pinagsaglítsaglít.

**Ramiza.** f. Katipunan ng mga sangáng putól.

**Ramo.** m. Sangá. || Kumpól ng bulaklák, sangá ó damó. || fig. Sangá; bahagi; ó pangkát ng anománg buô.

**Ramonear.** n. Pumutol, ó putlín ang mga sangá ng kahoy. || Pumutpót, ó putputíng kanin ng hayop ang mga sangá ó dahon ng kahoy.

**Ramoso, sa.** adj. Masangá; ó maraming sangá.

**Rana.** f. *zool.* Palakâ; kokak.

**Rancajo.** m. Salubsób sa balát.

**Ranciar.** a. Paantahín. || r. Umantá.

**Rancio, cia.** adj. Maantá. || Matandâ; lumà.

**Rango.** m. Ang urì ó kalágayan sa pamamayan ng bawà't isáng tao.

**Rapacidad.** f. Pagnanakaw; pangúumít. || Pangangagaw; pangdaragit.

**Rapador, ra.** m. y f. Mangáahit. || fam. Manggúgupit. || Mangúumít.

**Rapadura.** f. Pagahit. || Ang

ahit; ó inahit. || Pagnanakaw; pangúumít; pangangagaw.

**Rapar.** a. Ahitin, ó satsatín ang buhók. || fam. Ahitan ng balbás. || Umitín, ó nakawin ng paagáw. || r. Magahit.

**Rapaz.** adj. Magnanakaw; mangúngumít; mángangagaw. || Ibong mangdaragit. || m. y f. Batàng pahát, ó paslít.

**Rápidamente.** adv. m. Biglâ; matulin; mabilís.

**Rapidez.** f. Katulinan; kabilisán; kabiglâán.

**Rápido, da.** adj. Matulin; mabilís; biglâ.

**Rapiña.** f. Pangangagaw; panghaharang; pangdaragit.

**Rapiñar.** a. fam. Mangagaw; mangharang; mangdagit.

**Rapista.** f. fam. Mangáahit. || Manggugupit.

**Rapta.** f. y. adj. Ang babaing inagaw, ó itinanan ng lalaki.

**Rapto.** m. Pagagaw, ó pagtatanan ng lalaki sa isáng babae. || *Med.* Pagkawalâ ng diwà.

**Raptor, ra.** m. y f. Ang umagaw, ó nagtanan sa isáng babae.

**Raquítico, ca.** adj. Yayát; unsiyamî; mahinà ang katawán.

**Raro, ra.** adj. Madalang; buhaghág. || Kákaibá; tangì; dî karaniwan. || Bíhirà; bugtóng; nagíisá. || Marilág; ó nátatangì sa ibá.

**Rasadura.** f. Pagkalos. || Pagsagì ng marahan ng isáng bagay sa ibá.

**Rasar.** a. Kalusin. || Sumagì; bumunggô ng marahan ang isáng bagay sa ibá.

**Rascador.** m. Pangamot; pangaskás.

**Rascadura.** f. Pagkamot; pagkaskás. || Ang galos ó hadhád ng kamot.

**Rascar.** a. Kumamot; ó kamutin ang balát ng kukó ó ng pangamot. || Kumaskás; ó kaskasín ang anomán.

**Rascazón.** m. Katí ng balát.

**Rasero.** m. Kalos; ó pangalos.

**Rasgar.** a. Wahìin; gisîín; walatin; pilasin; punitin.

**Rasguñar.** a. Galusan; ó kamutin na sugatan ng kukó ang balát.

**Rasguño.** m. Galos; duplís; ó kamot ng kukó, aspilé, atbp.

**Raso, sa.** adj. Patag; pantáy; malinis. || m. Kayong sutlâ at makintáb.

**Raspador.** m. Pangkatkát; pangkaskás.

**Raspar.** a. Katkatín; kaskasín; kalisín.

**Raspear.** n. Gumaralgál ang pluma sa pagsulat sa papel.

**Rastrallar.** n. Humaginít; sumagiyók ang látiko ó anomán gangganitó.

**Rastrear.** a. Bakasín; sundán ang bakás; ó hanapin ang anomán sa pamagitan ng bakás.

**Rastro.** m. Bakás ng anomán.

**Rastrojo.** m. Dayami; ó pinaggapasang naiwan sa lupà.

**Rasura.** f. Paggupít ng buhók; pagahit ng balbás. || Pinagkaskasán; pinagkalisán.

**Rasurar.** a. Ahitin ang balbás; ó gupitín ang buhók. || r. Magahit.

**Rata.** f. *Zool.* Dagâ. || Dagâng babae.

**Ratear.** a. Bawasan ng katamtaman. || Magbahagi; ó bahaginin ng karampatan sa bawà't isá. || Mangumít ng buông talas at liksí ng mumuntîng bagay. || n. Umusad.

**Ratería.** f. Pangúngumít; pagnanakaw ng mga bagay na muntî ang halagá.

**Ratero, ra.** adj. Ang umúusad sa lupà. || Mga ibong lubhâng mababà kung lumipád na halos sumásayad sa lupà. || m. Mangúumít; tekas; ó magnanakaw ng mga bagay na muntî ang halagá.

**Ratificación.** f. Pagpapatibay; pagpapatotoó sa sinabi ó ginawâ.

**Ratificar** a. Pagtibayin; patotohanan ang anománg sinabi ó ginawâ.

**Rato.** m. Sandalî; saglít. || *Rato bueno*, ó *buen rato*. Mahusay ó matiwasáy na sandalî. || *Rato malo*, ó *mal rato*. Masamâ ó masakláp na sandalî.

**Ratón.** m. *Zool.* Dagâ. || Dagâng lalaki.

**Ratona.** f. Dagâng babae.

**Ratonar.** a. Kagatín, ó ngatngatín ng dagâ ang anomán.

**Ratonera.** f. Panghuli ng dagâ. || Bahay ó lunggâ ng dagâ.

**Ratonesco, ca.** adj. Ang náuukol sa dagâ.

**Raudal.** m. Kaagusan; ó agos na lubhâng mabilís. || Kasaganàan, ó karamihan ng mga bagay na páminsanang dumatál.

**Raudo, da.** adj. Mabilís; matulin; biglâ.

**Raya.** f. Guhit. || Hanggá; ó hanggahan ng isáng bayan, lalawigan, at ibá pa. || *Zool.* Isdâng pagi.

**Rayadillo.** m. Isáng hugis ng kayo na may mga guhit.

**Rayado.** m. Ang mga guhit ng isáng kayo, papel, at ibá pa.

**Rayano, na.** adj. Kahanggá; kanugnóg; karatig.

**Rayar.** a. Gumuhit; ó guhitan ang anomán. || Burahín ang isáng sulat sa pamagitan ng guhit. || n. Sumilang; magliwanag; magbukangliwaywáy. || fig. Mátangì; ó mamukód sa ibá.

**Rayo.** m. Sinag; anag-ág. || Lintík. || Ang bawà't isá ng pinakatadyáng ng gulóng ng karuwahe, na nakapakò sa kabilugan. || fig. Ang sandatang apóy. || Alinmáng bagay na may malakíng lakás ó bisà.

**Rayoso, sa.** adj. May guhit; ó may mga guhit.

**Raza.** f. Lahì; angkán; lipì. || Urì ó kabagayán ng isáng bagay ayon sa kanyáng pagkayarì ó pagkágawâ.

**Razón.** f. Matuwíd; ó katuwiran. || Isip; ó pagiisip. || Katarungán. || Dahilán. || Katampatan sa halagá ng pamimilí at pagbibilí. || Pagbilang; balak. || Pagmamatuwíd. || *Mat.* Pagkakáagpáng ng dalawáng número ó bilang.

**Razonable.** adj. Tapát; matuwíd; ó tamà sa katuwiran. || fig. Katatagán; katamtaman; kainaman.

**Razonamiento.** m. Pagmamatuwíd; pangangatuwiran.

**Razonar.** n. Magmatuwíd; ó mangatuwiran.

**Re.** m. *Mús.* Ikalawáng tinig ó boses ng pásimulâng tugtugin.

**Reagravar.** a. Pabigatíng lalò ang anomán. || r. Bumigát; ó tumindíng lalò ang anomán.

**Reagudo, da.** adj. Lubhâng matulis; ó nápakatulis.

**Real.** adj. Tunay; totoó. || Ang náuukol sa harì. || fig. Dakilà; marilág; marangál. || Magandáng loób. || m. Ang lugál na kinahihintùan ng isáng hukbó. || Sikapat.

**Realce.** m. Ang pamuti ó buldá na nakaumbók sa anomán. || fig. Dilág; ningníng.

**Realegrarse.** r. Matuwâ ng malabis.

**Realidad.** f. Katunayan; katotohanan.

**Realizable.** adj. Magagawâ; ó maisásagawâ.

**Realización.** f. Pagsasagawâ; pagkáganáp.

**Realizar.** a. Isagawâ; gawín; ó ganapín ang anomán. || r. Máisagawâ; maganáp; mátunayan; mátulóy; magkatotoó. || *Com.* Ipagbilí, ó salapîín ang kalakal.

**Realmente.** adv. m. Tunay; totoó.

**Realzar.** a. Itaás na lalò; itampók; itanyág ang anomán. || Paumbukín. || fig. Padilagín; padakilàin.

**Reanimar.** a. Magpalakás; palakasín; ó bigyáng lakás. || fig. Patapangin; pasiglahín; ó buhayin ang loób. || r. Lumakás; ó magbagong lakás. || Tumapang; ó mabuhay ang loób.

**Reanudar.** a. Ulitin; ipagpatuloy; ó gawíng mulî ang ano-

máng nátigil ó nahintô. || r. Magpanibago; magpatuloy na mulî.

**Reaparecer.** n. Mulîng sumipót; lumitáw na mulî; mulîng pakita.

**Reaparición.** f. Pagsipót na mulî; ó mulîng paglitáw.

**Reapretar.** a. Páhigpitán, ó pakahigpitín. || Higpitíng mulî.

**Rearar.** a. Mulîng araruhin.

**Reatar.** a. Pagbuntutín ang mga hayop. || Mulíng talian; ó taliang mahigpít.

**Reaventar.** a. Pahanginan, ó iyangyáng na mulî ang anomán.

**Rebaja.** f. Bawas, ó babà na ginágawâ sa anomán. || Bawas; ó awás sa halagá.

**Rebajar.** a. Bawasan; babàan; ó kulangan ng kauntî ang anomán. || *Com.* Bawasan; ó babàan ng halagá. || Alisín; ó itiwalág sa tungkól ang sínomán. || r. Magpakababà. || Magpakahamak.

**Rebajo.** m. *Art. y Of.* Sabak ng kahoy ó ng bató.

**Rebalaje.** m. Uliuli; ó alimpuyó.

**Rebanada.** f. Hiwà, ó pirasong manipís at mahabà ng anomán, gaya ng tinapay, atbp.

**Rebanar.** a. Hiwàin; gayatin; ó pirasuhin ng manipís at pahabâ ang anomán.

**Rebaño.** m. Kawan; ó katipunan ng mga hayop. || fig. Katipunan ng mga binyágan, na násasakop ng isáng parì.

**Rebate.** m. Pagpapanagupà; pagaaway; pagbababág.

**Rebatiña.** f. Pagaagawán.

**Rebatir.** a. Salangsangín; paudlutín; ó sugpùin ang lakás ó bilís ng ibá.

**Rebato.** m. *Mil.* Pagdaluhong; pagsalakay; ó paglusob na biglâ sa kaaway.

**Rebautizar.** a. Binyagáng mulî.

**Rebelar.** a. Papaghimagsikín; papagalsahín. || r. Manghimagsík; magalsá; sumuwáy; lumabág.

**Rebelde.** adj. Ang nanghihimagsík; ó nagáalsá. || Suwaíl; masuwayin.

**Rebeldía.** f. Pagsuwáy; paglabág.

**Rebelión.** f. Panghihimagsík; pagaalsá.

**Reblandecer.** a. Palambutín. || r. Lumambót.

**Rebosar.** n. Umapaw; lumabis ang anománg bagay sa kanyâng kinásisidlán. || fig. Sumaganàng lubhâ sa anomán.

**Rebozar.** a. Takpán halos ang buông mukhâ ng kumot ó balabal. || Balutin sa itlóg at arina ang anománg ulam, at sakâ lutùin sa mantikà.

**Rebozo.** m. Pagtatakíp ng

panyô ó lambóng sa mukhâ. || fig. Dahídahilán. || *De rebozo*. m. adv. Patagô; palihím. || *Sin rebozo*. m. adv. Tápatan; háyagan.

**Rebusca.** f. Panghihimalay. || Pagsisiyasát. || fig. Labí; tirá.

**Rebuscar.** a. Manghimalay; manghimulot. || fig. Siyasatin; ó hanaping mabuti ang anomán.

**Recabar.** a. Tamuhín, kamtán sa hingî ó luhog ang ninánasà.

**Recado.** m. Bilin; pabilin; pasabi || Alaala; ó pakumustá. || Handóg; alay. || Sangkáp. || Pag-iingat.

**Recaer.** n. Mulîng mahulog. || *Med.* Mabinat. || Mahulog sa isá, ó mápasakamáy ng̃ isá ang anomán.

**Recaída.** f. *Med* Binat; pagkabinat. || fig. Pagkáhulog na mulî sa gayón ding sala ó kamalian.

**Recalcitrar.** n. Umudlót; umurong; bumalík. || fig. Sumuwáy ng̃ buông tigás sa nárarapat sundín.

**Recalentar.** a. Mulîng iinit; ó papaginiting lubhâ. || r. Mag-init; uminit.

**Recámara.** f. Silíd ng̃ bahay na tataguan ng mga hiyás ó kasuutan. || Sa mg̃a sandatang apóy, ay ang lugál na kinalalagyán ng kargá.

**Recambiar.** a. Palitíng mulî; ó mulîng ipalít ang anomán.

**Recambio.** m. Pagpapalít na mulî; ó ikalawáng pagpapalít.

**Recancanilla.** f. Pagpipilay-pilayan.

**Recapacitar.** a. Wariwariin; bulaybulayin; isiping mabuti ang anomán. || n. Magbulaybulay; magwariwari.

**Recargar.** a. Pasaníng mulî. || Dagdagán ng̃ kalgá ó lulan. || Dagdagán ng̃ buwís; rekarguhán. || *For.* Bigatán, ó dagdagán ng̃ parusa ang salarín.

**Recargo.** m. Pagpasáng mulî. || Pagdaragdág ng̃ kalgá. || Pagdaragdág ng̃ buwís; pagrerekargo. || *For.* Pagdaragdág ng̃ parusa. || *Med.* Pagtindí ng̃ lagnát.

**Recatado, da.** adj. Maingat; malihim. || Mahinhín; mabinì.

**Recatar.** a. Ilingíd; ó ipaglihim ang ayaw ipakita ó ipaalám sa ibá.

**Recato.** m. Pagiingat; paglilihim. || Kahinhinán; kabinian.

**Recaudación.** f. Paniningíl; pangingilak ng̃ salapî ó buwís.

**Recaudador.** m. Tagapaningíl.

**Recaudar.** a. Maningíl; mangilak. || Ingatan; itagò; iligpít ang anomán.

**Recavar.** a. Hukaying mulî.

**Recelar.** n. Matakot; ma-

ngambá; manganib; magalapaáp ang loób.

**Recelo.** m. Takot; pangambá; panganganib; alapaáp ng loób.

**Receloso, sa.** adj. Nangangambá; ó mapangambahin.

**Recepción.** f. Pagtanggáp.

**Receptáculo.** m. Sisidlán; lalagyán.

**Receptar.** a. Itagò; ikanlóng; ó pagtakpán ang sinománg salarín ó anománg bagay na ipinagkakásala. || Tanggapín; ampunín. || r. Magtagò; magkanlóng.

**Receta.** f. *Med.* Ang hatol na gamót na ibiníbigáy ng médiko; ó reseta.

**Recibidor, ra.** m. y f. Tagatanggáp.

**Recibimiento.** m. Pagtanggáp. || Pagsalubong.

**Ricibir.** a. Tumanggáp; ó tanggapín. || Sumahod; ó sahurin ang upa ó sueldo. || Makatanggáp ng anománg kasiràan ó kapanganyayàan. || Sumalubong; ó salubungin. || r. Tumanggáp ng katibayan ó *titulo* sa anománg karunungan.

**Recibo.** m. Pagtanggáp. || Ang katibayan ng pagkátanggáp ng anomán.

**Recién.** adv. t. Bago; kapangyayari pa lamang; gaya ng *recién llegado*, *bagong dating* ó *kararating lamang*.

**Reciente.** adj. Bago; sariwà; kayayarì lamang; ó kapangyayari pa lamang.

**Recientemente.** adv. t. Hindî pa nalálaunan; kamakailán lamang.

**Recinto.** m. Loób ng isáng lugál na náhahangganán.

**Recio, cia.** adj. Malakás; matibay. || Batibot. || Malakí.

**Recipiente.** m. Sisidlán; lalagyán.

**Recitar.** a. Saysayín; ó sabihin ng malakás ang anomán. || Bumigkás; ó bigkasín ng malakás ang isáng tulâ, talumpatì, atbp.

**Reclamar.** a. Hingín ng buông pagpipilit at karapatán ang anománg bagay. || n. Magreklamo; maghinakdál; tumutol.

**Reclamo.** m. Pangatîng ibon. || *For.* Pagrereklamo; paghíhinakdál; pagtutol.

**Reclinar.** a. Ihilig; isandíg ang katawán ó anománg bagay. || r. Humilig; sumandíg. || Masandíg; máhilig ang anomán.

**Reclinatorio.** m. Hiligán; sandigan. || Ang lúhuran sa pagdarasál.

**Recluir.** a. Kulungín; ibilanggô; piitín. || r. Mákulóng. || Magkulóng; ó lumigpít.

**Reclusión.** f. Pagkukulóng na kusà. || Pagbibilanggô. || Piitan.

**Reclusorio.** m. Kúlungan; piitan.

**Recobrar.** a. Mabawì; ó mákuha ang anománg nawalâ. || r. Makabawì ng nawalâ; ó manaulì ang nasirà. || Makamalay tao; pagsauláng loób.

**Recobro.** m. Pagkábawì ng nawalâ.

**Recocer.** a. Lutùing mulî; ó lutùing mabuti ang anomán. || r. Malutòng mabuti.

**Recodo.** m. Likô ng daán, lansangan, ilog, at ibáng bagay.

**Recoger.** a. Mabawì; ó mákuha ang anomán. || Ligpitín; tipunin; ó pagsamahin ang mga bagay na nakakalat. || Lagumin; langkumín. || Ampunín; kupkupín. || Iligpít; ó kulungín ang sínomán. || r. Magkublí; magkanlóng; magtagò sa isáng lugál. || Lumigpít; ó lumayô sa malabis na pakìkisalamuhà sa kapuwà.

**Recolar.** a. Salàing mulî ang anománg bagay na lusáw.

**Recolección.** f. Kasaysayang maiklî ng anomán; katipunan; ó kabuùan. || Ani ó pagaani. || Paniningíl

**Rocolectar.** a. Magani; ó anihin. || Tipunin; pisanin ang maraming bagay. || Maningíl sa ibá't ibáng lugál.

**Recolector.** m. Tagapaningíl.

**Recomendable.** adj. Dapat ipagtagubilin, mahalín ó halagahán.

**Recomendación.** f. Pagtatagubilin. || Tagubilin; ó pakiusap.

**Recomendar.** a. Ipagtagubilin; ó ipakiusap ang sínomán ó anomán.

**Recompensa.** f. Pagganting loób. || Gantí; bihis; bayad; palâ.

**Recompensar.** a. Gantihíng loób; bihisin. || Bayaran. || Pagpalàin.

**Recomponer.** a. Husaying mulî; kumpunihíng panibago.

**Reconcentración.** f. Pagtitipontipon sa isáng lugál na pinakagitnâ ng mga tao ó bagay na nakakalat.

**Reconcentrar.** a. Ipasok; ipaloób ang isáng bagay sa ibá. || Tipunin sa isáng lugál, na siyáng pinakagitnâ, ang mga tao ó bagay na nakasabog. || r. Tumimò; tumaós ang anomán.

**Roconciliación.** f. Pagkakásundô; ó pagbabatì ng mga nagkákagalít.

**Reconciliar.** a. Pagkásundùin; ó pagbatìin ang nagkákaalít. || r. Magkasundô.

**Recóndito, ta.** adj. Lubhâng tagô, lihim, ó lingíd.

**Reconocer.** a. Siyasatin; surìin; ó kilalaning mabuti ang anomán. || Kilalanin ang tunay na kapangyarihan ó pagkápunò ng

sínomán. || Kumilala, ó kilalanin ang utang na loób. || r. Mákilala; ó matantô ang anomán. || Magsisi. || Kilalanin, ó ipagtapát ang nágawâng sala ó kamalìan.

**Reconocido, da.** adj. Ang kumíkilala ng̃ utang na loób.

**Recontar.** a. Bilang̃ing mulì; ó saysayíng mulî ang anomán.

**Recopilar.** a. Tipunin; pagpisanin; pagsamasamahin ang sarísarìng bagay.

**Recordable.** adj. Maáalaala. || Dapat alalahanin.

**Recordación.** f. Pagáalaala. || Alaala.

**Recordar.** a. Magalaala; ó alalahanin. || Ipaalaala. || n. fig. Mágisíng. || r. Maalaala.

**Recorrer.** a. Siyasatin; malasin; ó tingnáng mabuti, na libutin ang alinmáng lugál. || Daanáng basahin ang isáng sulat. || Takbuhín; lakarin; ó libutin ang isáng lugál. || n. Dumulóg; lumapit; ó paampón.

**Recortar.** a. Bawasan; tabasan; padparán. || Tabasin; ó putulin ng̃ mahusay ang anomán.

**Recorte.** m. Pagtabas; pagbabawas. || Pagputol. || pl. Pinagputulan.

**Recostar.** a. Ihilig; isandíg; isandál; itagilid. || r. Humilig; sumandíg; sumandál.

**Recoveco.** m. Palikôlikô ng̃ daán, at ibá pa. || fig. Pagpapalikuwádlikuwád.

**Recreación.** f. Paglilibáng; pagáalíw.

**Recrear.** a. Aliwín; libang̃ín. || r. Magalíw; maglibáng.

**Recreativo, va.** adj. Nakaáalíw; nakalílibáng.

**Recreo.** m. Pagáalíw; paglilibáng. || Áliwan; líbang̃an.

**Rectificación.** f. Pagtutuwíd; pagtutumpák; paghuhusay.

**Rectificar.** a. Itumpák; tuwirín; husayin. || Patibayan; patotohanan.

**Rectitud.** f. Katuwiran. || Pagkamatuwíd; katapatán.

**Recto, ta.** adj. Tuwíd. || fig. Matuwíd; tapát.

**Recuento.** m. Ikalawáng pagbilang, ó pagsasaysáy ng̃ anomán.

**Recuerdo.** m. Alaala; pagalaala; ó pagkáalaala. || pl. Mg̃a alaala; ó pakumustá.

**Recuperación.** f. Pagkábawì; ó pagkákuhang mulî ng̃ nawalâ.

**Recuperar.** a. Mabawì; ó makuhang mulî ang nawalâ. || r. Manaulì ang lakás.

**Recurrir.** n. Dumulóg sa isáng mukapangyarihan upáng magsakdál ó humingî ng̃ anomán. || Paampón; patangkilik sa ibá. || Gumawâ ng̃ mg̃a paraáng

dî karaniwan upáng tamuhín ang anomán. || Mábalík; manaulì ang anomán sa pinanggalingan.

**Recurso.** m. Pagdulóg; pagsasakdál. || Pagbabalík ng anomán sa pinanggalingan. || *For.* Tutol; ó pagtutol. || pl. Ang pananalapî; ó ikinabúbuhay.

**Recusar.** a. Tumanggí; huwág pumayag; ó huwág tumanggáp ng anomán.

**Rechazar.** a. Paurungin; daigín; supilin. || fig. Labanan ang kaaway, na paurungin itó. || Salangsangín ang ibá.

**Rechinamiento.** m. Pagalatiít; paglangitngít.

**Rechinar.** a. Umalatiít; lumangitngít.

**Rechoncho, cha.** adj. fam. Ang malakí ang katawán at pandák.

**Red.** m. Lambát; pukot; sakág; salambáw, at ibá pang panghuli ng isdâ. || Batíng. || fig Laláng; silò; hibò.

**Redacción.** f. Pagsulat; pagkathâ ng anomán. || Pásulatán.

**Redactar.** a. Sumulat; kumathâ ng isáng lathalà, talumpatì, at ibá pa.

**Redactor, ra.** m. y f. Mánunulat.

**Rededor.** m. Paligid; ó palibid; palibot. || *Al rededor*; ó *en derredor*. m. adv. Sa palibid.

**Redención.** f. Pagtubós; pagsakop. || Pagkatubós; katúbusan.

**Redentor, ra.** m. y f. Mánunubós; mánanakop.

**Redil.** m. Kulungán ng hayop. || Bakuran.

**Redimir.** a. Tumubós; sumakop. || Tubsín sa pagkáalipin ang sínomán; ó sa pagkásanglâ ang anomán. || r. Mátubós.

**Rédito.** m. Tubò; ó pakinabang na ibiníbigáy sa isáng puhunan.

**Redituar.** a. Tumubò; ó magbigáy pakinabang.

**Redoblar.** a. Dublihín. || Baluktutín; balikukùin. || Ulitin; ó gawîng mulî ang anomán.

**Redomado, da.** adj. Maingat at tuso.

**Redondear.** a. Bilugin ang anomán. || r. Bumilog.

**Redondez.** f. Kabilugan; bilog.

**Redondo, da.** adj. Mabilog; bilóg. || fig. Maliwanag; tápatan.

**Reducir.** a. Isaulî; ó ibalík sa dati ang anomán. || Bawasan; liitán; untîan; iklîan. || Baguhin, ó palitán ang isáng bagay ng ibáng kahalagá. || Pagpirápirasuhin. || Supilin. || r. Maghinahon; maghusay ng kilos ó pamumuhay. || Magbawas; ó magtipíd ng paggugol. || Mapilitan.

**Redundancia.** f. Kalabisán; kasaganàan ng anomán.

**Redundar.** a. Umapaw; lumabis; lumalò ang anomán. || Makabuti; ó makasamâ sa isá ang anománg bagay.

**Reduplicar.** a. Dublihín; dalawahín; pagibayuhin. || Ulitin.

**Reedificación.** f. Pagtatayông mulî ng anománg nasirà ó nágibâ.

**Reedificar.** a. Itayông mulî; ó ibangong panibago ang anománg nágibâ ó nasirà.

**Reelección.** f. Paghahalál ulî; ó mulîng pagkahalál.

**Reelegir.** a. Ihalál ulî sa isáng katungkulan. || r. Mulîng mahalál.

**Reembarcar.** a. Ilulang mulî; ó isakáy na panibago ang naahon na.

**Reembolsar.** a. Singilín ang salapîng ipinahiram ó ipinautang. || r. Másingíl ang salapîng ipinautang.

**Reemplazar.** a. Palitán ang isáng bagay ng ibáng kamukhâ ó kahalagá. || Halinhán ang isá sa kanyáng katungkulan.

**Reemplazo.** m. Pagpapalít; paghahalili. || Kahalili; kapalít.

**Reencuentro.** m. Pagkakábunggô; pagkakabanggâan. || Pagsasagupà; ó paglalaban ng dalawáng pangkát ng hukbó.

**Reexaminación.** f. Panibagong paglilitis.

**Reexaminar.** a. Litising mulî.

**Refectorio.** m. Ang lugál na kinákanan ng isáng kapisanan ó páaralán.

**Referencia.** f. Pagsasaysáy ng anomán || Pagkakáukol; pagkakáhinggíl; pagkakátulad ng isáng bagay sa ibá.

**Referente.** p. a. Ukol; tungkól; hinggíl.

**Referir.** a. Saysayín; salitín; salaysayín; ibalità. || Iukol; itungkól; itaán. || Banggitín; tukuyin. || r. Máukol; matungkól; máhinggíl.

**Refinar.** a. Dalisayin; ó pakalinisin ang anomán, gaya ng asukal, langís, at ibá pa. || fig. Pakahusayin; pakagalingín ang anomán.

**Refinería.** f. Dálisayán ng asukal ó ng ibáng bagay.

**Reflexión.** f. Pagbubulaybulay; pagwawarì.

**Reflexionar.** a. Bulaybulayin; warìin; limìing mahusay ang anomán. || r. Magbulaybulay; magwarì.

**Refluir.** a. Umurong; ó kumati ang tubig, ó anománg bagay na lusáw.

**Reflujo.** m. Pagkati ng tubig sa dagat.

**Reforma.** f. Pagbabago; paghuhusay.

**Reformar.** a. Baguhin; gawíng mulî. || Husayin; ayusin; iulî.

|| Itumpák; ituwíd. || Alisán ng katungkulan. || r. Magpakahusay; magbago ng asal. || Maghinahon.

**Reforzar.** a. Tibayan; ó dagdagán ng tibay ó lakás. || Palakasín. || Patapangin; pasiglahín ang loób. || r. Magtibay; magbagong lakás.

**Refrán.** m. Kawikàan; kasabihán; salawikâín.

**Refregar.** a. Ikuskós; ikusót ang isáng bagay sa ibá. || Kuyakusin.

**Refreir.** a. Pirituhing mulî; ó pirituhing mahusay ang anomán.

**Refrenar.** a. Supilin ng preno ang kabayo; ó prenohan. || fig. Pigilin; supilin; pasukùin. || r. Magpigil; maghinahon.

**Refrescar.** a. Palamigán. || n. Uminóm ng pangpalamíg. || Lumamíg ang lagáy ng panahón. || r. Magpalamíg.

**Refresco.** m. Pangpalamíg. || Pamatíd uhaw.

**Refrigeración.** f. Pagpapalamíg.

**Refrigerar.** a. Palamigín; palipasin ó bawahan ang init ng anomán. || r. Lumamíg.

**Refrigerio.** m. Kaginhawang nanggagaling sa tinátanggáp na lamíg. || Ang kauntîng pagkaing pangsaulî ng lakás. || Ginhawa, ó alíw sa anománg hirap ó kagipitan.

**Refuerzo.** m. Pagtitibay; pagdaragdág ng lakás. || Tulong; abuloy.

**Refugiar.** a. Ampunín; kupkupín ang sínomán || r. Pakupkóp; paampón; sumalilong; magkanlóng; magkublí.

**Refugio.** m. Ampunan; kublihan; sálilungán. || Pagkukupkóp.

**Refunfuñar.** n. Umangil; umingos. || Umungol; bumulóngbulóng.

**Refunfuño.** m. Pagangil; pagingos; pagungol.

**Refutar.** a. Salangsangín; sumangín ang sinásabi ng ibá.

**Regadera.** f. Pangdilíg.

**Regadío, dia.** adj. Lupàng may patubig.

**Regalar.** a. Maghandóg; magalay ng anomán sa kapuwà. || Suyùin, himashimasin. || Aliwín; libangín.

**Regalo.** m. Handóg; alay; hain; dulot; biyayà. || Tuwâ; lugód. || Kaginhawahan; kalayawan; pagtatamasà. || Pagkain at ínuming masaráp at sadyâ.

**Regalón, na.** adj. fam. Malayaw; malambíng. || Mapagtamasà.

**Regañar.** n. Magalit; dumabog. || Makipagtalo; makipagtákapan. || Umangil ang aso.

**Regaño.** m. Simangot; angil; dabog.

**Regañón, na.** adj. y s. Magagalitín; masungit.

**Regar.** a. Magdilíg; ó diligín ang lupà, halaman, at ibá pa. || Wiligán; basâín. || r. Mádilig.

**Regatear.** a. Tumawad; makitungo. || Ipagbilí ng tingî ang anománg pagkain.

**Regateo.** m. Pagtawad; ó tawad. || Pagbibilí ng tingî ng anomán.

**Regatón, na.** adj. y s. Ang nagbibilí ng tingî ng anománg bagay na kinákain. || Matawad; makulít mamilí.

**Regazo.** m. Sinapupunan; kandungan.

**Regencia.** f. Pamamahalà; pagpupunò.

**Regicida.** adj. y s. Ang pumatáy sa harì.

**Regicidio.** m. Ang pagpatáy sa harì.

**Régimen.** m. Palakad; pamalakad.

**Regio, gia.** adj. Ang náukol sa harì. || fig. Maringál; dakilà; marikít.

**Región.** f. Poók; danay.

**Regir.** a. Pamahalàan; pamunùan; pangasiwàan. || Patnugutan; patnubayan. || a. y n. Umiral; sundín.

**Registrar.** a. Siyasatin; usisàing magalíng ang anomán. || Italâ; isulat; itandâ sa aklát ang anomán. || r. Magpatalâ; magpasulat.

**Registro.** m. Pagsisiyasat; paguusisà. || Pagtatalâ; pagtatandâ. || Pagpapasulat. || Talâan; tandâan.

**Regla.** f. Pitik; kalat; ó pangguhit. || Utos; ó kautusáng sinúsunód ng isáng kapisanan. || Tuntunin; pátakarán; panuto. || Punòng aral; símulâín. || *Med.* Ang sakít ng tiyán ng babae.

**Reglamento.** m. Palátuntunan; pátakarán.

**Regocijado, da.** adj. Nakátutuwâ; nakalúlugód. || Masayá; magalák.

**Regocijar.** a. Pasayahín; bigyáng tuwâ ó galák; parangalán. || r. Matuwâ; magalák; magsayá.

**Regocijo.** m. Tuwâ; sayá; galák; lugód. || Pagpapakitang sayá ó tuwâ.

**Regoldar.** n. Dumigháy; ó dumilháy.

**Regresar.** n. Bumalík; magbalík; ó manumbalik sa pinanggalingan.

**Regreso.** m. Pagbalík; ó panunumbalık sa lugál na pinagbuhatan.

**Regüeldo.** m. Digháy, ó dilháy.

**Regular.** adj. Ang naáakmâ at naáayon sa pátakarán ó tuntunin. || Karaniwan; kalakarán. || Kaigihan; kainaman.

**Rehacer.** a. Gawíng mulî. ||

Husayin; ó iulî ang nasirà ó nabawasan. || r. Lumakás; ó magpanibagong lakás.

**Rehartar.** a. Pakabusugín. || r. Magpakabusóg.

**Rehén.** m. Ang taong nasa kapangyarihan ng̃ kaaway, na parang sanglâ ó katibayan ng̃ isáng salitâan ó kasundùan. Karaniwang gamitin sa plural: *en rehenes.*

**Rehenchir.** a. Mamantóg na mulî.

**Rehervir.** n. Kumulông mulî. || fig. Magalab ang loób.

**Rehuir.** a. Ilagan; layùan; ó pakailagan; pakalayùan. || fig. Kasuklamán; tanggihán || r. Umilag; lumayông biglâ.

**Rehusar.** a. Tanggihán; huwág tanggapín ang anomán. || r. Tumanggí.

**Reimpresión.** f. Paglilimbág na mulî.

**Reimprimir.** a. Limbagíng mulî ang isáng aklát ó sinulat.

**Reina.** f. Harìng babae; ó reina.

**Reinado.** m. Ang paghaharì. || Kaharìan.

**Reinar.** n. Magharì. || Manaíg; ó mamayani ang isáng bagay sa ibá.

**Reincidencia.** f. Pagkakásalang mulî ng̃ salang nagawâ na.

**Reincidir.** a. Magkásalang mulî; ó mulîng mahulog sa gayón ding sala.

**Reino.** m. Kaharìan.

**Reintegrar.** a. Saulìan; ó bayarang lubós ang nagíng kasiràan ng̃ anomán. || r. Mabawìng lahát ang nagíng kasirâan ó kalugihán.

**Reintegro.** m. Pagsasaulî; ó pagbabayad ng̃ nagíng sirà ó kakulang̃án. || Pagkabawì; ó pagkásaulî ng̃ nagíng kasiràan.

**Reir.** n. y r. Tumawa. || fig. Bumirò; lumibák. || *á carcajadas.* Humalakhák; tumawa ng̃ lubhâng malakás.

**Reiteración.** f. Pagulit; ó paggawâng mulî ng̃ anomán.

**Reiterar.** a. Ulitin; ó gawíng mulî ang anomán. || r. Máulit; mulîng mágawâ.

**Reja.** f. Rehas; ó saláng bakal. || *Agr.* Lipiyâ ng̃ araro na pangwasak ng̃ lupà.

**Relación.** f. Pagsasaysáy; pagsasabi; ó pagsasalaysáy. || Pagkakáukol; pagkakátugón; pakikitung̃o; pagiibigan.

**Relacionar.** a. Salaysayín; salitín; sabihin; saysayín ang isáng pangyayari.

**Relajar.** a. Pahinàin; paluwagín; palambutín; palubayín. || r. Huminà ang alinmáng bahagi ng̃ katawán.

**Relamer.** a. Himuring mulî.

|| r. Humimodhimod; ó pakahimurin ng dilà ang ngusò at labì.

**Relámpago.** m. Kidlát.

**Relampaguear.** n. é impers. Kumidlát; magkikidlát. || fig. Umaluningníng.

**Relampagueo.** m. Pagkidlát.

**Relatar.** a. Magsaysáy; magbalità; magsalaysáy ng anomán. || r. Masaysáy.

**Relativo, va.** adj. Náuukol; nátutungkól; náhihinggil sa anomán. || *Gram.* Katugón.

**Relato.** m. Pagsasaysáy; pagbabalità. || Ang bagay na isinaysáy ó ibinalità.

**Relator.** m. Ang nagsasalaysáy; ó nagbabalità ng anomán.

**Releer.** n. Basahing mulî ang anomán.

**Relevar.** a. Ibsán; ó alisán ng anománg daláng mabigát ó ng anománg katungkulang gawín. || Patawarin; kalagán sa sala. || *Mil.* Halinhán; palitán.

**Relevo.** m. *Mil.* Paghahalili. || Kahalili.

**Religión.** f. Pananampalataya; pananambá.

**Relimar.** a. Kikiling mulî; pakákikilin.

**Relimpiar.** a. Linising mulî; pakálinisin.

**Relinchar.** n. Humuni ang kabayo.

**Relincho.** m. Huni ng kabayo.

**Reloj.** m. Orasán; relós.

**Relojería.** f. Sining ng paggawâ ng orasán. || Ang gawàan, tindahan, ó kumpunihan ng relós.

**Relojero.** m. Ang gumágawâ, nagkúkumpuní ó nagbibilí ng orasán.

**Relucir.** n. Kumiláp; kumináng; kumintáb. || Magningníng; magliwanag ng malabis.

**Relumbrar.** n. Magliwanag na mabuti; ó magningníng na lubhâ ang anomán.

**Rellenar.** a. Puníng mulî; ó pakapunín ang anomán. || Siksikán ó palamnán ng karnéng tinadtád, isdâ, gulay ó ibáng bagay ang ibon, manók, ó anománg iniúulam.

**Relleno, na.** adj. Punông-punô; siksík; namámaulo. || m. Ang tinadtád na karné ó ibáng bagay, na ginágawâng palamán sa manók, ibon ó anománg iniúulam.

**Remachar.** a. Salsalín; ó baluktutín ang dulo ng pakò sa kinápapakùan.

**Remache.** m. Pagsalsál; ó pagbaluktót ng dulo ng pakò, upáng lalòng tumibay.

**Remanecer.** n. Mulîng lumitáw; sumipót ó pakitang biglâ ang anomán.

**Remanente.** m. Tirá; ó labí ng anomán.

**Remar.** n. Gumaod; sumaguwán.

**Rematar.** a. Tapusin; lutasín ang anomán. || Utasín; patayíng pátuluyan ang tao ó hayop na malapit nang mamatáy. || Bigyáng katapusán ó rematahín ang pagaalmoneda ng anomán, na ibigáy sa tumawad ng malakí. || n. Matapos. || r. Masirà.

**Remate.** m. Dulo; ó katapusán ng anomán. || Ang hulíng salitâ sa almoneda; ó pagremate ng anománg ipinagbibilí.

**Remecer.** a. Ugoyuguyín; luglugín ang anomán. || r. Umugóyugóy.

**Remedar.** a. Gagarín; tularan; parisan ang isáng bagay.

**Remediar.** a. Gamutín; lunasan. || Abuluyan; saklolohan. || Iligtás; ó ilayô sa panganib.

**Remedio.** m. Gamót; lunas; kagámutan.

**Remedir.** a. Sukatin, ó takaling mulî.

**Rememorar.** a. Alalahanin; ipaalaala.

**Remendar.** a. Tagpîan; tutusan; sulsihán. || Hayumahin. || Husayin; ayusin ang anománg sirà ó malî.

**Remedón.** m. Mánanagpî; mánunulsí.

**Remero.** m. Manggagaod; mánanaguwán.

**Remesa.** f. Pagpapadalá sa ibáng lugál ng anomán, lalò na ng salapì.

**Remesar.** a. Labnutíng madalás ang balbás ó buhók. || Ipadalá; ipahatíd ang anomán sa ibáng lugál.

**Remesón.** m. Pagsabunot; paglabnót ng buhók ó balbás. || Ang buhók na sumama sa pagsabunot.

**Remeter.** a. Mulîng ipasok ó ipaloób. || Ipasok sa káloob-looban.

**Remiendo.** m. Pagtatagpî; pagtututos. || Panagpî. || Tagpî; dagdág.

**Reminiscencia.** f. Ang pagkáalaala ng anománg bagay na nakaraán.

**Remisión.** f. Pagpapadalá; pagpapahatíd. || Patawad sa sala ó sa utang.

**Remitente.** p. a. Ang nagpapadalá.

**Remitir.** a. Ipadalá; ipahatíd. || Patawarin sa sala. || Iligtás sa anománg katungkulan. || Itayong; palumatin.

**Remo.** m. *Mar.* Gaod; saguwán.

**Remojar.** a. Basâing mulî; ó ibabad ang anomán.

**Remoso.** m. Pagbababad ng anomán.

**Remolcar.** a. *Mar.* Hilahin;

ó batakin ng isáng sasakyán ang kapuwà sasakyán ó ibáng bagay na lumúlutang.

**Remoler.** a. Pakáligisín; pakádurugin.

**Remolinear.** a. Painugin; paikitin ang anomán. || n. y r. Magulîulî.

**Remolino.** m. Ipoipo; buhawi. || Ulîulî; alimpuyó. || Puyó ng buhók.

**Remolque.** m. Paghila; pagbatak; ó pagakay ng isáng sasakyán sa ibá.

**Remorder.** a. Kagatíng mulî; ó pagkakagatín. || fig. Balisahín; guluhín; ligaligin ang loób ng anománg agamagam. || r. Mabalisa; ó maghirap ang kaloøban; magsisi.

**Remordiente.** p. a. Balisá ang loób.

**Remordimiento.** m. Pagkabalisa; dî pagkápalagáy ng loób dahil sa masamâng nágawâ; pagsisisi.

**Remoto, ta.** adj. Malayò. || fig. Ang mahirap mangyari; ó malayòng mangyari.

**Remover.** a. Ilipat; ó ibago ng lugál ang anomán. || Alisin; ó ilayô ang anománg sagabal. || Halùin; kalasawín || Alisín ang sinomán sa katungkulang hawak.

**Remuda.** f. Paghahalili. || Damit na bihisan.

**Remudar.** a. Ihalili; ó halinhán. || r. Humalili; pumalít. || Maghálinhinan.

**Remuneración.** f. Pagganti; pagbabayad. || Gantí; bihis; bayad; palâ.

**Remunerar.** a. Gantihín; bihisin; pagpalàin; bayaran.

**Renacer.** n. Mulîng sumilang; sumipót na mulì; mulîng tumubò.

**Renacimiento.** m. Mulîng pagsilang; pagsipót na mulî; mulîng pagtubò.

**Rencilla.** f. Away; pagtatalo; pagkakagalít.

**Rencilloso, sa.** adj. Palaaway; mahilig sa pakikipagtalo.

**Renco, ca.** adj. Hinkód; hiwíd.

**Rencor.** m. Pagtataním; galit; ó samâ ng loób.

**Rencoroso, sa.** adj. Mapagtaním sa loób; mapagtagò ng galit.

**Rendición.** f. Pagsukò. || Ang tubò ó pakinabang na ibiníbigáy ng anomán.

**Rendija.** f. Butas; puwáng; siwang.

**Rendimiento.** m. Pagod; pagál; pagkahapò; panghihinà. || Pagsukò; kapakumbabâan. || Pakinabang na ibiníbigáy ng anomán.

**Rendir.** a. Pasukùin; supilin; daigín. || Magbigáy tubò ó pa-

kinabang ang isáng bagay. || Pagalín; hapùin. || r. Sumukò; pasupil; padaíg. || Mahapò; mapagál.

**Renegar.** a. Pakatanggihán ng̃ buông tigás ang anomán. || Kasuklamán; kapootán. || n. y r. Tumalikód; ó talikurán ang dating pananampalataya. || Tumung̃ayáw; sumumpâ ng̃ dî totoó sa ng̃alan ng̃ Dios.

**Renglón.** m. Talatà; taludtód.

**Renombrado, da.** adj. Bantóg; bunyî.

**Renombre.** m. Apelyido; ó pamagát. || Kabantugan; kabunyîan.

**Renovación.** f. Pagbabago; pagpapanibago; ó pagpapalít ng̃ bago.

**Renovar.** a. Baguhin; ó gawíng parang bago ang anomán. || Pagpanibaguhan; ó ulitin ang anománg náhintô. || Halinhán, ó palitán ng̃ bago. || Ipagpalít ng̃ bago ang isáng bagay na lumà. || r. Mabago.

**Renquear.** n. Huminkód; lumakad ng̃ papilaypiláy.

**Renta.** f. Pakinabang, ó tubò na kiníkita sa taóntaón ng̃ isáng lupà, bahay, at ibá pa. || Ang tubò ó pakinabang ng̃ isáng puhunan.

**Renuevo.** m. Usbóng; supling; sulol; talbós; suwí; supang.

**Renuncia.** f. Pagtanggí sa anomán. || Pagbibitíw sa katungkulan.

**Renunciar.** a. Tumanggí; magbitíw sa katungkulan. || Tanggihán; huwág tanggapín ang anomán. || Pawaláng halagá; pabayàan.

**Reñir.** a. Gasàan; pang̃usapan; kagalitan; awayin. || n. Makipagaway; makipagtalo. || Makipagbaka. || Makipagkagalít. || r. Magaway; magbabág; magtalo.

**Reo.** com. Ang salarin; ó may sala. || *For.* Ang násasakdál ó náhahablá.

**Reojo (Mirar de).** fr. Sumulyáp; ó tuming̃ín ng̃ panakáw. || fig. Umirap.

**Reparación.** f. Paghuhusay; pagpapalà ng̃ anománg sirà.

**Reparar.** a. Husayin; ayusin; ó pagpalàin ang kasiràan ng̃ anomán. || Pagmasdán; halatâín; pansinín. || Isipin; bulaybulayin. || Sanggahín. || Papanaulìin ang lakás. || n. Tumigil; humintô sa isáng lugál. || r. Maghinahon; magpigil ng̃ loób.

**Repartición.** f Pagbabahagi; paghahatì.

**Repartidor, ra.** s. y adj. Ang tagapamahagi; ó tagapamudmód.

**Repartimiento.** m. Pamamahagi.

**Repartir.** a. Ipamahagi; ipamudmód; ipangayaw; paghatìhatiin ang anomán.

**Reparto.** m. Pamamahagi.

**Repasar.** a. y n. Daanáng mulî ang naraanan na. || Tingnáng mulî; siyasatin, ó usisàin ang anomán. || Basahing mulî ang pinagaralan. || Paraanan ng tingín ang anománg sulat.

**Repaso.** m. Pagdaraáng mulî sa naraanan na. || Pagsurì ó paguusisàng mulî ng anomán. || Pagsasanay, ó pagbasang mulî ng pinagaralan.

**Repatriar.** a. Pabalikín ang sinomán sa kanyáng bayan. || r. Bumalík; ó manumbalik sa sariling bayan.

**Repelar.** a. Labnutín ang buhók; ó bunutan ng buhók. || Gusarin; ó putlán ang damó. || fig. Kulangan; bawasan; untîan.

**Repeler.** a. Itapon; ihagis; iwaksí ang anomán. || Salangsangín.

**Repente.** m. Kilos na biglâ. || *De repente.* m. adv. Karakaraka; kadingatdingat.

**Repentino, na.** adj. Biglâ. madalî; kaginságinsá.

**Repesar.** a Timbanging mulî.

**Repetición.** f. Pagulit; pagulî.

**Repetir.** a. Ulitin; ulîín; ó mulîng gawín ó sabihin ang nagawâ ó nasabi na. || r. Máulit; mulîng magawâ ó masabi ang anomán.

**Repicar.** a. Pakátadtarín ang anomán. || Patunugín ó repikihin ang kampanà. || Mulîng tudlukín ó durùin.

**Repique.** m. Pagrepike; ó pagpapatunóg ng kampanà. || Ang tunóg ng kampanà.

**Repleto, ta.** adj. Namúmutiktík; punông punô; namúmuninì.

**Réplica.** f. Sagót; paklí; tugón.

**Replicar.** a. y n. Sumagót; tumugón; pumaklí. || Tumutol.

**Reponer.** a. Isaulî; iulî; ó ilagáy sa dating kinálalagyán ang isáng bagay. || Palitán; halinhán ang kinuha. || Sumagót; pumaklí; tumutol. || r. Manaulì ang lakás ng katawán, ó ang pagaarìng nasirà.

**Reportar.** a. Pahinahunin; pigilan ang pusók ng loób. || Tamuhín; kamtán. || r. Maghinahon; magpigil.

**Reposado, da.** adj. Tahimik; lagáy na loób.

**Reposar.** n. Magpahingá; magpahingaláy. || Humimláy; humimpil. || Tumahimik. || Mahímláy. || r. Tumining.

**Reposo.** m. Pagpapahingá; pagpapahingaláy. || Katahimikan; kapalagayán ng loób.

**Reprender.** a. Pangusapan; sisihin ang námamalî. || Batiin; salahín ang gawâng masamâ.

**Reprensible.** adj. Dapat batiin, sisihin ó pangusapan.

**Reprensión.** f. Pangusap; pangaral; pagbatì; pagsisi.

**Reprensor, ra.** m. y f. Ang nangungusap ó sumísisi sa námamalî.

**Representación.** f. Pagpapaalaala; pagpapagunitâ. || Pagtatanghál ng isáng dulà. || Pagpapakatawán sa ibá. || Kapangyarihan; ó karangalan ng isáng tao.

**Representante.** com. Kinatawán.

**Representar.** a. Ipaalaala; ipagunitâ ang anomán. || Itanghál; ilabás sa madlâ ang isáng dulà. || Pakatawán; ó kumatawán sa ibá. || Magíng larawan ó sagisag ng anomán.

**Reprimenda** f. fam. Batì; pangusap na matigás.

**Reprimir.** a. Pigilan; supilin; pahinahunin. || r. Magpigil; maghinahon.

**Reprobar.** a. Salahín; pintasán; masamâín; huwág tanggapín.

**Reprochar.** a. Suwatán; sumbatán; talampakín; pamukhâan. || Pintasán; tanggihán; paalisín.

**Reproducir.** a. Mulîng kathâín. || Mulîng gawín. || Sipiin.

**Reptil.** m. *Zool.* Hayop na iginágapang sa lupà ang tiyân; gaya ng ahas, bubuli, atbp.

**República.** f. Repúblika; ó bansâng pinamamahalàan ng isáng pangulo at ng mga kinatawáng halál ng bayan.

**Repudiar.** a. Itapon; itabóy; itakuwíl ang sariling asawa; hiwalayán.

**Repudio.** m. Pagtatabóy; pagtatakuwíl sa sariling asawa.

**Repudrir.** a. Pakabulukín. || r. fig. y fam. Manggipuspós; magdalamhatì.

**Repugnancia.** f. Pagkakásalungát; ó pagkakálaban ng dalawáng bagay. || Suklám; dímarim; muhî; yamót sa anomán.

**Repugnar.** a. Masalangsáng; másalungát ang isáng bagay sa ibá. || Salangsagín; tanggihán; kasuklamán ang anomán. || Gawín ang anomán ng masamâ sa loób.

**Repulsa.** f. Pagtanggí; ó pagpapawalâng halagá sa hiníhingî.

**Repulsar.** a. Pawalâng halagá ang anomán; tanggihán ang hiníhingî.

**Reputación.** f. Kabantugan; kapurihán.

**Reputar.** a. Mahalín. || Ariing mabuti ó masamâ ang isáng tao ó bagay, ayon sa palagáy ng kumukurò ó nagmamasíd.

**Requebrar.** a. fig. Suyùin; sintahín; ligawan; pakiusapan; panuyùan ang isáng babae. || r. Magsuyùan; magsintahan; magligawán.

**Requerir.** a. Ibabalâ; ipahayag ang anomán ng may kapangyarihan. || Siyasatin. || Kailanganin. || Suyùin; pakiusapan ng pagligaw ang isáng babae.

**Requiebro.** m. Panunuyò; paninintá; pagligaw. || Ang pakiusap; ó salitâng pangingibig.

**Requisa.** f. Pagsisiyasat; paguusisà.

**Requisar.** a. Siyasatin; usisàin.

**Requisito.** m. Kabagayáng kinákailangan sa anomán.

**Res.** f. Alinmáng hayop na apat ang paá, na kaugalìang kanin ó ipanggawâ, gaya ng baka, kabayo, usá, atbp.

**Resarcir.** a. Bayaran; tamtamán ang anománg kasiràan.

**Resbaladero.** m. Lugál na madulás.

**Resbaladizo, za.** adj. Madulás; ó madúlasin.

**Resbaladura.** f. Bakás ng pagkádulás.

**Resbalar.** n. Mádulás; mádupilas. || r. Magdulás. || fig. Mahulog sa kamalìan.

**Resbalón.** m. Pagdulás; ó pagkádulás. || fig. Pagkahulòg sa kamalìan.

**Resbaloso, sa.** adj. Madulás.

**Rescatar.** a. Tubusín sa pagkábilanggô ó sa pagkásanglâ. || Ipagpalít ang isáng bagay ng ibá. || Timawàin. || r. Mátubós. || Mátimawà.

**Rescate.** m. Pagtubós || Ang salapîng itinútubós sa anomán.

**Rescindir.** a. *For.* Pawaláng halagá ang isáng kasundùan ó anománg kasulatan.

**Rescisión.** f. Pagpapawaláng halagá sa isáng kasulatan ó kasundùan.

**Resecar.** a. Pakátuyùin; ó patuyùíng magalíng. || r. Mátuyông magalíng.

**Resembrar.** a. Tamnáng mulî ang isáng lupà.

**Resentimiento.** m. Samâ ng loób; pagdaramdám sa anománg salitâ ó gawâng dî mabuti; tampó; hinanakít.

**Resentirse.** r. Manghinà. || fig. Magdamdám; magpighatî; maghinanakít; magdaláng galit.

**Reserva.** f. Laán; taán; tinagò; iningat. || Panglaán. || Lihim. || Paglilihim; pagiingat. || Hukbóng panglaán.

**Reservado, da.** adj. Malihim; maingat.

**Reservar.** a. Maglaán; mag-

taán; magsimpán ng anománg bagay. || Ipagpaliban ng panahón ang gagawín ó sasabihin. || Itagò; ilingíd; ilihim. || r. Magìngat.

**Resguardar.** a. Ipagtanggól; ingatan. || r. Magingat; magkublí; umilag sa anománg kasiràan.

**Residencia.** f. Táhanan; tírahan; pamamahay. || Paninirá; ó pagtahán sa isáng lugál.

**Residir.** n. Tumirá; tumahán; ó manirahan sa isáng lugál.

**Residuo.** m. Tirá; labí. || Tining; latak: || *Aritm.* Kahigtán.

**Resignar.** a. Tumanggí sa anománg kapakinabangán; ó magbitíw ng katungkulan. || Iabót ó ibigáy sa ibá ang kapangyarihan. || r. Magtiís; umayon sa kalooban ng ibá.

**Resina.** f. Dagtâng malinaw ng alinmáng kahoy.

**Resinoso, sa.** adj. May dagtâ; ó madagtâ.

**Resistencia.** f. Paglaban; pagsalangsáng; paglabág; pagsuwáy.

**Resistir.** a. Salangsangín; labanan; labagín. || a. Tiisín; batahín. || Paglabanan ang mga pita at hilig ng loób || n. y r. Lumaban; magtanggól. || Sumalangsáng.

**Resma.** f. *Com.* Bulós ng papel, na may limangdaáng pliego.

**Resmilla.** f. Balutan ng papel na pangsulat ó *papel de carta.*

**Resobrar.** n. Lumabis ng marami.

**Resol.** m. Sinag ng araw na tumátamà sa anománg bagay na makintáb, at mulâ dito'y tumátamà namán sa ibá; dayangdáng.

**Resolución.** f. Pasiyá; kapasiyahán. || Tapang; siglá ng loób. || Pagyarì ó paglutás ng anománg bagay na malabò ó ipinagáalangán.

**Resolver.** a. Magpasiyá; ó pagpasiyahán ang anomán. || Hatulan. || Saysayín ang isáng bagay na malabò; ó lutasín ang anománg álinlangan. || Yarìin ang isáng paláisipán. || Tunawin. || Siràin; lansagín. || r. Magpasiyá sa sariling loób, na gumawâ ó mag salitâ ng anomán.

**Resollar.** n. Humingá ng matunóg.

**Resonar.** a. Umalingawngáw ang tunóg. || Tumunóg ng malakás; umugong.

**Resorber.** a. Higuping mulî.

**Respaldo.** m. Likód ng papel na kinasusulatan ng anomán. || Ang násusulat sa likód ng papel. || Sandalan ng uupán.

**Respectivo, va.** adj. Náuukol; nátutungkól.

**Respetable.** adj. Kagalang galang; ó dapat igalang.

**Respetar.** a. Gumalang; magpítagan; ó igalang; pagpítaganan.

**Respeto.** m. Galang; pítagan; ó paggalang. || Alangalang; pagtingín. || Panghalili.

**Respetuoso, sa.** adj. Magalang.

**Respiración.** f. Paghingá. || Hiningá.

**Respiradero.** m. Butas na síngawan ó lábasan ng hangin. || fam. Híngahan; ó paraanan ng paghingá.

**Respirar.** n. Humingá. || Suminğáw ang anománg amóy. || fig. Pagsauláng loób.

**Resplandecer.** n. Magningníng; magliwanag na totoó ang anomán.

**Resplandeciente.** p. a. Maningníng; nagniningníng.

**Resplandor.** m. Ningníng; dilág; liwanag na malakí.

**Responder.** a. Sumagót; tumugón; pumaklí. || Sagutín; tugunín. || n. Maakmâ; mábagay. || Umuliyáw ang boses. || Gumantíng loób. || Magsasagót. || Managót; manindigan.

**Respondón, na.** adj. Maságutin; matutol.

**Responsabilidad.** f. Kapanagutan; pananagót sa anomán.

**Responsable.** adj. Ang nanánagót; ó nanánagutan.

**Respuesta.** f. Sagót; tugón. || Pagtugón; pagsagót. || Paklí. || Kaságutan; katugunan.

**Resquebradura.** f. Lahang; liták.

**Resquebrar.** a. Palahangin; palitakín. || n. y r. Lumahang; magliták.

**Resquebrajo.** m. Liták; lahang; biták.

**Resquebrajoso, sa.** adj. Lahangín; lítakin; ó madalîng magbiták.

**Requebrar.** n. y r. Lumahang; lumiták; pumutók; mabaák.

**Resquicio.** m. Puwáng; singit ng pintô. || Silipán; puwáng na maliit ng anomán.

**Restablecer.** a. Isaulî; iulî ang isáng bagay sa dating kalágayan. || Mulîng itatág; ó itayông mulî ang anomán. || r. Manaulì; mábalík sa dating lagáy. || Manaulî ang lakás; gumalíng sa anománg sakít ó dináramdám.

**Restablecimiento.** m. Pagsaulì; ó paguulî sa dating lagáy. || Paggalíng; pananaulì ng lakás.

**Restauración.** f. Pananaulì sa dating kalágayan.

**Restaurar.** a. Bawìin; ó mabawì ang anomán. || Isaulî; iulî; papanumbalikín sa dating lagáy.

|| r. Manaulì; manumbalik sa dating lagáy.

**Restitución.** f. Pagsasaulì. || Paguulî.

**Restituir.** a. Isaulì; ibalík sa may arì ang anomán. || Iulî ang anomán sa dating pagkálagáy. || r. Masaulì; mábalik ang nawalâ. || Magsaulì ng anomán sa tunay na may arì. || Mábalík sa dating lagáy; magbalík sa lugál na pinanggalingan.

**Resto.** m. Tirá; labí.

**Resucitar.** a. Buhaying ulî ang patáy. || n. Mabuhay ulî; ó mulîng mabuhay.

**Resudar.** n. Himigan ng pawis.

**Resudor.** m. Himig ng pawis.

**Resuello.** m. Hiningá. || Paghingá ng malakás.

**Resultado.** m. Nangyari; pinangyarihan; kinasapitan; kinalabasán.

**Resurrección.** f. Mulîng pagkabuhay; ó pagkabuhay na maguli.

**Resurtir.** n. Umudlót; umurong ang isáng bagay sa pagkaumpóg sa ibá.

**Retador.** m. Ang humáhamon; ó naghahamón.

**Retaguardia.** f. Hulihán ng hukbó.

**Retar.** a. Humamon; ó hamunin. || fam. Pangusapan.

**Retardación.** f. Pagkabalam; pagkaantala; pagluluwát.

**Retardar.** a. Balaṃin; antalahin; pagluwatín; bimbingín. || r. Mabalam; maantala; magluwát.

**Retardo.** m Pagkabalam; pagluluwát.

**Retasar.** a. Halagaháng mulî.

**Retazo.** m. Retaso; ó pirasong lumabis sa damit.

**Retener.** a. Bimbingín; pigilan. || Itagò; ingatan. || Tandâan; ingatan sa isip ang anomán. || Ibilanggô; piitín.

**Retentiva.** f. Alaala; pangalaala.

**Reteñir.** a. Tinàing mulî.

**Retintín.** m. Tagintíng; ó tunóg ng kampanà ó ng anománg bagay na matunóg.

**Retiñir.** n. Tumagintíng; ó tumunóg ng maluwát.

**Retirada.** f. Paglayô; pagalís. || *Mil.* Pagurong ng hukbó.

**Retirado, da.** adj. Malayò; nahihiwaláy; nabubukód na lugál. || m. Sundalong retirado.

**Retirar.** a. Ilayô; ihiwaláy; ialís. || Itagò; ikanlóng ang anomán. || Paurungin ang sínomán. || Iurong ang anománg hiníhingî ó nilálakad. || r. Lumayô; humiwaláy sa pakikisama. || Umalís. || Lumigpít. || *Mil.* Umurong; lisanin ng hukbó ang isáng poók ó lugál.

**Retiro.** m. Paglayô; paghiwaláy. || Pagalís. || Pagligpít. || Lugál na nakabukód at malayò sa guló ng tao.

**Reto.** m. Hamon; paghamon. || Balà.

**Retoñar.** n. Magusbóng; magsupling. || fig. Sumîbol; sumipót na mulî.

**Retoñecer.** n. Magsulol; magusbóng.

**Retoño.** m. Usbóng; suplíng; súlol.

**Retorcer.** a. Pakapilihín; pakápilipitin; pakáikirin ang anomán. || r. Magpilipit; mamilipit.

**Retornar.** a. Mulîng bayaran ó gantihín. || Pilipitin ulî. || Paurungin. || n. y r. Bumalík; magbalík sa pinanggalingan.

**Retorno.** m. Pagbalík; ó pagbabalík. || Bayad; ó gantí sa utang na loób.

**Retractación.** f. Pagtalikód sa sinalitâ ó ipinangakò.

**Retractar.** a. Bawiin ang sinalitâ. || r. Tumalikód sa sinabi.

**Retraer.** a. Mulîng taglayín ó dalhín. || Palayùín; pahiwalayín. || r. Lumayô; umilag.

**Retrasar.** a. Bimbingín; antalahin; paluwatín. || n. y r. Mahulí; mabalam; maantala; maluwatán.

**Retraso.** Pagkahulí; pagkabalam; pagkaantala; pagluluwát.

**Retratar.** a. Ilarawan ang isáng tao ó hayop. || Maglarawan. || Parisan; tularan.

**Retratista.** com. Manglalarawan.

**Retrato.** m. Larawan; ó retrato.

**Retrete.** m. Pálikuran; pánabihan.

**Retribución.** f. Gantí; ó bayad sa anomán. || Pagganti; pagbabayad.

**Retribuir.** a. Bayaran; ó gantihín ang anománg bagay na tinanggáp.

**Retroceder.** n. Umurong; umudlót; bumalík.

**Retroceso.** m. Pagurong; pagudlót.

**Retrogradar.** n. Umurong; bumalík.

**Retronar.** n. Umalingawngáw sa malayò ang ugong ng kulóg.

**Retrovender.** a. *For.* Ipagbilíng mulî ang isáng bagay sa binilhán sa halagá rin ng pagkabilí.

**Retroventa.** f. Pagbibilíng mulî ng anománg bagay sa kanyá ring binilhán.

**Retumbante.** adj. Matunóg; maugong.

**Retumbar.** n. Umugong; umalatuwát; umalalad ng lubhâng malakás.

**Retumbo.** m. Alalad; alatuwát; ugong na lubhâng malakás.

**Reumatismo.** m. *Méd.* Sakít na reuma.

**Reunión.** f. Pagkakápisan; pagtitipon. || Katipunan; kapisanan. || Lipon; pulong.

**Reunir.** a. Ipisan; isama; ilakip na mulî. || Tipunin; pisanin; ipunin. || r. Magpisanpisan. || Magkatipon. || Pumisan; makisama.

**Revalidación.** f. Pagpapatibay; pagpatotoó sa anomán.

**Revalidar.** a. Pagtibayin; patotohanan; ó patibayang mulî ang anomán. || r. Magsulit ng madlâng pinagaralan upáng tumanggap ó pagtibayin sa isáng mataas na karunungan.

**Revejecer.** n. y r. Tumandâ agád. || Agád malumà.

**Revelación.** f. Pagpapahayag ng nálilihim. || Pahayag.

**Revelar.** a. Ipahayag ang anománg lihim. || Ipahayag ng Dios sa tao ang anománg dárating ó nálilihim.

**Revender.** a. Ipagbilíng mulî ng untiuntî ang anománg biniling páminsanan.

**Revenirse.** r. Mangurong; mangundót; manguyumpís || Maubos na untîuntî ang anomán.

**Reventar.** n. y r. Magputók; pumutók. || Mabasag. || Mapisâ. || Manabog ang alon. || Pumuslít; tumilaroy; pumulandít. || fig. Magnasà ng mahigpít || a. Paputukín.

**Reventón.** m. Pagputók ng anomán.

**Rever.** a. Tingnáng mulî. || Pakálinìngin; pakasiyasatin.

**Reverdecer.** n. Manariwàng mulî ang mga halaman ó pananím.

**Reverencia.** f. Gulang; pítagan. || Pagyukód; pagyukô.

**Reverenciar.** a. Igalang; pagpitaganan. || Pintuhùin; sambahín.

**Reverendo, da.** adj. Kagalanggalang.

**Reverente.** adj. Magalang; mapítagan.

**Reverso.** m. Kabalikán; likód ng anomán, lalò na ng salapî at medalya.

**Reverter.** n. Umapaw; lumabis.

**Revés.** m. Likód; ó kabalikán. || Tabig; ó hampás na pasaliwâ ng kamáy. || fig. Kasaliwàang palad. || *Al revés.* m. adv. Baligtád; ó pabaligtád.

**Revistir.** a Susunán ng damít; ó isuót na pagpatungin ang damít sa katawán. || r. Magsusón ng damít.

**Revisar.** a. Surìin; liningin; siyasatin,

**Revisión.** f. Pagsuri; pagliníng; pagsisiyasat.

**Revisor.** m. Tagasurì; tagalining; tagasiyasat.

**Revivificar.** a. Buhayin. || Palakasín; pasiglahín.

**Revivir.** n. Mabuhay ulî. || Pagsaulán ng hiningá ang isáng tila patáy na.

**Revocación.** f. Pagpapawalâng halagá ng anomán.

**Revocar.** a. Pawalâng halagá; baguhin; ó bawìin ang isáng atas, kautusán ó hatol.

**Revolar.** a. Lumipád ulî ang ibon.

**Revolcadero.** m. Lubluban.

**Revolcar.** a. Ilugmók; itumbá; igumon ang sinomán. || r. Gumumon; gumulong sa anomán. || Maglublób; maglubalob.

**Revolotear.** n. Lumipád na magpaikitikit ang ibon; sumalipadpád.

**Revoloteo.** m. Paglipád na paikitikit ó painoginog ng ibon; pagsalipadpád.

**Revoltoso, sa.** adj. Malikót; magaláw. || Mapangguló; mapanghimagsík.

**Revolución.** f. Paghalò; paghalukay. || Guló; kaguluhan; pagkakaguló. || Panghihimagsík; hímagsikan. || fig. Pagbabago; pagiibá ng kalágayan ng mga bagay.

**Revolucionar.** a. Papanghimagsikín; papagalsahín ang bayan. || r. Manghimagsík; magalsá.

**Revolucionario, ria.** adj. Ang náuukol sa panghihimagsík. || Manghimagsík; mangguguló.

**Revólver.** a. Pistolang may isá ó maraming putók; ó rebolber.

**Revolver.** a. Halùin; gawgawín; kalawkawín; halukayin. || Balutin ang isáng bagay sa ibá; puluputan. || *Mil.* Balingang labanan ang kaaway. || Bungkalín; halughugín; unkatín. || Guluhín; ligaligin; mangguló; mangligalig. || Pagbalikáng lakarin ang nalakad na. || r. Magpabilingbilíng; bumalibaligtád. || Magbago; magibá ang panahón.

**Revuelto, ta.** adj. Guló; gusót; ligalíg. || Malikót; mapangguló. || Gusót; guló; suótsuót.

**Rey.** m. Harì. || Ang pangulong peón sa larông ahedres. || Ang harì sa baraha.

**Reyerta.** f. Pagtatalo; taltalan; pagaaway.

**Rezador, ra.** s. y adj. Mapagdalangin; mapagdasál.

**Rezagar.** a. Ihulí ang anomán. || Bimbingín; itigil sa iláng panahón ang paggawâ ng anomán. || r. Máhulí.

**Rezar.** a. Manalangin; magdasál. || fam. Saysayín; sabihin sa isáng sulat ang anomán.

**Rezo.** m. Pananalangin; pagdarasál. || Dasál; panalangin.

**Rezongar.** n. Umungol; bu-

mulóngbulóng sa iniúutos, at sundín ng masamâ sa loób.

**Rezongón, na.** adj. Maungulín; mabúlungin.

**Rezumarse.** r. Tumiím sa sisidlán ang tubig, langís ó anománg bagay na lusaw.

**Ría.** f. Wawà; bitás; ó lábasan ng isáng ilog sa dagat.

**Riachuelo.** m. Batis; ó ilog na muntî at mahinà ang agos.

**Riada.** f. Bahâ.

**Ribazo.** m. Buról; tagudtód.

**Ribera.** f. Baybayin; pangpáng; tabí ng dagat ó ilog.

**Ribereño, ña.** adj. Ang nauukol sa baybayin; ó sarili niyá.

**Ribete.** m. Tutóp. || Dagdág.

**Ribetear.** a. Tutupán; magtutóp.

**Ricacho, cha.** adj. Lubhâng mayaman; ó masalapî, nguni't uring mababà.

**Rico, ca.** adj. Mahadlikà; ó mataas na lipì. || Mayaman; masalapî; mapilak. || Saganà; ó masaganà. || Masaráp; malinamnám. || Lubhâng mabuti.

**Ridiculez.** f. Salitâ ó gawâng kakaibá at hindî kaugalian.

**Ridiculizar.** a. Biruin; uyamín ang kapuwà na pagtawanán ang kanyáng kasiràan ó kaibháng gawâ.

**Ridículo, la.** adj Katawátawá; ó nakátatawá dahil sa kaibhán sa ibá. || Walâng halagá. || Kakaibá.

**Riego.** m. Dilíg; pagdidilíg.

**Riel.** m. Daáng bakal, na ginúgulungan ng tren ó trambía.

**Rienda.** f. Rienda; ó talì ng preno na hawak ng nagpapatakbó ng kabayo. || fig. Pagsupil. || pl. Pamamahalà, pangangasiwà ng anomán.

**Riesgo.** m. Panganib; kapanganiban.

**Rifa.** f. Pagtatalo; away; babág || Larông ripa.

**Rifar.** n. Makipagaway; makipagtalo. || a. Maglarô ng ripa. || r. *Mar*. Mawalat, matastás; magkápirapiraso ang layag.

**Rifle.** f. Baríl na riple.

**Rigidez.** f. Kabagsikan; kahigpitán.

**Rígido, da.** adj. Mabagsík; mahigpít.

**Rigodón.** m. Sayáw na rigodón; ligirán.

**Rigor.** m. Bagsík; kabagsikan; kahigpitán. || Bangís; lupít; kabangisan. || Sidhî; tigás; tindí ng panahón. || *En rigor*. m. adv. Sa katotohanan; sa katunayan.

**Riguroso, sa.** adj. Mabagsík; mabangís. || Lubhâng mahigpít. || Matindí; malabis na lamíg ó init ng panahón.

**Rima.** f. Tugmâ. || Tulâ.

**Rimar.** n. Tumugmâ; magtugmâ. || Magkatugmâ; mátugmâ ang isáng salitâ sa kapuwà salitâ.

**Rimbómbar.** n. Umugong; tumunóg ng̃ lubhâng malakás.

**Rincón.** m. Sulok. || Lugál na tagô. || fig. Ang tahanan ng̃ isá, na malayò sa ing̃ay ng̃ tao.

**Riña.** f. Away; babág; pagtatalo.

**Riñón.** m. Bató sa katawán ng̃ tao ó hayop. || fig. Ang ubod ó gitnâ ng̃ isáng lupà ó lugál.

**Río.** m. Ilog. || fig. Kasaganàang malakí ng̃ anománg bagay na lusáw.

**Riqueza.** f. Kayamanan; yaman.

**Risa.** f. Tawa; ng̃itî. || Ang nakátatawá.

**Risada.** f. Halakhák.

**Risible.** adj. Mangyayaring tumawa. || Nakátatawá; ó katawátawá.

**Risotada.** f. Halakhák; tawang malakás at walâng ayos.

**Risueño, ña.** adj. Masayá ang mukhâ; nakatawa; nakang̃itî. || Matatawanín. || fig. Nakalúlugód. || Kaayaaya. || Maginhawa; mapalad.

**Rito.** m. Kaugalìan; kaasalán.

**Rival.** m. Kaagaw; katalo; katunggalì.

**Rivalidad.** f. Pagpapang̃agáw; pagtutunggalì; pagtatalo.

**Rivalizar.** n. Magpang̃agáw; magtunggalî.

**Rizar.** a. Kulutín ang buhók. || r. Mang̃ulót ang buhók.

**Rizo, za.** adj. Kulót na buhók. || m. Pagkukulót ng̃ buhók.

**Robar.** a. Magnakaw; mang̃umít. || Agawin; ó itanan ang isáng babae sa kanyáng magulang.

**Robín.** m. Kalawang.

**Roblizo, za.** adj. Matibay at matigás.

**Robo.** m. Pagnanakaw; nakaw. || Ang ninakaw.

**Robustecer.** a. Palakasín. || r. Lumakás.

**Robustez.** f. Kalákasan; lakás. || Katibayan; katatagán.

**Robusto, ta.** adj. Malakás; matibay; matatág. || Bálisaksakan; malakás ó malusóg ang katawán.

**Roca.** f. Bató, na lubhâng matigás. || Talampás; ó bundók na bató sa lupà ó sa dagat.

**Roce.** m. Pagkásagì; pagkákiskís. || fig. Pakikisalamuhà; pakikihalubilo; ó lagìng pakikipanayám sa kapuwà.

**Rociada.** f. Paghamôg. || Hamóg.

**Rociadera.** f. Pangdilíg.

**Rociado, da.** adj. Basâ ng̃ hamóg.

**Rociador.** m. Pangwisík ng damít.

**Rociar.** n. Humamóg. || a. Iwisík; ipagwisík ang tubig ó anománg bagay na lusaw. || Wisikán; wiligán.

**Rocío.** m. Hamóg.

**Rodada.** f. Bakás ng gulóng sa lupàng dinaanan.

**Rodadero, ra.** adj Gulungín; madalîng gumulong; ó sadyâng gugulong.

**Rodadizo, za.** adj. Magulungín; ó madalîng gumulong.

**Rodadura.** f. Paggulong; pagikit; paginog; pagpihit.

**Rodapié.** m. Tabing na nakatatakíp sa paá ng mga híhigán, mesa, at ibáng kasangkapan. || Pintá sa ibabâ ng pader na ibá ang kulay kay sa itaás.

**Rodar.** n. Gumulong; umikit; uminog; pumihit. || Mabulíd, ó mahulog na gumulong buhat sa isáng mataás na lugál. || fig. Gumulonggulong; ó kumalatkalat ang anomán na parang walâ nang kabuluhán.

**Rodear.** n. Lumigid; lumiklík. || Magpaligid; magliklík ng daán. || fig. Magpalikuwadlikuwád. || a. Libiran; puluputan. || Paikutin; painugin ang anomán.

**Rodela.** f. *Mil.* Kalasag.

**Rodeo.** m. Pagligid; pagliklík. || Pagliliklík ng daán. || Pagpapalikuwádlikuwád.

**Rodilla.** f. *Anat.* Tuhod. || *De rodillas.* m. adv. Paluhód.

**Rodillada.** f. Pagtuhod. || Pagkaluhód; ó anyông paluhód ng mga paá.

**Rodillazo.** m. Pagtuhod; ó saksák ng tuhod.

**Rodillo.** m. Pulín; paralis. || Batóng mabilog na pamantáy ng lupà. || *Impr.* Ang rodilyong panglagáy ng tintá sa limbagan.

**Rodiiludo, da.** adj. Tuhurán; ó malakí ang tuhod.

**Roedura.** f. Pagngatngát; pagngasngás. || Ang nakukuha ng ngatngát ó ngasngás.

**Roer.** a. Ngatngatín; ngasngasín; himangatín. || fig. Gasgasín; ó alisíng untîuntî ang ibabaw ng anomán.

**Rogación.** f. Pagdalangin.

**Rogar.** a. Dumalangin; dumaing; humilíng. || Lumuhog; sumamò; makiusap.

**Rogativa.** f. Pagdalanging hayág sa Dios ng maraming tao upang kamtán ang kanyáng awà.

**Rojear.** n Mamulá; mamulamulá.

**Rojizo, za.** adj. Namumulá; mapulápulá.

**Rojo, ja.** adj. Pulá; mapulá.

**Rollar.** a. Lulunín; balumbumín.

**Rollizo, za.** adj. Mabilog at habâ, nà parang lulón ng baníg. || Taong mabilog at malakí ang katawán.

**Rollo.** m. Lulón; balumbón.

**Romadizarse.** a. Sipunín; magkasipón.

**Romadizo.** m. *Med.* Sipón.

**Romeral.** m. Lugál na ma raming taním na romero.

**Romería.** f. Pangingibáng bayan; ó paglalakbáy sa isáng simbahan na pinangakùang dayuhin.

**Romero.** m. *Bot.* Romero.

**Romero, ra.** adj. y s Ang nangingibang bayan; ó naglalakbáy sa isáng simbahan.

**Romo, ma.** adj. Pulpól; salsál; pudpód ang dulo. || Ilóng na maliít at dapâ.

**Rompedero, ra.** adj. Basagín; madalîng masirà.

**Rompedura.** f. Basag; sirà.

**Rompeolas.** m. Pangbasagalon.

**Romper.** a. Basagin; durugín; baliin; patirín; lagutín; punitin. || Hatiin; biyakín; siràin; lansagín. || Gasgasín. || *Mil.* Lansagín; ó pasabugin ang isáng hukbó. || n. Magmulâ; magsimulâ: gaya ng *romper la marcha, magmuláng lumakad; romper á hablar, magsimuláng mangusap.*

**Roncador, ra.** m. y f. Mapaghilík.

**Roncar.** n. Maghilík.

**Roncear.** a. Paghimanhimanin; ó lantutayín ang anománg gawâ. || Palibanlibanin.

**Roncería.** f. Paglalantutáy; paghihimanhiman sa paggawâ.

**Roncero, ra.** adj. Mahiman; mapaglantutáy.

**Ronco. ca.** adj. Namamaos; namamalát. || Paós na tinig ó boses.

**Roncha.** f. Tagulabáy.

**Ronda.** f. Pagroronda; ó pagbabantáy sa gabí sa isáng bayan ó lugál. || Ang mga nagroronda ó nagbabantáy.

**Rondar.** n. Maglibót sa gabí na bantayán ang isáng bayan ó alinmáng poók. || Lumibot, ó magpasiyalpasiyal sa gabí. || a. Magpaligidligid; ó ligidligiran ang anomán.

**Ronquear.** n. Mamaos; mamalát.

**Ronquedad.** f. Kapausán; ó pagkapaós.

**Ronquera.** f Pamamaos; pamamalát.

**Ronquido.** m. Hilík. || fig. Tunóg na bagól.

**Ropa.** f. Damít; ó alinmáng kasuutang ginágamit ng tao.

**Ropaje.** m. Ang pananamít sa katawán. || Ang pananamít na

mahabà at mainam, na sarili ng mga may kapangyarihan. || Ang katipunan ng damít.

**Ropería.** f. Tindahan ng mga damít na yari. || Lugál na tataguan ng damít.

**Ropero, ra.** m. y f. Ang nagbibilí ng mga yaring damít na bago. || Ang tagapagingat ng damít ng isáng kapisanan. || m. Ang tataguan ng damít.

**Rosa.** f. *Bot.* Bulakläk ng rosal. || Ang kulay rosas.

**Rosado, da.** adj. Sinásabi sa kulay rosas. || Ang sinangkapán ng rosas.

**Rosal.** m. *Bot.* Isáng halaman na ang bulaklák ay rosa.

**Rosariero.** m. Ang gumágawâ, ó nagtitindá ng kuwintás.

**Rosario.** m. Kuwintás. || Ang dasál na rosario.

**Róseo, sea.** adj. May kulay rosas.

**Rostrillo.** m. Pamuting inilálagáy sa mukhâ ng mga babae. || Sinag sa mukhâ ng mga larawan ó santó.

**Rostro.** m. Mukhâ ng tao. || Tukâ ng ibon. || *Mar.* Ang dulo ng doóng ng sasakyán.

**Rotación.** f. Pagikit; paginog; pagpihit; pagbiling.

**Roto, ta.** p. p. Sirâ; lanság; baság. || s. y adj. Gulanít; punít; larót ang damít.

**Rótula.** f. *Anat.* Bayugo ng tuhod.

**Rotular.** a. Lagyán ng rótulo.

**Rótulo.** m. Pamagát ng isáng aklát, kathâ ó alinmáng sinulat. || Kartel na idinídikit sa hayág na lugál.

**Rotundidad.** f. Kabilugan. || fig. Kaliwanagan; kalinawan. || Kabuùan; kapupusán.

**Rotundo, da.** adj. Mabilog. || fig. Maliwanag; malinaw. || Buô; pupós.

**Rotura.** f. Sirà; biyák; lahang; putók.

**Rozadura.** f. Pagsagì; pagkiskís ng isáng bagay sa ibá.

**Rozar.** a. Gusarin; ó hawanin ang lupà sa nakasúsukal na damó, bago sakahin at tamnán. || Putputín ng hayop ang damó. || Kudkurín ó kaskasín ang ibabaw ng anomán. || n. Masagì; mákiskís; mábunggô ng marahan ang isáng bagay sa ibá. || r. Magkabunggô; magkaumpóg ang isáng paá sa isá. || Makisalamuhà sa kapuwà; magkápalagayáng loób.

**Rubí.** m. Batóng mahalagá na kulay rosas at lubhâng makináng.

**Rubificar.** a. Papulahín ang anomán.

**Rubio, bia.** adj. Mapuláng murà, na parang kulay ng gintô.

**Rubor.** m. Kulay na pulá.

|| Pamumulá ng mukhâ dahil sa kahíhiyán. || Hiyâ; kahihiyán; hinhín.

**Ruborizar.** a. Hiyâín; papamulahín sa kahihiyán. || r. Mamulá ang mukhâ dahil sa pagkahiyâ. || Mahiyâ.

**Ruboroso, sa.** adj. Mahiyâin; ó mahihiín.

**Rúbrica.** f. Tandâng mapulá. || Ang tandâ ó guhit na sarili ng sinomán, na ilinálagáy sa ibabâ ng pangalan ó pirmá.

**Rudeza.** f. Kagaspangán; kabastusán ng anománg bagay. || Kapurulán ng isip.

**Rudo, da.** adj. Magaspáng; bastós. || Mapuról ang isip. || fig. Walâng galang.

**Rueda.** f. Gulóng. || Lipon; bilog ng mga tao ó bagay.

**Ruego.** m. Daíng; luhog; pakiusap.

**Rugido.** m. Ungal ng león.

**Rugir.** n. Umungal ang león.

**Ruido.** m. Tunóg; ugong. || Ingay; alingawngáw; alingasngás. || Kalatís; kalatóg; kalugkóg; kagungkong; at ibá pa. || Pagtatalo; pagaaway; pagtataltalan; pagtatákapan.

**Ruidoso, sa.** adj. Matunóg; maugong. || Maingay; maalingawngáw; maalingasngás.

**Ruin.** adj. Hamak; mababà; walâng halagá; bastós. || Masamâ ang ugali. || Maramot at masakím.

**Ruina.** f. Pagkaguhô; pagkágibâ; pagkasirà. || fig. Paghihirap; ó kasiràang malakí ng mga pagaarì ó kayamanan. || Pagkapahamak; pagkálugsô ng isáng tao, ának ó bayan. || pl. Ang mga labí ng bahay na guhô ó gibâ.

**Ruindad.** f. Pagkahamak; ó gawâng hamak. || Kawalâng halagá ng anomán. || Karamutan at kasakimán.

**Rumbo.** m. Túnguhin; tumpahin; tungo. || fig. y fam. Pagpaparangyá; pagpaparangalan; pagmamarikít.

**Rumboso, sa.** adj. Mapagparangyá; mapagmarikít. || Maringál; marikít; marilág.

**Rumiar.** a. Nguyâín ulî ang nakain na, na pabalikíng mulî sa bibíg: sinásabi lamang sa hayop, na gaya ng kalabáw, kambíng, at ibá pa.

**Rumión, na.** adj. Palanguyâ ng nakain na.

**Rumor.** m. Bulungbúlungan, sabisabi; alingawngáw. || Ingay; alingasngás.

**Runrún.** m. fam. Sabísabí; bulungbúlungan.

**Rural.** adj. Ang náuukol sa parang ó sa bukirín.

**Rusticar.** n. Mamarang; tumirá sa parang.

**Rusticidad.** f. Kabastusán ng

yarì. || Kagaspangán ng ugalì.

**Rústico, ca.** adj. Ang náuukol sa parang. || Bastós; magaspáng ang ugalì. || m. Tagaparang; tagabukid.

**Ruta.** f. Túnguhin; ó tumpahin ng isáng paglalakbáy.

**Rutina.** f. Kaugaliang pinagkáratihan; ó ugaling nátutuhan lamang sa masíd ó sa kásasanay.

**Rutinario, ria.** adj. Ang ginágawâ ó gumágawâ ng walâ nang kurókurò at pawàng nátutuhan lamang sa pagmamasíd.

# S



**Sabalar.** m. Lambát, ó anománg panghuli ng bangós.

**Sabalero.** m. Magbabangós.

**Sábalo.** m. *Zool.* Bangós.

**Sábana.** f. Kumot. || Balot.

**Sabana.** f. Parang na malawak at walâng punòng kahoy.

**Sabandija.** f. Alinmáng hayop na maliliít at nakasusuklám; gaya ng butikî, bubuli, atbp.

**Sabañón.** m. Alipungá.

**Sabedor, ra.** adj. y s. Nakaáalám; nakatátalastás.

**Saber.** a. Málaman; matantô; matalastás; matahô; mabatíd. || Dumunong; mátuto; tumalino. || Masanay; mabihasa; maratihan sa paggawâ ng anomán. || m. Dunong; karunungan; katalinuhan.

**Sabido, da.** adj. Maalam; ó maraming nálalaman. || Hayág; alám ng marami.

**Sabiduría.** f. Karunungan; katalinuhan. || Kabihasahán. || Kaalamán; kabatirán.

**Sabiendas (A).** m. adv. Kinusà; tinalagá.

**Sabihondo, da.** adj. y s. fam. Mapagmarunóng; mapagdunungdunungan.

**Sabio, bia.** adj. y s. Pantás; paham; marunong; bihasa. || Nakatútùturò; nakaáaral; nakatútuto.

**Sablazo.** m. Tagâ ó lapad ng sable. || Sugat na gawà ng sable.

**Sable.** m. Sandatang katulad ng espada, ngunì't anyông baluktók at íisá ang talím.

**Sabor.** m. Lasa; lasáp; namnám. || Saráp; linamnám.

**Saboreamiento.** m. Paglasa; paglasáp; pagnamnám.

**Saborear.** a. Pasarapín; palinamnamín ang lasa ng anomán. || Lasahin; lasapín; namnamín. || r. Lumasáp; másarapan; mágustuhán ang lasa ng kinákain.

**Sabroso, sa.** adj. Masaráp; malinamnám; malasa. || fig. Kawiliwili; kaayaaya.

**Saca.** f. Pagkuha. || Paglalabás, ó pagkuha ng kalakal sa isang bayan. || Ang unang sipì ó salin ng anománg kasulatan.

**Sacabala.** f. *Med.* Kasangkapang panguha ng punglô sa loób ng katawán. || m. pl. *Mil.* Panguha ng punglô sa kanyón.

**Sacacorchos.** m. Kasangkapang panguha ng tapón ng bote.

**Sacamanchas.** m. Ang tagapagalís ng mansá ng damit.

**Sacamuelas.** m. Mangbubunot ng ngipin.

**Sacar.** a. Kunin; alisín; ilabás; ilayô; hangùin; hugutin. || Itiwalág. || Iligtás. || Gumawâ; bumuô ng anomán. || Humuwád; sumipì; sumalin. || Kilalanin; tuntunín sa mga tandâ ang anomán. || Kamtán; tamuhín. || Itangì; iluwál. || Isalin ang alinmáng sulat.

**Sacerdocio.** m. Pagkápari; ó karangalan, kalagayan at katungkulan ng pari.

**Sacerdotal.** adj. Ang náuukol sa pari.

**Sacerdote.** m. Pari.

**Saciable.** adj. Mabubusóg; ó mangyayaring mabusóg.

**Saciar.** a. Busugín; sandatín; buyâín. || r. Mabusóg; masandát; mabuyâ.

**Saciedad.** f. Kabúsugan; kabuyâan; pagkabusóg; pagkasandát.

**Sacio, cia.** adj. Busóg; buyâ; sandát.

**Saco.** m. Supot. || Pangloloób; pagsamsám.

**Sacratísimo, ma.** adj. Lubháng kagalanggalang.

**Sacrificar.** a. Maghain; maghandóg; magalay sa Dios. || fig. Papaghirapin; papagtiisín ng maraming hirap ang kapuwà. || r. Humain; humandóg; umalay sa Dios. || Magtiís ng hirap.

**Sacrificio.** m. Hain; handóg; ó alay sa Dios. || fig. Pagtitiís ng hirap. || Pagpapakahirap.

**Sacrilegio.** m. Pagpaslang, ó paglapastangan sa kagalanggalang na bagay.

**Sacrílego, ga.** adj. Ang pumasláng, ó lumapastangan sa bagay na kagalanggalang.

**Sacristán.** m. Sakristán.

**Sacro, cra.** adj. Kagalanggalang.

**Sacrosanto, ta.** adj. Kagalanggalang at banál.

**Sacudida.** f. Pagpág; paspás.

**Sacudidura.** f. Pagpagpág ng alikabók.

**Sacudimiento.** m. Pagpagpág; pagpaspás.

**Sacudir.** a. Ipagpág; ipaspás; iwagwág; iwaswás; ipilíg. || Hampasín; palùin. || Iwaksí. || r. Ipagtabóy ang sinomán ng masakláp.

**Saeta.** f. Panà; palasô; tunód.

**Saetada.** f. y

**Saetazo.** m. Pagpanà. || Sugat na gawâ ng panà.

**Saetear.** a. Pumanà; panàin.

**Sagacidad.** f. Katalasan; katalinuhan ng isip. || Katalasang umamóy ng aso.

**Sagaz.** adj. Matalas; matalino; ó bihasáng kumilala ng anománg bago pa lamang mangyayari. || Aso na matalas umamóy ng bakas ng hayop na hinuhuli.

**Sagrado, da.** adj. Ang nakaukol sa Dios at sa paggalang sa kanyá. || Kagalanggalang.

**Sahumadura.** f. Pagsuób.

**Sahumar.** a. Sumuób; ó suubín.

**Sahumerio.** m. Pagsuób. || Panuób.

**Sajador.** m. Mángangadlít.

**Sajadura.** f. Kadlít; tabad.

**Sajar.** a. Kadlitán; tabaran.

**Sal.** f. Asín. || *Quim.* Bagay na pinaghalòng isáng *ácido* at isáng *óxido metálico.*

**Sala.** f. Kabahayán; buluwagan. || Sa húkuman, ay ang silid ó lugál na kinálalagyán ng isáng hukóm.

**Saladero.** m. Bahay ó lugál na pinagáasinán ng karné ó isdâ.

**Salado, da.** adj. Maalat; maasín.

**Saladura.** f. Pagaasín ng karné ó isdâ.

**Salar.** a. Magasín; ó asnán ang isdâ ó karné. || Lagyán ng asín ang pagkain.

**Salario.** m. Himagál; upa ó bayad sa mg̃a manggagawà.

**Saldar.** a. *Com.* Tapusin ang isáng utang, na bayaran ang nátitirá.

**Saldo.** m. *Com.* Katapusán, ó katuusán ng isáng utang. || Ang halagáng nátirá sa gayóng pagtutuós.

**Salero.** m. Asinán; palaasnán. || Tatagùan, ó tinggalan ng asín.

**Salida.** f. Paglabás; pagalis. || Lábasan. || *Com.* Paglabás ó pagbibilí ng kalakal.

**Salificar.** a. Asinín; ó gawíng asín ang anomán.

**Salín.** m. Tinggalan ng asín.

**Salina.** f. Ásinan; ó ang kinúkunan, ó pinaggagawán ng asín.

**Salinero.** m. Magaasín.

**Salino, na.** adj. May asín.

**Salir.** n. Lumabás; lumuwál; sumipót; lumitáw. || Umalís. || Sumilang; sumikat. || Gumitî; sumibol. || Tumakas; tumanan. || Manggaling; magbuhat; magmulâ ang isáng bagay sa ibá. || r. Tumulò; tumagas. || Umapaw; lumabis || Umalís.

**Saliva.** f. Laway; lurâ.

**Salivación.** f. Paglalawáy.

**Salival.** adj. Ang náuukol sa laway.

**Salivar.** n. Maglawáy.

**Salivoso, sa.** adj. Mapaglawáy.

**Salmear.** n. Magdasál ó umawit ng̃ mg̃a salmo.

**Salmo.** m. Awit na papuri sa Dios.

**Salmón.** m. *Zool.* Isdâng salmón.

**Salmuera.** f. Patís.

**Salobre.** adj. Maalat; matabsíng.

**Salobreño, ña.** adj. Lupàng alatín ó may asín.

**Salpicadura.** f. Pagtilansík; pagpulandít.

**Salpicar.** a. Papilansikín; patilamsikín; papulanditín. || Laktawán ang anomán. || r. Tumilansík; pumulandít.

**Salpimentar.** a. Imbakín ang anomán sa pinaghalòng asín at pamintá, upáng huwág masirà at lalòng sumaráp.

**Salpresar.** a. Buruhin; bagong̃in; ó asnán ang isdâ ó karné.

**Salpreso, sa.** p. p. Buro; bagóng; inasnán.

**Salpullido.** m. Bung̃ang araw.

**Salpullir.** a. Tubùan ng̃ bung̃ang araw. || r. Malipós ng̃ bung̃ang araw ang katawán.

**Salsa.** f. Sawsawan; sáhukan. || Salsa, na isinásangkáp sa ginisá.

**Salsera.** f. Lalagyán ng̃ salsa.

**Salserilla.** f. Tasang munti na lalagyán ng̃ salsa.

**Saltadero.** m. Luksuhan; lundagan; tálunan.

**Saltador, ra.** m. y f. Manglulukső.

**Saltar.** n. Lumuksó; lumundág; tumalón. || Magtalón. || Dumambá. || Tumalsík; tumilansík; umilandáng. || Tumilaroy; sumilakbó. || Malagót na biglâ ang anomán dahil sa malabis na kahigpitán. || fig. Magíng pansinin; ó mamukód ang anomán. || Sumagila; sumurot na biglâ sa isip ang anomán. || a. Sa mg̃a hayop, ay lumukob ang lalaki sa babae. || Lumaktáw; ó laktawán ang anomán.

**Saltarín, na.** m. y f. Mananayaw.

**Salteador.** m. Manghaharang; tulisán.

**Saltear.** a. Mangharang; manulisán. || Lumoób; sumalakay. || Guwín ang anomán ng̃ palaktáw-laktáw.

**Salteo.** m. Panghaharang; panunulisán. || Pangloloób. || Paglaktáw.

**Salto.** m. Pagluksó; paglundág; pagtalón. || Lundág; talón; luksó. || Sikdó; kabá; kutób ng pusò. || fig. Lakdáw; ó paglaktáw ng isáng bahagí ng binábasa ó sinúsulat.

**Salud.** f. Galíng; ginhawa; ó kabutihan ng katawán.

**Saludable.** adj. Nakabúbuti; nakagágalíng; ó nakagíginhawa ng katawán.

**Saludador.** m. Mapagbatî; mapagbigáy galang

**Saludar.** a. Bumatì; magbigáy galang; magpugay.

**Saludo.** m. Pagbatì. || Batì; pugay; yukód; bigay galang.

**Salutación.** f. Pagbatì. || Ang simulâ ng sermón ó pangangaral.

**Salutífero, ra.** adj. Nakabúbuti; nakagíginhawa; ó nakapagpapalakás ng katawán.

**Salvación.** f. Pagliligtás; pagkáligtás. || Kaligtasan. || Pagkakamít ng kaluwalhatìan.

**Salvado.** m. Darák.

**Salvador, ra.** m. y f. Tagapagligtás; mánanakop; mánunubós.

**Salvaguardia.** f. Bantáy ó tanod na nagiingat ng anomán.

**Salvaje.** adj. Halaman ó kahoy bundók at hindî inaálagàan. || Hayop gubat. || fig. Lubhâng hungháng, hangál at matigás ang ugalì. || m. Bulastóg; salbahe; ó dî bihasá.

**Salvar.** a. Iligtás sa panganib ó sa anománg kasiràan. || *Rel* Ipagkaloób ng Dios ang kaluwalhatìan. || Ligtasán; ilagan; layùan ang anománg kapinsalàan, balakíd ó dahilán. || Luksuhín; lundagín; talunín ang anomán. || r. Máligtás. || *Rel.* Tamuhín ang kaluwalhatìan; lumuwalhatì; mápasalangit.

**Salvavidas.** m. *Mar.* Pangligtás-buhay.

**Salvia.** f. *Bot.* Sambóng.

**Salvo, va.** adj. Ligtás sa panganib. || adv. m. Tangì; libang; labás.

**Sanable.** adj. Mapagágalíng.

**Sanar.** a. Pagalingín; paginhawahin sa sakít ang sinomán. || n. Gumalíng; guminhawa sa sakít.

**Sanativo, va.** adj. Nakagágalíng; ó pangpagalíng sa sakít.

**Sanatorio.** m. Págalingan sa anománg sakít.

**Sancionar.** a. Pagtibayin ang kautusán.

**Sancochar.** a. Sankutsahín ang ulam.

**Sandalia.** f. Panyapák; sandalias.

**Sandía.** f. Pakuwán.

**Sandiar.** m. Pakuwanan; ó lupàng maraming taním na pakuwán.

**Sangley.** adj. y m. Intsík.

**Sangradera.** f. Pangadlít; pananggrá.

**Sangrador.** m. Mángangadlít; mánananggrá.

**Sangre.** m. Dugô. || fig. Lipì; angkán.

**Sangría.** f. *Med.* Kadlít; tabad. || Ang dugông dumaloy sa pagkadlít.

**Sangriento, ta.** adj. Dumúdugô. || Tigmák ng dugô; ó dugôduguàn. || Madugô. || Tao ó hayop na mabangís.

**Sanguijuela.** f. *Zool.* Lintâ.

**Sanguinario, ria.** adj. Mabangís; mabagsík.

**Sanguíneo, nea.** adj. Madugô; may dugô; ó masaganà sa dugô. || Kulay dugô. || Ang náukol sa dugô.

**Sanguinolento, ta.** adj. Dumúdugô. || Dugôduguàn.

**Sanidad.** Ulilíp; f. kagálingan ng katawán; kawalán ng sakít.

**Sano, na.** adj. Magalíng; mahusay; walâng sakít. || Pangpabuti ng katawán. || Buô; walang sirà. || Walâng panganib. || Tapát na loób.

**Santidad.** f. Kabánalan; kasantusán. || Galang na salitâ na ginágamit sa Papa.

**Santificar.** a. Pakabanalín ang sinomán sa pamagitan ng biyayà ng Dios. || Ihain sa Dios ang anomán. || Igalang; pintuhùin; pangayupapàan ang bagay na banál. || Ipangilin ang mga araw ng pistá.

**Santiguar.** a. Kurusán; ó lagyán ng antandâ ang sínomán. || fig. y fam. Saktán; salantâín. || r. Magantandâ; magkurús.

**Santísimo, ma.** adj. Kásantusantusan. || Galang na ginágamit sa Papa.

**Santo, ta.** adj. Banál. || *Rel.* Santó.

**Santoral.** m. Aklát na kinapapalamnán ng buhay ng mga santó.

**Santuario.** m. Simbahan; bisita.

**Saña.** f. Poót; galit na malakí.

**Sañudo, da.** adj. Poót na poót; galít na galít.

**Sapo.** m. *Zool.* Kukak; palakâ.

**Saquear.** a. Mangloób; ó manamsám ng balàng mátagpùan.

**Saqueo.** m. Pangloloób; pananamsám ng anomang mákita.

**Saquera.** adj. Karayom na panahî ng supot.

**Saquería.** f. Gawàan ng supot. || Katipunan ng supot.

**Saquero, ra.** m. y f. Magsusupot.

**Sarampión.** m. *Med.* Tigdás.

**Sarao.** m. Pagtitipon ng mga taong marangál upáng magsáyawan ó magtugtugan. || Sáyawan.

**Sarcasmo.** m. Libák; uyám; aglahì; biròng masakit ó masakláp.

**Sardina.** f. *Zool.* Halubaybáy; tambán. || *Com.* Sardinas.

**Sarna.** f. *Med.* Galís. || *grande.* Mamasò. || *perruna.* Galís aso.

**Sarnoso, sa.** adj. Gálisin.

**Sarta.** f. Tuhog ng anománg bagay, gaya ng butil ng kuwintás, at ibá pa.

**Sartén.** f. Kawali.

**Sastra.** f. Ang asawa ng sastré. || Ang mánanahing babae.

**Sastre.** m. Mánanahi; sastré.

**Sastrería.** f. Pátahìan.

**Satisfacción.** f. Pagbabayad na lubós ng utang. || Panghihinawad sa nágawâng dî náibigan ng kapuwà. || Kapalalùan. || Kapalagayang loób. || Pagkasunód; pagkatupád ng nasà.

**Satisfacer.** a. Bayarang lubós ang utang || Gumawâ ng anománg ikakákawás sa sala. || Pagbigyáng loób. || Sundín; tuparín ang anománg nasà ó pita ng loób. || r. Magbayad sa sariling kamáy. || Manghiganti.

**Saya.** f. Ang saya ng babae.

**Sazón.** f. Kahinugán. || Kapanáhunan; pagkakataóng mabuti. || Lasa ng anomán.

**Sazonar.** a. Sarapán; ó pasarapín ang pagkalutò ng pagkain. || Pahinugín; ilagáy sa talagáng kapanáhunan. || r. Mahinóg; málagáy sa ukol na kapanáhunan.

**Sebo.** m. Tabâ; sebo.

**Seboso, sa.** adj. Masebo. || May pahid na sebo.

**Seca.** f Tuyot; pagkakátuyot; ó panahóng salát sa ulán.

**Secadero.** m. Bílaran; pátuyùan; yangyangan. || adj. Bunga ng kahoy na maitítinggál ng tuyô.

**Secamiento.** m. Pagpapatuyô; pagkatuyô.

**Secano.** m. Lupàng panagulán.

**Secante.** p. a. Pangpatuyô; ó nakatútuyô. || m. *Pint.* Ang inihàhalò sa kolor, na pangpatuyông madalî ng pintá.

**Secar.** a. Patuyùín; ibilád; iyangyáng. || Laingín; lantahín; tuyùín. || r. Matuyô. || Matuyót. || Malantá; malaíng. || Mangayayat; matuyô ang katawan. || fig. Mauhaw ng malaki.

**Sección.** f. Pagputol. || Pangkát; tumpók; bahagi.

**Seco, ca.** adj. Tuyô; walâng katás. || Tuyót. || Lantá; laíng. || Payát; yayát.

**Secretaria.** f. Ang asawa ng sekretario. || Ang kalihim na babae.

**Secretaría.** f. Kálih[illegible]an.

**Secretario.** m. Kalihim.

**Secretear.** n. fam. Makipag-usap ng lihim sa ibá.

**Secreto, ta.** adj. Lihim; tagô; lingíd. || Nálilihım; nátatagò. || m. Ang lihim.

**Secta.** f. Aral na tangì at kaibá na sinúsunód ng iláng tao. || Katipunan ng mga nagsihiwaláy sa isáng religión ó pangkatin.

**Secuaz.** adj. Kampón; alagád.

**Secundar.** a. Pangalawahán; tulungan; ó ayunan ang ibá sa anomán.

**Secundario, ria.** adj. Pangalawá; ikalawá.

**Secundinas.** f. pl. *Anat.* Inunan.

**Sed.** f. Uhaw; kauhawan; pagkauhaw. || fig. Nasàng mahigpít sa anomán

**Seda.** f. Sutlâ; seda.

**Sedería.** f. *Com.* Ang pangangalakal ng sutlâ. || Ang tindahan ng sutlâ.

**Sedero.** m. Magsusutlâ.

**Sedición.** f. Pagkakaguló; panghihimagsík ng bayan laban sa punò.

**Sedicioso, sa.** adj. Mangguguló sa bayan; mapanghimagsík.

**Sediento, ta.** adj. Naúuhaw; may uhaw; uháw na uháw.

**Sedimento.** m. Latak; tining.

**Sedoso, sa.** adj. Parang sutlâ; tila sutlâ.

**Seducción.** f. Paglamuyot; paghibò; pagupat; paguralì.

**Seducir.** a. Uralìan; upatán. || Lamuyutin; hibùin; halinahin ang loób ng kapuwà. || r. Malamuyot; mahibò.

**Seductivo, va.** adj. Nakakálamuyot; nakakáhalina ng loób.

**Segable.** adj. Magágapas.

**Segadera.** f. Panggapas; lilik.

**Segador, ra.** m. y f. Manggagapas.

**Segadora** adj. Mákina ng panggapas.

**Segar.** a. Gumapas; ó gapasin.

**Segregación.** f. Paghihiwaláy; pagbubukód ng anomán sa ibá.

**Segregar.** a. Ihiwaláy; ibukód ang isáng bagay na kasama sa karamihan.

**Seguido, da.** adj. Tulóy; patuloy; sunódsunód; walâng tigil; walâng patláng. || Matuwíd.

**Seguir.** a. Sundán; buntután; usigin. || Ituloy; ipatuloy. || Sumama; umalagád. || Sumunód; umayon; umalinsunod. || r. Mahinuhâ; makurò. || Sumunód ang isáng bagay sa ibá.

**Según.** prep. Ayon; sangayon; tungkól; bagay.

**Segundo, da.** adj. Ikalawá; ó pangalawá.

**Segundogénito, ta.** adj. Pangalawáng anák.

**Segundón.** m. Anák na pangalawá, at gayon din ang mga sumúsunód.

**Segur.** f. Palakól na malakí. || Panggapas.

**Seguridad.** f. Katiwasayán; kapanatagán; kawalán ng panganib. || Katunayan; kapanagután; kasiguruhán.

**Seguro, ra.** adj. Tiwasáy; panatag; walâng panganib. || Tunay; totoó. || Matibay. || m. Siguro; ó pagsisiguro ng pagaari ó buhay sa anománg panganib na sukat mangyari.

**Seis.** adj. Anim. || Ikaanim. || m. Ang número 6.

**Seiscientos, tas.** adj. Anim na raán.

**Selección.** f. Pagpilì; paghiráng; ó pamimili ng anomán sa marami.

**Selecto, ta.** adj. Pilì; hiráng.

**Selva.** f. Gubat; kagubatan.

**Selladura.** f. Pagtataták.

**Sellar.** a. Tatakán. || Lagyán ng selyo. || Ilimbág; ikintál; italâ ang isáng bagay sa ibá.

**Sello.** m. Taták; panaták. || Selyo.

**Semana.** f. Linggó; ó sanglinggó.

**Semanal.** adj. Lingguhan.

**Semanalmente.** adv. t. Linggólinggó; ó tuwîng linggó.

**Semanario.** m. Páhayagáng lingguhan.

**Semblante.** m. Mukhâ; ó pagmumukhâ.

**Sembradío, día.** adj. Lupàng tatamnán.

**Sembrado.** m. Bukirín; ó lupàng may taním. || Pananím.

**Sembrador, ra.** m. y f. Ang nagtatanim; ó mánananim.

**Sembradura.** f. Pagtataním.

**Sembrar.** a. Magtaním; maghasík; magpunlâ. || fig. Isabog; ikalat ang anomán.

**Semejante.** adj. Kamukhâ; kawangís; kawangkî; kahambíng; katulad. || Kapuwà.

**Semejanza.** f. Pagkakamukhâ; pagkakáwangís; pagkakátulad.

**Semejar.** n. y r. Mámukhâ; máwangís; mákahawíg; mákatulad, ó máparis.

**Sementera.** f. Pagtataním. || Bukid; lináng; ó lupàng may taním. || Pananím. || Panahóng bagay na ipagtaním.

**Semestre.** adj. Nagtatagál ng anim na buwán. || m. Anim na buwán; ó kalahating taón.

**Semicírculo.** m. *Geom.* Kalahatì ng bilog.

**Semidifunto, ta.** adj. Parang patáy; ó halos patáy.

**Semidormido, da.** adj. Halos natútulog; ó naáagaw tulog.

**Semilla.** f. Binhî; punlâ. || Anománg bagay na pinagbuhatan ng marami.

**Semillero.** m. Punlâan. || fig. Ang pinanggagalingan ng anománg bagay na masamâ.

**Seminario.** m. Punlâan. || Bahay na páturùan sa mga batà. at binatà. || *conciliar.* Aralán sa mga magpaparì.

**Sempiterno, na.** adj. Walâng hanggan; walâng katapusán.

**Sencillo, lla.** adj. Walâng halò; walâng kalahók na anomán. || Manipís. || Walâng gayák ó pamuti. || Hugis na karaniwan, magaán at tápatan ng pananalitâ. || fig. Madalîng dayàin ó ululín. || Tapát na loób.

**Senda.** f. Landás; bulaos. || fig. Paraáng ipagkákamít ng anománg nasà.

**Sendero.** m. Bulaos; landás.

**Sendos, das.** adj. pl. Bawà't isá; ó sa bawà't isá ng dalawá ó maraming tao ó bagay.

**Senectud.** f. Katandâan.

**Senil.** adj. Ang náuukol sa matatandâ ó sa katandâan.

**Seno.** m. Loób ng dibdíb. || Kandungan; sinapupunan. || Ang tiyán ng iná. || Ubod.

**Sensatez.** f. Kabáitan; katalinuhan ng isip.

**Sensato, ta.** adj. Mabaít; matalino.

**Sensibilidad.** f. Pangdamdám. || Pagkamaramdamin.

**Sensible.** adj. Dapat damdamín. || Nararamdaman. || Kasakitsakit; kapighápighatî. || Maramdamin; mapagdamdám.

**Sensual.** adj. Ang napadadalá sa pitang mahalay ng katawán. || Ang náuukol sa gawâ ó nasàng kalupàan.

**Sensualidad.** f. Katamasahán ng layaw ng katawán, lalò na sa kalupàan.

**Sentar.** a. Iupô; ilikmô. || Itandâ; isulat. || Pagtibayin. || Patunayan. || r. Umupô; lumikmô; lumuklók. || Magtibay.

**Sentencia.** f. Pasiyá; hakà. || Talakay. || *For.* Hatol; paghatol; kahatulan.

**Sentenciador, ra.** adj. Ang humáhatol; ó tagahatol.

**Sentenciar.** a. Humatol; ó hatulan. || fig. Magpasiyá; ó magbigáy ng sariling hakà tungkol sa anománg pinagtátalunan.

**Sentido.** m. Pangdamdám. || Isip; pangwarì. || Kahulugán; katuturán. || adj. Maramdamin.

**Sentimiento.** m. Pagdamdám. || Pighatî; hinanakít.

**Sentir.** a. Máramdamán. || Mabatyagán; máulinigan. || Magpasiyá. || Damdamín; indahín. ||

Magpighatî. || r. Magdamdám. || Dumaíng. || Magkaramdám ng̃ anománg sakít. || m. Damdám. || Pasiyá; akalà.

**Señal.** f. Tandâ; bakat. || Tandâ ó hanggán ng̃ lupà. || Pilat; ó piklat. || Babalâ.

**Señalar.** a. Tandâan; ó lagyán ng̃ tandâ ang anomán. || Lagdâan; ó pirmahán. || Iturò ang anomán. || Magtakdâ; magbabalâ. || Hangganán. || r. Mátang̃ì; mamukód sa ibá ng̃ náuukol sa dang̃ál ó kapurihán.

**Señor, ra.** m. y f. Poón; panginoón. || *Rel.* Ang Dios. || Ginoó; ginang.

**Señoría.** f. Kamáhalan: galang na ginágamit sa matataás na tao.

**Señorito, ta.** m. y f. Anák ng̃ isáng máginoó ó ng̃ mahál na tao. || f. Binibini.

**Separación.** f. Paghiwaláy; paghihiwaláy.

**Separar.** a. Ihiwaláy; itiwalág; ilayô sa kasama. || Iwalay; ibukód; itang̃ì. || r. Humiwaláy; tumiwalág; lumayô. || Maghiwaláy. || Magkáhiwaláy.

**Septenio.** m. Pitóng taón.

**Septentrión.** m. Hilagà.

**Septentrional.** adj. Hílagàan; hilagà.

**Séptimo, ma.** adj. Ikapitó.

**Septuagenario, ria.** adj. y s. Ang taong may pitóngpuông taóng gulang.

**Septuagésimo, ma.** adj. Ikapitóng puô.

**Septuplicar.** a. Paramihin ó palakhín ng̃ makapitó ang anomán.

**Séptuplo.** m. Makápitó ang lakí ó dami sa ibá.

**Sepulcral.** adj. Ang náuukol sa líbing̃an.

**Sepulcro.** m. Líbing̃an; báunan.

**Sepultar.** a. Ilibíng; ibaón ang patáy. || fig. Itagò; iling̃íd ang anomán.

**Sepultura.** f. Hukay na líbing̃an ó báunan. || Ang pinaglibing̃án. || Paglilibíng; pagbabaón ng̃ patáy.

**Sepulturero.** m. Ang manghuhukay ng̃ líbing̃an.

**Sequedad.** f. Katuyùan; pagkatuyót ng̃ lupà ó halaman.

**Sequía.** f. Pagkakatuyót; katuyùang malakí ng̃ mg̃a pananím.

**Séquito.** m. Abay; kaabay; ó mg̃a kasama sa paglakad ng̃ sínomán.

**Ser.** v. subst., aux. y n. Magíng; pagíng. || Magkaroón. || Magamit; magsilbí; ó mápakinabang̃an sa anomán. || Dumoón; ó lumagáy sa isáng lugál. || Mangyari; magkataón. || Magíng arì ng̃

isá ang anomán. || Máukol; mátungkól ang anomán. || Tagá; tubò sa isáng bayan ó lupàín. || Manggaling; magbuhat sa isáng bayan ang anománg bagay. || m. Pagka; ó pagkalikás. || Halagá; ó kahalagahán ng̃ anomán.

**Serenar.** a. Patahimikin; pahimpilín ang anomán. || Pahamugán; ó palamigín sa hamóg. || Patiningin. || fig. Payapàin ang guló. || Pahinahunin; palubagín ang galit. || r. Tumahimik; magliwanag; luminaw ang panahón. || Tumining. || Máhamugán. || fig. Mapayapà ang guló. || Maglubág ang galit.

**Serenata.** f. Tugtugan sa gabí at sa gitnâ ng̃ hamóg; ó serenata.

**Serenero.** m. Talukbóng ng̃ babae na pangtakíp sa hamóg.

**Serenidad.** f. Kalinawan; ó kaliwanagan ng̃ panahón. || fig. Kapayapàan; katahimikan. || Katiningan ng̃ loób.

**Sereno, na.** adj. Maliwanag; malinaw; maaliwalas. || fig. Tahimik; matining na loób. || m. Hamóg. || Bantáy sa gabí.

**Serie.** f. Pagkakásunódsunód na mahusay ng̃ anomán; pagkakátalatag.

**Seriedad.** f. Kabáitan; kawalán ng̃ kibô; kapormalán. || Katunayan; katapatán.

**Serio, ria.** adj. Walâng kibô; pormál; mabaít ang mg̃a kilos at gawâ. || Mabagsík ang pagmumukhâ, kung tuming̃ín ó mang̃usap. || Tunay; totoó; tapát. || Mahalagá. || Dakilà; marang̃ál.

**Sermón.** f. Pang̃aral; ó pang̃ang̃aral. || fig. Pang̃usap; sisi.

**Serpentear.** n. Magpakiwalkiwal; ó magpaahasahas ng̃ paglakad.

**Serpiente.** f. *Zool.* Ahas. || fig. Ang demonio.

**Serradizo, za.** adj. Malálagarì.

**Serrador.** m. Manglalagarì.

**Serraduras.** f. pl. Pinaglagarìan; ó kusot.

**Serrar.** a. Maglagarì; ó lagarìin.

**Serrín.** m. Kusot; pinaglagarìan.

**Serrucho.** m. Lagarìng malapad at íisá lamang ang puluhán

**Servible.** adj. Magágamit.

**Servicial.** adj. Mapaglingkód.

**Servicio.** m. Paglilingkód; pagsisilbí; pagkakálingà. || Pagkautusán; pagkaalilà. || Pamimintuhò sa Dios. || Ang tataián; ó basín.

**Servidor, ra.** m. y f. Utusán; alilà; naglilingkód. || Lingkód. || m. Ang nagliligáw sa isáng binibini.

**Servidumbre.** m. Paglilingkód; ó panínilbihan sa kapuwà.

|| Katipunan ng mga utusán ó alilà. || Pagkaalipin; ó kaalipinán.

**Servil.** adj. Ang náuukol, ó sarili ng mga alipin at alilà. || Hamak; walâng halagá.

**Servilleta.** f. Pamahid na ginágamit sa pagkain.

**Servir.** n. Maglingkód; manilbihan. || Manuyò; sumunód. || Magalay; magdulot. || Magamit; magsilbí; ó mápakinabangan. || Magsundalo. || a. Paglingkurán; pagsilbihán. || Gamitin. || Suyùin. || Pakinabangan. || Pintuhùin; sambahín ang Dios. || Ligawan ang isáng binibini. || r. Máibigan; ó magalingín ang anomán. || Gumamit ng anomán sa paggawâ.

**Sesada.** f. Pritadang utak.

**Sesenta.** adj. Anim na puô. || Ikaanim na puô. || m. *Mat.* Ang número 60.

**Sesentón, na.** adj. y s. Ang may anim na puông taóng gulang.

**Sesera.** f. Bahagi ng ulo na kinálalagyán ng utak. || Ang utak ng ulo.

**Sesgar.** a. Putulin, ó tabasin ng pahiwás. || Hiwasín.

**Sesgo, ga.** adj. Hiwás; ó pahiwás.

**Sesión.** f. Pulong; ó pagpupulong. || fig. Pagpapanayám; ó pagsasanggunìan ng marami.

**Seso.** m. *Anat.* Utak ng ulo. || fig. Baít; pagiisip; talino.

**Sestear.** n. Magpahingá ng tanghalì.

**Sesudo, da.** adj. May isip; may baít; matalino. || Mautak.

**Seta.** f. *Bot.* Kabutí. || Tutsáng ng baboy.

**Setecientos, tas.** adj. Pitóng daán.

**Setenta.** adj. Pitong puô.

**Setentón, na.** adj. May pitóng puông taóng gulang.

**Seudónimo.** m. Pamagát; ngalang lagáy lamang ng isáng mángangathâ.

**Severidad.** f. Kabagsikang manalitâ; kahigpitáng magparusa. || Kawalán ng kibô; kapormalán. || Katapatán ng loób.

**Severo, ra.** adj. Mabagsík; matigás na makipagusap; masamâng magparusa. || Tapát at mahigpít tutupád ng anománg batás ó kautusán. || Pormál; walâng kibô.

**Sevicia.** f. Kabangisan; ó kabagsikang malabis.

**Sexagenario, ria.** adj. May anim na puông taóng gulang.

**Sexagésimo, ma.** adj. Ikaanim na puô.

**Sexenio.** m. Anim na taón.

**Sexma.** f. Ikaanim na bahagi ng anomán.

**Sexo.** m. Kabagayáng ikinatatangì ng lalaki sa babae. || *Sexo masculino.* Ang lalaki. ||

*Sexo femenino; ó bello sexo.* Ang babae.

**Sexteto.** m. *Mús.* Tugtuging gagawín sa anim na instrumento ó boses.

**Sexto, ta.** adj. Ikaanim.

**Sextuplicar.** a. Paramihin ó palakhín ng makaanim ang anomán.

**Séxtuplo, pla.** adj. Makanim ang lakí ó dami sa ibá.

**Sexual.** adj. Ang náuukol sa *sexo.*

**Si.** conj. cond. Kung. Ejemplo: *Si quieres ser docto, estudia, kung ibig mong dumunong ay magaral ka.* || m. *Mús.* Ikapitóng tingig ó boses ng pásimulâng tugtugin.

**Sí.** adv. af. Oo. || *señor.* Oo pô. || m. Oo; tangô; pahintulot. || *Por sí ó por no.* m. adv. Sakalì; kung sakalì.

**Siega.** f. Paggapas; pagaani. || Panahón ng paggapas. || Palay na ginapas ó inani.

**Siembra.** f. Pagtataním; paghahasík. || Panahón ng pagtataním. || Pananím; ó taním.

**Siempre.** adv. t. Kailán man; tuwî na; lagì na. || *Siempre que.* conj. cond. Kailán man at; sa tuwîng. || *Siempre jamás.* m. adv. Magpakailán man. || *Por siempre* ó *para siempre.* m. adv. Lagì na; magpakailán man; magpasawalâng katapusáng panahón.

**Sien.** f. Pilipisan; ó sentido.

**Sierpe.** f. Ahas. || fig. Taong lubhâng pangit, ó lubhâng magagalitín.

**Sierra.** f. Lagarì. || *Geogr.* Kabundukan; ó mga bundók na nagkakasunódsunód.

**Siervo, va.** adj. Alipin. || Lingkód. || *de Dios.* Banál; ó ang naglilingkód sa kanyáng mga utos.

**Sieso.** m. Loób ng tumbóng; ó butas ng puwít.

**Siesta.** f. Tanghalì; katanghalìan. || Ang panahóng taán sa pagtulog ó pagpapahingá pagkatapos mananghalì.

**Siete.** adj. Pitó. || Ikapitó. || m. Ang número 7.

**Sieteñal.** adj. May pitóng taón.

**Sigilar.** a. Ilihim; ilingíd; huwág sabihin ang anomán. || r. Maglihim.

**Sigilo.** m. Lihim; paglilihim; ó paglilingíd ng anomán.

**Sigiloso, sa.** adj. Malihim; mapaglihim; mapaglingíd. || Lihim; tagô.

**Siglo.** m. Panahóng sakláw ng isáng daáng taón. || Gulang; panahón at tagál ng isáng bagay. || Maluwát; ó mahabàng panahón.

**Signáculo.** m. Tandâ; taták; kintál.

**Signar.** a. Tandâán; ó lag-

yán ng̃ tandâ; tatakán; kintalán. || Lagdâan; ó pirmahán. || r. Magantandâ; magkurús.

**Significación.** f. Pagsasaysáy; pagpapakahulugán. || Katuturán; kahulugán.

**Significado.** m. Kahulugán; katuturán.

**Significar.** a. Saysayín; ipahayag; bigyáng kahulugán ang anomán. || Magkakahulugán; magkaroón ng̃ ganitó ó gayóng katuturán.

**Signo.** m. Tandâ.

**Siguiente.** p. a. Sumúsunód. || adj. Kasunód.

**Sílaba.** f. *Gram.* Pantíg.

**Silabario.** m. Kapantigán.

**Silabear.** n. Magpantíg; ó bigkasíng bukódbukód ang bawà't pantíg.

**Silábico, ca.** adj. Ang náuukol sa pantíg.

**Silbar.** n. Sumutsót; sumipól. || Humaging; sumagiyók.

**Silbato.** m. Sipól; panutsót.

**Silbido.** m. Sutsót. || *de oídos.* Haging.

**Silbo.** m. Sutsót; sipól. || Haging.

**Silencio.** m. Pananahimik; kawalán ng kibô; hindî pagimík. || fig. Katahimikan.

**Silencioso, sa.** adj. Walâng kibô; walâng imík. || Tahimik na lugál.

**Silvestre.** adj. Ang tumútubòng̃ kusà na hindî itinátaním sa gubat ó parang. || Tagá bundôk.

**Silla.** f. Silya; ó uupáng may sandalan na ukol lamang sa isáng tao. || Siyá ng̃ kabayo.

**Sillería.** f. Katipunan ó salansán ng̃ mg̃a silyang uupán. || Gawàan, ó tindahan ng̃ silya.

**Sillero.** m. Ang gumágawâ ó nagbibilí ng̃ silya ó siyá.

**Silleta.** f. Silyang maliít. || Ang tataián ng̃ may sakít sa hihigán. || Batóng lígisan ng̃ sikulate.

**Sillón.** m. Silyang malakí. || Siyáng sasakyán ng̃ babae.

**Símbolo.** m. Sagisag; tandâ.

**Simiente.** f. Binhî. || fig. Anománg bagay na pinanggagalingan ng ibá.

**Símil.** adj. Kawang̃ís; katulad; kamukhâ. || m. Halimbawà.

**Similitud.** f. Pagkakáwang̃ís; pagkakátulad; pngkakámukhâ.

**Simpatía.** f. Pagkakáugalì; pagkakáhiyáng; ó pagkakáayon ng̃ hilig at damdamin ng̃ isáng tao sa kapuwà.

**Simpático, ca.** adj. Kaugalì; kahiyáng; kaakmâ ng̃ ibá. || Makisig.

**Simple.** adj. Pulós; dalisay; walâng halò. || Manipís. || fig. Maáng; hang̃ál. || Walâng lasa. || Walâng inam. || Walâng wastô.

**Simpleza.** f. Kamaangán; kahangalán. || Kabastusán; kahunghangán.

**Simplificar.** a. Padalîín; pagaanín; pauntîín ang anomán.

**Simular.** a. Magpakunwarî; magkunuwâ.

**Simultáneo, nea.** adj. Sabáy; kasabáy; magkasabáy na ginawâ ó nangyari.

**Sin.** prep. Walâ. || Bukód sa; ó tangì sa.

**Sinapismo.** m. Parapit.

**Sinceridad.** f. Katapatán; kalinisan ng loób.

**Sincero, ra.** adj. Tapát; malinis na loób.

**Síncopa.** f. *Gram.* Pagiiklî ng salitâ.

**Singular.** adj. Íisá; ó nagíisá; bugtóng. || fig. Tangì; bukód; nangingibá. || *Gram.* Pang isá.

**Singularidad.** f. Pagkátangì; pamumukód; pangingibá.

**Singularizar.** a. Itangì; papamukurín. || r. Mátangì; mamukód; mangibá.

**Singulto.** m. *Med.* Sinók. || Hibík.

**Siniestra.** f. Kailwâng kamáy.

**Siniestro, tra.** adj. Na sa kaliwâ; ó na sa gawîng kaliwâ.

**Sinigual.** adj. Tangì; walâng katulad.

**Sinnúmero.** m. Lubhâng marami; ó dì mabilang na mga tao ó bagay.

**Sino.** conj. advers. Kundî. || Bagkús. Ejemplo: *No estudio, sino escribo, hindi ako nagaarol kundi sumúsulat.*

**Sinónimo, ma.** adj. y m. Salitâng kaisá ó kahawíg ng kahulugán ng ibáng salitâ.

**Sinrazón.** f. Gawâng laban sa matuwíd; ó kamalìan.

**Sinsabor.** m. Dalamhatì; samâ ng loób; kapighatìan.

**Sintaxis.** f. *Gram.* Paglalakip ng mga salitâ ó pangungusap.

**Sinuosidad.** f. Kapilipitán. || Kalundùan.

**Sinuoso, sa.** adj. Baluktót; pilipít. || Malundô.

**Siquiera.** conj. advers. Kahì't; ó káhiman. || Manong; man lamang.

**Sirviente, ta.** m. y f. Utusán; alilà; naglilingkód.

**Sistema.** f. Paraán; kaparaanán.

**Sitial.** m. Karurukan; ó uupán ng mga taong marangál at may kapangyarihan.

**Sitiar.** a. Kubkubín ang isáng bayan ó kutà; kulungín; bakuran.

**Sitio.** m. Lugál; poók. || Pagkubkób sa isáng bayan ó moóg.

**Situación.** f. Pagkalagáy; kalagayan; katayùan.

**Situar.** a. Ilagáy. ‖ Itayô; iabáng sa isáng lugál ang sínomán. ‖ r. Lumagáy; tumayô sa isáng lugál.

**So.** prep. Sa ilalim.

**Soasar.** a. Ihawin ng͠ hiláw-hiláw; ó malasaduhin.

**Sobaco.** m. Kilikili.

**Sobajar.** a. Lamasin; masahin.

**Sobaquina.** f. Anghít ng͠ kilikili.

**Sobar.** a. Hilutin; lamasin; hagurin. ‖ fig. Parusahang palùin. ‖ fig. Himasin.

**Sobarcar.** a. Kipkipín; ilagáy ó dalhín sa ilalim ng͠ kilikili ang anomán.

**Soberanía.** f. Kapangyarihan; paghaharì. ‖ Ang pagkaharì.

**Soberano, na.** adj. Dakilà; kátaastaasan. ‖ m. y f. Ang harì; ó makapangyarihan.

**Soberbia.** f. Kapalalùan; kayabang͠an. ‖ Karíkitang malabis ng͠ anomán.

**Soberbio, bia.** adj. Palalò; mayabang; hambóg. ‖ fig. Dakilà; marikít; matibay: kung bagay ang pinaguusapan.

**Sobornar.** a. Sumuhol; ó suhulan.

**Soborno.** m. Pagsuhol. ‖ Suhol.

**Sobra.** f. Labis; higít; lamáng; kalabisán; kalamang͠án. ‖ Paglapastang͠an; pagapí. ‖ pl. Ang mg͠a tirá; ó labí.

**Sobrante.** p. a. Labis; higít. ‖ adj. Mayaman; masaganà. ‖ m. Kalabisán.

**Sobrar.** n. Lumabis; humigít. ‖ Magíng kalabisán. ‖ Mátirá; málabí.

**Sobre.** prep. Sa ibabaw. ‖ Bagay sa; tungkól sa; hinggíl sa. ‖ Bukód sa; tang͠ì sa. ‖ Pagkatapos ng͠. ‖ m. Ang balot ng͠ sulat; ó sobre.

**Sobreabundancia.** f. Kasaganàang malabis.

**Sobreabundar.** n. Sumaganàng lubhâ.

**Sobreaguar.** n. Lumutang sa ibabaw ng͠ tubig.

**Sobrealiento.** m. Hing͠al.

**Sobrealzar.** a. Itaás na lubhâ ang anomán.

**Sobreañadir.** a. Dagdagán ng͠ malabis.

**Sobreasar.** a. Ihaw ulî.

**Sobrecarga.** f. Ang dagdág na ipinatong sa ibabaw ng͠ isáng kalgá.

**Sabrecargar.** a. Tigibín; ó kalgahán ng͠ labis. ‖ Pakábigatán

**Sobrecarta.** f. Balot ng͠ sulat; ó sobre.

**Sobrecoger.** a. Subukan ang sínomán at gulating biglà

|| Márapatan; másubukan. || r. Magulat; matakot.

**Sobrecogimiento.** m. Pagkagulat; pagkatakot; pagkabiglâ.

**Sobrecomida.** f. Himagas.

**Sobredicho, cha.** adj. Násabi na; nábanggít na sa itaás.

**Sobrehaz.** f. Ibabaw; mukhâ; ó takíp ng̃ anomán.

**Sobremesa.** f. Latag; ó takíp ng̃ mesa. || Himagas.

**Sobrenadar.** n. Lumutang.

**Sobrenombre.** m. Pang̃alawáng pang̃alan; ó apelyido. || Banság; palayaw; pamagát.

**Sobrentender.** a. Máwatasan; máintindihan ang anomán, bagamá't hindî sinásabi dahil sa náunang binanggít.

**Sobrepaga.** f. Dagdág na kaupahán; ó kalamang̃án sa upa.

**Sobreponer.** a. Ipatong; ipaibabaw; patung̃an; dagdagán. || r. Pumaibabaw.

**Sobreprecio.** m. Dagdág sa halagáng dati.

**Sobrepujar.** a. Palalùin; pahigitín; palampasín sa ibá. || r. Lumalò sa ibá.

**Sobresaliente.** p. a. Natatang̃ì; namúmukód; litáw; marang̃ál.

**Sobresalir.** n. Matang̃ì; mamukód; mang̃ibá sa lahát. || Lumalò; humigít sa ibá.

**Sobresaltar.** a. Gitlahín; gulatin; sindakín. || Dumaluhong; lumusob na biglâ. || r. Magitla; magulat; masindák; magulantang.

**Sobresalto.** m. Gitlá; gulat; sindák.

**Sobrescrito.** m. Ang isinúsulat sa takíp ng̃ liham. || Ang balot ng̃ sulat.

**Sobreseer.** n. *For.* Iurong; huwág ipatuloy ang anomán.

**Sobresello.** m. Pang̃alawáng taták.

**Sobrestante.** m. Ang katiwalàng nagtatanod sa mg̃a gumágawâ ng̃ anomán.

**Sobresueldo.** m. Dagdág na upa sa talagáng sahod.

**Sobrevenir.** n. Mangyari ang anomán na kasunód ng̃ ibá; ó sumunód na mangyari. || Mangyaring biglâ.

**Sobreviviente.** p. a. Ang nátirang nabuhay.

**Sobrevivir.** n. Mátiráng mabuhay; ó mabuhay ng̃ mahabà kay sa ibá.

**Sobriedad.** f. Kasiyahán; kasukatán.

**Sobrino, na.** m. y f. Pamankín. || *carnal.* Pamankíng buô. || *segundo.* Pamankín sa pinsan.

**Sobrio, bria.** adj. Mapagpigil; maibigín sa kasiyahán. || Kasiyahán; katatagán.

**Socarrar.** a. Magihaw ng̃ di hiláw at dî namán lutò.

**Socarrena.** f. Guwáng; puwáng.

**Socarrón, na.** adj. Tuso; suwitik; matalas.

**Socarronería.** f. Katusuhan; kasuwitikan; katalasan.

**Socavar.** a. Ukàin; ó hukayin ang ilalim ng lupà na huwág matinag ang ibabaw.

**Sociable.** adj. Mahilig sa pakikisama sa kapuwà.

**Social.** adj. Ang náuukol sa kapisanan ng mga tao. || Ang náuukol sa magkakasapì ó magkakasama.

**Sociedad.** f. Kapisanan ng mga tao. || Kapisanan; samaháng náuukol sa anománg láyunin. || *Com.* Samahán ng mángangalakál.

**Socio, cia.** m. y f. Kasama. || Kasamá. || Kasapì; kaanib sa isáng kapisanan.

**Socorrer.** a. Abuluyan; saklolohan; tulungan. || Ampunín; kupkupín. || r. Magábuluyán; magtulungán.

**Socorro.** m. Pagabuloy; pagsaklolo; pagdaló; paggibík. || Abuloy; tulong; ambág.

**Soez.** adj. Hamak; bulisik.

**Sofá.** m. Sopá; ó kanapéng maluwáng.

**Sofisma.** f. Katuwirang pakunuwarî, na siyáng ipinanghíhinuhod sa bagay na malî ó hindî tamà.

**Soflamar.** a. Magpakunuwarî; magsasalitâ upáng makaulól ó makapangdayà.

**Sofocar.** a. Inisín; uminís. || Patayín; sugpùin ang anomán || r. Mainís. || Mapatáy; masugpô ang anomán.

**Soga.** f. Lubid na malakí; ó suga.

**Sojuzgar.** a. Pasukùín; supilin; daigín; dahasín. || Magutos ng marahás.

**Sol.** m. *Astr.* Araw. || fig. Liwanag; init. || *Mús.* Ikalimáng tinig ó boses ng pásimulâng tugtugin.

**Solada.** f. Latak; tining.

**Solado.** m. Sahíg ó lupàng may latag na baldosa ó ladrilyo.

**Solana.** f. Lugál na naáarawang mabuti. || Ang lugál ng bahay na pinagpápaarawan.

**Solar.** a. Sahigán; ó latagan ang lupà ng baldosa ó ladrilyo. || Lagyán ng suwelas ang sapín ó sapatos. || adj. Ang náuukol sa araw || m. Bakuran; ó lupàng násasakop ng bahay.

**Solaz.** m. Alíw; tuwâ; sayá.

**Solazar.** a. Aliwín; bigyáng sayá. || r. Magsayá; magalíw; maglibáng.

**Solazo.** m. Init na lubhâng matindí ng araw.

**Solazoso, sa.** adj. Nakaáalíw; nakatutuwâ.

**Soldado.** m. Kawal; sundalo.
**Soldador.** m. Manghihinang. || Panghinang.
**Soldadura.** f. Paghihinang. || Hinang. || Bagay na panghinang.
**Soldar.** a. Maghinang; hinangin; ihinang ang anomán.
**Solear.** a. Ibiládd; paarawan.
**Soledad.** f. Pagiisá. || Iláng na lugál. || Pangungulila; pamamangláw.
**Solemne.** adj. Ang ginágawâ sa taóntaón. || Maringal. || Masayá.
**Solemnidad.** f. Karingalan; dingál. || Sayá; ó kasayahán.
**Solemnizar.** a. Padingalín; ipagdiwang ng buông sayá; ó ipagpista ng buông dingál ang anománg pangyayari. || Purihin; padakilàin; ibunyî.
**Solar.** a. def. é impers. Maugalìan; máratihan. || Kaugalìan; karaniwan.
**Solevantar.** a. Hikuwatín; halikuwatín; salungkitin; suwalín.
**Solfear.** a. *Mús.* Magsolpeo.
**Solicitar.** a. Lakarin; hingín, ó hilingín ang anomán. || Sikapin; ó pagsikapan ang anománg bagay. || fig. Suyùin ang sinomán.
**Solícito, ta.** adj. Masikap; masipag; maagap. || Makalingà.
**Solicitud.** f. Sikap; sipag; kasikapan. || Kahílingan.
**Solidez.** f. Katibayan; katatagán. || fig. Kabuùan ng loób; kaigtingán.
**Sólido, da.** adj. Matibay; matatág; matigás; masinsín; buô at paikpík.
**Solio.** m. Karurukan; trono.
**Solitario, ria.** adj. Nagiisá; walâng nagkúkupkóp. || Iláng. || Nakaligpít; maibigín sa pagiisá.
**Solo, la.** adj. Iisá; ó nagíisá. || Nátatangì, nábubukód. || Nagíisá; walâng kasama. || Walâng nagaampón.
**Soltar.** a. Kalagín; kalasín. || Pawalán; palayàin. || Alpasán. || Bitiwan. || r. Makawalâ; makaalpás.
**Soltería.** f. Pagkabagungtao; pagkadalaga; ó kalágayan ng walâng asawa.
**Soltero, ra.** s. y adj. Bagungtao; dalaga. || Walâng asawa. || Layâ.
**Solterón, na.** adj. y s. Ang bagungtao, ó dalagang matandâ.
**Soltura.** f. Pagpapawalâ; pagpapalayà. || Kaliksihan; katalasan ng isip.
**Soluble.** adj. Makákalág; matutunaw, ó tunawín.
**Solventar.** a. Bayaran ang utang.
**Solvente.** adj. Nakaahon na sa mga utang. || Ang makabábayad sa utang.

**Solver.** a. Saysayín ang isáng bagay na malabò; ó lutasín ang anománg álinlangan. || Yariin ang isáng paláisipán.

**Sollozante.** p. a. Humíhibík.

**Sollozar.** n. Humibík; humikbí.

**Sollozo.** m. Hibík; hikbí. || Paghibík.

**Sombra.** f. Lilim. || Dilím. || Anino. || fig. Tangkilik; pagaampón; pagkukupkóp.

**Sombraje.** m. Habong.

**Sombrajo.** m. Palapala.

**Sombrar.** a. Liliman.

**Sombrerería.** f. Sambaliluhán; ó gawàan, ó tindahan ng sombrero.

**Sombrerero.** m. Magsosombrero; ó manggagawà, ó nagtitindá ng sombrero.

**Sombrero.** m. Sambalilo; ó sombrero.

**Sombrilla.** f. Payong na muntî, na ginágamit ng mga babae.

**Sombrío, bría.** adj. Malilim. || Madilím. || fig. Mapangláw; malungkót.

**Somero, ra.** adj. Mababaw. || fig. Pasapyáw; paimbabáw.

**Someter.** a. Ipailalim. || Supilin; pasukùin; sakupin ang anomán. || r. Sumukò; pasupil; padaíg sa ibá.

**Somnolencia.** f. Antók; pagtutukâ. || Kaibigáng matulog.

**Sompesar.** a. Tayahin ang bigát ng anomán.

**Son.** m. Tunóg; tugtóg. || fig. Pagkabalità; pagkabantóg ng anomán. || Paraán.

**Sonadera.** f. Pagsingá.

**Sonado, da.** adj. Bantóg; balità.

**Sonante.** p. a. Tumutunóg. || adj. Matunóg.

**Sonar.** n. Tumunóg; tumagintíng; kumalóg; kumalansíng. || a. Tugtugín; patunugín ang anomán. || r. Sumingá. || Umalingawngáw ang anománg bulongbúlungan.

**Sonata.** f. *Mús.* Tugtóg; ó tugtugan ng músiko.

**Sonda.** f. Pagtarók. || *Mar.* Panarók.

**Sondar.** a. Tarukín; arukín.

**Sondear.** a. Tumarók; ó tarukín.

**Sondeo.** m. Pagtarók; pagarók.

**Sonido.** m. Tunóg; kalasíng; kalatóg; kalabóg; lagapák.

**Sonoridad.** f. Katunugán; katagintingán.

**Sonoro, ra.** adj. Matunóg; matagintíng. || Matingig; matinis.

**Sonreir.** n. y r. Ngumitî; mángitî. || r. Magngitîan.

**Sonrisa.** f. Pagngitî. || Ngitî.

**Soñador, ra.** s. y adj. Mapangarapín; mapagpanaginip.

**Soñar.** a. Managinip; mangarap.

**Soñoliento, ta.** adj. Nagáantók; ó antukin. || Matutulugín. || Nakapagáantók.

**Sopa.** f. Sopas.

**Sopalancar.** a. Hikuwatín ng pinggá ang anomán; suwalín.

**Sopapo.** m. Suntók sa kalamnán ng babà. || Sampilóng; tampál.

**Sopera.** f. Lalagyán ng sopas, na inihahain sa dulang.

**Sopero.** m. Pinggáng malukóng, na pinagkákanan ng sopas:

**Sopesar.** a. Buhatin ang anomán na tayahin ang bigát.

**Sopetón.** m. Dagok; suntók na malakás at biglâ.

**Sopista.** m. Ang taong nabubuhay sa limós.

**Soplado, da.** adj. Mapagmarikít na labis.

**Sopladura.** f. Paghihip.

**Soplar.** n. Humihip. || a. Hipan. || fig. Tambisán; ibulóng sa isá ang anománg dapat sabihin. || r. Mahipan.

**Soplete.** m. Siyukoy; ó panghihip ng platero na ipinanghihihinang.

**Soplo.** m. Paghihip. || Hihip. || fig. Tambís; bulóng. || Sandalî; sumandalî.

**Soplón, na.** adj. Mapagtambís; mapagbulóng.

**Soportable.** adj. Matitiís; mababatá.

**Soportar.** a. Tiisín; batahín; atimín.

**Sor.** f. Kapatíd: tangìng ginágamit sa mga religiosa, na kaisá ng *hermana*.

**Sorber.** a. Humigop; humitít; ó higupin; hititín. || fig. Lamunin.

**Sorbete.** m. Sorbetes.

**Sorbo.** m. Paghigop. || Higop.

**Sordera.** f. Kabingihán.

**Sordez.** f. Pagkabingí.

**Sordidez.** f. Karumihán.

**Sórdido, da.** adj. Marumí. || fig. Mahalay; pangit. || Masakím; maramot.

**Sordo, da.** adj. Bingí. || Tahimik; walâng ingay; walâng guló. || fig. Pakíng.

**Sorprendente.** p. a. y adj. Kagulatgulat; kagilágilalás.

**Sorprender.** a. Subukan. || Biglâín; gulatin; gitlahín. || r. Másubukan. || Mágitlá; magulat; manggilalás.

**Sorpresa.** f. Pagkágitlá; pagkagulat; pagkábiglâ. || Panggigilalás. || Pagkásubok.

**Sortear.** a. Magsapalarán.

**Sorteo.** m. Pagsasapalarán.

**Sortija.** f. Singsing. || Buklód. || fig. Likaw, ó pulupot ng buhók.

**Sosegado, da.** adj. Tahimik; lagáy na loób.

**Sosegar.** a. Payapàin; patahimikin. || Pahinahunin; pahupâín ang galit. || n. y r. Tumahimik; pumayapà. || Huminahon; humupâ ang galit. || Magpahingá; matulog.

**Sosiego.** m. Katahimikan; kapayapàan; kapalagayán ng loób. || Hinahon; hinhín.

**Soslayo (Al ó De).** m. adv. Pasulipát; palilíng; pahiwás.

**Soso, sa.** adj. Matabáng; walâng lasa.

**Sospecha.** f. Hinalà; sapantahà; hinagap.

**Sospechar.** a. Maghinalà; maghinagap; magsapantahà.

**Sospechoso, sa.** adj. Kahináhinalà. || Mapaghinagap; mapagsapantahà.

**Sostén.** m. Pagalalay; pagpigil. || Ang umáalalay.

**Sostener.** a. Alalayan; pigilan. || Ipaglaban; ipagtanggól ang anomán. || fig. Tiisín; batahín. || Pakanin; bigyán ng ikabubuhay ang sinomán. || r. Lumaban; magtanggól. || Manatilì; mamalagì.

**Soterrar.** a. Ibaón; ipailalim sa lupà ang anomán. || fig. Itagòng mabuti ang anomán.

**Suave.** adj. Malambót; malatâ. || Marahan; mahinay. || Malumanay. || Maamòng loób.

**Suavidad.** f. Kalambután; kalatâan. || Kabanayaran ng ugalì.

**Suavizar.** a. Palambutín; palatâín. || fig. Palumanayin; pabanayarin ang ugalì.

**Subasta.** f. Pagbibilíng hayág ng anománg pagaarì sa lalòng mabuti ang tawad.

**Subastar.** a. Ipagalmoneda; ipagbilíng hayág ang anomán.

**Subdirector.** m. Pangalawáng tagapamahalà.

**Súbdito, ta.** adj. y s. Sakop; nasasakupan. || Kampón.

**Subida.** f. Pagakyát; pagpanhík. || Akyatan; sálungahan.

**Subidero, ra.** adj. Panhikan; akyatan. || m. Lugál na ináakyayatán.

**Subido, da.** adj. Mataás; dalisay; wagás. || Matingkád na kulay. || Masangsáng na amóy. || Mataás ang halagá; ó lubhâng mahál.

**Subir.** n. Umakyát; pumanhík; sumampá. || Paitaás; pailangláng. || Sumalunga. || Lumakí. || fig. Tumaás ang katungkulan. || a. Itaás; ipanhík; iakyát. || fig. Mahalán; taasán ng halagá.

**Súbitamente.** adv. m. Kaalámalám; kaginságinsá.

**Súbito, ta.** adj. Biglâ; pagdaka; agádagád. || Dalosdalos; pabiglâbiglâ. || *De súbito.* m. adv. Biglâ; pagkuwán; pagdaka.

**Sublevación.** f. Panghihimagsík; pagaalsá.

**Sublevar.** a. Papangalsahín; papanghimagsikín. || r. Maghimag sík; magalsá.

**Sublimar.** a. Padakilàin; itanyág; itampók; itaás ang kalágayan.

**Sublime.** adj. Dakilà; marangál.

**Sublimidad.** f. Kadakilàan; karángalan.

**Submarino, na.** adj. Na sa ilalim ng dagat.

**Subordinación.** f. Pagkasakop; ó pagkálagáy ng isá sa ilalim ng kapangyarihan ng ibá.

**Sobordinar.** a. Sakupin; supilin ang isáng tao ó bagay ng ibá. || r. Pasakop; pasupil sa ibá. || Masakop; masakláw; masupil.

**Subprofesor.** m. Pangalawáng gurô.

**Subrayar.** a. Guhitan sa ilalim ang alinmáng salitâng násusulat.

**Subrogar.** a. Ihalili; ó ipalít ang isáng bagáy sa lugál ng ibá.

**Subsanar.** a. Itumpák; ituwíd ang anománg kamalìan.

**Subseguirse.** r. Másunód; mábuntót ang isáng bagay sa ibá.

**Subsidio.** m. Abuloy; saklolo; ó tulong na tangì. || Buwís.

**Subsiguiente.** adj. Kasunód ng ibá.

**Subsistencia.** f. Pamamalagì; pananatilì. || Pagkabuhay. || Ang ikinábubuhay ng tao.

**Subsistir.** n. Mamalagì; manatilì; tumagál. || Mabuhay.

**Substancia.** f. Lasa; lamán; katás. || Kabagayán ng anomán. || Kayamanan; ó mga pagaarì. || Halagá; ó kahalagahán.

**Substituir.** a. Halinhán; palitán. || Humalili. || r. Maghalili; máhalinhán.

**Substituto, ta.** m. y f. Kahalili; kapalít.

**Substraendo.** m. *Mat* Bawasín; ó bilang na ibabawas sa ibá.

**Substraer.** a. Ihiwaláy; ilayô; itiwalág || *Mat.* Bawasin; awasín.

**Subterráneo, nea.** adj. Na sa ilalim ng lupà. || m. Ang lugál na nasa ilalim ng lupà.

**Subvenir.** a. Abuluyan; saklolohan; ampunín.

**Subyugar.** a. Pasukùin; supilin; daigín; sakupin.

**Suceder.** a. Halinhán. || n. Humalili; sumunód sa ibá. || Magmana. || Mangyari. || Manggaling. || Magkasunódsunód. || r. Máhalili.

**Sucesión.** f. Paghalili. || Pagmamana. || Pagkakásunódsunód. || Ának; inapó.

**Sucesivo, va.** adj. Kasunód; sumúsunód.

**Suceso.** m. Nangyari; ó pinangyarihan. || Lakad ng panahón. || Pangyayari.

**Sucesor, ra.** s. y adj. Kahalili; kasunód.

**Suciedad.** f. Karumihán; karungisan.

**Sucio, cia.** adj. Marumí; marungis; salaulà.

**Suculento, ta.** adj. Makatás; malasa.

**Sucumbir.** n. Sumukò; madaíg. || Mamatáy. || *For.* Matalo ang usapín.

**Sud.** m. Tímugan.

**Sudadero.** m. Pamahid ng pawis.

**Sudar.** a. y n. Pawisan; ó magpawis. || fig. Kumatás. || Magpagod na malabis.

**Sudeste.** m. Timogsilanganan.

**Sudoeste.** m. Timogkanluran.

**Sudor.** m. Pawis. || fig. Pagál; hirap.

**Sudoriento, ta.** adj. Pinapawisan; basâ ng pawis.

**Sudorífero, ra.** adj. Nakapápawis.

**Sudorífico, ca.** adj. y m. Pangpapawis.

**Sudoroso, sa.** adj. Mapawis; pawisán.

**Sudoso, sa.** adj. May pawis.

**Suegro, gra.** m. y f. Biyanán; ó biyenan

**Suela.** f. Suwelas ng sapatos, sinelas, at ibá pa.

**Sueldo.** m. Sahod; upa; ó bayad.

**Suelo.** m. Ang ibabaw ng lupà. || Sahíg. || Lapág. || Lunas ng tapayan, balón, atbp. || Tining; latak. || fig. Ang sanglibután.

**Sueño.** m. Tulog; ó pagtulog. || Panaginip; pangarap. || Antók.

**Suerte.** f. Palad; kapalaran.

**Suficiencia.** f. Kakayahán; katalinuhan; karunungan.

**Suficiente.** adj. Sapát; sukat; kasiya. || May kaya; marunong.

**Sufragar.** a. Tumulong; sumaklolo. || Pagkagugulan; bayaran.

**Sufragio.** m. Tulong; abuloy; saklolo. || Pangakò; ó panata. || Patungkól sa káluluwá.

**Sufrible.** adj. Matitiís; mababatá.

**Sufrimiento.** m. Pagtitiís; pagbabatá.

**Sufrir.** a. Tiisín; batahín; atimín; dálitâín; dalumatin.

**Sugerir.** a. Isurot sa isip; ó ipaalaala. || Uralìan; udyukán; sulsulán. || r. Sumurot sa isip.

**Suicida.** com. Nagpatiwakál; nagbigtí; ó nagpakamatáy.

**Suicidarse.** r. Magpatiwakál; magbigtí; magpakamatáy.

**Suicidio.** m. Pagpapatiwakál; pagbibigtí; pagpapakamatáy.

**Sujeción.** f. Pagsukò; pagkasupil; pagkadaíg; pagkasakop. ‖ Pagkátalì.

**Sujetar.** a. Pasukùin; supilin; daigín; sakupin. ‖ Talìan; pigilan ng mahigpít. ‖ r. Sumukò; pasupil; padaíg.

**Sujeto, ta.** adj. Mahilig; mahinggíl sa anomán. ‖ m. Ang bagay na pinagúùsapan. ‖ Tao.

**Suma.** f. Kabuùan; katipunan ng maraming bagay. ‖ Pagpisan; ó pagbuô ng mga bilang ó número.

**Sumando.** m. *Aritm.* Pisanán.

**Sumar.** a. *Aritm.* Pisanin; pagsamahin ang dalawá ó maraming número. ‖ Buùin; tipunin ang anomán.

**Sumergir.** a. Ilubóg sa tubig ang anomán. ‖ r. Lumubóg; málubóg sa tubig.

**Suministrar.** a. Bigyán; laanán; ó handâan ng kinákailangan.

**Suministro.** m. Pagbibigáy; paglalaán; ó paghahandâ ng kailangan.

**Sumir.** a. Ilubóg sa tubig; ¡baón sa lupà. ‖ r. Lumubóg. ‖ Mabaón. ‖ Humumpák ang pisngí, tiyán, at ibá pa.

**Sumisión.** f. Pagsukò; pangangayupapà. ‖ Kapakumbabâan.

**Sumiso, sa.** adj. Masúnurin; mapakumbabâ. ‖ Sukò; supil ng ibá.

**Sumo, ma.** adj. Kátaastaasan; lubhâng dakilà; lubhâng malakí.

**Suntuosidad.** f. Karingalan; ó karíkitang lubhâ; kadakilàan.

**Suntuoso, sa.** adj. Maringal; mahalagá; lubhâng marikít. ‖ Marangál; dakilà.

**Superable.** adj. Malalalùan; mahihigtán; madadaíg.

**Superabundancia.** f. Kasaganàang malabis.

**Superabundante.** adj. Lubhâng saganà.

**Superabundar.** n. Sumaganà ng labis; ó umapaw.

**Superar.** a. Lalùan; higtán; daigín ang ibá. ‖ r. Lumalò; humigít.

**Supercheria.** f. Dayà; kadayàan.

**Superchero, ra.** adj. Magdarayà.

**Superficie.** f. Ibabaw. ‖ *Geom.* Kalaparan.

**Superfino, na.** adj. Lubhâng manipís; lubhâng pino.

**Superfluidad.** f. Kalabisán; kalagpusán. ‖ Bagay na hindî kailangan.

**Superfluo, flua.** adj. Hindî kailangan; labis; lagpús.

**Superior.** adj. Lalòng mataás. ‖ fig. Lalòng dakilà; lalòng magalíng. ‖ m. y f. Ang punò; ó pinunòng namamahalà sa isáng kapisanan.

**Superioridad.** f. Kataasán; kadakilàan; kagálingan. || Kapangyarihan.

**Superstición.** f. Pamahìin.

**Supersticioso, sa.** adj. Mapamahiin.

**Superviviente.** adj. y s. Ang nátiráng nabuhay.

**Supino, na.** adj. Tihayâ; nakatihayà.

**Suplemento.** m. Dagdág; karagdagan; kapupunán.

**Suplente.** p. a. y s. Kahalili; kapalít.

**Súplica.** f. Pagluhog; pagdaíng; pagmamakaamò. || Pakiusap. || Karáingan.

**Suplicar.** n. Lumuhog; dumaíng; makiusap; mamanhík; magmakaamò. || *For.* Tumutol; ó umapelo sa isáng hatol.

**Suplicio.** m. Parusa; pahirap. || fig. Lugál na párusahán; bibitayán.

**Suplir.** a. Punán ang kakulangán ng anomán. || Humalili; ó halinhán ang ibá.

**Suponer.** a. Ipalagáy; ó ipagpalagáy. || Isipin; akalàin.

**Suposición.** f. Pagpapalagáy. || Palagáy.

**Supremacía.** f. Kadakilàan; pagkamataás sa anomán.

**Supremo, ma.** adj. Kátaastaasan; lubhâng mataás. || Káhulihulihan.

**Supresión.** f. Pagpawì; pagaalís.

**Suprimir.** a. Pawiin; alisín. || Lisanin; ligtâan.

**Supuesto.** m. Palagáy. || *que* conj. causal. Yamang; ó yayamang.

**Suputación.** f. Balak; akalà.

**Suputar.** a. Balakin; akalàin; bilangin.

**Sur.** m. Timog. || Tímugan.

**Surcar.** a. Daanán ng araro; tudlingán. || Wahìin; daanán; lakaran. gaya ng pagwahì ng daong ó bangkâ sa paglakad sa tubig.

**Surco.** m. Daán ng araro; tudlíng. || Guhit ó bakás ng daán ng isáng bagay sa anomán. || Kulubót ng mukhâ.

**Surgidero.** m. Doongan; punduhan ng mga sasakyán.

**Surgir.** n. Tumilaroy; pumulandit ang tubig. || *Mar.* Dumoóng; sumadsád ang sasakyán. || fig. Sumipót; lumitáw; pakita.

**Surtir.** a. Ihandâ; ó ipaglaán ng kinákailangan. || n. Pumulandít; tumilaroy ang tubig. || *Mar.* Dumoóng ang sasakyán. || r. Maglaán; maghandâ ng kailangan sa sarili.

**Suscribir.** a. Lumagdâ; ó pumirmá sa ibabâ ng isang kasulatan. || Umayon; pumayag sa panukalà ng ibá. || r. Umambág

na kusà sa anománg pagkakágugulan.

**Suscripción.** f. Paglagdâ. || Pagambág. || Ambág.

**Suscriptor, ra.** m. y f. Ang lumálagdâ. || Ang umáambág.

**Susodicho, cha.** adj. Nabanggít na; ó násabi na sa itaás.

**Suspender.** a. Ibitin. || Pigilin; itayong; itigil; ihintô. || fig. Makamanghâ. || r. Mábitin. || Mámanghâ. || Mátigil; máhintô; mapigil.

**Suspensión.** f. Pagkábitin. || Pagpigil. || Pagtigil; paghintô. || Pagaalangán. || Pagtataká.

**Suspicaz.** adj. Mapaghinalà; mapaghinagap.

**Suspirar.** n. Magbuntónghiningá. || Magnasà; ó umibig ng lubhâng mahigpít.

**Suspiro.** m. Buntónghiningá.

**Sustancia.** f. Lamán; lasa; katás.

**Sustentar.** a. Magpakain; bigyán ng ikabubuhay. || Alalayan; pigilan. || Ipaglaban; ipagtanggól ang anománg hakà ó palagáy. || r. Kumain; mabuhay sa anomán.

**Sustento.** m. Pagkain; ó ikinabubuhay.

**Sustitución.** f. Paghahalili.

**Sustituir.** a. Humalili. || Halinhán; palitán. || r. Maghalili.

**Sustituto, ta.** m. y. f. Kahalili; kapalít.

**Susto.** m. Gulat; gitlá.

**Sustraer.** a. Ihiwaláy; ilayô; ibukód. || Kunin; alisín. || *Mat.* Bawasin; awasín. || r. Humiwaláy; lumayô.

**Susurrar.** n. y r. Bumulóngbulóng. || Magbulungbulungan. || fig. Umugong ng marahan ang hangin, tubig sa batis, at ibá pa.

**Susurro.** m. Bulóng; ó tunóg na marahan ng mahinàng pagsasalitâ. || fig. Ugong na marahan ng hangin, tubig, at ibá pa.

**Sutil.** adj. Manipís; lubhâng maliit. || fig. Matalas ang-isip; matalino.

**Sutileza.** f. Kanipisán; kaliitáng lubhâ. || fig. Katalasan ng isip; katalinuhan.

**Suyo, ya.** pron. poses. Kaniyá; ó niyá. || *Los suyos.* Ang mga taong kasama ó kapanig ng sinomán.

# T



**¡Ta!** interj. Tigil! hintô!

**Tabacal.** m. Tabakuhán.

**Tabaco.** m. *Bot.* Tabako. || Tabakong hítitin.

**Tabalear.** a. Ugâin; ugaugin. || n. Magkakatóg sa tablá sa pamamagitan ng daliri.

**Tabanazo.** m. fam. Tampál.

**Tabaquera.** f. Lalagyán ng tabako. || Babaing manggagawà ng tabako.

**Tabaquería.** f. Tindahan ng tabako.

**Tabaquero.** m. Magtatabakó; ó nagtítindá ng tabako. || Manggagawà ng tabako.

**Taberna.** f. Tindahan ng alak.

**Tabique.** m. Dingdíng.

**Tabla.** f. Tablá; ó pirasong kahoy na manipís at malapad. || Tuntunan ng mga aklát. || Talâan; ó listahan.

**Tablado.** m. Sahíg na tablá. || Ang sahíg na pálabasan sa dulàan; ó entablado. || Bibitayán.

**Tablaje.** m. Katipunan ng tablá. || Bahay súgalan.

**Tablazo.** m. Hampás ng tabla.

**Tablero.** m. Tabláng katám at sukát na. || Kahoy na lágariin at bagay gawíng tablá. || Pakò na sadyâng pamakò sa tablá. || Damahán.

**Taburete.** m. Uupáng walâng kamáy at walâng sandalan.

**Tacada.** f. Tumbók, ó pagtumbók ng tako sa bola ng bilyar.

**Uniformar.** a. Iayos; ibagay; imukhâ; iparis sa ibá. || Suután ng magkamukhâng damít. || r. Magkaayos; magkamukhâ. || Magsuót ng magkamukhâng damít.

**Uniforme.** adj. Kamukhâ; ó magkamukhâ. || Kaayon; kaisá;

kaparis. || m. Ang pananamít ó kasuutang parisparis na tanging ginágamit ng mga sundalo ó ibáng kapisanan.

**Uniformidad.** f. Pagkakámukhâ; pagkakáayon; pagkakáisá.

**Unigénito, ta.** adj. Bugtóng na anák.

**Unión.** f. Pagsasama; paglalakip. || Pagkakápisan. || Pagkakáayos. || Pagkakáisá; pagkakáayon. || Pagiisáng dibdib. || Pagkakáhalò. || Pagkakásundô.

**Unir.** a. Isama; ipisan; ilakip; ilangkáp. || Ihalò; ilahók. || Ikatníg; itagnî; iugnáy; ikamá. || Ikasál. || fig. Pagkásundùin; pagisahín ang mga kalooban. || r. Magsamasama; magpisanpisan; magtulungán. || Umanib; sumapì; pumisan.

**Unisonancia.** f. Pagkakátinig; pagkakátono.

**Unísono, na.** adj. Nagkákatinig; nagkákatono; ó katinig ng ibá.

**Universal.** adj. Panglahat; ó nakasásakláw sa lahát; laganap. || Pangsinukob; pangsangdaigdigan.

**Universalidad.** f. Kalahatán; pagkasakláw sa lahát ó sa marami.

**Universo, sa.** adj. Panglahát; laganap. || m. Sangdaigdíg; sangsinukob.

**Uno, na.** adj. Isá; ó nagiisá. || Katulad; kaisá; kamukhâ. || Iisá; ó magkáisá. || m. Ang número 1. || Ang tao ó hayop na alinmán.

**Untador, ra.** m. y f. Tagapagpahid ng langís ó mantikà.

**Untadura.** f. Pagpapahid ng langís, mantikà, atbp. || Ang pamahid.

**Untar.** a. Pahiran ng langís, mantikà, atbp., ang alinmáng bagay. || fig. y fam. Suhulan. || r. Marumhán; mádungisan ng anománg langíslangís na bagay. || Magpahid ng gamót. || fig. Málahiran; mátirahan ng hinawakang bagay, lalò na kung salapî.

**Unto.** m. Pamahid na unguento, ó alinmáng bagay na matabâ. || Tabâ ng hayop.

**Untuoso, sa.** adj. Langíslangís; matabâ; malagkít.

**Untura.** f. Pagpapahid ng langís, atbp. || Ang bagay na ipinápahid.

**Uña.** f. Kukó. || Ang pinakákukó ng alakrán na nasa dulo ng buntót. || Sakuwá ng kahoy, na kinákakabitán ng ugát. || fig. y fam. Liksí; ó talas sa panguumít.

**Uñada.** f. Pagkamot; paggulamos. || Galos na gawâ ng kukó.

**Uñarada.** f. Kamot; ó galos na gawâ ng kukó.

**Uñate.** f. fam. Pagtirís.

**Uñero.** m. Tungâ; ó salinsíng ng kukó.

**Uñoso, sa.** adj. Mahabà ang kukó.

**Urbanidad.** f. Kagalangán; karunungang makipagkapuwà tao.

**Urbano, na.** adj. Ang náuukol sa lungsód ó siudad. || Magalang; marunong makipagkapuwà tao.

**Urdidera.** f. Ulakán; ó husayán ng anománg ilálagáy sa habihán.

**Urdidor, ra.** m. y f. Tagapaghusay ng háhabihin.

**Urdir.** a. Ulakín; husayin ang háhabihin sa ulakán upáng maihanáy sa habihán. || fig. Magpakanâ; ó maghandâ ng anománg lihim na laban sa ibá.

**Urgencia.** f. Kadalìan; pagmamadalî. || Pagkakailangang madalî ng anomán.

**Urgente.** p. a. Nugmamadalî. || adj. Mádalìan; biglâan. || Lubhâng kailangan.

**Urgir.** n. Kailanganing lubhâ; ó mádalîíng gawín ang anomán. || Tuparín agádagád ang kautusán ó ang iniúutos.

**Urinario, ria.** adj. Ang náuukol sa ihì. || m. Iihán.

**Usado, da.** adj. Gasgás; gamít; ó lumà sa pagkágamit. || Kaugalìan; karaniwan.

**Usanza.** f. Kaugalìan; uso.

**Usar.** a. Gumamit; gamitin. || r. Magamit; pakinabangan. || Magasgás sa kágagamit. || Máugalìan.

**Uso.** m. Paggamit. || Kaugalìan. || Ugalì; asal. || Iral; uso. || *de razón.* Isip; baít; pagiisip.

**Usted.** com. Kayó; ikáw pò; ang kamáhalan ninyó.

**Usual.** adj. Gamitín; kagamitán; kaugalìan. || Magágamit.

**Usufructo.** m. Karapatáng makagamit at makinabang sa arì ng ibá. || Pakinabang ña nákukuha sa anománg bagay.

**Usufructar.** a. Makinabang sa pagaarì ng ibá, na kanyáng hinávhawakan.

**Usura.** f. Patubò; pabuwís. || Pagpapatubò. || Tubò; ó pakinabang na lubhâng malabis sa pagpapautang ng salapî.

**Usurear.** n. Magpatubò; ó kumuha ng patubò. || Magpatubò ng malabis. || Makinabang.

**Usurero, ra.** m. y f. Mapagpatubò.

**Usurpación.** f. Paggagá; pagkuha ng dî kanyá.

**Usurpador, ra.** m. y f. Manggagagá; manglulupig.

**Usurpar.** a. Gagâhín; lupigin; angkinín; ó ariin ang dî kanyá.

**Utensillo.** m. Ang kasang-

kapang gamit sa pamumuhay. || pl. Ang mga kasangkapang gamit sa isáng hanapbuhay ó sining.

**Utero.** m. *Anat.* Bahay-batà.

**Útil.** adj. Pakíkinabangan. || Gamit; ó magagamit.

**Utilidad.** f. Pakinabang; ó kapakinabangán. || Kagamitán; kapakanán. || Tubò; ó pakinabang na nákukuha sa anománn.

**Utilizable.** adj Magágamit; mapakîkinabangan.

**Utilizar.** a. Gamitin; pakinabangan. || r. Mápakinabangan; mágamit.

**Utopía.** f. Panukalà, balak, aral, ó paraáng lubhâng mainam ó kahalihalina ngunì't hindî maisasagawâ

**Utrero, ra.** m. y f. Bulô ng baka na buhat sa dalawá hanggáng tatlóng taón.

**Uva.** f. Ubas.

**Uvada.** f. Karamihan ó kasaganàan ng ubas.

**Uval.** adj. Kahawíg ng ubas.

**Uvero, ra.** m. y f. Maguubás.

# V



**Vaca.** f. Bakang babae. || Karné ng baka.

**Vacación.** f. Pagpapahingá; pagliliwalíw. || Pagkábakante ng isáng katungkulan.

**Vacada.** f. Bakahán; ó kawan ng baka.

**Vacante.** f. Katungkulang walâng taong gumáganáp; ó bakante. || Pagliliwalíw.

**Vacar.** n. Magpahingá; magliwalíw. || Mábakante; ó mawalán ng taong gumanáp sa isáng katungkulan.

**Vacatura.** f. Ang panahóng bakante ang isáng katungkulan.

**Vaciadero.** m. Bubuhusán ng anománg bagay na lusáw; ó pádaluyan nitó.

**Vaciador.** m. Manghahasà; ó magmumuliohón. || Panghasà; ó múliuhón.

**Vaciar.** a. Isalin; alisán ng lamán ang isáng bagay. || Ibuhos; ihuhô. || Ibubô; ihulmá. || Dukitin ang kahoy ó anomán. || Ihasà sa muliuhón ang labasang pangahit, lanseta, atbp. || n. Umagos ang isáng ilog sa dagat ó sa kapuwà ilog. || Kumati ang tubig. || r. Mábuhos; máliguwák sa kinálalagyán ang anománg bagay na lusáw. || Mawalán ng tao ang isáng lugál.

**Vacilación.** f. Pagugâ; pagkauyót. || fig. Pagsasalawahán; pagaalangán.

**Vacilar.** n. Umugâugâ; gumaláwgaláw. || Umuyót; huminà ang tayô ng anomán. || fig. Magalangán; magsalawahan.

**Vacio, cía.** adj. Hungkág; gawáng; walâng lamán. || Babaing hayop na walâng akay. || Walâng kabuluhán; walâng pakinabang. || Pagayóngayón; walâng hanapbuhay. || fig. Hambóg; palalò. || m. Guwáng; puwáng; pagitan. || Ang bakante ng isáng katungkulan ó hanapbuhay.

**Vacuna.** f. Ang butlíg ó bulutong na tumútubò sa suso ng baka, at itinátaním sa tao upáng máilag sa tunay na bulutong.

**Vacunación.** f. Pagtataním ng̃ bulutong; ó pagbabakuna.

**Vacunar.** a. Bakunahan; ó tamnán ng̃ bulutong.

**Vacuno, na.** Ang náuukol sa baka.

**Vadeable.** adj. Matátawíd. || fig. Madádaíg.

**Vadeamiento.** m. Pagtawíd sa ilog.

**Vadear.** a. Tumawíd; tawirín ang ilog. || fig. Daigín ang anománg bagay na mabigát. || Tarukín ang kalooban ng̃ sínomán. || Liripin.

**Vado.** m. Táwiran; ó lugál na mababaw ng̃ isáng ilog na matatawirán ng̃ walâng bangkâ ng̃ tao ó hayop man.

**Vagabundear.** n. Maghampaslupà; maglagalág; gumayóngayón.

**Vagabundo, da.** adj. Hampaslupà; galâ; layás; lagalág.

**Vagancia.** f. Paghahampaslupà.

**Vagar.** n. Maglagalág; maglayás; maggalâ. || Lumakadlakad sa isáng lugál na iláng, na huwág mátagpùan ang daán ó ang hináhanap. || Maghampaslupà. || m. Panahóng walâng gawâ.

**Vagido.** m. Uhâ; ó iyák ng̃ sanggól.

**Vago, ga.** adj. Galâ; layás; lagalág. || Hampaslupà. || Bagay na hindî tiyák ó walâng sariling tungo. || Alang̃án; salawahán.

**Vaguear.** n. Maglagalág.

**Vaguedad.** f. Kaalang̃anán; pagsasalawahán. || Panánalitâng malabò ó dî tiyák.

**Vahido.** m. Pagkahilo; pagkaliyó.

**Vaho.** m. Sing̃áw na nanggagaling sa anománg bagay na basâbasâ at mainit.

**Vaina.** f. Kaluban; suksukan ng̃ sandata ó ng̃ ibáng kasangkapang bakal. || *Bot.* Balát na kinababalutan ng̃ iláng bung̃a ng̃ kahoy.

**Vaivén.** m. Giwàgiwà; ó gaáw na yao't dito ng̃ anomán.

**Vajilla.** f. Katipunan ng̃ pinggán, tasa, baso, at ibá pa, na gamit sa dulang ng̃ pagkain.

**Valentía.** f. Tapang; katapang̃an. || Kabayanihan. || Kapang̃áhasan. || Kakisigan; inam ó liksí sa pananalitâ ó sa paggawâ ng̃ anomán.

**Valentón, na.** adj. Palalò; mayabang; hambóg; mapagmatapáng.

**Valer.** a. Ampunín; kupkupín; tangkilikin. || Pakinabang̃an; pagtubùan. || Maghalagá. || n. Magkahalagá. || Magkaroón ng̃ kapangyarihan ó lakás. || Magkabisà. || r. Gamitin ang anomán sa ukol na panahón. || Paampón;

patangkilik sa ibá, nang mákamtán ang anomán.

**Valeroso, sa.** adj. Mabisà. || Matapang; malakás ang loób.

**Valetudinario, ria.** adj. Masasaktín; mahinà ang katawán.

**Valía.** f. Halagá; kahalagahán.

**Validar.** a. Bigyáng halagá; ó bigyáng bisà ó lakás ang anomán.

**Validez.** f. Katibayan; kahalagahán.

**Válido, da.** adj. Matibay; may halagá; ó dapat magkahalagá. || Malakás; matapang.

**Valiente.** adj. Matapang; bayani. || Matibay; matatág. || Mabisà. || Malakás. || Magalíng; mahusay.

**Valioso, sa.** adj. Mahalagá. || Mayaman; masalapi.

**Valor.** m. Halagá; kahalagahán; kamáhalan. || Bisà; lakás. || Pakinabang; tubò; ó bunga ng anomán. || Tapang; lakás ng loób.

**Valorar.** a. Halagahán; mahalín. || Lagyán ng halagá; tasahan.

**Valoría.** f. Halagá; kamáhalan.

**Valuación.** f. Paghahalagá; pagtasa.

**Valuar.** a. Halagahán; tasahan.

**Valla.** f. Pimpín; ó bakod na istakà. || Guhit, halang ó hanggá ng isáng lugál.

**Vallado.** m. Bakod ó halang na inilálagáy sa isáng lugál.

**Valle.** m. Lambák; ó kapatagan ng lupà na nasa pagitan ng mga bundók ó buról.

**Vanagloria.** f. Pagpaparangalan ng sariling dunong ó gawâ; kahambugán.

**Vanagloriarse.** r. Magparangalan; magpalalô. || Ipagparangalan; ó ipagmagalíng ang sariling dunong, buti ó gawâ.

**Vanaglorioso, sa.** adj. Mapagparangalan; mapagpalalò; mapagmagalíng.

**Vanear.** n. Magsasalitâ ng walâng kapararakan. || Magsabi ng kahambugán.

**Vanguardia.** f. Ang pangkát ng hukbó na nasa unahán.

**Vanidad.** f. Kawalán ng halagá ó kabuluhán. || Kapalalùan. || Pagpaparangalan; pagmamarikít.

**Vanidoso, sa.** adj. Palalò; mapagmarikít.

**Vano, na.** adj. Kunuwâ; hindî totoó. || Walâng lamán; walâng lasa. || Walâng kabuluhán. || Palalò; hambóg; mapagmarikít. || *En vano.* m. adv. Walâng kapararakan.

**Vapor.** m. Singáw. || fig. Bapor; ó daong na pinalalakad ng mákinang ginágatungan ng

apóy. || *de tierra.* Alimuúm.

**Vaquería.** f. Bakahán. || Lugál na may mga baka, ó nagbibilí ng gatas nitó.

**Vaquero, ra.** adj. Ang sarili ó náuukol sa pastól ng baka. || m. y f. Ang pastól ng baka.

**Vara.** f. Baras, na tandâ ng kapangyarihan. || Ang barang panukat.

**Varadero.** m. Lugál na sadsaran ó bárahan ng sasakyán.

**Varar.** a. Ibunsód sa tubig ang sasakyán. || n. Masadsád; mábará ang sasakyán. || fig. Máhintô; mátigil-ang anomán.

**Variable.** adj. Nagbabago; ó maáaring magbago. || Salawahán; pabagobago.

**Variación.** f. Pagbabago; pagiibá.

**Variado, da.** adj. Ibá't ibáng kulay.

**Variar.** a. Baguhin; ibahín. || n. Magbago; máibá.

**Variedad.** f. Kaibhán; ó pagkakáibá ng mga bagay. || Pagiibá; pagbabago ng anomán.

**Vario, ria.** adj. Ibá; ó ibá-ibá. || Nagbabago. || Sarisarì. || pl. Mga ilán.

**Varón.** m. Lalaki. || Ang lalaking ganáp na ang gulang. || Ang taong kagalanggalang, may kapangyarihan, at ibá pa.

**Varonil.** adj. Ang náuukol ó sarili ng lalaki. || Matapang; bayani; malakás.

**Vasallaje.** m. Pagkásakóp; ó pagkilala ng násasakupan sa kapangyarihan ng panginoón. || Ang buwís na ibinábayad ng sákóp.

**Vasallo, lla.** m. y f. Sakop; ó násasakupan ng isáng makapangyarihan ó panginoón. || fig. Kampón; kawal; alagád.

**Vasija.** f. Sisidlán ng mga bagay na lusáw; tapayan; ó gusì.

**Vaso.** m. Sisidlán ng bagay na lusáw. || Baso; ínuman.

**Vástago.** m. Suplíng; sulol; suwí.

**Vastedad.** f. Kalawakan; kalaparan; kalakihan.

**Vasto, ta.** adj. Malawak; lubhâng malapad; lubhâng malakí.

**Vate.** m. Manghuhulà. || Makatà.

**Vaticano.** m. Palasio na tinátahanán ng Papa.

**Vaticinar.** a. Humulà; hulàan.

**Vaticinio.** m. Hulà; paghulà.

**Vecindad.** f. Katipunan ng mga taong naníniraban sa isáng bayan ó nayon. || Kalapitan; ó pagkakalapít ng anomán sa ibá.

**Vecindario.** m. Bilang ng taong tumátahán sa isáng bayan. || Talâán ng mga taong naníniraban sa isáng lugál.

**Vecino, na.** adj. Kapitbahay; kanayon. || Ang naníniralian; ó nanánahán sa isáng bayan ó lugál. || fig. Malapit; kalapít. || Katulad; kawangis.

**Veda.** f. Pagbabawal.

**Vedar.** a. Ipagbawal. || Sansalàin; sawayín.

**Veedor, ra.** m. y f. Ang tumítingín, nagmamasíd ó sumísiyasat ng kilos ng ibá. || m. Tagapagsiyasat; ó tagatingín ng anomán.

**Vehemencia.** f. Kabilisán; karahasán ng kilos; kadaglîang gumawâ.

**Vehemente.** adj. Mabilís; marahás; masasál. || Lubhâng mahigpít ó mabisà.

**Vehículo.** m. Karuwahe ó alinmáng sasakyang makapaghahatíd sa ibáng lugál ng tao ó bagay kayâ.

**Veintavo, va.** adj. Ikadalawáng puông bahagi.

**Veinte.** adj. Dalawangpuô. || Ikadalawáng puô. || m. Ang número 20.

**Veintenario, ria.** adj. May dalawáng puông taón.

**Vejación.** f. Pagduhagi; pagpapasakit.

**Vejamen.** m. Pagalipustâ; pagapí; pagkutyâ; pagpapahirap.

**Vejar.** a. Duhaginin; alipustâín; apihín; pasakitan; pahirapan.

**Vejez.** f. Katandâan. || fig. Kalaunang panahón ng anomán.

**Vejiga.** f. Pantóg. || Lintós ng balát, na may lamáng tila tubig.

**Vela.** f. Paglalamay; pagpupuyát. || Kandilà. || *Mar.* Layag.

**Velación.** f. Pagpupuyát; paglalamay. || pl. Pagtatakip ng *velo* ó talukbóng sa mga ikinákasál na siyang tandâ ng pagaasawa.

**Velada.** f. Paglalamay; pagpupuyát. || Lamayán.

**Velamen.** m. Katipunan ng layag ng isáng sasakyán.

**Velar.** n. Maglamay; magpuyát. || Maglamay sa paggawâ. || a. Bantayán; tanuran sa gabí ang anomán. || Ikasál; ó bendisiunán ang mga ikinákasál. || fig. Takpán; itagò. || fig. Tuparíng mahusay ang anomán.

**Veleidad.** f. Kasalawahang loób; kahalaghagán.

**Veleidoso, sa.** adj. Sálawahan; halaghág na loób.

**Veleta.** f. Pabilíng; giringpulá.

**Velo.** m. Takíp; tabing ng anomán. || Talukbóng; lambóng.

**Velocidad.** f. Tulin; bilís; katulinan; kabilisán. || Liksí; kaliksihan.

**Veloz.** adj. Matulin; mabilís. || Maliksí; madalîng gumawâ ó umisip ng anomán.

**Vello.** m. Balahibo. || Bulo.

**Vellón.** m. Ang lahát ng̃ balahibo ng̃ isáng tupa. || Balát ng̃ tupa na may balahibo.

**Velloso, sa.** adj. May balahibo. || May bulo.

**Velludo, da.** adj. Mabalahibo; balahibuhín. || Mabulo.

**Vena.** f. Ugát ng̃ katawán ng̃ tao ó hayop na pinanánalaytayán ng̃ dugô. || *Bot.* Ugát ng̃ kahoy ó halaman.

**Venablo.** m. Sumbilíng.

**Venado.** m. *Zool.* Usá.

**Venal.** adj. Ang náuukol sa ugát. || Nabíbilí; ó pinagbíbilí. || fig. Nasúsuhulan.

**Vencedor, ra.** m. y f. Ang nanalo; ó nagtagumpáy. || Mánanaló; mapagwagí.

**Vencer.** a. Madaíg; masupil; matalo ang kaaway. || Manalo; magwagí; magtagumpáy. || Supilin; daigín ang silakbó ó hilig ng kalooban. || Lalùan; higtán ang ibá. || n. Matapos ang taning na panahón. || r. Makapangyari sa sarili; supilin ang silakbó ó hilig ng̃ sariling loób.

**Vencible.** adj. Madadaíg; masusupil.

**Vencido, da.** p. p. y s. Ang tinalo; ó nadaíg. || Talunan.

**Venda.** f. Pamigkís sa sugat.

**Vendar.** a. Talìan, ó bigkisán ng̃ benda; ó bendahán.

**Vendaval.** m. Habagat; ó hanging masasál na galing sa dagat.

**Vendedor, ra.** m. y f. Ang nagbibilí; ó tagapagbilí. || Tagapagtindá.

**Vender.** a. Magbilí; ipagbilí. || Magtindá; itindá ang anomán. || fig. Pagsukabán; pagliluhan. || r. Pasuhol. || Maglingkód ng̃ buông pusò sa ikagágalíng ng̃ sínomán. || Magpaupá ng̃ puri.

**Vendible.** adj. Maipagbíbilí; ó ipinagbíbilí.

**Veneno.** m. Lason. || Kamandág.

**Venenoso, sa.** adj. May lason.

**Venerable.** adj. Kagalanggalang; ó dapat igalang.

**Veneración.** f. Paggalang. || Pagsambá; paglílingkód sa Dios.

**Venerando, da.** adj. Kagalanggalang.

**Venerar.** a. Igalang; pagpítaganan; parangalán; paunlakán. || Sambahín; paglinkurán ang Dios, mg̃a santó ó mg̃a bagay na banál.

**Venero.** m. Bukál. || Mina ng̃ bakal, tansô, kolor, atbp.

**Vengador, ra.** m. y f. Ang nanghihigantí.

**Venganza.** f. Higantí; panghihigantí.

**Vengar.** a. Gumantí; ó ipanghigantí ang anománg kaapihán ó kapanganyayàan. || r. Manghigantí.

**Vengativo, va.** adj. Mapanghigantí.

**Venia.** f. Patawad; kapatawarán. || Pahintulot; pasintabì. || Yukód ng ulo.

**Venida.** f. Pagparito; pagdatíng; paglapit. || Pagbabalík sa pinanggalingan. || Bahâ.

**Venidero, ra.** adj. Ang dáratíng; ó háharapíng panahón; ang mangyayari. || m. pl. Ang mga hahalili ó susunód sa atin.

**Venir.** n. Dumatíng. || Parito, ó pumarito. || Lumapit; dumulóg; humaráp. || Máayos; maakmâ ang isáng bagay sa ibá. || Máhinuhâ; makurò. || Manggaling; magbuhat.

**Venta.** f. Pagbibilí. || Kasundùan ó kasulatan ng pagbibílihan.

**Ventaja.** f. Kalalùan; kahigtán; kagálingan; kabutihan. || Lamáng. || Palugit.

**Ventajoso, sa.** adj. Nakalalamáng; nakahihigít. || Mabuti.

**Ventana.** f. Dúngawan; ó durungawán; bintanà. || Butas ng ilóng.

**Ventanear.** n. fam. Magdungáw; ó magpanungáw.

**Ventarrón.** m. Hanging masasál.

**Ventear.** impers. Humihip ng malakás ang hangin. || a. Singhutín; ó sagapin ng ilóng ang hangin. || Pahanginan; ó ipahangin ang anomán.

**Ventilador.** m. Pangpahangin.

**Ventilar.** a. Pahanginan; ó pasimuyan ng hangin. || fig. Pagtalunan; pagusapan ang isáng súliranín, upáng mákita ang katotohanan. || r. Magpahangin.

**Ventosa.** f. *Med.* Tandók; ó bentosa.

**Ventosear.** n. Umutót.

**Ventosidad.** f. Kabag. || Utót.

**Ventoso, sa.** adj. May hangin; ó mahangin. || May kabag.

**Ventrecha.** f. Tiyán ng isdâ.

**Ventrudo, da.** adj. Tíyanin.

**Ventura.** f. Palad; kapalaran. || Pagkakátaón. || Panganib.

**Venturoso, sa.** adj. Mapalad; mapapalarín.

**Venustidad.** f. Kagandahang ganáp ó kalugódlugód.

**Venusto, ta.** adj. Magandá; butihin.

**Ver.** a. Tumingín; tingnán; masdán; mákita. || Siyasatin; usisàin. || Kilalanin; pagmagdán. || Dalawin; makipagkita. || Warìin; liningin; kurùin. || r. Mákita. || Magkita upáng magusap. || m. Paningín; ó pangmasíd.

**Veracidad.** f. Katotohanan; katapatán.

**Veranear.** n. Magliwalíw sa panahón ng̃ tagaráw sa alinmáng lugál.

**Veraniego, ga.** adj. Ang náuukol sa tagaráw.

**Verano.** m. Tagaráw; taginít.

**Veraz.** adj. Totoó; tapát; mapagsabí ng̃ katotohanan.

**Verbal.** adj. Ang ginágawâ ó ipinagkákayarì sa salitâ lamang.

**Verbigracia.** adv. m. Halimbawà.

**Verbo.** m. *Rel.* Ang Dios Anák. || *Gram.* Pangwatas; ó berbo.

**Verbosidad.** f. Kasaganàan ng̃ salitâ sa pagtatalumpatì.

**Verboso, sa.** adj. Masaganà sa salitâ; ó mayamang mang̃usap.

**Verdacho.** m. Lungtìang murà.

**Verdad.** f. Katotohanan; katunayan.

**Verdadero, ra.** adj. Totoó; tunay. || Tapát.

**Verde.** m. Lungtìan. || Sariwà; murà. || Hiláw. || fig. Mahalay; malasuwâng salitâ, tulâ, at ibá pa.

**Verdear.** n. Magkulay lungtìan.

**Verdecer.** n. Manariwà ang halaman.

**Verdín.** m. Lumot; liyâ ng̃ tubig. || Kalawang ng̃ tansô.

**Verdolaga.** f. *Bot.* Kulasiman.

**Verdor.** m. Kasariwàan; kamuràan. || Lungtìan. || fig. Lakás; lusóg.

**Verdugo.** m. Suplíng ng̃ punòng kahoy. || Hampás ng̃ balát. || Latay. || Mangbibitay.

**Verdulero, ra.** m. y f. Magguguláy.

**Verdura.** f. Kasariwàan. || Gulay.

**Vereda.** f. Landás; bulaos.

**Veredicto.** m. Pasiyá ó hatol ng̃ inangpalán sa anománg bagay.

**Vergonzante.** adj. Nahihiyâ.

**Vergonzoso, sa.** adj. Kahiyâhiyâ; nakahíhiyâ. || Mahíhiín; umíd. || Mahalay.

**Vergüenza.** f. Hiyâ; kahihiyán. || Kaumirán; kakimìan. || Pagkahiyâ.

**Verídico, ca.** adj. Tunay; totoó; tapát.

**Verificar.** a. Patotohanan; patunayan. || Patibayan. || Isagawâ; gawín; ganapín. || r. Mangyari; maganáp; magkatotoó; mátunayan.

**Verraco.** m. Bulugáng baboy.

**Verruga.** f. Kulugó.

**Versado, da.** adj. Sanáy; bihasa; marunong.

**Versificación.** f. Pagtulâ.

**Versificar.** n. Tumulâ. || a. Tulâín.

**Versión.** f. Pagsasalin ng isáng wikà sa ibá. || Paraán ng pagsasaysáy na ginágawâ ng bawà't isá sa fisáng pangyayari.

**Versista.** m. Mánunulâ.

**Verso.** m. Tulâ.

**Verter.** a. Ibuhos; ibubô. || Isabog; ikalat. || Isalin; ó ihulog sa ibáng wikà ang isáng sulat ó aklát. || n. Tumulò; bumuhos.

**Vertical.** adj. Patayô; patindíg.

**Vertiente.** p. a. y adj. Ang tumútulò. || amb. Bálisbisan.

**Vértigo.** m. Hilo; pagkahilo; pagkaliyó. || Pagkaulól.

**Véspero.** m. Talà sa hapon.

**Vespertino, na.** adj. Ang náuukol sa hapon.

**Vestido.** m. Damít; saplót. || Kasuutan.

**Vestigio.** m. Bakás. || Tandâ.

**Vestir.** a. Damtán; bihisan ó suután ng damít. || Pamutihan; gayakán. || Balutan; kalupkupán. n. y r. Manamít; magbihis; magsuót ng damit.

**Vestuario.** m. Kasuutan. || Bihisán.

**Veterano, na.** adj. Ang matandâ at sanáy sa alinmáng hanapbuhay.

**Vía.** f. Daán. || Paraanán; dadaluyán. || Paraán ng paggawâ ng anomán.

**Viable.** adj. Mabubuhay; ó mangyayaring mabuhay.

**Viajante.** p. p. y s. Ang naglalakbáy.

**Viajar.** n. Maglakbay.

**Viaje.** m. Paglalakbáy. || *¡Buen viaje!* || Maligayang paglalakbáy!

**Viajero, ra.** m. y f. Maglalakbáy.

**Vianda.** f. Pagkain; ulam.

**Víbora.** f. *Zool.* Ahas na makamandág.

**Vibrar.** n. Kuminíg; umugóyugóy.

**Vicario, ria.** adj. Kahalili.

**Vicepresidente, ta.** m. y f. Pangalawáng pangulo.

**Vicesecretario, ria.** m. y f. Pangalawáng kalihim.

**Viceversa.** adv. m. Tumbalík.

**Viciar.** a. Siràin; ipangangayayà. || Dayàin; palsuhín. || r. Magpakasamâ.

**Vicio.** m. Sirà; kasiràan. || Samâ; kasamâan; || Hilig na masamâ. || Dayà; malî. || Kaibigáng malabis sa anomán.

**Visicitud.** f. Pagkakásunódsunód ó paghahalihalili ng anománg pangyayari.

**Victoria.** f. Pagtatagumpáy; pagwawagí; pananalo.

**Victorioso, sa.** adj. Mánanaló; mapagwagí; mapagtagumpáy.

**Vid.** f. *Bot.* Punò ng ubas.
**Vida.** f. Buhay. || Kabuhayan. || Pamumuhay.
**Vidriería.** f. Tindahan, gagawán ó pinagpúputulan ng mga kasangkapang bubog.
**Vidrio.** m. Bubog. || fig. Alinmáng bagay na maselang at basagín.
**Vidrioso, sa.** adj. Babasagín || Marupók.
**Viejo, ja.** adj. Matandâ. || Lumà; laón; maluwát na.
**Viento.** m. Hangin. || Simoy; ó hihip ng hangin. || fig. Kahambugán; kahanginan.
**Vientre.** m. Tiyán. || fig. Ang guwáng na malakí at loób ng anomán.
**Viga** f. Tahilan.
**Vigente.** adj. *For.* Batás, kautusán, atbp., na kasalukuyang umíiral ó sinúsunód.
**Vigésimo, ma.** adj. Ikadalawáng puô.
**Vigía.** f. Tánawan; bantayan. || m. Bantáy; tagatanáw.
**Vigilancia.** f. Pagiingat; ó pagaalagà. || Pagtanod.
**Vigilante.** adj. Maalagà. || m. Tagatanod.
**Vigilar.** n. Magtanod; magalagà. || a. Tanuran; alagàan.
**Vigor.** m. Lakás; bagsík; bisà; siglá.
**Vigorizar.** a. Palakasín; bigyáng lakás. || fig. Pasiglahín; patapangin. || r. Lumakás.
**Vigoroso, sa.** adj. Malakás; mabisà.
**Vihuela.** f. *Mús.* Biguwela; gitara.
**Vil.** adj. Hamak; bulisik.
**Vileza.** f. Pagkahamak; kabulisikan.
**Vilependiar.** a. Hamakin; ayupin.
**Vilependio.** m. Paghamak; pagayop.
**Vinagre.** m. Sukà. || Asim; kaasiman.
**Vinagrera.** f. Lalagyán ng sukà.
**Vinagrero, ra.** m. y f. Magsusukâ.
**Vínculo.** m. Talì; pagkakátalì; ó pagkakásama ng isáng bagay sa ibá.
**Víndicar.** a. Gumantí; ó ipanghigantí ng tapát ang anománg kaapihán. || Ipagtanggól ang kapurihán ng sínomán.
**Vinicultura.** f. Ang paggawâ ng alak.
**Vino.** m. Alak.
**Vinolento, ta.** adj. Mapaglasíng; mapaglangó.
**Viña.** f. Lupàng maraming taním na punò ng ubas
**Violación.** f. Paglabág; pagsuwáy. || Pagpilit; pagdahás sa isáng babae.

**Violar.** a. Labagin; suwayín ang kautusán. || Pilitin; dahasín; gahisín ang isáng babae. || Paslangín ang isáng lugál na kagalanggalang

**Violencia.** f. Dahás; karahasán. || Pagdahás; pagpilit.

**Violentar.** a. Dahasín; pilitin. || Pumasok sa isáng bahay ó lugál ng laban sa kalooban ng may arì. || r. Magpilit.

**Violento, ta.** adj. Marahás; mapilit.

**Violín.** m. *Mús.* Biolín,

**Violinista.** com. Ang marunong ó sanáy tumugtóg ng biolín.

**Virar.** a. *Mar.* Ipihit; ibilíng ang sasakyán.

**Virgen.** com. Ang taong walâng bahid ng kalupàan. || adj. Lupàng hindî nalilináng. || Anománg bagay na buô ó walâng halò. || Si Ginoóng Santa María.

**Viril.** adj. Ang náuukol sa lalaki; ó sarili niyá.

**Virilidad.** f. Kalakasán.

**Virolento, ta.** adj. Binúbulutong; búlutungín.

**Virtud.** f. Kabáitan; kabánalan. || Lakás; bagsík; bisà. || Tapang. || Kapangyarihan.

**Virtuoso, sa.** adj. Mabaít; banál. || Mabagsík; mabisà.

**Viruela.** f. *Med.* Bulutong.

**Visaje.** m. Ngibít; ngiwî ng mukhâ.

**Viscoso, sa.** adj. Malagkít.

**Visible.** adj. Makikita; ó nákikita; tanyág; litáw.

**Visión.** f. Pagkakita. || Guniguní; pangarap na ükalà.

**Visita.** f. Pagdalaw. || Panauhin; dalaw. || Pagsisiyasat.

**Visitar.** a. Dumalaw; dalawin. || Magsiyasat; sumurì. || r. Magdalawán.

**Vislumbrar.** a. Mabanaagan; maanagnagán. || fig. Hinalàin; sa pantahàin.

**Víspera.** f Dispirás; ó araw na náuuna sa kapistahan.

**Vista.** f. Paningín. || Pagtingín; pagkakita. || Pagkikita. || Pánoorin || *For.* Pagsurì sa húkuman ng isáng usapín.

**Vistazo.** m. Tingíng mádalián ó paraán lamang.

**Vistoso, sa.** adj. Marikít; mainam; tánawin.

**Visual.** adj. Ang náuukol sa paningín.

**Vital.** adj. Ang náuukol sa buhay. || fig. Lubhâng mahalagá

**Vitualla.** f. Katipunan ng mga pagkain ng isáng hukbó

**Vituperar.** a. Pulàan; pintasán; libakín; murahin. || Umupasalà.

**Vituperio.** m. Libák; pulà pintás. || Pagupasalà; pagmura, paglibák.

**Viudez.** f. Pagkabalo.

**Viudo, da.** m. y f. Balo; ó bao.

**¡Viva!** interj. Mabuhay!

**Vivacidad.** f. Kalákasan; kasiglahán. || Katalasan ng isip.

**Vivaz.** adj. Maluwát ang buhay. || Malakás; masiglá. || Matalas ang isip.

**Víveres.** m. pl. Ang laáng mga pagkain sa isáng hukbó ó bayan. || Ang íkinábubuhay.

**Viveza.** f. Kaliksihan; katulinan. || Kasiglaháng manalitâ. || Katalasan ng isip.

**Vivídero, ra.** adj. Matátahanán; matitirahán.

**Vivienda.** f. Táhanan; tírahan.

**Vivificar.** a. Buhayin. || Palakasín; pasiglahín.

**Vivir.** n. Mabuhay. || Tumahán; ó manirahan sa isáng lugál. || Mamayan; mamahay. || m. Buhay; pamumuhay.

**Vivo, va.** adj. Buháy. || Mabisà; malakás. || Matalas; matalino. || Maliksí.

**Vocablo.** m. Salitâ; pangungusap.

**Vocabulario.** m. Talátingigán. || Katipunan ng mga pangungusap ng isáng wikà.

**Vocal.** adj. Ang náuukol sa tingig ó boses. || Ang sinásaysáy sa salitâ ó boses. || Tingig; ó *vocal.*

**Vocear.** n. Sumigáw. || a. Ipagtawag; ipahayag ng pasigáw. || Sigawáng tawagin ang sínomán. || Ipagsígawan.

**Vocería.** f. Híyawan; kaingayan.

**Vocerío.** m. Sígawan.

**Vociferar.** a. Ipagsígawan. || n. Magsisigáw ng malakás.

**Vocinglero, ra.** adj. Masígawin; malakás magsalitâ. || Masabí; matabíl.

**Volar.** n. Lumipád. || Pailangláng. || fig. Magtumulin ng lakad. || a. Paliparín ang ibon.

**Volátil.** adj. Lumílipád; liparin. || fig. Salawahang loób.

**Volcán.** m. Bulkán.

**Volcar.** a. Itaób; ibuwál ang anomán. || Lituhín; liyuhín; hiluhin. || n. Mataób; mabuwál; mágiwà.

**Voltear.** a. Paikitin; pabilingín; pagulungin. || Baligtarín; bilingín. || Pagpalitin; baguhin. || n. Gumulong; umikit; pumihit.

**Voluble.** adj. Mapapaikit. || fig. Salawaháng loób; halaghág.

**Volumen.** m. Lakí ó kapál ng anomán. || Ang aklát.

**Voluminoso, sa.** adj. Malakí; makapál.

**Voluntad.** f. Loób; kalooban. || Pasiyá. || Pagibig; paggiliw. || Nasà; kaibigán. || Utos; atas.

**Voluntario, ria.** adj. Kusà; bukál sa loób. || *Mil.* Sundalong kusàng loób.

**Voluptuoso, sa.** adj. Malibog; ó nakahíhikayat sa kalibugan.

**Volver.** a. Baligtarín; pihitin; pagbilingbilingín. || Gumantíng loób; magbayad. || Ihulog ang isáng wikà sa ibá. || Isaulì; ibalík ang anomán. || Baguhin; ibahín. || Isuka. || Suklîan. || n. Bumalík; umuwî. || Lumikô ng daán. || Umulî; umulit. || r. Magbago; magibá. || Kumiling; lumingón. || Magbalík. || Umurong; umudlót. || Magbago ng akalà; ó magbalík loób. || *Volver en si.* fr. Pagsauláng loób; mahimasmasán; matauhan. || *Volverse atrás.* fr. Tumaliwakás; ó huwág tumupád sa pangakò.

**Vomitar.** a. Sumuka; ó isuka ang kinain. || Iluwâ; ilabás ang anomán.

**Vomitivo, va.** adj. y m. Pangpasuka.

**Vómito.** m. Pagsuka. || Suka.

**Voracidad.** f. Kasibàan; katakawan.

**Voraz.** adj. Palakaín; masibà; matakaw. || fig. Lubhâng málulong sa kalupàan. || Malakás umubos ng anomán.

**Vórtice.** m. Ipoipo; ulîulî. || Ang gitnâ ng isáng bagyó.

**Vosotros, tras.** pron. pers. Kayó.

**Votar.** n. Magpanata; mangakò sa Dios ó sa mga santó. || Manumpâ. || Bumoto; ó magbigáy ng sariling pasiyá.

**Voto.** m. Panata; ó pangakò sa Dios ó sa isáng santó. || Boto; ó pasiyá ng bawà't isá sa anománg pinagúusapan ó paghahalál. || Sumpâ; ó panunumpâ. || Nasà.

**Voz.** f. Tingig; boses. || Tunóg; haging. || Sigáw. || Salitâ; pangungusap. || Bulungbulungan. || fig. Kapangyarihan. || Boto. || Karapatáng makapagsalitâ sa isáng kapulungan. || Utos; ó kautusán ng pinunò.

**Vuelco.** m. Pagkabuwál; pagkágiwà; pagkabaligtád.

**Vuelo.** m. Paglipád. || Lipád. || Ang buông pakpák ó bagwís na inilílipád ng ibon.

**Vuelta.** f. Pagpihit; pagbilíng. || Ligid; pagligid. || Pagikit. || Pagiikid. || Pagbabalík. || Pagsasaulì. || Pagulit. || Likód; ó líkuran ng anomán. || Lupî ng damít. || Suklî.

**Vuestro, tra.** pron. pos. Inyó; ninyó.

**Vulgar.** adj. Ang náuukol sa mga taong mababà ó taong bayan. || Karaniwan; kaugalian; palasák. || Hamak; bastós.

**Vulgaridad.** f. Kabastusán; pagkawalâng pinagaralan. || Pagkákaraniwan; pagkápalasák.

**Vulgarizar.** a. Ipalasák ang anomán. || r. Mápalasák. || Makisalamuhà sa mga taong maba bà; ó magugalì ng paris nilá.

**Vulgo.** m. Ang mga taong karaniwan; ó taong bayan; timawà. || Katipunan ng mga taong kulang ng pinagaralan.

**Vulnerar.** a. Siràan ng puri ó dangál ang kapuwà.

# X



**X.** Ikadalawáng puô't anim na titik ó letra ng abakadáng kastilà, na tinuturang *equis*. || Titik na bilang na nagkákahalagá ng *sampuô* sa pagbilang na romano. || *Mat.* Tandâ na ginágamit sa pagbilang na nagsásaysáy ng *di kilala* ó *incógnita*.

**Xantopsia.** f. Paniniláw ng matá.

**Xara.** f. Ang kautusán ng mga mahometano, na hangò sa Korán.

**Xilófago, ga.** adj. *Zool.* Sinásabi sa mga hayop na ngumángatngát ó kumákain ng kahoy.

**Xilografía.** f. Sining ng pagdukit sa kahoy. || Paglilimbág ng anománg sulat ó larawan sa pamamagitan ng kahoy na dinukit.

**Xilográfico, ca.** adj. Ang náuukol sa *xilografía*.

# Y



**Y.** conj. cop. At; sakâ; patí; sumpuô.

**Ya.** adv. t. Na. || Naroón; kung minsan. || *Ya que.* conj. cond. Yamang; ó yayamang.

**Yacer.** n. Mádatay; máhigâ. || Máburol; ó málibing. || Máhimláy ang bangkáy sa líbingan. || Málagáy ang anomán sa isáng lugál.

**Yacija.** f. Hihigán. || Líbingan.

**Yactura.** f. Kasiràan; kapanganyayàan.

**Yarda.** f. Panukat sa kahabàan na kasinghalagá ng 91 sentímetro.

**Yegua.** f. Kabayong babae.

**Yeguada.** f. Kawan ng mga kabayong babae.

**Yegüero.** m. Ang tagapagalagà ng mga kabayong babae.

**Yelmo.** m. Baluti ng ulo at mukhâ.

**Yema.** f. *Bot.* Buko; ó usbóng ng halaman ó kahoy. || Burok, ó pulá ng itlóg. || *del dedo.* Atáy ng daliri.

**Yerba.** f. *Bot.* Damó.

**Yerbajo.** m. Damóng masamâ ó walâng kubuluhán.

**Yermo, ma.** adj. Iláng ó lupàng hindî sinásakà at hindî malusóg. || m. Ang lugál na iláng ó walâng tumátahán.

**Yermo.** m. Manugang na lalaki.

**Yerro.** m. Malî; kamalìan; sala. || pl. Mga kamalìang kapunapuná, na nágawâ ng taong tanyág ó marangál.

**Yerto, ta.** adj. Matigás; tuwíd; ó nanúnuwíd. || Ang nanigás sa malabis ná lamíg. || fig. Gulát; natakot; nagitlá.

**Yesca.** f. Lulog. || pl. Pingkîan.

**Yesero, ra.** adj. Ang náuukol sa yeso. || m. Magyeyesó.

**Yeso.** m. Yeso; ó batóng maputî at malambót, na ginágamit sa eskultura at sa ibá pang bagay.

**Yo.** pron. pers. Akó.

**Yugo.** m. Pamatok ng kalabáw. || Singkáw. || Ang talukbóng ó sintás na inilálagáy sa mga ikinákasál. || Ang pagaasawa. || fig. Ang kautusán at kapangyarihan ng isáng punò na nakasásakop at nakapípilit ng pagsunód. || Alinmáng mabigát na dalá, talì ó gapos.

**Yunque.** m. Palihán.

**Yunta.** f. Pareha ó tambál na hayop na panglináng ng bukid.

# Z



**Zabordar.** n. *Mar.* Másadsad; ó mábará ang sasakyán sa lupà.

**Zabucar.** a. Halùin; ulugín; kalawkawín.

**Zacate.** m. Damó.

**Zafar.** a. Gayakán; pamutihan. || *Mar.* Hawanin; alisín ang nakasásagabal sa anomán. || r. Tumakas; magtagò; umilag sa anománg panganib.

**Zafiedad.** f. Kabastusán; kamangmangán.

**Zafio, fia.** adj. Bastós; mangmáng.

**Zafo, fa.** adj. *Mar.* Aliwalas; hawán; walâng sukal. || fig. Ligtás; walâng panganib.

**Zaga.** f. Likód; líkuran; hulí. || Kalgá na inilúlulan sa likód ng karuwahe. || m. Ang kulalat sa larô.

**Zagal.** m. Bagungtao. || Binatàng malakás, matapang at makisig.

**Zagala.** f. Dalaga. || Dalagang nagpápastól ng hayop.

**Zaguán.** m. Silong ng bahay, na nasa pagpasok ng pintông malakí.

**Zaherir.** a. Pintasán; pulàan; pistâín. || Parunggitán. || Libakín; uyamín ang kapuwà.

**Zahondar.** a. Palalimin ang lupà. || n. Lumubóg sa lupà ang paá.

**Zahumar.** a. Sumuób; suubín.

**Zahumerio.** m. Pagsuób. || Panuób.

**Zahurda.** f. Kulungán ng baboy.

**Zaino, na.** adj. Lilo; sukáb; taksíl.

**Zalamería.** f. Paghibò; paglalangís; ó pagpuring malabis.

**Zalamero, ra.** adj. y s. Mapaghibò; mapaglangís; mapagmápuri.

**Zambo, ba.** adj. Pikî; sakáng

**Zambombo.** m. fam. Taong bastós at mangmáng.

**Zambucar.** a. fam. Isalingít; ó isíksík ng mádalian ang anomán sa gitnâ ng marami at nang dî mákita

**Zambullidura.** f. Pagsisi

**Zambullir.** a. Ilubóg na biglâ sa tubig; isisid. ‖ r. Sumisid; lumubóg na biglâ sa tubig.

**Zampar.** a Isingit ng mádallan ang anomán sa ibá, at nang hindî mákita. ‖ Lumamon; kumain ng mádalîan at walâng ayos. ‖ r. Pumasok na biglâ sa isáng lugál.

**Zampuzar.** a. Ilublób sa tubig.

**Zanca.** f. Paáng mahabà ng ibon, na buhat sa kukó ó dalirì hanggáng hità ‖ fig. Ang paáng payát ng tao ó hayop.

**Zancadilla.** f. Pagpatid; patid. ‖ fig. y fam. Dayà; laláng; silò.

**Zancajo.** m. Sakong. ‖ fig. Ang sakong ng sapatos ó medias, lalò na kung sirâ.

**Zanganear.** n. Maglagalág; gumalàgala; maghampaslupà.

**Zángano.** m. *Zool.* Ang pukyutang lalaki. ‖ fig. y fam. Tamád; batugan, na nábubuhay sa pawis ng ibá.

**Zanguango, ga.** adj. y s. fam. Taong tamád, mangmáng at ayaw gumawâ.

**Zanja.** f. Sangká; bambáng. ‖ fig. Ang saligán; ó pinanínibayan ng anomán.

**Zanjar.** a. Lagyán ng sangká; hukayan. ‖ fig. Tapusin; lutasín; putlíng mahusay ang isáng usapín ó salitâan.

**Zaparrastrar.** n. Kaladkarín; ó sanggayarin ang damít.

**Zapatería.** f. Gawàan, ó tindahan ng sapatos. ‖ Ang lugál ó daán na may maraming tindahan ng sapatos.

**Zapatero, ra.** m. y f. Ang manggagawà, ó nagbíbilí ng sapatos; magsasapatós.

**Zapato.** m. Sapatos; tsapín sa paa.

**Zapatudo, da.** adj. Ang may malalakíng sapatos.

**Zar.** m. Ang emperador sa Rusia.

**Zaranda.** f. Bitháy.

**Zarandador, ra.** m. y f. Magbibitháy.

**Zarandar.** a. Bithayín; agagín.

**Zarcillo.** m. Hikaw.

**Zarco, ca.** adj. Kulay bughâw na murà, na mamutîmutî. Karaniwang sabihin sa kulay ng matá.

**Zarina.** f. Ang emperatrís sa Rusia.

**Zarpar.** a. y n. *Mar.* Tumulak; umalís ang sasakyán.

**Zarpazo.** m. Kalabóg, ó lagapák ng pagkáhulog na malakás ng anomán.

**Zarzuela.** f. Dulà, na may kasamang awit at tugtugin.

**Zollipar.** n. Humibík; humikbí.

**Zollipo.** m. Hibík; hikbí.

**Zoncería.** f. Katabangán; kawalán ng lasa.

**Zonzo, za.** adj. Matabáng; walâng lasa. || fig. Tanga; hangál.

**Zopenco, ca.** adj. Hangál; tunggák at parang hayop ang ugalì.

**Zorita.** f. Batóbató.

**Zote.** m. Mangmáng; tunggák; mapuról ang isip.

**Zozobra.** f. Pagkápanganib na lumubóg ang sasakyán. || fig. Kabalisahán ng loób; sindák; pighatî.

**Zozobrar.** n. Mápanganib ang sasakyán dahil sa sasal ng hangin. || Mabagbág; ó lumubóg ang sasakyán. || fig. Mábingit na huwág kamtán ang anomán. || Kumabá ang loób; masindák.

**Zueco.** m. Bakyâ.

**Zumba.** f. fig. Tuksó; birò; aglahì.

**Zumbar.** n. Humaging; humaginít. || a. y r. Manuksó; bumirò.

**Zumbido.** m. Haging; haginghíng.

**Zumbón, na.** adj. fig. Palabirô; mapanuksó.

**Zumo.** m. Katás. || fig. Tubò ó pakinabang na nakukuha sa anomán ng isang naghahawak ó nangangasiwà.

**Zumoso, sa.** adj. Makatás.

**Zurcido.** m. Sulsí.

**Zurcidor, ra.** m. y f. Mánunulsí, ó tagasulsí.

**Zurcidura.** f. Pagsulsí; ó panunulsí. || Sulsí.

**Zurcir.** a. Magsulsí; ó manulsí. || fig. Magtahítahî ng kasinungalingan.

**Zurdo, da.** adj. Kaliwete; ó kaliwâng kamáy ang ugaling gamitin sa paggawâ. || Kamáy na kaliwâ; ó náuukol sa kaliwâ.

**Zurra.** f. Pagkultí ng katad. || Palò; hampás. || fig. Away; babág; pagtatalo.

**Zurrar.** a. Kultihín ang balat, na alisín ang balahibo. || Palùin; hampasín.

**Zurriago.** m. Panghampás; pamalòng balát ó lubid.

**Zurrir.** n. Sumagiyók; humaginít.

# FIN

DEL DICCIONARIO HISPANO-TAGALOG

# ERRATAS

## MGA MALI SA PAGKALIMBÁG

| Página<br>Mukhâ | Columna<br>Tudlíng | Línea<br>Talatà | Dice<br>Násasabi | Léase<br>Dapat basahin |
|---|---|---|---|---|
| 10 | 2.a | 34 | **Abducclón** | **Abducción** |
| 28 | 2.a | 12 | sibad | sibát |
| 47 | 1.a | 7 | Pakikimatyag | Pakimatyág |
| 48 | 1.a | 16 | músIko | músiko |
| 133 | 1.a | 24 | Iwasí | Iwaksí |
| 163 | 2.a | 6 | Mnlalastás | Matalastás |
| 188 | 2.a | 4 | **Famillaridad** | **Familiaridad** |
| 200 | 1.a | 21 | sandatangapóy | sandatang apóy |
| 220 | 2.a | 11 | **Hechichería** | **Hechicería** |
| 316 | 1.a | 29 | **Mapa.** f. | **Mapa.** m. |
| 316 | 2.a | 33-34 | kagigilágilalás | kagilágilalás |
| 345 | 2.a | 29 | halakhák | halaghág |
| 345 | 2.a | 31-32 | pamumumuhay | pamumuhay |
| 358 | 1.a | 27 | dugông | dugông |
| 397 | 1.a | 25 | madaíing | madalîng |
| 399 | 1.a | 35-36 | Makílìiin | Makílitìin |
| 399 | 2.a | 30 | gusógusót | gusótgusót |
| 400 | 2.a | 25 | **Pendenclar** | **Pendenciar** |
| 423 | 2.a | 10 | **Peconocer** | **Preconocer** |
| 423 | 2.a | 12 | **Pecursor, ra.** | **Precursor, ra.** |
| 423 | 2.a | 14 | **Pedecesor, ra.** | **Predecesor, ra.** |
| 485 | 1.a | 24 | Ulilíp; f. | f. Ulilip; |
| 492 | 1.a | 3 | **Servii** | **Servil** |
| 495 | 1.a | 30 | Kailwâng | Kaliwâng |
| 495 | 2.a | 5 | *nagaarol* | *nagaaral* |
| 510 | 2.a | 22 | **Teñer** | **Tañer** |
| 518 | 1.a | 23-24 | ng armás | ng putók ng armás. |
| 526 | 2.a | 27 | Guhlt; | Guhit; |
| 527 | 2.a | 26 | Msy | May |
| 535 | 1.a | 25 | Nugmanadalî | Nagmamadalî. |

# GRAMATIKANG KASTILA-TAGALOG

Ang **Gramátikang Kastila-Tagalog** ay mayroóng dalawáng *tomo* ó bahagi na kapuwà katutútuhan ng wikàng kastilà. Ang dalawáng aklát na itó ay kapuwà kailangang pagaralan upáng malubós ang pagkátuto ng tinurang wikà. Ang nilalamán ng bawà't *tomo* ó bahagi ay itóng sumúsunód:

**Unang Tomo.**—Binubuô ng dalawang bahagi: PROSODIA ó PAGBIGKAS at ANALOGÍA ó PAGKILALA. Ang *Prosodia* ay nagtuturò ng matuwíd na pagbigkás ó tumpak na pagsasalitâ ng wikàng kastilà, at ang *Analogía* ay nagtuturò at nagpapaliwanag ng mahusay na paggamit ng artículo, nombre substantivo, nombre adjetivo, pronombre, verbo, participio, adverbio, preposición, conjunción at interjección na pawàng nálalagáy sa kastilà at tagalog. Itó ang tanging aklát na mapagaaralan ó katutútuhan ng mga tagalog ng wikàng kastilà. Hindî na kinakailangan ang *maestro* at sukat na sa basahin ang aklat na ito ay sapat nang mátuto ng wikàng kastilà ang sinomán sa loob ng lalòng madaling panahon. Ang unang linimbag na 5.000 salin ay naubos na at ngayo'y mulîng nagpagawâ ng 10,000 pa dahil sa karamihan ng bumibilí. Ang *ikalawáng pagkalimbág* na itó ay lalòng maayos at dinagdagán ng lalòng maraming halimbawà.—Halaga ₱1.00

**Ikalawang Tomo.**—Binubuô rin ng dalawang bahagi: SINTAXIS ó PAGLALAKIP at ORTOGRAFIA ó PAGSULAT. Sa aklat na ito ay lalò kayong matututo ng wikàng kastilà, sapagkâ't ang *Sintaxis* ay nagtuturò ng maayos na pagsasamasama ó pagúugnayugnay ng mga pangungusap upang makapagsalitâ ng mabuti, at ang *Ortografia* ay nagtuturò ng tumpak na pagsulat at wastông pagaasento ng mga salitâng kastilà. Dito rin itinuturò ang sarìsarìng *oración* ó kaisipán at ang madláng paraán ng pagbubuô nitó, at gayón din ang paggamit at paglalagáy ng *acento, coma, punto, punto y coma*, at ibá't ibá pa na pawàng náuukol sa tumpak na pagsulat ng wikàng knstilà. Bukod dito ay sinamahan pa ng maraming halimbawà, mga pagsasanay at mga salitâan sa kastilà at tagalog na pawàng katutútuhan ng mahusay na pangangastilà sa lalòng madalîng panahon. Walâ pang mabíbilí ngayón nitóng *ikalawáng tomo* ng GRAMATIKANG KASTILA-TAGALOG, kundî sa unang araw ng Hunio ng 1915.—Halaga: ₱1.00.

Ipinagbibilí ang dalawáng aklat na itó sa bahay ng sumulat na si *Mamerto Paglinawan*, daáng Trabajo 108, Sampalok, Maynilà, S. P.

# "LA PATRIA"

## GAWAAN NG SIKULATE AT KAPE
**niná FELIX PAGLINAWAN at Kasama**
**Castaños, bilang 120-122, Sampalok, Maynila, K. P.**

Ang **"LA PATRIA"** ay isáng malakíng **Gawaan ng̃ Sikulate at Kapé** na aring tunay ng̃ mg̃a pilipino, at tang̃ìng may mg̃a mákinang galing sa Europa na pinagagaláw ng̃ elektrisidad.

Ang sikulate at kapéng gawâ sa mákina ay siyáng kinágigiliwang kanin ng̃ mg̃a tagá Europa at Amérika. Ang kabutihang ng̃ gawâ sa mákina ay malinis ang yarì at náibibigáy ng̃ mura na dî gaya ng̃ gawâ sa kamáy na marumí at mahál pa.

Náritó, sa kasunód, ang sarìsaring taták ng̃ sikulateng gawâ sa **"LA PATRIA"** at ang halagá ng̃ bawà't isá:

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. | Marca "FILIPINO" | 1 | balutan | ₱ | 0.05 |
| 2. | "LA PATRIA" N.o 5 | 1 | ,, | ,, | 0.07 |
| 3. | Marca "KATAGALUGAN" | 1 | ,, | ,, | 0.10 |
| 4. | Marca "KABABAYAN" | 1 | ,, | ,, | 0.10 |
| 5. | Marca "KALAYAAN" | 1 | ,, | ,, | 0.10 |
| 6. | Marca "NACIONALISTA" | 1 | ,, | ,, | 0 20 |
| 7. | Marca "ASAMBLEA" | 1 | ,, | ,, | 0 30 |
| 8. | Marca "INDEPENDENCIA" | 1 | ,, | ,, | 0 40 |

Náritó namán ang halagá at ang timbáng ng̃ mg̃a balutan ng̃ KAPÉ PURO ng̃ "LA PATRIA":

| | | |
|---|---|---|
| 1. | Balutan na may 1/8 kilo . . . . . . . . . . | ₱ 0.15 |
| 2. | Balutan na may 1/4 kilo . . . . . . . . . . | ,, 0.30 |
| 3. | Balutan na may 1/2 kilo . . . . . . . . . . | ,, 0.60 |
| 4. | Balutan na may 1 kilo . . . . . . . . . . | ,, 1.20 |

PAUNAWA.—Ang sino mang bumilí ng̃ sikulate at kapéng itó, kahì't isáng balutan lamang ay bibigyan ng̃ bawas, tang̃ì lamang ang marca "FILIPINO" na talagáng mura na ang pagbibilí. Kung pakyawan ay lalòng malakí ang bawas, kailán ma't nagsasadyâ sa Gawàan ng̃ "LA PATRIA", Castaños 120 at 122, Sampalok, Maynilà; ó kayâ'y sa kanyáng tindahan ó *sucursal* na nasa loób ng̃ Pámilihan ng̃ Quinta bilang 325.

Ang mg̃a sikulate at kapéng itó na ipinagbíbilí ng̃ "LA PATRIA" ay pawà niyáng pinanánagután sa kabutihan at sa kalinisan.

Subukan ninyó at nang kayó'y maniwalà.

STORAGE
PC
4292
.P29

Paglinawan, Mamerto.
Diksionariong Kastila —

B 653792 DUPL

UNIVERSITY OF MICHIGAN
3 9015 02327 5640